Some Answered Questions	Ilang Katanungang Sinagot
‘Abdu’l-Bahá	‘Abdu’l-Bahá
Collected and translated from the Persian by Laura Clifford Barney	Tinipon at isinalin mula sa Persiyano ni Laura Clifford Barney
Newly Revised by a Committee at the Bahá’í World Centre	Bagong rebisa ng isang Komite sa Bahá’í World Centre
Contents	Mga Nilalaman
Foreword	Pambungad
Author’s Preface to the First Edition	Paunang Salita ng Manunulat sa Unang Edisyon
Part 1: On the Influence of the Prophets in the Evolution of Humanity	Bahagi 1: Hinggil sa Impluwensiya ng mga Propeta sa Ebolusyon ng Sangkatauhan
1 Nature Is Governed by a Universal Law	1 Ang Kalikasan ay Pinamamahalaan ng Iisang Pangkalahatang Batas
2 Proofs and Arguments for the Existence of God	2 Mga Katibayan at mga Katwiran sa Pag-iral ng Diyos
3 The Need for an Educator	3 Ang Pangangailangan ng Tagapagturo
4 Abraham	4 Abraham
5 Moses	5 Moises
6 Christ	6 Kristo
7 Muḥammad	7 Muḥammad
8 The Báb	8 Ang Báb
9 Bahá’u’lláh	9 Bahá’u’lláh
10 Rational Proofs and Traditional Arguments from the Sacred Scriptures	10 Mga Patunay ayon sa Katwiran at Kinaugaliang mga Paliwanag mula sa mga Santong Kasulatan
11 Commentary on the Eleventh Chapter of the Revelation of John	11 Paliwanag sa Ikalabing-Isang Kapitulo ng Apokalipsis ni San Juan

12 Commentary on the Eleventh Chapter of Isaiah	12 Paliwanag sa Ikalabing-Isang Kapitulo ni Isias
13 Commentary on the Twelfth Chapter of the Revelation of John	13 Paliwanag sa Ikalabindalawang Kapitulo ng Apokalipsis ni San Juan
14 Material and Spiritual Cycles	14 Mga Pag-inog na Materyal at Espiritwal
15 True Felicity	15 Ang Tunay na Kaligayahan
Part 2: Some Christian Subjects	Bahagi 2: Ilang mga Paksa ng Kristiyanismo
16 Intelligible Realities and Their Expression through Sensible Forms	16 Ang Pangkaisipang mga Realidad at ang Paghahayag ng mga ito sa pamamagitan ng Nadaramang mga Anyo
17 The Birth of Christ	17 Ang Kapanganakan ni Kristo
18 The Greatness of Christ	18 Ang Kadakilaan ni Kristo
19 True Baptism	19 Tunay na Bautismo
20 Baptism and the Changing Law of God	20 Bautismo at ang Pagbabago ng Batas ng Diyos
21 The Bread and the Wine	21 Ang Tinapay at ang Alak
22 The Miracles of Christ	22 Ang mga Milagro ni Kristo
23 The Resurrection of Christ	23 Ang Muling Pagkabuhay ni Kristo
24 The Descent of the Holy Spirit upon the Apostles	24 Ang Pagbaba ng Espiritu Santo sa mga Apostol
25 The Holy Spirit	25 Ang Espiritu Santo
26 The Second Coming of Christ and the Day of Judgement	26 Ang Muling Pagdating ni Kristo at ang Araw ng Paghuhukom
27 The Trinity	27 Ang Santisima Trinidad
28 The Pre-existence of Christ	28 Ang Pag-iral ni Kristo Bago pa Isilang
29 Sin and Atonement	29 Kasalanan at Kabayaran
30 Adam and Eve	30 Adan at Eva

31 Blasphemy against the Holy Spirit	31 Kapusungan (Kalapastanganan) Laban sa Espiritu Santo
32 “Many Are Called, but Few Are Chosen”	32 “Marami ang mga Tinawag Datapwat Kakaunti ang mga Nahirang”
33 The Return of the Prophets	33 Ang Pagbabalik ng mga Propeta
34 Peter and the Papacy	34 Si Pedro at ang Tungkulin ng Santo Papa
35 Free Will and Predestination	35 Malayang Kalooban at Kapalaran
Part 3: On the Powers and Conditions of the Manifestations of God	Bahagi 3: Hinggil sa Kapangyarihan at mga Kalagayan ng mga Kahayagan ng Diyos
36 The Five Kinds of Spirit	36 Ang Limang Uri ng Espiritu
37 The Connection between God and His Manifestations	37 Ang Ugnayan sa Pagitan ng Diyos at ng Kaniyang mga Kahayagan
38 The Three Stations of the Divine Manifestations	38 Ang Tatlong Kalagayan ng mga Banal na Kahayagan
39 The Human and the Divine Stations of the Manifestations	39 Ang Kalagayang Tao at ang Kalagayang Banal ng mga Kahayagan
40 The Knowledge of the Divine Manifestations	40 Ang Kaalaman ng mga Banal na Kahayagan
41 Universal Cycles	41 Pangkalahatang mga Pag-inog
42 The Power and Perfections of the Divine Manifestations	42 Ang Kapangyarihan at mga Kaganapan ng mga Banal na Kahayagan
43 The Two Kinds of Prophets	43 Ang Dalawang Uri ng Propeta
44 The Rebukes Addressed by God to the Prophets	44 Ang Mga Pagsaway ng Diyos sa mga Propeta
45 The Most Great Infallibility	45 Pinakadakilang Walang Pagkakamali
Part 4: On the Origin, Powers, and Conditions of Man	Bahagi 4: Hinggil sa Pinagmulan, Kapangyarihan, at Kalagayan ng Tao
46 Evolution and the True Nature of Man	46 Ebolusyon at ang Tunay na Likas ng Tao

47 The Origin of the Universe and the Evolution of Man	47 Ang Pinagmulan ng Sanlibutan at ang Ebolusyon ng Tao
48 The Difference between Man and Animal	48 Ang Pagkakaiba ng Tao at Hayop
49 Evolution and the Existence of Man	49 Ebolusyon at ang Pag-iral ng Tao
50 Spiritual Proofs of the Originality of Man	50 Espiritwal na mga Katibayan ng Pagiging Orihinal ng Tao
51 The Appearance of the Spirit and the Mind in Man	51 Ang Paglitaw ng Espiritu at ng Isipan sa Tao
52 The Appearance of the Spirit in the Body	52 Ang Paglitaw ng Espiritu sa Katawan
53 The Connection between God and His Creation	53 Ang Ugnayan sa Pagitan ng Diyos at ng Kaniyang Nilalang
54 The Procession of the Human Spirit from God	54 Ang Pagkabuhat ng Espiritu ng Tao mula sa Diyos
55 Spirit, Soul, and Mind	55 Espiritu, Kaluluwa, at Isipan
56 The Outward and the Inward Powers of Man	56 Ang Panlabas at Panloob na mga Kakayahan ng Tao
57 The Differences in Human Character	57 Ang mga Pagkakaiba sa mga Ugali ng Tao
58 The Extent and Limitation of Human Comprehension	58 Ang Saklaw at Hangganan ng Pag-unawa ng Tao
59 Man’s Comprehension of God	59 Ang Pag-unawa ng Tao sa Diyos
60 The Immortality of the Spirit (1)	60 Ang Kawalan ng Kamatayan ng Espiritu (1)
61 The Immortality of the Spirit (2)	61 Ang Kawalan ng Kamatayan ng Espiritu (2)
62 The Infinite Perfections of Existence and the Progress of the Soul in the Next World	62 Ang Walang-hanggang mga Kaganapan ng Pagkabuhay at ang Pagsulong ng Kaluluwa sa Kabilang Buhay
63 The Progress of All Things within Their Own Degree	63 Ang Pagsulong ng Lahat ng Bagay sa Sarili nitong Antas

64 The Station of Man and His Progress after Death	64 Ang Kalagayan ng Tao at ang Kaniyang Pagsulong Pagkatapos Mamatay
65 Faith and Works	65 Pananalig at mga Gawa
66 The Subsistence of the Rational Soul after the Death of the Body	66 Ang Pag-iral ng Nakapangangatwirang Kaluluwa Pagkatapos Mamatay ang Katawan
67 Eternal Life and Entrance into the Kingdom of God	67 Ang Walang-hanggang Buhay at ang Pagpasok sa Kaharian ng Diyos
68 Two Kinds of Fate	68 Dalawang Uri ng Tadhana
69 The Influence of the Stars and the Interconnectedness of All Things	69 Ang Impluwensiya ng mga Bituin at ang Pagkakaugnay-ugnay ng Lahat ng Bagay
70 Free Will and Its Limits	70 Ang Malayang Saloobin at ang mga Hangganan Nito
71 Spiritual Disclosures	71 Espiritwal na mga Pagsisiwalat
72 Healing without Medicine	72 Pagpapagaling nang Walang Gamot
73 Healing by Material Means	73 Pagpapagaling sa Materyal na mga Pamamaraan
Part 5: Miscellaneous Subjects	Bahagi 5: Sari-saring mga Paksa
74 On Good and Evil	74 Tungkol sa Mabuti at Masama
75 Two Kinds of Torment	75 Dalawang Uri ng Pahirap
76 The Justice and Mercy of God	76 Ang Katarungan at Habag ng Diyos
77 The Punishment of Criminals	77 Kaparusahan sa mga Kriminal
78 Strikes	78 Mga Welga
79 The Reality of the World of Being	79 Ang Realidad ng Umiiral na Daigdig
80 Pre-existence and Origination	80 Pag-iral Bago Isilang at Pinagmumulan
81 Reincarnation	81 Muling Pagkakatawang-tao
82 The Unity of Existence	82 Ang Kaisahan ng Pag-iral
83 The Four Criteria of Comprehension	83 Ang Apat na Batayan ng Pag-unawa

84 Good Deeds and Their Spiritual Prerequisites	84 Ang Mabuting mga Gawa at ang Paunang Pangangailangang Espiritwal ng mga ito
Notes	Mga Tala
Foreword	Pambungad
The spread of the Faith of Bahá'u'lláh to the West, in the closing decade of the nineteenth century, soon gave rise to a reciprocal eastward movement: Within a few short years the first groups of Western pilgrims arrived in the prison city of 'Akká, where the earthly life and ministry of the Author of the Faith had come to a close and where 'Abdu'l-Bahá, the Centre of His Covenant, continued to reside. One of the most outstanding figures among those early pilgrims was Laura Clifford Barney, the daughter of a socially prominent family of scholars and artists from Washington, D.C. She was introduced to the new Faith by May Bolles Maxwell in Paris around 1900 and soon thereafter made the first of what would be many successive visits to 'Akká.	Ang paglaganap ng Pananampalataya ni Bahá'u'lláh sa Kanluran, sa huling dekada ng ikalabinsiyam na siglo, ay mabilis na nagbunga ng isang katugon na paglaganap patungong silangan: sa loob ng ilang maikling taon ang unang pangkat ng mga peregrinong taga-Kanluran ay dumating sa lungsod-piitan ng 'Akká, kung saan ang makalupang buhay at panunungkulan ng May-akda ng Pananampalataya ay nagwakas na at kung saan doon din nakatira si 'Abdu'l-Bahá, ang Sentro ng Kaniyang Kasunduan. Isa sa pinakanamumukod-tangi sa unang mga peregrinong iyon ay si Laura Clifford Barney, na anak ng isang kilalang pamilya ng mga paham at mga mahusay sa sining mula sa Washington, D.C. Ipinakilala sa kaniya ni May Bolles Maxwell ang Pananampalatayang Bahá'í sa Paris noong 1900 at di-nagtagal pagkaraan niyon ay ginawa niya ang una sa maraming pagdalaw sa 'Akká.
These were the most perilous and dramatic years of 'Abdu'l-Bahá's ministry, when He was confined within the walls of the prison city by the Ottoman authorities, subjected to continual surveillance, and confronted with the constant threat of further exile or of execution. Under such circumstances of stricture and suspicion, it was dangerous to receive visitors of any kind, let alone host prominent Western guests. Yet 'Abdu'l-Bahá was determined to nurture the seeds of faith so recently germinated. Thus, in the heart of this dark period, during the years 1904–1906, Miss Barney was able to make several extended visits, sometimes for weeks or months at a time, during which she was privileged to join Him on numerous	Iyon ang pinakamapanganib na mga taon ng panunungkulan ni 'Abdu'l-Bahá, nang Siya ay ikinulong ng mga nasa kapangyarihang Ottoman sa loob ng mga pader ng lungsod-piitan, nasa ilalim ng patuloy na pagmamatyag at nahaharap sa di-nagbabagong banta ng karagdagang pagpapatapon o pagbitay. Sa ganoong mga kalagayan ng pagbabawal at paghihinala, mapanganib tumanggap ng sinumang panauhin, lalo na ng tanyag na mga panauhing taga-Kanluran. Gayumpaman ay matibay ang pasiya ni 'Abdu'l-Bahá na arugain ang mga binhi ng pananalig na bago pa lamang sumibol. Sa gayon, sa kalagitnaan nitong mapanglaw na panahon, sa mga taong 1904–1906, nagawa ni Bb. Barney ang

occasions and to pose questions on a wide range of subjects. Many of the conversations took place at the lunch table. Arrangements were made for one of ‘Abdu’l-Bahá’s sons-in-law, or for one of His three secretaries of that time, to take down in Persian the text of His replies. From the resulting collection of notes a selection was made; ‘Abdu’l-Bahá then corrected these notes twice in His own hand, sometimes substantially revising them in the process as well as carefully reviewing the final wording.	dumalaw nang matagal-tagal nang ilang beses, magkaminsan nang ilang linggo o ilang buwan ang itinagal, at nagkaroon siya sa mga panahong iyon ng maraming pagkakataong makapanayam Siya at maghain ng mga katanungan ukol sa malawak na hanay ng mga paksa. Marami sa mga usapang ito ay naganap sa hapag kainan ng tanghali. Inatasan ang isa sa mga manugang ni ‘Abdu’l-Bahá, o ng isa sa tatlo Niyang mga kalihim noong panahong iyon, na isulat sa wikang Persiyano ang teksto ng Kaniyang mga tugon. Mula sa mga kalipunan ng mga talang iyon ay pinili ang mga ilan; dalawang beses iniwasto ni ‘Abdu’l-Bahá ang piniling mga tala sa pamamagitan ng sarili Niyang sulat-kamay, magkaminsan ay binabago ang malaking bahagi nito at gayundin ay maingat na nirepaso ang mga iyon at ang panghuling mga wika nito.
At the completion of the selection and revision process, three different first editions of Some Answered Questions were released by major publishing houses in 1908: the original Persian text by E. J. Brill in Holland; Miss Barney’s English translation by Kegan Paul, Trench, Trübner & Co. in London; and a French translation by Hippolyte Dreyfus (whom Miss Barney later married) by Ernest Leroux in Paris.	Matapos ang proseso ng pagpili at pagrepaso, tatlong magkakaibang unang edisyon ng *Ilang Katanungang Sinagot* ang inilabas ng pangunahing mga manlilimbag noong 1908: ang orihinal na tekstong Persiyano ni E.J. Brill sa Holland; ang salin sa Ingles ni Bb. Barney ng Kegan Paul, Trench, Trübner & Co. sa London; at ang salin sa Pranses ni Hippolyte Dreyfus (ang naging kabiyak ni Bb. Barney sa dakong huli) ni Ernest Leroux sa Paris.
A brief perusal of the Table of Contents conveys a glimpse of the breadth of the subject matter covered. Part 1 includes a set of introductory talks on the influence exerted throughout human history by the Founders of some of the world religions, as well as several chapters elucidating certain prophecies of the Bible. Part 2 offers fresh interpretations of essential elements of Christian doctrine, such as baptism, the Trinity, the Eucharist, and the resurrection of Christ. Part 3 concerns the powers and conditions of the Manifestations of God—Their unique station in the world, the	Ang mabilis na pagbasa sa Talaan ng mga Nilalaman ay nagbabahagi ng isang sulyap sa mga saklaw ng mga paksang tinatalakay. Kabilang sa Bahagi 1 ang isang pangkat ng panimulang mga talumpati tungkol sa impluwensiya sa buong kasaysayan ng tao ng mga Tagapagtatag ng ilan sa mga relihiyong pandaigdig, at gayundin ang ilang kabanatang nagpapaliwanag sa ilang propesiya ng Bibliya. Ang Bahagi 2 ay naghahandog ng panibagong mga pagpapakahulugan ng pangunahing mga elemento ng doktrinang Kristiyano, tulad ng binyag, ang Santisima Trinidad, ang

source of Their knowledge and influence, and the cyclical nature of Their appearance on the stage of history. Part 4 addresses the origins, powers, and conditions of man, including the implications of human evolution on earth, the immortality of the soul, the nature of the mind, and the connection between the soul and the body. Part 5 concludes with miscellaneous topics, from practical subjects such as labour relations and the punishment of criminals to more abstruse topics such as reincarnation and the Sufi notion of the unity of existence.	Eukaristiya, at ang muling pagkabuhay ni Kristo. Ang Bahagi 3 ay tungkol sa mga kapangyarihan at mga kalagayan ng mga Kahayagan ng Diyos—ang Kanilang bukod-tanging kalagayan sa daigdig, ang pinagmumulan ng Kanilang kaalaman at impluwensiya, at ang pabalik-balik na katangian ng Kanilang paglitaw sa entablado ng kasaysayan. Ang Bahagi 4 ay tumatalakay sa mga pinagmumulan, mga kapangyarihan, at mga kalagayan ng tao, kabilang ang mga ipinahihiwatig ng ebolusyon ng tao sa daigdig, ang kawalan ng kamatayan ng kaluluwa, ang likas na katangian ng kaisipan, at ang ugnayan sa pagitan ng kaluluwa at ng katawan. Ang Bahagi 5 ay nagwawakas sa magkakaibang mga paksa, mula sa praktikal na mga paksa tulad ng mga ugnayan sa mga manggagawa at ang parusa sa mga kriminal hanggang sa higit na mahirap unawaing mga paksa tulad ng muling pagkabuhay at ang pakiwari ng Sufi sa pagkakaisa ng buhay.
Broad and wide-ranging as the topics treated in Some Answered Questions may be, the book was not intended to be an exhaustive exposition of a self-contained system of thought, as attested by the volume's title. A number of fundamental teachings of the Faith are, therefore, not explicitly mentioned. Moreover, in the course of the months and years that the talks were given, the same topic would sometimes be addressed from different perspectives in separate conversations, with the result that the concepts required to fully understand a given subject may be spread across different chapters, or the contents of a subsequent chapter may form the basis for the understanding of an earlier one. Finally, it should also be noted that, although 'Abdu'l-Bahá reviewed and corrected the text, He did not attempt in the process to alter the basic form of the replies or to reorganize and consolidate the material. To develop a fuller picture of 'Abdu'l-Bahá's exposition of	Malawak at maraming sinasaklaw man ang mga paksang sinusuri sa *Ilang Katanungang Sinagot,* ang aklat ay hindi naglalayong maging isang lubus-lubusang paliwanag ng isang nagsasariling sistema ng kaisipan, alinsunod sa sinasaksihan ng pamagat ng aklat. Ang ilang bilang ng mga saligang turo ng Pananampalataya, kung gayon, ay hindi tahasang binabanggit. Bukod pa rito, sa loob ng mga buwan at mga taon kung kailan naganap ang mga panayam na ito, magkaminsan ang iyon ding paksa ay tinatalakay mula sa magkakaibang pananaw sa magkakabukod na mga tagpo, na ang naging bunga nito ay ang mga konseptong kinakailangang malaman upang maunawaan nang lubos ang isang paksa ay maaaring nakahiwa-hiwalay sa magkakaibang mga kabanata, o maaaring ang nilalaman ng isang nahuhuling kabanata ay maaaring ang batayan ng paunawa sa nauunang kabanata. Sa wakas ay kailangang banggitin na, bagaman dalawang beses niresapo at iniwasto

a given subject, then, the attentive reader should consider any chapter within the context of the entire book, and the book within the larger context of the entire body of the Bahá'í Teachings.	ni 'Abdu'l-Bahá ang teksto, hindi Niya sinikap baguhin ang pangunahing anyo ng mga tugon o ibahin ang kaayusan at pagsama-samahin ang mga nilalaman. Upang makatamo ng higit na malawak na pagkaunawa sa paliwanag ni 'Abdu'l-Bahá sa alinmang paksa, kung gayon, ay dapat iugnay ng mambabasa ang alinmang kabanata sa loob ng konteksto ng buong aklat, at ang aklat sa loob ng higit na malawak na konteksto ng buong kalipunan ng mga Katuruang Bahá'í.
A notable case in point is the treatment of the subject of the evolution of species, which is taken up explicitly in Part 4, and which must be understood in light of several Bahá'í teachings, especially the principle of the harmony of science and religion. Religious belief should not contradict science and reason. A certain reading of some of the passages found in Chapters 46–51 may lead some believers to personal conclusions that contradict modern science. Yet the Universal House of Justice has explained that Bahá'ís strive to reconcile their understanding of the statements of 'Abdu'l-Bahá with established scientific perspectives, and therefore it is not necessary to conclude that these passages describe conceptions rejected by science, for example, a kind of "parallel" evolution that proposes a separate line of biological evolution for the human species parallel to the animal kingdom since the beginning of life on earth.	Ang isang kapansin-pansing punto ay ang paliwanag sa paksa ng ebolusyon ng lahi, na tuwirang tinatalakay sa Bahagi 4, at na kailangang unawain kaugnay ng ilang katuruang Bahá'í, lalo na ang tuntunin ng pagkakasundo ng agham at ng relihiyon. Ang paniniwalang panrelihiyon ay hindi dapat salungat sa agham at katwiran. Ang isang paraan ng pagbasa sa ilang bahaging matatagpuan sa mga Kabanata 46-51 ay maaaring magbunga ng pagtungo ng ilang mananampalataya sa personal na mga pagkaunawa na salungat sa modernong agham. Subalit ipinaliwanag ng Universal House of Justice na sinisikap ng mga Bahá'í ang itugma ang kanilang pagkaunawa sa ilang pahayag ni 'Abdu'l-Bahá sa napatunayan nang mga pananaw na pang-agham, at samakatwid ay hindi kailangang umabot sa pasiyang ang mga bahaging ito ay naglalarawan ng mga konseptong pinawalang-saysay na ng agham, halimbawa, isang uri ng "kasabay ngunit bukod" na ebolusyong nagmumungkahi ng hiwalay na ebolusyong pambiolohiya para sa lahi ng tao nang kasabay ngunit bukod sa kaharian ng hayop mula sa pagsimula ng buhay sa lupa.
A careful review of 'Abdu'l-Bahá's statements in this volume and in other sources suggests that His concern is not with the mechanisms of evolution but with the philosophical, social, and spiritual	Ang maingat na pagsusuri sa mga pahayag ni 'Abdu'l-Bahá sa aklat na ito at sa iba pang mga pinagmulan ay nagmumungkahing isinasaalang-alang Niya ay hindi ang mga mekanismo ng ebolusyon kundi ay ang

implications of the new theory. His use of the term “species”, for example, evokes the concept of eternal or permanent archetypes, which is not how the term is defined in contemporary biology. He takes into account a reality beyond the material realm. While ‘Abdu’l-Bahá acknowledges elsewhere the physical attributes that human beings share in common with the animal and that are derived from the animal kingdom,1 in these talks He emphasizes another capacity, a capacity for rational consciousness, that distinguishes man from the animal and that is not found in the animal kingdom or in nature itself. This unique capacity, an expression of the human spirit, is not a product of the evolutionary process, but exists potentially in creation. As ‘Abdu’l-Bahá explains, “… since man was produced ten or a hundred thousand years ago from the same earthly elements, with the same measures and quantities, the same manner of composition and combination, and the same interactions with other beings—it follows that man was exactly the same then as exists now”. “And if a thousand million years hence,” He goes on to say, “the component elements of man are brought together, measured out in the same proportion, combined in the same manner, and subjected to the same interaction with other beings, exactly the same man will come into existence.”2 His essential argument, then, is not directed towards scientific findings but towards the materialist assertions that are built upon them. For Bahá’ís, the science of evolution is accepted, but the conclusion that humanity is merely an accidental branch of the animal kingdom—with all its attendant social implications—is not.	ipinahihiwatig ng bagong teorya para sa pilosopiya, panlipunan at espiritwal. Ang Kaniyang paggamit ng salitang “species” (o kaurian), halimbawa, ay pumupukaw ng konsepto ng huwarang anyo, na hindi ganoon ang pagkakagamit ng salitang ito sa pangkasalukuyang biolohiya. Isinasaalang-alang Niya ang isang realidad na labas sa materyal na daigdig. Samantalang sa ibang lugar ay tinatanggap ni ‘Abdu’l-Bahá ang mga katangiang pisikal na kapuwa taglay ng tao at ng hayop at iyon ay nagmula sa kaharian ng hayop,[1] sa mga panayam na ito ay binibigyan-diin Niya ang iba pang kakayahan, ang kakayahan para sa kamalayang marunong mangatwiran, na nagbubukod ng tao mula sa hayop at hindi matatagpuan sa kaharian ng hayop o sa kalikasan mismo. Itong kakayahang walang kahalintulad, na isang paghahayag ng espiritu ng tao, ay hindi nagbuhat sa proseso ng ebolusyon bagkus ay umiiral nang natatago sa kinapal. Tulad ng ipinaliwanag ni ‘Abdu’l-Bahá, “… yamang ang tao ay binuo noong sampu o isang daan libong taon noong nakaraan mula sa gayunding makalupang elemento, sa parehong sukat at bahagi, sa parehong pamamaraan ng pagsasama-sama at paghahalo-halo, at sa parehong ugnayan sa ibang mga nilalang—samakatwid ay parehong-pareho ang taong nabuhay noon sa ngayon.” “At pagkalipas ng isang libong milyong taon mula ngayon,” Siya ay nagpatuloy, “kung itong mga elementong sangkap ng tao ay titipunin, susukatin sa parehong bahagi, pagsasamahin sang-ayon sa parehong paraan, at sasailalim sa parehong ugnayan sa ibang mga nilalang, parehong-pareho ang taong mabubuhay.”[2] Ang Kaniyang pangunahing katwiran, kung gayon, ay hindi nakatuon tungo sa mga katuklasan ng agham kundi ay tungo sa mga pahayag ng mga materyalistang ginagamit iyon bilang kanilang batayan. Para sa mga Bahá’í, ang agham ng ebolusyon ay tinatanggap, subalit ang hinuha nitong ang

	sangkatauhan ay isang sanga ng kaharian ng hayop na nagkataong lumitaw lamang—at kasama na roon ang lahat ng ipinahihiwatig nito para sa lipunan—ay hindi tinatanggap.
Over the years since the original publication of Some Answered Questions, it has become increasingly clear that the translation would benefit from a careful and thorough revision. Miss Barney, as she herself stated, was a student of the Persian language and, however able, could not have entirely mastered its intricacies; and she could not of course have taken advantage of the brilliant illumination that was later to be cast upon the Sacred Texts of the Faith by the authoritative translations of Shoghi Effendi. Moreover, only a few necessary corrections had been made to the English translation during the course of its many reprintings, leaving it largely unchanged from the text of the first edition.	Sa paglipas ng mga taon mula noong orihinal na paglathala ng *Ilang Katanungang Sinagot,* naging higit at higit pang malinaw na makababuti sa salin nito ang isang maingat at lubos na pagrebisa. Si Bb. Barney, tulad ng kaniya mismong sinabi, ay isang mag-aaral lamang ng wikang Persiyano, at gaanuman kahusay, ay hindi ganap na bihasa sa mga pasikot-sikot nito; at mangyari pa ay hindi rin niya nagamit ang napakaliwanag na tanglaw na sa kalaunan ay ibinigay sa mga Banal na Kasulatan ng Pananampalataya ng mga saling may awtorisadong pagpapakahulugan ni Shoghi Effendi. Bukod pa rito, kaunti lamang ang kinakailangang mga pagwawastong ginawa sa salin sa Ingles sa loob ng napakaraming paglilimbag nito, na halos hindi nagbabago ang teksto ng unang edisyon.
The centenary of ‘Abdu’l-Bahá’s journeys to the West, then, presents a fitting occasion both to honour Laura Clifford Barney’s imperishable contribution as the primary catalyst and first translator of this volume, and to present an improved translation of these “priceless explanations”.3 The main objective of this retranslation has been to better represent the substance and the style of the original, in particular by capturing more clearly the subtleties of ‘Abdu’l-Bahá’s explanations, approximating more closely a style that is at once conversational and elevated, and by rendering more consistently the philosophical terms used throughout the text. While not bound by the original translation, this version nevertheless strives to retain many of its elegant expressions and felicitous turns of phrase.	Ang sentenaryo ng mga paglalakbay ni ‘Abdu’l-Bahá sa Kanluran, kung gayon, ay nagharap ng isang angkop na pagkakataon upang kapuwa parangalan ang walang-maliw na tulong ni Laura Clifford Barney bilang pangunahing nagbunsod at unang tagapagsalin ng aklat na ito, at upang magharap ng higit na mahusay na salin nitong “walang kasinghalagang mga paliwanag.”[3] Ang pangunahing layunin nitong muling pagsalin ay upang higit na mahusay maibahagi ang mismong laman at ang estilo ng orihinal, lalo na sa pamamagitan ng higit na malinaw na pagsasawika sa mga kapinuhan sa mga paliwanag ni ‘Abdu’l-Bahá, na higit na malapit sa estilong kapuwa pakikipag-usap at mataas ang uri, at sa pamamagitan ng paggamit ng mga terminong pampilosopiya na nasa buong teksto nang hindi pabago-bago. Samantalang hindi natatakdaan ng orihinal na salin, gayumpaman ay sinikap

	panatilihin sa bersiyong ito ang marami sa magandang pananalita at mahusay na mga pagsasawika.
Since its release, Some Answered Questions has been an authoritative repository of ‘Abdu’l-Bahá’s profound insight and an indispensable component of every Bahá’í library. Shoghi Effendi observed that the book expounds the basic beliefs of the Cause in a simple and clear language and regarded its content as essential for grasping the significance and implications of the Bahá’í Revelation. In Some Answered Questions, he wrote, one “will find the clue to all the perplexing questions that agitate the mind of man in his search after true knowledge. The more this Book is read with care and patience, the greater are its revelations, and the more complete the understanding of its inner truth and significance.”4 It is hoped that the new translation will assist future generations to access this inexhaustible mine “of knowledge regarding basic spiritual, ethical, and social problems”.5	Mula nang ilabas ito, ang *Ilang Katanungang Sinagot* ay naging isang awtorisadong imbakan ng napakalalim na mga pag-unawa ni ‘Abdu’l-Bahá at isang di-maaaring mawalang bahagi ng bawat aklatang Bahá’í. Sinabi ni Shoghi Effendi na ipinaliliwanag ng aklat na ito ang pangunahing mga paniniwala ng Kapakanan sa payak at malinaw na wika at itinuturing na pangunahin ang mga nilalaman nito para sa pag-uunawa sa kahalagahan at mga ipinahihiwatig ng Rebelasyong Bahá’í. Sa *Ilang Katanungang Sinagot*, isinulat niya na, “matatagpuan ang isang pahiwatig sa lahat ng nakatutulirong mga katanungang bumabagabag sa kaisipan ng tao sa kaniyang paghahanap sa tunay na kaalaman. Habang higit na binabasa ang Aklat na ito nang maingat at matiyaga, higit ang mga isisiwalat nito, at magiging higit na ganap ang pag-unawa sa panloob na katotohanan at kahalagahan nito.”[4] Inaasahang makatutulong ang bagong salin sa hinaharap na mga salinlahi upang makamtan itong di-nauubos na minahan “ng kaalaman tungkol sa saligang mga suliraning espiritwal, pang-etika at panlipunan.”[5]
Author’s Preface to the First Edition	Paunang Salita ng Manunulat para sa Unang Edisyon
“I have given to you my tired moments,” were the words of ‘Abdu’l-Bahá as He rose from table after answering one of my questions. As it was on this day, so it continued; between the hours of work, His fatigue would find relief in renewed activity; occasionally He was able to speak at length; but often, even though the subject might require more time, He would be called away after a few moments; again, days and even weeks would pass, in which He had no opportunity of instructing me. But I could well be patient, for I had always before me	“Ibinigay ko sa inyo ang aking mga sandali ng kapaguran,” ang mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá sa pagtayo Niya mula sa hapag-kainan matapos sagutin ang isa sa aking mga katanungan. Katulad ng araw na ito, ganoon din ang nagpatuloy, sa pagitan ng mga oras ng trabaho, ang Kaniyang kapaguran ay makatatagpo ng pahinga sa muling paggawa; minsan-minsan nagagawa Niyang makipag-usap nang matagal; subalit madalas, kahit na kinakailangan ng paksa ng mas mahabang panahon, tatawagin Siya pagkalipas ng ilang sandali; muling lilipas

the greater lesson—the lesson of His personal life.	ang mga araw at kung minsan mga linggo nang wala Siyang pagkakataong turuan ako. Subalit nagawa kong maging matiyaga, sapagkat laging nasa harap ko ang higit na malaking aral—ang aral ng Kaniyang sariling buhay.
During my several visits to ‘Akká, these answers were written down in Persian while ‘Abdu’l-Bahá spoke, not with a view to publication, but simply that I might have them for future study. At first they had to be adapted to the verbal translation of the interpreter; and later, when I had acquired a slight knowledge of Persian, to my limited vocabulary. This accounts for repetition of figures and phrases, for no one has a more extensive command of felicitous expressions than ‘Abdu’l-Bahá. In these lessons He is the teacher adapting Himself to His pupil, and not the orator or poet.	Sa ilan kong mga pagdalaw sa ‘Akká, itong mga kasagutan ay isinulat sa Persiyano habang nagsasalita si ‘Abdu’l-Bahá, hindi sa layuning ilathala ngunit para lang magkaroon ako ng mapag-aaralan sa hinaharap. Sa simula ay kinailangan itong iangkop sa isinasalitang salin ng tagapagsalin; at sa kalaunan, nang nakatamo na ako ng bahagyang kaalaman ng Persiyano, ay sang-ayon sa sarili kong limitadong bokabularyo. Ito ang dahilan sa paulit-ulit na paggamit ng mga salita at parirala, sapagkat walang nagtataglay ng higit pang matatas na pananalita kaysa sa kay ‘Abdu’l-Bahá. Sa mga araling ito Siya ang gurong inaangkop ang Kaniyang sarili sa Kaniyang mag-aaral, at hindi ang nagtatalumpati o makata.
This book presents only certain aspects of the Bahá’í Faith, which is universal in its message and has for each questioner the answer suited to his special development and needs.	Ang aklat na ito ay naghahain ng ilang lamang mga aspekto ng Pananampalatayang Bahá’í, na pangkalahatan ang mensahe nito at nagtataglay para sa bawat nagtatanong ng kasagutang angkop sa tangi niyang pag-unlad at mga pangangailangan.
In my case the teachings were made simple, to correspond to my rudimentary knowledge, and are therefore in no way complete and exhaustive, as the Table of Contents may suggest—the Table of Contents having been added merely to indicate the subjects treated of. But I believe that what has been so valuable to me may be of use to others, since all men, notwithstanding their differences, are united in their search for reality; and I have therefore asked ‘Abdu’l-Bahá’s permission to publish these talks.	Sa kaso ko, ang mga katuruan ay ginawang simple, upang maging tugma sa aking kaalamang panimula lamang, at sa gayon ay hindi ito kumpleto at detalyado sa anumang paraan, tulad ng iminumungkahi ng Talaan ng mga Nilalaman—ang Talaan ng mga Nilalaman ay idinagdag lamang upang matukoy ang mga paksang tinatalakay. Subalit naniniwala akong ito ang nagbigay ng napakalaking kapakinabangan sa akin at magagamit din ng mga iba, yamang ang lahat ng tao, maging anupaman ang kanilang mga pagkakaiba, ay nagkakaisa sa kanilang paghahanap sa realidad; at samakatwid ay

	hiningi ko ang pahintulot ni ‘Abdu’l-Bahá upang ilathala ang mga panayam na ito.
Originally they were not given in any special order, but have now been roughly classified for the convenience of the reader. The Persian text has been closely followed, at times even to the detriment of the English, a few alterations being made in the translation merely where the literal rendering seemed too involved and obscure; and the interpolated words, required to make the meaning clearer, have not been indicated in any way in order to avoid the too frequent interruption of the thought by technical or explanatory signs. Also many of the Persian and Arabic names have been written in their simplest form without strictly adhering to a scientific system which would be confusing to the average reader.	Sa simula ay hindi naman ito ibinigay sa anumang tanging pagkakasunod-sunod, subalit ngayon ay binigyan ng masaklaw na pagsasaayos para maging madali sa mambabasa. Ang tekstong Persiyano ay sinundan nang maingat, magkaminsan ay kahit pa mapilipit ang Ingles, na ang ilang pagbabagong ginawa sa salin ay dahil lamang ang literal na salin nito ay waring labis na masalimuot at di-mawawaan; at ang ginamit na mga salitang idinagdag, na inilagay upang maging higit na malinaw ang kahulugan, ay hindi ipinakikita sa anumang paraan upang maiwasan ang labis na maraming pagputol sa daloy ng kaisipan dahil sa mga palatandaang teknikal o pampaliwanag. Gayundin, ang marami sa mga pangalang Persiyano at Arabe ay isinulat na pinakapayak na anyo nito nang hindi mahigpit na sumusunod sa isang siyentipikong sistemang makalilito sa karaniwang mambabasa.
LAURA CLIFFORD BARNEY	Laura Clifford Barney
Part 1	Bahagi 1
On the Influence of the Prophets in the Evolution of Humanity	Hinggil sa Impluwensiya ng mga Propeta sa Ebolusyon ng Sangkatauhan
1	1
Nature Is Governed by a Universal Law	Ang Kalikasan ay Pinamamahalaan ng Iisang Pangkalahatang Batas
1 Nature is that condition or reality which outwardly is the source of the life and death, or, in other words, of the composition and decomposition, of all things.	1.1 Ang kalikasan ay ang gayong kalagayan o realidad na sa panlabas na anyo ay ang pinagmumulan ng buhay at kamatayan, o sa ibang mga salita, sa pagbubuo at sa pagkagunaw ng lahat ng mga bagay.
2 This nature is subject to a sound organization, to inviolable laws, to a perfect order, and to a consummate design,	1.2 Ang kalikasang ito ay napapailalim sa mahusay na kaayusan, sa di-mababaling mga batas, sa isang ganap na

from which it never departs. To such an extent is this true that were you to gaze with the eye of insight and discernment, you would observe that all things—from the smallest invisible atom to the largest globes in the world of existence, such as the sun or the other great stars and luminous bodies—are most perfectly organized, be it with regard to their order, their composition, their outward form, or their motion, and that all are subject to one universal law from which they never depart.	pagsasaayos at sa napakahusay na disenyo, na mula rito kailanman ay hindi ito lumilihis. Ito ay totoo sa ganoong antas, na kapag titingnan mo sa pamamagitan ng matang may malalim na pag-unawa at pangingilatis, iyong makikita na ang lahat ng bagay—mula sa kaliit-liitang di-nakikitang atomo hanggang sa pinakamalaking mga globo sa umiiral na daigdig, tulad ng araw o ng ibang malalaking bituin at nagniningning na mga tala—ay ganap ang pagsasaayos, maging kaugnay ng kanilang pagkakasunod-sunod, ng kanilang pagkakabuo, ng kanilang panlabas na anyo, o ng kanilang pagkilos, at ang lahat ay sumasailalim sa iisang pangkalahatang batas na mula rito kailanman ay hindi sila lumilihis.
3 When you consider nature itself, however, you see that it has neither awareness nor will. For instance, the nature of fire is to burn; it burns without consciousness or will. The nature of water is to flow; it flows without consciousness or will. The nature of the sun is to shed light; it shines without consciousness or will. The nature of vapour is to rise; it rises without consciousness or will. It is therefore evident that the natural movements of all created things are compelled, and that nothing moves of its own will save animals and, in particular, man.	1.3 Subalit kapag iyong iisipin ang kalikasan mismo ay makikita mong wala itong talino ni sariling kalooban. Halimbawa, ang likas na katangian ng apoy ay ang sumunog; sumusunog ito nang walang kamalayan o kalooban. Ang likas na katangian ng tubig ay ang umagos; umaagos ito nang walang kamalayan o kalooban. Ang likas na katangian ng araw ay magbigay ng liwanag; sumisikat ito nang walang kamalayan o kalooban. Ang likas na katangian ng hamog ay ang tumaas; tumataas ito nang walang kamalayan o kalooban. Kung gayon ay maliwanag na ang likas na pagkilos ng lahat ng nilikhang bagay ay sapilitan, at walang-kusang kumikilos bukod sa mga hayop, at nang natatangi, ang tao.
4 Man is able to resist and oppose nature inasmuch as he discovers the natures of things and, by virtue of this discovery, has mastery over nature itself. Indeed, all the crafts that man has devised proceed from this discovery. For example, he has invented the telegraph, which connects the East and the West. It is therefore evident that man rules over nature.	1.4 Ang tao ay nakatututol at nakalalaban sa kalikasan dahil tinutuklas niya ang likas na katangian ng mga bagay, at sa pamamagitan nitong pagtutuklas ay napasusunod ang mismong kalikasan. Sa katunayan, ang lahat ng mga likhang-kamay na ginawa niya ay nagmumula sa ganitong pagtuklas. Halimbawa, nilikha niya ang telegrapo, na nag-uugnay ng Silangan at

	Kanluran. Sa gayon, malinaw na ang tao ay naghahari sa kalikasan.
5 Now, can such organization, order, and laws as you observe in existence be attributed merely to the effect of nature, notwithstanding that nature itself has neither consciousness nor understanding? It is therefore evident that this nature, which has neither consciousness nor understanding, is in the grasp of the omnipotent Lord, Who is the Ruler of the world of nature and Who causes it to manifest whatsoever He desires.	1.5 Ngayon, ang gayong kaayusan, pagkakasunod-sunod at mga batas na iyong nakikita sa umiiral na daigdig ay masasabi bang bunga lamang ng kalikasan, sa kabila ng katotohanang ang kalikasan mismo ay salat sa kamalayan at kabatiran? Sa gayon, ay malinaw na ang kalikasang ito, na kapuwa walang kamalayan o pag-unawa, ay nasa kamay ng Panginoong lubos na makapangyarihan, na Siyang Hari ng daigdig ng kalikasan at Siyang sanhi ng pagkakahayag ng anumang Kaniyang ninanais.
6 Some say that human existence is among those things that have appeared in the world of being and that are due to the exigencies of nature. Were this true, man would be the branch and nature the root. But is it possible that there could exist a will, a consciousness, and certain perfections in the branch which are absent in the root?	1.6 Sinasabi ng ilan na ang pag-iral ng tao ay kabilang sa mga bagay na iyon na lumitaw sa daigdig bunga ng mga pangangailangan ng kalikasan. Kung ito ay totoo, ang tao ay ang sanga at ang kalikasan ay ang ugat. Subalit maaari bang may umiiral na kalooban, na kamalayan, at tanging mga kaganapan sa sanga na wala sa ugat?
7 Hence it is clear that nature, in its very essence, is in the grasp of God's might, and that it is that Eternal and Almighty One Who subjects nature to ideal laws and organizing principles, and Who rules over it.	1.7 Samakatwid ay malinaw na ang kalikasan, sa pinakadiwa nito, ay nasa kamay ng kapangyarihan ng Diyos, at ang Walang-maliw at Lubos na Makapangyarihan ang Siyang nagpapasunod sa kalikasan sa huwarang mga batas at mga simulaing nagsasaayos at Siya ang naghahari dito.
2	2
Proofs and Arguments for the Existence of God	Mga Katibayan at mga Katwiran sa Pag-Iral ng Diyos
1 Among the proofs and arguments for the existence of God is the fact that man has not created himself, but rather that his creator and fashioner is another than he. And it is certain and indisputable that the creator of man is not like man himself, because a powerless being cannot create another being,	2.1 Ang isa sa mga katibayan at katwiran sa pag-iral ng Diyos ay ang katotohanang hindi nilikha ng tao ang kaniyang sarili; sa halip ang kaniyang manlilikha at ang humubog sa kaniya ay iba pa sa kaniyang sarili. At tiyak at di-matututulan na ang maylikha sa tao ay hindi tulad ng tao mismo, dahil ang

and an active creator must possess all perfections to produce his handiwork.	walang-kakayahang nilalang ay hindi makalilikha ng iba pang nilikha, at ang aktibong manlilikha ay kailangang nagtataglay ng lahat ng mga kaganapan upang magawa ang kaniyang nilalang.
2 Is it possible for the handiwork to be perfect and the craftsman imperfect? Is it possible for a painting to be a masterpiece and the painter to be deficient in his craft, notwithstanding that he is its creator? No: The painting cannot be like the painter, for otherwise it would have painted itself. And no matter how perfect the painting may be, in comparison with the painter it is utterly deficient.	2.2 Maaari bang maging ganap ang nilikha at ang maylikha ay hindi ganap? Maaari bang maging obra-maestra ang isang larawan at ang pintor ay di-ganap sa kaniyang sining, sa kabila ng ito ay kaniyang nilikha? Hindi: Ang larawan ay hindi maaaring maging katulad ng pintor, kundi ay nilikha na sana ng larawan ang sarili nito. At gaanuman ang kaganapan ng larawan, kung ihahambing sa pintor, ito ay nasa pinakamababang antas ng kawalan ng kaganapan.
3 Thus the contingent world is the source of deficiencies and God is the source of perfection. The very deficiencies of the contingent world testify to God's perfections. For example, when you consider man, you observe that he is weak, and this very weakness of the creature betokens the power of One Who is Eternal and Almighty; for were it not for power, weakness could not be imagined. Thus the weakness of the creature is evidence of the power of God: Without power there could be no weakness. This weakness makes it evident that there is a power in the world.	2.3 Sa gayon ang walang-katiyakang daigdig ay bukal ng mga kapintasan at ang Diyos ang pinagmumulan ng kaganapan. Ang mismong mga kapintasan sa walang-katiyakang daigdig ay sumasaksi sa kaganapan ng Diyos. Halimbawa, kung titingnan mo ang tao, makikita mong mahina siya at ang mismong kahinaang ito ng nilalang ay sumasagisag sa kapangyarihan Niya na Walang-hanggan at Lubos na Makapangyarihan; dahil kung walang kapangyarihan, ang kahinaan ay di-magugunita. Sa gayon ang kahinaan ng nilikha ay ang katibayan ng kapangyarihan ng Diyos: kung walang kapangyarihan ay di-maaaring magkaroon ng kahinaan. Ang kahinaang ito ang naghahayag na mayroong kapangyarihan sa daigdig.
4 Again, in the contingent world there is poverty; hence there must be wealth for there to be poverty in the world. In the contingent world there is ignorance; hence there must be knowledge for there to be ignorance. If there were no knowledge, neither could there be ignorance; for ignorance is the non-existence of knowledge,	2.4 At muli, sa walang-katiyakang daigdig ay mayroong karukhaan; kung gayon ay kailangang mayroong kayamanan upang magkaroon ng karukhaan sa daigdig. Sa walang-katiyakang daigdig ay mayroong kamangmangan; samakatwid ay kailangang mayroong kaalaman upang magkaroon ng kamangmangan; sapagkat ang kamangmangan ay ang kawalan ng

and if there were no existence, non-existence could not be.	kaalaman, at kung walang pag-iral ay hindi rin magkakaroon ng hindi pag-iral.
5 It is certain that the entire contingent world is subject to an order and a law which it can never disobey. Even man is forced to submit to death, sleep, and other conditions—that is, in certain matters he is compelled, and this very compulsion implies the existence of One Who is All-Compelling. So long as the contingent world is characterized by dependency, and so long as this dependency is one of its essential requirements, there must be One Who in His own Essence is independent of all things. In the same way, the very existence of a sick person shows that there must be one who is healthy; for without the latter the existence of the former could not be established.	2.5 Tiyak na ang buong walang-katiyakang daigdig ay napapasailalim sa isang kaayusan at batas na hindi maaaring labagin. Kahit ang tao ay sapilitang sumusunod sa kamatayan, sa pagtulog at sa iba pang mga kalagayan—yaon ay, sa ilang kalagayan ang tao ay pinipilit, at ang mismong pamimilit na ito ay nagpapahiwatig sa pag-iral Niya na Siyang Nakapipilit sa Lahat. Habang ang walang-katiyakang daigdig ay natatangi sa pag-asa sa iba, at habang itong pag-aasa sa iba ay isa sa pangunahing mga pangangailangan nito, kailangang magkaroon ng Isa na may kasarinlan sa lahat ng bagay sa Kaniyang angking Diwa. Sa gayunding paraan, ang mismong pag-iral ng taong may karamdaman ay nagpapakilalang mayroong taong malusog; dahil kung wala ang huling nabanggit ay di-mapatutunayan ang pag-iral ng unang nabanggit.
6 It is therefore evident that there is an Eternal and Almighty One Who is the sum of all perfections, for otherwise He would be even as the creatures. Likewise, throughout the world of existence the smallest created thing attests to the existence of a creator. For instance, this piece of bread attests that it has a maker.	2.6 Samakatwid ay nagiging hayag na may isang Walang-hanggan at Lubos na Makapangyarihan, na Siyang nagtataglay ng lahat ng mga kaganapan, dahil kung hindi ay katulad na rin Siya ng mga nilikha. Gayundin, sa kabuuan ng umiiral na daigdig ang pinakamaliit na nilikhang bagay ay nagpapatunay sa pag-iral ng manlilikha. Halimbawa, itong kapirasong tinapay ay nagpapatunay na may lumikha nito.
7 Gracious God! The change in the outward form of the smallest thing proves the existence of a creator: Then how could this vast, boundless universe have created itself and come to exist solely through the mutual interaction of the elements? How patently false is such a notion!	2.7 Mapagpalang Diyos! Ang pagbabago sa panlabas na anyo ng pinakamaliit na bagay ay nagpapatunay sa pag-iral ng manlilikha: Kung gayon sa napakalawak at walang-hanggang sansinukob na ito, paano nangyaring nilikha nito ang sarili nito at lumitaw na lamang mula sa ugnayan ng mga elemento? Napakalinaw na mali ang ganitong palagay!

8 These are theoretical arguments adduced for weak souls, but if the eye of inner vision be opened, a hundred thousand clear proofs will be seen. Thus, when man feels the indwelling spirit, he is in no need of arguments for its existence; but for those who are deprived of the grace of the spirit, it is necessary to set forth external arguments.	2.8 Itong mga katwirang panteorya ay inihahain para sa mahihinang mga kaluluwa; ngunit kung ang mata ng panloob na paningin ay nakabukas, ang isandaang libong maliwanag na mga katibayan ang nagiging hayag. Sa gayon, kapag nadarama ng tao ang espiritung namamalagi sa loob niya, hindi siya nangangailangan ng mga katwiran hinggil sa pag-iral nito; ngunit para sa mga pinagkaitan ng biyaya ng espiritu ay kinakailangang maglahad ng panlabas na mga katwiran.
3	3
The Need for an Educator	Ang Pangangailangan ng Tagapagturo
1 When we consider existence, we observe that the mineral, the vegetable, the animal, and the human realms, each and all, are in need of an educator.	3.1 Kapag iisipin natin ang sangnilikha, makikita natin na ang mga daigdig ng mineral, halaman, hayop at tao, ang bawat isa at lahat, ay nangangailangan ng isang tagapagturo.
2 If the land is deprived of a cultivator, it becomes a thicket of thriving weeds, but if a farmer is found to cultivate it, the resulting harvest provides sustenance for living things. It is therefore evident that the land is in need of the farmer's cultivation. Consider the trees: If they remain uncultivated, they bear no fruit, and without fruit they are of no use. But when committed to a gardener's care, the barren tree becomes fruitful, and, through cultivation, crossing, and grafting, the tree with bitter fruit yields sweet fruit. These are rational arguments, which are what the people of the world require in this day.	3.2 Kung walang sasaka sa lupa, ito ay nagiging masukal sa naglipanang mga damong-ligaw; ngunit kung makatatagpo ng magsasakang magtatanim dito, ang ibubunga nitong ani ay tutustos sa mga nabubuhay na bagay. Maliwanag kung gayon na kinakailangan ng lupa ang pagtatanim ng magsasaka. Isipin ang mga puno: Kapag mananatili itong walang tagapangalaga, ito ay hindi magbubunga, at kapag wala itong bunga, ito ay walang-silbi. Ngunit kapag nasa ilalim ito ng pangangalaga ng hardinero, ang punong ito na walang bunga ay mamumunga, at sa pamamagitan ng pagbungkal, paglagay ng pataba at paghugpong ng mga supang, ang punong nagbibigay ng mapait na mga bunga ay magbibigay ng matatamis na bunga. Ang mga ito ay mga katibayan ayon sa katwiran, na ito ang kinakailangan ng mga tao ng daigdig sa panahong ito.
3 Consider likewise the animals: If an animal is trained, it becomes domesticated, whereas man, if he is left	3.3 Gayundin ay isipin ang mga hayop: kapag sinasanay ang hayop, ito ay nagiging maamo, samantalang ang tao kapag

without education, becomes like an animal. Indeed, if man is abandoned to the rule of nature, he sinks even lower than the animal, whereas if he is educated he becomes even as an angel. For most animals do not devour their own kind, but men in the Sudan, in the middle of Africa, rend and eat each other.	hinahayaang walang edukasyon, ay nagiging tulad ng hayop. Sa katunayan, kung hahayaan ang tao sa ilalim ng batas ng kalikasan, siya ay nagiging higit na mababa pa kaysa sa hayop, samantalang kung siya ay bibigyan ng edukasyon siya ay nagiging tulad ng anghel. Dahil ang karamihan ng mga hayop ay hindi kinakain ang sarili nilang angkan, ngunit ang mga tao sa Sudan, sa kalagitnaang dako ng Aprika, ay pumapatay at kumakain sa isa't isa.
4 Now observe that it is education that brings East and West under man's dominion, produces all these marvellous crafts, promotes these mighty arts and sciences, and gives rise to these new discoveries and undertakings. Were it not for an educator, the means of comfort, civilization, and human virtues could in no wise have been acquired. If a man is left alone in a wilderness where he sees none of his own kind, he will undoubtedly become a mere animal. It is therefore clear that an educator is needed.	3.4 Ngayon ay masdan, ang edukasyon ang naghahatid ng Silangan at Kanluran sa ilalim ng kapangyarihan ng tao, nililikha nito ang lahat ng kamangha-manghang mga likhang-kamay, itinataguyod itong dakilang mga agham at sining, at nagbubunga ito ng bagong mga katuklasan at mga pagsisikap. Kung wala sanang tagapagturo, ay hindi sana matatamo ang mga kaparaanan para sa kaginhawahan, kabihasnan at kabutihan ng tao. Kapag ang tao ay hahayaang mag-isa sa kagubatan kung saan ay wala siyang nakikitang sariling kalahi, tiyak na siya ay magiging isang hamak na hayop lamang. Samakatwid ay maliwanag na kinakailangan ang isang tagapagturo.
5 But education is of three kinds: material, human, and spiritual. Material education aims at the growth and development of the body, and consists in securing its sustenance and obtaining the means of its ease and comfort. This education is common to both man and animal.	3.5 Ngunit ang edukasyon ay may tatlong uri: materyal, pantao at espiritwal. Ang materyal na edukasyon ay para sa paglaki at pag-unlad ng katawan, at binubuo ito ng pagkakaroon nito ng kaniyang sustansiya at ng pagtatamo nito ng kaginhawahan at kaluwagan. Ang edukasyong ito ay kapuwa para sa mga hayop at mga tao.
6 Human education, however, consists in civilization and progress, that is, sound governance, social order, human welfare, commerce and industry, arts and sciences, momentous discoveries, and great	3.6 Subalit, ang pantaong edukasyon ay binubuo ng kabihasnan at pag-unlad—yaon ay, ang mahusay na pamahalaan, kaayusan ng lipunan, mabuting kalagayan ng tao, komersiyo at industriya, mga sining at mga agham, dakilang mga katuklasan at dakilang mga pagpupunyagi, na

undertakings, which are the central features distinguishing man from the animal.	pangunahing mga katangiang nagbubukod sa tao nang naiiba sa hayop.
7 As to divine education, it is the education of the Kingdom and consists in acquiring divine perfections. This is indeed true education, for by its virtue man becomes the focal centre of divine blessings and the embodiment of the verse “Let Us make man in Our image, after Our likeness.”1 This is the ultimate goal of the world of humanity.	3.7 Kaugnay naman ng banal na edukasyon, ito ang edukasyon sa Kaharian at binubuo ito ng pagtatamo ng banal na mga kaganapan. Ito sa katunayan ang tunay na edukasyon, dahil sa pamamagitan nito ang tao ay nagiging tampulan ng banal na mga biyaya at ang kinatawan ng bersikulong, “Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis.”[1] Ito ang sukdulang layunin ng daigdig ng sangkatauhan.
8 Now, we need an educator who can be at the same time a material, a human, and a spiritual educator, that his authority may have effect at every degree of existence. And should anyone say, “I am endowed with perfect reason and comprehension, and have no need for such an educator”, he would be denying the obvious. It is as though a child were to say, “I have no need of education, but will act and seek the perfections of existence according to my own thinking and intelligence”, or as though a blind man were to claim, “I have no need of sight, for there are many blind people who get by.”	3.8 Ngayon ay kinakailangan natin ang isang tagapagturong magiging sabay-sabay na tagapagturo ng materyal, pantao at espiritwal, upang ang kaniyang awtoridad ay magkabisa sa lahat ng antas ng buhay. At kapag may magsasabing, “Taglay ko ang ganap na talino at pang-unawa, at hindi ko kinakailangan ang gayong tagapagturo,” itinatatwa lamang niya yaong malinaw at hayag. Ito ay tulad rin sa pagsabi ng isang bata na, “Hindi ko kailangan ang edukasyon bagkus ay kikilos ako nang sang-ayon sa aking katwiran at talino,” o katulad ng pagsabi ng isang bulag na, “Hindi ako nangangailangan ng paningin, dahil maraming ibang mga bulag na nakararaos naman.”
9 It is therefore clear and evident that man stands in need of an educator. This educator must undeniably be perfect in every way and distinguished above all men. For if he were like others he could never be their educator, particularly since he must at once be their material, human, and spiritual educator. That is, he must organize and administer their material affairs and establish a social order, that they may aid and assist each other in securing the means of livelihood and that their material affairs may be ordered and arranged in every respect.	3.9 Kung gayon ay malinaw at hayag na ang tao ay nangangailangan ng isang tagapagturo. Ang tagapagturong ito ay kinakailangang maging ganap sa lahat ng paraan at natatangi sa lahat ng ibang tao. Sapagkat kung katulad rin siya ng lahat ng iba, hindi siya maaaring maging tagapagturo nila, lalo na dahil kailangang sabay-sabay siyang maging tagapagturo ng kanilang materyal, pantao at espiritwal. Ang ibig sabihin ay kinakailangan niyang isaayos at mangasiwa sa kanilang mga gawaing materyal at magtatag ng isang panlipunang kaayusan upang magtulungan sila sa paghahanap-buhay at upang ang kanilang

	mga gawaing materyal ay maisaayos at maiwasto sa bawat bagay.
10 He must likewise lay the foundations of human education—that is, he must so educate human minds and thoughts that they may become capable of substantive progress; that science and knowledge may expand; that the realities of things, the mysteries of the universe, and the properties of all that exists may be revealed; that learning, discoveries, and major undertakings may day by day increase; and that matters of the intellect may be deduced from and conveyed through the sensible.	3.10 Sa gayunding paraan ay kinakailangan niyang itatag ang saligan ng pantaong edukasyon—yaon ay, kinakailangan niyang turuan ang talino at kaisipan sa gayong paraan na magkakaroon sila ng kakayahan para sa malakihang pagsulong; nang sa gayon ang kaalaman at agham ay lumawak; upang ang realidad ng mga bagay, ang mga hiwaga ng sansinukob at ang mga katangian ng lahat ng umiiral ay maisiwalat; nang sa gayon sa bawat araw ang mga natututunan, mga natutuklasan at malalaking mga pagsisikap ay dumami; at mula sa nadaramang mga bagay ay mahihinuha ang mga bagay kaugnay ng kaisipan.
11 He must also impart spiritual education, so that minds may apprehend the metaphysical world, breathe the sanctified breaths of the Holy Spirit, and enter into relationship with the Concourse on high, and that human realities may become the manifestations of divine blessings, that perchance all the names and attributes of God may be reflected in the mirror of the human reality and the meaning of the blessed verse "Let Us make man in Our image, after Our likeness" may be realized.	3.11 Kailangan din niyang ibahagi ang espiritwal na edukasyon, upang maunawaan ng mga kaisipan ang di-materyal na daigdig, ihinga ang banal na mga hininga ng Espiritu Santo, at magkaroon ng ugnayan sa Kalipunan sa kaitaasan, at upang ang mga realidad ng tao ay maging mga kapahayagan ng banal na pagpapala, nang sakaling ang lahat ng mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay makita sa salamin ng realidad ng tao, at ang kahulugan ng banal na bersikulong, "Lalangin Natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis" ay maisakatuparan.
12 It is clear, however, that mere human power is incapable of fulfilling this great office, and that the results of human thought alone cannot secure such bounties. How can a single person, with no aid or assistance, lay the foundations of such a lofty edifice? A divine and spiritual power is therefore needed to enable him to carry out this mission. Behold! One sanctified Soul revives the world of humanity, transforms the face of the globe, develops the minds, quickens the souls, inaugurates a new life, establishes new foundations, orders the	3.12 Gayumpaman, maliwanag na ang kapangyarihan lamang ng tao ay walang-kakayahang tuparin ang ganitong napakadakilang katungkulan, at ang mga bunga ng kaisipan lamang ng tao ay hindi makatatamo ng gayong mga biyaya. Paano magagawa ng nag-iisang taong walang katulong at walang taguyod na itatag ang mga saligan ng gayong napakalaking gawain? Samakatwid ay kailangan ang banal at espiritwal na kapangyarihan upang maisagawa ang misyong ito. Masdan! Ang isang Banal na Kaluluwa ay

world, gathers the nations and religions under the shadow of one banner, delivers man from the realm of baseness and deficiency, and exhorts and encourages him to develop his innate and acquired perfections. Certainly nothing short of a divine power could accomplish this feat! One must examine this matter fairly, as this indeed is an occasion for fairness.	muling-bumubuhay sa daigdig ng sangkatauhan, binabago ang anyo ng balat ng lupa, pinauunlad ang mga kaisipan, nagbibigay-buhay sa mga kaluluwa, nagsisimula ng isang panibagong buhay, nagtatatag ng bagong mga batayan, isinasaayos ang daigdig, tinitipon ang mga bansa at mga relihiyon sa ilalim ng lilim ng iisang bandila, sinasagip ang tao mula sa daigdig ng pagkaimbi at pagkukulang, at ginaganyakan at hinihimok siyang payabungin ang kaniyang mga kaganapang likas at natamo. Tiyak na walang iba kundi ang isang banal na kapangyarihan ang makapagsasagawa ng ganitong gawain! Dapat suriin ang bagay na ito nang makatarungan, dahil ito ay isang pagkakataon para sa katarungan.
13 A Cause which all the governments and peoples of the earth, notwithstanding all their powers and their armies, are unable to promote and promulgate, one holy Soul promulgates without aid or assistance! Can this be accomplished through the agency of mere human power? No, by God! For example, Christ, alone and single-handed, raised the banner of peace and amity—a feat that the combined forces of all the mighty governments of the world are unable to accomplish. Consider how numerous are the divers governments and peoples—such as Italy, France, Germany, Russia, England, and the like—who have been gathered together under the same canopy! The point is that the advent of Christ brought about fellowship among these differing peoples. Indeed, some among the peoples who believed in Christ were so closely united as to offer up their life and substance for one another. Such was the case until the days of Constantine, through whom the Cause of Christ was exalted. After a time, however, and as a result of differing motives, divisions broke out again among them. Our meaning is that Christ united these	3.13 Ang isang Kapakanang hindi maitaguyod at mapalaganap ng lahat ng mga pamahalaan at mga sambayanan ng daigdig, sa kabila ng lahat ng kanilang mga kapangyarihan at mga hukbo, ay itinataguyod ng isang Banal na Kaluluwa nang walang katulong o alalay! Magagawa ba ito ng kapangyarihan lamang ng tao? Hindi, sa ngalan ng Diyos! Halimbawa, si Kristo, nang nag-iisa at walang kasama, ay itinaas ang bandila ng kapayapaan at katarungan—isang gawaing hindi nagawa ng lahat ng mga pamahalaan ng daigdig. Isipin kung gaano karami at sari-sari ang mga pamahalaan at mga sambayanan—tulad ng Italya, Pranses, Alemanya, Ruso, Inglatera at iba pa—na tinipon sa ilalim ng iisang tolda! Ang punto ay ang pagdating ni Kristo ay nagbunga ng pagkakaisa ng magkakaibang mga sambayanang ito. Sa katunayan, ang ilan sa mga sambayanang naniwala kay Kristo ay ganoon na lamang ang pagkakaisa na inialay nila ang kanilang mga buhay at mga ari-arian alang-alang sa isa’t isa. Ganoon ang kalagayan hanggang sa panahon ni Constantine, na sa pamamagitan niya ang Kapakanan ni Kristo ay dinakila. Subalit sa

nations, but after a long while the governments caused the resurgence of discord.	paglipas ng ilang panahon at bunga ng magkakaibang kadahilanan, nagkaroon muli ng mga hidwaan sa pagitan nila. Ang aming ibig sabihin ay pinagkaisa ni Kristo ang mga bansang ito, ngunit pagkaraan ng mahabang panahon ang mga pamahalaan ay naging sanhi muling paglitaw ng pagtatalo.
14 The main point is that Christ accomplished what all the kings of the earth were powerless to achieve. He united differing nations and changed ancient customs. Consider what great differences existed between Romans, Greeks, Syrians, Egyptians, Phoenicians, and Israelites, as well as other peoples of Europe. Christ abolished these differences and became the cause of concord among these peoples. Although after a long while the governments disrupted this unity, Christ had indeed accomplished His task.	3.14 Ang pangunahing punto ay ginawa ni Kristo ang hindi kayang gawin ng lahat ng mga hari ng daigdig. Pinagkaisa Niya ang nagtatalong mga bansa at binago ang napakatandang mga kaugalian. Isipin kung gaano kalaki ang mga pagkakaibang umiiral sa pagitan ng mga Romano, mga Griyego, mga taga-Syria, mga Ehipsiyo, mga taga-Phoenicia, at mga Hudyo, at gayundin ng iba pang mga sambayanan ng Europa. Iwinaksi ni Kristo ang mga pagkakaibang ito at naging sanhi ng pag-ibig sa mga sambayanang ito. Bagaman sa paglipas ng mahabang panahon ay winasak ng mga pamahalaan ang pagkakaisang ito, tunay na natupad ni Kristo ang Kaniyang gawain.
15 Our meaning is that the universal Educator must be at once a material, a human, and a spiritual educator, and, soaring above the world of nature, must be possessed of another power, so that He may assume the station of a divine teacher. Were He not to wield such a celestial power, He would not be able to educate, for He would be imperfect Himself. How then could He foster perfection? If He were ignorant, how could He make others wise? If He were unjust, how could He make others just? If He were earthly, how could He make others heavenly?	3.15 Ang Aming ibig sabihin ay ang pandaigdigang Tagapagturo ay kailangang sabay na maging tagapagturo ng pangmateryal, pantao at espiritwal, at habang pumapailanlang sa daigdig ng kalikasan ay dapat tumaglay ng iba pang kapangyarihan, nang matanganan Niya ang katungkulan ng banal na guro. Kung hindi Niya tatanganan ang ganitong banal na kapangyarihan, hindi Siya makapagtuturo, dahil Siya mismo ay hindi nagiging sakdal. Kung gayon ay paano Siya makapagpapayabong ng kaganapan? Kung Siya ay mangmang, paano Niya gagawing marunong ang iba? Kung Siya ay hindi makatarungan, paano Niya gagawing maging makatarungan ang mga iba? Kung Siya ay makalupa, paano Niya gagawing maging makalangit ang mga iba?
16 Now, we must consider fairly whether these divine Manifestations that have appeared had all these attributes or not. If	3.16 Ngayon ay dapat nating isipin nang makatarungan kung taglay ba nitong dumating nang mga Banal na mga

they were devoid of these attributes and perfections, then they were not true educators.	Kahayagan ang mga katangiang ito o hindi? Kung hindi Nila taglay ang mga katangian at mga kaganapang ito ay hindi Sila tunay na mga tagapagturo.
17 Therefore it is through rational arguments that we must prove to rational minds the prophethood of Moses, of Christ, and of the other divine Manifestations. And the proofs and arguments which we provide here are based on rational and not on traditional arguments.	3.17 Samakatwid, sa pamamagitan ng makatwirang mga paliwanag ay mapatutunayan natin sa mga nag-iisip ang pagiging propeta ni Moises, ni Kristo at ng iba pang mga Banal na Kahayagan. At ang mga katibayan at mga paliwanag na ibinibigay natin dito ay batay sa katwiran at hindi sa mga kinaugaliang mga paliwanag.
18 It has thus been established by rational arguments that the world of existence stands in utmost need of an educator, and that its education must be achieved through a celestial power. There is no doubt that this celestial power is divine revelation, and that the world must be educated through this power which transcends human power.	3.18 Sa ngayon ay napatunayan sa pamamagitan ng makatwirang mga paliwanag na labis na nangangailangan ang umiiral na daigdig ng tagapagturo, at ang edukasyon nito ay kailangang matamo sa pamamagitan ng makalangit na kapangyarihan. Walang pag-aalinlangang ang makalangit na kapangyarihang ito ay ang banal na rebelasyon, at ang daigdig ay kinakailangang maturuan sa pamamagitan ng kapangyarihang ito na higit na mataas sa kapangyarihan ng tao.
4	4
Abraham	Abraham
1 Among those who possessed this divine power and were assisted by it was Abraham. The proof is this: Abraham was born in Mesopotamia of a family that was ignorant of the oneness of God; He opposed His own people and government, and even His own kin; He rejected all their gods; and, alone and single-handed, He withstood a powerful nation. Such opposition and resistance were not simple or trivial. It is as though one were in this day to deny Christ among Christian nations who firmly cling to the Bible, or as though one were—God forbid!—to blaspheme Christ in the papal	4.1 Ang isa sa mga nagtataglay ng banal na kapangyarihang ito at tinulungan nito ay si Abraham. Ang patunay ay ito: Si Abraham ay ipinanganak sa Mesopotamia sa isang pamilyang di-nakababatid sa kaisahan ng Diyos; tinutulan Niya ang sarili Niyang sambayanan at pamahalaan, at pati na ang sarili Niyang pamilya; itinakwil Niya ang kanilang mga diyos-diyosan; at habang nag-iisa at walang katulong, napaglabanan Niya ang isang makapangyarihang bansa. Ang gayong pagtutol at paglaban ay hindi madali o maliit na bagay. Sa panahong ito, iyon ay kahalintulad sa pagtatwa kay Kristo sa mga bansang Kristiyano na mahigpit na nakapangapit sa Bibliya, o parang ang

court, oppose all His followers, and to act thus in the most vehement manner.	paggawa ng isang tao sa bulwagan ng Santo Papa—hadlangan nawa ng Diyos!—na lapastanganin si Kristo, labanan ang lahat ng Kaniyang mga tagasunod, at gawin iyon sa pinakamapusok na paraan.
2 These people believed not in one God but in many gods, to whom they ascribed miracles, and hence they all rose up against Abraham. No one supported Him except His nephew Lot and one or two other individuals of no consequence. At last the intensity of His enemies' opposition obliged Him, utterly wronged, to forsake His native land. In reality He was banished that He might be reduced to naught and that no trace of Him might remain. Abraham then came to these regions, that is, to the Holy Land.	4.2 Ang mga taong iyon ay hindi naniniwala sa iisang Diyos sa halip ay sa maraming diyos-diyosan, na ipinapalagay nilang gumagawa ng mga milagro, at samakatwid ay bumangon silang lahat laban kay Abraham. Walang tumaguyod sa Kaniya liban sa Kaniyang pamangking si Lot, at ang isa o dalawa pang taong walang katayuan. Sa wakas, dahil sa napakatinding paglaban ng Kaniyang mga kaaway ay napilitan Siya, na matinding pinagkasalahan, na lisanin ang Kaniyang lupang sinilangan. Sa katunayan ay ipinatapon Siya upang sa mauwi Siya sa kawalan, at wala Siyang maiwanang anumang bakas. Sa gayon, si Abraham ay nagtungo sa mga dakong ito, yaon ay sa Pinagpalang Lupain.
3 My point is that His enemies imagined that this exile would lead to His destruction and ruin. And indeed, if a man is banished from his native land, deprived of his rights, and oppressed from every side, he is bound—even if he be a king—to be reduced to naught. But Abraham stood fast and showed forth extraordinary constancy, and God changed His exile into abiding honour, till at last He established the oneness of God, for at that time the generality of mankind were idol worshippers.	4.3 Ang aking punto ay ipinalagay ng Kaniyang mga kaaway na ang Kaniyang pagkatapon ay magbubulid sa Kaniyang pagkasawi at kapahamakan. At sa katunayan, kapag ang isang tao ay ipinatapon mula sa kaniyang lupang sinilangan, pinagkait ang kaniyang mga karapatan at siniil sa bawat panig—maging hari pa man siya—ay tiyak na mauuwi siya sa kawalan. Ngunit si Abraham ay nanatiling matatag at nagpakita ng di-pangkaraniwang katatagan—at binago ng Diyos ang pagkatapon upang maging namamalaging karangalan—hanggang sa wakas ay naitatag Niya ang kaisahan ng Diyos, sapagkat sa panahong iyon ang karamihan ng sangkatauhan ay sumasamba sa mga diyos-diyosan.
4 This exile became the cause of the progress of Abraham's descendants. This exile resulted in their being given the Holy Land. This exile resulted in the diffusion of Abraham's teachings. This exile resulted in	4.4 Ang pagkatapong ito ang naging sanhi ng pagsulong ng mga inapo ni Abraham. Ang bunga ng pagkatapong ito ay ibinigay sa kanila ang Pinagpalang Lupain. Ang bunga ng pagkatapong ito ay lumaganap

the appearance of a Jacob from the seed of Abraham, and of a Joseph who became ruler in Egypt. This exile resulted in the appearance of a Moses from that same seed. This exile resulted in the appearance of a being such as Christ from that lineage. This exile resulted in a Hagar being found, of whom Ishmael was begotten, and from whom Muḥammad in turn descended. This exile resulted in the appearance of the Báb from the lineage of Abraham. This exile resulted in the appearance of the Prophets of Israel from the progeny of Abraham—and so will it continue forevermore. This exile resulted in the whole of Europe and most of Asia entering under the shadow of the God of Israel. Behold what a power it was that enabled an emigrant to establish such a family, to found such a nation, and to promulgate such teachings. Now, can anyone claim that all this was purely fortuitous? We must be fair: Was this Man an Educator or not?	sa ibayong dako ang mga turo ni Abraham. Ang bunga ng pagkatapong ito ay lumitaw ang isang Jacob mula sa binhi ng Abraham, at ang isang Jose ay namuno sa Ehipto. Ang bunga ng pagkatapong ito ay lumitaw ang isang Moises mula sa binhi ring iyon. Ang bunga ng pagkatapong ito ay lumitaw ang isang nilikhang tulad ni Kristo mula sa Kaniyang mga inapo. Ang bunga ng pagkatapong ito ay natagpuan si Hagar na mula sa kaniya ay ipinanganak si Ismael, na sa kaniya naman isinupling si Muḥammad. Ang bunga ng pagkatapong ito ay lumitaw ang Báb mula sa angkan ni Abraham. Ang bunga ng pagkatapong ito ay lumitaw ang mga Propeta ng Israel mula sa mga inapo ni Abraham—at sa gayon ay magpapatuloy ito magpakailanman. Ang bunga ng pagkatapong ito ay napasailalim ang buong Europa at ang karamihan ng Asya sa lilim ng Diyos ng Israel. Masdan kung anong kapangyarihan itong itinulot na magawa ang isang dayuhan ang magpundar ng ganoong pamilya, ang magtatag ng ganoong bansa at ang magpalaganap ng ganoong mga turo. Ngayon ay masasabi ba ng sinumang ang lahat ng ito ay naganap nang di-sinasadya? Dapat tayong maging makatarungan: ang Taong ito ay Tagapagturo ba o hindi?
5 It behoves us to ponder awhile that if the emigration of Abraham from Ur to Aleppo in Syria produced such results, what will be the effect of the exile of Bahá'u'lláh from ?ihrán to Baghdád, and from thence to Constantinople, to Rumelia, and to the Holy Land!	4.5 Dapat nating nilay-nilayin sandali, na kung ang paglipat ni Abraham mula sa Ur tungo sa Aleppo sa Syria ay nagbigay ng ganitong mga bunga, ano kaya ang magiging bunga ng pagkatapon ni Bahá'u'lláh mula sa Ṭihrán tungo sa Baghdád, at mula roon tungo sa Constantinople, sa Rumelia, at sa Pinagpalang Lupain.
6 Behold then what an accomplished Educator Abraham was!	4.6 Masdan sa gayon kung gaano kaganap na Tagapagturo si Abraham!
5	5
Moses	Moises

1 Moses was for a long time a shepherd in the wilderness. To outward seeming He was a man Who had been reared in the bosom of tyranny, had become reputed among men as a murderer, had taken up the shepherd's staff, and was fiercely hated and reviled by Pharaoh's government and people. It was such a man Who freed a great people from the fetters of captivity and persuaded them to leave Egypt and settle in the Holy Land.	5.1 Sa loob ng mahabang panahon si Moises ay isang pastol sa kaparangan. Sa panlabas na anyo, Siya ay isang Taong pinalaki sa kanlungan ng paniniil, na kilala ng mga tao bilang isang mamamatay-tao, pagkatapos ay naging pastol, at kinamuhian at kinasuklaman ng pamahalaan at mga mamamayan ni Paraon. Ang ganitong Tao ang Siyang nagpalaya sa isang dakilang sambayanan mula sa mga tanikala ng pagkabihag at kinumbinsi silang lisanin ang Ehipto at manirahan sa Pinagpalang Lupain.
2 That people had sunk to the depths of degradation and were lifted up to the heights of glory. They were captives and were set free. They were the most ignorant of peoples and became the most learned. By virtue of that which He established, they so progressed as to be singled out among all nations, and their fame spread to every land, to such a degree that when the inhabitants of neighbouring lands wanted to praise someone they would say, "Surely he must be an Israelite!" Moses established laws and ordinances that conferred new life upon the people of Israel and led them to attain the highest degree of civilization at that time.	5.2 Ang sambayanang iyon ay nasadlak na sa kailaliman ng pagkaimbi at itinaas sila sa mga rurok ng kaluwalhatian. Sila ay mga bihag at pinalaya sila. Sila ang pinakamangmang na sambayanan at naging pinakamarunong sila. Bunga ng Kaniyang mga itinatag, ganoon na lamang ang kanilang pagsulong na namumukod sila sa lahat ng mga bansa, at ang kabantugan nila ay umabot sa bawat lupain, sa ganoong antas na kapag nais purihin ng mga nananahan sa mga karatig-bansa ang isang tao ay sasabihin nilang, "Tiyak na siya ay isang Israelite!" Si Moises ay nagtatag ng mga batas at mga ordenansang nagbigay ng panibagong buhay sa mga tao ng Israel at inakay sila tungo sa pinakamataas na antas ng kabihasnan sa panahong iyon.
3 Such was their progress that the philosophers of Greece would come to seek knowledge from the learned men of Israel. Among them was Socrates, who came to Syria and acquired from the children of Israel the teachings of the oneness of God and the immortality of the spirit. He then returned to Greece and promulgated these teachings, whereupon the people of that land rose up in opposition to him, accused him of impiety, arraigned him before the court, and condemned him to death by poison.	5.3 Ganoon na lamang ang antas ng kanilang pag-unlad na dinadayo sila ng mga pilosopo ng Gresya upang makamtan ang kaalaman ng marurunong na tao ng Israel. Kabilang sa mga ito ay si Socrates, na dumalaw sa Syria at nakamtan mula sa mga anak ng Israel ang mga turo ng kaisahan ng Diyos at ang kawalan ng kamatayan ng espiritu. Pagkatapos ay bumalik siya sa Gresya at ipinalaganap ang mga turong ito, at sa gayon ay bumangon ang mga mamamayan ng lupaing iyon laban sa kaniya, ipinaratang sa kaniya ang paglapastangan sa Diyos; isinakdal siya sa hukuman at hinusgahan siya

	ng kamatayan sa pamamagitan ng pag-inom ng lason.
4 Now, how could a man who was a stammerer, who had been brought up in the house of Pharaoh, who was known among men as a murderer, and who out of fear had long been a fugitive and a shepherd, establish in the world so mighty a Cause that the wisest philosophers of the earth would be incapable of producing a thousandth part thereof? This is clearly an extraordinary feat.	5.4 Ngayon, paano nagawa ng isang Taong utal, na pinalaki sa pamamahay ni Paraon, kilala bilang mamamatay-tao, at dahil sa takot ay nanatiling nagtatago sa mahabang panahon at na naging pastol, ang magtatag ng gayong dakilang Kapakanan na hindi kayang gawin ng pinakamarunong na mga pilosopo sa daigdig na isagawa ang isanlibong bahagi nito? Malinaw na bukod-tanging gawain ito.
5 A man with a stammering tongue can hardly sustain an ordinary conversation, let alone accomplish what He did! No: Were He not assisted by a divine power, He would never have been able to carry out such a mighty task. These are arguments that none can deny. The materialistic thinkers, the Greek philosophers, and the great men of Rome who became renowned in the world were each versed in but one branch of learning. Thus Galen and Hippocrates were celebrated for their skill in medicine, Aristotle in logic and speculative reasoning, and Plato in ethics and divine philosophy. How can a mere shepherd lay the foundation for all these branches of learning? There is no doubt that He was assisted by an extraordinary power.	5.5 Ang taong may utal na dila ay hindi halos makabuo ng karaniwang pakikipag-usap, lalo nang hindi ang maisagawa ang Kaniyang ginawa! Hindi: Kung hindi Siya tinulungan ng banal na kapangyarihan, kailanman ay hindi Niya matutupad ang dakilang gawaing ito. Ang mga katwirang ito ay hindi maitatanggi ng sinuman. Ang mga materyalistang palaisip, ang mga Griyegong pilosopo, at ang mga dakilang tao ng Roma na naging tanyag sa daigdig ay naging dalubhasa ang bawat isa sa kanila sa iisang sangay lamang ng kaalaman. Sa gayon si Galen at si Hippocrates ay naging tanyag sa kahusayan nila sa panggagamot, si Aristotle sa lohika at pangangatuwiran, at si Plato sa etika at banal na pilosopiya. Paano nagawa ng isang hamak na pastol lamang ang itatag ang saligan para sa lahat nitong mga sangay ng kaalaman? Walang pag-aalinlangang Siya ay tinulungan ng di-pangkaraniwang kapangyarihan.
6 Observe how the people are subjected to tests and trials. Moses struck down an Egyptian to prevent an act of oppression, became known among men as a murderer—especially since the victim belonged to the ruling nation—and was obliged to flee, and it was after all this that He was raised up as a Prophet. Behold how, in spite of His disrepute, He was aided through an extraordinary power to establish	5.6 Pag-isipan kung paano sumasapit ang mga pagsubok at mga kahirapan sa mga tao. Upang pigilan ang isang kalupitan, tinabak ni Moises ang isang Ehipsiyo at nakilala Siya bilang isang mamamatay-tao—at lalo na dahil ang Kaniyang napatay ay nabibilang sa lahi ng mga namumuno—kinailangan Niyang tumakas at pagkaraan ng lahat ng ito ay ibinangon Siya bilang Propeta. Masdan kung

such great institutions and mighty undertakings!	paanong, sa kabila ng Kaniyang masamang reputasyon, Siya ay tinulungan ng di-pangkaraniwang kapangyarihan upang maitatag ang gayong dakilang mga institusyon at napakalaking mga pagsisikap!
6	6
Christ	Kristo
1 Afterwards Christ appeared, saying, “I am born of the Holy Spirit.” If it is easy today, among Christians, to acknowledge the truth of this claim, at the time it was very difficult. Thus, according to the text of the Gospel, the Pharisees said, “Is this not the son of Joseph of Nazareth, whom we know? How then can he say, ‘I have come down from heaven’?”2	6.1 Pagkatapos ay sumapit si Kristo, at sinabing, “Ako ay ipinanganak ng Espiritu Santo.” Kung sa ngayon ay madali nang paniwalaan ng mga Kristiyano ang katotohanan ng ganitong mga salita, noong panahong iyon ay napakahirap ito. Sang-ayon sa teksto ng Ebanghelyo ay sinabi ng mga Pariseo na, “Hindi ba ito ang anak ni Jose ng Nazarenong kilala natin? Kung gayon ay paano niya masasabing Siya ay bumaba mula sa langit?”[2]
2 Briefly, this Man, Who appeared lowly in the eyes of all, arose nonetheless with such power as to abrogate a fifteen-hundred-year-old Dispensation, notwithstanding that the least deviation from its laws would expose the offender to grave danger and bring about his death and annihilation. Moreover, in the time of Christ the general morals and manners of the Israelites had become entirely confused and corrupted, and Israel had fallen into a state of utmost degradation, misery, and bondage. At one time they fell captive to the Chaldeans and the Persians; at another they were under the yoke of the Assyrian Empire. One day they became the subjects and vassals of the Greeks; another they were subjugated and humiliated by the Romans.	6.2 Sa maikling salita, ang Taong ito, na isang aba sa mga mata ng lahat, gayumpaman ay bumangon nang taglay ang gayong kapangyarihan na pinawalang-bisa Niya ang isang Dispensasyong umiiral na sa loob ng labinlimang daantaon, bagaman ang kaliit-liitang paglihis sa mga batas nito ay maglalagay sa nagkasala sa matinding panganib at magbubulid ng kaniyang kamatayan at pagkalipol. Higit pa rito, sa panahon ni Kristo ang moralidad at asal ng mga Israelite ay naging napakagulo at napakabalakyot, at ang Israel ay nakalugmok na sa kalagayan ng sukdulang kaimbihan, kahirapan at pagkabihag. Sa isang panahon ay nabihag sila ng mga Chaldean at ng mga Persiyano; sa iba pang panahon ay sumailalim sila sa pamatok ng Imperyo ng Assyria. Sa isang panahon ay nasakop at naging alipin sila ng mga Griyego; at sa isa pang panahon ay pinamunuan at hinamak sila ng mga Romano.
3 This young Man, Christ, through an extraordinary power abrogated the	6.3 Ang bata pang Taong ito, si Kristo, sa pamamagitan ng

ancient Mosaic Law and undertook to reform the morals of the people. He once again laid the foundation of eternal honour for the Israelites—nay, He undertook to rehabilitate the fortunes of the entire human race—and spread abroad teachings that were not reserved for Israel alone but formed the basis for the universal happiness of human society.	di-pangkaraniwang kapangyarihan ay pinawalang-saysay ang napakatandang Batas ni Moises at isinagawa ang pagpapabuti sa moralidad ng mga tao. Muli Niyang itinatag ang saligan ng walang-hanggang karangalan para sa mga Israelite—hindi lamang iyon, isinagawa Niya ang pagpapabuti sa kinabukasan ng buong sangkatauhan—at ipinalaganap ang mga turong hindi lamang para sa Israel subalit ay siyang batayan ng pangkalahatang kaligayahan ng lipunan ng tao.
4 The first to arise to destroy Him were the Israelites—His own people and kindred. And to outward seeming they indeed overcame Him and reduced Him to utter abasement, till at last they crowned Him with the crown of thorns and crucified Him. But this Man, while outwardly immersed in deepest affliction, proclaimed: “This Sun will rise, this Light will shine resplendent, My grace will encompass the world, and all Mine enemies will be confounded.” And even as He spoke, so it came to pass, for all the kings of the earth were unable to resist Him. Nay, all their standards were cast down, while the standard of that Wronged One was raised to the loftiest heights.	6.4 Ang unang mga nagsibangon upang lipulin Siya ay ang mga Israelite—ang Kaniyang sariling mga kababayan at mga kaanak. At sa panlabas na anyo ay nadaig talaga nila Siya at isinubo Siya sa sukdulang kapahamakan, hanggang sa wakas ay pinutungan nila Siya ng korona ng mga tinik at ipinako Siya sa krus. Subalit ang Taong ito, habang sa panlabas na anyo ay nakabaon sa pinakamasidhing paghihirap, ay nagpahayag na, “Ang Araw na ito ay sisikat din, ang Ilaw na ito ay magniningning, ang biyaya Ko ay papalibot sa daigdig, at ang lahat ng Aking mga kaaway ay madadaig.” At tulad ng Kaniyang sinabi ay naganap ito, dahil ang lahat ng mga hari ng daigdig ay hindi nakatagal laban sa Kaniya. Hindi lamang iyon, ang lahat ng kanilang mga bandila ay bumagsak habang ang watawat Niya na Siyang Pinagkasalahan ay itinaas hanggang sa tugatog.
5 Is this at all possible in accordance with the rules of human reason? No, by God! Then it is clear and evident that this glorious Being was a true Educator of the world of humanity and that He was aided and assisted by a divine power.	6.5 Subalit ito ba ay posible sang-ayon sa mga patakaran ng pangangatwiran ng tao? Hindi, saksi ang Diyos! Samakatwid ay malinaw at hayag na itong maluwalhating Nilalang ay isang tunay na Tagapagturo ng daigdig ng sangkatauhan at Siya ay tinulungan at pinagtibay ng banal na kapangyarihan.
7	7

Muḥammad	Muḥammad
1 Now as to Muḥammad, the people of Europe and America have heard certain tales about the Prophet, to which they have given credence even though the providers of these accounts, many of whom belonged to the ranks of the Christian clergy, were either ignorant or ill-intentioned. Likewise, a number of ignorant Muslims relayed unfounded tales concerning Muḥammad, which in their minds redounded to His glory. Thus some benighted Muslims made His polygamy the object of their highest praise and held it to be a sign of His wondrous powers, since these ignorant souls considered the multiplicity of wives to be a miraculous thing. The accounts of European historians rely for the most part upon the sayings of such ignorant people.	7.1 Ngayon ay tungkol naman kay Muḥammad, narinig ng mga taga-Europa at Amerika ang ilang kuwento tungkol sa Propeta, kanilang pinaniwalaan bagaman ang mga nagsalaysay ng mga ito, na ang marami sa kanila ay kabilang sa mga ranggo ng mga paring Kristiyano, ay mga mangmang o di-kaya ay may itinatagong galit. Gayundin, ang ilang mangmang na Muslim ay nag-uulit lamang ng walang-batayang mga kuwento tungkol kay Muḥammad, na inakala nilang nakadaragdag papuri sa Kaniyang kaluwalhatian. Sa gayon ay ginawa ng ilang Muslim na nasa karimlan na maging tampulan ng kanilang mga papuri ang Kaniyang pagkakaroon ng maraming asawa at itinuring itong isang palatandaan ng Kaniyang kamangha-manghang mga kapangyarihan, yamang inakala nitong mga kaluluwang mangmang na ang pagkakaroon ng maraming asawa ay milagro. Ang karamihan ng mga mananalaysay ng Europa ay umaasa lamang sa mga kuwento ng gayong mga taong mangmang.
2 For example, a foolish individual once told a Christian priest that the proof of true greatness lies in surpassing bravery and bloodshed, and that in a single day one of the followers of Muḥammad had beheaded a hundred men on the battlefield! This led the priest to surmise that the proof of Muḥammad's religion consisted in killing, which is nothing but vain imagination. On the contrary, Muḥammad's military expeditions were always defensive in nature. The clear proof is this: For thirteen years both He and His companions endured in Mecca the most intense persecutions and were the constant target of the darts of hatred. Some of His companions were killed and their possessions pillaged; others forsook their native country and fled to foreign lands. Muḥammad Himself was subjected to the severest persecutions and was obliged, when	7.2 Halimbawa, minsan ay sinabi ng isang taong hangal sa isang Kristiyanong pari na ang katibayan ng tunay na kadakilaan ay ang labis na katapangan at ang pagpapadanak ng dugo, at sa loob ng isang araw sa larangan ng digmaan ang isang tagasunod ni Muḥammad ay pumugot sa mga ulo ng isandaang tao! Dahil dito ay nagkaroon ng maling akala ang pari na ang patunay ng relihiyon ni Muḥammad ay ang pamamatay-tao, habang ito ay walang iba kundi walang-kabuluhang kathang-isip lamang. Sa halip, ang gayong mga ekspedisyong militar ni Muḥammad, ay laging pagtatanggol ang uri. Ang malinaw na katibayan ay ito: Sa loob ng labintatlong taon sa Mecca, tiniis Niya at ng Kaniyang mga tagasunod ang pinakamatinding pag-uusig at lagi silang ginagawang tudlaan ng mga palaso ng pagkamuhi. Ang ilan sa Kaniyang

His enemies resolved to kill Him, to flee Mecca in the middle of the night and emigrate to Medina. Yet even then His enemies did not relent, but pursued the Muslims all the way to Medina and to Abyssinia.	mga kasama ay pinatay at ang mga ari-arian nila ay sinamsam; ang mga iba ay lumisan sa kanilang inang bayan at tumakas sa ibang mga bansa. Ipinalasap kay Muḥammad mismo ang pinakamasidhing mga pag-uusig at napilitan Siya, nang ipasiya ng Kaniyang mga kaaway na patayin na Siya, na tumakas sa kalaliman ng gabi at lumipat sa Medina. Subalit hindi pa rin huminto ang Kaniyang mga kaaway, bagkus ay sinundan ang mga Muslim sa Medina, at hanggang sa Abyssinia.
3 These Arab tribes were most barbarous and rapacious, and in comparison with them the wild and fierce natives of America were the Platos of the age, for they did not bury their children alive as these Arabs did their daughters, claiming this to be an act of honour and taking pride therein. Thus many of the men would threaten their wives, saying, “If a daughter is born to you, I will kill you.” Even to the present day the Arabs dread having daughters.	7.3 Itong mga tribu ng Arab ang pinakabarbaro at napakabangis, at kung kahambing sa kanila, ang mailap at matapang na mga katutubo ng Amerika ay waring mga Plato ng panahong iyon, sapagkat hindi nila inililibing nang buhay ang kanilang mga anak na tulad ng ginagawa ng mga Arab na ito sa kanilang mga anak na babae, habang sinasabing ito ay isang marangal na gawain at ipinagmamalaki iyon. Kung gayon ay pagbabantaan ng maraming lalaki ang kanilang mga asawa, at sasabihing, “Kung magkakaanak ka ng babae ay papatayin kita.” Hanggang sa kasalukuyang panahon ay takot na takot ang mga Arab na magkaroon ng mga anak na babae.
4 Moreover, one man could take a thousand wives, and most husbands had more than ten wives in their household. When these tribes waged war against each other, the victors would take captive the women and children of the vanquished, regard them as slaves, and engage in buying and selling them.	7.4 Bukod rito, ang lalaki ay maaaring magkaroon ng isanlibong asawa, at ang karamihan ng mga lalaki ay mayroong higit sa sampung asawa sa kanilang pamamahay. Kapag nakikipagdigma ang mga tribung ito sa isa’t isa ay binibihag ng nagwagi ang mga babae at mga bata ng natalo at ginagawa silang mga alipin, at ikinakalakal sila.
5 If a man died and left behind ten wives, the sons of these women would rush at each other’s mothers, and as soon as one of them had thrown his mantle over the head of one of his stepmothers and claimed her as his lawful property, that unfortunate woman would become the captive and slave	7.5 Sa pagkamatay ng isang lalaking may sampung asawa, ang mga lalaking anak ng mga babaeng ito ay sumusugod sa mga ina ng isa’t isa, at kapag itinaklob ng isang anak ang kaniyang kapa sa ulo ng kaniyang inang-pangumán at inangkin siya bilang kanilang pag-aari, ang

of her stepson and the latter could do with her as he pleased. He could kill her; or shut her up in a pit; or beat, curse, and torment her day after day until at last she perished. In all this he was, in accordance with the laws and customs of the Arabs, free to do as he pleased. The rancour and jealousy, the hatred and enmity that must have existed between the wives of a man and their respective children are perfectly clear and require no elaboration. Consider then what the life and condition of those wronged women must have been!	sawimpalad na babaeng iyon ay nagiging bihag at alipin ng kaniyang anak na pangumán at maaari niyang gawin ang anumang nais niya sa kaniya. Maaari niya siyang patayin o ikulong sa balon; o gulpihin, murahin at pahirapan siya araw-araw hanggang sa mamatay siya. Sa lahat ng ito ay nakasang-ayon siya sa mga batas at mga kaugalian ng mga Arab, na malayang gawin ang anumang nais ng lalaki. Napakalinaw na ang poot at inggit, ang pagkamuhi at samaan ng loob ay umiiral sa pagitan ng mga asawa at mga anak ng isang pamamahay at hindi na kailangan ang paliwanag. Isipin sa gayon kung ano ang kalagayan at buhay nitong mga aping babae!
6 Moreover, these Arab tribes subsisted upon mutual pillage and robbery, so that they were perpetually engaged in strife and warfare, killing one another, plundering each other's property, and seizing the women and children and selling them to strangers. How often would the sons and daughters of a prince spend the day in luxury and ease and find themselves at nightfall reduced to utter abasement, wretchedness, and bondage. Yesterday they were princes, today they are captives; yesterday they were honoured ladies, today they are slaves.	7.6 Higit pa rito, ang hanapbuhay nitong mga tribung Arab ay ang panloloob at pagnanakaw sa isa't isa, sa gayon ay lagi silang nag-aaway at nasa digmaan, nagpapatayan, nagnanakawan ng ari-arian ng isa't isa, at binibihag ang mga babae at mga bata upang ibenta ang mga ito sa mga dayuhan. Gaano kadalas naganap na ang mga anak na babae at lalaki ng isang prinsipe ay nagpalipas ng kanilang araw sa kaginhawahan at kayamanan at natagpuan ang kanilang mga sarili, sa pagkagat ng dilim, sa ganap na kahihiyan, kahirapan at pagkabihag. Kahapon sila ay mga prinsipe, ngayon sila ay mga bihag; kahapon sila ay dakilang mga babae, ngayon sila ay mga alipin.
7 It was among such tribes that Muḥammad was sent forth. For thirteen years He suffered at their hands every conceivable tribulation, till at last He fled the city and emigrated to Medina. And yet, far from desisting, these people joined forces, raised an army, and attacked with the aim of exterminating every man, woman, and child among His followers. It was under such circumstances and against such people that Muḥammad was forced to take up arms. This is the plain truth—we are not prompted by	7.7 Sa ganitong mga tribu isinugo si Muḥammad. Tiniis Niya sa loob ng labintatlong taon ang lahat ng mga ganitong pahirap mula sa kanilang mga kamay, hanggang sa wakas ay tumakas Siya sa lungsod at lumipat sa Medina. Sa halip na tumigil, ang mga taong ito ay nagkampihan, nagbangon ng hukbo at sumalakay sa layuning patayin ang bawat lalaki, babae at bata na Kaniyang tagasunod. Sa ganoong mga kalagayan at laban sa ganoong mga kaaway ay napilitan si Muḥammad na

fanatical attachment, nor do we blindly seek to defend, but we examine and relate matters with fairness. You should likewise consider in fairness the following: If Christ Himself had been placed in similar circumstances and among such lawless and barbarous tribes; if for thirteen years He and His disciples had patiently endured every manner of cruelty at their hands; if they were forced through this oppression to forsake their homeland and take to the wilderness; and if these lawless tribes still persisted in pursuing them with the aim of slaughtering the men, pillaging their property, and seizing their women and children—how would Christ have dealt with them? If this oppression had been directed towards Him alone, He would have forgiven them, and such an act of forgiveness would have been most acceptable and praiseworthy; but had He seen that cruel and bloodthirsty murderers were intent upon killing, pillaging, and tormenting a number of defenceless souls and taking captive the women and children, it is certain that He would have defended the oppressed and stayed the hand of the oppressors.	tumangan ng armas. Ito ay pawang katotohanan—hindi kami inuudyukan ng panatikong pagmamahal, ni hindi namin nais ang bulag na pagtatanggol, subalit kami ay sumusuri at sinasabi namin yaong makatarungan. Kayo rin ay dapat tingnan ito nang may katarungan; kung si Kristo mismo ay inilagay sa kahalintulad na kalagayan sa gayong walang batas at barumbadong mga tribu; kung sa loob ng labintatlong taon ay tiniis Niya at ng Kaniyang mga tagasunod ang lahat ng mga kalupitan mula sa kanilang kamay nang buong pagtitimpi; kung sila ay napilitan dahil sa kalupitang ito na lisanin ang kanilang lupang sinilangan at gumala sa ilang, at kung pilit pa rin silang hinahabol nitong mga tribung ito na walang iginagalang na batas, sa layuning patayin ang mga lalaki, nakawin ang kanilang mga ari-arian, at bihagin ang kanilang mga kababaihan at mga anak—ano kaya ang magiging pakikitungo ni Kristo sa kanila? Kung ang paniniil na ito ay pumataw lamang sa Kaniya, pinatawad na sana Niya sila, at ang ganoong pagpapatawad ay tiyak na lubhang katanggap-tanggap at kapuri-puri; ngunit kung nakita Niyang itong mga mamamatay-taong malupit at uhaw sa dugo ay nagnanais patayin, pagnakawan at pahirapan ang isang bilang ng mga kaluluwang walang-laban at bihagin ang mga babae at mga bata, tiyak na ipagtatanggol Niya ang api at pipigilan ang kamay ng mga maniniil.
8 What objection, then, can be directed against Muḥammad? Is it this, that He did not, with His followers and their women and children, place himself at the mercy of these lawless tribes? Moreover, to free these tribes from their bloodthirstiness was the greatest gift, and to curb and restrain them was pure bounty. It is like a man who holds in his hand a cup of poison and who is about to drink it. A loving friend would certainly shatter the cup and restrain the drinker. If Christ had been placed in similar	7.8 Anong pagtutol, kung gayon, ang maaaring iharap laban kay Muḥammad? Ito ba, na Siya, kasama ang Kaniyang mga tagasunod at ang kanilang kababaihan at mga anak, ay hindi nagpasakop sa mga tribung ito na walang batas? Higit pa rito, ang palayain ang mga tribung ito mula sa kanilang pagkauhaw sa dugo ay ang pinakadakilang kaloob, at ang supilin at pigilan sila ay pawang biyaya. Tulad ito ng isang taong may tangan na tasa ng lason at iinumin na ito. Ang mapagmahal na kaibigan ay tiyak na

circumstances, He would have undoubtedly delivered, through an all-conquering power, those men, women, and children from the claws of such ravenous wolves.	wawasakin ang tasa at pipigilan ang iinom nito. Kung si Kristo ay nailagay sa kahalintulad na mga kalagayan, tiyak na ililigtas Niya sa pamamagitan ng kapangyarihang nakasasakop sa lahat ang mga lalaki, mga babae at mga bata mula sa mga kuko ng gayong mababangis na mga lobo.
9 Muḥammad never fought against the Christians; on the contrary, He treated them with consideration and accorded them complete freedom. In Najrán there lived a community of Christians, and they were under His care and protection. Muḥammad said: “Should anyone infringe upon their rights, I myself will be his enemy and will charge him before God.” In the edicts He promulgated, it is clearly stated that the lives, property, and honour of Jews and Christians are under the protection of God; that a Muslim husband may not prevent his Christian wife from going to church, nor oblige her to wear a veil; that if she died he must entrust her remains to the care of a priest; and that if the Christians desired to build a church the Muslims must support them. Furthermore, in time of war between Islam and her enemies, the Christians were to be exempt from fighting, unless they desired of their own accord to join and assist the Muslims in battle, in view of the protection they enjoyed. In compensation for this exemption, they were to pay each year a small amount. In short, there are seven lengthy edicts on these subjects, copies of some of which are to this day extant in Jerusalem.3 This is the very truth and not merely my own assertion: The edict of the second Caliph4 is still in the custody of the Orthodox Patriarch of Jerusalem, and the matter is beyond doubt. Nevertheless, after a time, rancour and envy arose between Muslims and Christians as transgressions were committed by both sides.	7.9 Si Muḥammad ay hindi kailanman lumaban sa mga Kristiyano; sa kabila nito ay pinakitunguhan Niya sila nang buong kabaitan at binigyan sila ng ganap na kalayaan. May isang pamayanan ng mga Kristiyanong nakatira sa Najrán at sila ay nasa ilalim ng Kaniyang pangangalaga at pagtatanggol. Sinabi ni Muḥammad, “Kung may sinumang lalabag sa kanilang mga karapatan, Ako mismo ang magiging kaniyang kaaway at isasakdal Ko siya sa harap ng Diyos.” Sa mga batas na ipinahayag Niya ay maliwanag na nakasaad na ang mga buhay, mga ari-arian at dangal ng mga Hudyo at mga Kristiyano ay nasa ilalim ng pangangalaga ng Diyos; na hindi dapat pigilan ng Muslim na asawang lalaki ang kaniyang Kristiyanong kabiyak mula sa pagdalo sa simbahan, ni hindi siya piliting magsuot ng lambong; na kapag ang asawang babae ay mamatay, dapat niyang ipagkatiwala ang kaniyang labi sa pangangalaga ng mga pari; at kapag nanaisin ng mga Kristiyanong magtatag ng simbahan, dapat silang tulungan ng mga Muslim. Higit pa rito, sa panahon ng digmaan sa pagitan ng Islám at ng mga kaaway nito, ang mga Kristiyano ay hindi saklaw ng tungkuling lumaban maliban lamang kung kusang-loob nilang nais lumaban upang tulungan ang mga Muslim sa pakikidigma. Ngunit bilang kabayaran sa pagpapalibreng ito, dapat silang magbayad ng isang maliit na halaga sa bawat taon. Sa madaling salita, may pitong detalyadong mga batas hinggil sa mga paksang ito, na ang ilan sa mga kopya nito ay matatagpuan pa hanggang ngayon sa Herusalem.[3] Ito ay ang

	pawang katotohanan at hindi aking salita lamang: Ang batas ng pangalawang Kalipa[4] ay matatagpuan pa rin sa pangangalaga ng Orthodox na Papa ng Herusalem at ito ay hindi mapagdududahan. Gayumpaman, pagkalipas ng ilang panahon, at dahil sa paglalabag ng kapuwa mga Muslim at mga Kristiyano, ang pagkamuhi at inggit ay namagitan sa kanila.
10 Beyond this truth, whatever Muslims, Christians, or others may say is pure fabrication and proceeds from fanaticism, ignorance, or intense hostility. For example, the Muslims claim that the moon was cleft asunder by Muḥammad and fell upon the mountain of Mecca. They imagine the moon to be a small body which Muḥammad divided in twain, casting one part on one mountain and the other part on another! These tales are prompted by sheer fanaticism. Likewise, the accounts that the Christian clergy provide and the charges that they level are always exaggerated and often baseless.	7.10 Bukod sa katotohanang ito, ang anumang sinasabi ng mga Muslim, mga Kristiyano o ng iba pa ay nagmumula sa panatisismo, kamangmangan o masidhing galit. Halimbawa ay sinabi ng mga Muslim na biniyak ni Muḥammad ang buwan, at bumagsak ito sa bundok ng Mecca. Inakala nilang ang buwan ay isang maliit na bagay na hinati ni Muḥammad sa dalawang bahagi at inihagis ang isang bahagi sa bundok na ito at ang kabilang bahagi sa isa pang bundok! Ang ganitong mga kuwento ay bunga ng panatisismo. Gayundin ang mga kuwentong ibinabahagi ng mga pari at ang mga paratang nila ay lahat pinalabisan at madalas ay walang batayan.
11 Briefly, Muḥammad appeared in the desert of Ḥijáz in the Arabian Peninsula, which was a treeless and barren wilderness: sandy, desolate in the extreme, and in some places, such as Mecca and Medina, exceedingly hot. Its inhabitants were nomads, had the morals and manners of desert-dwellers, and were entirely bereft of knowledge and learning. Even Muḥammad Himself was illiterate, and the Qur'án was originally written upon the blade-bones of sheep or on palm leaves. Infer then from this the conditions prevailing among the people to whom Muḥammad was sent!	7.11 Sa madaling salita, si Muḥammad ay lumitaw sa disyerto ng Ḥijáz sa Tangway ng Arabia, na isa itong kaparangang walang puno at payat ang lupa: mabuhangin at labis na mapanglaw, at sa ilang bahagi, tulad ng Mecca at Medina, ay napakainit. Ang mga nananahan dito ay lagalag at taglay ang mga asal ng mga nananahan sa disyerto at ganap na salat sa kaalaman at pag-aaral. Si Muḥammad mismo ay hindi marunong bumasa't sumulat, at ang Qur'án ay unang isinulat sa mga butong paypay ng mga tupa o sa mga dahon ng palmera. Mahihinuha kung gayon mula sa mga detalyeng ito kung ano ang mga kalagayan ng mga tao kung saan isinugo si Muḥammad!
12 His first reproach to them was this: "Why do you reject the Torah and the	7.12 Ang unang sumbat na iniharap Niya sa kanila ay, "Bakit hindi ninyo

Gospel, and wherefore do you refuse to believe in Christ and in Moses?" This statement came indeed hard upon them, for they asked: "What then is to be said of our fathers and forefathers, who did not believe in the Torah and the Gospel?" He answered, "They had gone astray, and it is incumbent upon you to renounce those who do not believe in the Torah and the Gospel, though they be your own forefathers."	tinatanggap ang Torah at ang Ebanghelyo, at bakit hindi kayo naniniwala kay Kristo at kay Moises?" Ang pagkasabi nito ay napakahirap nilang sagutin, at itinanong nila, "Ano kung gayon ang masasabi tungkol sa aming mga ama at mga ninuno, na hindi naniwala sa Torah at sa Ebanghelyo?" Tumugon Siya ng, "Sila'y naliligaw ng landas, at tungkulin ninyong itatwa ang mga hindi naniniwala sa Torah at sa Ebanghelyo, kahit na sila ay inyong sariling mga ninuno."
13 It was in such a land and amidst such barbarous tribes that an illiterate Man brought forth a Book in which the attributes and perfections of God, the prophethood of His Messengers, the precepts of His religion, and certain fields of knowledge and questions of human learning have been expounded in a most perfect and eloquent manner.	7.13 Sa ganoong lupain, at sa piling ng ganoong barumbadong mga tribu na ang isang Taong di-marunong bumasa't sumulat ay umakda ng isang Aklat kung saan ay ipinaliwanag sa ganap at malinaw na pamamaraan ang banal na mga katangian at mga kaganapan ng Diyos, ang pagiging Propeta ng Kaniyang mga Sugo, ang mga turo ng Kaniyang relihiyon, at ang ilang mga larangan ng kaalaman at mga paksa ukol sa pagkatuto ng tao.
14 For example, as you know, before the observations of the renowned astronomer of later times,5 that is, from the first centuries down to the fifteenth century of the Christian era, all the mathematicians of the world were unanimous in upholding the centrality of the earth and the movement of the sun. This modern astronomer was the source of the new theory that postulated the movement of the earth and the fixity of the sun. Until his time, all the mathematicians and philosophers of the world held to the Ptolemaic system, and whosoever uttered a word against it was considered ignorant. It is true that Pythagoras, and Plato during the latter part of his life, conceived that the sun's annual movement around the zodiac did not proceed from the sun itself but from the earth's movement around it, but this theory was entirely forgotten and the Ptolemaic theory was universally accepted by all mathematicians. But in the Qur'án a number of verses were revealed which contradicted	7.14 Halimbawa, tulad ng iyong nalalaman, bago ginawa ng tanyag na astronomo ang kaniyang mga obserbasyon nitong bagong panahon,[5] yaon ay, mula noong unang mga siglo hanggang sa ikalabinlimang siglo ng panahon ng Kristiyanismo, ang lahat ng mga matematiko ng daigdig ay nagkakaisa sa paniniwalang ang daigdig ay nasa gitna, at ang araw ang umiikot dito. Itong makabagong astronomo ang pinagmulan ng bagong teoryang nagmumungkahi sa pagkilos ng daigdig at sa di-pagkilos ng araw. Hanggang sa kaniyang panahon ang lahat ng mga astronomo at mga pilosopo ng daigdig ay sumusunod sa pamamaraan ni Ptolemy, at ang sinumang tumutol dito ay ipinapalagay na mangmang. Totoong sinabi ni Pythagoras, at ni Plato sa huling bahagi ng kaniyang buhay, na ang taunang paglibot ng araw sa zodiac ay hindi buhat sa araw, subalit ay buhat sa pag-inog ng daigdig sa araw, subalit ang teoryang ito ay ganap na nalimot, at ang teorya ni Ptolemy

the Ptolemaic system. One of them, “The sun moves in a fixed place of its own”,6 alludes to the fixity of the sun and its movement around an axis. Likewise, in another verse, “And each swims in its own heaven”,7 the movement of the sun, the moon, the earth, and the other celestial bodies is specified. When the Qur’án was spread abroad, all the mathematicians scoffed and attributed this view to ignorance. Even the Muslim divines, finding these verses contrary to the Ptolemaic system, were obliged to interpret them figuratively, for the latter was accepted as incontrovertible fact and yet was explicitly contradicted by the Qur’án.	ay tinanggap ng lahat ng mga matematiko. Ngunit may ilang bersikulo ang ipinahayag sa Qur’án na salungat sa teorya ni Ptolemy. Ang isa sa mga ito, “Ang araw ay kumikilos sa isang pirmihang lugar,”[6] ay nagpapahiwatig sa pagiging pirmihan ng araw, at sa pag-inog nito sa isang ehe. Gayundin sa isa pang bersikulo, “At ang bawat isa ay lumalangoy sa kaniyang sariling langit”,[7] ay itinakda ang pagkilos ng araw, ng buwan, ng daigdig at ng iba pang mga tala. Nang ipinalaganap ang Qur’án ay pinagtawanan ito ng lahat ng mga matematiko at ipinalagay na ang pananaw na ito ay bunga ng kamangmangan. Kahit ang mga kaparian ng Islám, nang makita nilang ang mga bersikulong ito ay salungat sa umiiral na teorya ni Ptolemy, ay napilitang ipaliwanag na ito ay talinghaga, sapagkat ang huling nabanggit ay tinatanggap bilang hindi mababaling katotohanan subalit malinaw na sinasalungat iyon sa Qur’án.
15 It was not before the fifteenth century of the Christian era, nearly nine hundred years after Muḥammad, that new observations were made by a famous mathematician,8 that the telescope was invented, that important discoveries were made, that the rotation of the earth and the fixity of the sun were proven, and that the latter’s movement about an axis was likewise discovered. Then it became evident that the explicit text of the Qur’án was in full agreement with reality and that the Ptolemaic system was sheer imagination.	7.15 Pagkaraan lamang ng ikalabinlimang siglo ng panahon ng Kristiyanismo, na halos siyam na raang taon pagkalipas ni Muḥammad, na gumawa ng bagong mga obserbasyon ang isang tanyag na matematiko,[8] na naimbento ang teleskopyo, nagkaroon ng mahahalagang mga katuklasan, napatunayan ang pag-inog ng daigdig, ang pagiging pirmihan ng araw, at gayundin ang pag-inog nito sa isang ehe ay natuklasan. Sa gayon ay naging hayag na ang malinaw na teksto ng Qur’án ay ganap na sang-ayon sa realidad, at ang pamamaraan ni Ptolemy ay kathang-isip lamang.
16 In short, multitudes of Eastern peoples were reared for thirteen centuries under the shadow of the Muḥammadan Faith. During the Middle Ages, while Europe had sunk to the lowest depths of barbarity, the Arabs excelled all other nations of the earth in sciences and crafts, mathematics, civilization, governance, and other arts. The Educator and Prime Mover of the tribes of	7.16 Sa madaling salita, napakaraming sambayanan ng Silangan ang pinalaki sa lilim ng Pananampalataya ni Muḥammad sa loob ng labintatlong siglo. Noong Kalagitnaang Panahon, habang ang Europa ay nakalugmok sa pinakamababang barbarismo, ang mga Arab ay nangunguna sa lahat ng ibang mga bansa ng daigdig sa mga agham at mga likhang-kamay, sa matematika,

the Arabian Peninsula, and the Founder of the civilization of human perfections among those contending clans, was an illiterate Man, Muḥammad. Was this illustrious Man a universal Educator or not? Let us be fair.	sa kabihasnan, sa pamahalaan at iba pang mga sining. Ang Tagapagturo at Pangunahing Tagapagpakilos sa mga tribu ng Tangway ng Arabia, at ang Tagapagtatag ng kabihasnan ng mga kaganapan ng sangkatauhan sa nag-aaway-away na mga kaanak na ito ay isang Taong di-marunong bumasa't sumulat, si Muḥammad. Ang mabunying Taong ito ay isa bang ganap na Tagapagturo o hindi? Maging makatwiran tayo.
8	8
The Báb	Ang Báb
1 As for the Báb9—may my soul be His sacrifice!—it was at a young age, that is, in the twenty-fifth year of His blessed life, that He arose to proclaim His Cause. Among the Shí'ihs it is universally acknowledged that He never studied in any school, nor acquired learning from any teacher. To this the people of Shíráz, each and all, bear witness. Nevertheless, He suddenly appeared before the people, endowed with consummate knowledge, and though but a merchant, confounded all the divines of Persia. Alone, He undertook a task that can scarcely be conceived, for the Persians are known throughout the world for their religious fanaticism. This illustrious Being arose with such power as to shake the foundations of the religious laws, customs, manners, morals, and habits of Persia, and instituted a new law, faith, and religion. Though the eminent men of the State, the majority of the people, and the leaders of religion arose one and all to destroy and annihilate Him, He single-handedly withstood them and set all of Persia in motion. How numerous the divines, the leaders, and the inhabitants of that land who with perfect joy and gladness offered up their lives in His path and hastened to the field of martyrdom!	8.1 At hinggil naman sa Báb[9]—nawa ay maging alay sa Kaniya ang aking kaluluwa!—sa murang gulang, yaon ay sa ikadalawampu't limang taon ng Kaniyang pinagpalang buhay, bumangon Siya upang ipahayag ang Kaniyang Kapakanan. Tanggap ng lahat ng mga Shí'ih na hindi Siya kailanman nag-aral sa anumang paaralan, ni hindi nagtamo ng kaalaman mula sa anumang guro. Ang lahat ng mga mamamayan ng Shíráz, ang bawat isa at ang lahat, ay sumasaksi rito. Gayumpaman, bigla na lamang Siyang humarap sa mga tao, taglay ang pinakaganap na kaalaman, at bagaman isang mangangalakal lamang, napatulala Niya ang lahat ng mga kaparian ng Persiya. Habang nag-iisa ay isinabalikat Niya ang isang gawaing hindi halos magunita, sapagkat ang mga Persiyano ay kilala sa buong daigdig sa kanilang pagkapanatiko sa relihiyon. Ang mabunying Nilalang na ito ay bumangon nang taglay ang gayong kapangyarihan na nayanig ang mga haligi ng mga batas ng relihiyon, mga kaugalian, mga mabuting asal, moralidad, at mga kinagawian sa Persiya, at nagpatupad ng bagong batas, pananampalataya at relihiyon. Bagaman ang mga dakilang tao ng Estado, ang karamihan ng mga tao, at ang mga pinuno ng relihiyon ay nagsibangon lahat upang sugpuin at patayin Siya, mag-isa Siyang nakatagal laban sa kanila at pinakilos ang buong Persiya.

	Napakaraming mga pari, mga namumuno, at gayundin ang mga nananahan sa bansang iyon, ay buong giliw at ligayang inialay ang kanilang mga buhay sa Kaniyang landas at nagmadali patungo sa larangan ng pagkamartir.
2 The government, the nation, the clergy, and prominent leaders sought to extinguish His light, but to no avail. At last His moon rose, His star shone forth, His foundation was secured, and His horizon was flooded with light. He trained a large multitude through divine education and exerted a marvellous influence upon the thoughts, customs, morals, and manners of the Persians. He proclaimed the glad-tidings of the manifestation of the Sun of Bahá to all His followers and readied them for faith and certitude.	8.2 Ang pamahalaan, ang bansa, ang klero at ang tanyag na mga tao ay nagsumikap na subhan ang Kaniyang ilaw, ngunit nang walang saysay. Sa wakas ay sumikat ang Kaniyang buwan, kuminang ang Kaniyang bituin, matibay na naitatag ang Kaniyang mga saligan, at bumaha ng liwanag ang Kaniyang sugpungang-guhit. Sinanay Niya ang malaking kawan ng mga tao sa pamamagitan ng banal na edukasyon at nagkaroon ng kamangha-manghang impluwensiya sa mga kaisipan, mga kaugalian, moralidad at mabuting asal ng mga Persiyano. Ipinahayag Niya ang magandang balita ng kahayagan ng Araw ni Bahá sa lahat ng Kaniyang mga tagasunod at inihanda sila para sa pananalig at katiyakan.
3 The manifestation of such marvellous signs and mighty undertakings, the influence exerted upon the thoughts and minds of the people, the laying of the foundations of progress, and the establishment of the prerequisites of success and prosperity by a young merchant constitute the greatest proof that He was a universal Educator—a fact that no fair-minded person would ever hesitate to acknowledge.	8.3 Ang paghahayag ng gayong kahanga-hangang mga tanda at dakilang mga pagsisikap, ang mga impluwensiya niyon sa pag-iisip at sa mga kaisipan ng mga tao, ang pagtatag ng mga saligan ng pag-unlad, at ang pagsasapuwesto ng paunang mga pangangailangan para sa tagumpay at kaginhawahan, na nagawa ng isang batang mangangalakal, ang bumubuo ng pinakamalaking katibayan na Siya ay isang ganap na Tagapagturo—isang katotohanang hindi mag-aatubiling paniwalaan ng makatarungang tao.
9	9
Bahá’u’lláh	Bahá’u’lláh
1 Bahá’u’lláh10 appeared at a time when Persia was plunged in the darkest ignorance and consumed by the blindest fanaticism. You have no doubt read at length	9.1 Si Bahá’u’lláh[10] ay dumating sa panahong ang Persiya ay nakalugmok sa napakadilim na kamangmangan at tinutupok ng pinakabulag na pagkapanatiko. Tiyak na

the accounts that European histories provide of the morals, manners, and thoughts of the Persians during the last few centuries, and these require no repetition. Suffice it to say that Persia had sunk to such abysmal depths that foreign travellers would all deplore that a country which had in former times occupied the pinnacle of greatness and civilization had by then fallen into such abasement, desolation, and ruin, and that its people had been reduced to utter wretchedness.	nabasa mo na ang detalyadong mga ulat na inihahain ng mga kasaysayang akda ng mga taga-Europa hinggil sa moralidad, mga asal at mga kaisipan ng mga Persiyano noong nakaraang ilang siglo, at hindi na kailangang ulitin pa ang mga ito. Sapat nang sabihin na ang Persiya ay nasadlak sa gayong napakalalim na pagkaaba na nanghihinayang ang lahat ng mga dayuhang manlalakbay na ang bansang dati-rati ay nakaluklok sa tugatog ng kadakilaan at kabihasnan ay bumagsak na sa gayong kaabahan, kapanglawan at kapahamakan, at ang mga mamamayan nito ay nauwi sa ganap na paghihirap.
2 It was at such a time that Bahá'u'lláh appeared. His father was a court minister, not a divine, and it is well known throughout Persia that He never studied in a school or associated with the learned and the divines. He passed the early part of His life in the utmost comfort and happiness, and His companions and associates were Persians of rank rather than learned men.	9.2 Sa ganitong panahon dumating si Bahá'u'lláh. Ang Kaniyang ama ay isang ministro ng korte, hindi isang klerigo, at alam ng lahat sa buong Persiya na hindi Siya pumasok sa paaralan o naging kasamahan ng marurunong o mga klerigo. Lumipas ang maagang bahagi ng Kaniyang buhay sa lubos na kaginhawahan at kaligayahan, at ang Kaniyang mga kasamahan at mga kaugnayan ay mga Persiyanong mataas ang antas sa lipunan, sa halip na mga marurunong.
3 As soon as the Báb revealed His Cause, Bahá'u'lláh proclaimed: "This great Man is the Lord of the righteous, and it is incumbent upon all to bear allegiance unto Him." He arose to promote the Cause of the Báb, adducing decisive proofs and conclusive arguments of His truth. Although the divines of the nation had obliged the Persian government to exert the most vehement opposition; although they had all issued decrees ordering the massacre, pillage, persecution, and annihilation of the Báb's followers; and although throughout the land the people had undertaken to kill, burn, and plunder them, and even harass their women and children—despite all this, Bahá'u'lláh was engaged, with the utmost constancy and composure, in exalting the word of the Báb.	9.3 Kagyat nang ipahayag ng Báb ang Kaniyang Kapakanan, sinabi ni Bahá'u'lláh na, "Ang dakilang Taong ito ay ang Panginoon ng mga matuwid, at tungkulin nating lahat ang maging matapat sa Kaniya." Bumangon Siya upang itaguyod ang Kapakanan ng Báb at nagbigay ng maraming patotoo at mga tiyak na katibayan ng Kaniyang katotohanan. Bagaman pinilit ng mga klerigo ng bansa ang pamahalaang Persiyano na gumamit ng pinakamatinding pagtutol; bagaman inilabas nilang lahat ang mga kautusang nag-aatas sa pagmasaker, pagsamsam, pag-usig at paglipol sa mga tagasunod ng Báb; at bagaman sa kahabaan ng bansa ay nagsimula na ang mga tao sa pagpatay, pagsunog, at pagnanakaw sa kanila, at pati na rin ang panggigipit sa kanilang mga

Nor did He seek for a moment to conceal Himself, but associated openly and visibly with His enemies, occupied Himself with adducing proofs and arguments, and became renowned for exalting the Word of God. Time and again He suffered intense adversities, and at every moment His life was in grave danger.	kababaihan at mga bata—sa kabila ng lahat ng ito, si Bahá'u'lláh ay abala, sa sukdulang katapatan at katiwasayan, sa pagdakila sa salita ng Báb. Ni isang saglit ay hindi Niya sinikap itago ang Kaniyang sarili, bagkus ay lantaran at hayag Siyang nakipag-ugnay sa Kaniyang mga kaaway, abala sa pagpapakita ng mga katibayan at mga katwiran, at naging tanyag sa pagdakila ng Salita ng Diyos. Muli't muli Siyang dumanas ng matinding mga pahirap, at sa bawat sandali ay nasa matinding panganib ang Kaniyang buhay.
4 He was put in chains and thrown into a subterranean dungeon. His extensive hereditary possessions were entirely plundered, He was four times exiled from land to land, and in the end He came to abide in the Most Great Prison.11	9.4 Siya ay ikinadena at ikinulong sa isang bartolinang nasa ilalim ng lupa. Ang napakalawak Niyang mga ari-ariang minana ay sinamsam lahat, apat na beses Siyang itinapon mula sa isang lupain tungo sa kabilang lupain, at sa wakas ay napatigil na Siya sa Pinakamatinding Piitan.[11]
5 Notwithstanding all this, the call of God was ceaselessly raised and the fame of His Cause was noised abroad. Such were the knowledge, learning, and perfections He evinced that everyone in Persia was astonished. All the learned people—friend and foe alike—who attained His presence in Ṭihrán, Baghdád, Constantinople, Adrianople, and ʻAkká received a complete and convincing answer to their every question. All readily acknowledged that in every perfection He was peerless and unique throughout the world.	9.5 Sa kabila ng lahat na ito, ang panawagan ng Diyos ay walang puknat na itinaas at ang katanyagan ng Kaniyang Kapakanan ay lumaganap sa ibayo. Ganoon ang kaalaman, karunungan at mga kaganapan na Kaniyang ipinamalas na namangha ang lahat ng mga tao ng Persiya. Lahat ng marurunong na tao—kapuwa kaibigan at kaaway—na nakarating sa Kaniyang kinaroroonan sa Ṭihrán, Baghdád, Constantinople, Adrianople at ʻAkká ay nakatanggap ng ganap at kapani-paniwalang sagot sa kanilang bawat katanungan. Tanggap ng lahat na sa bawat kaganapan Siya ay walang-kapantay at walang-kahalintulad sa buong daigdig.
6 It often happened in Baghdád that Muslim, Jewish, and Christian divines and European men of learning would be gathered in His blessed presence. They would each ask a different question and, despite their varying beliefs, would each receive so complete and convincing a reply as to be fully satisfied. Even the Persian divines residing in Karbilá and Najaf12 chose a	9.6 Madalas maganap sa Baghdád na ang mga teologong Muslim, Hudyo at Kristiyano at mga pantas ng Europa ay magtitipon sa Kaniyang pinagpalang kinaroroonan. Ang bawat isa ay maghaharap ng magkakaibang tanong, at bagaman magkakaiba ang kanilang mga paniniwala, ay tumatanggap ng sila nang buong-buo at kapani-paniwalang tugon na lubos na

learned man by the name of Mullá Ḥasan ‘Amú and dispatched him as their representative. He came into His blessed presence and asked a number of questions on their behalf, to which Bahá’u’lláh responded. He then said, “The divines fully recognize the extent of your knowledge and attainments, and it is acknowledged by all that you are without peer or equal in every field of learning. It is moreover evident that you have never studied or acquired this learning. But the divines say that they are not satisfied with this and cannot acknowledge the truth of your claim on the basis of your knowledge and attainments alone. They therefore ask you to produce a miracle in order to satisfy and assure their hearts.”	nakasasapat. Kahit ang mga teologong Persiyanong nakatira sa Karbilá at Najaf[12] ay pumili ng isang marunong na taong nagngangalang Mullá Ḥasan ‘Amú at pinapunta siya bilang kanilang kinatawan. Dumating siya sa Kaniyang pinagpalang kinaroroonan at nagharap ng ilang tanong mula sa kanila, na sinagot ni Bahá’u’lláh. Pagkatapos ay sinabi niya na, “Ganap na kinikilala ng mga teologo ang saklaw ng iyong kaalaman at mga kakayahan, at tanggap ng lahat na ikaw ay walang kauri o kapantay sa bawat larangan ng kaalaman. Higit pa rito ay malinaw na ikaw ay hindi kailanman nag-aral o natamo ang kaalamang ito. Subalit sinasabi ng mga teologong hindi sila nasisiyahan dito at hindi matatanggap ang katotohanan ng iyong sinasabi batay lamang sa iyong kaalaman at kakayahan. Kung gayon ay hinihiling nilang gumawa ka ng isang himala upang masiyahan at makatiyak ang kanilang mga puso.’”
7 Bahá’u’lláh replied, “Although they have no right to ask this, since it is for God to test His creatures and not for them to test God, yet their request is in this case accepted and allowed. But the Cause of God is not a theatrical stage where every hour a new performance may be offered and every day a new demand presented. For otherwise the Cause of God would become the plaything of children.	9.7 Tumugon si Bahá’u’lláh ng, “Bagaman wala silang karapatang hilingin ito, dahil ang Diyos ang dapat sububok sa Kaniyang mga nilikha, at hindi sila ang sumubok sa Diyos, gayumpaman sa pagkakataong ito ay tinatanggap at pinahihintulutan ang kahilingang ito. Ngunit ang Kapakanan ng Diyos ay hindi isang dulaan sa entablado na bawat oras ay may bagong palabas, at bawat araw ay panibagong hinihingi. Kung ito ay gayon, ang Kapakanan ng Diyos ay magiging laruan lamang ng mga bata.
8 “Let the divines, therefore, assemble and choose unanimously one miracle, and let them stipulate in writing that once it has been performed they will no longer entertain any doubt, but will all acknowledge and confess the truth of this Cause. Let them seal that paper and bring it to Me. They must fix this as the criterion of truth: If it be performed, they should have no	9.8 “Samakatwid ay dapat magtipon ang mga teologo, at nang nagkakaisa, ay pumili ng isang himala, at pagkatapos ay isulat na kapag naisagawa ang himalang ito ay hindi na sila magkikimkim ng anumang pag-aalinlangan, bagkus ang lahat ay tatanggap at sasaksi sa katotohanan ng Kapakanang ito. Dapat nilang lagyan ng kanilang tatak ng selyo ang papel na ito at dalhin ito sa Akin. Ito ang dapat maging

remaining doubt; and if not, We shall stand convicted of imposture.”	batayan ng katotohan: Kung ito ay maisagawa, hindi na sila mag-aalinlangan; at kung hindi, Kami ay makikilalang nagpapanggap lamang.”
9 That learned man arose and replied, “There is no more to be said.” He kissed Bahá’u’lláh’s knee, even though he was not a believer, and departed. Then he gathered the divines and conveyed Bahá’u’lláh’s message. They consulted together and said, “This man is a magician; perchance he will perform some enchantment, and then we will have no recourse”, and so they dared not respond.	9.9 Ang dalubhasang iyon ay bumangon at tumugon, “Wala nang kailangang sabihin pa.” Hinagkan niya ang tuhod ni Bahá’u’lláh, bagaman hindi siya isang mananampalataya, at humayo na. Tinipon niya ang mga teologo at inihatid ang mensahe ni Bahá’u’lláh. Nagsanggunian sila at sinabing, “Ang taong ito ay isang salamangkero; baka siya ay gumawa ng isang pagrarahuyo, at pagkatapos ay wala na tayong magagawa”, at sa gayon ay hindi sila nangahas na tumugon.
10 Mullá Ḥasan ‘Amú, however, reported this fact in many gatherings. He left Karbilá for Kirmánsháh and Ṭihrán, where he provided all with a detailed account of this episode and spoke of the fear and inaction of the divines.	9.10 Subalit ibinalita ni Mullá Ḥasan ‘Amú ang bagay na ito sa maraming pagtitipon. Nilisan niya ang Karbilá at tumungo sa Kirmánsháh at Ṭihrán, kung saan ay ibinahagi niya sa lahat ang detalyadong kasaysayan ng pangyayaring ito at isinaysay ang takot at di-pagkilos ng mga teologo.
11 Our point is that all the adversaries of Bahá’u’lláh in the East acknowledged His greatness, distinction, knowledge, and learning, and that in spite of their enmity they referred to Him as “the renowned Bahá’u’lláh”.	9.11 Ang aming punto ay ang lahat ng mga kaaway ni Bahá’u’lláh sa Silangan ay kumilala sa Kaniyang kadakilaan, pagtatangi, kaalaman at karunungan, at sa kabila ng kanilang poot ay tinutukoy nila Siya bilang “ang tanyag na Bahá’u’lláh”.
12 In brief, this most great Luminary appeared suddenly above the horizon of Persia, and all the people of that land, whether ministers, divines, or the general populace, rose against Him with the fiercest animosity, claiming that He was bent upon annihilating and extinguishing their religion, laws, nation, and empire, even as had been said of Christ. Yet Bahá’u’lláh, alone and single-handed, withstood them all without faltering in the slightest.	9.12 Sa maikling salita, itong pinakadakilang Liwanag ay biglang sumikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng Persiya, at ang lahat ng mga tao ng lupaing iyon, maging mga ministro, mga teologo, o ang karaniwang populasyon, ay bumangon laban sa Kaniya taglay ang pinakamatinding poot, ipinaparatang na Siya ay naglalayong lipulin at wasakin ang kanilang relihiyon, mga batas, bansa at imperyo, tulad rin ng sinabi hinggil kay Kristo. Ngunit habang nag-iisa at walang tagapagtaguyod ay napaglabanan ni

	Bahá’u’lláh silang lahat nang walang katiting na panghihina.
13 At last they said, “So long as this man is in Persia there will be no peace or tranquillity. He should be banished, that Persia might again find rest.” They subjected Bahá’u’lláh, therefore, to severe hardships so that He would be forced to seek permission to leave Persia, and they imagined that the lamp of the Cause would be thereby extinguished. But this persecution produced the contrary effect: The Cause grew in stature and its flame waxed brighter. It had until then spread only within Persia; this caused it to spread to other regions. Later they said, “Iraq is too close to Persia; we must dispatch Him to distant lands.” Thus the Persian government persisted until Bahá’u’lláh was exiled from Iraq to Constantinople. But again they saw that He did not falter in the least. They said, “Constantinople is a crossroads for divers peoples and nations, and there are many Persians there.” Hence they took further steps and had Him exiled to Adrianople. But that flame gathered still more intensity and the Cause grew even greater in stature. Finally the Persians said, “None of these locations was a place of humiliation: He must be sent to a place where He will be disgraced and subjected to trials and persecutions, and where His kindred and followers will suffer the direst afflictions.” Thus they chose the prison city of ‘Akká, which was reserved for rebels, murderers, thieves, and highway robbers, and in this wise they made Him associate with such people. But the power of God was made manifest, for this prison became the means of the promotion of His Faith and the glorification of His Word. The greatness of Bahá’u’lláh became apparent in that He succeeded, from within such a prison and under such humiliating circumstances, in wholly transforming the condition of Persia, in overcoming His enemies, and in proving to	9.13 Sa wakas ay sinabi nilang, “Habang ang taong ito ay nasa Persiya, hindi magkakaroon ng kapayapaan at katahimikan. Dapat Siyang ipatapon, upang manahimik muli ang Persiya.” Sa gayon ay ipinalasap nila kay Bahá’u’lláh ang matinding mga pahirap upang mapilitan Siyang humingi ng pahintulot na lisanin ang Persiya, at inakala nilang sa ganitong paraan ang lampara ng Kapakanan ay masusubhan. Ngunit ang pag-uusig na ito ay nagbunga ng kabaliktaran: Ang Kapakanan ay naging higit na dakila, at ang apoy nito ay naging higit na maliwanag. Hanggang sa yugtong iyon ito ay laganap lamang sa Persiya; ito ang naging sanhi ng paglaganap nito sa ibang mga dako. Sa kalaunan ay sinabi nilang, “Ang Iraq ay masyadong malapit sa Persiya; dapat nating ipatapon siya sa higit na malayong mga lupain.” Sa gayon ay nagpursige ang pamahalaan ng Persiya hanggang sa ipatapon si Bahá’u’lláh mula sa Iraq tungo sa Constantinople. Subalit ay muli nilang nakita na Siya ay hindi humina nang katiting man lamang. Sinabi nilang, “Ang Constantinople ay dinadaanan ng iba’t ibang mga lahi at mga sambayanan, at maraming Persiyano roon.” Sa gayon ay gumawa sila ng karagdagang mga hakbang at muling ipinatapon Siya sa Adrianople. Subalit ang apoy na iyon ay higit pang lumagablab at ang Kapakanan ay higit pang dumakila. Sa wakas ay sinabi ng mga Persiyano na, “Wala sa mga lugar na ito ay lugar ng kahihiyan: kailangan Siyang ipadala sa isang lugar kung saan Siya ay hahamakin at daranas ng mga pagsubok at pag-uusig, at kung saan ang Kaniyang mga kaanak at mga tagasunod ay daranas ng pinakamatinding mga pahirap.” Sa gayon ay pinili nila ang lungsod-piitan ng ‘Akká, na tanging nakalaan sa mga naghihimagsik, mga mamamatay-tao, mga magnanakaw at mga tulisan, at sa ganitong paraan ay ginawa nilang

all the resistless power of His Cause. His sacred teachings spread to all regions and His Cause was firmly established.	makipag-ugnay Siya sa ganitong mga tao. Ngunit ang kapangyarihan ng Diyos ay naging hayag, sapagkat ang piitang ito ang naging kaparaanan ng pagtataguyod ng Kaniyang Pananampalataya at ng pagluluwalhati ng Kaniyang Salita. Ang kadakilaan ni Bahá'u'lláh ay naging malinaw dahil nagtagumpay Siya, mula sa gayong piitan at sa ilalim ng gayong kahiya-hiyang mga kalagayan, na lubusang baguhin ang kalagayan ng Persiya, na madaig ang Kaniyang mga kaaway, at na patunayan sa lahat ang di-mapaglalabanang kapangyarihan ng Kaniyang Kapakanan. Ang Kaniyang mga banal na turo ay lumaganap sa lahat ng dako, at ang Kaniyang Kapakanan ay matibay na naitatag.
14 In every province of Persia His enemies arose with the utmost hatred, seizing and killing, beating and burning, uprooting a thousand households, and resorting to every violent means to extinguish His Cause. Notwithstanding all this, He promoted His Cause and promulgated His teachings from within this prison of murderers, thieves, and highwaymen, awakening many of His most virulent enemies and making them firm believers. Such was the influence of His actions that the Persian government itself arose from its slumber and regretted what had been wrought at the hands of the wicked divines.	9.14 Sa bawat lalawigan ng Persiya ang Kaniyang mga kaaway ay bumangon sa sukdulang pagkamuhi, dinadakip at pinapatay, ginugulpi at sinusunog, binubuwag ang isang libong tahanan, at ginagamit ang bawat paraan ng karahasan upang lipulin ang Kaniyang Kapakanan. Sa kabila ng lahat ng ito, itinaguyod Niya ang Kaniyang Kapakanan at inilabas ang Kaniyang mga katuruan mula sa loob nitong piitan ng mga mamamatay-tao, mga magnanakaw, at mga tulisan, na pinukaw ang marami sa Kaniyang pinakamalupit na mga kaaway at binago sila upang maging matatag na mga mananampalataya. Ganoon na lamang ang impluwensiya ng Kaniyang mga kilos na ang pamahalaan mismo ng Persiya ay nagising mula sa pagkahimbing nito at pinagsisihan yaong naganap dahil sa kagagawan ng masasamang mga teologo.
15 When Bahá'u'lláh arrived at this prison in the Holy Land, discerning souls were awakened to the fact that the prophecies which God had voiced through the tongue of His Prophets two or three thousand years before had been realized and that His promises had been fulfilled, for He had revealed unto certain Prophets and	9.15 Nang dumating si Bahá'u'lláh sa piitang ito sa Pinagpalang Lupain, ang ilang taong marunong mangilatis ay nagising sa katotohanang ang mga pangakong isinalita ng Diyos sa pamamagitan ng dila ng Kaniyang mga Propeta noong dalawa o tatlong libong taong nakararaan ay natupad na, sapagkat isiniwalat Niya sa ilang Propeta

announced unto the Holy Land that the Lord of Hosts would be manifested therein. All these promises were fulfilled, and, but for the opposition of His enemies and His banishment and exile, it can scarcely be imagined how Bahá'u'lláh could have left Persia and pitched His tent in this sacred land. His enemies intended that this imprisonment should completely destroy and annihilate His Cause, but His incarceration became instead the greatest confirmation and the means of its promotion. The call of God reached the East and the West, and the rays of the Sun of Truth illumined every land. Praise be to God! Though He was a prisoner, His tent was raised on Mount Carmel, and He moved about with the utmost majesty. And whoever entered His presence, be it friend or stranger, would exclaim, "This is not a captive but a king!"	at ipinahayag sa Pinagpalang Lupain na ang Panginoon ng mga Hukbo ay magiging hayag doon. Ang lahat ng mga pangakong ito ay natupad, at kung hindi dahil paglalaban ng Kaniyang mga kaaway at ng Kaniyang pagkapatapon at pagkadisteryo, hindi halos malirip kung paano lilisanin ni Bahá'u'lláh ang Persiya at itatayo ang Kaniyang tolda rito sa banal na lupaing ito. Ang layunin ng Kaniyang mga kaaway na ang Kaniyang pagkakabilanggo ay ganap na wawasak at lilipol sa Kaniyang Kapakanan, subalit sa halip ang Kaniyang pagkabilanggo ang naging pinakamalaking pagpapatibay at kaparaanan ng pagtataguyod nito. Ang panawagan ng Diyos ay umabot sa Silangan at sa Kanluran, at ang mga sinag ng Araw ng Katotohanan ay nagbigay-liwanag sa bawat lupain. Purihin ang Diyos! Bagaman Siya ay isang bilanggo, itinayo Niya ang Kaniyang tolda sa Bundok ng Carmel, at Siya ay nakakikilos sa sukdulang karingalan. At ang sinumang humarap sa Kaniyang kinaroroonan, maging kaibigan man o kaaway, ay nagwiwikang, "Ito ay hindi bihag kundi ay hari!"
16 Immediately upon His arrival in prison, He addressed an epistle to Napoleon which He sent through the French ambassador, the substance of which was: "Ask what crime We have committed to be confined in this prison."13 Napoleon made no reply. Then a second epistle was issued, which is contained in the Súriy-i-Haykal, and which in substance says: "O Napoleon! Since thou hast failed to heed and answer My call, thou shalt lose Thy dominion and be reduced to naught."14 This epistle was dispatched to Napoleon by post, through the care of César Catafago15 and, with the full knowledge of His companions in exile, the text of this address quickly reached all of Persia, for the Kitáb-i-Haykal was sent at that time to every corner of that land and this address was included therein. This took place in the year	9.16 Agad nang pagdating Niya sa piitan, lumiham Siya ng isang epistola kay Napoleon na Kaniyang ipinadala sa pamamagitan ng lakansugo ng Pranses, na ang buod niyon ay, "Itanong kung ano ang Aming kasalanan na ikinulong Kami sa piitang ito."[13] Hindi tumugon si Napoleon. Pagkatapos ay muling nagpadala ng pangalawang epistola, na nasa loob ng Súriy-i-Haykal, at ang buod nito ay: "O Napoleon! Yamang hindi ka nakinig at hindi ka tumugon sa Aking panawagan, mawawala sa iyo ang iyong kaharian at ikaw ay mauuwi sa kawalan."[14] Ang epistolang ito ay ipinadala kay Napoleon sa pamamagitan ng koreo, sa pag-iingat ni César Catafago[15] at sa ganap na kaalaman ng Kaniyang mga kasama sa pagkakatapon. Ang teksto ng pahayag na ito ay mabilis na umabot sa

1869, and as this Súriy-i-Haykal had been circulated throughout Persia and India, all the believers had it in their hands and were awaiting the outcome of this address. Not long after, in 1870, the fire of war was ignited between Germany and France, and although no one at the time anticipated the triumph of Germany, Napoleon was resoundingly defeated, surrendered to his enemies, and saw his glory changed into deepest abasement.	buong Persiya, dahil ang Kitáb-i-Haykal ay ipinadala sa panahong iyon sa bawat sulok ng bansang iyon, at ang pahayag na ito ay kabilang sa mga nilalaman niyon. Ito ay naganap sa taong 1869, at dahil itong Súriy-i-Haykal ay laganap sa buong Persiya at India, nasa kamay ito ng lahat ng mga mananampalataya at inaantabayanan ang kalalabasan ng pahayag na ito. Hindi nagtagal, noong 1870, ang apoy ng digmaan ay lumiyab sa pagitan ng Alemanya at Pranses, at bagaman sa panahong iyon ay walang umaasang magwawagi ang Alemanya, si Napoleon ay lubusang natalo, sumuko sa kaniyang mga kaaway, at nakita ang kaniyang kaluwalhatian ay naging pinakaabang pagkahamak.
17 Tablets were likewise dispatched to other kings, among them an epistle to His Majesty Náṣiri'd-Dín Sháh. In that epistle Bahá'u'lláh said: "Summon Me to thy presence and gather all the divines, and ask for proof and testimony, that truth might be distinguished from error."1616 His Majesty sent Bahá'u'lláh's epistle to the divines and assigned them this task, but they dared not undertake it. He then asked seven of the most renowned divines to respond to this epistle. After a while they returned it, saying, "This man is an opponent of the Faith and an enemy of the King." His Majesty the Sháh of Persia was sorely vexed and said, "This is a matter of proof and testimony, of truth and error. What has it to do with enmity towards the government? How pitiful that we have shown forth such respect to these divines, and yet they cannot even reply to this address."	9.17 Nagpahatid rin ng mga Tableta sa iba pang mga hari, kabilang dito ang isang epistola sa Kaniyang Kamahalan si Náṣiri'd-Dín Sháh. Sa epistolang iyon ay sinabi ni Bahá'u'lláh: "Ipatawag Ako sa iyong harapan at tipunin ang lahat ng mga teologo, at humingi ng katibayan at patotoo, upang makilala ang katotohanan mula sa kamalian."[16] Ipinadala ng Kaniyang Kamahalan ang epistola ni Bahá'u'lláh sa mga teologo at inatasan silang isagawa ito, subalit walang naglakas-loob na gawin ito. Pagkatapos ay hiniling niya sa pitong pinakatanyag sa mga teologo na tumugon sa epistolang ito. Pagkaraan ng ilang panahon ay ibinalik nila ito at sinabing, "Ang taong ito ay isang kalaban ng Pananampalataya at isang kaaway ng Hari." Ang Kaniyang Kamahalan, ang Sháh ng Persiya ay nainis nang husto at sinabing, "Ito ay tungkol sa mga katibayan at mga patunay, ng katotohanan at kamalian. Ano ang kinalaman nito sa poot laban sa pamahalaan? Sayang ang ipinakita naming paggalang sa mga teologong ito, at gayumpaman ay hindi man lamang sila makatugon sa pahayag na ito."
18 Briefly, all that was recorded in the Tablets to the kings has come to pass.	9.18 Sa madaling salita, ang lahat ng naitala sa mga Tableta sa mga hari ay

One need only compare their contents with the events that have transpired since the year 1870 to see that every prediction has been fulfilled, save for a few that remain to be manifested in the future.	natupad na. Kailangan lamang ihambing ang mga nilalaman nito sa mga pangyayari mula noong taong 1870 upang makita na ang bawat isinulat ay natupad, maliban lamang sa iilang nalalabi para sa hinaharap.
19 Moreover, foreign peoples and non-believers attributed wondrous works to Bahá'u'lláh. Some believed He was a saint, and some even wrote accounts to this effect, such as Siyyid Dávúdí, a Sunní divine of Baghdád, who composed a short treatise in which he related in some connection certain extraordinary feats of Bahá'u'lláh. To this day there are people throughout the East who do not believe in Bahá'u'lláh as a Manifestation of God, but who regard Him as a saint and attribute miracles to Him.	9.19 Higit pa rito, ipinagpapalagay ng mga sambayanang banyaga at ng mga hindi sumasampalataya na ginawa ni Bahá'u'lláh ang napakaraming kamangha-manghang bagay. Ang ilan ay naniniwalang Siya ay isang santo, at ang ilan ay umakda pa ng ilang sanaysay na ganito ang pinalalabas, tulad ni Siyyid Dávúdí, isang teologong Sunní mula sa Baghdád, na sumulat ng maikling sanaysay kaugnay ng isang bagay, na kung saan ay isinalaysay niya ang ilang bukod-tanging ginawa ni Bahá'u'lláh. Hanggang sa ngayon ay mayroong mga tao sa lahat ng bahagi ng Silangan na hindi naniniwala kay Bahá'u'lláh bilang Kahayagan ng Diyos, subalit ay itinuturing Siya bilang isang santo at naniniwalang may mga milagro Siya.
20 To summarize, not a single soul, whether friend or foe, who attained Bahá'u'lláh's presence failed to acknowledge and attest to His greatness. Although he might not become a believer, he would invariably bear witness to His greatness. No sooner would someone appear before Him than the encounter would produce such an impression as to prevent him, in most cases, from uttering a word. How often would a bitter enemy resolve in his heart to say such-and-such or to argue so-and-so when he had attained His presence, only to find himself amazed, bewildered, and reduced to utter silence!	9.20 Sa pagbubuod, wala ni isang kaluluwa, maging kaibigan man o kaaway, na nakarating sa kinaroroonan ni Bahá'u'lláh, ang hindi kumilala at sumaksi sa kadakilaan Niya. Bagaman maaaring hindi siya naging mananampalataya, walang-salang sasaksi siya sa Kaniyang kadakilaan. Sa sandaling may haharap sa Kaniya ang pagtatagpong ito ay magbubunga ng gayong bisa, na kadalasan ay hindi siya makabigkas ng kahit isang salita. Gaano kadalas nangyari na ang isang mahigpit na kaaway ay magpapasiya sa kaniyang puso na sasabihin ang ganito o ganoon, o mangangatwiran ng ganito o ganoon, subalit kapag nasa harapan na Niya, ay manggigilalas at matutulala, at mananatiling walang-kibo!
21 Bahá'u'lláh never studied Arabic, had a teacher or tutor, or entered a school. Nevertheless His eloquence and fluency in spoken Arabic, as well as in His	9.21 Si Bahá'u'lláh ay hindi nag-aral ng wikang Arabe; hindi Siya nagkaroon ng guro o sariling tagapagturo, ni hindi Siya pumasok sa alinmang paaralan.

Arabic Tablets, would astonish the most articulate and accomplished among the Arab men of letters, and all acknowledged that in this His attainments were without peer or equal.	Gayumpaman, ang mahusay at matatas na pananalita Niya ng wikang Arabe, at gayundin ang Kaniyang mga Tableta sa wikang Arabe, ay nakamamangha sa pinakamatatas at dalubhasa sa mga pantas ng wikang Arabe, at tanggap ng lahat na sa bagay na ito ang Kaniyang kahusayan ay walang kahambing at walang kapantay.
22 If we carefully examine the text of the Torah, we see that none of the Manifestations of God ever said to those who denied Them, "Whatever miracle you desire, I am ready to perform, and I will submit to whatever test you propose." Yet in His epistle to the Sháh Bahá'u'lláh clearly stated: "Gather together the divines and summon Me to thy presence, that the proof and testimony might be established."	9.22 Kung maingat nating susuriin ang teksto ng Torah, makikita nating walang Kahayagan ng Diyos ang nagsabi kailanman sa mga nagtatatwa sa Kanila na, "Anumang himala na nais ninyo, handa Akong isagawa, at tatanggapin Ko ang anumang pagsubok na imungkahi ninyo." Subalit sa Kaniyang epistola sa Sháh ay maliwanag na sinabi ni Bahá'u'lláh na, "Tipunin ang mga teologo at tawagin Ako sa iyong harapan, upang ang katibayan at patunay ay makilala."
23 For fifty years Bahá'u'lláh withstood His enemies like a mountain: They all sought to annihilate Him; they all assailed Him; they plotted a thousand times to crucify and destroy Him; and throughout those fifty years He was in the greatest peril.	9.23 Sa loob ng limampung taon ay napaglabanan ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang mga kaaway na tulad ng isang bundok: Sinikap nilang lahat na puksain Siya; sinalakay nilang lahat Siya; ilang libong beses sila nagsabwatan upang Siya ay ipako sa krus at lipulin; at sa loob ng limampung taong iyon Siya ay nasa matinding panganib.
24 As to Persia, which to this day remains in such an abject and ruinous state, every man of wisdom, whether from within or without her borders, who knows her true state of affairs recognizes that her progress, her prosperity, and her civilization depend entirely upon the promulgation of the teachings and the dissemination of the principles of this glorious Being.	9.24 Tungkol naman sa Persiya, na sa kasalukuyan ay nanatili sa kalagayan ng pagkaunsiyami at pagkasira, batid ng bawat marunong na tao, mula man sa loob o sa labas ng mga hangganan nito at alam ang tunay na kalagayan nito, na ang pag-unlad nito, ang kasaganaan nito, at ang kabihasnan nito ay ganap na nababatay sa pagpapatupad ng mga turo at ng pagpapalaganap ng mga alituntunin nitong dakilang Katauhan.
25 In His blessed lifetime Christ educated, in reality, only eleven souls, the greatest of whom, Peter, nonetheless denied Him thrice when put to the test. Notwithstanding this, behold how the Cause of Christ subsequently pervaded the whole	9.25 Sa kahabaan ng Kaniyang pinagpalang buhay, sa katunayan ang naturuan lamang ni Kristo ay labing-isang tao, na ang pinakadakila sa mga ito, si Pedro, gayumpaman ay tatlong beses Siyang itinatwa nang siya ay sinubok. Sa kabila nito,

earth! In this day Bahá'u'lláh has educated thousands of souls who, under the threat of the sword, have raised to the highest heaven the cry of "O Thou the Glory of Glories!"17 and whose faces have shone as brightly as gold in the crucible of trials. Infer then from this what shall transpire in the future!	masdan kung paano sa dakong huli ay lumaganap sa buong daigdig ang Kapakanan ni Kristo. Sa araw na ito ay tinuruan ni Bahá'u'lláh ang libo-libong kaluluwa, na habang nasa ilalim ng banta ng tabak ay itinaas sa kaitaasang langit ang tawag ng "O Ikaw na Luwalhati ng mga Luwalhati!"[17] at ang kanilang mga mukha ay nagniningning sa harap ng pagsubok tulad sa gintong nasa tunawan ng bakal. Mahihinuha kung gayon mula rito kung ano ang magaganap sa hinaharap!
26 Now, we must be fair and acknowledge what an Educator of mankind this illustrious Being was, what marvellous signs He has manifested, and what power and might have been realized in the world of existence through Him.	9.26 Ngayon ay kailangan nating maging makatarungan at tanggapin kung anong uri ng Tagapagturo ng sangkatauhan itong maluwalhating Nilalang, kung anong kamangha-manghang mga tanda ang ipinakita Niya, at kung anong kapangyarihan at lakas ang naisakatuparan sa umiiral na daigdig sa pamamagitan Niya.
10	10
Rational Proofs and Traditional Arguments from the Sacred Scriptures	Mga Patunay ayon sa Katwiran at Kinaugaliang mga Paliwanag mula sa mga Santong Kasulatan
1 Today at table let us speak a little of proofs. Had you come to this blessed spot in the days of the manifestation of that most resplendent Light,18 entered the court of His presence, and beheld His luminous countenance, you would have recognized that His utterance and His beauty were in want of no further proof. How numerous the souls who, upon attaining His presence, became at once confirmed believers, dispensing with any further proof ! Even those who were steeped in the deepest hatred and denial would, upon meeting Bahá'u'lláh, testify to His greatness, saying, "This is indeed a distinguished man, but how regrettable that he makes such a claim! For whatever else he might say would be acceptable."	10.1 Ngayon, sa hapag-kainan, ay pag-usapan natin nang kaunti ang mga katibayan. Kung dumating ka sana sa pinagpalang lugar na ito noong mga araw ng pagpapahayag ng napakalinaw na Liwanag[18] na iyon, pumasok sa korte ng Kaniyang kinaroroonan, at nakita ang Kaniyang nagniningning na mukha, naunawaan mo sanang ang Kaniyang pananalita at ang Kaniyang kagandahan ay hindi na nangangailangan pa ng karagdagang katibayan. Sa pagsapit pa lamang ng Kaniyang kinaroroonan, ang napakaraming kaluluwa ay agad na naging matatag na mga mananampalataya, na hindi na nangailangan ng iba pang katibayan! Kahit ang mga taong napakalalim ang pagkamuhi at pagtutol, kapag nakaharap na si Bahá'u'lláh, ay sumasaksi sa Kaniyang kadakilaan,

	sinasabing, “Tunay na ito ay isang dakilang tao, ngunit sayang at naghaharap siya ng ganitong pahayag! Dahil ang anumang ibang sabihin niya ay katanggap-tanggap.”
2 Now, since that Luminary of truth has set, all stand in need of proofs, and so we have been occupied with providing rational proofs. Let us mention another, and this undeniable proof should alone suffice any fair-minded soul: It is that this illustrious Being advanced His Cause from within the Most Great Prison, whence His light shone forth, His fame encircled the globe, and the word of His glory reached both East and West. To this day such a thing has never come to pass, if the matter be examined with fairness. But there are certain souls who, even if they were to hear every proof in the world, would not judge fairly! Governments and peoples with all their might failed to resist Him, while He, alone and single-handed, wronged and imprisoned, accomplished whatsoever He had purposed.	10.2 Ngayon, dahil ang Liwanag ng katotohanang iyon ay humayo na, ang lahat ay nangangailangan ng mga katibayan, at dahil dito ay abala tayo sa pagbibigay ng mga patunay ayon sa katwiran. Babanggit tayo ng isa pa, at itong di-maitatangging patunay ay sasapat na sa kanino mang makatwirang kaluluwa: Ito ay na isinulong nitong mabunying Katauhan ang Kaniyang Kapakanan mula sa Pinakadakilang Piitan; mula roon ang Kaniyang liwanag ay sumikat, ang Kaniyang katanyagan ay pumalibot sa daigdig, at ang balita ng Kaniyang kaluwalhatian ay umabot sa kapuwa Silangan at Kanluran. Hanggang sa panahong ito ay walang naganap na katulad nito, kung susuriin nang makatarungan! Subalit may ilang tao, na kahit pa marinig nila ang lahat ng katibayan sa daigdig ay hindi pa rin hahatol nang makatarungan! Ang mga pamahalaan at mga sambayanan, taglay ang lahat ng kanilang lakas ay nabigo sa paglaban sa Kaniya, samatalang Siya, na nag-iisa at walang-kasama, pinagkasalahan at nasa piitan, ay tinupad ang anumang nilayon Niya.
3 I will not mention the miracles of Bahá’u’lláh, for the hearer might say that these are merely traditions which may or may not be true. Such, too, is the case with the Gospel, where the accounts of the miracles of Christ come down to us from the Apostles and not from other observers, and are denied by the Jews. Were I nonetheless to mention the supernatural feats of Bahá’u’lláh, they are numerous and unequivocally acknowledged in the East, even by some of the non-believers. But these accounts cannot be a decisive proof and testimony for all, since the hearer might say that they are not factually true, as the followers of other denominations also recount miracles from their leaders. For	10.3 Hindi ko na babanggitin ang mga milagro ni Bahá’u’lláh, dahil maaaring sabihin ng nakaririnig na ito ay mga kinaugaliang mga kasabihan lamang, na maaaring totoo o hindi. Ganoon din ang kaso sa Ebanghelyo, kung saan ang mga milagro ni Kristo ay dumarating sa atin mula sa mga apostol at hindi mula sa ibang mga nakakita, at ito ay itinatanggi ng mga Hudyo. Gayumpaman kung babanggitin ko ang mga kababalaghan ni Bahá’u’lláh, ito ay napakarami at kinikilala sa Silangan, at kahit pa ng ilang hindi mananampalataya. Ngunit ang mga salaysay na ito ay hindi maaaring maging tiyak na patunay at patotoo para sa lahat, dahil maaaring sabihin ng tagapakinig

instance, Hindus recount certain miracles of Brahma. How can we know that those are false and that these are true? If these are reported accounts, so too are those; if these are widely attested, then the same holds true of those. Thus such accounts do not constitute a sufficient proof. Of course, a miracle may be a proof for the eyewitness, but even then he might not be sure whether what he beheld was a true miracle or mere sorcery. Indeed, extraordinary feats have also been attributed to certain magicians.	na ang kasaysayang ito ay hindi totoong naganap, dahil ang ibang mga tagasunod ng ibang mga sekta ay nagsasalaysay rin ng mga milagrong ginawa ng kanilang mga pinuno. Halimbawa, ikinukuwento ng mga Hindu ang tanging mga milagro ni Brahma. Paano natin malalaman na ang mga iyon ay hindi totoo at ang mga ito ay totoo? Kung ang mga iyon ay iniulat na mga kuwento, ganoon din ang mga ito; kung ang mga ito ay tinatanggap ng karamihan, ganoon din ang mga iyon. Samakatwid ang ganitong mga salaysay ay hindi sapat na mga katibayan. Mangyari pa, ang himala ay maaaring maging katibayan sa mismong nakakita, subalit maaaring hindi rin siya nakatitiyak kung ang nakita niya ay talagang milagro o panggagaway lamang. Sa katunayan, ang bukod-tanging mga gawain ay isinasalaysay rin hinggil sa ilang salamangkero.
4 In brief, our meaning is that many marvellous things appeared from Bahá'u'lláh, but we do not recount them, for not only do they not constitute a proof and testimony for all mankind, but they are not even a decisive proof for those who witnessed them and who may ascribe them to magic.	10.4 Sa madaling salita, ang ating ibig sabihin ay napakaraming kamanghamanghang bagay ang ginawa ni Bahá'u'lláh, ngunit hindi natin ito isinasalaysay, dahil hindi lamang ito hindi bumubuo ng patunay at patotoo para sa buong sangkatauhan, at ang mga ito ay hindi pa nga tiyak na katibayan para sa mismong nakakita sa mga ito at maaari nilang isipin na ang mga ito ay salamangka lamang.
5 Moreover, most of the miracles attributed to the Prophets have an inner meaning. For instance, it is recorded in the Gospel that upon the martyrdom of Christ darkness fell, the earth shook, the veil of the Temple was rent in twain, and the dead arose from their graves. If this had outwardly come to pass, it would have been a stupendous thing. Such an event would have undoubtedly been recorded in the chronicles of the time and would have seized with dismay the hearts of men. At the very least the soldiers would have removed Christ from the cross or would have fled. But as these events have not been recorded in any history, it is evident that they	10.5 Higit pa rito, ang karamihan ng mga milagro ng mga Propeta ay mayroong panloob na kahulugan. Halimbawa, sa Ebanghelyo ay nakatala na sa pagkamartir ni Kristo ay nagdilim ang langit, nayanig ang lupa, ang lambong ng Templo ay napunit sa dalawang bahagi, at ang mga patay ay nagsibangon mula sa kanilang mga hukay. Kung ang mga bagay na ito ay naganap sa panlabas na anyo, tunay na ito ay kasindak-sindak, at tiyak na maitatala sa kasaysayan ng mga panahong iyon at magiging sanhi ng napakalaking pagkabahala ng mga puso ng tao. Ibinaba na sana ng mga kawal si Kristo mula sa krus, o hindi kaya ay

are not to be understood literally but according to their inner meaning. Our purpose is not to deny, but merely to say that these accounts do not constitute a decisive proof, and that they have an inner meaning—nothing more.	nagsitakas na sana sila. Subalit yamang ang mga pangyayaring ito ay hindi isinalaysay sa anumang kasaysayan, maliwanag na hindi ito dapat tanggapin nang literal, bagkus ay sang-ayon sa panloob na kahulugan. Ang ating layunin ay hindi upang itatwa, kundi ay sabihin lamang na ang mga ito ay hindi bumubuo ng tiyak na patunay, at ang mga ito ay may panloob na kahulugan—iyon lamang.
6 Accordingly, today at table we will refer to explanations of traditional arguments drawn from the Sacred Scriptures, for all that we have spoken of thus far have been rational arguments.	10.6 Kaya, ngayong araw na ito sa hapag-kainan, ay tutukuyin natin ang paliwanag ng kinaugaliang mga katwirang hango sa mga Santong Kasulatan, sapagkat ang lahat ng pinag-usapan natin hanggang dito ay ang mga patunay ayon sa katwiran.
7 Since this is the station of searching after truth and seeking the knowledge of the real—that station wherein the sore athirst longs for the water of life and the struggling fish reaches the sea, wherein the ailing soul seeks the true physician and partakes of divine healing, wherein the lost caravan finds the path of truth and the aimless and wandering ship attains the shore of salvation—the seeker must therefore be endowed with certain attributes. First, he must be fair-minded and detached from all save God. His heart must be entirely directed towards the Supreme Horizon and freed from the bondage of vain and selfish desires, for these are obstacles on the path. Furthermore, he must endure every tribulation, embody the utmost purity and sanctity, and renounce the love or hatred of all the peoples of the world, lest his love for one thing hinder him from investigating another, or his hatred for something prevent him from discerning its truth. This is the station of search, and the seeker must be endowed with these qualities and attributes—that is, until he attains this station it will be impossible for him to gain the knowledge of the Sun of Truth.19	10.7 Yamang ito ang kalagayan ng pagsasaliksik sa katotohanan at paghahanap sa kaalaman ng realidad—ang kalagayang iyon kung saan ang uhaw na uhaw ay nananabik sa tubig ng buhay at ang isda ay nagpupumilit makaabot sa dagat, kung saan ang may karamdamang kaluluwa ay naghahanap sa tunay na manggagamot at nakakamtan ang banal na lunas, kung saan ang naliligaw na kárában ng manlalakbay na natatagpuan ang landas ng katotohanan at ang walang pinatutunguhan at gumagalang barko ay humahantong sa dalampasigan ng kaligtasan—samakatwid ang naghahanap ay dapat magkaroon ng ilang katangian. Una, dapat siyang maging makatarungan at nakawalay sa lahat liban sa Diyos. Ang kaniyang puso ay dapat nakatuon nang ganap sa Kataas-taasang Sugpungang-guhit at malaya sa pagkagapos ng walang-kabuluhan at makasariling mga hangarin, dahil ang mga ito ay mga sagabal sa daan. Higit pa rito, dapat niyang tiisin ang bawat kahirapan, maging kinatawan ng ganap na kadalisayan at kabanalan, at talikuran ang pag-ibig o pagkamuhi sa lahat ng sambayanan sa daigdig, nang ang kaniyang pag-ibig sa isang bagay ay pumigil sa kaniya mula sa pagsaliksik sa iba, o ang pagkamuhi sa isang bagay ay pumigil sa kaniya sa pagkilala sa

	katotohanan nito. Ito ang kalagayan ng paghahanap, at kinakailangang taglay ng naghahanap ang mga katangian at kalagayang ito—yaon ay, hangga't sa maabot niya ang kalagayang ito ay hindi posible sa kaniya ang matamo ang kaalaman ukol sa Araw ng Katotohanan.[19]
8 Let us return to our theme. All the peoples of the world are awaiting two Manifestations, Who must be contemporaneous. This is what they all have been promised. In the Torah, the Jews are promised the Lord of Hosts and the Messiah. In the Gospel, the return of Christ and Elijah is foretold. In the religion of Muḥammad, there is the promise of the Mahdi and the Messiah. The same holds true of the Zoroastrians and others, but to belabour this matter would prolong our discourse. Our meaning is that all have been promised the advent of two successive Manifestations. It has been prophesied that, through these twin Manifestations, the earth will become another earth; all existence will be renewed; the contingent world will be clothed with the robe of a new life; justice and righteousness will encompass the globe; hatred and enmity will disappear; whatever is the cause of division among peoples, races, and nations will be obliterated; and that which ensures unity, harmony, and concord will be promoted. The heedless will arise from their slumber; the blind will see; the deaf will hear; the dumb will speak; the sick will be healed; the dead will be quickened; and war will give way to peace. Enmity will be transmuted into love; the root causes of contention and strife will be eliminated; mankind will attain true felicity; this world will mirror forth the heavenly Kingdom; and the earth below will become the throne of the realm above. All nations will become one nation; all religions will become one religion; all mankind will become one family and one kindred; all the regions of the earth will	10.8 Ngayon ay babalik tayo sa ating paksa. Ang lahat ng sambayanan ng daigdig ay naghihintay ng dalawang Kahayagan, na Sila ay dapat na magkasabay. Iyon ang ipinangako sa kanilang lahat. Sa Torah ang mga Hudyo ay pinangakuan ng Panginoon ng mga Hukbo at ng Mesiyas. Sa Ebanghelyo ang pagbabalik ni Kristo at ni Elijah ay ipinangako. Sa relihiyon ni Muḥammad ay naroon ang pangako ng Mahdi at ng Mesiyas. Ganoon din sa mga Zoroastrian at ng iba pa, subalit kung dedetalyehin pa natin ang bagay na ito ay masyadong hahaba ang usapan. Ang ating punto ay ang lahat ay pinangakuan ng dalawang magkasunod na Kahayagan. Inihulang sa pamamagitan nitong kambal na Kahayagan ang lupa ay magiging panibagong lupa; ang lahat ng nabubuhay ay muling mababago; ang walang-katiyakang daigdig ay madaramtan ng baro ng panibagong buhay; ang katarungan at pagkamatwid ay papalibot sa daigdig; ang pagkamuhi at poot ay mapapawi; ang anumang sanhi ng hidwaan ng mga sambayanan, mga lahi at mga bansa ay mawawala at yaong tumitiyak sa pagkakaisa, pagkakasundo at pag-uunawaan ay itataguyod. Ang pabaya ay magigising mula sa kanilang pagkahimbing; ang bulag ay makakikita; ang bingi ay makadirinig; ang pipi ay makapagsasalita; ang may karamdaman ay magagamot; ang patay ay mabubuhay; ang digmaan ay magiging kapayapaan. Ang poot ay magiging pag-ibig; ang mga pinakaugat na sanhi ng pagtatalo at pag-aaway ay iwawaksi; ang sangkatauhan ay tatamasa ng tunay na kasiyahan; ang daigdig na ito ay

become as one; racial, national, personal, linguistic, and political prejudices will be effaced and extinguished; and all will attain everlasting life under the shadow of the Lord of Hosts.	magmimistulang salamin ng makalangit na Kaharian; ang lupa sa ibaba ay magiging trono ng kaharian sa itaas. Ang lahat ng bansa ay magiging iisang bansa; ang lahat ng relihiyon ay magiging iisang relihiyon; ang buong sangkatauhan ay magiging isang pamilya at isang kaanak; ang lahat ng dako ng daigdig ay magiging isa; ang mali at walang-batayang paniniwala ukol sa lahi, bansa, indibidwal, wika, at politika ay iwawaksi at mawawala; at makakamtan ng lahat ang walang-hanggang buhay sa lilim ng Panginoon ng mga Hukbo.
9 Now, one must prove the advent of these twin Manifestations by reference to the Sacred Scriptures and by inference from the sayings of the Prophets. For our intention now is to provide arguments drawn from the Sacred Scriptures, since rational arguments establishing the truth of these two Manifestations were presented at table a few days ago.20	10.9 Ngayon ay kinakailangan nating patunayan na dumating na itong dalawang Kahayagan sa pagtukoy sa mga Santong Kasulatan at sa paghinuha mula sa mga kasabihan ng mga Propeta. Dahil ang layunin natin ngayon ay maghain ng mga patunay hango sa mga Santong Kasulatan, yamang ang mga patunay ayon sa katwiran ukol sa katotohanan nitong dalawang Kahayagan ay iniharap na rito sa hapag-kainan ilang araw noong nakaraan.[20]
10 The Book of Daniel fixes the period between the rebuilding of Jerusalem and the martyrdom of Christ at seventy weeks,21 for it is through the martyrdom of Christ that the sacrifice is ended and the altar destroyed. This prophecy thus refers to the advent of Christ.	10.10 Itinakda ng Aklat ni Daniel ang panahon sa pagitan ng muling pagtatayo ng Herusalem hanggang sa pagkamartir ni Kristo bilang pitumpong linggo,[21] dahil sa pamamagitan ng pagkamartir ni Kristo ang sakripisyo ay nagwakas at ang altar ay winasak. Ang propesiyang ito, kung gayon, ay tumutukoy sa pagdating ni Kristo.
11 These seventy weeks begin with the restoration and rebuilding of Jerusalem, concerning which four edicts were issued by three kings. The first was by Cyrus in 536 B.C., and this is recorded in the first chapter of the Book of Ezra. The second edict regarding the rebuilding of Jerusalem was issued by Darius of Persia in 519 B.C., and this is recorded in the sixth chapter of Ezra. The third was issued by Artaxerxes in the seventh year of his reign, that is, in 457 B.C., and this is recorded in the seventh chapter of	10.11 Itong pitumpong linggo ay nagsisimula sa panunumbalik at muling pagtatayo ng Herusalem, na ukol dito ay may apat na kautusan mula sa tatlong hari. Ang una ay iniatas ni Cyrus noong 536 B.C. at ito ay nakatala sa unang kapitulo ng Aklat ni Ezra. Ang pangalawang utos hinggil sa muling pagtatayo ng Herusalem ay iniatas ni Darius ng Persiya noong 519 B.C. at ito ay nakatala sa ikaanim na kapitulo ni Ezra. Ang pangatlo ay iniatas ni Artaxerxes sa ikapitong taon ng kaniyang paghahari—yaon ay noong

Ezra. The fourth edict was issued by Artaxerxes in 444 B.C., and this is recorded in the second chapter of Nehemiah.	457 B.C. at ito ay nakatala sa ikapitong kapitulo ni Ezra. Ang ikaapat ay iniatas ni Artaxerxes noong 444 B.C. at ito ay nakatala sa pangalawang kapitulo ni Nehemiah.
12 What Daniel intended is the third edict, which was issued in 457 B.C. Seventy weeks makes 490 days. Each day, according to the text of the Bible, is one year, for in the Torah it is said: “The day of the Lord is one year.”22 Therefore, 490 days is 490 years. The third edict of Artaxerxes was issued 457 years before the birth of Christ, and Christ was thirty-three years old at the time of His martyrdom and ascension. Thirty-three added to 457 is 490, which is the time announced by Daniel for the advent of Christ.	10.12 Ang tanging tinutukoy ni Daniel ay ang pangatlong kautusang iniatas noong 457 B.C. Ang pitumpong linggo ay 490 na araw. Ang bawat araw, sang-ayon sa teksto ng Bibliya, ay isang taon. Dahil sa Torah ay sinasabing: “Ang araw ng Panginoon ay isang taon.”[22] Samakatwid ang 490 na araw ay 490 na taon. Ang pangatlong utos ni Artaxerxes ay iniatas noong 457 na taon bago isilang si Kristo, at si Kristo ay tatlumpu’t tatlong taong gulang nang Siya ay minartir at yumao. Ang tatlumpu’t tatlo kapag idaragdag sa 475 ay 490, na iyon ang panahong sinabi ni Daniel para sa pagdating ni Kristo.
13 But in Daniel 9:25 this is expressed in another manner, that is, as seven weeks and sixty-two weeks, which outwardly differs from the first statement. Many have been at a loss to reconcile these two statements. How can reference be made to seventy weeks in one place and to sixty-two weeks and seven weeks in another? These two statements do not accord.	10.13 Ngunit sa Daniel 9:25 ito ay sinasabi sa ibang paraan, bilang pitong linggo at animnapu’t dalawang linggo, na sa panlabas na anyo ay naiiba sa unang sinabi. Marami ang hindi magawang pagtugmain ang dalawang pahayag na ito. Paano nangyaring tinutukoy ang pitumpung linggo sa isang lugar at ang animnapu’t dalawang linggo at pitong linggo sa iba? Hindi magkatugma ang dalawang pahayag na ito.
14 In reality Daniel is referring to two different dates. One begins with the edict Artaxerxes issued to Ezra to rebuild Jerusalem, and corresponds to the seventy weeks which came to an end with the ascension of Christ, when sacrifice and oblation were ended through His martyrdom. The second, mentioned in Daniel 9:26, begins after the completion of the rebuilding of Jerusalem, which is sixty-two weeks until the ascension of Christ. The rebuilding of Jerusalem took seven weeks, which is equivalent to forty-nine years. Seven weeks added to sixty-two weeks makes sixty-nine weeks, and in the last week the ascension of	10.14 Sa katunayan, dalawang magkakaibang petsa ang tinutukoy ni Daniel. Ang isa ay nagsisimula sa utos ni Artaxerxes na ibinigay kay Ezra upang muling itayo ang Herusalem at ito ay tugma sa pitong linggo na nagwakas sa pagyao ni Kristo, kung kailan ang pagpapakasakit at pag-aalay ay huminto sa pamamagitan ng Kaniyang pagkamartir. Ang pangalawa ay nagsisimula nang matapos ang muling pagtatatag ng Herusalem, na iyon ay animnapu’t dalawang linggo hanggang sa pagyao ni Kristo. Ang panahon ng muling pagtatatag ng Herusalem ay tumagal ng pitong linggo, na katumbas ito ng apatnapu’t siyam na taon. Ang pitong linggo, kapag

Christ took place. This completes the seventy weeks, and no contradiction remains.	idaragdag sa animnapu't dalawang linggo ay magiging animnapu't siyam na linggo, at sa huling linggo ang pagyao ni Kristo ay naganap. Ito ay bumubuo sa pitumpung linggo, at walang pagsasalungatan ang nalalabi.
15 Now that the advent of Christ has been proven through the prophecies of Daniel, let us establish the advent of Bahá'u'lláh and of the Báb. So far we have only provided rational arguments; let us now turn to traditional ones.	10.15 Ngayon na napatunayan na ang pagdating ni Kristo sa pamamagitan ng mga hula ni Daniel, patunayan natin ang pagdating ni Bahá'u'lláh at ng Báb. Hanggang dito ang mga patunay ayon sa katwiran pa lamang ang ibinigay natin; ngayon ay babanggitin natin ang mga kinaugaliang katibayan.
16 In Daniel 8:13 it is said: "Then I heard one saint speaking, and another saint said unto that certain saint which spake, How long shall be the vision concerning the daily sacrifice, and the transgression of desolation, to give both the sanctuary and the host to be trodden under foot? And he said unto me, Unto two thousand and three hundred days; then shall the sanctuary be cleansed", until it says: "at the time of the end shall be the vision". That is to say, how long shall this misfortune, this ruin, this abasement and degradation endure? Or, when will the morn of Revelation dawn? Then he said, "two thousand and three hundred days; then shall the sanctuary be cleansed". Briefly, the point is that he fixes a period of 2,300 years, for according to the text of the Torah each day is one year. Therefore, from the date of the edict of Artaxerxes to rebuild Jerusalem until the day of the birth of Christ there are 456 years, and from the birth of Christ until the day of the advent of the Báb there are 1,844 years, and if 456 years are added to this number it makes 2,300 years. That is to say, the fulfilment of the vision of Daniel took place in A.D. 1844, and this is the year of the advent of the Báb. Examine the text of the Book of Daniel and observe how clearly he fixes the year of His advent! There could	10.16 Sa Daniel 8:13 nakasaad na, "Nang magkagayo'y narinig ko ang isang banal na nagsalita; at ibang banal ay nagsabi sa isang yaon na nagsalita, Hanggang kailan magtatagal ang pangitain tungkol sa palaging handog na susunugin, at ang pagsalangsang na sumisira, upang magbigay ng santuwaryo at ng hukbo upang mayapakan ng paa? At sinabi niya sa akin, Hanggang sa dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuwaryo", hanggang sa nakasaad na: "ang pangitain ay ukol sa panahon ng kawakasan." Ang ibig sabihin ay gaano katagal mananatili itong kasawiang-palad, itong pagkawasak, itong paghamak at kaabahan? O, kailan ang pagbubukang-liwayway ng umaga ng Rebelasyon? Pagkatapos ay sinabi niya, "Dalawang libo at tatlong daan na hapon at umaga; kung magkagayo'y malilinis ang santuwaryo." Sa madaling salita, ang punto ay itinatakda niya ang 2,300 taon, dahil sang-ayon sa teksto ng Torah ang bawat araw ay isang taon. Samakatwid, mula sa petsa ng kautusan ni Artaxerxes na muling itatag ang Herusalem hanggang sa araw ng kapanganakan ni Kristo ay mayroong 456 taon, at mula sa kapanganakan ni Kristo hanggang sa araw ng pagsapit ng Báb ay mayroong 1,844 taon, at kung idaragdag ang 456 taon sa bilang na ito ang kalalabasan ay

indeed be no clearer prophecy for a Manifestation than this.	2,300 taon. Ang ibig sabihin, ang katuparan ng pangitain ni Daniel ay naganap sa taong A.D. 1844, at ito ang taon ng pagsapit ng Báb. Suriin ang teksto ng Aklat ni Daniel at masdan kung gaano kaliwanag niya tinitiyak ang taon ng Kaniyang pagsapit! Hindi maaaring magkaroon ng higit na maliwanag pang propesiya sa isang Kahayagan kaysa sa rito.
17 In Matthew 24:3 Christ clearly says that what Daniel meant by this prophecy was the date of the advent, and this is the verse: "As He sat upon the mount of Olives, the disciples came unto Him privately, saying, Tell us, when shall these things be? and what shall be the sign of Thy coming, and of the end of the world?" Among the words He uttered in reply were the following: "When ye therefore shall see the abomination of desolation, spoken of by Daniel the prophet, stand in the holy place, (whoso readeth, let him understand)." Thus He referred them to the eighth chapter of the Book of Daniel, implying that whoever reads it should grasp when that time shall be. Consider how clearly the advent of the Báb has been specified in the Torah and the Gospel!	10.17 Sa Mateo 24:3 ay maliwanag na sinasabi ni Kristo na ang tinutukoy ni Daniel sa propesiyang ito ay ang petsa ng pagsapit at ito ang bersikulo: "At samantalang siya'y nakaupo sa bundok ng mga Olivo, ay nagsilapit sa kaniya ng bukod ang mga alagad, na nagsisipagsabi, Sabihin mo sa amin, kailan mangyayari ang mga bagay na ito? At ano ang magiging tanda ng iyong pagparito, at ng katapusan ng sanlibutan?" Kabilang sa mga salitang inusal Niya bilang tugon ay ito: "Kaya nga pagkakita ninyo ng kasuklam-suklam na paninira, na sinalita sa pamamagitan ni propetang Daniel, na natayo sa dakong banal (unawain ng bumabasa)." Sa gayon ay pinasasangguni Niya sila sa ikawalong kapitulo ng Aklat ni Daniel, at sinasabing ang sinumang bumasa rito ay dapat unawain kung kailan ang panahong iyon. Isipin kung gaano kaliwanag na binabanggit ang pagsapit ng Báb sa Torah at sa Ebanghelyo!
18 Let us now establish the date of the advent of Bahá'u'lláh from the Torah. This date is calculated in lunar years from the revelation of the mission and the emigration of Muḥammad. For in the religion of Muḥammad the lunar calendar is used, and all the ordinances regarding religious observances have been expressed in terms of that calendar.	10.18 Ngayon ay itatakda natin ang petsa ng pagsapit ni Bahá'u'lláh mula sa Torah. Ang petsang ito ay binibilang sang-ayon sa mga taong ukol sa buwan, mula sa misyon at pag-iibang bayan ni Muḥammad. Dahil sa relihiyon ni Muḥammad ang taong ukol sa buwan ang ginagamit, at ang lahat ng mga kautusang ukol sa mga katungkulang isagawa sa relihiyon ay ibinibigay sang-ayon sa kalendaryong iyon.
19 In Daniel 12:6 it is said: "And one said to the man clothed in linen, which	10.19 Sa Daniel 12:6 nakasaad na: "At ang isa'y nagsalita sa lalaking

was upon the waters of the river, How long shall it be to the end of these wonders? And I heard the man clothed in linen, which was upon the waters of the river, when he held up his right hand and his left hand unto heaven, and sware by Him that liveth for ever that it shall be for a time, times, and an half; and when He shall have accomplished to scatter the power of the holy people, all these things shall be finished."	nabibihisan ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, Hanggang kailan mangyayari ang wakas ng mga kababalaghang ito? At aking napakinggan ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailanman na magiging sa isang panahon, mga panahon, at kalahati ng isang panahon; at kapag kanilang natapos na mapagputol-putol ang kapangyarihan ng banal na bayan, ang lahat ng bagay na ito ay matatapos."
20 As I have already explained the meaning of "day", no further explanation is needed, but let me briefly say that each day of the Father is equivalent to one year, and each year consists of twelve months. Thus three and a half years makes forty-two months, and forty-two months is 1,260 days, and each day in the Bible is equivalent to one year. And it is in the very year 1260 from the emigration of Muḥammad, according to the Muslim calendar, that the Báb, the Herald of Bahá'u'lláh, revealed His mission.	10.20 Yamang ipinaliwanag ko na ang kahulugan ng isang "araw", hindi na kinakailangang higit na ipaliwanag pa ito; ngunit babanggitin natin nang maikli na ang bawat araw ng Ama ay nabibilang na isang taon, at sa bawat taon ay mayroong labindalawang buwan. Samakatwid ang tatlong taon at kalahati ay apatnapu't dalawang buwan, at ang apatnapu't dalawang buwan ay labindalawang daan at animnapu't araw, at ang bawat araw sa Bibliya ay katumbas ng isang taon. At sa mismong taong 1260 mula sa pag-iibang bayan ni Muḥammad sang-ayon sa kalendaryong Muslim, ay ipinahayag ng Báb, ang Tagapamalita ni Baha'u'llah, ang Kaniyang misyon.
21 Afterwards, in verses 11 and 12, it is said: "And from the time that the daily sacrifice shall be taken away, and the abomination that maketh desolate be set up, there shall be a thousand two hundred and ninety days. Blessed is he that waiteth, and cometh to the thousand three hundred and five and thirty days."	10.21 Pagkatapos, sa bersikulo 11 at 12 ay nakasaad na: "At mula sa panahon na ang palaging handog na susunugin ay aalisin, at matatayo ang kasuklam-suklam na naninira, ay magkakaroon ng isang libo't dalawang daan at siyam na pung araw. Mapala siyang naghihintay, at datnan ng isang libo't tatlong daan at tatlumpu't limang araw."
22 The commencement of this lunar reckoning is from the day of the proclamation of the prophethood of Muḥammad in the land of Ḥijáz; and that was	10.22 Ang simula nitong pagbibilang sang-ayon sa buwan ay mula sa araw ng pagpapahayag ng pagkapropeta ni Muḥammad sa lupain ng Ḥijáz; at ito ay

three years after the revelation of His mission, because in the beginning the prophethood of Muḥammad was concealed, and no one knew of it save Khadíjih and Ibn-i-Nawfal,23 until it was publicly announced three years later. And it was in the year 1290 from the proclamation of the mission of Muḥammad that Bahá'u'lláh announced His Revelation.24	tatlong taon pagkaraan ng pagpapahayag ng Kaniyang misyon, dahil sa simula ang pagiging propeta ni Muḥammad ay inilihim, at walang nakababatid dito liban kay Khadíjih at kay Ibn-i-Nawfal,[23] hanggang sa paglipas ng tatlong taon, kung kailan ay ipinahayag ito. At sa taong 1290 mula sa pagpapahayag ng misyon ni Muḥammad, ay ipinahayag ni Bahá'u'lláh ang Kaniyang Rebelasyon.[24]
11	11
Commentary on the Eleventh Chapter of the Revelation of John	Paliwanag sa Ikalabing-Isang Kapitulo ng Apokalipsis ni San Juan
1 In Revelation 11:1–2 it is said: "And there was given me a reed like unto a rod: and the angel stood, saying, Rise, and measure the temple of God, and the altar, and them that worship therein. But the court which is without the temple leave out, and measure it not; for it is given unto the Gentiles: and the holy city shall they tread under foot forty and two months."	11.1 Sa simula ng ikalabing-isang kapitulo ng Apokalipsis ni San Juan ay nakasaad: "At binigyan ako ng isang tambong katulad ng isang gabilya: at may isang anghel na nagsabi, Tumindig ka, at sukatin mo ang templo ng Diyos, at ang dambana, at ang mga sumasamba roon. Subalit ang bulwagang nasa labas ng templo ay huwag isama, at huwag sukatin; sapagkat ibinigay ito sa mga Hentil: at kanilang yayapakan ng apatnapu't dalawang buwan ang banal na lungsod."
2 By this reed is meant the Perfect Man, and the reason for His being likened to a reed is that when the latter is entirely freed and emptied of its pith, it becomes capable of producing wondrous melodies. Moreover, these songs and airs proceed not from the reed itself but from the player who blows into it. In the same way, the sanctified heart of that blessed Being is free and empty of all save God, is averse to and exempt from attachment to every selfish inclination, and is intimately acquainted with the breath of the Divine Spirit. That which He utters proceeds not from Himself but from the ideal Player and from divine revelation. Hence He is likened to a reed, and that reed is like a rod; that is, it is the succour of the weak and is a support to the body of the	11.2 Ang kahulugan ng tambong ito ay ang Ganap na Tao, at ang dahilan sa paghahalintulad sa Kaniya sa tambo ay kapag ang loob ng tambo ay ganap na walang nilalaman at inalis ang laman nito, maaari na itong magbigay ng napakagandang mga himig. Higit pa rito, itong mga awit at mga himig ay di-nagbubuhat sa tambo mismo bagkus ay mula sa tumutugtog sa plawta na siyang humihihip dito. Sa gayunding paraan, ang banal na puso ng pinagpalang Nilalang ay walang nilalaman at malaya sa lahat liban sa Diyos, umaayaw at malaya sa pagkagiliw sa bawat makasariling hangarin at matalik na kilala ang Espiritu Santo. Ang anumang usalin Niya ay hindi mula sa Kaniyang sarili bagkus ay mula sa tunay na huwarang Tumutugtog sa plawta at mula sa banal na

world. It is the rod of the True Shepherd by which He guards His flock and leads it about in the pastures of the Kingdom.	rebelasyon. Kaya Siya ay inihahalintulad sa tambo; at ang tambong iyon ay katulad ng gabilya; yaon ay, ito ay katulong ng bawat mahina at siyang tagapagtaguyod ng bawat mortal na tao. Ito ay ang gabilya ng Tunay na Pastol na sa pamamagitan nito ay pinangangalagaan Niya ang Kaniyang kawan at ginagabayan ito sa mga pastulan ng Kaharian.
3 Then it is said that the angel addressed him, saying, “Rise, and measure the temple of God, and the altar, and them that worship therein”; that is, weigh and gauge. To gauge is to determine the quantity of a thing. Thus the angel said: Weigh the Holy of Holies, and the altar, and them that are worshipping therein—that is, investigate their true condition; discover their rank and station, their attainments, their perfections, their conduct, and their attributes; and acquaint thyself with the mysteries of those holy souls who abide in the Holy of Holies, the station of purity and sanctity.	11.3 Pagkatapos ay nakasaad na kinausap siya ng anghel at sinabing, “Tumindig ka, at sukatin mo ang templo ng Diyos, at ang dambana, at ang mga sumasamba roon,” ang ibig sabihin ay timbangin at sukatin. Ang pagsusukat ay ang pagtutuklas sa bilang ng isang bagay. Kung gayon ay sinabi ng anghel: Timbangin ang Kabanal-banalan, at ang altar, at silang mga nananalangin doon—yaon ay, saliksikin ang kanilang tunay na kalagayan; tuklasin ang kanilang ranggo at katayuan, ang kanilang mga tagumpay, ang kanilang mga kaganapan, ang kanilang asal at ang kanilang mga katangian; at iyong alamin ang mga hiwaga ng mga banal na kaluluwang iyon na nananahan sa Kabanal-banalan sa kalagayan ng kadalisayan at kabanalan.
4 “But the court which is without the temple leave out, and measure it not; for it is given unto the Gentiles.” When, in the beginning of the seventh century of the Christian era, Jerusalem was conquered, the Holy of Holies—that is, the edifice that Solomon had erected—was outwardly preserved, but its outer court was seized and given over to the Gentiles.	11.4 “Subalit ang bulwagang nasa labas ng templo ay huwag isama, at huwag sukatin; sapagkat ibinigay ito sa mga Hentil.” Sa simula ng ikapitong siglo ng panahong Kristiyano ay noong sinakop ang Herusalem at ang Kabanal-banalan—yaon ay, ang gusaling itinayo ni Solomon—ay nailigtas ang panlabas na anyo, subalit ang panlabas na bulwagan nito ay sinakop at ibinigay sa mga Hentil.
5 “And the holy city shall they tread under foot forty and two months”; that is, the Gentiles will seize and subdue Jerusalem for forty-two months, or 1,260 days, or—each day being equivalent to a year—1,260 years, which is the duration of the Qur’anic Dispensation. For according to	11.5 “At kanilang yayapakan ng apatnapu’t dalawang buwan ang banal na lungsod”; yaon ay, sasakupin at susupilin ng mga Hentil ang Herusalem sa loob ng apatnapu’t dalawang buwan, o 1,260 araw, o—yamang ang bawat araw ay katumbas ng isang taon—1,260 taon, na iyon ang itinagal

the text of the Bible each day is a year, as it is said in Ezekiel 4:6: “thou shalt bear the iniquity of the house of Judah forty days: I have appointed thee each day for a year”.	ng Disyensasyon ng Qur’án. Dahil sang-ayon sa mga teksto ng Bibliya, ang bawat araw ay isang taon, tulad ng nakasaad sa Ezekiel 4:6: “iyong daranasin ang kasamaan ng sangbahayan ni Judah ng apatnapung araw: itinakda Ko sa iyo ang bawat araw para sa isang taon”.
6 This is a prophecy concerning the duration of the Dispensation of Islam, when Jerusalem was trodden underfoot, meaning that it was dishonoured, while the Holy of Holies remained preserved, guarded, and honoured. This state of affairs continued until the year 1260. This 1,260 years is a prophecy concerning the advent of the Báb, the “Gate” leading to Bahá’u’lláh, which took place in the year A.H. 1260. As the period of 1,260 years has been completed, the Holy City of Jerusalem is now beginning to prosper and flourish again. Anyone who saw Jerusalem sixty years ago, and who sees it again today, will recognize how it has come to prosper and flourish and how it has regained its honour.	11.6 Ito ay isang propesiya kaugnay ng itatagal ng Dispensasyon ng Islám, kung kailan ang Herusalem ay tinapakan, ang ibig sabihin ay nalagay sa kahihiyan, samantalang ang Kabanal-banalan ay nanatiling pinangalagaan, pinag-ingatan at iginalang. Ang ganitong kalagayan ay nanatili hanggang sa taong 1260. Itong 1,260 taon ay isang propesiya hinggil sa pagsapit ng Báb, ang “Pintuan” patungo kay Bahá’u’lláh, na naganap noong taong 1260 A.H. Yamang ang panahon ng 1,260 taon ay lumipas na, ang Banal na Lungsod ng Herusalem ay nagsisimula na ngayong muling yumaman at umunlad at nabawi na ang dangal nito. Ang sinumang nakakita sa Herusalem animnapung taon noong nakaraan, at muling makikita ito ngayon, ay makikilala kung paano na ito umunlad at yumabong at kung paano muling nabawi ang dangal nito.
7 This is the outward sense of these verses of the Revelation of John, but they also have an inward interpretation and a symbolic meaning, which is as follows. The religion of God consists of two parts: One is the very foundation and belongs to the spiritual realm; that is, it pertains to spiritual virtues and divine qualities. This part suffers neither change nor alteration: It is the Holy of Holies, which constitutes the essence of the religion of Adam, Noah, Abraham, Moses, Christ, Muḥammad, the Báb, and Bahá’u’lláh, and which will endure throughout all the prophetic Dispensations. It will never be abrogated, for it consists in spiritual rather than material truth. It is faith, knowledge, certitude, justice, piety, high-mindedness, trustworthiness, love of	11.7 Ito ang panlabas na kahulugan nitong mga bersikulo ng Apokalipsis ni San Juan, ngunit mayroon din itong panloob na paliwanag at kahulugang isinasagisag, na iyon ay ang sumusunod. Ang relihiyon ng Diyos ay binubuo ng dalawang bahagi: Ang isa ay ang mismong saligan at bahagi iyon ng kahariang espiritwal; yaon ay, tumutukoy ito sa espiritwal na mga kabutihan at banal na mga katangian. Ang bahaging ito ay hindi nagbabago o nag-iiba: Ito ay ang Kabanal-banalan, na pinakadiwa ng relihiyon ni Adan, Noe, Abraham, Moises, Kristo, Muḥammad, ang Báb at si Bahá’u’lláh, at iyon ay nananatili sa kahabaan ng lahat ng mga Dispensasyon ng mga Propeta. Kailanman ay hindi ito maipawawalang-bisa, dahil ito ay binubuo ng espiritwal at hindi

God, and charity. It is mercy to the poor, assistance to the oppressed, generosity to the needy, and upliftment of the fallen. It is purity, detachment, humility, forbearance, patience, and constancy. These are divine qualities. These commandments will never be abrogated, but will remain in force and effect for all eternity. These human virtues are renewed in every Dispensation; for at the close of each Dispensation the spiritual law of God, which consists in the human virtues, vanishes in substance and persists only in form.	materyal na katotohanan. Ito ay pananalig, kaalaman, katiyakan, katarungan, kabanalan, pagkamarangal, pagkamapagkakatiwalaan, pag-ibig sa Diyos, at kawanggawa. Ito ay habag sa mahihirap, pagtatanggol sa api, pagiging mapagbigay sa sawimpalad at pagbabangon ng nadapa. Ito ay kadalisayan, pagkawalay, pagpapakumbaba, pagtitimpi, pagtitiyaga at pagkamatapat. Ang mga ito ay banal na mga katangian. Ang mga kautusang ito kailanman ay hindi iwawaksi, kundi ay mananatiling ipinatutupad at ipinaiiral hanggang sa kawalang-hanggan. Itong mga kabutihan ng tao ay muling nagiging bago sa bawat Dispensasyon; dahil sa wakas ng bawat Dispensasyon, ang diwa ng batas ng Diyos, na binubuo ng mga kabutihan ng tao ay nawawala ang mismong diwa at ang anyo na lamang ang nananatili.
8 Thus, at the end of the Mosaic Dispensation, which coincided with the advent of Christ, the true religion of God vanished from among the Jews, leaving behind a form without a spirit. The Holy of Holies was no more, but the outer court of the Temple—which signifies the outward form of the religion—fell into the hands of the Gentiles. In the same way, the very heart of the religion of Christ, which consists in the greatest human virtues, is no more, but its outward form has remained in the hands of the priests and monks. Likewise, the foundation of the religion of Muḥammad is no more, but its outward form remains in the hands of the Muslim divines.	11.8 Kung gayon, sa wakas ng Dispensasyon ni Moises, na kasabay ng pagsapit ni Kristo, ang tunay na relihiyon ng Diyos ay naglaho na mula sa mga Hudyo at ang natira lamang ay ang anyo na walang diwa. Ang Kabanal-banalan ay nawala na subalit ang panlabas na bulwagan ng Templo—na nangangahulugang ang panlabas na anyo ng relihiyon—ay bumagsak sa mga kamay ng mga Hentil. Sa gayunding paraan, ang kaibuturang puso ng relihiyon ni Kristo, na binubuo ng pinakadakilang mga kabutihan ng tao, ay nawala na; subalit ang panlabas na anyo ang nananatili sa mga kamay ng mga pari at ng mga monghe. Gayundin, ang saligan ng relihiyon ni Muḥammad ay nawala na, subalit ang panlabas na anyo nito ay nananatili sa mga kamay ng mga teologong Muslim.
9 Those foundations of the religion of God, however, which are spiritual and consist in human virtues, are never subject to abrogation but are eternal and everlasting, and are renewed in every prophetic Dispensation.	11.9 Gayumpaman, yaong mga saligan ng relihiyon ng Diyos na espiritwal at binubuo ng mga kabutihan ng tao, ay hindi kailanman saklaw ng pagwawalang-bisa bagkus ay walang-maliw at namamalagi

	magpakailanman, at muling ginagawang bago sa Dispensasyon ng bawat Propeta.
10 The second part of the religion of God, which pertains to the material world and which concerns such things as fasting; prayer; worship; marriage; divorce; manumission; legal rulings; transactions; and penalties and punishments for murder, assault, theft, and injury, is changed and altered in every prophetic Dispensation and may be abrogated—for policies, transactions, punishments, and other laws are bound to change according to the exigencies of the time.	11.10 Ang pangalawang bahagi ng relihiyon ng Diyos, na ukol sa materyal na daigdig, at kaugnay ng gayong mga bagay tulad ng pag-aayuno; dasal; pagsamba; kasal; diborsiyo; pagpapalaya ng alipin; mga kapasiyahan sa batas; mga ugnayan; at mga bayad-pinsala at mga parusa para sa pamamatay-tao, karahasan, pagnanakaw at pananakit, ay iniiba at binabago sa bawat Dispensasyon ng Propeta at maaaring ipawalang-saysay—sapagkat ang mga patakaran, mga ugnayan, mga kaparusahan, at iba pang mga batas ay tiyak na magbabago sang-ayon sa pangangailangan ng panahon.
11 Briefly, what is meant by the term “Holy of Holies” is that spiritual law which can never be changed or abrogated, and what is meant by the “Holy City” is the material law which may indeed be abrogated; and this material law—the Holy City—was to be trodden underfoot for 1,260 years.	11.11 Sa madaling salita, ang kahulugan ng taguring “Kabanal-banalan” ay yaong espiritwal na batas na kailanman ay hindi magbabago o mapawawalang-saysay, at ang kahulugan ng “Banal na Lungsod” ay ang materyal na batas na maaari talagang ipawalang-saysay; at itong materyal na batas—ang Banal na Lungsod—ay yayapakan sa 1,260 taon.
12 “And I will give power unto my two witnesses, and they shall prophesy a thousand two hundred and three-score days, clothed in sackcloth.”25 By these two witnesses are intended Muḥammad the Messenger of God and ‘Alí the son of Abú-Ṭálib. In the Qur’án it is said that God addressed Mu?ammad, saying, “We made Thee a witness, a herald, and a warner”;26 that is, We have established Thee as one Who bears witness, Who imparts the glad-tidings of that which is to come, and Who warns of the wrath of God. A “witness” means one by whose affirmation matters are ascertained. The commandments of these two witnesses were to be followed for 1,260 days, each day corresponding to a year. Now, Muḥammad was the root and ‘Alí the branch, like Moses and Joshua. It is said they were “clothed in	11.12 “At ipagkakaloob ko ang kapangyarihan sa aking dalawang saksi, at sila ay magsisipanghula ng isang libo’t dalawang daan at animnapung araw, na nadaramtan ng magagaspang na kayo.”[25] Ang dalawang saksi na ito ay sina Muḥammad ang Sugo ng Diyos at si Alí ang anak ni Abú Ṭálib. Sa Qur’án ay sinasabing nagwika ang Diyos kay Muḥammad at sinabing: “Ginawa Ka Naming isang saksi, isang tagapamalita ng magandang balita, at isang tagapagbabala”;[26] ang ibig sabihin ay itinatag Ka Namin na maging saksi, ang tagapagbigay ng magandang balita ng darating, at bilang tagapagbabala sa galit ng Diyos. Ang kahulugan ng “saksi” ay siya na sa pamamagitan ng kaniyang pahayag ay mapapatunayan ang mga bagay. Ang mga utos nitong dalawang saksi ay susundin sa

sackcloth", meaning that they appeared to wear not a new raiment but an old one. In other words, they would initially appear to be of no consequence in the eyes of other peoples and their Cause would not seem new. For the spiritual principles of the religion of Muḥammad correspond to those of Christ in the Gospel, and His material commandments correspond for the most part to those of the Torah. This is the symbolism of the old raiment.	loob ng 1,260 araw, na ang bawat araw ay katumbas ng isang taon. Ngayon, si Muḥammad ay ang ugat, at si ʻAlí ang sanga, tulad ni Moises at ni Joshue. Nakasaad na sila ay "nadaramtan ng magagaspang na kayo," na nangangahulugang sila ay tila bagang nadaramtan ng lumang mga damit, at hindi ng bagong mga damit. Sa ibang salita, sa simula ay hindi sila nagtataglay ng kahalagahan sa mga mata ng ibang mga sambayanan at ang kanilang Kapakanan ay waring hindi bago. Dahil ang espiritwal na mga tuntunin ng relihiyon ni Muḥammad ay kahalintulad sa ibinigay ni Kristo sa Ebanghelyo, at ang karamihan ng Kaniyang mga batas hinggil sa mga materyal na bagay ay sang-ayon sa yaong nasa Torah. Ito ang kahulugan ng simbolo ng lumang mga damit.
13 "These are the two olive trees, and the two candlesticks standing before the God of the earth."27 These two Souls have been likened to olive trees, since all the lamps of that time were lit at night with olive oil. In other words, these are two Souls from whom the oil of divine wisdom—which is the cause of the illumination of the world—will appear, and through whom the lights of God will shine bright and resplendent. Thus have they also been likened to candlesticks. The candlestick is the locus of the light and the place from whence it emanates. In the same way, the light of guidance would shine resplendent from these luminous Countenances.	11.13 "Ang mga ito ay ang dalawang punong olibo at ang dalawang kandelero, na nakatayo sa harapan ng Diyos ng lupa."[27] Ang dalawang Kaluluwang ito ay inihahalintulad sa mga punong olibo, dahil sa panahong iyon ang lahat ng mga ilawan ay pinaiilaw sa gabi sa pamamagitan ng langis ng olibo. Sa ibang salita, itong dalawang Kaluluwa, na mula sa kanila ay lumilitaw ang diwa ng dunong ng Diyos—na sanhi ng kaliwanagan ng daigdig—at sa pamamagitan nila ang mga ilaw ng Diyos ay sisikat nang maliwanag at maningning. Sa gayon ay inihalintulad rin sila sa dalawang kandila. Ang kandila ay ang pook ng liwanag, at mula rito ay sumisikat ang liwanag. Sa gayunding paraan ang liwanag ng pamamatnubay ay sisikat nang maliwanag mula sa nagniningning na mga Mukhang ito.
14 They are "standing before God"—that is, they have arisen in His service and are educating His creatures. For instance, they so educated the barbarous, desert-dwelling tribes of the Arabian Peninsula as to cause them to attain the loftiest heights of human civilization at the	11.14 Sila ay "nakatayo sa harapan ng Diyos"—yaon ay bumangon sila sa paglilingkod sa Kaniya, at tinuturuan ang Kaniyang mga nilikha. Halimbawa, ganoon ang pagturo nila sa mga barumbado at lagalag sa disyertong mga tribu sa Tangway ng Arabia, na nagawa nilang maabot ang pinakamataas na antas ng kabihasnan ng tao

time and to spread their fame and renown throughout the world.	sa panahong iyon at ipinalaganap ang kanilang katanyagan at kabantugan sa buong daigdig.
15 “And if any man will hurt them, fire proceedeth out of their mouth, and devoureth their enemies.”28 This means that no soul would be able to withstand their might. That is, should anyone seek to subvert their teachings or their law, he would be overcome and defeated by virtue of that law which proceeds, whether in brief or in full, from their mouth. In other words, they would issue a command that would destroy any enemy that would attempt to harm or oppose them. And so it came to pass, for their opponents were all vanquished, dispersed, and destroyed, and these two witnesses were outwardly assisted by the power of God.	11.15 “At kung naisin ng sinuman na sila’y ipahamak, ay apoy ang lumalabas sa kanilang bibig, at lumalamon sa kanilang mga kaaway.”[28] Ang ibig sabihin nito ay walang kaluluwa ang makatatagal laban sa kanilang lakas. Yaon ay, kung nanaisin ng sinuman ang sirain ang kanilang mga turo o ang kanilang batas, siya ay magagapi at matatalo ng mismong batas na ito, na nagbuhat nang maikli man o nang buo, mula sa kanilang bibig. Sa ibang salita, ay maglalabas sila ng utos na pupuksa sa alinmang kaaway na magtatangkang saktan o labanan sila. At sa gayon ito ay naganap, yamang ang lahat ng kanilang mga kaaway ay natalo, nagsitakbo at nalipol at itong dalawang saksi ay tinulungan sa panlabas na anyo ng kapangyarihan ng Diyos.
16 “These have power to shut heaven, that it rain not in the days of their prophecy.”29 This means that they would rule supreme in that age. In other words, the law and teachings of Muḥammad, and the exposition and commentaries of ‘Alí, are a heavenly grace. Should they wish to bestow this grace, it is in their power to do so, and should they wish otherwise, no rain will fall, and by “rain” is meant here the outpouring grace.	11.16 “Ang mga ito ay may kapangyarihang magsara ng langit, upang huwag umulan sa loob ng mga araw ng kanilang hula.”[29] Nangangahulugan ito na sila’y mamumuno nang pinakamataas sa panahong iyon. Sa ibang salita, ang batas at mga turo ni Muḥammad, at ang mga paliwanag at mga komentaryo ni ‘Alí, ay isang makalangit na biyaya. Kung nais nilang ipagkaloob ang biyayang ito, nasa kapangyarihan nila ang gawin iyon, at kung iba ang nais nila, hindi papatak ang ulan, at ang kahulugan dito ng ulan ay ang bumubuhos na biyaya.
17 “And have power over waters to turn them to blood”.30 This means that the prophethood of Muḥammad was similar to that of Moses, and the power of ‘Alí like that of Joshua. That is, it was in their power, had they so desired, to turn the waters of the Nile into blood for the Egyptians and the deniers—or, in other words, to turn, in consequence of their ignorance and pride,	11.17 “May kapangyarihan sila sa tubig na gawin itong dugo.”[30] Ang kahulugan nito ay ang pagkapropeta ni Muḥammad ay katulad noong kay Moises, at ang kapangyarihan ni ‘Alí ay katulad noong kay Joshue. Yaon ay, nasa kapangyarihan nila, kung nanaisin nila, na gawin ang tubig ng Nile na maging dugo para sa mga Ehipsiyo at sa mga nagtatatwa—o, sa ibang

that which was the source of their life into the cause of their death. Thus the sovereignty, wealth, and power of Pharaoh and of his people, which were the source of that nation's life, became, as a result of their opposition, denial, and pride, the very cause of their death, ruin, destruction, degradation, and wretchedness. Hence these two witnesses have power to destroy nations.	salita, na bunga ng kanilang kamangmangan at kayabangan, ay gawin ang kanilang ikinabubuhay na maging sanhi ng kanilang kamatayan. Sa gayon, ang paghahari, kayamanan at kapangyarihan ni Paraon at ng kaniyang mga mamamayan, na pinagmumulan ng buhay ng bansang iyon, dahil sa kanilang pagtutol, pagtatwa at pagmamalaki, ay naging mismong sanhi ng kanilang kamatayan, kapahamakan, pagkawasak, pagkaaba at karukhaan. Kung gayon ang dalawang saksing ito ay may kapangyarihang wasakin ang mga bansa.
18 "And to smite the earth with all plagues, as often as they will".31 This means that they would also be endowed with outward power and ascendancy, that they might school the workers of iniquity and the embodiments of oppression and tyranny. For God had granted these two witnesses both outward might and inward power, and so it is that they reformed and educated the wicked, bloodthirsty, and iniquitous Arabs of the desert who were like ravening wolves and beasts.	11.18 "At mapahirapan ang lupa sa bawat salot sa tuwing kanilang naisin."[31] Nangangahulugan itong taglay rin nila ang panlabas na kapangyarihan at pagwawagi, upang maturuan nila ang mga gumagawa ng kasamaan at ang mga kinatawan ng paniniil at pang-aapi. Sapagkat ipinagkaloob ng Diyos sa dalawang saksing ito ang kapuwa panlabas na kapangyarihan at panloob na lakas, at sa gayon ay pinagbago at tinuruan nila ang masasama, uhaw sa dugo, at makasalanang mga Arab ng disyerto na tulad ng naninilang mga lobo at mga hayop.
19 "And when they shall have finished their testimony"32—that is, when they have accomplished that which they were bidden, and have delivered the divine message, and promoted the religion of God, and spread abroad His heavenly teachings, so that the signs of spiritual life might be manifested in the souls of men, the light of human virtues might shine forth, and these desert tribes might achieve substantive progress.	11.19 "At kapag natapos nila ang kanilang patotoo,"[32]—yaon ay, kapag naisagawa na nila yaong iniutos sa kanila, at naihatid na ang banal na kalatas na itinataguyod ang relihiyon ng Diyos at ipinalalaganap ang Kaniyang makalangit na mga turo, upang ang mga tanda ng espiritwal na buhay ay maging hayag sa mga kaluluwa ng tao, ang liwanag ng mga kabutihan ng tao ay magningning, at itong mga tribu ng disyerto ay makatamo ng ganap na pag-unlad.
20 "The beast that ascendeth out of the bottomless pit shall make war against them, and shall overcome them, and kill them."33 By this beast is meant the Umayyads, who assailed these witnesses from the pit of error. And indeed it came to	11.20 "Ang hayop na umakyat mula sa kalaliman ay babaka sa kanila, at pagtatagumpayan sila at sila'y papatayin:"[33] Ang hayop na ito ay nangangahulugang ang mga Umayyad na sumalakay sa mga saksing ito mula sa hukay ng pagkakamali. At sa

pass that the Umayyads assailed the religion of Muḥammad and the truth of ‘Alí, which consist in the love of God.	katunayan ay nangyari nga na ang mga Umayyad ay bumangon laban sa relihiyon ni Muḥammad at sa katotohanan ni ‘Alí, na binubuo ng pag-ibig ng Diyos.
21 “The beast made war against these two witnesses.”34 By this is intended a spiritual war, meaning that the beast would act in complete opposition to the teachings, conduct, and character of these two witnesses, to such an extent that the virtues and perfections that had been diffused among the peoples and nations by virtue of their power would entirely vanish, and animal qualities and carnal desires would predominate. Therefore, this beast would wage war against them and would gain ascendancy, meaning that the darkness of the error propagated by this beast would prevail throughout the world and slay those two witnesses—that is, it would extinguish their spiritual life amidst the people, obliterate their divine laws and teachings, and trample underfoot the religion of God, leaving behind naught but a dead and soulless body.	11.21 “Ang hayop ay nakibaka laban sa dalawang saksi.”[34] Ang tinutukoy nito ay isang espiritwal na digmaan, na nangangahulugang ang hayop ay kikilos sa ganap na pagtutol sa mga turo, asal, at pagkatao nitong dalawang saksi, sa gayong antas na ang mga kabutihan at mga kaganapan na pinalaganap sa mga sambayanan at mga bansa sa pamamagitan ng kanilang kapangyarihan ay ganap na maglalaho at ang mga katangian ng hayop at mga pagnanasa ng laman ay mananaig. Samakatwid ang hayop na ito ay makikibaka laban sa kanila at magtatagumpay, nangangahulugang ang karimlan ng kamalian na pinalalaganap ng hayop na ito ay mananaig sa buong daigdig at papatayin ang dalawang saksing ito—yaon ay, wawasakin nito ang espiritwal na buhay ng mga tao, buburahin ang kanilang banal na mga batas at mga turo, at yayapakan ang relihiyon ng Diyos, na walang maiiwan maliban lamang sa patay at walang-kaluluwang bangkay.
22 “And their dead bodies shall lie in the street of the great city, which spiritually is called Sodom and Egypt, where also our Lord was crucified.”35 By “their bodies” is meant the religion of God and by “the street”, exposure to public view. “Sodom and Egypt, where also our Lord was crucified” refers to the land of Syria and especially to Jerusalem, for the Umayyads had their seat of power in this land and it was here that the religion of God and the divine teachings first disappeared, leaving behind a soulless body. “Their bodies” refers to the religion of God, which remained as a dead and soulless body.	11.22 “At ang kanilang mga bangkay ay nasa lansangan ng malaking bayan, na ayon sa espiritu ay tinatawag na Sodoma at Ehipto, na roon din naman ipinako sa krus ang ating Panginoon.”[35] Ang kahulugan ng “kanilang mga bangkay” ay ang relihiyon ng Diyos, at ang “lansangan” ay ang pagkalantad sa madla. Ang tinutukoy ng “Sodoma at Ehipto na roon din naman ipinako sa krus ang ating Panginoon” ay ang lupain ng Syria, at lalo na ang Herusalem, dahil ang luklukan ng kapangyarihan ng mga Umayyad ay ang lupaing ito, at dito unang naglaho ang relihiyon ng Diyos at ang banal na mga turo, at nanatili lamang ang isang bangkay na walang kaluluwa. “Ang kanilang mga katawan” ay tumutukoy sa relihiyon ng

	Diyos, na nanatiling tulad ng isang bangkay na walang kaluluwa.
23 “And they of the people and kindreds and tongues and nations shall see their dead bodies three days and an half, and shall not suffer their dead bodies to be put in graves.”36 As was already explained, in the terminology of the Sacred Scriptures three days and a half signifies three years and a half, and three years and a half represents forty-two months, and forty-two months—1,260 days. Since according to the explicit text of the Bible each day is equivalent to a year, this means that for 1,260 years, which is the duration of the Qur’anic Dispensation, the nations, tribes, and peoples would behold their bodies; that is, they would keep the religion of God before their eyes but would not act in accordance with it. Yet they would not suffer these bodies—the religion of God—to be laid to rest in the grave. That is, they would hold fast to its outward form and not let it entirely vanish from their midst nor allow the body to be wholly destroyed and annihilated. Rather, they would forsake its reality while outwardly preserving its name and remembrance.	11.23 “At ang mga tao mula sa gitna ng mga bayan at mga angkan at mga wika at mga bansa, ay manonood sa kanilang mga bangkay na tatlong araw at kalahati, at hindi itutulot na ang kanilang mga bangkay ay malibing.”[36] Tulad ng naipaliwanag na, sa mga termino ng mga Santong Kasulatan ang tatlong araw at kalahati ay nangangahulugang tatlong taon at kalahati, at ang tatlong taon at kalahati ay apatnapu’t dalawang buwan, at ang apatnapu’t dalawang buwan—1,260 araw. Yamang ang bawat araw sang-ayon sa malinaw na teksto ng Bibliya ay katumbas ng isang taon, ang ibig sabihin ay sa loob ng 1,260 taon, na iyon ang itinagal ng Dispensasyon ng Qur’án, ang mga bansa, mga tribu at mga sambayanan ay manonood sa kanilang mga bangkay; yaon ay, pananatilihin nila sa harap ng kanilang mga mata ang relihiyon ng Diyos subalit ay hindi sila kikilos nang sang-ayon dito. Gayumpaman ay hindi sila papayag na itong mga bangkay—ang relihiyon ng Diyos—ay mailibing na sa hukay. Ang ibig sabihin ay panghahawakan nila ang panlabas na anyo nito at hindi tutulutang ganap na mawala ito buhat sa kanilang piling, ni ang katawan nito ay ganap na mawasak o malipol. Sa halip ay lilisanin nila ang realidad nito, habang sa panlabas na anyo ay pangangalagaan ang pangalan at alaala nito.
24 That which is intended here are such kindreds, peoples, and nations as were gathered beneath the shadow of the Qur’án. These are they who would not allow the Cause and religion of God to be destroyed and annihilated outwardly as well. Thus, some manner of prayer and fasting was practised among them, but the very foundations of the religion of God, which are goodly character, upright conduct, and the knowledge of the divine mysteries, had disappeared; the light of human virtues,	11.24 Ang tinutukoy rito ay ang gayong mga angkan, mga sambayanan at mga bansang natitipon sa lilim ng Qur’án. Sila itong mga hindi rin pumapayag na ganap na mawasak at malipol ang panlabas na anyo ng Kapakanan at ang relihiyon ng Diyos. Sa gayon ay may isinasagawang dasal at ayuno sa kanila, subalit ang mismong mga saligan ng relihiyon ng Diyos, na yaon ay mabuting pagkatao, matuwid na asal, at kaalaman sa banal na mga hiwaga, ay naglaho na; ang ilaw ng mga kabutihan ng tao, na ibinubunga

which proceeds from the love and knowledge of God, had been extinguished; the darkness of oppression and tyranny, of carnal desires and satanic attributes, prevailed; and the body of the religion of God, like unto a corpse, was exposed to public view.	ng pag-ibig at kaalaman sa Diyos, ay nasubhan; ang karimlan ng paniniil at pang-aapi, ng pagnanasa ng laman at ng mga katangian ng demonyo ay nanaig, at ang katawan ng relihiyon ng Diyos, na tulad ng isang bangkay, ay hinayaang nakalantad sa pananaw ng madla.
25 For 1,260 days, each day being a year—that is, for the duration of the Islamic Dispensation—all that these two Persons had established as the foundations of the religion of God was forfeited by their followers. To such an extent were the traces of human virtues—which are the bestowals of God and which constituted the spirit of this religion—erased that truthfulness, justice, love, concord, purity, sanctity, detachment, and all the heavenly attributes vanished from their midst, and what remained of the religion was mere prayer and fasting. This condition lasted for 1,260 years, which corresponds to the Dispensation of the Qur'án. It was as though these two Persons had died and their bodies were left without a soul.	11.25 Sa loob ng 1,260 araw, na ang bawat araw ay isang taon—yaon ay, sa buong itinagal ng Dispensasyon ng Islám—ang lahat ng itinatag nitong dalawang Tao bilang mga saligan ng relihiyon ng Diyos ay winala ng kanilang mga tagasunod. Sa gayong antas nawala ang mga bakas ng mga kabutihan ng tao—na ang mga iyon ay mga kaloob ng Diyos at bumubuo sa diwa ng relihiyong ito—na ang pagkamakatotohanan, katarungan, pag-ibig, pagkakasundo, kadalisayan, kabanalan, pagkawalay at ang lahat ng makalangit na mga katangian ay lumisan sa kanila, at ang natira lamang sa relihiyon ay ang pagdarasal at pag-aayuno. Ang kalagayang ito ay tumagal ng 1,260 taon, na siyang itinagal ng Dispensasyon ng Qur'án. Tila bagang itong dalawang Tao ay namatay at ang kanilang mga bangkay ay nananatiling walang kaluluwa.
26 "And they that dwell upon the earth shall rejoice over them, and make merry, and shall send gifts one to another; because these two prophets tormented them that dwelt on the earth."37 By "them that dwelt on the earth" is meant other peoples and nations, such as those of Europe and of distant Asian lands, who, seeing that the character of Islam had entirely changed; that the religion of God had been forsaken; that virtue, decency, and honour had vanished; and that characters had been subverted, rejoiced that the morals of the Muslims had been corrupted and that they stood therefore to be vanquished by other nations. And this indeed came to pass in a most conspicuous manner. Witness how this people who once	11.26 "Ang mga nananahan sa ibabaw ng lupa ay mangagagalak tungkol sa kanila, at mangatutuwa; at sila'y mangagpapadalahan ng mga kaloob; sapagkat ang dalawang propetang ito ay nagpahirap sa nananahan sa ibabaw ng lupa."[37] Ang tinutukoy ng "mga nangananahan sa ibabaw ng lupa" ay ang ibang mga sambayanan at mga bansa, tulad ng yaong sa Europa at malayong mga lupain ng Asya na, sa pagkakita nilang ang likas na katangian ng Islám ay ganap na nabago; na ang relihiyon ng Diyos ay itinapon; na ang kabutihan, gilas at dangal ay lumisan mula sa kanila; at ang kanilang pagkatao ay napasama, ay nagdiwang sa pagkasira ng moralidad ng mga Muslim at bunga nito ay madadaig sila ng ibang mga bansa. At ito ay

wielded supreme power have been abased and subjugated!	tunay na nangyari sa pinakalantad na paraan. Masdan kung paanong ang mga taong ito na nakamit ang tugatog ng kapangyarihan, sa ngayon ay naging aba at siil.
27 The other nations “shall send gifts to one another”, meaning that they would help each other, for “these two prophets tormented them that dwelt upon the earth”; that is, they subdued and subjugated the other peoples and nations of the earth.	11.27 Ang ibang mga bansa na “mangagpapadalahan ng mga kaloob,” na nangangahulugang tutulungan nila ang isa’t isa, dahil “ang dalawang propetang ito ay nagpahirap sa nangananahan sa ibabaw ng lupa”; ang ibig sabihin ay sinupil at pinasunod nila ang ibang mga sambayanan at mga bansa ng daigdig.
28 “And after three days and an half the Spirit of life from God entered into them, and they stood upon their feet; and great fear fell upon them which saw them.”38 Three days and a half, as we explained earlier, is 1,260 years. These two Persons whose bodies were lying soulless—that is, the teachings and the religion that Muḥammad had established and that ‘Alí had promoted, whose reality had vanished, and of which only an empty form had remained—were again endowed with spirit; that is to say, those teachings were established anew. That is, the spirituality of the religion of God that had become materiality, the virtues that had become vices, the love of God that had become hatred, the light that had become darkness, the divine qualities that had become satanic attributes, the justice that had become tyranny, the mercy that had become malice, the sincerity that had become hypocrisy, the guidance that had become error, the purity that had become carnality—all these divine teachings, heavenly virtues and perfections, and spiritual bounties—were, after three and a half days (which by the terminology of the Sacred Scriptures is 1,260 years) renewed by the advent of the Báb and by the allegiance of Quddús.	11.28 “At pagkatapos ng tatlong araw at kalahati, ang Espiritu ng buhay mula sa Diyos ay pumasok sa kanila, at sila’y nangagsitindig; at dinatnan ng malaking takot ang mga nakakita sa kanila.”[38] Ang tatlong araw at kalahati, tulad ng naipaliwanag na natin, ay 1,260 taon. Itong dalawang Tao na ang mga katawan ay nakahigang walang kaluluwa—yaon ay, ang mga turo at ang relihiyong itinatag ni Muḥammad at itinaguyod ni ‘Alí, na mula rito ang realidad ay naglaho na at ang hungkag na anyo na lamang ang nalalabi—ay muling pinagkalooban ng espiritu. Yaon ay, ang pagkaespiritwal ng relihiyon ng Diyos na naging pagkamateryal; ang mga kabutihang naging mga bisyo; ang pag-ibig sa Diyos ay naging pagkamuhi, ang kaliwanagan na naging kadiliman, ang mga banal na katangian na naging makademonyong katangian, ang katarungan na naging paniniil, ang habag na naging poot, ang katapatan na naging pagbabalatkayo, ang pamamatnubay na naging pagkakamali, ang kadalisayan ay naging kahalayan—ang lahat nitong mga banal na turo, makalangit na mga kabutihan, mga kaganapan, at espiritwal na mga biyaya—pagkaraan ng tatlo’t kalahating araw (na sang-ayon sa mga termino ng Santong Kasulatan ay 1,260 taon) ay muling naging bago sa pamamagitan ng paglitaw ng Báb at ng katapatan ni Quddús.

29 Thus did the breezes of sanctity waft, the light of truth shine, the life-giving springtime arrive, and the morn of guidance dawn. These two dead bodies were once again quickened to life, and these two great Personages—one the Founder and the other the promoter—arose and were as two candlesticks, for they illumined the whole world with the light of truth.	11.29 Sa gayon, ang mga banal na simoy ay humihip, ang liwanag ng katotohanan ay suminag, ang nagbibigay-buhay na panahon ng tagsibol ay sumapit, at ang umaga ng pamamatnubay ay namitak. Itong dalawang katawang walang buhay ay muling nabuhay, at itong dalawang dakilang Tao—ang isa ay ang Tagapagtatag at ang isa ay ang tagapagtaguyod —ay bumangon at naging tulad ng dalawang kandila, dahil tinanglawan nila ang buong daigdig sa pamamagitan ng liwanag ng katotohanan.
30 “And they heard a great voice from heaven saying unto them, Come up hither. And they ascended up to heaven in a cloud”,39 meaning that from the invisible heaven they heard the voice of God, saying: You have accomplished all that was called for with regard to educating the people and conveying the glad-tidings of that which is to come. You have delivered My message to the people, raised the call of Truth, and fulfilled your every obligation. Now, even as Christ, you must lay down your lives in the path of the Beloved and suffer a martyr’s death. And so that Sun of Reality and that Moon of Guidance40 both set, Christ-like, beneath the horizon of the supreme sacrifice and ascended to the realm of Heaven.	11.30 “At narinig nila ang isang malakas na tinig na nagsasabi sa kanila, Umakyat kayo rito. At sila’y umakyat sa langit”,[39] na nangangahulugang mula sa di-nakikitang langit ay narinig nila ang tinig ng Diyos, na nagsasabing: Ginawa na ninyo ang lahat ng kinakailangan kaugnay ng pagtuturo sa mga tao at sa paghahatid ng magandang balita ng darating. Inihatid ninyo ang Aking kalatas sa mga tao, itinaas ang tawag ng Katotohanan, at tinupad ang inyong bawat tungkulin. Ngayon, tulad ni Kristo, ay kinakailangang ialay ninyo ang inyong buhay sa Pinakamamahal, at dumanas ng kamatayan ng martir. At sa gayon ang Araw ng Realidad at ang Buwan ng Patnubay,[40] katulad ni Kristo, ay kapuwang lumubog sa sugpungang-guhit ng pinakadakilang pag-aalay at pumailanlang sa kaharian ng Langit.
31 “And their enemies beheld them.”41 That is, many of their enemies realized after their martyrdom the sublimity of their station and the excellence of their virtues, and testified to their greatness and their perfections.	11.31 “At nakita sila ng kanilang mga kaaway.”[41] Ito ay nangangahulugang marami sa kanilang mga kaaway, pagkatapos ng kanilang pagkamartir, ay nabatid ang kataasan ng kanilang kalagayan at ang kahusayan ng kanilang mga kabutihan, at sumaksi sa kanilang kadakilaan at sa kanilang mga kaganapan.
32 “And the same hour was there a great earthquake, and the tenth part of the city fell, and in the earthquake were slain of	11.32 “At nang oras na yaon ay nagkaroon ng isang malakas na lindol, at nagiba ang ikasampung bahagi ng bayan; at

men seven thousand.”42 This earthquake occurred in Shíráz after the martyrdom of the Báb. The city was plunged into turmoil, and many people were killed. Great agitation ensued, moreover, from diseases, cholera, scarcity, famine, starvation, and other afflictions—an agitation the like of which had never before been witnessed.	may nangamatay sa lindol na pitong libo katao.”[42] Ang lindol na ito ay naganap sa Shíráz pagkatapos ng pagmartir sa Báb. Ang lungsod ay nagkagulo at maraming tao ang namatay. Malaking kaguluhan ang naging kasunod dahil sa mga sakit, kolera, kadahupan, kasalatan, taggutom at mga kahirapan—isang kaguluhang hindi pa naranasan ang katulad nito.
33 “And the remnant were affrighted, and gave glory to the God of heaven.”43 When the earthquake took place in Fárs, the survivors were wailing and lamenting day and night, and were occupied with praising and imploring God. So great was their fear and agitation that at night they could find no rest or composure.	11.33 “At ang mga iba ay nangatatakot, at nangagbigay ng kaluwalhatian sa Diyos ng langit.”[43] Nang maganap ang lindol sa Fárs, ang lahat ng mga nakaligtas ay nagdadalamhati at umiiyak sa araw at gabi, at naging abala sa pagluluwalhati at pagsasamo sa Diyos. Gayon na lamang ang kanilang takot at pagkabagabag na hindi sila nakapagpapahinga o natitiwasay.
34 “The second woe is past; and, behold, the third woe cometh quickly.”44 The first woe was the advent of the Apostle of God, Muḥammad the son of ‘Abdu’lláh, peace be upon Him. The second woe was that of the Báb, upon Him be glory and praise. The third woe is the great Day of the advent of the Lord of Hosts and the revelation of the promised Beauty. The explanation of this matter is provided in the thirtieth chapter of Ezekiel, where it is said: “The word of the Lord came again unto me, saying, Son of man, prophesy and say, Thus saith the Lord God; Howl ye, Woe worth the day! For the day is near, even the day of the Lord is near.”45 It is therefore evident then that the day of woe is the day of the Lord; for in that day woe is upon the heedless, the sinners, and the ignorant. That is why it is said, “The second woe is past; and, behold, the third woe cometh quickly.” This third woe is the day of the manifestation of Bahá’u’lláh, the Day of God, and it is near to the day of the appearance of the Báb.	11.34 “Nakaraan na ang ikalawang pagkaaba: narito, nagmamadaling dumarating ang ikatlong pagkaaba.”[44] Ang unang pagkaaba ay ang pagdating ng Apostol ng Diyos, si Muḥammad, ang anak ni ‘Abdu’lláh, nawa’y mapasa-Kaniya ang kapayapaan! Ang pangalawang pagkaaba ay ang pagdating ng Báb, nawa’y mapasa-Kaniya ang luwalhati at papuri! Ang pangatlong pagkaaba ay ang dakilang araw ng pagsapit ng Panginoon ng mga Hukbo at ang paghahayag ng ipinangakong Kagandahan. Ang paliwanag ng paksang ito ay nababanggit sa ikatatlumpung kapitulo ng Ezekiel, kung saan ay nakasaad: “Ang salita ng Panginoon ay dumating uli sa akin, na nagsasabi, Anak ng tao, manghula ka, at iyong sabihin, Ganito ang sabi ng Panginoong Diyos: Manambitan kayo: sa aba ng araw na yaon! Sapagkat ang kaarawan ay malapit na, sa makatuwid baga’y ang kaarawan ng Panginoon ay malapit na.”[45] Samakatwid ay tiyak na ang araw ng pagkaaba ay ang araw ng Panginoon; dahil sa araw na iyon ang pagkaaba ay nasa pabaya, sa makasalanan, at sa mga

	mangmang. Ito ang dahilan kung bakit nakasaad na, “Nakaraan na ang ikalawang pagkaaba: narito, nagmamadaling dumarating ang ikatlong pagkaaba.” Itong pangatlong pagkaaba ay ang araw ng kapahayagan ni Bahá’u’lláh, ang Araw ng Diyos, at ito ay malapit sa araw ng pagdating ng Báb.
35 “And the seventh angel sounded; and there were great voices in heaven, saying, The kingdoms of this world are become the kingdoms of our Lord, and of His Christ; and He shall reign for ever and ever.”46 That angel refers to human souls who have been endowed with heavenly attributes and invested with an angelic nature and disposition. Voices will be lifted up and the appearance of the divine Manifestation will be proclaimed and noised abroad. It will be announced that this day is the day of the advent of the Lord of Hosts, and this Dispensation the merciful Dispensation of the Divine Providence. It has been promised and recorded in all the Sacred Books and Scriptures that in this Day of God His divine and spiritual sovereignty will be established, the world will be renewed, a fresh spirit will be breathed into the body of creation, the divine springtime will be ushered in, the clouds of mercy will rain down, the Sun of Truth will shine forth, the life-giving breezes will blow: The world of humanity will be arrayed in a new garment; the face of the earth will become even as the highest paradise; humanity will be educated; war, dissension, strife, and contention will vanish; truthfulness, uprightness, peace, and godliness will prevail; love, concord, and union will encompass the world; and God will rule forevermore—that is, a spiritual and everlasting sovereignty will be established. Such is the Day of God. For all the days which have come and gone were the days of Abraham, Moses, Christ, or of the other Prophets, but this day is the Day of God, inasmuch as the Sun of Truth will shine forth	11.35 “At humihip ang ikapitong anghel; at nagkaroon ng malalakas na tinig sa langit, at nagsasabi, Ang kaharian ng sanlibutan ay naging sa ating Panginoon, at sa kaniyang Kristo: at Siya’y maghahari magpakailanman.”[46] Ang anghel na iyon ay tumutukoy sa mga taong pinagkalooban ng makalangit na mga katangian at taglay ang malaanghel na ugali at gawi. Ang mga tinig ay itataas at ang pagdating ng Banal na Kahayagan ay ipamamahayag at ipamamalita sa ibayo. Ipapahayag na ang araw na ito ay ang araw ng pagsapit ng Panginoon ng mga Hukbo, at ang Dispensasyong ito ang mahabaging Dispensasyon ng Poong Maykapal. Ipinangako at itinala ito sa lahat ng mga Banal na Aklat at mga Santong Kasulatan na sa Araw ng Diyos na ito, ang Kaniyang banal at espiritwal na paghahari ay maitatatag, ang daigdig ay muling magiging bago; ang isang panibagong espiritu ay maihihinga sa katawan ng sangnilikha, ang panahon ng banal na tagsibol ay darating, ang mga ulap ng habag ay uulan, ang Araw ng Katotohanan ay sisikat, ang mga simoy na nagbibigay-buhay ay hihihip: Ang daigdig ng sangkatauhan ay magsusuot ng panibagong damit; ang balat ng lupa ay magiging tulad ng kataas-taasang paraiso; ang sangkatauhan ay magtataglay ng pagkatuto; ang digmaan, pagtatalo, alitan at pag-aaway ay mawawala; ang pagkamakatotohanan, pagkamatuwid, kapayapaan at pagkamakadiyos ay iiral; ang pag-ibig, pagkakasundo at pagbubuklod ay papalibot sa daigdig; at ang Diyos ay maghahari magpakailanman—yaon ay, ang paghaharing espiritwal at walang-maliw ay maitatatag. Ganoon ang araw ng Diyos. Dahil

therein with the utmost intensity and radiance.	ang lahat ng mga araw na dumating at naglaho na ay ang mga araw nina Abraham, Moises, Kristo, o ng iba pang mga Propeta, ngunit ang araw na ito ay ang Araw ng Diyos, yamang ang Araw ng Katotohanan ay sisikat doon nang may sukdulang init at karingalan.
36 "And the four and twenty elders, which sat before God on their seats, fell upon their faces, and worshipped God, saying, We give Thee thanks, O Lord God Almighty, which art, and wast, and art to come; because Thou hast taken to Thee Thy great power, and hast reigned."47 In every Dispensation there have been twelve chosen ones: In the time of Joseph there were twelve brothers; in the time of Moses there were twelve heads or chiefs of the tribes; in the time of Christ there were twelve Apostles; and in the time of Muḥammad there were twelve Imáms. But in this glorious Revelation there are twenty-four such souls, double the number of all the others, for so does its greatness require.48 These holy souls are in the presence of God seated upon their thrones, meaning that they reign eternally.	11.36 "At ang dalawampu't apat na matatanda na nakaupo sa kani-kanilang luklukan sa harapan ng Diyos ay nangagpatirapa, at nangagsisamba sa Diyos, na nangagsasabi, Pinasasalamatan Ka namin, O Panginoong Diyos, na Lubos na Makapangyarihan, na Ikaw ngayon, at naging Ikaw nang nakaraan; sapagkat hinawakan Mo ang Iyong dakilang kapangyarihan, at Ikaw ay naghari."[47] Sa bawat Dispensasyon ay may piniling labindalawa: Sa panahon ni Jose ay may labindalawang magkapatid na lalaki; sa panahon ni Moises may labindalawang pinuno o hepe ng mga tribu; sa panahon ni Kristo ay may labindalawang Apostol; at sa panahon ni Muḥammad ay may labindalawang Imám. Ngunit sa maluwalhating Rebelasyong ito ay mayroong dalawampu't apat na gayong kaluluwa, doble sa bilang ng lahat ng iba, dahil kinakailangan ito ng kadakilaan nito.[48] Itong mga banal na kaluluwa ay nasa harap ng Diyos at nakaupo sa kani-kanilang mga trono, na nangangahulugang sila'y naghahari magpakailanman.
37 These twenty-four glorious souls, though they are established upon the throne of everlasting sovereignty, nonetheless bow down in adoration to, and are humble and submissive before, that universal Manifestation of God, saying, "We give Thee thanks, O Lord God Almighty, which art, and wast, and art to come; because Thou hast taken to Thee Thy great power, and hast reigned." That is, Thou wilt promulgate all Thy teachings, gather all the people of the earth under Thy shadow, and bring all men together under a single tabernacle. And	11.37 Itong dalawampu't apat na maluwalhating kaluluwa, bagaman nakaupo sila sa mga trono ng walang-maliw na paghahari, gayumpaman ay yumuyukod sa pagsamba, at mapakumbaba at masunurin sa pangkalahatang Kahayagan ng Diyos na iyon, sinasabing "Pinasasalamatan Ka namin, O Panginoong Diyos, na Lubos na Makapangyarihan, na umiiral ngayon, at noong nakaraan at sa hinaharap; sapagkat tinanganan Mo ang lahat ng Iyong dakilang kapangyarihan, at Ikaw ay naghahari." Yaon ay, ipatutupad Mo ang lahat ng Iyong mga

although sovereignty has always belonged to God, and He has ever been and will forever continue to be the supreme Sovereign, the reference in this instance is to the sovereignty of the Manifestation of His own Self, Who will promulgate such laws and teachings as are the very spirit of the world of humanity and the cause of everlasting life. That universal Manifestation will subdue the world through a spiritual power, not through war and strife. He will array the world with peace and harmony, not with swords and spears. He will establish this divine sovereignty through genuine love, not through military might. He will promote these divine teachings through kindness and amity, not through violence and arms. Even though these nations and peoples are, in view of the divergence of their conditions, the disparity of their customs and characters, and the diversity of their religions and races, even as the wolf and the lamb, the leopard and the kid, and the sucking child and the asp, He will so educate them that they will embrace, consort with, and confide in each other. Racial antipathy, religious animosity, and national rivalries will be entirely effaced, and all will attain perfect fellowship and complete harmony under the shade of the Blessed Tree.	turo, titipunin ang lahat ng mga tao ng daigdig sa ilalim ng Iyong lilim, at pagsasamahin Mo ang lahat ng mga tao sa ilalim ng lilim ng iisang tabernakulo. At bagaman ang paghahari ay laging taglay ng Diyos, at lagi Siyang naging, at patuloy na magiging, ang Kataas-taasang Hari, ang tinutukoy rito ay ang paghahari ng Kahayagan ng Kaniyang Sarili, na Siya ang magpapatupad ng gayong mga batas at mga turo na mismong diwa ng daigdig ng sangkatauhan at sanhi ng walang-hanggang buhay. Susupilin ng pangkalahatang Kahayagan na iyon ang daigdig sa pamamagitan ng espiritwal na kapangyarihan, hindi sa pamamagitan ng digmaan at labanan. Gaganyakan Niya ang daigdig ng kapayapaan at pagkakasundo, hindi ng mga kalis at mga sibat. Itatatag Niya itong banal na paghahari sa pamamagitan ng tunay na pag-ibig, at hindi sa pamamagitan ng kapangyarihang militar. Itataguyod Niya itong mga banal na turo sa pamamagitan ng kabutihan at pagkakaibigan, at hindi sa pamamagitan ng karahasan at armas. Bagaman ang mga bansa at mga sambayanang ito, bunga ng kanilang magkakaibang mga kalagayan, ng kanilang iba't ibang mga kaugalian at mga katangian, at ng pagkakaiba-iba ng kanilang mga relihiyon at mga lahi, na tulad ng lobo at ng kordero, ng leopardo at ng bisirong kambing, ng batang pasusuhin at ng makamandag na ahas, ay tuturuan Niya sa gayong antas na sila ay magyayapusan, makikisama at magtatapatang-loob sa isa't isa. Ang mga pagkamuhi ng mga lahi, ang poot dahil sa relihiyon, at ang payabangan ng mga bansa ay ganap na maaalis at ang lahat ay makatatamo ng lubos na pagkakaisa at ganap na pagkakasundo sa ilalim ng lilim ng Pinagpalang Puno.
38 "And the nations were angry," for Thy teachings ran counter to the selfish desires of the other nations, "and Thy wrath	11.38 "At nangagalit ang mga bansa," dahil ang Iyong mga turo ay salungat sa makasariling mga hangarin ng ibang mga

is come,”49 meaning that all suffered grievous loss for failing to follow Thy counsels, admonitions, and teachings; were deprived of grace everlasting; and were veiled from the light of the Sun of Truth.	bansa: “at dumating ang Iyong poot,”[49] na nangangahulugang ang lahat ay dumanas ng matinding kawalan dahil sa hindi pagsunod sa Iyong mga payo, mga paalaala, at mga turo; pinagkaitan ng walang-hanggang biyaya; at nalambungan mula sa liwanag ng Araw ng Katotohanan.
39 “And the time of the dead, that they should be judged”50 means that the time has come that the dead—that is, those who are deprived of the spirit of the love of God and bereft of that life which is holy and everlasting—should be judged with equity, meaning that each should be raised up according to their worthiness and capacity, and that the truth should be fully divulged as to what depths of degradation they occupy in this world of existence and how they should, in reality, be accounted among the dead.	11.39 “At ang panahon ng mga patay upang mangahatulan”[50] ay nangangahulugang dumating na ang panahon kung kailan ang mga patay—ang ibig sabihin ay yaong mga salat sa diwa ng pag-ibig sa Diyos at walang bahagi ng buhay na iyon na banal at walang-hanggan—ay hahatulan nang may karampatan, na nangangahulugang ibabangon ang bawat isa sang-ayon sa kanilang pagkamarapat at kakayahan, at ang katotohanan ay ganap na ibubunyag ukol sa kalaliman ng pagkaaba na kinalalagyan nila sa umiiral na daigdig na ito, at kung paano, sa katunayan, ay dapat silang ituring na mga patay.
40 “That Thou shouldest give reward unto Thy servants the prophets, and to the saints, and them that fear Thy name, small and great”;51 that is, that Thou wilt single out the righteous for Thy boundless grace, cause them to shine even as heavenly stars above the horizon of ancient glory, and aid them to show forth such conduct and character as to illumine the world of humanity and to become the means of guidance and the source of everlasting life in the divine Kingdom.	11.40 “At ng pagbibigay Mo ng gantimpala sa Iyong mga tagapaglingkod na mga propeta, at sa mga santo, at sa mga natatakot sa Iyong pangalan, maliliit at malalaki”;[51] yaon ay, Iyong pipiliin ang mga makatarungan para sa Iyong walang-hanggang biyaya, pasisikatin sila tulad ng mga bituin ng langit sa sugpungang-guhit ng napakatandang kaluwalhatian, at tutulungan silang ipakita ang gayong asal at ugaling tatanglaw sa daigdig ng sangkatauhan at magiging sanhi ng pamamatnubay at pinagmumulan ng walang-hanggang buhay sa Banal na Kaharian.
41 “And shouldest destroy them which destroy the earth”.52 That is, Thou wilt entirely deprive the heedless; for the blindness of the blind will be exposed and the sight of them that see will become evident; the ignorance and folly of the exponents of error will be recognized and the knowledge	11.41 “At upang ipahamak Mo ang mga nagpapahamak sa daigdig”.[52] Yaon ay, ganap na pagkakaitan Mo ang mga pabaya; dahil ang kabulagan ng mga bulag ay magiging hayag, at ang paningin ng mga nakakikita ay maihahayag; ang kamangmangan at kahangalan ng mga

and wisdom of the rightly guided will be manifested; and thus the destroyers will be destroyed.	nagtataguyod ng kamalian ay makikilala at ang kaalaman at karunungan ng mga taong nasa wasto ay magiging maliwanag; at sa gayon ang mga sumisira ay masisira.
42 “And the temple of God was opened in heaven.”53 This means that the divine Jerusalem has appeared and the Holy of Holies has become manifest. Among the people of true knowledge, the Holy of Holies refers to the essence of the religion of God and His true teachings, which have remained unchanged throughout all the prophetic Dispensations, as was explained previously, while Jerusalem encompasses the reality of the religion of God, which is the Holy of Holies, as well as all the laws, transactions, rites, and material ordinances, which constitute the city. That is why it is called the heavenly Jerusalem. Briefly, in the course of the Dispensation of the Sun of Truth, the lights of God will shine forth with the utmost splendour, and thus the essence of the divine teachings will be realized in the world of being, the darkness of ignorance and folly will be dispelled, the world will become another world, spiritual illumination will encompass all, and hence the Holy of Holies will appear.	11.42 “At ang templo ng Diyos ay binuksan sa langit.”[53] Nangangahulugan ito na ang banal na Herusalem ay lumitaw na, at ang Kabanal-banalan ay naging hayag. Para sa mga tao ng tunay na kaalaman, ang Kabanal-banalan ay tumutukoy sa pinakadiwa ng relihiyon ng Diyos at ng Kaniyang tunay na mga turo, na nananatiling hindi nagbabago sa kahabaan ng lahat ng mga Dispensasyon ng mga Propeta, tulad ng naipaliwanag na, samantalang ang Herusalem ay sumasaklaw sa realidad ng relihiyon ng Diyos, na iyon ang Kabanal-banalan, at gayundin iyon ang lahat ng mga batas, mga ugnayan sa isa’t isa, mga ritwal at pangmateryal na mga reglamento, na bumubuo sa lungsod. Iyon ang dahilan kung bakit ito tinaguriang makalangit na Herusalem. Sa madaling salita, sa loob ng Dispensasyon ng Araw ng Katotohanan, ang mga liwanag ng Diyos ay sisikat sa sukdulang karingalan, at sa gayon ang pinakadiwa ng mga banal na turo ay maisasakatuparan sa umiiral na daigdig, ang karimlan ng kamangmangan at kahangalan ay mapapawi, ang daigdig ay magiging isang bagong daigdig, ang liwanag ay babalot sa lahat, at sa gayon ang Kabanal-banalan ay lilitaw.
43 “And the temple of God was opened in heaven.”54 This means also that through the dissemination of these divine teachings, the disclosure of these heavenly mysteries, and the dawning of the Sun of Truth, the portals of progress and advancement will be flung open on all sides and the signs of celestial blessings and bestowals will be made manifest.	11.43 “At ang templo ng Diyos ay binuksan sa langit.”[54] Nangangahulugan din ito na sa pamamagitan ng pagpapalaganap nitong mga banal na turo, ng pagsisiwalat nitong makalangit na mga hiwaga, at ng pagsikat ng Araw ng Katotohanan, ang mga pinto ng pagsulong at pag-unlad ay mabubuksan sa bawat dako at ang mga tanda ng makalangit na mga biyaya at kaloob ay magiging hayag.

44 “And there was seen in His temple the ark of His Testament.”55 This means that the Book of His Covenant will appear in His Jerusalem, the Tablet of the Testament will be recorded, and the meaning of the Covenant and Testament will become evident. The call of God will resound throughout East and West, and the earth will be filled with the renown of the Cause of God. The violators of the Covenant will be humbled and abased, and the faithful will attain honour and glory, for they hold fast to the Book of the Covenant and are firm and unwavering in the path of the Testament.	11.44 “At nakita sa Kaniyang templo ang kaban ng Kaniyang Tipan.”[55] Ang ibig sabihin nito ay ang Aklat ng Kaniyang Kasunduan ay lilitaw sa Kaniyang Herusalem, ang Tableta ng Tipan ay maitatala, at ang kahulugan ng Kasunduan at Tipan ay magiging maliwanag. Ang panawagan ng Diyos ay dadagundong sa Silangan at Kanluran, at ang daigdig ay mapupuspos ng kabantugan ng Kapakanan ng Diyos. Ang mga lumalabag sa Kasunduan ay hahamakin at maaaba at ang mga matatapat ay magtatamasa ng karangalan at at luwalhati, dahil kumakapit sila nang mahigpit sa Aklat ng Kasunduan at sila’y matatag at tapat sa landas ng Tipan.
45 “And there were lightnings, and voices, and thunderings, and an earthquake, and great hail”,56 meaning that after the appearance of the Book of the Covenant there will be a great tempest, the lightning of divine anger and wrath will flash, the thunder of the violation of the Covenant will break, the tremor of doubt will shake the earth, the hail of torments will rain upon the violators of the Covenant, and those who claim to believe will be subjected to tests and trials.	11.45 “At nagkaroon ng mga kidlat, at mga tinig, at mga kulog, at isang lindol, at matinding pag-ulan ng yelo”,[56] na nangangahulugang pagkatapos lumitaw ang Aklat ng Kasunduan ay magkakaroon ng matinding bagyo, ang kidlat ng galit at poot ng Diyos ay sisiklab, ang kulog ng paglalabag sa Kasunduan ay tutunog, ang lindol ng pagdududa ay yayanig sa lupa, ang mga pahirap na pag-ulan ng yelo ay hahampas sa mga lumalabag sa Kasunduan, at yaong mga nagsasabing nananalig sila ay mahuhulog sa mga pagsubok at mga kahirapan.
12	12
Commentary on the Eleventh Chapter of Isaiah	Paliwanag sa Ikalabing-Isang Kapitulo ni Isias
1 In Isaiah 11:1–9 it is said: “And there shall come forth a rod out of the stem of Jesse, and a Branch shall grow out of his roots: And the spirit of the Lord shall rest upon him, the spirit of wisdom and understanding, the spirit of counsel and might, the spirit of knowledge and of the fear of the Lord; And shall make him of quick understanding in the fear of the Lord: and he shall not judge after the sight of his eyes,	12.1 Sa Isias, 11:1-9 ay nakasaad: “At may lalabas na usbong sa puno ni Isai, at isang Sanga mula sa sa kaniyang mga ugat ay magbubunga: At ang Espiritu ng Panginoon ay sasakaniya, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon; At ang kaniyang kaluguran ay magiging pagkatakot sa Panginoon: at hindi siya hahatol ng ayon sa paningin ng kaniyang

neither reprove after the hearing of his ears: But with righteousness shall he judge the poor, and reprove with equity for the meek of the earth: and he shall smite the earth with the rod of his mouth, and with the breath of his lips shall he slay the wicked. And righteousness shall be the girdle of his loins, and faithfulness the girdle of his reins. The wolf also shall dwell with the lamb, and the leopard shall lie down with the kid; and the calf and the young lion and the fatling together; and a little child shall lead them. And the cow and the bear shall feed; their young ones shall lie down together: and the lion shall eat straw like the ox. And the sucking child shall play on the hole of the asp, and the weaned child shall put his hand on the cockatrice' den. They shall not hurt nor destroy in all my holy mountain: for the earth shall be full of the knowledge of the Lord, as the waters cover the sea."	mga mata, ni sasaway man ng ayon sa pakinig ng kaniyang mga tainga: Kundi hahatol siya ng katwiran sa dukha, at sasaway na may karampatan dahil sa mga maamo sa lupa: at sasaktan niya ang lupa ng pamalo ng kaniyang bibig, at ng hinga ng kaniyang mga labi ay kaniyang papatayin ang masama. At katwiran ang magiging bigkis ng kaniyang baywang, at pagtatapat ang pamigkis ng kaniyang balakang. At ang lobo ay tatahang kasama ng kordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping ng batang kambing; at ang guya, at ang batang leon, at ang patabain na magkakasama; at papatnubayan sila ng munting bata. At ang baka at ang oso ay manginginain; ang kanilang mga anak ay mahihigang magkakasiping: at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka. At ang batang pasusuhin ay maglalaro sa lungga ng ulupong, at isusuot ng batang kahihiwalay sa suso ang kaniyang kamay sa lungga ng ulupong. Hindi sila magsisipanakit o magsisipanira man sa aking buong banal na bundok: sapagkat ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat."
2 This "rod out of the stem of Jesse" might seem to apply to Christ, for Joseph was a descendant of Jesse, the father of David. However, since Christ had come into being through the Divine Spirit, He called Himself the Son of God. Had this not been the case, this passage could have indeed applied to Him. Moreover, the events that are said to occur in the days of that rod, if they be interpreted figuratively, came to pass only in part, and if they be taken literally, failed absolutely and entirely to take place in the days of Christ.	12.2 Itong "usbong mula sa puno ni Isai" ay waring tumutukoy kay Kristo, dahil si Jose ay isa sa mga inapo ni Isai, ang ama ni David. Subalit dahil si Kristo ay nabuhay sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, tinagurian Niya ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng Diyos. Kung hindi sana ito ganoon, ang siping ito ay maaari talagang tumukoy sa Kaniya. Higit pa rito, ang mga pangyayaring sinasabing magaganap sa mga araw ng usbong na iyon, kung bibigyan ng pansagisag na kahulugan, ay bahagya lamang ang naganap noong panahon ni Kristo, at kung ang kahulugan ay literal, tiyak na walang naganap sa mga tandang ito sa panahon ni Kristo.
3 For instance, we might say that the leopard and the kid, the lion and the	12.3 Halimbawa, masasabi nating ang leopardo at ang kordero, ang leon at ang

calf, the sucking child and the asp, represent the various nations, the hostile peoples and contending kindreds of the earth who in their opposition and enmity were even as the wolf and the lamb, and who through the breezes of the messianic Spirit came to be endowed with the spirit of unity and fellowship, were quickened to life, and associated intimately one with another. But the condition referred to in the statement "They shall not hurt nor destroy in all My holy mountain: for the earth shall be full of the knowledge of the Lord, as the waters cover the sea" did not materialize in the Dispensation of Christ. For to this day there are various hostile and contending nations in the world: Few acknowledge the God of Israel, and most are deprived of the knowledge of God. Likewise, universal peace was not established with the advent of Christ; that is, peace and well-being were not realized among the hostile and contending nations, disputes and conflicts were not resolved, and harmony and sincerity were not attained. Thus, even to this day intense enmity, hatred, and conflict prevail among the Christian peoples themselves.	guya, ang bata at ang ahas, ay sumasagisag sa iba't ibang bansa, sa magkagalit na mga sambayanan, at magkaaway na mga kaanak ng daigdig, na sa kanilang labanan at poot ay tulad ng lobo at ng kordero, at sa pamamagitan ng mga simoy ng espiritu ng Mesiyas ay pinagkalooban ng diwa ng pagkakaisa at pagkakasundo, at matalik na nakipaghalubilo sa isa't isa. Subalit ang kondisyong tinutukoy ng pahayag na "hindi sila magsisipanakit ni magsisipanira man sa aking buong banal na bundok: sapagkat ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat" ay hindi naganap sa panahon ng Dispensasyon ni Kristo. Dahil hanggang sa kasalukuyang araw ay mayroong magkakagalit at magkakaaway na mga bansa sa daigdig: Iilan lamang ang kumikilala sa Diyos ng Israel, at ang karamihan ay walang kaalaman hinggil sa Diyos. Gayundin, ang pandaigdigang kapayapaan ay hindi naitatag sa pagsapit ni Kristo; yaon ay, ang kapayapaan at mabuting kalagayan ng magkagalit at magkaaway na mga bansa ay hindi umiiral, ang mga pagtatalo at mga hidwaan ay hindi nalutas, at ang pagkakasundo at katapatan ay hindi natamo. Kung gayon, hanggang sa araw na ito, ang matinding galit, pagkamuhi, at pag-aaway ay umiiral sa pagitan ng mga sambayanang Kristiyano.
4 But these verses apply word for word to Bahá'u'lláh. Moreover, in this wondrous Dispensation the earth will become another earth and the world of humanity will be arrayed with perfect composure and adornment. Strife, contention, and bloodshed will give way to peace, sincerity, and harmony. Among the nations, peoples, kindreds, and governments, love and amity will prevail and cooperation and close connection will be firmly established. Ultimately, war will be entirely banned, and when the laws of the Most Holy Book are	12.4 Subalit ang bawat salita ng mga bersikulong ito ay tumutukoy kay Bahá'u'lláh. Higit pa rito, sa kamangha-manghang Dispensasyong ito, ang daigdig ay magiging ibang daigdig, at ang sangkatauhan ay madadamtan ng ganap na katahimikan at kagandahan. Ang pagtatalo, pag-aaway, at pagdanak ng dugo ay mapapalitan ng kapayapaan, katapatan, at pagkakasundo. Iiral sa pagitan ng mga bansa, mga sambayanan, mga kaanak, at mga pamahalaan ang pag-ibig at pagkakasundo, at ang pagtutulungan at malapit na ugnayan ay

enacted, arguments and disputes will, with perfect justice, be settled before a universal tribunal of governments and peoples, and any difficulties which may arise will be resolved. The five continents of the world will become as one, its divers nations will become one nation, the earth will become one homeland, and the human race will become one people. Countries will be so intimately connected, and peoples and nations so commingled and united, that the human race will become as one family and one kindred. The light of heavenly love will shine and the gloomy darkness of hatred and enmity will be dispelled as far as possible. Universal peace will raise its pavilion in the midmost heart of creation and the blessed Tree of Life will so grow and flourish as to stretch its sheltering shade over the East and the West. Strong and weak, rich and poor, contending kindreds and hostile nations—which are like the wolf and the lamb, the leopard and kid, the lion and the calf—will treat one another with the utmost love, unity, justice, and equity. The earth will be filled with knowledge and learning, with the realities and mysteries of creation, and with the knowledge of God.	matibay na maitatatag. Sa wakas ang digmaan ay ganap na ipagbabawal, at kapag ipinatupad na ang mga batas ng Pinakabanal na Aklat, ang mga pagtatalo at mga pag-aaway ay maipagkakasundo sa harap ng pangkalahatang hukuman ng mga pamahalaan at mga sambayanan, at ang anumang lumitaw na suliranin ay malulutas. Ang limang lupalop ng daigdig ay magiging waring iisa lamang, ang magkakaibang mga bansa nito ay magiging isa, ang lupa ay magiging iisang inang bayan, at ang sangkatauhan ay magiging iisang lahi. Ang mga estado ay magkakaroon ng napakalapit na ugnayan, at ang mga sambayanan at mga bansa ay tatamasa ng gayong pagsasama-sama at pagkakaisa, na ang sangkatauhan ay magiging tulad ng iisang pamilya at iisang kamag-anakan. Ang liwanag ng makalangit na pag-ibig ay sisinag, at ang mapanglaw na karimlan ng pagkamuhi at poot ay mapapawi hanggang sa kalayu-layuang maaabot nito. Itataas ng pandaigdigang kapayapaan ang pabilyon nito sa kaibuturang puso ng kinapal, at ang pinagpalang Puno ng Buhay ay tutubo at lalago sa gayong antas na lililiman nito ang Silangan at Kanluran. Ang malakas at ang mahina, ang mayaman at ang mahirap, ang magkaaway na mga kaanak at magkagalit na mga bansa—na tulad ng lobo at ng kordero, ng leopardo at ng batang kambing, at ng leon at ng guya—ay makikitungo sa isa't isa nang may ganap na pagmamahal, pagkakaisa, katarungan at karampatan. Ang daigdig ay mapupuspos ng kaalaman at pagkatuto, ng mga realidad at mga hiwaga ng sangnilikha, at ng kaalaman ng Diyos.
5 Now, in this glorious age, which is the century of Bahá'u'lláh, consider how far knowledge and learning have progressed, how fully the mysteries of creation have been unveiled, and how many great undertakings have been embarked upon and are multiplying day by day! Soon will	12.5 Ngayon sa maluwalhating panahon na ito na siglo ni Bahá'u'lláh, isipin kung hanggang saan na ang pagsulong ng kaalaman at pagkatuto, kung gaano kalubos na ang pagsiwalat sa mga hiwaga ng sangnilikha, at kung gaano karaming dakilang pagsisikap ang isinasagawa at

material knowledge and learning, as well as spiritual knowledge, make such progress and display such wonders as to dazzle every eye and to disclose the full meaning of the verse of Isaiah: “for the earth shall be full of the knowledge of the Lord”.	dumarami sa araw-araw. Di-magtatagal ang pangmateryal na kaalaman at pagkatuto, at gayundin ang espiritwal na kaalaman, ay magkakaroon ng gayong pag-unlad at magpapakita ng gayong mga kamanghaan na masisilaw ang bawat mata, at maisisiwalat ang buong kahulugan ng bersikulo sa Isias: “sapagkat ang daigdig ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon”.
6 Consider likewise that in the short span of time since the advent of Bahá’u’lláh, people of all nations, kindreds, and races have entered beneath the shadow of this Cause. Christians, Jews, Zoroastrians, Hindus, Buddhists, and Persians all consort together with perfect love and fellowship, as if for a thousand years they had belonged to the same kindred and family—indeed, as if they were father and son, mother and daughter, sister and brother. This is one of the meanings of the fellowship between the wolf and the lamb, the leopard and the kid, and the lion and the calf.	12.6 Pag-isipan ding sa loob ng maikling panahon mula sa pagdating ni Bahá’u’lláh, ang mga tao mula sa lahat ng mga bayan, mga kaanak at mga lahi ay sumailalim sa lilim ng Kapakanang ito. Kristiyano, Hudyo, Zoroastriyano, Hindu, Budista, at Persiyano, ay lahat nakikipag-ugnay sa isa’t isa nang may sukdulang pag-ibig at pagkakaibigan, na tila baga’y sa loob ng isang libong taon ay magkamag-anak at magkapamilya na sila—katunayan, para silang ama at lalaking anak, ina at babaeng anak, at magkakapatid. Ito ang isa sa mga kahulugan ng mabuting samahan ng lobo at ng kordero, ng leopardo at ng batang kambing, at ng leon at ng guya.
7 One of the great events which is to occur in the Day of the manifestation of that Incomparable Branch is the hoisting of the Standard of God among all nations. By this is meant that all nations and kindreds will be gathered together under the shadow of this Divine Banner, which is no other than the Lordly Branch itself, and will become a single nation. Religious and sectarian antagonism, the hostility of races and peoples, and differences among nations will be eliminated. All men will adhere to one religion, will have one common faith, will be blended into one race and become a single people. All will dwell in one common fatherland, which is the planet itself. 57 Universal peace and concord will be established among all nations. That Incomparable Branch will gather together all Israel; that is, in His Dispensation Israel will	12.7 Ang isa sa mga dakilang pangyayaring magaganap sa Araw ng kapahayagan noong Walang-halintulad na Sanga ay ang pagtaas ng Bandila ng Diyos sa lahat ng mga bansa. Ang kahulugan nito ay ang lahat ng mga bansa at mga kaanak ay matitipon sa ilalim ng lilim nitong Banal na Bandila, na walang iba kundi ang mismong Sanga ng Panginoon, at ito ay magiging iisang bansa. Ang pag-aaway ng mga relihiyon at mga sekta, ang labanan ng mga lahi at mga sambayanan, at ang mga hidwaan sa mga bansa, ay maiwawaksi. Ang lahat ng tao ay susunod sa iisang relihiyon, magkakaroon ng iisang pananampalataya, magiging iisang lahi, at magiging iisang sambayanan. Ang lahat ay mananahan sa iisang inang-bayan, na iyon ay ang planeta mismo.[57] Ang pandaigdigang kapayapaan at pagkakasundo ay makakamtan ng lahat ng

be gathered in the Holy Land, and the Jewish people who are now scattered in the East and the West, the North and the South, will be assembled together.	mga bansa at ang Walang-halintulad na Sanga ay titipon sa buong Israel, na nangangahulugang sa pag-inog na ito ay titipunin ang Israel sa Pinagpalang Lupain, at ang mga taong Hudyo na nakakalat sa Silangan at Kanluran, sa Timog at Hilaga, ay pagtitipunin.
8 Now, observe that these events did not take place in the Christian Dispensation, for the nations did not enlist under that single banner—that divine Branch—but in this Dispensation of the Lord of Hosts all nations and peoples will enter beneath His shadow. Likewise Israel, which had been scattered throughout the world, was not gathered together in the Holy Land in the course of the Christian Dispensation, but in the beginning of the Dispensation of Bahá'u'lláh this divine promise, which has been clearly stated in all the Books of the Prophets, has begun to materialize. Observe how from all corners of the world Jewish peoples are coming to the Holy Land, acquiring villages and lands to inhabit, and increasing day by day to such an extent that all Palestine is becoming their home.	12.8 Ngayon ay masdan na ang mga bagay na ito ay hindi naganap sa Dispensasyong Kristiyano, dahil ang mga bansa ay hindi sumailalim sa iisang bandilang iyon—yaong banal na Sanga—ngunit sa Dispensasyong ito ng Panginoon ng mga Hukbo ang lahat ng mga bansa at mga sambayanan ay sumailalim sa lilim ng Kaniyang anino. Gayundin, ang Israel, na ikinalat sa buong daigdig, ay hindi muling tinipon sa panahon ng Dispensasyong Kristiyano; subalit sa simula ng Dispensasyon ni Bahá'u'lláh ang banal na pangakong ito, na maliwanag na nakasaad sa lahat ng mga Aklat ng mga Propeta, ay nagsisimula nang maganap. Masdan kung paanong mula sa lahat ng dako ng daigdig ang sambayanang Hudyo ay dumarating na sa Pinagpalang Lupain, kumakamit ng mga kanayunan at naninirahan sila sa mga nayon at sa mga lupaing matitirahan, at dumarami sa araw-araw hanggang sa gayong antas na ang buong Palestina ay nagiging tahanan na nila.
13	13
Commentary on the Twelfth Chapter of the Revelation of John	Paliwanag sa Ikalabindalawang Kapitulo ng Apokalipsis ni San Juan
1 We have explained before that what the Sacred Scriptures most often mean by the Holy City or divine Jerusalem is the religion of God, which has at times been likened to a bride, or called "Jerusalem", or depicted as the new heaven and the new earth. Thus in Revelation, chapter 21, it is said: "And I saw a new heaven and a new earth: for the first heaven and the first earth were passed away;	13.1 Ipinaliwanag na natin noong nakaraan na ang kadalasang tinutukoy ng mga Santong Kasulatan sa terminong Banal na Lungsod o banal na Herusalem ay ang relihiyon ng Diyos, na magkaminsan ay inihahalintulad sa babaeng ikakasal, o tinatawag na "Herusalem," o inilalarawan bilang bagong langit at bagong lupa. Kung gayon, sa Apokalipsis kapitulo 21 ay

and there was no more sea. And I John saw the holy city, new Jerusalem, coming down from God out of heaven, prepared as a bride adorned for her husband. And I heard a great voice out of heaven saying, Behold, the tabernacle of God is with men, and He will dwell with them, and they shall be His people, and God Himself shall be with them, and be their God."58	nakasaad: "At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagkat ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na. At ako, si Juan, ay nakita ko ang banal na lungsod, ang bagong Herusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos, na nahahandang gaya ng isang babaeng ikakasal na nagagayakan para sa kaniyang asawa. At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa langit na nagsasabi, Masdan, ang tabernakulo ng Diyos ay nasa mga tao, at Siya'y mananahan sa kanila, at sila'y magiging Kaniyang mga tao, at ang Diyos mismo ang sasakanila, at magiging Diyos nila."[58]
2 Consider how unmistakably "the first heaven" and "the first earth" refer to the outward aspects of the former religion. For it is said that "the first heaven and earth were passed away; and there was no more sea". That is, the earth is the arena of the last judgement, and in this arena there will be no more sea, meaning that the law and teachings of God will have spread throughout the earth, all mankind will have embraced His Cause, and the earth will have been entirely peopled by the faithful. Thus there will be no more sea, for man dwells upon solid land and not in the sea—that is, in that Dispensation the sphere of influence of that religion will encompass every land that man has trodden, and it will be established upon solid ground whereon the feet do not falter.	13.2 Masdan kung gaano kaliwanag na ang "unang langit" at ang "unang lupa" ay tumutukoy sa panlabas na mga anyo ng naunang relihiyon. Dahil nakasaad na ang "unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na". Yaon ay, ang lupa ay ang larangan ng paghuhukom, at dito sa larangang ito ay wala nang dagat, na nangangahulugang ang batas at mga turo ng Diyos ay lumalaganap na sa buong daigdig, ang buong sangkatauhan ay tumatanggap na sa Kaniyang Kapakanan, at ang buong daigdig ay tinatahanan na ng matatapat. Samakatwid ay wala nang dagat dahil ang tao ay tumitira sa tuyong lupa at hindi sa dagat—yaon ay, sa Dispensasyong iyon ang saklaw ng impluwensiya ng relihiyong iyon ay sasakop sa bawat lupaing linalakaran ng tao, at ito ay maitatatag sa matibay na lupa kung saan hindi dumudulas ang paa.
3 Likewise, the religion of God is described as the Holy City or the New Jerusalem. Clearly, the New Jerusalem which descends from heaven is not a city of stone and lime, of brick and mortar, but is rather the religion of God which descends from heaven and is described as new. For it is obvious that the Jerusalem which is built of stone and mortar does not descend from	13.3 Gayundin, ang relihiyon ng Diyos ay inilalarawan bilang Banal na Lungsod o Bagong Herusalem. Maliwanag na ang Bagong Herusalem na bumababa mula sa langit ay hindi isang lungsod na yari sa bato at apog, sa laryo at semento, bagkus ay ito ang relihiyon ng Diyos na bumaba mula sa langit at tinatawag na bago. Dahil maliwanag na ang Herusalem na yari sa bato

heaven and is not renewed, but that what is renewed is the religion of God.	at semento ay hindi bumababa mula sa langit, at ito ay hindi ginagawang bago, subalit ang muling binabago ay ang relihiyon ng Diyos.
4 Furthermore, the religion of God is likened to an adorned bride who appears with the utmost grace, as it has been said in chapter 21 of the Revelation of John: "And I John saw the holy city, new Jerusalem, coming down from God out of heaven, prepared as a bride adorned for her husband."59 And in chapter 12 it is said: "And there appeared a great wonder in heaven; a woman clothed with the sun, and the moon under her feet, and upon her head a crown of twelve stars." This woman is that bride, the religion of God, that descended upon Muḥammad. The sun with which she was clothed, and the moon which was under her feet, are the two governments which are under the shadow of that religion, the Persian and the Ottoman, for the emblem of Persia is the sun and that of the Ottoman Empire is the crescent moon. Thus the sun and the moon allude to two governments under the shadow of the religion of God. Afterwards it is said: "upon her head a crown of twelve stars". These twelve stars represent the twelve Imáms, who were the promoters of the religion of Muḥammad and the educators of the nation, and who shone as stars in the heaven of guidance.	13.4 Higit pa rito, ang relihiyon ng Diyos ay inihahalintulad sa pinalamutiang babaeng ikakasal na taglay ang sukdulang kabinihan, tulad ng nabanggit sa kapitulo 21 ng Apokalipsis ni San Juan: "At ako, si Juan, ay nakita ko ang banal na lungsod, ang bagong Herusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Diyos, na nahahandang gaya ng isang babaeng ikakasal na nagagayakan para sa kaniyang asawa."[59] At sa kapitulo 12 ay nakasaad: "At ang isang dakilang tanda ay nakita sa langit: isang babae na nararamtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kaniyang mga paa, at sa kaniyang ulo ay may isang putong na labindalawang bituin." Ang babaeng ito ay ang babaeng ikakasal, ang relihiyon ng Diyos na bumaba kay Muḥammad. Ang araw na kaniyang damit, at ang buwan na nasa ilalim ng kaniyang mga paa, ay ang dalawang pamahalaang nasa lilim ng relihihyong iyon, ang Persiya at ang Ottoman; dahil ang sagisag ng Persiya ay ang araw, at yaong sa Imperyo ng Ottoman ay ang buwang gasuklay. Kung gayon ang araw at ang buwan ay tumutukoy sa dalawang kahariang nasa ilalim ng kapangyarihan ng relihiyon ng Diyos. Pagkatapos ay nakasaad: "sa kaniyang ulo ay may isang putong na labindalawang bituin". Ang labindalawang bituin ay sumasagisag sa labindalawang Imám, na sila ang mga tagapagtaguyod ng relihiyon ni Muḥammad at ang mga tagapagturo sa bansa, na sumisikat na tulad sa mga bituin sa langit ng pamamatnubay.
5 Then it is said: "And she being with child cried, travailing in birth, and pained to be delivered",60 meaning that this religion will suffer great difficulties and endure great toil and trouble until a perfect offspring is produced therefrom—that is, until the subsequent and promised Manifestation, Who is a perfect offspring, is	13.5 Pagkatapos ay nakasaad na: "At siya'y nagdadalantao; at siya'y sumisigaw, na nagdaramdam sa panganganak, at sa hirap upang manganak",[60] na nangangahulugang ang relihiyong ito ay daranas ng malaking kahirapan at titiisin ang mabigat na trabaho at matinding kaguluhan hanggang sa

reared in the bosom of this religion, which is even as its mother. By this offspring is meant the Báb, the Primal Point, Who was in truth born from the religion of Muḥammad. In other words, that sacred Reality which was the child and the result of the religion of God—its mother—and which was its Promised One, came into being in the heavenly kingdom of that religion, but was caught up unto God to elude the ascendancy of the dragon. After 1,260 days the dragon was destroyed and the offspring of the religion of God, the Promised One, was made manifest.	magkaroon ng ganap na supling mula roon—yaon ay, hanggang sa kasunod na ipinangakong Kahayagan, na Siya ang ganap na supling na pinalaki sa dibdib ng relihiyong ito, na iyon ay tulad ng ina nito. Ang batang tinutukoy ay ang Báb, ang Panimulang Tuldok, na tunay ngang ipinanganak mula sa relihiyon ni Muḥammad. Sa ibang salita, ang Banal na Realidad na iyon, na supling at bunga ng relihiyon ng Diyos—na ina niyon—at na iyon ang Siyang Ipinangako, ay nagkaroon ng pag-iral sa makalangit na kaharian ng relihiyong iyon; subalit ay iniakyat sa Diyos upang makaiwas sa pamamayagpag ng dragon. Pagkalipas ng 1,260 araw ang dragon ay nalipol, at ang anak ng relihiyon ng Diyos, ang Siyang Ipinangako, ay naging hayag.
6 “And there appeared another wonder in heaven; and behold a great red dragon, having seven heads and ten horns, and seven crowns upon his heads. And his tail drew the third part of the stars of heaven, and did cast them to the earth.”61 This dragon represents the Umayyads, who seized the reins of the religion of Muḥammad; and the seven heads and seven crowns represent the seven dominions and kingdoms over which they came to rule: the Roman dominion in Syria; the Persian, the Arabian, and the Egyptian dominions; the dominion of Africa—that is, Tunisia, Morocco, and Algeria; the dominion of Andalusia, which is now Spain; and the dominion of the Turkish tribes of Transoxania. The Umayyads gained power over all these dominions. The ten horns represent the names of the Umayyad rulers, for, barring repetition, they are ten sovereigns, or ten names of chiefs and rulers. The first is Abú-Sufyán and the last is Marván. Some of their names have been repeated, including two Mu‘áviyihs, three Yazíds, two Valíds, and two Marváns. If, however, these names are each counted only once, they number ten in total. These	13.6 “At ang ibang tanda ay nakita sa langit: at narito, ang isang malaking dragong mapula, na may pitong ulo at sampung sungay, at sa kaniyang mga ulo’y may pitong diyadema. At kinaladkad ng kaniyang buntot ang ikatlong bahagi ng mga bituin sa langit, at ipinaghagis sa lupa: at lumagay ang dragon sa harapan ng babaeng manganganak na, upang lamunin ang kaniyang anak na pagpapanganak niya.”[61] Ang dragong ito ay sumasagisag sa mga Umayyad, na umagaw sa mga renda ng relihiyon ni Muḥammad; at ang pitong ulo at pitong korona ay sumasagisag sa pitong mga kinasasakupan at mga kaharian nila: ang kinasasakupang Romano sa Syria; ang kinasasakupang mga Persiyano, Arab at Ehipsiyo; ang kinasasakupang Aprika—yaon ay, Tunisia, Morocco at Algeria; ang kinasasakupang Andalusia, na ngayon ay ang España; at ang kinasasakupang mga tribung Turko sa Transoxania. Ang mga Umayyad ay nagkaroon ng kapangyarihan sa lahat ng mga kinasasakupang ito. Ang sampung sungay ay sumasagisag sa mga pangalan ng mga haring Umayyad, sapagkat kapag walang inuulit, sila ay sampung hari, o sampung pangalan ng

Umayyads—the first of whom was Abú-Sufyán, the former chief of Mecca and founder of the dynasty, and the last of whom was Marván—destroyed a third of the holy and sanctified souls who descended from the pure lineage of Muḥammad and who were even as the stars of heaven.	mga pinuno o hari. Ang una ay si Abú Sufyán at ang huli ay si Marván. Ang ilan sa kanilang mga pangalan ay naulit, kabilang na roon ang dalawang Mu‘áviyih, tatlong Yazíd, dalawang Valíd, at dalawang Marván. Subalit kung bibilangin ang bawat pangalang ito nang minsan lamang, ay sampu ang kabuuan. Itong mga Umayyad, na ang una ay si Abú Sufyán, ang dating pinuno ng Mecca at ang nagsimula ng dinastiya, at ang huli na si Marván, ay pumatay sa ikatlong bahagi ng banal at malasantong mga kaluluwang buhat sa angkan ni Muḥammad, na inihahalintulad sa mga bituin sa langit.
7 “And the dragon stood before the woman which was ready to be delivered, for to devour her child as soon as it was born.”62 This woman is the religion of God, as was before explained. The dragon’s standing near her signifies that it was keeping watch to devour her child as soon as it had been delivered. This child was the promised Manifestation, Who is the offspring of the religion of Muḥammad. The Umayyads were ever anxious to lay hold on the Promised One Who was to appear from the lineage of Muḥammad, that they might destroy and annihilate Him, for they greatly feared His advent. And so wherever they found a descendant of Muḥammad who was respected in the eyes of the people, they killed him.	13.7 “At lumagay ang dragon sa harapan ng babaeng manganganak na, upang lamunin ang kaniyang anak na pagpapanganak niya.”[62] Ang babaeng ito ay ang relihiyon ng Diyos, tulad ng naipaliwanag na natin. Ang dragong nasa harap ng babae ay nangangahulugang nagmamatyag ito upang lamunin ang kaniyang anak agad na maipanganak ito. Ang anak na ito ay ang ipinangakong Kahayagan, na anak ng relihiyon ni Muḥammad. Ang mga Umayyad ay laging nakaabang upang dakpin ang Siyang Ipinangako, na magmumula sa angkan ni Muḥammad, upang lipulin at patayin Siya, dahil labis nilang kinakatakutan ang pagdating Niya. At sa gayon, sa tuwing makatagpo sila ng inapo ni Muḥammad na lubusang iginagalang ng mga tao ay pinapatay nila siya.
8 “And she brought forth a man child, who was to rule all nations with a rod of iron.”63 This glorious son is the promised Manifestation, Who was born of the religion of God and reared in the bosom of the divine teachings. The iron rod is a symbol of might and power—it is not a sword—and means that He will shepherd all the nations of the earth by virtue of His divine might and power. And by this son is meant the Báb.	13.8 “At siya’y nanganak ng isang anak na lalaki, na maghahari na may panghampas na bakal sa lahat ng mga bansa.”[63] Ang maluwalhating anak na ito ay ang ipinangakong Kahayagan na Siyang ipinanganak sa relihiyon ng Diyos at pinalaki sa dibdib ng mga banal na turo. Ang panghampas na bakal ay sagisag ng kapangyarihan at lakas—hindi ito espada—at nangangahulugang aakayin Niya ang lahat ng mga bansa ng daigdig sa pamamagitan ng Kaniyang banal na

	kapangyarihan at lakas. At ang tinutukoy ng anak na ito ay ang Báb.
9 “And her child was caught up unto God, and to His throne.”64 This is a prophecy concerning the Báb, Who ascended to the Kingdom, the Throne of God, and the Seat of His sovereignty. Consider how closely this conforms to what indeed came to pass.	13.9 “At ang kaniyang anak ay inagaw na dinala hanggang sa Diyos, at hanggang sa kaniyang trono.”[64] Ito ay isang propesiya tungkol sa Báb, na umakyat sa Kaharian, sa Trono ng Diyos, at sa Luklukan ng Kaniyang paghahari. Isipin kung gaano kalapit ang pagtutugma nito sa totoong naganap.
10 “And the woman fled into the wilderness”;65 that is, the religion of God betook itself to the desert, meaning the vast desert of Ḥijáz and the Arabian Peninsula.	13.10 “At tumakas ang babae sa ilang”;[65] yaon ay, ang relihiyon ng Diyos ay dumako sa disyerto, na ibig sabihin ay ang malawak na disyerto ng Ḥijáz at ang Tangway ng Arabia.
11 “Where she hath a place prepared of God”;66 that is, the Arabian Peninsula became the home, the habitation, and the focal centre of the religion of God.	13.11 “Na roon siya’y ipinaghanda ng Diyos ng isang dako”;[66] yaon ay, ang Tangway ng Arabia ang naging tahanan, ang tirahan, at ang tampulang sentro ng relihiyon ng Diyos.
12 “That they should feed her there a thousand two hundred and threescore days”.67 According to the terminology of the Bible, these 1,260 days mean 1,260 years, as was before explained. Thus for 1,260 years the religion of God was fostered in the vast desert of Arabia, until the Promised One appeared. After these 1,260 years that religion ceased to be in effect, for the fruit of that tree had been manifested and its result had been produced.	13.12 “Upang doon siya pakainin sa loob ng isang libo dalawang daan at animnapung araw”.[67] Sang-ayon sa mga termino ng Bibliya, itong 1,260 araw ay nangangahulugang 1,260 taon, tulad ng naipaliwanag na. Sa gayon, sa loob ng 1,260 taon ang relihiyon ng Diyos ay kinupkop sa malawak na disyerto ng Arabia hanggang ang Siyang Ipinangako ay dumating. Pagkalipas nitong 1,260 taon ang relihiyong iyon ay wala nang bisa, dahil ang bunga ng punong iyon ay naging hayag na, at ang resulta nito ay lumabas na.
13 Consider how closely the prophecies correspond one to another! The Book of Revelation fixes the advent of the Promised One after forty-two months. The Prophet Daniel specifies three times and a half, which is also forty-two months or 1,260 days. Another passage of the Revelation of John directly states 1,260 days, and it is explicitly indicated in the Bible that each day	13.13 Isipin kung paano nagtutugma sa isa’t isa ang mga propesiya! Sa Apokalipsis, ang pagsapit ng Siyang Ipinangako ay nakatakda pagkalipas ng apatnapu’t dalawang buwan. Itinakda ng Propetang Daniel ang tatlong panahon at kalahati, na ito ay apatnapu’t dalawang buwan o 1,260 araw. Ang isa pang sipi sa Apokalipsis ni Juan ay tuwirang bumabanggit

signifies one year. Nothing could be clearer than this agreement of the prophecies with each other. The Báb appeared in the year A.H. 1260 according to the calendar followed by all Muslims. There are no clearer prophecies than this in the Bible for any Manifestation. If one be fair, the agreement between the times indicated by these glorious Souls is the most conclusive proof and can in no wise be subject to any other interpretation. Blessed are the fair-minded who search after truth.	ng 1,260 araw, at malinaw na nakasaad sa Bibliya na ang bawat araw ay katumbas ng isang taon. Wala nang higit na malinaw pa kaysa sa pagtutugma ng mga propesiyang ito sa isa't isa. Ang Báb ay lumitaw sa taong 1260 A.H., sang-ayon sa kalendaryong sinusunod ng lahat ng Muslim. Wala nang higit na maliwanag pang mga propesiya sa Bibliya hinggil sa kanino mang Kahayagan. Kung magiging makatarungan, ang pagtutugma ng mga panahong ibinigay nitong maluwalhating mga Kaluluwa ay ang pinakakapani-paniwalang katibayan at hindi maaaring bigyan ng iba pang pagpapakahulugan. Pinagpala ang makatarungang naghahanap sa katotohanan.
14 When justice is lacking, however, the people challenge, dispute, and deny the obvious. Their conduct is like that of the Pharisees in the time of Christ, who would obstinately deny the interpretations and utterances He and His Apostles made, and who would wilfully obscure the truth before the ignorant masses, saying, "These prophecies do not apply to Jesus, but to the Promised One Who will erelong appear according to the conditions mentioned in the Torah"—among which being that He would be a king, sit upon the throne of David, enforce the law of the Torah, inaugurate the most great justice, and cause the wolf and the lamb to gather at the same spring. And thus did they veil the people from recognizing Christ.	13.14 Subalit, kapag walang katarungan, ang mga tao ay nanghahamon, nakikipagtalo, at itinatanggi ang napakalinaw. Ang kanilang kilos ay tulad ng mga Pariseo sa panahon ni Kristo, na buong kasutilang itinatatwa ang mga paliwanag ni Kristo at ng Kaniyang mga Apostol, at sadyang inililihim ang katotohanan sa mangmang na masa, sa pagsabing, "Ang mga propesiyang ito ay hindi tumutukoy kay Hesus, ngunit ay tungkol sa Isang Ipinangako na di-magtatagal ay darating sang-ayon sa mga kalagayang nabanggit sa Torah"—na kabilang doon ay Siya ay isang hari, nakaupo sa trono ni David, ipatutupad ang batas ng Torah, ilulunsad ang pinakadakilang katarungan at gagawing magsama ang lobo at kordero sa iisang bukal. At sa gayon ay pinigilan nila ang mga tao buhat sa pagkilala kay Kristo.
14	14
Material and Spiritual Cycles	Mga Pag-Inog na Materyal at Espiritwal
1 In this material world, time has changing cycles and place is subject to varying conditions. Seasons follow one another and individuals progress, regress, and develop. At one point it is springtime and at	14.1 Dito sa materyal na daigdig, ang panahon ay mayroong nagbabagong mga pag-inog at ang isang lugar ay sumasailalim sa magkakaibang mga kalagayan. Ang mga kapanahunan ay magkakasunod-sunod, at ang mga indibidwal ay may pagsulong,

another the autumn season; at one point it is summer and at another it is winter.	pag-urong, at pag-unlad. Sa isang yugto ay kapanahunan ng tagsibol at sa isa pa ay kapanahunan ng taglagas; sa isang yugto ay kapanahunan ng tag-init at sa isa pa ay kapanahunan ng taglamig.
2 The vernal season has rain-laden clouds and musk-scented breezes, life-giving zephyrs, and perfectly mild weather. The rain falls; the sun shines; the reviving winds blow; the world is renewed; and the breath of life reveals itself in plant, animal, and man alike. Earthly beings pass from one condition to another. All things are clothed with a new vesture: The black earth is swathed in abundant grass, mountains and plains don an emerald-green robe, trees bear leaves and blossoms, gardens bring forth flowers and sweet herbs, the world becomes another world, and all creation is imbued with a new life. The earth, which was as a soulless body, finds a new spirit and displays the utmost beauty, grace, and charm. Thus the springtide produces a new life and infuses a new spirit.	14.2 Sa kapanahunan ng tagsibol ay mayroong mga ulap na taglay ang ulan at humahalimuyak na mga simoy, ng nagbibigay-buhay na mga hangin, at ganap na banayad na panahon. Pumapatak ang ulan; sumisikat ang araw; humihihip ang nagpapasiglang hangin; ang daigdig ay muling binabago; at ang hininga ng buhay ay makikita sa halaman, sa hayop at sa tao. Ang makalupang mga nilalang ay dumadaan sa isang kalagayan tungo sa isa pa. Ang lahat ng mga bagay ay nadaramtan ng bagong kasuotan: ang itim na lupa ay natatakpan ng damong mayabong; ang mga bundok at mga kapatagan ay nagsusuot ng luntiang baro, umuusbong sa mga punongkahoy ang mga dahon at mga bulaklak, tumutubo sa mga hardin ang mga bulaklak at mababangong mga damo, ang daigdig ay nagiging ibang daigdig, at ang buong kinapal ay nakatatamo ng panibagong buhay. Ang lupa, na dating katulad ng isang walang-buhay na katawan ay nakatatamo ng panibagong espiritu at nagpapakita ng sukdulang kagandahan, kabinihan at halina. Kung gayon ang tagsibol ay lumilikha ng bagong buhay at nagbibigay ng bagong espiritu.
3 Then comes summertime, when the heat intensifies and growth and development manifest the fullness of their power. The life force reaches its plenitude in the vegetable kingdom: Fruits and crops appear, the harvest time arrives, the seed becomes the sheaf, and provision is made for the winter months.	14.3 Pagkatapos ay dumarating ang tag-init, kung kailan tumitindi ang init, at ang pagtubo at pag-unlad ay humahantong sa sukdulang kapangyarihan nito. Ang puwersa ng buhay ay umaabot sa antas ng kaganapan sa kaharian ng mga halaman: lumalaki ang mga bunga at mga patanim, dumarating ang panahon ng tag-ani; ang isang binhi ay nagiging isang bigkis; at naglalaan para sa panahon ng taglamig.
4 Then comes unrelenting autumn, when unwholesome gales blow,	14.4 Pagkatapos ay dumarating ang walang-tinag na taglagas, kung kailan

barren winds waft, and the season of dearth and want arrives. All things wither; the pleasant air becomes hard and chill; the breezes of spring turn into the blasts of fall; trees, once green and verdant, become wasted and bare; flowers and herbs fade away in sorrow; and delicate gardens become darksome heaps of dust.	humihihip ang masasama at payat na hangin, at ang kapanahunan ng pagdarahop at pangangailangan ay sumasapit. Ang lahat ng mga bagay ay tuyot; ang matamis na hangin ay naging malupit at maginaw; ang mga simoy ng tagsibol ay nagiging mga hangin ng taglagas; ang mga punong dati ay mataba at luntian ay nagiging tuyot at lagas; ang mga bulaklak at mababangong mga damo ay naglalaho; at ang pinong mga hardin ay nagiging mapanglaw na tambak ng gabok.
5 There follows the winter season, when cold winds blow and tempests arise. It snows and storms, it hails and rains, it thunders and lightens, and lethargy and torpor take hold. Plants become as dead, and animals languish and waste away.	14.5 Kasunod ang panahon ng taglamig, kung kailan humihihip ang malamig na hangin at bumabagyo. Nagniniyebe at umuunos, umuulan at nagyeyelo ang ulan, kumukulog at kumikidlat, at umiiral ang panghihina at pananamlay. Ang mga halaman ay waring patay, at ang mga hayop ay nanlalata at nangangayayat.
6 When this stage is reached, the life-giving springtide returns once again and a new cycle is inaugurated. Springtime, with its hosts of vitality and grace, and in the plenitude of its greatness and majesty, pitches its tent upon the mountains and plains. Once more the temples of created things are revived and the creation of contingent beings is renewed. Living bodies grow and develop, fields and plains become green and verdant, trees put forth blossoms, and last year's spring returns once again in the height of its majesty and glory. The very existence of things must ever depend upon, and be perpetuated through, these cycles and successions. Such are the cycles and revolutions of the material world.	14.6 Kapag umabot na sa ganitong kalagayan, muling bumabalik ang nagbibigay-buhay na panahon ng tagsibol at nagsisimula ang panibagong pag-inog. Ang panahon ng tagsibol, na taglay ang napakaraming sigla at biyaya, at sa rurok ng kadakilaan at karingalan nito, ay nagtatayo ng tolda nito sa mga kabundukan at mga kapatagan. Ang mga templo ng mga nilikhang bagay ay muling nabubuhay at ang paglikha ng walang-katiyakang mga bagay ay muling nagsisimula. Ang nabubuhay na mga katawan ay tumutubo at lumalaki, ang mga taniman at mga parang ay nagiging luntian at mayabong, ang mga puno ay namumulaklak, at ang tagsibol ng nakaraang taon ay bumabalik sa sukdulang karingalan at kaluwalhatian. Ang mismong pag-iral ng mga bagay ay laging nakasalalay sa, at nagpapatuloy sa pamamagitan ng, ganitong mga pag-inog at pagkakasunod-sunod. Ganoon ang pag-inog at pagbabago ng materyal na daigdig.

7 The spiritual cycles associated with the Prophets of God proceed in like manner. That is, the day of the advent of the Holy Manifestations is the spiritual springtime. It is divine splendour and heavenly grace; it is the wafting of the breeze of life and the dawning of the Sun of Truth. Spirits are revived, hearts are refreshed, souls are refined, all existence is stirred into motion, and human realities are rejoiced and grow in attainments and perfections. Universal progress is achieved, the souls are gathered up, and the dead are quickened to life—for it is the day of resurrection, the season of commotion and ferment, the hour of joy and gladness, and the time of rapture and abandon.	14.7 Ang espiritwal na mga pag-inog ng mga Propeta ng Diyos ay kahalintulad rin ang paraan. Yaon ay, ang araw ng pagdating ng mga Banal na Kahayagan ay ang espiritwal na tagsibol. Ito ay banal na karingalan at makalangit na biyaya; ito ay paghihip ng simoy ng buhay at pamimitak ng Araw ng Katotohanan. Ang mga espiritu ay muling nabubuhay, ang mga puso ay nananariwa, ang mga kaluluwa ay nagiging pino, ang lahat ng umiiral ay kumikilos, at ang mga realidad ng tao ay nagagalak at tumutubo ang mga kabutihan lumalaki at mga kaganapan. Ang pangkalahatang pag-unlad ay natatamo, ang mga kaluluwa ay natitipon, at ang mga patay na nabubuhay—dahil ito ang araw ng muling pagkabuhay, ang kapanahunan ng kaguluhan at kaligaligan, ang oras ng kaligayahan at kasiyahan, ang panahon ng napakatinding kagalakan at layaw.
8 That soul-stirring springtime then gives rise to the fruitful summer. The Word of God is proclaimed, His Law is promulgated, and all things reach a state of perfection. The heavenly table is spread, the breezes of holiness perfume the East and the West, the teachings of God conquer the whole earth, souls are educated, laudable results are produced, universal progress is made in the human realm, the divine bounties encompass all things, and the Sun of Truth shines above the horizon of the heavenly Kingdom in the height of its power and intensity.	14.8 Ang tagsibol na iyong tumitimo sa kaluluwa ay sinusundan ng mabungang tag-init. Ang salita ng Diyos ay ipinapahayag, ang Kaniyang Batas ay ipinalalaganap at ang lahat ng bagay ay umaabot sa kaganapan. Ang makalangit na hapag ay nakalatag, ang mga simoy ng kabanalan ay nagpapabango sa Silangan at sa Kanluran, ang mga turo ng Diyos ay sumasakop sa buong daigdig, ang mga kaluluwa ay natuturuan, ang kapuri-puring mga bunga ay nalilikha, ang pangkalahatang pag-unlad ay nagaganap sa daigdig ng sangkatauhan, ang banal na mga biyaya ay pumapalibot sa lahat ng bagay at ang Araw ng Katotohanan ay sumisikat sa itaas ng sugpungang-guhit ng makalangit na Kaharian sa sukdulang lakas at katindihan.
9 When that Sun reaches its zenith it begins to decline, and that summer season of the spirit is followed by autumn. Growth and development are arrested; soft breezes turn into blighting winds; and the season of dearth and want dissipates the	14.9 Sa pagsapit ng araw sa katanghaliang-tapat, magsisimula na itong bumaba at lumubog, at itong espiritwal na tag-init ay susundan ng taglagas. Ang pagtubo at pag-unlad ay humihinto; ang mahihinay na mga simoy ay nagiging

vitality and beauty of the gardens, the fields, and the bowers. That is, spiritual attractions vanish, divine qualities decay, the radiance of the hearts is dimmed, the spirituality of the souls is dulled, virtues become vices, and sanctity and purity are no more. Of the law of God naught remains but a name, and of the divine teachings naught but an outward form. The foundations of the religion of God are destroyed and annihilated, mere customs and traditions take their place, divisions appear, and steadfastness is changed into perplexity. Spirits die away, hearts wither, and souls languish.	mapinsalang mga hangin; at ang panahon ng kasalatan at kakulangan ay pumaparam sa sigla at kagandahan ng mga hardin, mga pataniman at mga bulaklakan. Yaon ay, ang espiritwal na pagkaakit ay nawawala, ang mga banal na katangian ay nabubulok, ang kaningningan ng mga puso ay nagdidilim, ang pagkaespiritwal ng mga kaluluwa ay nagiging patal, ang mga kabutihan ay nagiging mga bisyo, at ang kabanalan at kadalisayan ay wala na. Walang natitira sa batas ng Diyos kundi pangalan na lamang at panlabas na mga anyo lamang ng mga banal na turo. Ang mga saligan ng relihiyon ng Diyos ay nawawasak at nalilipol, at mga kalakaran at mga kaugalian lamang ang nagiging kapalit nito, lumilitaw ang mga hidwaan, at ang katatagan ay nagiging pagkatuliro. Ang mga espiritu ay nagiging patay, ang mga puso ay natutuyot, at ang mga kaluluwa ay nanlulupaypay.
10 Winter arrives—that is, the chill of ignorance and unawareness envelops the world, and the darkness of wayward and selfish desires prevails. Apathy and defiance ensue, with indolence and folly, baseness and animal qualities, coldness and stone-like torpor, even as in the wintertime when the terrestrial globe is deprived of the influence of the rays of the sun and becomes waste and desolate. Once the realm of minds and thoughts reaches this stage, there remains naught but perpetual death and unending non-existence.	14.10 Dumarating ang taglamig—ang ibig sabihin ay ang kalamigan ng kamangmangan at kawalan ng kamalayan ay bumabalot sa daigdig, at nananaig ang karimlan ng kasutilan at makasariling mga hangarin. Kasunod nito ang pananamlay at paghihimagsik, kasabay ng katamaran at kahangalan, kaimbihan at mga ugaling hayop, kalamigan at kamanhiran ng mga bato, katulad rin ng panahon ng taglamig kung kailan ang daigdig ay pinagkaitan ng impluwensiya ng init ng araw at nagiging mapanglaw at malungkot. Sa pagsapit ng kaharian ng mga isipan at mga kaisipan sa yugtong ito, ang nalalabi na lamang ay ang patuloy na kamatayan at hindi nagwawakas na kawalan ng pag-iral.
11 When, however, the winter season has run its course, the spiritual springtime returns again and a new cycle reveals its splendour. The breezes of the spirit blow, the radiant morn breaks, the clouds of the Merciful rain down, the rays of the Sun of Truth shine forth, and the world of being is	14.11 Subalit pagkaraan ng panahon ng taglamig, muling nagbabalik ang espiritwal na tagsibol, at inihahayag ng bagong pag-inog ang karingalan nito. Humihihip ang mga simoy ng espiritu, ang maningning na umaga ay namimitak, ang mga ulap ng Mahabagin ay umuulan, ang

invested with a new life and arrayed in a wondrous robe. All the signs and bestowals of the former springtime, and perhaps even greater ones, reappear in this new season.	mga sinag ng Araw ng Katotohanan ay sumisikat, ang nilikhang daigdig ay pinagkakalooban ng panibagong buhay at nadaramtan ng kamangha-manghang kasuotan. Ang lahat ng mga tanda at mga biyaya ng nakaraang tagsibol, at maaaring higit pa, ay muling lumilitaw sa bagong panahon na ito.
12 The spiritual cycles of the Sun of Truth, like the cycles of the physical sun, are in a state of perpetual motion and renewal. The Sun of Truth can be likened to the material sun, which rises from many different points. One day it rises from the sign of Cancer and another from the sign of Libra; one day it casts its rays from the sign of Aquarius and another from that of Aries. Yet the sun is but one sun and one single reality. The possessors of true knowledge are lovers of the sun and are not attached to its dawning points. Those who are endued with insight are seekers of the truth itself, not of its exponents and manifestations. Thus they bow in adoration before the sun, from whatever sign and above whatever horizon it may appear, and seek the truth from any sanctified soul who might reveal it. Such people inevitably discover the truth and are not veiled from the light of the Sun of the divine firmament. Thus the lover of the rays and the seeker of the light will always turn towards the sun, whether it be shining from the sign of Aries, or bestowing its grace from the sign of Cancer, or casting its rays from the sign of Gemini.	14.12 Ang mga espiritwal na pag-inog ng Araw ng Katotohanan, tulad ng mga pag-inog ng materyal na araw, ay palaging umiinog at palaging nagbabago. Ang Araw ng Katotohanan ay maihahalintulad sa materyal na araw, na sumisikat mula sa maraming magkakaibang pook. Sa isang araw ay sumisikat ito mula sa tanda ng Cancer at sa ibang araw ay mula sa tanda ng Libra; sa isang araw sumisikat ito mula sa tanda ng Aquarius; sa iba pang araw ay mula sa tanda ng Aries. Subalit ang araw ay iisang araw at iisang realidad. Ang mga nagtataglay ng tunay na kaalaman ay mga mangingibig sa araw at hindi nahahalina sa mga pook na pinagsisikatan nito. Ang mga pinagkalooban ng kabatiran ay naghahanap ng katotohanan mismo, at hindi ng mga kinatawan at mga kapahayagan nito. Samakatwid ay yumuyukod sila sa pagsamba sa harap ng araw, buhat sa anumang pook ito lumitaw, at hinahanap nila ang katotohanan buhat sa kaninumang banal na kaluluwang nagpapahayag nito. Ang gayong mga tao ay laging nakatutuklas sa katotohanan at hindi nalalambungan mula sa liwanag ng Araw ng banal na kalangitan. Sa gayon ang nagmamahal sa mga sinag at ang naghahanap ng liwanag ay laging babaling sa araw, kahit na sumisikat ito mula sa tanda ng Aries, o nagbibigay ng biyaya nito mula sa tanda ng Cancer, o sumisikat mula sa Gemini.
13 But the foolish and the ignorant are enamoured with the zodiacal signs and enraptured with the dawning points, not with the sun itself. When it was in Cancer they turned towards it, but when it	14.13 Subalit ang mga hangal at mga mangmang ay nabibighani sa mga tanda ng zodiac, at nahahalina sa mga pook-silangan, at hindi sa araw mismo. Noong ito ay nasa Cancer, bumaling sila rito, subalit nang

passed into Libra they continued, attached as they were to the former sign, to fix their gaze upon and hold fast unto that sign, and thus they deprived themselves of the rays of the sun when once it had moved. Thus the Sun of Truth at one time shed its rays from the sign of Abraham; later it dawned above the sign of Moses and illumined the horizon; and later still it shone forth with the utmost power, heat, and radiance from the sign of Christ. Those who were searching after truth worshipped it wherever they saw it, but those who were attached to Abraham, when once that Sun cast its rays upon Sinai and illumined the reality of Moses, were deprived thereof. And those who clung to Moses, when once the Sun of Truth shed its heavenly splendour in the fullness of its radiance from the point of Christ, were likewise veiled, and so forth.	lumipat na ito sa Libra, yamang mahal nila ang naunang tanda, nagpatuloy pa rin sila sa pagbaling nila rito at nangapit sa tandang ito, at sa gayon ay ipinagkait nila sa kanilang mga sarili ang mga sinag ng araw sa paglipat nito. Sa gayon, minsan ang Araw ng Katotohanan ay nagpasikat ng mga sinag nito mula sa tanda ni Abraham; paglipas ng panahon sumikat ito mula sa tanda ni Moises at tinanglawan ang sugpungang-guhit; at sa kalaunan ay sumikat ito nang may ganap na kapangyarihan, init at kaningningan mula sa tanda ni Kristo. Yaong mga naghahanap sa katotohanan ay sumasamba rito saanman nila ito nakikita, subalit yaong mga nakapangapit kay Abraham noong sumikat na ang Araw na iyon sa Sinai at tinanglawan ang realidad ni Moises ay napagkaitan ng mga bisa nito. At yaong mga nakapangapit kay Moises, noong sumikat ang Araw ng Katotohanan nang may makalangit na kaningningan nito sa ganap na karingalan mula kay Kristo, ay nalambungan rin, at gayundin ang iba pa.
14 Therefore one must search after truth, become enraptured and enthralled with any sanctified soul in whom one finds it, and become wholly attracted to the outpouring grace of God. Like a moth, one must be a lover of the light, in whatever lamp it may shine; and like a nightingale, one must be enamoured of the rose, in whatever bower it may bloom.	14.14 Samakatwid ay dapat hanapin ng tao ang katotohanan, maakit at mabighani sa kaninumang banal na kaluluwa kung saan natagpuan niya ito, at ganap na mahalina sa bumubuhos na biyaya ng Diyos. Tulad ng gamugamo siya ay dapat maging mangingibig ng ilaw maging sa anupamang ilawan ito sumisikat; at tulad ng ruwisenyor, dapat siyang maging mangingibig ng rosas maging sa anupamang hardin ito namumulaklak.
15 Were the sun to rise from the west, it would still be the sun. Indeed, from whatever point the sun may rise, it is still the sun. One must not take its appearance to be confined to a single point and regard the other points as deprived. One must not be veiled by its rising in the east and consider the west as the place of its setting and decline. One must seek after the manifold grace of God, search out the divine effulgences, and become enraptured and	14.15 Kung ang araw ay sisikat mula sa Kanluran, ito ay araw pa rin. Sa katunayan, mula sa alinmang pook ito sumikat, ito ay araw pa rin. Hindi dapat ipalagay na ang pagsikat nito ay mula sa iisang pook lamang at ituturing na pinagkaitan ang ibang mga pook. Hindi dapat malambungan dahil sa pagsikat nito sa silangan at ipagpalagay ang kanluran bilang pook ng paglubog at pagbaba nito. Dapat hanapin ng tao ang napakaraming biyaya ng

enthralled with any reality in which they are clearly and plainly found. Consider that, if the Jews had not clung to the horizon of Moses but had fixed their gaze upon the Sun of Truth, they would have undoubtedly beheld that Sun shining in the fullness of its divine splendour in that true dawning point that was Christ. But a thousand times alas! They clung to the name of Moses and deprived themselves of that supernal grace and heavenly splendour.	Diyos, saliksikin ang banal na mga kaningningan, at mabighani at malugod sa alinmang realidad kung saan ito ay malinaw at lantarang matatagpuan. Isipin, kung hindi sana nakapangapit ang mga Hudyo sa sugpungang-guhit ni Moises at sa halip ay ipinako ang kanilang paningin sa Araw ng Katotohanan, walang-alinlangang nasilayan sana nila ang pagsikat ng Araw na iyon sa kaganapan ng banal na kaningningan nito sa tunay na pook-silangang iyon na si Kristo. Subalit, isang libong sayang! Nakapangapit sila sa pangalan ni Moises, at ipinagkait sa kanilang mga sarili ang napakataas na biyaya at makalangit na karingalan.
15	15
True Felicity	Ang Tunay na Kaligayahan
The honour and exaltation of every existing thing are contingent upon certain causes and conditions.	15.1 Ang karangalan at kadakilaan ng bawat umiiral na bagay ay nababatay sa tanging mga dahilan at mga kalagayan.
2 The excellence, adornment, and perfection of the earth consist in this, that through the outpourings of the vernal showers it should become green and verdant; that plants should spring forth; that flowers and herbs should grow; that blossom-filled trees should produce an abundant yield and bring forth fresh and succulent fruit; that gardens should be arrayed; that meadows should be adorned; that plains and mountains should don an emerald robe; and that fields and bowers, villages and cities should be decked forth. This is the felicity68 of the mineral world.	15.2 Ang kahusayan, palamuti, at kaganapan ng lupa ay binubuo nito, na sa pamamagitan ng pagbuhos ng mga ulan ng tagsibol ay magiging luntian at mayabong ito; na ang mga halaman ay tumutubo; na ang mga bulaklak at mababangong damo ay umuusbong; na ang namumulaklak na mga punongkahoy ay magbibigay ng masaganang ani at mamumunga ng sariwa at masasarap na prutas, na nagsisigandahan ang mga hardin, na ang mga parang ay pinalalamutian; na ang mga kapatagan at mga kabundukan ay nadaramtan ng luntiang baro; at na ang mga pataniman at ang mga halamanan, mga bayanan at mga lungsod ay nagagayakan. Ito ang kaligayahan[68] ng daigdig ng mineral.
3 The height of exaltation and perfection of the vegetable world consists in this, that a tree should stand tall beside a stream of fresh water, that a gentle breeze should blow and the sun bestow its warmth upon it, that a gardener should tend it, and	15.3 Ang tugatog ng kadakilaan at kaganapan ng daigdig ng mga halaman ay binubuo nito, na ang puno ay tumutubo nang mataas sa tabi ng sapa ng sariwang tubig, na humihihip dito ang malumanay na simoy, at sinisikatan ito ng init ng araw, na inaaruga ito

that day by day it should grow and yield fruit. But its real felicity consists in progressing into the animal and human worlds and in replacing that which has been consumed in the bodies of animals and men.	ng isang hardinero, at sa bawat araw ay tumutubo ito at namumunga. Subalit ang tunay na kaligayahan nito binubuo ng pagsulong nito patungo sa daigdig ng mga hayop at ng mga tao, at sa pagiging kapalit ng mga naubos na sa mga katawan ng mga hayop at ng mga tao.
4 The exaltation of the animal world is to possess perfect members, organs, and powers, and to have all its needs supplied. This is the height of its glory, honour, and exaltation. So the supreme felicity of an animal resides in a green and verdant meadow, in a flowing stream of the sweetest water, and in a forest brimming with life. If these things are provided, no greater felicity can be imagined for the animal. For example, were a bird to build its nest in a green and verdant forest, in a pleasant height, upon a mighty tree, and atop a lofty branch, and were it to have at its disposal all the seed and water that it requires, then this would constitute its perfect felicity.	15.4 Ang kadakilaan ng daigdig ng hayop ay ang magtaglay ng walang-pinsalang mga bahagi ng katawan, mga kalamnan, at mga kakayahan, at ang matustusan ang lahat ng mga pangangailangan nito. Ito ang rurok ng kaluwalhatian, karangalan at kadakilaan nito. Sa gayon ang sukdulang kaligayahan ng hayop ay ang magkaroon ng isang luntian at matabang parang, ng dumadaloy na ilog ng pinakadalisay na tubig, at ng kagubatang punong-puno ng buhay. Kapag ang mga bagay na ito ay ipagkakaloob ay wala nang higit pang kaligayahan ang magugunita para sa hayop. Halimbawa, kung ang isang ibon ay gagawa ng kaniyang pugad sa isang luntian at mabungang gubat, sa napakagandang mataas na lugar, sa isang matibay na punongkahoy, at sa tuktok ng isang matayog na sanga, at kung matatagpuan nito ang lahat ng binhi at tubig na kailangan nito, sa gayon ito ay bubuo ng ganap na kaligayahan nito.
5 But true felicity for the animal consists in passing from the animal world into the human realm, like the microscopic beings that, through the air and the water, enter into the body of man, are assimilated, and replace that which has been consumed in his body. This is the greatest honour and felicity for the animal world, and no greater honour can be conceived for it.	15.5 Ngunit ang tunay na kaligayahan para sa hayop ay binubuo ng paglipat mula sa daigdig ng hayop tungo sa daigdig ng tao, tulad ng napakaliit na mga hayop na nakikita lamang sa mikroskopyo na sa pamamagitan ng tubig at hangin ay pumapasok sa katawan ng tao, ginagamit ng katawan at sa pamamagitan nito ay pinapalitan yaong mga naubos na sa katawan ng tao. Ito ay ang pinakadakilang karangalan at kaligayahan para sa daigdig ng hayop; wala nang higit na mataas pang karangalan ang magugunita para dito.
6 Therefore, it is clear and evident that such material ease, comfort, and	15.6 Samakatwid ay malinaw at hayag na ang gayong materyal na

abundance are the height of felicity for minerals, plants, and animals. And indeed no wealth, prosperity, comfort, or ease in our material world can equal the wealth of a bird, for it has all the expanse of the fields and mountains for a dwelling place; all the seed and harvests for wealth and sustenance; and all the lands, villages, meadows, pastures, forests, and wilderness for possessions. Now which is the richer—this bird or the wealthiest of men? For no matter how many seeds that bird may gather up or give away, its wealth does not diminish.	kaginhawahan, kaluwagan at kasaganaan ay ang pinakarurok ng kaligayahan para sa mineral, sa mga halaman at sa mga hayop. At sa katunayan ay walang kariwasaan, kayamanan, kaluwagan o kaginhawahan sa ating materyal na daigdig ang makapapantay sa kayamanan ng isang ibon, sapagkat ang buong kalawakan ng mga kabukiran at mga kabundukan ay kaniyang tahanan; at ang lahat ng mga binhi at mga ani ay kaniyang kayamanan at pagkain; at ang lahat ng mga lupain, mga bayanan, mga parang, mga pastulan, mga kagubatan at mga ilang ay kaniyang pag-aari. Ngayon, sino ang higit na mayaman—ang ibong ito o ang pinakamayamang tao? Dahil gaano man karaming binhi ang kunin nito o kaya'y ipamigay, ang kaniyang kayamanan ay hindi nababawasan.
7 Then it is clear that the honour and exaltation of man cannot reside solely in material delights and earthly benefits. This material felicity is wholly secondary, while the exaltation of man resides primarily in such virtues and attainments as are the adornments of the human reality. These consist in divine blessings, heavenly bounties, heartfelt emotions, the love and knowledge of God, the education of the people, the perceptions of the mind, and the discoveries of science. They consist in justice and equity, truthfulness and benevolence, inner courage and innate humanity, safeguarding the rights of others and preserving the sanctity of covenants and agreements. They consist in rectitude of conduct under all circumstances, love of truth under all conditions, self-abnegation for the good of all people, kindness and compassion for all nations, obedience to the teachings of God, service to the heavenly Kingdom, guidance for all mankind, and education for all races and nations. This is the felicity of the human world! This is the exaltation of	15.7 Samakatwid ay maliwanag na ang karangalan at kadakilaan ng tao ay hindi maaaring matagpuan lamang sa materyal na kaluguran o makalupang kapakinabangan. Itong materyal na kaligayahan ay malinaw na pangalawa lamang, samantalang ang kadakilaan ng tao ay pangunahing matatagpuan sa gayong mga kabutihan at mga katangian at mga tagumpay na mga palamuti ng realidad ng tao. Ang mga ito ay binubuo ng banal na mga pagpapala, makalangit na mga biyaya, taos-pusong mga damdamin, ang pag-ibig at kaalaman sa Diyos; ang edukasyon ng mga tao, ang mga kabatiran ng isipan, ang mga katuklasan ng agham. Ito ay binubuo ng katarungan at karampatan, pagkamakatotohanan at kabutihan, panloob na lakas-loob at likas na pagkamakatao, pangangalaga sa mga karapatan ng iba at pagtutupad sa mga kasunduan at mga tipan. Binubuo ito ng matuwid na asal sa lahat ng kalagayan, sa pagmamahal sa katotohanan sa lahat ng pagkakataon, sa pagtitikis sa sarili alang-alang sa kabutihan ng lahat ng mga tao, kabaitan at pagmamalasakit sa lahat ng mga

man in the contingent realm! This is eternal life and heavenly honour!	bansa, pagsunod sa mga turo ng Diyos, paglilingkod sa makalangit na Kaharian, pamamatnubay sa buong sangkatauhan, at edukasyon para sa lahat ng mga lahi at mga sambayanan. Ito ang kaligayahan ng daigdig ng tao! Ito ang kadakilaan ng tao sa walang-katiyakang kaharian! Ito ang walang-hanggang buhay at makalangit na karangalan!
8 These gifts, however, do not manifest themselves in the reality of man save through a celestial and divine power and through the heavenly teachings, for they require a supernatural power. Traces of these perfections may well appear in the world of nature, but they are as fleeting and ephemeral as rays of sunlight upon the wall.	15.8 Ang mga kaloob na ito, gayumpaman, ay hindi lilitaw sa realidad ng tao liban lamang sa pamamagitan ng makalangit at banal na kapangyarihan at sa pamamagitan ng mga turo ng langit, dahil kinakailangan nito ng sobrenatural na kapangyarihan. Ang mga bakas ng mga kaganapang ito ay maaaring matagpuan sa daigdig ng kalikasan, subalit ito ay mabilis maglaho at panandalian tulad ng mga sinag ng araw sa pader.
9 As the compassionate Lord has crowned the head of man with such a refulgent diadem, we must strive that its luminous gems may cast their light upon the whole world.	15.9 Yamang pinutungan ng mahabaging Diyos ang ulo ng tao ng gayong napakaningning na korona, kinakailangan nating magsumikap upang ang liwanag ng makinang na mga hiyas nito ay sumikat sa buong daigdig.
Part 2	Bahagi 2
Some Christian Subjects	Ilang mga Paksa ng Kristiyanismo
16	16
Intelligible Realities and Their Expression through Sensible Forms	Ang Pangkaisipang mga Realidad at ang Paghahayag ng mga Ito sa Pamamagitan ng Nadaramang mga Anyo
1 There is a point that is pivotal to grasping the essence of the other questions that we have discussed or will be discussing, namely, that human knowledge is of two kinds.	16.1 Mayroong isang puntong pinag-iinugan ng pag-uunawa sa pinakadiwa ng ibang mga katanungang tinalakay na o tatalakayin pa natin, na yaon ay, ang kaalaman ng tao ay may dalawang uri.
2 One is the knowledge acquired through the senses. That which the	16.2 Ang isa ay ang kaalamang nakakamtan sa pamamagitan ng mga

eye, the ear, or the senses of smell, taste, or touch can perceive is called “sensible”. For example, the sun is sensible, as it can be seen. Likewise, sounds are sensible, as the ear can hear them; odours, as they can be inhaled and perceived by the sense of smell; foods, as the palate can perceive their sweetness, sourness, bitterness, or saltiness; heat and cold, as the sense of touch can perceive them. These are called sensible realities.	pandama. Ang mga bagay na nababatid ng mata, ng tainga, o ng pang-amoy, panlasa, o panghipo ay tinatawag na “nadarama”. Halimbawa, ang araw ay nadarama, dahil nakikita ito. Gayundin, ang mga tunog ay nadarama, dahil naririnig ito ng tainga; ang mga amoy, dahil nalalanghap at nababatid ito ng pang-amoy; ang mga pagkain, dahil nalalasahan ng dila ang katamisan, kaasiman, kapaitan o kaalatan nito; ang init at lamig, dahil nararamdaman ito ng pandama. Ang mga ito ay tinatawag na nadaramang mga realidad.
3 The other kind of human knowledge is that of intelligible things; that is, it consists of intelligible realities which have no outward form or place and which are not sensible. For example, the power of the mind is not sensible, nor are any of the human attributes: These are intelligible realities. Love, likewise, is an intelligible and not a sensible reality. For the ear does not hear these realities, the eye does not see them, the smell does not sense them, the taste does not detect them, the touch does not perceive them. Even the ether, the forces of which are said in natural philosophy to be heat, light, electricity, and magnetism, is an intelligible and not a sensible reality. Likewise, nature itself is an intelligible and not a sensible reality; the human spirit is an intelligible and not a sensible reality.	16.3 Ang isa pang uri ng kaalaman ng tao ay mula sa pangkaisipang mga bagay; yaon ay, binubuo ito ng pangkaisipang mga realidad na walang panlabas na anyo o lugar at hindi nadarama. Halimbawa, ang kakayahan ng talino ay hindi nadarama, ni alinman sa mga katangiang pantao: Ang mga ito ay pangkaisipang mga realidad. Ang pag-ibig, gayundin, ay isang pangkaisipang realidad at hindi nadaramang realidad. Sapagkat hindi naririnig ng tainga ang mga realidad na ito, hindi ito nakikita ng mata, hindi ito nalalanghap ng pang-amoy, hindi ito nalalasahan ng panlasa, hindi ito nadarama ng panghipo. Kahit ang ether, na ang mga puwersa nito sang-ayon sa pilosopiya ng kalikasan ay ang init, liwanag, kuriyente at magnetismo, ay isang pangkaisipang realidad at hindi nadaramang realidad. Gayundin, ang kalikasan mismo ay isang pangkaisipang realidad at hindi nadaramang realidad; ang espiritu ng tao ay pangkaisipan at hindi nadaramang realidad.
4 But when you undertake to express these intelligible realities, you have no recourse but to cast them in the mould of the sensible, for outwardly there is nothing beyond the sensible. Thus, when you wish to express the reality of the spirit and its conditions and degrees, you are obliged to describe them in terms of sensible things, since outwardly there exists nothing but the	16.4 Ngunit kapag ipahahayag mo itong pangkaisipang mga realidad ay wala kang magagawa kundi sabihin ang mga ito sa anyo ng nadarama, dahil sa panlabas ay wala nang iba liban sa nadarama. Sa gayon, kapag nais mong ipahayag ang realidad ng espiritu at ang mga kalagayan at mga antas nito, kinakailangan mong ilarawan ang mga ito sa anyo ng nadaramang mga bagay, dahil sa

sensible. For example, grief and happiness are intelligible things, but when you wish to express these spiritual conditions you say, “My heart became heavy”, or “My heart was uplifted”, although one’s heart is not literally made heavy or lifted up. Rather, it is a spiritual or intelligible condition, the expression of which requires the use of sensible terms. Another example is when you say, “So-and-so has greatly advanced”, although he has remained in the same place, or “So-and-so has a high position”, whereas, like everyone else, he continues to walk upon the earth. This elevation and advancement are spiritual conditions and intelligible realities, but to express them you must use sensible terms, since outwardly there is nothing beyond the sensible.	panlabas ay walang umiiral liban sa nadarama. Halimbawa, ang dalamhati at ang kaligayahan ay pangkaisipang mga bagay, subalit kapag nais mong ipahayag itong espiritwal na mga kalagayan ay sinasabi mong, “Mabigat ang puso ko”, o “Tumataba ang puso ko”, bagaman ang puso ng tao ay hindi literal na mabigat o tumataba. Sa halip, ito ay isang espiritwal o pangkaisipang kalagayan, na upang masabi ito ay kailangang gumamit ng nadaramang mga termino. Ang isa pang halimbawa ay kapag sinasabi mong, “Ang taong iyon ay sumulong na nang malayo”, yamang nananatili naman siya sa dating lugar, o “Mataas ang kalagayan ng taong iyon”, samantalang katulad ng lahat ng iba ay lumalakad pa rin siya sa lupa. Itong pagtaas at pagsulong ay espiritwal na mga kalagayan at pangkaisipang mga realidad, ngunit upang maipahayag ito ay kailangan mong gumamit ng nadaramang mga termino, dahil sa panlabas ay walang umiiral liban sa nadarama.
5 To cite another example, knowledge is figuratively described as light, and ignorance as darkness. But reflect: Is knowledge sensible light or ignorance sensible darkness? Certainly not. These are only intelligible conditions, but when you wish to express them outwardly you call knowledge light and ignorance darkness and say, “My heart was dark and it became illumined.” Now, the light of knowledge and the darkness of ignorance are intelligible realities, not sensible ones, but when we seek to express them outwardly, we are obliged to give them a sensible form.	16.5 Ang isa pang halimbawa ay ang talinghagang paglalarawan sa kaalaman bilang liwanag, at ng kamangmangan bilang kadiliman. Subalit nilay-nilayin: ang kaalaman ba ay nadaramang liwanag, o ang kamangmangan ba ay nadaramang kadiliman? Tiyak na hindi. Ang mga ito ay pangkaisipang mga kalagayan lamang, subalit kapag nais mong ipahayag ang mga ito sa panlabas na anyo ay tinatagurian mo ang kaalaman bilang liwanag at ang kamangmangan bilang kadiliman at sinasabing, “ang puso ko ay madilim, at ito ay naliwanagan.” Ngayon, ang liwanag ng kaalaman at ang karimlan ng kamangmangan ay pangkaisipang mga realidad, hindi mga nadaramang realidad, ngunit kapag sinisikap nating ipahayag ito nang panlabas, napipilitan tayong bigyan ito ng nadaramang anyo.
6 Thus it is evident that the dove which descended upon Christ69 was not a	16.6 Sa gayon ay maliwanag na ang kalapating dumapo kay Kristo[69] ay hindi

physical dove but a spiritual condition expressed, for the sake of comprehension, by a sensible figure. For example, in the Old Testament it is said that God appeared as a pillar of fire.70 Now, that which is intended is not a sensible form but an intelligible reality that has been expressed in such a form.	isang pisikal na kalapati kundi isang espiritwal na kalagayan, na upang maunawaan ito, ay ipinahayag sa nadaramang anyo. Halimbawa, sa Lumang Tipan ay nakasaad na lumitaw ang Diyos sa anyo ng haligi ng apoy.[70] Ngayon, ang pakahulugan nito ay hindi isang nadaramang anyo kundi isang pangkaisipang realidad na ipinahayag sa ganoong anyo.
7 Christ says, “The Father is in the Son, and the Son is in the Father.”71 Now, was Christ within God or was God within Christ? No, by God! This is an intelligible condition which has been expressed in a sensible figure.	16.7 Sinabi ni Kristo, “Ang Ama ay nasa Anak, at ang Anak ay nasa Ama.”[71] Ngayon, si Kristo ba ay nasa loob ng Diyos, o ang Diyos ba ay nasa loob ni Kristo? Hindi, sa ngalan ng Diyos! Ito ay isang pangkaisipang kalagayan na ipinahayag sa anyong nadarama.
8 We come to the explanation of the words of Bahá’u’lláh when He says: “O King! I was but a man like others, asleep upon My couch, when lo, the breezes of the All-Glorious were wafted over Me, and taught Me the knowledge of all that hath been. This thing is not from Me, but from One Who is Almighty and All-Knowing.”72 This is the station of divine revelation. It is not a sensible, but an intelligible reality. It is sanctified from and transcendent above past, present, and future. It is a comparison and an analogy—a metaphor and not a literal truth. It is not the condition that is commonly understood by the human mind when it is said that someone was asleep and then awoke, but signifies a passage from one state to another. For example, sleeping is the state of repose, and wakefulness is the state of motion. Sleeping is the state of silence, and wakefulness is the state of utterance. Sleeping is the state of concealment, and wakefulness is that of manifestation.	16.8 Dumako tayo sa paliwanag ng mga salita ni Bahá’u’lláh nang sinabi Niyang: “O Hari! Ako ay isang tao lamang tulad ng iba, natutulog sa Aking higaan, nang masdan, ang mga hangin ng Lubos na Maluwalhati ay sumimoy sa Akin, at itinuro sa Akin ang kaalaman ng lahat ng nakaraan. Ang bagay na ito ay hindi nanggaling sa Akin, kundi mula roon sa Kaniya na Lubos na Makapangyarihan at Nakababatid ng Lahat!”[72] Ito ang kalagayan ng banal na rebelasyon. Hindi ito isang nadarama, bagkus ay isang pangkaisipang realidad. Ito ay hindi saklaw ng, at higit na mataas sa, nakaraan, kasalukuyan at hinaharap. Ito ay isang paghahalintulad at paghahambing—isang metapora at hindi literal na katotohanan. Hindi ito ang kalagayang karaniwang nauunawaan ng isipan ng tao kapag sinabing ang isa ay natutulog at pagkatapos ay nagising, bagkus ay nangangahulugan ng paglipat mula sa isang kalagayan tungo sa kabila. Halimbawa, ang pagtulog ay ang kalagayan ng pamamahinga, at ang pagkagising ay ang kalagayan ng pagkilos. Ang pagtulog ay ang kalagayan ng pananahimik, at ang pagkagising ay ang kalagayan ng pagsasalita. Ang pagtulog ay ang kalagayan ng pagkatago, at ang

	pagkagising ay ang kalagayan ng pagkahayag.
9 For example, in Persian and Arabic it is said that the earth was asleep, spring came, and it awoke; or that the earth was dead, spring came, and it found life again. These expressions are comparisons, analogies, similes, and figurative interpretations in the realm of inner meaning.	16.9 Halimbawa, kasabihan sa Persiyano at Arabe na ang lupa ay natutulog, dumating ang tagsibol, at ito ay nagising; o na ang lupa ay patay, dumating ang tagsibol, at ito ay muling nabuhay. Ang mga kasabihang ito ay paghahambing, paghahalintulad, simili, at matalinghagang mga paliwanag sa kaharian ng panloob na kahulugan.
10 Briefly, the Manifestations of God have ever been and will ever be luminous Realities, and no change or alteration ever takes place in Their essence. At most, before Their revelation They are still and silent, like one who is asleep, and after Their revelation They are eloquent and effulgent, like one who is awake.	16.10 Sa maikling salita, ang mga Kahayagan ng Diyos ay lagi nang naging, at patuloy na magiging, mga Nagniningning na mga Realidad, at walang pagbabago o pag-iiba ang nagaganap sa Kanilang pinakadiwa. Sa higit, bago sa Kanilang kapahayagan Sila'y tahimik at walang kibo, tulad ng isang natutulog, at pagkaraan ng Kanilang pagpapahayag, Sila'y matatas at nagniningning, tulad ng isang gising.
17	17
The Birth of Christ	Ang Kapanganakan ni Kristo
1 Question: How was Christ born of the Holy Spirit?	17.1 Tanong: Paano ipinanganak si Kristo ng Espiritu Santo?
2 Answer: In regard to this question, the divine and the material philosophers disagree. The former believe that Christ was born of the Holy Spirit, while the latter deem such a thing to be impossible and untenable, and hold that He must have necessarily had a human father.	17.2 Sagot: Kaugnay ng tanong na ito ay hindi nagkakasundo ang mga pilosopong banal at materyal. Naniniwala ang mga unang nabanggit na si Kristo ay ipinanganak ng Espiritu Santo, samantalang ipinapalagay ng huling nabanggit na imposible at di-maipagtatanggol ang ganitong bagay, at naniniwala silang tiyak na mayroon Siyang ama na tao.
3 In the Qur'án it is said: "And We sent Our Spirit to her, and He took before her the form of a perfect man",73 meaning that the Holy Spirit assumed a human form,	17.3 Sa Qur'án ay nakasaad: "At ipinadala Namin sa kaniya ang Aming Espiritu, at ginamit Niya sa harap niya ang anyo ng ganap na lalaki",[73] na nangangahulugang ang Espiritu Santo ay

as an image appears in a mirror, and conversed with Mary.	nag-anyong tao, tulad ng anyong nasisilayan sa salamin, at nakipag-usap kay Maria.
4 The material philosophers believe that there must be pairing, and assert that a living body cannot come into being from a lifeless one or materialize without the union of male and female. They believe that, beyond man, this is impossible in animals, and that, beyond animals, it is impossible even in plants. For this pairing of male and female exists in all the animals and plants. They even argue that the Qur'án itself affirms this pairing of all things: "Glory be to Him Who hath created all the pairs, of such things as earth produceth, and out of men themselves, and of things beyond their ken";74 that is, man, animals, and plants are all found in pairs. "And of everything have We created two kinds";75 that is, We have created all things in pairs.	17.4 Naniniwala ang mga pilosopong materyal na kinailangang magkaroon ng pagtatalik, at iginigiit na hindi maaaring magmula ang nabubuhay na katawan sa walang-buhay na katawan o mabuo ito kapag walang pagtatalik ng lalaki at babae. Naniniwala silang hindi lamang sa tao, kundi ay imposible rin ito sa mga hayop at kahit pa sa mga halaman. Ikinakatwiran pa nila na ipinagtitibay ng Qur'án mismo itong pagpaparis ng lahat ng bagay: "Luwalhati sa Kaniya na Siyang lumikha sa lahat ng mga paris, ng gayong mga bagay na ibinunga ng daigdig, at mula sa mga tao mismo, at ng mga bagay na hindi nila batid";[74] yaon ay, ang tao, ang mga hayop at ang mga halaman ang lahat ay mga paris-paris. "At sa lahat ng bagay ay nilikha Namin ang dalawang uri";[75] yaon ay, nilikha Namin ang lahat ng bagay na magkaparis-paris.
5 Briefly, they say that a man without a human father cannot be imagined. The divine philosophers, however, reply: "Such a thing is not impossible, although it has not been observed, and there is a difference between that which is impossible and that which has merely not been observed. For example, in the days before the telegraph, the instantaneous communication of East and West had not been observed but was not impossible; likewise, the photograph and the phonograph had not been observed but were not impossible."	17.5 Sa maikling salita, sinasabi nilang hindi kayang gunitain ang taong walang ama. Ang mga pilosopong banal, gayumpaman, ay tumutugon: "Ang ganitong bagay ay hindi imposible, bagaman hindi pa ito napagmamasdan, at may pagkakaiba roon sa imposible at doon sa hindi pa lamang napagmamasdan. Halimbawa, noong panahong wala pang telegrapo, ang agarang komunikasyon ng Silangan at Kanluran ay hindi pa napagmamasdan subalit hindi ito imposible; sa gayunding paraan, ang litrato at ponograpo ay hindi pa napagmasdan subalit hindi imposible ang mga iyon.
6 The material philosophers insist upon their belief, and the divine philosophers reply: "Is this terrestrial globe eternal or was it originated?" The material philosophers answer that, according to well-established scientific findings, it is proven to be originated; that in the beginning it was a molten sphere and gradually became	17.6 Iginigiit ng mga pilosopong materyal ang kanilang paniniwala, at tumutugon ang mga pilosopong banal na: "Itong globo ng daigdig ba ay walang-hanggan ba o ito ba ay may simula?" Tumutugon ang mga pilosopong materyal na sang-ayon sa mahusay na itinatag na mga katuklasan ng agham, napatunayan na ito ay

temperate; that a crust was formed around it; and that upon this crust plants came into being, then animals, and finally man.	may simula; sa simula ito ay isang kumukulong globo at unti-unting naging katamtaman ang init nito; nabuo ang balat nito; as sa balat nito ay nabuhay ang halaman, at pagkatapos ang hayop, at sa wakas ang tao.
7 The divine philosophers say: "It follows clearly from your statement that the human species upon the terrestrial globe was originated and is not eternal. Then surely the first man had neither father nor mother, for the existence of the human species has an origin in time. Now, which is more problematic: that man should come into being, albeit gradually, with neither father nor mother, or that he should come into being without a father? As you admit that the first man came into being with neither father nor mother, whether it be gradually or in a short period of time, there can remain no doubt that a man without a human father is also possible and logically admissible. One cannot therefore simply reject this as impossible, and to do so would betray a lack of fairness. For example, if you say that this lamp was once lit with neither wick nor oil, and then say that it is impossible for it to be lit without the wick, this betrays a lack of fairness." Christ had a mother, but the first man, according to the material philosophers, had neither father nor mother.	17.7 Sinasabi ng mga pilosopong banal na: "Mula sa inyong pahayag ay malinaw na ang lahi ng tao sa mundong ibabaw ay may simula at hindi walang-hanggan. Kung gayon ay tiyak na ang unang tao ay walang ama at walang ina, dahil ang pag-iral ng lahi ng tao ay may oras ng pagsisimula. Ngayon, alin ang higit na malaking suliranin: na ang tao ay umiral, bagaman unti-unti, na kapuwa walang ama o ina, o na siya ay umiral nang walang ama? Yamang tinatanggap ninyo na ang unang tao ay umiral nang walang ama o ina, maging unti-unti man ito o sa loob ng maikling panahon, walang pag-aalinlangan na ang taong walang ama ay posible rin at tanggap ng lohika. Sa gayon ay hindi maaaring itatwa na lamang ito bilang imposible, at ang paggawa nito nagpapakilala ng kakulangan ng katarungan. Halimbawa, kung inyong sasabihin na minsang inilawan nang walang mitsa o langis ang lamparang ito, at pagkatapos ay sasabihing imposibleng pailawin ito nang walang mitsa o langis, ito ay nagpapakilala ng kakulangan ng katarungan." Si Kristo ay mayroong ina, subalit ang unang tao, sang-ayon sa mga pilosopong materyal, ay walang ama ni ina.
18	18
The Greatness of Christ	Ang Kadakilaan ni Kristo
1 Question: What is the virtue and benefit of being without a father?	18.1 Tanong: Ano ang kabutihan at kapakinabangan ng pagiging walang ama?
2 Answer: A great man is a great man, whether or not he is born of a human father. If being without a father were a virtue, Adam would excel and surpass all the Prophets and	18.2 Ang isang dakilang tao ay isang dakilang tao, maging ipinanganak man siya na may amang tao o hindi. Kung ang kawalan ng ama ay isang kabutihan, si Adan

Messengers, for He had neither father nor mother. That which is conducive to greatness and glory are the splendours and outpourings of the divine perfections. The sun is born of matter and form, which can be likened to father and mother, and still it is absolute perfection; darkness has neither matter nor form, neither father nor mother, and yet it is sheer imperfection. The matter of Adam's physical life was dust, but the physical matter of Abraham was a pure seed; and it is certain that a pure and goodly seed is superior to earth and stone.	ay mas dakila at higit pa sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo, dahil Siya ay walang ama at walang ina. Yaong nagdudulot ng kadakilaan at kaluwalhatian ay ang mga karingalan at mga pagbuhos ng banal na mga kaganapan. Ang araw ay isinilang mula sa sangkap at anyo, na maihahalintulad sa ama at ina, at gayumpaman ito ay lubos na kaganapan; ang karimlan ay walang sangkap ni anyo, walang ama ni ina, at gayumpaman ito ay lubos na kawalan ng kaganapan. Ang sangkap ng pisikal na buhay ni Adan ay alabok, subalit ang pisikal na sangkap ni Abraham ay dalisay na semilya; at tiyak na ang dalisay at butihing semilya ay nakahihigit sa alabok.
3 Furthermore, in John 1:12–13 it is said: "But as many as received Him, to them gave He power to become the sons of God, even to them that believe on His name: Which were born, not of blood, nor of the will of the flesh, nor of the will of man, but of God."76 It follows clearly from this verse of John that even the existence of the Apostles proceeds from a spiritual reality rather than from a material power. The honour and greatness of Christ reside not in His being without a father, but rather in His divine perfections, outpourings, and splendours. Were the greatness of Christ due to His lacking a father, Adam would be even greater, for He had neither father nor mother.	18.3 Bukod rito, sa Juan 1:12-13 ay nakasaad na: "Datapwat ang lahat ng sa Kaniyang nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa Kaniyang pangalan: Na mga ipinanganak na hindi sa dugo, ni sa kalooban ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos."[76] Mula sa bersikulong ito ni Juan ay malinaw na kahit ang pag-iral ng mga Apostol ay nagbubuhat sa espiritwal na realidad sa halip nang mula sa materyal na kapangyarihan. Ang karangalan at kadakilaan ni Kristo ay matatagpuan hindi sa pangyayaring wala Siyang ama, kundi ay dahil sa Kaniyang mga banal na kaganapan, mga biyaya, at mga karingalan. Kung ang kadakilaan ni Kristo ay dahil sa wala Siyang ama, si Adan ay higit na dakila kaysa kay Kristo, dahil Siya ay walang ama ni ina.
4 It is said in the Old Testament, "And the Lord God formed man of the dust of the ground, and breathed into his nostrils the breath of life; and man became a living soul."77 Observe that Adam is said to have come into being from the spirit of life. Moreover, John's utterance in regard to the Apostles proves that they also proceeded from the heavenly Father. Hence it is clear	18.4 Nakasaad sa Lumang Tipan na, "At nilalang ng Panginoong Diyos ang tao sa alabok ng lupa, at hiningahan ang kaniyang mga butas ng ilong ng hininga ng buhay; at ang tao ay naging kaluluwang may buhay."[77] Masdan na sinasabing si Adan ay nagkabuhay buhat sa espiritu ng buhay. Higit pa rito, ang sinabi ni Juan kaugnay ng mga Apostol ay nagpapatunay na sila rin ay

and evident that the holy reality—the true existence—of every great man proceeds from God and owes its being to the breath of the Holy Spirit.	nagmula sa makalangit na Ama. Sa gayon ay maliwanag at hayag na ang banal na realidad—ang tunay na pagkabuhay—ng bawat dakilang tao ay nagbubuhat sa Diyos at utang ang pag-iral nito sa hininga ng Espiritu Santo.
5 Our meaning is that, if being without a father were the greatest of human attainments, then Adam would surpass everyone, for He had neither father nor mother. Is it better for a man to be created from living matter or from dust? Certainly it is better to be created from living matter. But Christ was born from, and came into existence through, the Holy Spirit.	18.5 Ang aming ibig sabihin ay ito, na kung ang pagiging walang ama ay ang pinakadakilang tagumpay ng tao, si Adan ay makahihigit sa lahat, dahil wala Siyang ama ni ina. Higit na mabuti bang nilikha ang tao buhat sa nabubuhay na sangkap o buhat sa alabok? Tiyak na mas mabuti ang nilikha mula sa nabubuhay na sangkap. Subalit si Kristo ay ipinanganak ng, at umiral sa pamamagitan ng, Espiritu Santo.
6 In brief, the honour and glory of those sanctified Souls, the Manifestations of God, are due to Their heavenly perfections, outpourings, and splendours, and to nothing else.	18.6 Sa maikling salita, ang karangalan at kaluwalhatian niyong banal na mga Kaluluwa, ang mga Kahayagan ng Diyos, ay dahil sa Kanilang makalangit na mga kaganapan, mga biyaya, at mga karingalan, at hindi mula sa anupaman.
19	19
True Baptism	Tunay na Bautismo
1 In Matthew 3:13–15, it is said: “Then cometh Jesus from Galilee to Jordan unto John, to be baptized of him. But John forbad Him, saying, I have need to be baptized of Thee, and comest Thou to me? And Jesus answering said unto him, Suffer it to be so now: for thus it becometh us to fulfil all righteousness. Then he suffered Him.”	19.1 Sa Mateo 3:13-15 ay nakasaad: “Nang magkagayo’y naparoon si Hesus mula sa Galilea at lumapit kay Juan sa ilog ng Jordan, upang Siya’y bautismuhan niya. Datapwat ibig Siyang sansalain ni Juan, na nagsasabi, Kinakailangan ko na ako’y Iyong bautismuhan, at Ikaw ang naparirito sa akin? Ngunit pagsagot ni Hesus ay sinabi sa kaniya, Payagan mo ngayon: sapagkat ganiyan ang nararapat sa atin, ang pagganap ng buong katwiran. Nang magkagayo’y pinayagan niya Siya.”
2 Question: Given His innate perfection, what need did Christ have of baptism and what was the wisdom thereof?	19.2 Tanong: Yamang si Kristo ay likas ang kaganapan, bakit Niya kinailangan ang bautismo, at ano ang wastong kadahilanan niyon?

3 Answer: The essence of baptism is purification by repentance. John admonished and exhorted the people, caused them to repent, and then baptized them. It is evident then that this purification is a symbol of repentance from all sin, as though one were saying: “O God! Just as my body has been cleansed and purified from material defilements, so cleanse and purify my spirit from the defilements of the world of nature, which are unworthy of Thy divine threshold.” Repentance is the return from rebelliousness to obedience. It is after experiencing remoteness and deprivation from God that man repents and purifies himself. Thus, this purification is a symbol saying: “O God! Render my heart goodly and pure, and cleanse and sanctify it from all save Thy love.”	19.3 Sagot: Ang pinakadiwa ng bautismo ay ang pagdadalisay sa pamamagitan ng pagsisisi. Pinaalalahanan at hinimok ni Juan ang mga tao, na naging dahilan ng kanilang pagsisisi, at pagkatapos ay binautismuhan niya sila. Samakatwid ay malinaw na itong pagdadalisay ay isang sagisag ng pagsisisi mula sa lahat ng kasalanan, na waring sinasabi ng taong: “O Diyos! Yamang ang aking katawan ay nilinis at dinalisay mula sa mga materyal na dungis, sa gayunding paraan ay linisin at dalisayin ang aking espiritu mula sa mga dungis ng daigdig ng kalikasan, na hindi nararapat sa Iyong banal na bungad!” Ang pagsisisi ay ang pagbabalik mula sa pagrebelde tungo sa pagsunod. Pagkatapos maranasan ang kalayuan at pangungulila sa Diyos ay roon nagsisisi ang tao at dinadalisay ang kaniyang sarili. Sa gayon, itong pagdadalisay ay isang sagisag na nagsasabing: “O Diyos! Gawing mabuti at dalisay ang aking puso, at linisin at pabanalin mula sa lahat liban sa Iyong pag-ibig.”
4 As Christ desired that this custom instituted by John be practised by all at that time, He Himself submitted to it, that souls might be awakened and that the law which had issued from the former religion might be fulfilled. For even though this custom was instituted by John, it represented in reality the purification of repentance which has been practised in all the divine religions.	19.4 Yamang ninais ni Kristo na isagawa ng lahat sa panahong iyon ang kaugaliang ito na sinimulan ni Juan, Siya mismo ay sumunod rito, upang gisingin ang mga kaluluwa at upang matupad ang batas ng naunang relihiyon. Sapagkat bagaman ang kaugaliang ito ay sinimulan ni Juan, ito ay sagisag ng realidad ng pagdadalisay ng pagsisisi na isinasagawa sa lahat ng banal na relihiyon.
5 It is not that Christ was in need of baptism, but He submitted to it because at that time this action was praiseworthy and acceptable before God and presaged the glad-tidings of the Kingdom. However, He later said that true baptism was not with material water but with spirit and with water, and, elsewhere, with spirit and with fire.78 What is meant here by “water” is not material water, for elsewhere it is explicitly stated that baptism must be with	19.5 Si Kristo ay hindi nangangailangan ng bautismo, gayumpaman ay sumailalim Siya rito dahil sa panahong iyon ang gawaing ito ay kapuri-puri at katanggap-tanggap sa Diyos at nagbabadya ng magandang balita ng Kaharian. Subalit, pagkaraan niyon ay sinabi Niyang ang tunay na bautismo ay hindi sa pamamagitan ng materyal na tubig subalit ay sa pamamagitan ng espiritu at ng tubig, at sa ibang pagkakataon, ay sa pamamagitan ng espiritu

spirit and with fire, and the latter makes it clear that the intention is not material fire and water, since baptism with fire is impossible.	at apoy.[78] Ang tinutukoy rito ng “tubig” ay hindi materyal na tubig, dahil sa iba pang lugar ay maliwanag na nakasaad na ang binyag ay sa pamamagitan ng espiritu at apoy, na mula rito ay maliwanag na ang tinutukoy ay hindi materyal na apoy at materyal na tubig, sapagkat ang binyag sa apoy ay imposible.
6 Therefore, by “spirit” is meant divine grace; by “water”, knowledge and life; and by “fire”, the love of God. For material water cleanses not the heart of man but his body. Rather, the heavenly water and spirit, which are knowledge and life, cleanse and purify the heart of man. In other words, the heart that partakes of the outpouring grace of the Holy Spirit and becomes sanctified is made goodly and pure. The purpose is that the reality of man be purified and sanctified from the defilements of the world of nature, which are vile attributes such as anger, lust, worldliness, pride, dishonesty, hypocrisy, deceit, self-love, and so on.	19.6 Samakatwid, ang kahulugan ng “espiritu” ay ang banal na biyaya; ang “tubig” ay kaalaman at buhay; at ang “apoy” ay ang pag-ibig sa Diyos. Sapagkat ang materyal na tubig ay hindi dumadalisay sa puso ng tao bagkus ay sa kaniyang katawan. Sa halip, ang makalangit na tubig at espiritu, na iyon ay kaalaman at buhay, ay lumilinis at dumadalisay sa puso ng tao. Sa iba pang mga salita, ang pusong nakikibahagi sa bumubuhos na biyaya ng Espiritu Santo at ginagawang konsagrado ay nagiging mabuti at dalisay. Ang layunin ay maging dalisay at konsagrado ang realidad ng tao mula sa mga dungis ng daigdig ng kalikasan, na yaon ay ang masasamang katangian tulad ng poot, kahalayan, pagkamakamundo, kapalaluan, pandaraya, pagbabalatkayo, pagsisinungaling, pagmamahal sa sarili, at iba pa.
7 Man cannot free himself from the onslaught of vain and selfish desires save through the confirming grace of the Holy Spirit. That is why it is said that baptism must be with the spirit, with water, and with fire—that is, with the spirit of divine grace, the water of knowledge and life, and the fire of the love of God. It is with this spirit, this water, and this fire that man must be baptized, that he may partake of everlasting grace. For otherwise, of what avail is it to be baptized with material water? No, this baptism with water was a symbol of repentance and of seeking remission of sins.	19.7 Hindi mapalalaya ng tao ang kaniyang sarili mula sa pagsalanta ng walang-kabuluhan at makasariling mga hangarin maliban lamang sa pamamagitan ng nagpapatibay na biyaya ng Espiritu Santo. Ito ang dahilan kung bakit sinasabing ang bautismo ay dapat sa pamamagitan ng espiritu, ng tubig at ng apoy—yaon ay, ang espiritu ng banal na biyaya, ang tubig ng kaalaman at buhay, at ang apoy ng pag-ibig sa Diyos. Sa pamamagitan nitong espiritu, nitong tubig at nitong apoy ay dapat bautismuhan ang tao, upang maging kabahagi siya ng walang-maliw na biyaya. Sapagkat kung hindi, ano ang katuturan ng bautismo sa materyal na tubig? Hindi, itong bautismo sa

	tubig ay sagisag ng pagsisisi, at ng paghingi ng kapatawaran sa mga kasalanan.
8 But in the Dispensation of Bahá'u'lláh this symbol is no longer required, for its reality, which is to be baptized with the spirit and the love of God, has been established and realized.	19.8 Subalit sa Dispensasyon ni Bahá'u'lláh ang sagisag na ito ay hindi na kinakailangan, sapagkat ang realidad nito, na yaon ay ang bautismo sa espiritu at pag-ibig sa Diyos, ay naitatag na at naisakatuparan.
20	20
Baptism and the Changing Law of God	Bautismo at ang Pagbabago ng Batas ng Diyos
1 Question: Is the purification of baptism useful and necessary or is it useless and unnecessary? If the former, why was it abrogated despite its necessity? And if the latter, why did John practise it despite its being unnecessary?	20.1 Tanong: May katuturan ba at kinakailangan ang pagdadalisay ng bautismo, o ito ba'y walang-katuturan at hindi kinakailangan? Kung sa unang nabanggit, bakit ito pinawalang-bisa sa kabila ng pangangailangan nito? At kung sa pangalawang nabanggit, bakit ito isinagawa ni Juan kung ito ay hindi naman kinakailangan?
2 Answer: The change and transformation of conditions, and the succession and revolution of ages, are among the essential requirements of the contingent world, and essential requirements cannot be separated from the reality of things. Thus it is impossible to separate heat from fire, or wetness from water, or the rays from the sun, for these are essential requirements. And since change and transformation are among the requirements of all contingent things, the commandments of God are also changed in accordance with the changing times. For example, in the days of Moses, that which was required by and consonant with the conditions prevailing at that time was the Mosaic Law. However, in the days of Christ, those conditions had so changed as to render the Mosaic Law unsuited and ill-adapted to the needs of mankind, and it was therefore abrogated. Thus Christ broke the Sabbath and forbade divorce. After Him four disciples, Peter and Paul among them, permitted the	20.2 Sagot: Ang pag-iiba at pagbabago ng mga kalagayan, at ang pagkakasunod-sunod at mga pag-inog ng mga panahon, ay kabilang sa mga pangunahing pangangailangan ng walang-katiyakang daigdig, at ang pangunahing mga pangangailangan ay hindi maihihiwalay sa realidad ng mga bagay. Sa gayon ay imposibleng ihiwalay ang init sa apoy, o ang pagkabasa mula sa tubig, o ang mga sinag mula sa araw, dahil ang mga ito ay mga pangunahing pangangailangan. At dahil ang pag-iiba at pagbabago ay kabilang sa mga pangangailangan ng lahat ng walang-katiyakang bagay, sa gayundin ang mga batas ng Diyos ay binabago rin sang-ayon sa mga pagbabago ng mga panahon. Halimbawa, sa panahon ni Moises, ang kinakailangan at umaalinsunod sa mga kalagayang umiiral sa panahong iyon ay ang Batas ni Moises. Subalit sa panahon ni Kristo ang mga kalagayang ito ay lubos na nagbago na sa gayong antas na ang Batas ni Moises ay

eating of such animal foods animal foods as had been forbidden in the Torah, excepting the consumption of the meat of animals that had been strangled, of sacrifices made to idols, and of blood. They also forbade fornication.79 Thus they maintained these four commandments. Later, Paul permitted the eating of strangled animals, of those sacrificed to idols, and of blood, but maintained the prohibition of fornication. Thus in Romans 14:14 he writes: “I know, and am persuaded by the Lord Jesus, that there is nothing unclean of itself: but to him that esteemeth any thing to be unclean, to him it is unclean.” Moreover, in Titus 1:15 it is written: “Unto the pure all things are pure: but unto them that are defiled and unbelieving is nothing pure; but even their mind and conscience is defiled.”	hindi na angkop at hindi na nababagay sa mga pangangailangan ng sangkatauhan, at samakatwid iyon ay ipinawalang-bisa. Sa gayon ay nilabag ni Kristo ang Araw na pangilin at ipinagbawal ang diborsiyo. Pagkayao ni Kristo ay ipinahintulot ng apat na disipulo, na kabilang doon sina Pedro at Pablo, ang pagkain ng mga hayop na ipinagbawal sa Torah, liban lamang sa pagkain ng karne ng mga hayop na sinakal, o ng mga inialay sa mga diyos-diyosan, at ng dugo. Ipinagbawal din nila ang pakikipagtalik nang labas sa kasal.[79] Sa gayon ay ipinagpatuloy nila itong apat na kautusan. Sa dakong huli ay ipinahintulot na ni Pablo ang pagkain ng mga hayop na sinakal, ng mga inialay sa mga diyos-diyosan, at ng dugo, subalit ay ipinagpatuloy ang pagbabawal sa pakikipagtalik nang labas sa kasal. Sa gayon sa Roma 14:14 ay isinulat niya: “Nalalaman ko, at naniniwala akong lubos kay Hesus na Panginoon, na walang anumang bagay na marumi sa kaniyang sarili: maliban na roon sa nagaakala na ang anumang bagay ay marumi, sa kaniya’y marumi ito.” Higit pa rito, sa Tito 1:15 ay nakasulat: “Sa malinis ang lahat ng mga bagay ay malinis: datapwat sa nangahawa at di-nagsisisampalataya ay walang anumang malinis; kundi pati ng kanilang pag-iisip at kanilang budhi ay pawang nangahawa.”
3 Now, this change, alteration, and abrogation was due to the fact that the age of Christ could not be compared to that of Moses. The conditions and requirements had entirely changed, and the former commandments were therefore abrogated.	20.3 Ngayon itong pagbabago, pagpapalit at pagwawalang-saysay ay dahil sa katotohanang ang panahon ni Kristo ay hindi maihahalintulad roon sa kay Moises. Ang mga kalagayan at mga pangangailangan ay ganap na nagbago na, at sa gayon ang naunang mga batas ay ipinawalang-bisa.
4 The body of the world can be compared to that of a man, and the Prophets and Messengers of God to able physicians. A human being does not remain always in the same condition: Different ailments occur and each calls for a specific remedy. Thus an able	20.4 Ang katawan ng daigdig ay maihahalintulad roon sa isang tao, at ang mga Propeta at mga Sugo ng Diyos ay tulad ng dalubhasang mga manggagamot. Ang tao ay hindi laging nananatili sa iisang kalagayan lamang: Nagkakaroon ng iba’t ibang

physician does not treat all ailments in the same manner but varies the treatments and remedies in accordance with the requirements of these various ailments and conditions. One person may suffer severely from an ailment caused by an excess of heat: The able physician perforce administers cooling medicines.80 When, at another time, this person's constitution changes and the heat is supplanted by an excess of cold, the physician, of necessity, sets aside the cooling medicines and prescribes heating ones. This change and alteration is required by the condition of the patient and is an evident proof of the skill of the physician.	karamdaman at ang bawat isa ay nangangailangan ng isang tiyak na lunas. Sa gayon ay hindi ginagamot ng dalubhasang manggagamot ang lahat ng karamdaman sa magkaparehong paraan subalit ay binabago ang mga panlunas at mga gamot sang-ayon sa pangangailangan nitong iba't ibang karamdaman at mga kalagayan. Maaaring ang isang tao ay may sakit na bunga ng labis na kainitan: bibigyan siya ng dalubhasang manggagamot ng mga lunas na nagpapalamig.[80] Kapag, sa ibang panahon, ay nagbago na ang kalagayan ng taong ito, at ang init ay napalitan na ng labis na lamig, kailangang isaisantabi ng manggagamot ang lunas na nagpapalamig at iniuutos ang mga gamot na nagpapainit. Itong pagbabago at pag-iiba ay hinihingi ng kalagayan ng pasyente at isa itong malinaw na katibayan ng kahusayan ng manggagamot.
5 Consider, for example: Could the Law of the Torah be enforced in this day and age? No, by God! This would be entirely impossible, and it is for this reason that at the time of Christ the Law of the Torah was perforce abrogated by God. Consider, likewise, that in the days of John the Baptist the purification of baptism served to awaken and admonish the people and to cause them to repent of all sin and to await the advent of the Kingdom of Christ. But today in Asia, the Catholics and the Orthodox plunge infants into a mixture of water and olive oil, in such wise that some fall ill from this ordeal and tremble and struggle at the time of baptism. Elsewhere the priest sprinkles the baptismal water onto the forehead. But in neither case do these children experience any spiritual feelings. What good then can this do? Other peoples wonder and question why this infant is being plunged into the water, since it confers neither spiritual awareness nor faith nor awakening but is merely a custom that is being followed. In the time of John the Baptist, however, it was not so: John would	20.5 Isipin, halimbawa: Maaari bang ipatupad ang Batas ng Torah sa araw at panahong ito? Hindi, saksi ang Diyos! Ito ay magiging ganap na imposible, at sa kadahilanang ito sa panahon ni Kristo ang batas ng Torah ay napilitang ipawalang-saysay ng Diyos. Isipin din na sa mga araw ni Juan Bautista ang pagdadalisay ng bautismo ay naging paraan upang gisingin at paalalahanan ang mga tao na magsisi sa lahat ng kasalanan, at antabayanan ang pagsapit ng Kaharian ni Kristo. Subalit sa kasalukuyan sa Asya, ay inilulubog ng mga Katoliko at ng mga Orthodox ang mga sanggol sa tubig na hinaluan ng langis oliba sa gayong paraan na ang marami sa kanila ay nagkakasakit dahil sa pahirap na ito at nanginginig sa oras ng binyag. Sa ibang lugar naman, iniwiwisik ng pari sa noo ang tubig na pambinyag. Subalit sa magkaparehong gawi ang bata ay hindi nakararanas ng anumang espiritwal na damdamin. Sa gayon ay anong kabutihan ang nakakamtan mula rito? Ang ibang mga sambayanan ay nagtataka at nagtatanong kung bakit

first admonish the people, lead them to repent of sin, and exhort them to anticipate the advent of Christ. Then, whoever received the purification of baptism would repent of his sins with utmost meekness and humility, cleanse and purify his body likewise from outward defilements, and with perfect yearning await, night and day and from moment to moment, the advent of Christ and admittance into His Kingdom.	inilulubog sa tubig ang sanggol na ito, yamang hindi naman ito nagkakaloob ng espiritwal na kabatiran ni pananalig ni pagkagising bagkus ay isang kinaugaliang sinusunod lamang. Sa panahon ni Juan Bautista ito ay hindi ganito: una ay paaalalahanan muna ni Juan ang mga tao, aakayin sila upang magsisi sa mga kasalanan, at pagkatapos ay hihimukin silang antabayanan ang pagdating ni Kristo. Sa gayon, ang sinumang tumanggap sa pagdadalisay ng bautismo ay magsisisi sa kaniyang mga kasalanan nang may ganap na pagkukumbaba at kababaang-loob, gayundin ay lilinisin at dadalisayin ang kaniyang katawan mula sa mga panlabas na dungis, at sa ganap na pagnanasa ay maghihintay, sa araw at gabi mula sa sandaling iyon, sa pagdating ni Kristo at ang pagpasok sa Kaniyang Kaharian.
6 In brief, our meaning is that the change and transformation in the conditions and exigencies of the times is the cause of the abrogation of religious laws, for the time comes when those earlier commandments no longer suit the prevailing conditions. Consider how greatly the exigencies of the modern age differ from those of ancient and of medieval times! Is it possible that the commandments of former centuries could be enforced in these latter times? It is clear and evident that this would be entirely impossible. Likewise, after the lapse of many centuries, that which is called for at the present time will no longer be suited to the needs of that future age, and change and transformation will be inevitable.	20.6 Sa maikling salita, ang aming ibig sabihin ay ang pag-iiba at ang pagbabago ng mga kalagayan at ng mga pangangailangan ng mga panahon ay ang dahilan ng pagwawalang-saysay ng mga batas ng relihiyon, sapagkat dumarating ang panahong hindi na angkop ang naunang mga kautusang iyon sa umiiral na mga kalagayan. Isipin kung gaano naiiba ang mga pangangailangan ng modernong panahon doon sa sinaunang mga panahon! Posible bang ipatupad ang mga kautusan ng naunang mga siglo sa kasalukuyang panahon? Malinaw at hayag na ito ay ganap na imposible. Gayundin, sa paglipas ng maraming siglo, ang hinihingi ng kasalukuyang panahon ay hindi magiging angkop doon sa kinakailangan ng hinaharap na panahong iyon, at pagbabago at pag-iiba ay hindi maiiwasan.
7 In Europe the laws are continually being changed and modified. How numerous the laws that once existed in European systems and canons and that have since been annulled! These changes are due	20.7 Sa Europa ang mga batas ay patuloy na binabago at pinapalitan. Napakaraming batas ang dating umiiral sa mga patakaran at mga batasan ng Europa na ngayon ay ipinawalang-saysay na! Ang mga

to the transformation of thoughts, customs, and conditions, and without them the well-being of the human world would be disrupted.	pagbabagong ito ay dahil sa pagbabao ng mga kaisipan, mga kaugalian at mga kalagayan, at kung walang ganito ang mabuting kalagayan ng daigdig ng sangkatauhan ay masisira.
8 For example, the Torah prescribes the sentence of death for whoever breaks the Sabbath. There are indeed ten such death sentences in the Torah. Could these commandments be carried out in our time? It is evident that it would be utterly impossible. Thus they have been changed and transformed, and this change and transformation in the laws constitutes in itself a sufficient proof of the consummate wisdom of God.	20.8 Halimbawa, iniuutos ng Torah ang hatol ng kamatayan sa sinumang lumabag sa Araw ng Pangilin. Sa katunayan ay may sampung ganitong hatol na kamatayan sa Torah. Maaari bang ipatupad ang ganitong mga batas sa ating panahon? Maliwanag na ito ay ganap na imposible. Sa gayon ang mga iyon ay binago at iniba, at ang ganitong pagbabago at pag-iiba ng mga batas, sa mismong sarili nito, ay isang sapat na katunayan sa sukdulang karunungan ng Diyos.
9 This subject requires deep consideration, and the reason is clear and evident. Well is it with them that reflect!	20.9 Ang paksang ito ay nangangailangan ng malalim na pag-iisip, at ang dahilan ay malinaw at hayag. Pinagpala silang mga nagninilay-nilay!
21	21
The Bread and the Wine	Ang Tinapay at ang Alak
1 Question: Christ said: “I am the living bread which came down from heaven: if any man eat of this bread, he shall live for ever.”81 What is the meaning of this utterance?	21.1 Tanong: Sinabi ni Kristo na: “Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit, upang ang taong makakain ay huwag mamatay.”[81] Ano ang kahulugan ng mga salitang ito?
2 Answer: By this bread is meant the heavenly sustenance of divine perfections. In other words, whoso partakes of this sustenance—that is, whoso acquires the outpouring grace of God, draws illumination from His light, and obtains his portion of the perfections of Christ—will attain everlasting life. What is meant by blood, likewise, is the spirit of life, which consists in divine perfections, heavenly splendours, and eternal grace. For all the	21.2 Sagot: Ang tinutukoy ng tinapay na ito ay ang makalangit na panustos ng banal na mga kaganapan. Sa ibang salita, ang sinumang kumain ng panustos na ito—yaon ay, ang sinumang nagtatamo ng pagbuhos ng makalangit na mga biyaya ng Diyos, nakakukuha ng liwanag mula sa Kaniyang ilaw, at nakakamtam ang kaniyang bahagi ng mga kaganapan ni Kristo—ay makatatamo ng walang-hanggang buhay. Ang kahulugan ng dugo, gayundin, ay ang espiritu ng buhay, na iyon ay binubuo ng banal na mga kaganapan, makalangit na mga

parts of the body acquire the substance of life from the circulation of the blood.	karingalan, at walang-maliw na pagpapala. Dahil ang lahat ng mga bahagi ng katawan ay tumatamo ng mismong sangkap ng buhay mula sa pagdaloy ng dugo.
3 In John 6:26 it is said: “Ye seek Me, not because ye saw the miracles, but because ye did eat of the loaves, and were filled.” It is evident that the loaves of which the disciples ate, and with which they were filled, were the heavenly grace, for in verse 33 of the same chapter it is said: “For the bread of God is He which cometh down from heaven, and giveth life unto the world.” It is evident that the body of Christ did not descend from heaven but came from the womb of Mary: What descended from the heaven of God was the spirit of Christ. The Jews, presuming that Christ was speaking of His body, objected, as is recorded in verse 42 of the same chapter: “And they said, Is not this Jesus, the son of Joseph, whose father and mother we know? how is it then that he saith, I came down from heaven?”	21.3 Sa Juan 6:26 ay nakasaad: “Ako’y inyong hinahanap, hindi dahil sa inyong nangakitang mga tanda, kundi dahil sa kayo’y nagsikain ng tinapay, at kayo’y nangabusog.” Maliwanag na ang tinapay na kinain ng mga disipulo at bumusog sa kanila, ay ang makalangit na biyaya, sapagkat sa bersikulo 33 ng kapitulong ito ay nakasaad: “Sapagkat ang tinapay ng Diyos ay yaong bumababang mula sa langit, at nagbibigay buhay sa sanlibutan.” Maliwanag na ang katawan ni Kristo ay hindi bumaba mula sa langit, kundi ay nanggaling sa sinapupunan ni Maria: Ang bumaba mula sa kalangitan ng Diyos ay ang espiritu ni Kristo. Ang mga Hudyo, na inaakalang tinutukoy ni Kristo ang Kaniyang katawan, ay tumutol, tulad ng nakasaad sa bersikulo 42 ng kapitulong ito: “Hindi baga’y ito ay si Hesus, ang anak ni Jose, na nakikilala natin ang kaniyang ama at ina? paano ngang sinasabi niya Ako’y bumabang galing sa langit?”
4 Consider how evident it is that what Christ intended by the heavenly bread was His spirit, His manifold grace, His perfections, and His teachings; for in verse 63 of the aforementioned chapter it is said: “It is the spirit that quickeneth; the flesh profiteth nothing.”	21.4 Isipin kung gaano kalinaw na ang ibig sabihin ni Kristo sa makalangit na tinapay ay ang Kaniyang espiritu, ang Kaniyang napakaraming biyaya, ang Kaniyang mga kaganapan, at ang Kaniyang mga turo; dahil sa bersikulo 63 ng nabanggit na kapitulo ay nakasaad: “Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anumang pinakikinabang.”
5 It has therefore been made evident that the spirit of Christ was a celestial bounty which descended from heaven, and that whosoever receives the outpourings of this spirit—that is, embraces its heavenly teachings—will attain everlasting life. Thus it is said in verse 35: “And Jesus said unto them, I am the bread of life: he that cometh to	21.5 Samakatwid ay naging malinaw na ang espiritu ni Kristo ay isang makalangit na biyayang bumaba mula sa langit, ang sinumang tumatanggap ng mga pagbuhos ng espiritung iyon—yaon ay, ang tumatanggap sa makalangit na mga turo nito—ay makatatamo ng walang-hanggang buhay. Sa gayon ay nakasaad sa bersikulo 35: “Sa kanila’y sinabi ni Hesus, Ako ang

Me shall never hunger; and he that believeth on Me shall never thirst.”	tinapay ng buhay: ang lumalapit sa Akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa Akin kailanma’y hindi mauuhaw.”
6 Observe that He expresses “coming to Him” as eating, and “believing in Him” as drinking. It is therefore clearly established that the heavenly sustenance consists in the divine bounties, spiritual splendours, heavenly teachings, and all-embracing truths of Christ, and that to eat means to draw nigh unto Him and to drink means to believe in Him. For Christ had both an elemental and a heavenly body. The elemental body was crucified, but the heavenly one is alive, eternal, and the source of everlasting life. The elemental body was His human nature and the heavenly body His divine nature. Gracious God! Some imagine that the bread of the Eucharist is the reality of Christ, and that the Divinity and the Holy Spirit have descended into it and are present therein, whereas when once the Eucharist is taken, in a few minutes it is wholly disintegrated and entirely transformed. How then can such an error be conceived? I beg the forgiveness of God for such a grave delusion!	21.6 Masdan na tinutukoy Niya ang “lumalapit sa Kaniya” bilang pagkain at ang “sumasampalataya sa Kaniya” bilang pag-inom. Samakatwid ay maliwanag na napatutunayang ang makalangit na panustos ay binubuo ng banal na mga pagpapala, ng espiritwal na mga karingalan, ng makalangit na mga turo, at ng pangkalahatang mga katotohanan ni Kristo, at ang kumain ay ang lumapit sa Kaniya, at ang uminom ay ang manalig sa Kaniya. Sapagkat si Kristo ay kapuwa may katawang-lupa at katawang-makalangit. Ang katawang-lupa ay ipinako sa krus, subalit ang katawang-langit ay nabubuhay, walang-maliw at pinagmumulan ng walang-hanggang buhay. Ang katawang-lupa ay ang Kaniyang likas ng pagiging tao at ang katawang-langit ay ang Kaniyang likas ng pagiging Diyos. Mapagpalang Diyos! Inaakala ng mga ilan na ang Eukarista ay ang realidad ni Kristo, at ang Diyos at ang Espiritu Santo ay bumababa at pumaloob dito at matatagpuan dito, samantalang kapag ang Eukarista ay isinubo na, sa loob ng ilang minuto lamang ay natutunaw na ito at ganap na nag-iiba. Kung gayon, paano maaaring isipin ang ganitong pagkakamali? Sinasamo ko ang kapatawaran ng Diyos sa ganitong malalang delusyon!
7 The purport of these words is that, through the manifestation of Christ, the sacred teachings, which are everlasting grace, were spread abroad, the lights of guidance shone forth, and the spirit of life was conferred upon human realities. Whosoever was guided aright found life, and whosoever remained astray was overtaken by everlasting death. That bread which came down from heaven was the celestial body of Christ and His spiritual elements, of which the disciples	21.7 Ang nilalayon ng ganitong mga salita ay sa pamamagitan ng kapahayagan ni Kristo, ang banal na mga turo, na yaon ay walang-maliw na biyaya, ay pinalaganap sa ibayo, ang mga liwanag ng pamamatnubay ay sumikat, at ang espiritu ng buhay ay ipinagkaloob sa mga realidad ng tao. Ang sinumang napatnubayan sa kawastuan ay nakatanggap ng buhay at ang sinumang nanatiling ligaw ay inabutan ng walang-hanggang kamatayan. Ang tinapay na iyon na bumaba mula sa langit ay ang katawang-langit ni Kristo at ang Kaniyang

ate and through which they attained everlasting life.	espiritwal na mga elemento, na kinain ng mga disipulo at sa pamamagitan niyon ay natamo nila ang walang-hanggang-buhay.
8 The disciples had taken many meals from the hand of Christ; why then did the last supper come to be distinguished? It is thus evident that by the heavenly bread is meant not this material bread but the divine sustenance of the spiritual body of Christ, that is, the divine grace and the heavenly perfections of which His disciples partook and with which they were filled.	21.8 Ang mga disipulo ay madalas nang tumanggap ng mga hapunan mula sa kamay ni Kristo; kung gayon ay bakit naiiba ang huling hapunan mula sa mga iyon? Maliwanag kung gayon na ang tinutukoy ng makalangit na tinapay ay hindi yaong materyal na tinapay kundi ay ang banal na panustos ng espiritwal na katawan ni Kristo, yaon ay ang banal na pagpapala at ang makalangit na mga kaganapang pinagsaluhan ng Kaniyang mga disipulo, at iyon ang bumusog sa kanila.
9 Consider likewise that when Christ blessed the bread and gave it to His disciples, saying, “this is My body”,82 He was visibly and distinctly present with them in person and in body, and was not transformed into bread and wine. Had He become the bread and wine itself, He could not have remained distinctly present before them in body and in person.	21.9 Isipin gayundin na noong binasbasan ni Kristo ang tinapay at ibinigay ito sa Kaniyang mga disipulo at sinabing, “Ito ang Aking katawan”,[82] Siya mismo ay nakikita at malinaw na naroroong kasama nila na buong sarili at katawan, at hindi siya naging tinapay at alak. Kung Siya ay talagang naging tinapay at alak, hindi na sana Siya naging kasama nila at naroroon ang mismong katawan at sarili.
10 It is therefore clear that the bread and wine were symbols, meaning: My grace and My perfections have been given you, and since you have partaken of this manifold grace, you have attained everlasting life and received your share and portion of the heavenly sustenance.	21.10 Kung gayon ay maliwanag na ang tinapay at alak ay mga sagisag, na nangangahulugang: ang Aking biyaya at Aking mga kaganapan ay ipinagkaloob na sa inyo, at yamang nakisalo kayo sa sari-saring biyayang ito, kayo ay nakatamo na ng walang-hanggang buhay at natanggap na ang inyong bahagi at parte ng makalangit na sustansiya.
22	22
The Miracles of Christ	Ang mga Milagro ni Kristo
1 Question: Certain miracles have been attributed to Christ. Should these accounts be taken literally or do they have other meanings? For it has been established through sound investigation that the inherent	22.1 Tanong: Ang ilang milagro ay sinasabing ginawa ni Kristo. Ang mga kuwentong ito ay dapat bang tanggapin nang literal, o mayroon ba itong iba pang mga kahulugan? Dahil napatunayan na sa

nature of each thing does not change, that all created things are subject to a universal law and organization from which they cannot deviate, and that hence nothing can possibly violate that universal law.	pamamagitan ng mahusay na pagsasaliksik na ang likas na katangian ng bawat bagay ay hindi nagbabago, na ang lahat ng nilikhang bagay ay umaalinsunod sa iisang pangkalahatang batas at pagsasaayos na mula roon ay hindi ito maaaring lumihis, at sa gayon ay hindi posibleng lumabag ang anumang bagay sa pangkalahatang batas na ito.
2 Answer: The Manifestations of God are sources of miraculous deeds and marvellous signs. Any difficult or impossible matter is to Them possible and permitted. For They show forth extraordinary feats through an extraordinary power, and They influence the world of nature through a power that transcends nature. From each one of Them, marvellous things have appeared.	22.2 Sagot: Ang mga Kahayagan ng Diyos ay pinagmumulan ng mga milagro at ng kamangha-manghang mga palatandaan. Ang anumang mahirap at imposibleng bagay ay posible at magagawa Nila. Dahil ipinakikita Nila ang higit sa karaniwang gawa sa pamamagitan ng higit sa karaniwang kapangyarihan, at naiimpluwensiyan Nila ang daigdig ng kalikasan sa pamamagitan ng kapangyarihang higit na mataas kaysa sa kalikasan. Mula sa bawat isa sa Kanila ay nakita ang kamangha-manghang mga bagay.
3 But in the Sacred Scriptures a special terminology is used, and in the sight of the Manifestations of God these marvels and miracles are of no importance, so much so that They do not even wish them to be mentioned. For even if these miracles were considered the greatest of proofs, they would constitute a clear evidence only for those who were present when they took place, not for those who were absent.	22.3 Subalit sa Santong Kasulatan ay ginagamit ang bukod-tanging mga salita, at sa paningin nitong mga Kahayagan ng Diyos, itong mga himala at mga milagro ay walang halaga, at hindi nga sana Nila nais banggitin ang mga ito. Sapagkat kung ipagpalagay na itong mga milagro ang pinakamatinding mga katunayan, ang mga ito ay magiging malinaw na katunayan lamang para doon sa mga naroroon nang mangyari ang mga ito, at hindi para doon sa mga wala roon.
4 For example, were a non-believing seeker to be told of the miracles of Moses and Christ, he would deny them and say: “Miracles have also long been ascribed to certain idols by the testimony of a multitude and recorded in books. Thus the Brahmans have compiled an entire book regarding the miracles of Brahma.” The seeker would then ask: “How can we know that the Jews and the Christians speak the truth and that the Brahmans lie? For both are	22.4 Halimbawa, kung sasabihin sa hindi sumasampalatayang mananaliksik ang tungkol sa mga milagro nina Moises at Kristo, itatatwa niya ang mga ito at sasabihing: “Ang mga milagro ay dati nang sinasabing ginawa ng mga diyos-diyosan sang-ayon sa pagsasaksi ng maraming tao at itinala sa mga aklat. Sa gayon ang mga Brahman ay nag-akda ng isang buong aklat tungkol sa mga milagro ni Brahma.” Pagkatapos ay itatanong ng mananaliksik:

traditions, both are widely attested, and both have been recorded in a book. Each can be viewed as plausible or implausible, as with every other account: If one is true, both must be true; if one is accepted, both must be accepted." Therefore, miracles cannot be a conclusive proof, for even if they are valid proofs for those who were present, they fail to convince those who were not.	"Paano natin malalaman na nagsasabi ng katotohanan ang mga Hudyo at mga Kristiyano at ang mga Brahman ay nagsisinungaling? Dahil kapuwa ito mga kinaugaliang kuwento, kapuwa ito pinatunayan ng maraming tao, at kapuwa ito itinala sa aklat. Ang bawat isa ay masasabing maaaring nangyari o hindi maaaring nangyari, tulad rin ng lahat ng ibang kuwento: kung ang isa ay totoo, dapat kapuwa itong totoo; kung ang isa ay tatanggapin, dapat kapuwa itong tatanggapin." Samakatwid, ang mga milagro ay hindi maaaring maging mabisang katibayan, sapagkat kahit na mabisang katibayan ito para sa mga naroroon, hindi ito kapani-paniwala para sa mga wala roon.
5 However, in the day of God's Manifestation, they that are endued with insight will find all things pertaining to Him to be miraculous. For these things are distinguished above all else, and this distinction is in itself an absolute miracle. Consider how Christ, alone and single-handed, with no helper or protector, with no legions or armies, and with the utmost meekness, raised aloft the banner of God before all the peoples of the world; how He withstood them; and how at last He subdued them all, even though outwardly He was crucified. Now, this is an absolute miracle which can in no wise be denied. Indeed, the truth of Christ stands in no need of further proof.	22.5 Subalit sa panahon ng Kahayagan ng Diyos, ang mga nagtataglay ng malalim na pag-unawa ay makikita ang lahat ng bagay kaugnay ng Kahayagan bilang mga himala. Dahil ang mga bagay na ito ay natatangi nang higit sa lahat ng ibang bagay, at ang mismong pagtatanging ito ay ganap na milagro na. Isipin kung paanong ginawa ni Kristo, habang nag-iisa at walang-kasama, na walang katulong o tagapagtanggol, na walang mga masa at mga hukbo, at sa sukdulang kabaitan, na itaas ang bandila ng Diyos sa harap ng lahat ng sambayanan ng daigdig; kung paano Siya nakatagal laban sa kanila; at sa wakas kung paano Niya sinupil silang lahat, kahit na sa panlabas na anyo Siya ay ipinako sa krus. Ngayon ito ay isang tunay na milagrong hindi maaaring maitatwa. Sa katunayan, ang katotohanan ng Kristo ay hindi nangangailangan ng anupamang ibang katibayan.
6 These outward miracles are of no importance to the followers of truth. For example, if a blind man is made to see, in the end he will again lose his sight, for he will die and be deprived of all his senses and faculties. Thus, causing the blind to see is of no lasting importance, since the faculty of	22.6 Itong panlabas na mga milagro ay hindi mahalaga para sa mga tagasunod ng katotohanan. Halimbawa, kapag ang bulag ay ginawang makakita, sa wakas ay muli siyang mababulag, sapagkat siya ay mamamatay at mawawala ang lahat ng kaniyang mga pandama at mga

sight is bound to be lost again in the end. And if a dead body be revived, what is gained thereby, since it must die again? What is important is to bestow true insight and everlasting life, that is, a spiritual and divine life; for this material life will not endure and its existence is tantamount to non-existence. Even as Christ said in reply to one of His disciples: “let the dead bury their dead”; for “That which is born of the flesh is flesh; and that which is born of the Spirit is spirit.”83	kakayahan. Sa gayon, ang pagbibigay ng kakayahang makakita sa taong bulag ay walang namamalaging kahalagahan, dahil ang kakayahang makakita ay muling mawawala sa wakas. At kung ang katawan ng patay na tao ay muling bubuhayin, ano ang kapakinabangan nito, dahil muli rin itong mamamatay? Ang mahalaga ay ang maipagkaloob ang tunay na malalim na pag-unawa at walang-hanggang buhay, yaon ay, isang espiritwal at banal na buhay; dahil itong materyal na buhay ay hindi mamamalagi at ang pag-iral ay katumbas ng kawalan ng buhay. Tulad rin ng sinabi ni Kristo sa isa Niyang disipulo: “Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay”; dahil “Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga.”[83]
7 Consider that Christ reckoned as dead those who were nonetheless outwardly and physically alive; for true life is life eternal and true existence is spiritual existence. Thus if the Sacred Scriptures speak of raising the dead, the meaning is that they attained everlasting life; if they say that one who was blind was made to see, the meaning of this seeing is true insight; if they say that one who was deaf was made to hear, the meaning is that he acquired an inner ear and attained spiritual hearing. This is established by the very text of the Gospel where Christ says that they are like those of whom Isaiah once said, They have eyes and see not, they have ears and hear not; and I heal them.84	22.7 Isipin na itinuring ni Kristo bilang mga patay yaong mga sa panlabas na anyo at sa pisikal ay buhay pa; dahil ang tunay na buhay ay walang-hanggan at ang tunay na pag-iral ay ang espiritwal na pag-iral. Sa gayon, kapag binabanggit ng Santong Kasulatan ang pagbubuhay sa mga patay, ang kahulugan nito ay natamo nila ang walang-hanggang buhay; kapag binabanggit nitong ang bulag ay nakakita, ang kahulugan ng nakakikita ay ang tunay na pag-unawa; kapag binabanggit nitong ang bingi ay nakadirinig, ang kahulugan ay nakatamo siya ng panloob na tainga at nakamtan ang espiritwal na pandinig. Ito ay pinatutunayan ng mismong teksto ng Ebanghelyo kung saan ay sinabi ni Kristo na sila’y katulad ng tinagurian ni Isias na, Sila’y may mga mata, at hindi nakakikita; sila’y may mga tainga at hindi nakaririnig; at sila’y Aking pinagaling.[84]
8 Our meaning is not that the Manifestations of God are unable to perform miracles, for this indeed lies within Their power. But that which is of import and consequence in Their eyes is inner sight,	22.8 Hindi namin ibig sabihin na hindi kayang gumawa ng mga himala ang mga Kahayagan ng Diyos, dahil talagang nasa kapangyarihan nila ito. Subalit ang mahalaga at may katuturan sa Kanilang mga

spiritual hearing, and eternal life. Thus, wherever it is recorded in the Sacred Scriptures that such a one was blind and was made to see, the meaning is that he was inwardly blind and gained spiritual insight, or that he was ignorant and found knowledge, or was heedless and became aware, or was earthly and became heavenly.	mata ay ang panloob na pananaw, ang espiritwal na pandinig, at ang walang-hanggang buhay. Sa gayon, sa tuwing naitala sa Santong Kasulatan na ang isang iyon ay bulag at ginawang makakita, ang kahulugan ay bulag siya sa panloob na diwa at nakamtan niya ang malalim na pag-unawang espiritwal, o na siya ay mangmang at nakamtan ang kaalaman, o na siya ay pabaya at nagkaroon ng kamalayan, o na siya ay makalupa at naging makalangit.
9 As this inner sight, hearing, life, and healing are eternal, so are they truly important. Otherwise, what importance, worth, and value can mere animal life and powers possess? Even as an idle fancy, in a few days it will pass. For instance, if an unlit lamp is lighted, it will be extinguished again, but the light of the sun always shines resplendent, and this is what is important.	22.9 Yamang itong panloob na paningin, pandinig, buhay at pagpapagaling ay walang-hanggan, ang mga ito ay tunay na mahalaga. Kung hindi, ano ang halaga, saysay at kabuluhan ang taglay ng hamak na buhay at mga kapangyarihan ng hayop lamang? Tulad ng walang-kabuluhang hinagap, lilipas din ito pagkaraan ng mga araw. Halimbawa, kung sisindihan ang lamparang walang ilaw, muli rin naman itong mamamatay; subalit ang ilaw ng araw ay laging sumisikat nang maningning, at iyon ang mahalaga.
23	23
The Resurrection of Christ	Ang Muling Pagkabuhay ni Kristo
1 Question: What is the meaning of Christ's resurrection after three days?	23.1 Tanong: Ano ang kahulugan ng muling pagkabuhay ni Kristo pagkalipas ng tatlong araw?
2 Answer: The resurrection of the Manifestations of God is not of the body. All that pertains to Them—all Their states and conditions, all that They do, found, teach, interpret, illustrate, and ordain—is of a mystical and spiritual character and does not belong to the realm of materiality.	23.2 Sagot: Ang muling pagkabuhay ng mga Kahayagan ng Diyos ay hindi ukol sa katawan. Ang lahat ng nauugnay sa Kanila—ang lahat ng Kanilang mga kalagayan, ang lahat ng Kanilang mga isinagawa, itinatag, itinuro, ipinagpakahulugan, ipinaliwanag, at inihabilin—ay mayroong katangiang mistiko at espiritwal at hindi patungkol sa kahariang materyal.
3 Such is the case of Christ's coming from heaven. It has been explicitly	23.3 Ganoon ang pagbaba ni Kristo mula sa langit. Malinaw na nakasaad sa

stated in numerous passages of the Gospel that the Son of man came down from heaven, or is in heaven, or will go up to heaven. Thus in John 6:38 it is said: “For I came down from heaven”, and in John 6:42 it is recorded: “And they said, Is not this Jesus, the son of Joseph, whose father and mother we know? how is it then that he saith, I came down from heaven?”, and in John 3:13 it is stated: “And no man hath ascended up to heaven, but He that came down from heaven, even the Son of man which is in heaven.”	maraming sipi ng Ebanghelyo na ang Anak ng tao ay bumaba mula sa langit, o naroon sa langit, o aakyat sa langit. Sa gayon, sa Juan 6:38 ay nakasaad na: “Sapagkat bumaba Akong mula sa langit”, at sa Juan 6:42 ay nakatalang “At kanilang sinabi, Hindi baga ito ay si Hesus, ang anak ni Jose, na nakikilala natin ang kaniyang ama at ina? paano ngang sinasabi niya Ako’y bumabang galing sa langit?”, at sa Juan 3:13 at nakasaad na: “At walang umakyat sa langit, kundi ang nanggaling sa langit, sa makatwid baga’y ang Anak ng tao, na nasa langit.”
4 Consider how it is said that the Son of man is in heaven, even though at that time Christ was dwelling upon the earth. Consider likewise that it explicitly says that Christ came from heaven, although He came from the womb of Mary and His body was born of her. It is therefore clear that the assertion that the Son of man came down from heaven has a mystical rather than a literal meaning, and is a spiritual rather than a material event. The meaning is that though in appearance Christ was born of the womb of Mary, yet in reality He came from heaven, the seat of the Sun of Truth that shines in the divine realm of the supernal Kingdom. And since it is established that Christ came from the spiritual heaven of the divine Kingdom, His disappearance into the earth for three days must also have a mystical rather than a literal meaning. In the same manner, His resurrection from the bosom of the earth is a mystical matter and expresses a spiritual rather than a material condition. And His ascension to heaven, likewise, is spiritual and not material in nature.	23.4 Isipin kung bakit nakasaad na ang Anak ng tao ay nasa langit, samantalang sa panahong iyon si Kristo ay nananahan sa lupa. Isipin din na malinaw na nakasaad na si Kristo ay nanggaling sa langit, samantalang nanggaling Siya sa sinapupunan ni Maria, at ang Kaniyang katawan ay isinilang ni Maria. Kung gayon ay malinaw na sa pahayag na ang Anak ng tao ay bumaba mula sa langit ay may mistikong kahulugan, at ito ay isang espiritwal sa halip na materyal na pangyayari. Ang kahulugan ay bagaman sa panlabas na anyo si Kristo ay isinilang mula sa sinapupunan ni Maria, gayumpaman sa katotohanan ay Siya’y nanggaling sa langit, buhat sa luklukan ng Araw ng Katotohanang sumisikat sa banal na larangan ng makalangit na Kaharian. At yamang napatunayang si Kristo ay nanggaling sa espiritwal na langit ng banal na Kaharian, sa gayon ang Kaniyang pagkawala mula sa daigdig sa loob ng tatlong araw ay mayroon ding mistikong kahulugan at hindi literal na kahulugan. Sa gayunding paraan, ang Kaniyang muling pagkabuhay mula sa ilalim ng lupa ay isang mistikong bagay at ipinahahayag ang isang espiritwal sa halip na materyal na kalagayan. At ang Kaniyang pagpanhik sa langit, gayundin, ay espiritwal at hindi materyal ang uri.
5 Aside from this, it has been established by science that the material	23.5 Bukod pa rito, pinatunayan na ng agham na ang materyal na kalangitan ay

heaven is a limitless space, void and empty, wherein countless stars and planets move.	kalawakang walang hangganan, walang taglay at walang nilalaman, kung saan ang di-mabilang na mga bituin at mga planeta ay umiinog.
6 We explain, therefore, the meaning of Christ's resurrection in the following way: After the martyrdom of Christ, the Apostles were perplexed and dismayed. The reality of Christ, which consists in His teachings, His bounties, His perfections, and His spiritual power, was hidden and concealed for two or three days after His martyrdom, and had no outward appearance or manifestation—indeed, it was as though it were entirely lost. For those who truly believed were few in number, and even those few were perplexed and dismayed. The Cause of Christ was thus as a lifeless body. After three days the Apostles became firm and steadfast, arose to aid the Cause of Christ, resolved to promote the divine teachings and practise their Lord's admonitions, and endeavoured to serve Him. Then did the reality of Christ become resplendent, His grace shine forth, His religion find new life, and His teachings and admonitions become manifest and visible. In other words, the Cause of Christ, which was like unto a lifeless body, was quickened to life and surrounded by the grace of the Holy Spirit.	23.6 Sa gayon ay ipinaliliwanag natin ang kahulugan ng muling pagkabuhay ni Kristo sa sumusunod na paraan: Pagkatapos ng pagmamartir kay Kristo, ang mga Apostol ay tuliro at nasiraan ng loob. Ang realidad ni Kristo, na binubuo ng Kaniyang mga turo, Kaniyang mga biyaya, Kaniyang mga kaganapan, at Kaniyang espiritwal na kapangyarihan, ay natatago sa loob ng dalawa o tatlong araw pagkalipas ng Kaniyang pagkamartir, at wala itong panlabas na anyo o pagkakahayag—sa katunayan, waring ito ay ganap na nawala na. Sapagkat ang mga tunay na mga sumasampalataya ay iilan lamang ang bilang, at kahit pa nga sila ay tuliro at nasiraan ng loob. Ang Kapakanan ni Kristo kung gayon ay tulad ng isang bangkay na wala nang buhay. Pagkalipas ng tatlong araw ang mga Apostol ay naging matatag at matapat, nagsibangon upang tumulong sa Kapakanan ni Kristo, nagtikang ipalaganap ang mga banal na turo at isagawa ang mga payo ng kanilang Panginoon, at sinikap na makapaglingkod sa Kaniya. Sa gayon ang realidad ni Kristo ay naging maningning, ang Kaniyang biyaya ay suminag, ang Kaniyang Relihiyon ay nakatagpo ng panibagong buhay, at ang Kaniyang mga turo at mga paalaala ay naging hayag at nakikita. Sa ibang salita, ang Kapakanan ni Kristo, na tulad ng bangkay na wala nang buhay, ay binigyang-buhay at pinalibutan ng biyaya ng Espiritu Santo.
7 Such is the meaning of the resurrection of Christ, and this was a true resurrection. But as the clergy did not grasp the meaning of the Gospels and did not comprehend this mystery, it was claimed that religion was opposed to science and science was incompatible with religion, for among other things the ascension of Christ in a	23.7 Ganoon ang kahulugan ng muling pagkabuhay ni Kristo, at iyon ang tunay na muling pagkabuhay. Subalit yamang hindi naunawaan ng mga pari ang kahulugan ng mga Ebanghelyo ni hindi naintindihan ang hiwagang ito, sa gayon ay sinasabing ang relihiyon ay salungat sa agham, sapagkat bukod sa ibang mga bagay ang pagpanhik ni

physical body to the material heavens is contrary to the mathematical sciences. But when the truth of this matter is clarified and this symbol is explained, it is in no way contradicted by science but rather affirmed by both science and reason.	Kristo nang may katawang lupa sa materyal na kalangitan ay salungat sa matematikong agham. Subalit kapag ang katotohanan ng paksang ito ay nilinaw at ang sagisag na ito ay ipinaliwanag, hindi ito salungat sa agham sa anumang paraan bagkus ay pinagtitibay ito ng kapuwa agham at ng katwiran.
24	24
The Descent of the Holy Spirit upon the Apostles	Ang Pagbaba ng Espiritu Santo sa mga Apostol
1 Question: It is recorded in the Gospels that the Holy Spirit descended upon the Apostles. What was the manner and meaning of this descent?	24.1 Tanong: Naitala sa Ebanghelyo na bumaba ang Espiritu Santo sa mga Apostol. Ano ang paraan at kahulugan nitong pagbaba?
2 Answer: The descent of the Holy Spirit is not like the entrance of air into the human body. It is a metaphor and an analogy rather than a literal image or account. That which is intended is like the descent of the sun into a mirror, that is, when its splendour is reflected therein.	24.2 Sagot: Ang pagbaba ng Espiritu Santo ay hindi tulad ng pagpasok ng hangin sa katawan ng tao. Ito ay isang metapora at isang paghahalintulad, sa halip na literal na paglalarawan o anyo. Ang kahulugan nito ay katulad ng pagbaba ng araw sa salamin, na yaon ay ang karingalan nito ay nagiging hayag doon.
3 After the death of Christ the Apostles were troubled and diverged in their thoughts and opinions; later they became steadfast and united. At Pentecost they gathered together, detached themselves from the world, forsook their own desires, renounced all earthly comfort and happiness, sacrificed body and soul to their Beloved, left their homes, took leave of all their cares and belongings, and even forgot their own existence. Then was divine assistance vouchsafed and the power of the Holy Spirit manifested. The spirituality of Christ triumphed and the love of God took hold. On that day they received divine confirmations, and each departed in a different direction to teach the Cause of God and unloosed his tongue to set forth the proofs and testimonies.	24.3 Pagkamatay ni Kristo, ang mga Apostol ay balisa at magkakaiba-iba ang kanilang mga kaisipan at mga kuro-kuro; sa kalaunan ay naging matatag at nagkaisa na sila. Sa Pentekostes sila'y nagtipon, iniwalay ang kanilang mga sarili mula sa daigdig, ipinagwalang-bahala ang kanilang sariling mga hangarin, tinalikuran ang lahat ng makalupang kaginhawaan at kaligayahan, ipinagpakasakit ang katawan at kaluluwa para sa kanilang Pinakamamahal, nilisan ang kanilang mga tahanan, iniwan ang lahat ng kanilang mga alalahanin at mga ari-arian, at nilimot pa nga ang kanilang sariling pag-iral. Nang magkagayon ang banal na tulong ay ipinagkaloob at ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay naging hayag. Ang pagiging espiritwal ni Kristo ay nagtagumpay, at ang pag-ibig sa Diyos ay naghari. Sa araw na iyon ay tumanggap sila

	ng banal na mga pagpapatibay, at ang bawat isa ay humayo sa iba't ibang dako upang ituro ang Kapakanan ng Diyos at kinalagan ang kaniyang dila upang ilahad ang mga katibayan at mga patotoo.
4 Thus the descent of the Holy Spirit means that the Apostles were attracted by the messianic Spirit, attained constancy and steadfastness, found a new life through the spirit of God's love, and saw Christ to be their ever-living helper and protector. They were mere drops and became the ocean; they were feeble gnats and became soaring eagles; they were all weakness and became endowed with strength. They were like mirrors that are turned towards the sun: It is certain that the rays and the effulgence of the sun will be reflected therein.	24.4 Kung gayon ang pagbaba ng Espiritu Santo ay nangangahulugang ang mga Apostol ay naakit ng Espiritu ng mesiyas, nagtamo ng katapatan at katatagan, nakatagpo ng panibagong buhay sa pamamagitan ng espiritu ng pag-ibig sa Diyos, at nakita si Kristo bilang kanilang patuloy na nabubuhay na katulong at tagapangalaga. Sila ay mga patak lamang at naging karagatan; sila ay mahihinang mga kulisap lamang at naging lumilipad na mga lawin; sila ay mahihina at pinagkalooban ng lakas. Sila ay tulad ng mga salamin na nakaharap sa araw: tiyak na ang mga sinag at kaningningan ng araw ay mailalarawan doon.
25	25
The Holy Spirit	Ang Espiritu Santo
1 Question: What is meant by "the Holy Spirit"?	25.1 Tanong: Ano ang kahulugan ng "Espiritu Santo"?
2 Answer: By "the Holy Spirit" is meant the outpouring grace of God and the effulgent rays that emanate from His Manifestation. Thus Christ was the focal centre of the rays of the Sun of Truth, and from this mighty centre—the reality of Christ—the grace of God shone upon the other mirrors which were the realities of the Apostles.	25.2 Sagot: Ang "Espiritu Santo" ay tumutukoy sa ibinubuhos na biyaya ng Diyos at ang nagniningning na mga sinag na sumisikat mula sa Kahayagan. Sa gayon si Kristo ang sentrong tampulan ng mga sinag ng Araw ng Realidad, at mula sa makapangyarihang sentro na ito—ang realidad ni Kristo—ang biyaya ng Diyos ay suminag sa ibang mga salamin na iyon ay ang mga realidad ng mga Apostol.
3 The descent of the Holy Spirit upon the Apostles means that that glorious and divine grace cast its light and splendour upon their realities. For otherwise ingress and egress, descent and inherence are characteristics of bodies and not of spirits—that is, ingress and inherence pertain	25.3 Ang pagbaba ng Espiritu Santo sa mga Apostol ay nangangahulugang ang maluwalhati at banal na biyayang iyon ay suminag ng liwanag at kinang nito sa kanilang mga realidad. Sapagkat maliban dito, ang paglabas at pagbalik, ang pagbaba at likas na katangian ay mga katangian ng

only to sensible realities, not to intelligible subtleties; and intelligible realities, such as reason, love, knowledge, imagination, and thought, do not enter, exit, or inhere, but rather denote relationships.	mga katawan at hindi ng mga espiritu—yaon ay, ang paglabas at likas na katangian ay patungkol lamang sa nadaramang mga realidad, hindi sa mga pangkaisipang mga realidad; at ang pangkaisipang mga realidad, tulad ng katwiran, pag-ibig, kaalaman, likhang-isip, at kaisipan ay hindi pumapasok, lumalabas, o lumilikas, sa halip ay tumutukoy sa mga ugnayan.
4 For example, knowledge, which is a form acquired by the mind, is an intelligible thing, and to speak of entering into the mind or exiting from it is absurd. Rather, it is a relationship of acquisition, even as images are reflected in a mirror.	25.4 Halimbawa, ang kaalaman, na isang anyong nakakamtan ng kaisipan, ay isang pangkaisipang bagay, at ang sabihing pumapasok at lumalabas sa kaisipan ay balintuna. Sa halip, iyon ay isang ugnayan ng pagtatamo, tulad rin ng mga larawang naaaninag sa salamin.
5 Thus, as it is evident and established that intelligible realities do not enter or inhere, it follows that it is in no wise possible for the Holy Spirit to ascend, descend, enter, exit, commingle, or inhere. At most it appears as the sun appears in a mirror.	25.5 Yamang maliwanag at napatunayang ang pangkaisipang mga realidad ay hindi pumapasok o naglilikas, samakatwid hindi posible sa anumang paraan na ang Espiritu Santo ay papanhik, bababa, papasok, lalabas, maisasama, o maglilikas. Ang maaari lamang ay lilitaw iyon tulad ng paglitaw ng araw sa salamin.
6 Moreover, in certain passages of the Sacred Scriptures where allusion is made to the Spirit, a specific person is intended, as it is conventionally said in speech and conversation that such-and-such a person is spirit personified, or is the embodiment of mercy and generosity. In this case the focus is not upon the lamp but upon the light.	25.6 Higit pa rito, sa ilang sipi sa mga Santong Kasulatan kung saan may pahiwatig tungkol sa Espiritu, tumutukoy ito sa isang tiyak na tao, tulad ng karaniwang sinasabi kapag nagsasalita at sa usapan na ang gayong tao ay espiritung nagkatawang-tao, o siya ay mismong kinatawan ng habag at kagandahang-loob. Sa ganitong pagkakataon ang tinutumbok ay hindi ang ilawan kundi ang ilaw.
7 For instance, in reference to the Promised One that must come after Christ, it is said in John 16:12: “I have yet many things to say unto you, but ye cannot bear them now. Howbeit when he, the Spirit of truth, is come, he will guide you into all truth: for he shall not speak of himself; but whatsoever he shall hear, that shall he speak.”	25.7 Halimbawa, sa pagtukoy sa Kaniya na Ipinangako na darating pagkalipas ni Kristo ay nakasaad sa Juan 16:12: “Mayroon pa Akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, ngunit ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. Gayunma’y kung Siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan: sapagkat hindi Siya magsasalita

	ng mula sa Kaniyang sarili; kundi ang anumang bagay na Kaniyang marinig, ang mga ito ang Kaniyang sasabihin.”
8 Now consider carefully that the words “for he shall not speak of himself; but whatsoever he shall hear, that shall he speak” clearly imply that the Spirit of truth is embodied in a Man Who has a soul, Who has ears to hear and a tongue to speak. Likewise Christ is called the “Spirit of God”, in the same way that we speak of the light and yet mean both the light and the lamp.	25.8 Ngayon, isipin nang malalim na ang mga salitang “hindi Siya magsasalita ng mula sa Kaniyang sarili; kundi ang anumang bagay na Kaniyang marinig, ang mga ito ang Kaniyang sasalitain” ay maliwanag na ipinahihiwatig na ang kinatawan ng Espiritu ng katotohanan ay isang Taong may kaluluwa, may taingang nakadirinig at dilang nakapagsasalita. Gayundin si Kristo ay tinaguriang “Espiritu ng Diyos”, sa gayunding paraang binabanggit natin ang ilaw at gayumpaman ay tinutukoy ang kapuwa ilaw at ang ilawan.
26	26
The Second Coming of Christ and the Day of Judgement	Ang Muling Pagdating ni Kristo at ang Araw ng Paghuhukom
1 It is recorded in the Sacred Scriptures that Christ will return and that His return is conditioned upon the fulfilment of certain signs: When He returns, He will be attended by those signs. Among them: “The sun shall be darkened, and the moon shall not give her light, and the stars shall fall from heaven.” At that time “all the tribes of the earth” shall “mourn” and lament, and “the sign of the Son of man” shall appear “in heaven”, “and they shall see the Son of man coming in the clouds of heaven with power and great glory”.85 Bahá’u’lláh has provided a detailed interpretation of these verses in the Kitáb-i-Íqán, and it need not be repeated here. Refer to it and you will grasp their meaning.86	26.1 Nakasaad sa mga Santong Kasulatan na muling darating si Kristo at ang Kaniyang pagbabalik ay nababatay sa pagtupad ng ilang palatandaan: Sa Kaniyang pagbabalik, kasabay Niya ang mga palatandaang iyon. Kabilang sa mga iyon ay: “Magdidilim ang araw, at ang buwan ay hindi magbibigay ng kaniyang liwanag, at mangalalaglag ang mga bituin mula sa langit.” Sa panahong iyon “magsisitaghoy” at magdadalamhati “ang lahat ng mga angkan sa lupa”, at “ang tanda ng Anak ng tao” ay “lilitaw sa langit”, at “mangakikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasaalapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian”.[85] Nagbigay si Bahá’u’lláh ng detalyadong paliwanag ng mga bersikulong ito sa Kitáb-i-Íqán, at hindi na kailangan pang ulitin iyon dito. Sumangguni roon at iyong mauunawaan ang kahulugan nito.[86]
2 Now, I would like in turn to say a further word on this subject, which is	26.2 Ngayon ay nais kong magbigay ng karagdagang salita sa paksang

the following. The first coming of Christ was also from heaven, as has been explicitly stated in the Gospel. Even Christ Himself says that the Son of man came down from heaven, and the Son of man is in heaven; and no man hath ascended up to heaven but He that came down from heaven.87 Thus it is admitted by all that Christ came down from heaven, whereas to outward seeming He came from the womb of Mary.	ito, at iyon ay ang sumusunod. Ang unang pagdating ni Kristo ay mula rin sa langit, tulad ng maliwanag na nakasaad sa Ebanghelyo. Kahit si Kristo mismo ang nagsabing ang Anak ng tao ay bumaba mula sa langit; at ang Anak ng tao ay nasa langit; at walang taong umakyat sa langit liban sa Kaniyang nanggaling sa langit.[87] Samakatwid ay tanggap ng lahat na si Kristo ay bumaba mula sa langit, bagaman sa panlabas na anyo Siya ay nanggaling sa sinapupunan ni Maria.
3 Now, just as He came the first time in appearance from the womb but in reality from heaven, so will He come the second time in appearance from the womb but in reality from heaven. The conditions that have been recorded in the Gospel for the second coming of Christ are indeed the same as had been specified for His first coming, as was explained before.	26.3 Ngayon, tulad rin ng Kaniyang pagdating sa unang pagkakataon na waring mula sa sinapupunan subalit sa katotohanan ay mula sa langit, sa gayunding paraan sa pangalawang pagkakataon Siya ay darating na waring mula sa sinapupunan subalit sa katotohanan ay mula sa langit. Ang mga kalagayang nakalahad sa Ebanghelyo para sa muling pagdating ni Kristo ay tunay na kapareho sa itinakda para sa una Niyang pagdating, tulad ng naipaliwanag na.
4 The Book of Isaiah announces that the Messiah will conquer the East and the West, that all the nations of the earth will gather under His shadow, that His kingdom will be established, that He will come from an unknown place, that the sinners will be judged, and that justice will prevail to such a degree that the wolf and the lamb, the leopard and the kid, the sucking child and the asp will all gather at one spring, in one meadow, and in one abode. The first coming was also subject to these conditions, although none of them came to pass outwardly. Thus the Jews cavilled at Christ, and—God forbid!—called Him a monster,88 regarded Him as the destroyer of the edifice of God and the breaker of the Sabbath and the Law, and sentenced Him to death. Now, each and every one of these conditions had an inner meaning, but the Jews failed to understand	26.4 Ipinapahayag ng Aklat ni Isias na sasakupin ng Mesiyas ang Silangan at Kanluran, na ang lahat ng mga bansa ng daigdig ay magtitipon sa ilalim ng Kaniyang lilim, na ang Kaniyang kaharian ay maitatatag, na Siya'y manggagaling sa di-kilalang lugar, na ang mga makasalanan ay hahatulan, at ang katarungan ay iiral sa ganoong antas na ang lobo at ang kordero, ang leopardo at ang bisirong kambing, ang pasusuhing bata at ang makamandag na ahas, ang lahat ay magtitipon sa iisang bukal, at sa iisang parang, at sa iisang tahanan. Ang unang pagdating ay batay rin sa ganitong mga kalagayan, bagaman sa panlabas na anyo ay walang natupad sa mga ito. Sa gayon naghain ang mga Hudyo ng walang-kapararakang mga pagtutol laban kay Kristo, at—iadya nawa ng Diyos!—ay tinawag Siyang halimaw,[88] itinuring Siyang nagwawasak sa gusali ng Diyos at lumabag sa Araw ng Pangilin at sa Batas, at hinatulan

and were therefore veiled from recognizing Him.	Siya ng kamatayan. Ngayon, ang bawat isa at ang lahat ng mga kalagayang ito ay may panloob na kahulugan, subalit hindi ito naunawaan ng mga Hudyo at sa gayon ay nalambungan sila mula sa pagkilala sa Kaniya.
5 The second coming of Christ follows a similar pattern. All the signs and conditions that have been indicated have inner meanings and are not to be taken literally. For otherwise it is said, among other things, that the stars will fall upon the earth. Yet the stars are endless and innumerable, and modern mathematicians have established and proven that the mass of the sun is approximately one and a half million times greater than that of the earth, and that each one of the fixed stars is a thousand times larger than the sun. If these stars were to fall upon the surface of the earth, how could there be room for them? It would be as though a thousand million mountains as mighty as the Himalayas were to fall upon a grain of mustard seed. Such a thing is, by reason and by science (and indeed as a matter of simple common sense), utterly impossible. And yet even more astonishing is that Christ said: Perchance I shall come when you are sleeping, for the coming of the Son of man is like the coming of a thief.89 Perhaps the thief will be in the house and the owner will be unaware.	26.5 Ang muling pagdating ni Kristo ay gayundin ang paraan. Ang lahat ng mga palatandaan at mga kalagayang nabanggit ay mayroong panloob na kahulugan at hindi dapat unawain nang literal. Dahil kung hindi ay nakasaad na, bukod pa sa ibang mga bagay, na malalaglag ang mga bituin sa lupa. Subalit ang mga bituin ay walang katapusan at di-mabilang, at pinagtibay at pinatunayan ng modernong mga matematiko na ang sukat ng araw ay higit na malaki ng humigit-kumulang sa isang milyon at kalahating ulit kaysa sa daigdig, at ang bawat takdang bituin ay higit na malaki nang isang libong ulit kaysa sa araw. Kung malalaglag ang mga bituing ito sa lupa, paano magkakasya ang mga ito? Ito ay magiging kahalintulad ng pagbagsak ng isang libong milyong bundok na kasinlaki ng Himalaya sa iisang butil ng mustasa. Ang ganoong bagay, sang-ayon sa katwiran at agham (at sa katunayan sang-ayon sa sentido kumon) ay ganap na imposible. Ang higit pang nakapagtataka ay sinabi ni Kristo: Baka dumating Ako kapag kayo ay natutulog, sapagkat ang pagdating ng Anak ng tao ay katulad ng pagdating ng isang magnanakaw.[89] Maaaring ang magnanakaw ay naroroon na sa loob ng bahay, ngunit hindi ito alam ng may-ari.
6 It is therefore clear and evident that these signs have inner meanings and should not be taken literally. These meanings have been fully explained in the Kitáb-i-Íqán: Refer to it.	26.6 Samakatwid ay maliwanag at hayag na ang mga palatandaang ito ay may panloob na mga kahulugan at hindi dapat unawain nang literal. Ang mga ito ay lubusang ipinaliwanag sa Kitáb-i-Íqán: Sumangguni roon.
27	27

The Trinity	Ang Santisima Trinidad
1 Question: What is the meaning of the Trinity and of its three Persons?	27.1 Tanong: Ano ang kahulugan ng Santisima Trinidad at ng tatlong Katauhan nito?
2 Answer: The reality of the Divinity is sanctified and exalted beyond the comprehension of all created things, can in no wise be imagined by mortal mind and understanding, and transcends all human conception. That reality admits of no division, for division and multiplicity are among the characteristics of created and hence contingent things, and not accidents impinging upon the Necessary Being.	27.2 Sagot: Ang realidad ng Diyos ay konsagrado at higit na mataas kaysa sa kabatiran ng lahat ng nilikhang bagay, hindi magugunita sa anumang paraan ng mortal na kaisipan at pang-unawa, at higit pa sa lahat ng maaaring malirip ng tao. Ang realidad na iyon ay hindi maaaring magkaroon ng anumang paghahati; dahil ang paghahati-hati at ang pagdarami ay mga katangian ng pasumalang mga bagay, at hindi aksidenteng dumapo lamang sa Kailangang Umiral.
3 The reality of the Divinity is sanctified above singleness, then how much more above plurality. For that divine reality to descend into stations and degrees would be tantamount to deficiency, contrary to perfection, and utterly impossible. It has ever been, and will ever remain, in the loftiest heights of sanctity and purity. All that is mentioned regarding the manifestation and revelation of God pertains to the effulgence of His light and not to a descent into the degrees of existence.	27.3 Ang realidad ng Maykapal ay di-saklaw ng pagiging isa, kung gayon ay gaano pa kaysa sa pagiging marami. Kapag pumanaog ang banal na realidad na iyon sa mga kalagayan at mga antas ay magiging katumbas ng pagkukulang, na salungat sa kaganapan, at ganap na imposible. Ito ay laging nasa, at patuloy na mananatili, sa pinakamatayog na mga kataasan ng kabanalan at kadalisayan. Ang lahat ng nababanggit tungkol sa kahayagan at rebelasyon ng Diyos ay patungkol sa Kaniyang liwanag at hindi iyon pagbaba sa mga antas ng pagkabuhay.
4 God is pure perfection and the creation is absolute imperfection. For God to descend into the degrees of existence would be the greatest of imperfections; rather, His manifestation, dawning, and effulgence are even as the appearance of the sun in a clear, bright, and polished mirror.	27.4 Ang Diyos ay pawang kaganapan, at ang nilikha ay lubos na walang kaganapan. Kapag bumaba ang Diyos sa mga antas ng pagkabuhay iyon ay magiging ang pinakamalaking kawalan ng kaganapan; sa halip, ang Kaniyang kahayagan, pamimitak, at pagniningning ay tulad ng paglitaw ng araw sa isang malinaw, makinang at makintab na salamin.
5 All created things are resplendent signs of God. For instance, the rays of the sun shine upon all earthly things, yet the light that falls upon the plains, the	27.5 Ang lahat ng nilikhang bagay ay maningning na mga tanda ng Diyos. Halimbawa, ang mga sinag ng araw ay sumisikat sa lahat ng makalupang bagay,

mountains, the trees and fruits is only in such measure as to make them visible, to ensure their growth, and to cause them to attain the object of their existence. The Perfect Man, however, is even as a clear mirror in which the Sun of Truth is revealed and manifested in the fullness of its attributes and perfections. Thus the reality of Christ was a bright and polished mirror of the greatest purity and clarity. The Sun of Truth, the Essence of the Divinity, appeared in that mirror and manifested its light and heat therein, yet it did not descend from the heights of holiness and the heaven of sanctity to reside within it. No, it continues to abide in its loftiness and sublimity, but has been revealed and manifested in the mirror in all its beauty and perfection.	gayumpaman ang liwanag na sumisikat sa mga kapatagan, mga kabundukan, mga puno at mga prutas ay sang-ayon lamang sa gayong sukat upang makita ang mga iyon, upang matiyak ang paglaki niyon, at upang matamo niyon ang layunin ng kanilang pagkabuhay. Ang Ganap na Tao, samakatwid, ay katulad ng isang malinaw na salamin kung saan ang Araw ng Katotohanan ay nakikita at nagiging hayag nang sukdulan ang mga katangian at mga kaganapan nito. Sa gayon ang realidad ni Kristo ay isang maningning at makintab na salamin ng sukdulang kadalisayan at kalinawan. Ang Araw ng Katotohanan, ang Pinakadiwa ng Diyos, ay nakita sa salaming iyon at ginawang maging hayag ang liwanag at init nito roon, subalit hindi ito bumaba mula sa mga rurok ng kabanalan at langit ng kasagraduhan upang manahan sa loob niyon. Hindi, ito ay patuloy na nananatili sa kataasan at kadakilaan niyon, subalit ay naisiwalat at naging hayag sa salamin sa buong kagandahan at kaganapan niyon.
6 Now, if we were to say that we have beheld the Sun in two mirrors—one Christ and the other the Holy Spirit—or, in other words, that we have seen three Suns—one in heaven and two upon the earth—we would be speaking the truth. And if we were to say that there is only one Sun, that it is absolute singleness, and that it has no peer or partner, we would again be speaking the truth.	27.6 Ngayon, kung sasabihin nating nakita natin ang Araw sa dalawang salamin—ang isa ay si Kristo at ang isa pa ay ang Espiritu Santo—o, sa ibang mga salita, na nakita natin ang tatlong Araw—ang isa ay nasa langit at ang dalawa ay nasa lupa—nagsasabi tayo ng totoo. At kung sasabihin nating iisa lamang ang Araw, na iyon ay ganap na nag-iisa, at wala itong kapantay o katuwang, tayo ay muli ring nagsasabi ng totoo.
7 The purport of our words is that the reality of Christ was a clear mirror wherein the Sun of Truth—that is, the divine Essence—appeared and shone forth with infinite perfections and attributes. It is not that the Sun, which is the Essence of the Divinity, was ever divided or multiplied—for it remains one—but it became manifest in the mirror. That is why Christ said, “The Father	27.7 Ang ibig sabihin ng aming mga salita ay ang realidad ni Kristo ay isang malinaw na salamin, at ang Araw ng Katotohanan—yaon ay, ang Pinakadiwa ng kabanalan—ay lumitaw at sumikat taglay ang walang-hanggang mga kaganapan at mga katangian. Hindi nangangahulugang ang Araw, na Pinakadiwa ng Diyos, ay kailanmang nahati at dumami—sapagkat iyon ay nananatiling iisa—subalit ay naging

is in the Son", meaning that that Sun is manifest and visible in this mirror.	hayag ito sa salamin. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Kristo na, "Ang Ama ay nasa Anak," na ibig sabihin ang Araw na iyon ay hayag at nakikita sa salaming ito.
8 The Holy Spirit is the outpouring grace of God which was revealed and manifested in the reality of Christ. Sonship is the station of the heart of Christ, and the Holy Spirit is the station of His spirit. It is thus evident and established that the Essence of the Divinity is absolute oneness and has no peer, equal, or likeness.	27.8 Ang Espiritu Santo ay ang bumubuhos na biyaya ng Diyos na isiniwalat at naging hayag sa realidad ni Kristo. Ang pagiging Propeta ay ang katayuang nasa kaibuturan ni Kristo, at ang Espiritu Santo ay ang katayuan ng Kaniyang espiritu. Sa gayon ay maliwanag at napatunayang ang Pinakadiwa ng Diyos ay ganap na nag-iisa at walang kahalintulad, walang kapantay, o walang kapareho.
9 This is the true meaning of the three Persons of the Trinity. Otherwise, the foundations of the religion of God would rest upon an illogical proposition which no mind could ever conceive, and how could the mind be required to believe a thing which it cannot conceive? Such a thing could not be grasped by human reason—how much less be clothed in an intelligible form—but would remain sheer fancy.	27.9 Ito ang tunay na kahulugan ng tatlong Katauhan sa Santisima Trinidad. Kung iba pa rito, ang mga saligan ng relihiyon ng Diyos ay mababatay sa panukalang salungat sa lohika na kailanman ay hindi magunita ng kaisipan, at paano mahihingi mula sa kaisipan na paniwalaan ang bagay na hindi nito magunita? Ang ganitong bagay ay hindi maunawaan ng katwiran ng tao—at lalo nang hindi ito madadamtan ng anyong nauunawaan—bagkus ay mananatiling katha lamang ng guniguni.
10 Now, this explanation clarifies the meaning of the three Persons of the Trinity and establishes at the same time the oneness of God.	27.10 Ngayon, nililinaw ng paliwanag na ito ang kahulugan ng tatlong Katauhan ng Santisima Trinidad at pinatutunayan din ang kaisahan ng Diyos.
28	28
The Pre-existence of Christ	Ang Pag-iral ni Kristo Bago pa Isilang
1 Question: What is the meaning of the verse in the Gospel of John: "And now, O Father, glorify thou me with Thine own self with the glory which I had with Thee before the world was."90	28.1 Tanong: Ano ang kahulugan ng bersikulo sa Ebanghelyo ni Juan: "At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako sa Iyo ring kaluwalhatiang aking tinamo sa Iyo bago ang sanglibutan ay naging gayon."[90]
2 Answer: Pre-existence is of two kinds. One is essential pre-existence,	28.2 Sagot: May dalawang uri ng pag-iral bago pa isilang. Ang isa ay ang

which is not preceded by a cause but which exists in itself. For example, the sun shines in itself and does not depend on the radiance of the other stars for its light. This is called essential light. But the light of the moon is derived from the sun, for the moon is in need of the sun for its radiance. Thus, with respect to light, the sun is the cause and the moon the effect. The former is ancient, antecedent, and prior, while the latter is preceded by something else.	pangunahing pag-iral bago pa isilang, na walang naunang sanhi bagkus ay umiiral lamang ang sarili nito. Halimbawa, ang araw ay sumisikat mula sa sarili nito at hindi ito nakaasa sa kaningningan ng ibang mga bituin para sa liwanag nito. Tinatawag itong pangunahing liwanag. Subalit ang liwanag ng buwan ay nagmumula sa araw, dahil kailangan ng buwan ang araw para sa liwanag nito. Samakatwid, kaugnay ng liwanag, ang araw ang sanhi at ang buwan ang bunga. Ang unang nabanggit ay napakatanda, nauuna, bago ang iba, habang mayroong nauna sa huling nabanggit.
3 The second kind of pre-existence is temporal pre-existence, which has no beginning. The transcendent Word of God is sanctified beyond time. The past, the present, and the future are all equal in relation to God. Yesterday, today, and tomorrow do not exist in the sun.	28.3 Ang pangalawang uri ng pag-iral bago pa isilang ay ang pag-iral bago pa isilang kaugnay ng oras, at iyon ay walang simula. Ang nangingibabaw na Salita ng Diyos ay hindi saklaw ng oras. Ang nakaraan, ang kasalukuyan, at ang hinaharap ay magkapantay lahat kaugnay ng Diyos. Ang kahapon, ngayon at bukas ay hindi umiiral sa araw.
4 There is likewise precedence with regard to honour and distinction; that is, the most distinctive precedes the distinctive. Thus the reality of Christ, Who is the Word of God, undoubtedly precedes all created things in essence, in attributes, and in distinction. Before appearing in human form, the Word of God was in a state of utmost sanctity and glory, abiding in perfect beauty and splendour in the height of its majesty. When, through the wisdom of the Most High, that Word shed its light from the pinnacle of glory upon the corporeal world, it was assaulted through the flesh. Thus it fell into the hands of the Jews, became the captive of the ignorant and the unjust, and was at last crucified. That is why He called upon God, saying: Release Me from the bondage of the corporeal realm and deliver Me from this cage, that I may ascend to the heights of greatness and majesty, regain the former sanctity and glory which I enjoyed before	28.4 Gayundin ay mayroong pagkauna kaugnay ng karangalan at pagtatangi; yaon ay, ang pinakakatangi-tangi ang ay nauuna sa katangi-tangi. Sa gayon ang realidad ni Kristo, na Siyang Salita ng Diyos, ay tiyak na nauuna sa lahat ng nilikhang bagay kaugnay ng pinakadiwa, mga katangian at sa pagkatangi-tangi. Bago pa lumitaw sa anyo ng tao, ang Salita ng Diyos ay nasa kalagayan ng sukdulang kabanalan at kaluwalhatian, namamalagi sa ganap na kagandahan at karingalan sa tugatog ng kamahalan nito. Nang, sa pamamagitan ng karunungan ng Pinakamataas, ay pinasikat ng Salitang iyon ang liwanag nito mula sa tugatog ng kaluwalhatian tungo sa daigdig ng katawang-lupa, iyon ay sinalakay sa pamamagitan ng katawan. Sa gayon ay bumagsak iyon sa mga kamay ng mga Hudyo, naging bihag ng mga mangmang at ng walang katarungan, at sa wakas ay ipinako sa krus. Iyon ang dahilan kung bakit

inhabiting the world of the flesh, rejoice in the everlasting dominion, and wing My flight to My true abode, the placeless realm of the unseen Kingdom.	tumawag Siya sa Diyos, at sinabing: Palayain Ako mula sa mga gapos ng daigdig ng katawan, at iligtas Ako mula sa kulungang ito, nang sa gayon ay makapanhik Ako sa mga tugatog ng kadakilaan at kamahalan, muling makamtan ang dating kabanalan at kaluwalhatian na Aking tinatamasa bago nanahan sa daigdig ng katawang-lupa, magdiwang sa walang-maliw na kaharian, at pumailanlang sa Aking tunay na tahanan, ang daigdig na hindi saklaw ng lugar sa di-nakikitang Kaharian.
5 As you have observed, after His ascension the greatness and glory of Christ was established both in the realm of the hearts and across the reaches of the earth, even unto the very dust itself. So long as He dwelt in the corporeal world, He was despised and reviled by the weakest nation on the earth, the Jews, who saw it fit that a crown of thorns be placed upon His blessed brow. But after His ascension the gem-studded crowns of all the kings became humble and submissive before that crown of thorns.	28.5 Tulad ng inyong napagtanto, pagkatapos Niyang yumao ang kadakilaan at kaluwalhatian ni Kristo ay naitatag sa kaharian ng mga puso at sa mismong kasuluk-sulukan ng daigdig. Habang nananahan Siya sa daigdig ng katawang-lupa, Siya ay hinamak at kinutya ng pinakamahinang sambayanan ng daigdig, ang mga Hudyo, na minarapat nilang putungan ng korona ng mga tinik ang Kaniyang banal na ulo. Ngunit nang Siya ay yumao na, ang mga koronang puno ng hiyas ng lahat ng mga hari ay naging mapagkumbaba at masunurin sa harap ng korona ng mga tinik.
6 Behold the glory that the Word of God attained even in this world!	28.6 Masdan ang kaluwalhatiang natamo ng Salita ng Diyos kahit sa daigdig na ito!
29	29
Sin and Atonement	Kasalanan at Kabayaran
1 Question: In 1 Corinthians 15:22 it is written: “For as in Adam all die, even so in Christ shall all be made alive.” What is the meaning of these words?	29.1 Tanong: Sa I Corinto 15:22 ay nakasulat na: “Yamang kay Adan ang lahat ay namatay, gayundin kay Kristo ang lahat ay mabubuhay.” Ano ang kahulugan ng mga salitang ito?
2 Answer: Know that there are two natures in man: the material and the spiritual. The material nature is inherited from Adam, while the spiritual nature is inherited from the reality of the Word of God,	29.2 Sagot: Alamin na ang tao ay mayroong dalawang likas na katangian: ang materyal at ang espiritwal. Ang likas na katangiang materyal ay minana mula kay Adan, samantalang ang likas na katangiang

which is the spirituality of Christ. The material nature is born of Adam, but the spiritual nature is born of the grace of the Holy Spirit. The material nature is the source of every imperfection, and the spiritual nature is the source of all perfection.	espiritwal ay minana mula sa realidad ng Salita ng Diyos, na iyon ang katangiang espiritwal ni Kristo. Ang likas na katangiang materyal ay buhat kay Adan, subalit ang likas na katangiang espiritwal ay buhat sa biyaya ng Espiritu Santo. Ang likas na katangiang materyal ay ang pinagmumulan ng bawat kapintasan at ang likas na katangiang espiritwal ang pinagmumulan ng lahat ng kaganapan.
3 Christ sacrificed Himself so that mankind might be freed from the imperfections of the material nature and endowed with the virtues of the spiritual nature. This spiritual nature, which has come to exist through the grace of the divine Reality, is the sum of all perfections and proceeds from the breath of the Holy Spirit. It is the divine perfections; it is light, spirituality, guidance, exaltation, high-mindedness, justice, love, generosity, kindness to all, and charitable deeds: It is life upon life. This spiritual nature is an effulgence of the splendours of the Sun of Truth.	29.3 Inialay ni Kristo ang Kaniyang Sarili upang makalaya ang sangkatauhan mula sa mga kapintasan ng likas na katangiang materyal at upang mapagkalooban ng mga kabutihan ng likas na katangiang espiritwal. Itong likas na katangiang espiritwal, na nagkaroon ng pag-iral sa pamamagitan ng biyaya ng banal na Realidad, ay ang kabuuan ng lahat ng mga kaganapan at nagmumula sa hininga ng Espiritu Santo. Ito ay ang banal na mga kaganapan; ito ay liwanag, ang pagiging espiritwal, pamamatnubay, kadakilaan, matayog na hangarin, katarungan, pag-ibig, pagiging mapagbigay, kabaitan sa lahat, at kawanggawa: Ito ay patong-patong na buhay. Itong likas na katangiang espiritwal ay isang pagsinag ng mga karingalan ng Araw ng Katotohanan.
4 Christ is the focal centre of the Holy Spirit; He is born of the Holy Spirit; He has been raised up by the Holy Spirit; He descends from the Holy Spirit—that is, His Reality does not proceed from the lineage of Adam but is born of the Holy Spirit. The meaning of 1 Corinthians 15:22 where it says: “as in Adam all die, even so in Christ shall all be made alive” is therefore as follows: Adam is commonly referred to as the “father of man”; that is, He is the cause of the material life of mankind and holds the position of material fatherhood. He is a living, though not a life-giving, soul, whereas Christ is the cause of the spiritual life of man, and with regard to the spirit He holds the	29.4 Si Kristo ay ang tampulang sentro ng Espiritu Santo; Siya ay ipinanganak ng Espiritu Santo; Siya ay inaruga ng Espiritu Santo; Siya ay inapo ng Espiritu Santo—yaon ay, ang Kaniyang Realidad ay hindi minana mula sa angkan ni Adan bagkus ay isinilang ng Epsiritu Santo. Ang kahulugan ng I Corinto 15:22 kung saan nakasaad: “sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamamatay, gayundin naman kay Kristo ang lahat ay bubuhayin” sa gayon ay ang sumusunod: Si Adan ay karaniwang tinutukoy bilang “ama ng tao”; yaon ay, Siya ang sanhi ng materyal na pagkabuhay ng sangkatauhan at taglay ang katayuan ng materyal na ama. Siya ay isang nabubuhay,

position of spiritual fatherhood. Adam is a living soul; Christ is a life-giving spirit.	bagaman hindi nagbibigay-buhay, na kaluluwa, samantalang si Kristo ang sanhi ng espiritwal na pagkabuhay ng tao, at kaugnay ng diwa nito, taglay Niya ang katayuan ng espiritwal na ama. Si Adan ay isang nabubuhay na kaluluwa; si Kristo ay isang nagbibigay-buhay na espiritu.
5 In this material world, man is subject to the force of instinctual desires, of which sin is the inevitable consequence, for these desires are not bound by the laws of justice and righteousness. The body of man is a prisoner of nature and will act in accordance with whatsoever nature dictates. It follows that sins—such as wrathfulness, envy, contentiousness, greed, avarice, ignorance, rancour, corruption, pride, and cruelty—must exist in the material world. All these bestial attributes exist in the nature of man. A man who has been deprived of spiritual education is even as an animal, like those inhabitants of Africa whose actions, manners, and morals are purely instinctual and who act according to the dictates of nature, to the point of rending and eating one another. Thus it becomes evident that the material world of man is a world of sin, and that on this plane man is indistinguishable from the animal.	29.5 Dito sa materyal na daigdig, ang tao ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng likas na mga pagnanasa, at ang di-maiiwasang bunga nito ay ang pagkakasala, sapagkat ang mga pagnanasang ito ay hindi nasasaklaw ng mga batas ng katarungan at pagkamatuwid. Ang katawan ng tao ay bihag ng kalikasan; at ito ay kikilos sang-ayon sa anumang iutos ng kalikasan. Sa gayon ang mga kasalanan—tulad ng poot, inggit, pagtatalo, kaimbutan, kasakiman, kamangmangan, pagkamuhi, pagkabalakyot, kapalaluan, at kalupitan—ay tiyak na umiiral sa materyal na daigdig. Ang lahat nitong mga katangian ng hayop ay matatagpuan sa likas na katangian ng tao. Ang taong hindi nagkaroon ng espiritwal na edukasyon ay tulad ng hayop, tulad ng mga nananahan sa Aprika na ang mga kilos, mga gawi, at moralidad ay lubos na binabatay sa likas na mga katangian at kumikilos nang sang-ayon sa utos ng kalikasan, sa gayong antas na ginugutay at kinakain nila ang isa't isa. Sa gayon ay nagiging malinaw na ang materyal na daigdig ng tao ay isang daigdig ng kasalanan, at sa larangang ito ang tao ay hindi naiiba sa hayop.
6 All sin is prompted by the dictates of nature. These dictates of nature, which are among the hallmarks of corporeal existence, are not sins with respect to the animal but are sins with regard to man. The animal is the source of imperfections such as anger, lust, envy, greed, cruelty, and pride. All these blameworthy qualities are found in the nature of the animal, and do not constitute	29.6 Ang lahat ng kasalanan ay buhat sa utos ng kalikasan. Itong utos ng kalikasan, na kabilang sa mga katangian ng pag-iral ng katawan, ay hindi kasalanan kaugnay ng hayop, bagkus ay kasalanan kaugnay ng tao. Ang hayop ang pinagmumulan ng mga kapintasang tulad ng poot, kahalayan, inggit, kasakiman, kalupitan, at kapalaluan. Lahat nitong mga katangiang dapat sisihin ay matatagpuan sa likas na katangian ng hayop, at hindi

sins with regard to the animal, whereas they are sins with regard to man.	maituturing na kasalanan kaugnay ng hayop, samantalang ang mga ito ay mga kasalanan kaugnay ng tao.
7 Adam is the cause of man's material life, but the reality of Christ, that is, the Word of God, is the cause of his spiritual life. It is a life-giving spirit, meaning that all the imperfections imposed by the material life of man are, through the instruction and guidance of that Essence of detachment, transmuted into human perfections. Therefore, Christ was a life-giving spirit and the cause of the spiritual life of all mankind.	29.7 Si Adan ang dahilan ng materyal na pagkabuhay ng tao, ngunit ang realidad ni Kristo, yaon ay, ang Salita ng Diyos, ay ang sanhi ng kaniyang espiritwal na pagkabuhay. Ito ay isang espiritung nagbibigay-buhay, na nangangahulugang ang lahat ng mga kapintasang nagbubuhat sa materyal na buhay ng tao, sa pamamagitan ng turo at patnubay niyong Diwa ng pagkawalay, ay binabago upang maging mga kaganapan ng tao. Samakatwid si Kristo ay isang espiritung nagbibigay-buhay at ang sanhi ng espiritwal na pagkabuhay ng buong sangkatauhan.
8 Adam was the cause of material life, and since the material world of man is the realm of imperfections, and since imperfection is tantamount to death, Paul compared the former to the latter.	29.8 Si Adan ang sanhi ng materyal na pagkabuhay, at dahil ang materyal na daigdig ng tao ay ang daigdig ng mga kapintasan, at dahil ang mga kapintasan ay katumbas ng kamatayan, inihahalintulad ni Pablo ang unang nabanggit sa huling nabanggit.
9 But the majority of the Christians believe that Adam sinned and transgressed by eating from the forbidden tree, that the dire and disastrous consequences of this transgression were inherited for all time by His descendants, and that Adam has thus become the cause of the death of man. This explanation is irrational and clearly mistaken, for it implies that all men, even the Prophets and Messengers of God, through no fault or sin of their own, and for no other reason than their descent from Adam, became guilty sinners and suffered the torments of hell until the day of Christ's sacrifice. This would be far from the justice of God. If Adam was a sinner, what was the sin of Abraham? What was the fault of Isaac and of Joseph? What was the transgression of Moses?	29.9 Subalit naniniwala ang karamihan ng mga Kristiyano na si Adan ay nagkasala at lumabag sa pagkain mula sa ipinagbawal na puno, na ang masama at mapaminsalang mga bunga nitong pagsuway ay minana magpakailanman ng Kaniyang mga inapo, at na si Adan sa gayon ang naging sanhi ng kamatayan ng tao. Ang paliwanang na ito ay labag sa katwiran at maliwanag na mali, dahil ipinahihiwatig nitong ang lahat ng tao, kabilang ang mga Propeta at mga Sugo ng Diyos, bagaman walang sariling kasalanan o pagkakamali, at bunga lamang ng pagiging inapo ni Adan, ay naging makasalanan at dumanas ng mga pahirap ng impiyerno hanggang sa araw ng sakripisyo ni Kristo. Ito ay napakalayo sa katarungan ng Diyos. Kung si Adan ay makasalanan, ano ang kasalanan ni

	Abraham? Ano ang kasalanan ni Isaac o ni Jose? Ano ang pagkakasala ni Moises?
10 But Christ, Who was the Word of God, sacrificed Himself. This has two meanings—an outward meaning and a true meaning. The outward meaning is this: Since Christ intended to promote a Cause that entailed the education of the human race, the quickening of the children of men, and the enlightenment of all humanity, and since promoting such a mighty Cause—a Cause that would antagonize all the peoples of the earth and withstand the opposition of every nation and government—was bound to bring about the spilling of His blood and to lead to His crucifixion and death, therefore at the moment He revealed His mission He offered up His life, welcomed the cross as His throne, regarded every wound as a balm and every poison as sweetest honey, and arose to instruct and guide the people. That is, He sacrificed Himself that He might bestow the spirit of life, and perished in body that He might quicken others in spirit.	29.10 Ngunit si Kristo, na Siya ay ang Salita ng Diyos, ay nagsakripisyo ng Kaniyang Sarili. Mayroon itong dalawang kahulugan—isang panlabas na kahulugan at isang tunay na kahulugan. Ang panlabas na kahulugan ay ito: Yamang layunin ni Kristo na itaguyod ang isang Kapakanang nangangailangan ng edukasyon ng lahi ng tao, ng pagbibigay-buhay sa mga anak ng tao, at ng pagbibigay ng kaliwanagan sa buong sangkatauhan; at yamang ang pagtataguyod sa ganitong napakadakilang Kapakanan—isang Kapakanang makagagalit sa lahat ng mga sambayanan ng daigdig at mapaglalabanan ang pagsalungat ng lahat ng mga bansa at mga pamahalaan—ay tiyak na hahantong sa pagdanak ng Kaniyang dugo at ibubunga ang pagpako sa krus at kamatayan Niya, kung gayon sa oras na ipinahayag Niya ang Kaniyang misyon ay inialay na Niya ang Kaniyang buhay, tinanggap ang krus bilang Kaniyang trono, itinuring ang bawat sugat bilang panghaplas at bawat lason bilang pinakamatamis na pulot-pukyutan, at bumangon Siya upang turuan at gabayan ang mga tao. Yaon ay, inialay Niya ang Kaniyang Sarili upang maipagkaloob Niya ang espiritu ng buhay, at namatay ang Kaniyang katawan upang mabigyang-buhay ang espiritu ng mga iba.
11 However, the second meaning of sacrifice is this: Christ was like a seed, and this seed sacrificed its form so that the tree might grow and develop. Although the form of the seed was destroyed, its reality manifested itself, in perfect majesty and beauty, in the outward form of the tree.	29.11 Subalit ang pangalawang kahulugan ng sakripisyo ay ito: si Kristo ay tulad ng isang binhi, at isinakripisyo ng binhi ang sarili nitong anyo upang ang puno ay tumubo at lumaki. Bagaman ang anyo ng binhi ay nawasak, ang realidad nito ay naging hayag, sa ganap na karingalan at kagandahan, sa panlabas na anyo ng puno.
12 The station of Christ was that of absolute perfection. Those divine perfections shone even as the sun upon all believing souls, and the outpourings of that	29.12 Ang katayuan ni Kristo ay nasa sukdulang kaganapan. Ang mga banal na kaganapang iyon ay suminag nang tulad ng araw sa lahat ng mga kaluluwang

light became manifest and resplendent in their realities. That is why He says: “I am the bread which came down from heaven; whosoever shall eat of this bread will not die”;91 that is, whosoever partakes of this divine sustenance will gain eternal life. Thus, whoever partook of this grace and acquired a share of these perfections found eternal life, and whoever sought illumination from His ancient grace was delivered from the darkness of error and illumined by the light of guidance.	nananalig, at ang mga pagbuhos ng liwanag na iyon ay naging hayag at maningning sa kanilang mga realidad. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi Niyang: “Ako ang tinapay na bumabang galing sa langit; ang kumain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailanman”;[91] yaon ay, ang sinumang makisalo sa banal na pagkaing ito ay makatatamo ng walang-hanggang buhay. Sa gayon, ang sinumang nakibahagi sa biyayang ito at nakatamo ng isang bahagi ng mga kaganapang ito ay nakamtan ang walang-hanggang buhay, at ang sinumang naghanap ng kaliwanagan mula sa Kaniyang napakatandang biyaya ay nailigtas mula sa karimlan ng pagkakamali at natanglawan ng liwanag ng pamamatnubay.
13 The form of the seed was sacrificed for the tree, but its perfections were revealed and manifested by virtue of this sacrifice: For the tree, its branches, its leaves, and its blossoms were latent and hidden within the seed, but when the form of the seed was sacrificed, its perfections were fully manifested in the leaves, blossoms, and fruit.	29.13 Ang anyo ng binhi ay isinakripisyo para sa puno, subalit ang mga kaganapan nito ay naisiwalat at naging hayag dahil sa sakripisyong ito: Sapagkat ang puno, ang mga sanga niyon, ang mga dahon niyon, at ang mga bulaklak niyon ay natatago at nalilihim sa loob ng binhi, subalit nang isakripisyo ang anyo ng binhi, ang mga kaganapan nito ay lubos na naihayag sa mga dahon, mga bulaklak at mga bunga.
30	30
Adam and Eve	Adan at Eva
1 Question: What is the truth of the story of Adam and His eating from the tree?	30.1 Tanong: Ano ang katotohanan sa kuwento ni Adan at ang pagkain Niya mula sa puno?
2 Answer: It is recorded in the Torah that God placed Adam in the Garden of Eden to work and tend it, and said to Him: “Eat freely of every tree of the garden, save for the tree of good and evil, for if thou wert to eat thereof thou wouldst surely die.”92 Then it is said that God caused Adam to sleep, took a bone from His ribs, and created a woman to be His companion. Further on it is said that the serpent tempted the woman to	30.2 Sagot: Nakasulat sa Torah na inilagay ng Diyos si Adan sa Hardin ng Eden upang linangin at pangalagaan ito, at sinabi sa Kaniyang: “Sa lahat ng punongkahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan; datapwat sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay walang-pagsalang mamamatay ka.”[92] Pagkatapos ay nakasulat na pinatulog ng

eat of the tree, saying: “God has forbidden you to eat from the tree, that your eyes may not be opened and that you may not discern good from evil.”93 Then Eve ate from the tree and gave unto Adam, who also ate. Whereupon their eyes were opened, they found themselves naked, and they covered their nakedness with leaves. God then reproached them, saying to Adam: “Hast Thou eaten of the forbidden tree?” Adam answered: “Eve tempted Me.” God then reproved Eve, who said: “The serpent tempted me.” For this the serpent was cursed, and enmity was established between the serpent and Eve and between their descendants. And God said: “The man is become like unto Us, knowing good and evil. Perhaps He will eat of the tree of life and live forever.” So God guarded the tree of life.94	Diyos si Adan, at kinuha ang isa Niyang tadyang at nilikha ang babae upang maging kasama Niya. Pagkatapos nito ay nakasaad na tinukso ng ahas ang babae na kumain mula sa puno sa pagsabing: “Ipinagbawal ng Diyos na kumain kayo mula sa puno, upang hindi madilat ang inyong mga mata at hindi ninyo makilala ang mabuti at masama.”[93] Pagkatapos ay kumain si Eva mula sa puno at binigyan si Adan, na kumain din. Sa gayon ang kanilang mga mata ay nabuksan, at nakita nilang hubad sila, at itinago nila ang kanilang pagkahubad sa pamamagitan ng mga dahon. Pagkatapos ay sinumbatan sila ng Diyos, sa pagsabi kay Adan: “Kumain ka ba mula sa punong ipinagbawal?” Tumugon si Adan: “Tinukso ako ni Eva.” Sa gayon ay sinumbatan ng Diyos si Eva, na tumugon na, “Tinukso ako ng ahas.” Dahil dito ang ahas ay isinumpa, at nagkaroon ng galit sa pagitan ng ahas at ni Eva, at sa pagitan ng kanilang mga inapo. At sinabi ng Diyos: “Narito’t ang tao’y naging parang isa sa Atin, na nakakikilala ng mabuti at ng masama; baka ngayo’y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punongkahoy ng buhay at kumain at mabuhay magpakailanman.” Sa gayon ay tinanuran ng Diyos ang puno ng buhay.[94]
3 If we were to take this account according to the literal meaning of the words as indicated by their common usage, it would indeed be exceedingly strange, and human minds would be excused from accepting, affirming, or imagining it. For such elaborate arrangements and details, such statements and reproaches would be implausible even coming from an intelligent person, let alone from the Divinity Himself, Who has arranged this infinite universe in the most perfect form and arrayed its countless beings in the utmost order, soundness, and perfection.	30.3 Kung uunawain natin ang kuwentong ito sa literal na kahulugan ng mga salita sang-ayon sa karaniwang gamit nito, ito ay tunay na lubhang kakaiba, at maaaring pahintulutan ang mga kaisipan ng tao mula sa pagtanggap, pagpapatibay, o paggugunita rito. Sapagkat ang gayong masalimuot na mga pagsasaayos at mga detalye, ang gayong mga pahayag at mga panunumbat ay hindi kapani-paniwala kahit mula lamang sa isang matalinong tao, at lalo nang hindi kapag galing sa Diyos mismo, na Siyang gumawa nitong walang- hanggang sansinukob sa pinakaganap na anyo at isinaayos ang di-mabilang na mga nananahan dito sa

	sukdulang kaayusan, kagalingan, at kaganapan.
4 One must pause awhile to reflect: If the outward meaning of this account were to be attributed to a wise man, all men of wisdom would assuredly deny it, arguing that such a scheme and arrangement could not possibly have proceeded from such a person. The account of Adam and Eve, their eating from the tree, and their expulsion from Paradise are therefore symbols and divine mysteries. They have all-embracing meanings and marvellous interpretations, but only the intimates of the divine mysteries and the well-favoured of the all-sufficing Lord are aware of the true significance of these symbols.	30.4 Dapat tayong huminto sandali upang magnilay-nilay: Kung ang literal na kahulugan ng kuwentong ito ay ipapalagay na ginawa ng isang taong marunong, tiyak na itatatwa iyon ng lahat ng marurunong na tao, sa pangangatwirang ang gayong pakana at pagsasaayos ay hindi maaaring magbuhat sa gayong tao. Ang kuwento ni Adan at Eva, ang pagkain nila mula sa puno, at ang pagtaboy sa kanila mula sa Paraiso kung gayon ay mga simbolo at mga hiwaga ng kabanalan. Ito ay nagtataglay ng mga kahulugang nakasasaklaw sa lahat at ng mga paliwanag na nakamamangha, subalit ang nakababatid lamang sa tunay na kahulugan ng mga sagisag na ito ay ang mga napamulat sa mga hiwaga ng kabanalan at ang mga pinagpalang maigi ng Panginoong nakasasapat sa lahat.
5 These verses of the Torah have therefore numerous meanings. We will explain one of them and will say that by “Adam” is meant the spirit of Adam and by “Eve” is meant His self. For in certain passages of the Sacred Scriptures where women are mentioned, the intended meaning is the human self. By “the tree of good and evil” is meant the material world, for the heavenly realm of the spirit is pure goodness and absolute radiance, but in the material world light and darkness, good and evil, and all manner of opposing realities are to be found.	30.5 Samakatwid itong mga bersikulo ng Torah ay nagtataglay ng maraming kahulugan. Ipaliliwanag namin ang isa sa mga ito, at sasabihing ang tinutukoy ng “Adan” ay ang espiritu ni Adan, at ang tinutukoy ng “Eva” ay ang Kaniyang sarili. Sapagkat sa ilang bahagi ng mga Santong Kasulatan kung saan binabanggit ang mga babae, ang tinutukoy nito ay ang sarili ng tao. Ang tinutukoy ng “puno ng mabuti at masama” ay ang materyal na daigdig, sapagkat ang makalangit na daigdig ng espiritu ay pawang kabutihan at ganap na kaningningan, subalit sa materyal na daigdig ang liwanag at kadiliman, ang kabutihan at kasamaan, at ang lahat ng uri ng magkasalungat na mga realidad ay umiiral.
6 The meaning of the serpent is attachment to the material world. This attachment of the spirit to the material world led to the banishment of the self and spirit of Adam from the realm of freedom to the world of bondage and caused Him to turn	30.6 Ang kahulugan ng ahas ay ang labis na pagmamahal sa materyal na daigdig. Itong labis na pagmamahal ng espiritu sa materyal na daigdig ay nagbunga ng pagtataboy ng sarili at ng espiritu ni Adan mula sa daigdig ng kalayaan tungo sa daigdig

from the kingdom of Divine Unity to the world of human existence. When once the self and spirit of Adam entered the material world, He departed from the paradise of freedom and descended into the realm of bondage. He had abided in the heights of sanctity and absolute goodness, and set foot thereafter in the world of good and evil.	ng pagkabihag at naging sanhi ng pagbaling Niya mula sa kaharian ng Banal na Kaisahan tungo sa daigdig ng pamumuhay ng tao. Sa pagkakataong pinasok na ng sarili at espiritu ni Adan ang materyal na daigdig, lumabas na Siya mula sa paraiso ng kalayaan at bumaba sa daigdig ng pagkabihag. Dati ay nakatira Siya sa mga kaitaasan ng kabanalan at ganap na kabutihan, at pagkatapos ay yumapak na Siya sa daigdig ng mabuti at masama.
7 By “the tree of life” is meant the highest degree of the world of existence, that is, the station of the Word of God and His universal Manifestation. That station was indeed well guarded, until it appeared and shone forth in the supreme revelation of His universal Manifestation. For the station of Adam, with regard to the appearance and manifestation of the divine perfections, was that of the embryo; the station of Christ was that of coming of age and maturation; and the dawning of the Most Great Luminary95 was the station of the perfection of the essence and the attributes. That is why in the all-highest Paradise the tree of life alludes to the focal centre of absolute sanctity and purity, that is, the universal Manifestation of God. For from the days of Adam until the time of Christ there was little mention of life eternal and of the all-embracing perfections of the Kingdom on high. This tree of life alludes to the station of the reality of Christ: It was planted in His Dispensation and adorned with everlasting fruits.	30.7 Ang kahulugan ng “puno ng buhay” ay ang pinakamataas na antas sa umiiral na daigdig, yaon ay, ang kalagayan ng Salita ng Diyos at ang Kaniyang pangkalahatang Kahayagan. Ang kalagayang iyon ay tunay na lubusang pinangangalagaan, hanggang sa pagsisiwalat at pagsikat nito sa kataas-taasang rebelasyon ng Kaniyang pangkalahatang Kahayagan. Sapagkat ang kalagayan ni Adan, kaugnay ng paglitaw at pagkakahayag ng mga banal na kaganapan, ay yaong isang bilig; ang kalagayan ni Kristo ay yaong pagsapit sa hustong gulang at kaganapang-isip; at ang pamimitak ng Pinakadakilang Tanglaw[95] ay ang kalagayan ng kaganapan ng pinakadiwa at mga katangian. Ito ang dahilan kung bakit sa kataas-taasang Paraiso ang puno ng buhay ay isang pahiwatig sa tampulang sentro ng ganap na kabanalan at kadalisayan, na iyon ay ang pangkalahatang Kahayagan ng Diyos. Sapagkat mula sa mga araw ni Adan hanggang sa mga araw ni Kristo, kaunti lamang ang nababanggit tungkol sa walang-hanggang buhay at nakasasaklaw-sa-lahat na mga kaganapan ng Kaharian sa kaitaasan. Itong puno ng buhay ay pahiwatig sa kalagayan ng realidad ni Kristo: Ito ay itinanim sa Kaniyang Dispensasyon at pinalamutihan ng mga bungang walang-maliw.
8 Now consider how closely this interpretation conforms to reality: For when the spirit and the self of Adam became attached to the material world, they passed	30.8 Ngayon ay isipin kung gaano kalapit ng pagpapakahulugang ito sa realidad: Dahil nang labis na minahal ng espiritu at sarili ni Adan ang materyal na daigdig, sila’y

from the realm of freedom into the realm of bondage; this condition was perpetuated with each succeeding generation, and this attachment of spirit and self to the material world—which is sin—was inherited by His descendants. This attachment is the serpent which will forever be in the midst of, and at enmity with, the spirits of the descendants of Adam, for attachment to the world has become the cause of the bondage of the spirits. This bondage is that sin which has been transmitted from Adam to His descendants, for it has deprived men of recognizing their essential spirituality and attaining to exalted stations.	lumipat mula sa daigdig ng kalayaan patungo sa daigdig ng pagkabihag; ang kalagayang ito ay nagpatuloy sa bawat kasunod na salinlahi, at itong labis na pagmamahal ng espiritu at sarili sa materyal na daigdig—na iyon ay ang kasalanan—ay minana ng Kaniyang mga inapo. Ang labis na pagmamahal na ito ay ang ahas na patuloy na nasa kalagitnaan ng, at laging kaaway ang, mga espiritu ng mga inapo ni Adan, sapagkat ang labis na pagmamahal sa daigdig ay naging sanhi ng pagkabihag ng mga espiritu. Ang pagkabihag na ito ay ang kasalanang iyon na ipinamana mula kay Adan hanggang sa Kaniyang mga inapo, dahil ito ang pumigil sa tao mula sa pagkilala na ang kaniyang pinakadiwa ay espiritwal at mula sa pagkamit sa kaniyang dakilang kalagayan.
9 When the holy breaths of Christ and the sanctified lights of the Most Great Luminary were spread abroad, human realities—that is, those souls who turned towards the Word of God and partook of His manifold grace—were saved from this attachment and sin, were granted eternal life, were delivered from the chains of bondage, and entered the realm of freedom. They were purged of earthly vices and endowed with heavenly virtues. This is the meaning of Christ's words that I gave My blood for the life of the world.96 That is, I chose to bear all these trials, afflictions, and calamities, even the most great martyrdom, to attain this ultimate objective and to ensure the remission of sins—that is, the detachment of spirits from the material world and their attraction to the divine realm—that souls may arise who will be the very essence of guidance and the manifestations of the perfections of the Kingdom on high.	30.9 Nang lumaganap sa ibayo ang banal na mga hininga ni Kristo at ang banal na mga liwanag ng Pinakadakilang Tanglaw, ang mga realidad ng tao—yaon ay, ang mga kaluluwang bumaling patungo sa Salita ng Diyos at nakibahagi sa Kaniyang masaganang biyaya—ay nailigtas mula sa labis na pagmamahal at kasalanang ito, pinagkalooban ng walang-hanggang buhay, nakalaya mula sa mga tanikala ng pagkabihag, at nakapasok sa daigdig ng kalayaan. Sila ay dinalisay mula sa makalupang mga bisyo at pinagkalooban ng makalangit na mga kabutihan. Ito ang kahulugan ng mga salita ni Kristo na ibinigay Ko ang Aking dugo para sa buhay ng daigdig.[96] Yaon ay, pinili Kong pasanin ang lahat nitong mga pagsubok, mga pagdurusa, at mga sakuna, at kahit ang pinakamatinding pagkamartir, upang matamo ang sukdulang layuning ito at upang matiyak ang pagpawi ng mga kasalanan—yaon ay, ang paglaya ng mga espiritu mula sa materyal na daigdig at ang kanilang pagkabighani sa kaharian ng kabanalan—upang bumangon ang mga kaluluwang magiging pinakadiwa ng

	pamamatnubay at ang mga kahayagan ng mga kaganapan ng Kaharian sa kaitaasan.
10 Note that if these words were taken literally, as imagined by the people of the Book,97 it would be sheer injustice and absolute tyranny. If Adam sinned in approaching the forbidden tree, what then was the sin of glorious Abraham, the Friend of God, and the error of Moses, Who conversed with God? What was the offence of Noah the Prophet and the transgression of truth-speaking Joseph? What was the fault of the Prophets of God and the failure of John the Chaste? Would divine justice have suffered these luminous Manifestations to endure, by reason of Adam's sin, the torment of hell until such time as Christ should come and by His sacrifice rescue them from the nethermost fire? Such a notion is beyond the pale of every rule and principle, and no rational person can ever accept it.	30.10 Masdan na kapag uunawain nang literal ang mga salitang ito, sang-ayon sa palagay ng mga tao ng Aklat,[97] ito ay magiging ganap na kawalan ng katarungan at lubos na pagtatalaga. Kung si Adan ay nagkasala sa paglapit sa ipinagbawal na puno, ano naman ang kasalanan ng maluwalhating Abraham, ang Kaibigan ng Diyos, at ano ang pagkakamali ni Moises, Siyang nakipag-usap sa Diyos? Ano ang pagkakasala ni Noah na Propeta, at ano ang paglalabag ni Joseph na nagsasabi ng katotohanan? Ano ang kasalanan ng mga Propeta ng Diyos at ano ang pagkakamali ni Juan na Dalisay? Ipahihintulot ba ng banal na katarungan na pahirapan sa impiyerno ang maningning na mga Kahayagang ito dahil sa pagkakasala ni Adan hanggang sa dumating si Kristo at iligtas Sila mula sa apoy ng kailaliman sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kaniyang sarili? Ang ganitong panukala ay labag sa bawat batas at tuntunin, at hindi ito kailanman maaaring tanggapin ng sinumang matalinong tao.
11 Rather, the meaning is that which was already mentioned: Adam is the spirit of Adam and Eve His self; the tree is the material world and the serpent is attachment to it. This attachment, which is sin, has been transmitted to the descendants of Adam. Through the breaths of holiness, Christ rescued souls from this attachment and delivered them from this sin.	30.11 Sa halip, ang kahulugan nito ay ang nabanggit na: Si Adan ay ang espiritu ni Adan at si Eva ang Kaniyang sarili; ang puno ay ang materyal na daigdig at ang ahas ay ang labis na pagmamahal doon. Itong labis na pagmamahal, na iyon ang kasalanan, at ang minana ng mga inapo ni Adan. Sa pamamagitan ng ng mga hininga ng kabanalan, iniligtas ni Kristo ang mga kaluluwa mula sa labis na pagmamahal na ito at pinalaya sila mula sa kasalanang ito.
12 This sin in Adam, moreover, is relative to His station: Although this worldly attachment produced substantial results, yet in relation to attachment to the spiritual realm it is nonetheless regarded as a sin, and the truth of the saying, "The good deeds of the righteous are the sins of the near ones" is	30.12 Itong kasalanan ni Adan, gayumpaman, ay kaugnay ng Kaniyang kalagayan: Bagaman itong labis na pagmamahal sa daigdig ay nagbunga ng malalaking bunga, gayumpaman kaugnay ng espiritwal na kaharian, ito ay itinuturing pa ring kasalanan, at ang katotohanan ng

established. Again, it is like the power of the body, which is imperfect in relation to the power of the spirit—indeed, it is sheer weakness in comparison. Likewise, material life, compared to eternal existence and the life of the Kingdom, is regarded as death. Thus Christ referred to this material life as death and said, “let the dead bury their dead”.98 Although those souls enjoyed material life, yet in His eyes that life was even as death.	kasabihang, “Ang mababuting gawa ng makatarungan ang mga kasalanan ng malalapit” ay napatutunayan. Muli, ito ay katulad ng lakas ng katawan, na walang kaganapan kapag ihahambing sa lakas ng espiritu—sa katunayan, iyon ay lubos na kahinaan kapag inihahambing. Gayundin, ang materyal na buhay, kapag ihahambing sa walang-hanggang buhay at ng pamumuhay sa Kaharian, ay itinuturing na kamatayan. Kung gayon ay tinagurian ni Kristo itong materyal na buhay bilang kamatayan at sinabing: “Pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay.”[98] Bagaman taglay ng mga kaluluwang iyon ang materyal na buhay, gayumpaman sa Kaniyang mga mata ang buhay na iyon ay tulad ng kamatayan.
13 This is but one of the meanings of the biblical account of Adam. Reflect, that you may discover the others.	30.13 Ito ang isa lamang sa mga kahulugan ng kasaysayan ni Adan sa Bibliya. Magnilay-nilay nang sakaling matuklasan mo ang mga iba pa.
31	31
Blasphemy against the Holy Spirit	Kapusungan (Kalapastanganan) Laban sa Espiritu Santo
1 Question: “And whosoever speaketh a word against the Son of man, it shall be forgiven him: but whosoever speaketh against the Holy Ghost, it shall not be forgiven him, neither in this world, neither in the world to come.”99	31.1 Tanong: “Ang bawat kasalanan at kapusungan ay ipatatawad sa mga tao; datapwat ang kapusungang laban sa Espiritu ay hindi ipatatawad. At ang sinumang magsalita ng isang salita laban sa Anak ng tao, ay ipatatawad sa kaniya; datapwat ang sinumang magsalita laban sa Espiritu Santo, ay hindi ipatatawad sa kaniya, kahit sa sanlibutang ito, o maging sa darating.”[99]
2 Answer: The sanctified realities of the Manifestations of God have two spiritual stations: One is that of the state of divine manifestation, which can be compared to the orb of the sun, and the other is that of radiance and revelation, which may be likened to the divine light and	31.2 Sagot: Ang banal na mga realidad ng mga Kahayagan ng Diyos ay may dalawang kalagayang espiritwal: Ang isa ay ang kalagayan ng banal na kahayagan, na maihahalintulad sa globo ng araw, at ang isa pa ay ang kaningningan at kapahayagan nito, na maihahalintulad sa banal na liwanag at

perfections—the Holy Spirit. For the Holy Spirit is the manifold grace and perfections of God, and these divine perfections are even as the rays and heat of the sun. Now, the sun is the sun by virtue of its effulgent rays; without these rays it would not be the sun. If the perfections of God were not revealed and manifested in Jesus, He would not be Christ. He is a Manifestation of God precisely because the divine perfections are revealed in Him. The Prophets of God are Manifestations, and the divine perfections—that is, the Holy Spirit—are that which is manifested in Them.	mga kaganapan—ang Espiritu Santo. Dahil ang Espiritu Santo ay ang napakaraming biyaya at mga kaganapan ng Diyos, at itong mga banal na kaganapan ay tulad ng mga sinag at init ng araw. Ang araw ay araw dahil sa nagniningning na mga sinag nito; kapag wala itong mga sinag ay hindi ito magiging araw. Kung ang mga kaganapan ng Diyos ay hindi isiniwalat at inihayag ni Hesus, hindi Siya magiging Kristo. Siya ay isang Kahayagan ng Diyos dahil sa mismong pagkakahayag ng mga banal na kaganapan sa Kaniya. Ang mga Propeta ng Diyos ay mga Kahayagan, at ang mga banal na kaganapan—yaon ay, ang Espiritu Santo—ay ang ginagawang mahayag sa Kanila.
3 If a soul distances himself from the Manifestation, he may yet be awakened, for he may have failed to know Him and to recognize Him as the Embodiment of the divine perfections. But if he loathes the divine perfections themselves, which are the Holy Spirit, this shows that, bat-like, he is a hater of the light.	31.3
4 This hatred of the light itself is irremediable and unforgivable; that is, it is impossible for such a soul to draw near to God. This lamp here is a lamp because of its light; without the light it would not be a lamp. A soul that abhors the light of the lamp is, as it were, blind and cannot perceive the light, and this blindness is the cause of eternal deprivation.	31.4 Itong pagkamuhi sa liwanag ay walang lunas at hindi mapapatawad; ang ibig sabihin ay imposible para sa ganitong kaluluwa ang lumapit sa Diyos. Ang ilawang ito ay isang ilawan dahil sa liwanag nito; kung wala itong liwanag ay hindi ito magiging ilawan. Ang isang kaluluwang namumuhi sa liwanag ng ilawan ay waring bulag at hindi nakikita ang liwanag, at ang kabulagang ito ay ang sanhi ng walang-katapusang kalayuan sa Diyos.
5 It is evident that souls receive grace from the outpourings of the Holy Spirit which are apparent in the Manifestations of God, and not from the individual personality of the Manifestation. It follows that if a soul fails to partake of the outpourings of the Holy Spirit, it remains deprived of God's grace,	31.5 Maliwanag na tumatanggap ang mga kaluluwa ng biyaya mula sa mga ibinubuhos ng Espiritu Santo na lumilitaw sa mga Kahayagan ng Diyos, at hindi mula sa sariling personalidad ng Kahayagan. Samakatwid, kapag hindi ginawa ng isang kaluluwa ang makibahagi sa mga ibinubuhos ng Espiritu Santo, nananatili siyang salat sa biyaya ng Diyos, at ang mismong kasalatan

and this deprivation itself is equivalent to the denial of divine forgiveness.	na ito ay katumbas ng pagkakait ng banal na kapatawaran.
6 That is why there have been many souls who opposed the Manifestations of God, not realizing that They were Manifestations, but who became Their friends once they had recognized Them. Thus, enmity towards the Manifestation of God was not the cause of eternal deprivation, for they were enemies of the candleholder and knew not that it was the seat of God's effulgent light. They were not the enemies of the light itself, and once they understood that the candleholder was the seat of the light, they became true friends.	31.6 Ito ang dahilan kung bakit nagkaroon ng maraming tao na tumutol sa mga Kahayagan ng Diyos, nang hindi nababatid na Sila ay mga Kahayagan, subalit ay naging Kanilang mga kaibigan nang makilala na Sila. Sa gayon ang galit sa Kahayagan ng Diyos ay hindi naging dahilan ng walang-katapusang kalayuan, dahil galit sila sa tumatangan ng kandila habang hindi nababatid na iyon ang pinagmumulan ng maniningning na liwanag ng Diyos. Hindi sila mga kaaway ng liwanag mismo, at nang naunawaan na nilang ang tumatangan ng kandila ay ang pinagmumulan ng liwanag, sila ay naging matatapat na mga kaibigan nito.
7 Our meaning is that remoteness from the candleholder is not the cause of eternal deprivation, for one may yet be awakened and guided aright, but that enmity towards the light itself is the cause of eternal deprivation and has no remedy.	31.7 Ang kahulugan namin ay ang pagiging malayo sa tumatangan ng kandila ay hindi nagsasanhi ng walang- katapusang kalayuan, sapagkat maaari pa ring magising at mapatnubayan sa wasto, subalit ang pagkamuhi sa liwanag mismo ay ang dahilan ng walang-katapusang kalayuan at wala itong lunas.
32	32
"Many Are Called, but Few Are Chosen"	"Marami ang mga Tinawag Datapwat Kakaunti ang mga Nahirang"
1 Question: Christ says in the Gospel: "many are called, but few are chosen",100 and in the Qur'án it is written: "He singleth out for His mercy whomsoever He pleaseth."101 What is the wisdom of this?	32.1 Tanong: Sinabi ni Kristo sa Ebanghelyo na: "marami ang mga tinawag datapwat kakaunti ang mga nahirang",[100] at sa Qur'án ay nakasulat na: "Pinipili Niya para sa Kaniyang tanging habag ang sinumang naisin Niya."[101] Ano ang wastong kadahilanan nito?
2 Answer: Know that the order and perfection of the universe require that existence should appear in countless forms. Created things cannot therefore be realized in a single degree, station, manner, kind, or	32.2 Sagot: Alamin na hinihingi ng kaayusan at ng kaganapan ng buong sanlibutan na lumitaw ang buhay sa di-mabilang na mga anyo. Ang mga nilikhang bagay samakatwid ay hindi

species: Differences of degree, distinctions in form, and a multiplicity of kinds and species are inevitable. So there must necessarily be mineral, vegetable, animal, and human kingdoms; for through man alone the world of existence could not be adequately arranged, adorned, organized, and perfected. By the same token, with the animals, plants, or minerals alone, this world would not possess such a wondrous appearance, sound arrangement, and subtle adornment: There must be differences of degrees and stations, of kinds and species, for existence to shine forth with the utmost perfection.	maaaring lumitaw sa iisa lamang antas, kalagayan, paraan, uri, o klase: Ang magkakaibang mga antas, magkakaibang mga anyo, at napakaraming mga uri at mga klase ay hindi maiiwasan. Sa gayon ay kailangang magkaroon ng mga kahariang mineral, halaman, hayop at tao; dahil sa pamamagitan ng tao lamang ang umiiral na daigdig ay hindi maaaring sapat na isaayos, palamutihan, buuin at gawing ganap. Sa gayunding paraan, sa pamamagitan lamang ng mga hayop, mga halaman, o mga mineral, ang daigdig na ito ay hindi magtataglay ng gayong kamangha-manghang anyo, napakahusay na pagsasaayos, at pinong-pinong pagkaganyak. Kailangang magkaroon ng iba't ibang mga antas at mga kalagayan, ng mga uri at mga klase, upang ang sangnilikha ay magningning sa sukdulang kaganapan.
3 For example, if this tree were to become entirely fruit, the perfections of the vegetable kingdom could not be attained, for leaves, blossoms, and fruit are all needed for the tree to appear in the utmost beauty and perfection.	32.3 Halimbawa, kung ang punong ito ay magiging puro prutas lamang, ang mga kaganapan ng kaharian ng halaman ay hindi matatamo, sapagkat ang mga dahon, mga bulaklak, at prutas ay kinakailangang lahat upang ang puno ay lumitaw sa sukdulang kagandahan at kaganapan.
4 Consider likewise the body of man, which must of necessity be composed of different parts, limbs, and organs. The beauty and perfection of the human body require the existence of the ear, the eye, the brain, and even the nails and hair: If man were all brain, eyes, or ears, this would be tantamount to imperfection. So the absence of hair, eyelashes, teeth, and nails is imperfection itself, for even though in comparison with the eyes the latter are insentient and resemble the mineral and the plant, yet their absence in the body of man is most disagreeable and displeasing.	32.4 Gayundin ay isipin ang katawan ng tao, na kailangang binubuo ng iba't ibang mga bahagi, mga bisig at mga organ. Hinihingi ng kagandahan at kaganapan ng katawan ng tao ang pagkakaroon ng tainga, ng mata, ng utak, at kahit ng mga kuko at buhok: Kung ang tao ay puro lamang utak, mata o tainga, ito ay halos kapareho na rin sa kawalan ng kaganapan. Sa gayon ang pagkawala ng buhok, pilikmata, ngipin at mga kuko ay mismong kawalan ng kaganapan, bagaman kung kahambing ng mata ang mga ito ay di-nakadarama at maihahalintulad sa mineral at halaman, gayumpaman ang kawalan ng mga ito sa katawan ng tao ay hindi nakalulugod at hindi kasiya-siya.

5 Now, so long as the degrees of created things are different, some will naturally rank above the others. Thus, since the election of certain creatures, such as man, for the highest degree; the maintenance of others, such as plants, in the middle degree; and the relegation of yet others, such as minerals, to the lowest degree are each and all due to the divine will and purpose, it follows that the singling out of man for the highest degree is through the grace of God, and that the differences among men with regard to spiritual attainments and heavenly perfections are likewise due to the choice of the All-Merciful. For faith, which is life eternal, is a token of grace and not the result of justice. The flame of the fire of love, in this world of earth and water, burns by the power of attraction and not through human effort and striving, although through the latter one may indeed acquire knowledge, learning, and other perfections. It is the light of the divine Beauty, then, that must stir up and move the spirit through its attractive power. Wherefore is it said: “many are called, but few are chosen”.102	32.5 Ngayon, yamang ang mga antas ng nilikhang mga bagay ay magkakaiba-iba, natural lamang na ang ilan ay magiging higit na mataas kaysa sa iba. Sa gayon, yamang ang pagpili ng ilang nilalang, tulad ng tao, para sa pinakamataas na antas; ng paglagay ng mga iba, tulad ng mga halaaman, sa kalagitnaang antas; at ang pag-iwan ng ilan, tulad ng mga mineral, sa pinakamababang antas, ay dahil lahat sa banal na saloobin at layunin, samakatwid ang pagpili sa tao para sa pinakamataas na antas sa mula sa biyaya ng Diyos, at ang pagkakaiba-iba ng mga tao kaugnay ng mga kahusayang espiritwal at mga kaganapanang makalangit sa gayundin ay bunga ng pagpili ng Mahabagin sa Lahat. Dahil ang pananalig, na iyon ay ang walang-hanggang buhay, ay tanda ng biyaya at hindi bunga ng katarungan. Ang liyab ng apoy ng pag-ibig, dito sa daigdig ng lupa at tubig, ay nag-aapoy sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkaakit at hindi sa pamamagitan ng pagsisikap ng tao at ng pagpupunyagi, bagaman sa pagsisikap at pagpupunyagi ay maaaring makamtan ang kaalaman, kahusayan, at iba pang mga kaganapan. Ang liwanag ng banal na Kagandahan, kung gayon, ang kailangang pumukaw at magpakilos sa espiritu sa pamamagitan ng kapangyarihan nitong umakit. Iyon ang dahilan kung bakit nakasaad na: “marami ang tinawag datapwat kakaunti ang mga nahirang”.[102]
6 As for material beings, they are not to be blamed, judged, or held accountable for their own degrees and stations. Thus the mineral, the plant, and the animal are each acceptable in their own degree, but if they were to remain deficient in that degree they would be blameworthy, the degree itself being wholly perfect.	32.6 Kaugnay naman ng materyal na mga nilalang, hindi sila dapat sisihin, husgahan o managot sa kanilang sariling mga antas at mga kalagayan. Sa gayon, ang mineral, ang halaman at ang hayop ay lahat katanggap-tanggap sa kani-kanilang mga antas, subalit kung nananatili silang may kapintasan sa sarili nilang antas sila ay dapat masisi, dahil ang antas mismo ay sukdulang ganap.

7 Now, the differences among mankind are twofold: One is a difference of degree, and this difference is not blameworthy. The other is a difference with respect to faith and certitude, the absence of which is blameworthy; for the soul must have fallen prey to its own lusts and passions to have been deprived of this bounty and bereft of the attractive power of the love of God. However praiseworthy and acceptable it may be in its human degree, yet as it is deprived of the perfections of that degree, it has become a source of deficiency and is held accountable for that reason.	32.7 Ngayon, ang mga pagkakaiba sa sangkatauhan ay may dalawang uri: ang isa ay ang pagkakaiba ng antas, at ang pagkakaibang ito ay hindi dapat sisihin. Ang isa naman ay ang pagkakaiba sa pananalig at katiyakan, na ang kakulangang ito ay dapat sisihin; dahil ang kaluluwa ay nagpagapi sa sarili niyang mga pagnanasa at mga silakbo ng damdamin, na iyon ang nagbunga ng pagkawala sa biyayang ito at salat sa kapangyarihan ng pag-akit ng pag-ibig ng Diyos. Gaanuman siya kapuri-puri at katanggap-tanggap sa antas ng tao, gayumpaman dahil hindi niya taglay ang mga kaganapan ng antas na iyon, siya ay magiging bukal ng mga kapintasan at iyon ay kaniyang pananagutan.
33	33
The Return of the Prophets	Ang Pagbabalik ng mga Propeta
1 Question: Will you explain the subject of Return?	33.1 Tanong: Maaari mo bang ipaliwanag ang paksa ng Pagbabalik?
2 Answer: Bahá'u'lláh has set forth a lengthy and detailed explanation of this matter in the Kitáb-i-Íqán.103 Read it, and the truth of this matter will become clear and manifest. But since you have raised the question, a brief explanation will also be provided here.	33.2 Sagot: Inilahad ni Bahá'u'lláh ang isang mahaba at detalyadong paliwanag sa bagay na ito sa Kitáb-i-Íqán.[103] Basahin iyon, at ang katotohanan ng paksang ito ay magiging maliwanag at hayag. Subalit yamang nagtanong ka hinggil dito, ipaliliwanag din ito nang maikli.
3 We will explain this subject using the text of the Gospel. It is recorded therein that when John the son of Zacharias appeared and announced unto the people the advent of the Kingdom of God, they asked him, "Who art thou? Art thou the promised Messiah?" He replied, "I am not the Messiah." They then asked him, "Art thou Elias?" He replied, "I am not."104 These words clearly establish that John the son of Zacharias was not the promised Elias.	33.3 Sisimulan natin ang paliwanag sa teksto ng Ebanghelyo. Nakatala roon na noong lumitaw si Juan na anak ni Zacharias at ipinahayag sa mga tao ang pagsapit ng Kaharian ng Diyos, itinanong nila siya na, "Sino ka? Ikaw ba ang ipinangakong Mesiyas?" Tumugon siya ng, "Hindi ako ang Mesiyas." Pagkatapos ay itinanong nila, "Ikaw ba si Elias?" Tumugon siyang, "Ako ay hindi."[104] Malinaw na pinatutunayan ng mga salitang ito na si Juan na anak ni Zacharias ay hindi ang ipinangakong Elias.

4 But on the day of the transfiguration on Mount Tabor, Christ explicitly said that John the son of Zacharias was the promised Elias. In Mark 9:11 it is said: “And they asked Him, saying, Why say the scribes that Elias must first come? And He answered and told them, Elias verily cometh first, and restoreth all things; and how it is written of the Son of man, that He must suffer many things, and be set at naught. But I say unto you, That Elias is indeed come, and they have done unto him whatsoever they listed.” And in Matthew 17:13 it is said: “Then the disciples understood that He spake unto them of John the Baptist.”	33.4 Subalit sa araw ng pagbabagong-anyo sa Bundok Tabor, maliwanag na sinabi ni Kristo na si Juan na anak ni Zacharias ay ang ipinangakong Elias. Sa Markos 9:11 ay nakasaad: “At itinanong nila Siya na sinasabi, Bakit sinasabi ng mga eskriba na kinakailangang pumarito muna si Elias? At sinabi niya sa kanila, Katotohanang si Elias ay pariritong mauna, at isasauli sa dati ang lahat ng mga bagay: paanong nasusulat ang tungkol sa Anak ng tao, na Siya’y maghihirap ng maraming bagay at pawalang halaga? Datapwat sinasabi ko sa inyo, na naparito na si Elias, at ginawa rin naman nila sa kaniya ang anumang kanilang inibig ayon sa nasusulat tungkol sa kaniya.” At sa Mateo 17:13 ay nakasaad: “Nang magkagayo’y napag-unawa ng mga alagad na si Juan Bautista ang sa kanila’y sinabi niya.”
5 Now, they asked John the Baptist, “Art thou Elias?” and he answered, “I am not”, whereas it is said in the Gospel that John was the promised Elias himself, and Christ clearly stated this as well. If John was Elias, why did he say he was not, and if he was not Elias, why did Christ say he was?	33.5 Ngayon, tinanong nila si Juan Bautista, “Ikaw baga’y si Elias?” At sinabi niya, “Hindi ako,” samantalang sinasabi sa Ebanghelyo na si Juan mismo ang ipinangakong Elias, at ito ay maliwanag na sinabi rin ni Kristo. Kung gayon, kung si Juan ay si Elias, bakit niya sinabing, hindi siya, at kung siya naman ay hindi si Elias, bakit sinabi ni Kristo na siya nga?
6 The reason is that we consider here not the individuality of the person but the reality of his perfections—that is to say, the very same perfections that Elias possessed were realized in John the Baptist as well. Thus John the Baptist was the promised Elias. What is being considered here is not the essence105 but the attributes.	33.6 Ang dahilan ay hindi natin isinasaalang-alang dito ang personalidad ng tao subalit ang realidad ng kaniyang mga kaganapan—ang ibig sabihin ay ang mismong mga kaganapan na taglay ni Elias ay taglay rin ni Juan Bautista. Sa gayon si Juan Bautista ay ang ipinangakong Elias. Ang isinasaalang-alang dito ay hindi ang diwa[105] kundi ang mga katangian.
7 For example, last year there was a flower, and this year there has also appeared a flower. When I say that the flower of last year has returned, I do not mean that the same flower has returned with the selfsame identity. But since this flower is endowed with the same attributes as last	33.7 Halimbawa, noong nakaraang taon ay mayroong isang bulaklak, at ngayong taon ay mayroon ding bulaklak. Kapag sinabi kong ang bulaklak ng nakaraang taon ay bumalik, hindi ko ibig sabihin na ang mismong bulaklak na iyon ay muling bumalik sa tanging sarili niyon. Subalit

year's flower—as it possesses the same fragrance, delicacy, colour, and form—it is said that last year's flower has returned, and that this is that same flower. Likewise, when spring comes we say that last year's spring has returned, since all that was found in the former is to be found again in the latter. This is why Christ said, "Ye will witness all that came to pass in the days of the former Prophets."106	yamang taglay ng bulaklak na ito ang gayunding mga katangiang taglay ng bulaklak ng nakaraang taon—yamang taglay nito ang gayunding halimuyak, kapinuhan, kulay at anyo—sinasabing bumalik ang bulaklak ng nakaraang taon, at ang bulaklak na ito ay ang bulaklak ding iyon. Gayundin, sa pagdating ng tagsibol ay sinasabi nating bumalik na ang tagsibol ng nakaraang taon dahil ang lahat ng naroon sa nakaraang tagsibol ay naroon din sa tagsibol na ito. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Kristo na, "Makikita mo ang lahat ng naganap sa mga araw ng nakaraang mga Propeta."[106]
8 Let us give another illustration: Last year's seed was sown, branches and leaves appeared, blossoms and fruit came forth, and in the end a new seed was produced. When this second seed is planted, it will grow into a tree, and once more those leaves, blossoms, branches, and fruit will return, and the former tree will once again appear. As the beginning was a seed and the end likewise a seed, we say that the seed has returned. When we consider the material substance of the tree, it is different, but when we consider the blossoms, leaves, and fruit, the same fragrance, taste, and delicacy are produced. Hence the perfection of the tree has returned anew.	33.8 Magbigay tayo ng isa pang halimbawa. Ang binhi ng nakaraang taon ay itinanim, tumubo ang mga sanga at mga dahon, sumibol ang mga bulaklak at mga bunga, at sa wakas ay muling nagkaroon ng panibagong binhi. Kapag itong pangalawang binhi ay itinanim na, tutubo ito hanggang sa maging puno, at muling magbabalik ang mga dahon, mga bulaklak, mga sanga, at bunga, at muling lilitaw ang dating puno. Yamang ang simula ay binhi at ang wakas ay binhi, masasabi nating nagbalik ang binhi. Kapag isasaalang-alang natin ang materyal na bahagi ng puno, ito ay iba na, subalit kapag isasaalang-alang natin ang mga bulaklak, mga dahon at bunga, ang gayunding halimuyak, lasa at kapinuhan ang lumalabas. Samakatwid ang mga kaganapan ng puno ay muling bumalik.
9 In the same way, if we consider the individual, it is a different one, but if we consider the attributes and perfections, the same have returned. Thus when Christ said, "This is Elias", He meant: This person is a manifestation of the grace, the perfections, the qualities, the attributes, and the virtues of Elias. And when John the Baptist said, "I am not Elias", he meant, "I am not the same person as Elias." Christ considered their attributes, perfections, qualities, and virtues, and John referred to his	33.9 Sa gayunding paraan, kapag iisipin natin ang indibidwal, iyon ay ibang tao, subalit kung iisipin natin ang mga katangian at kaganapan, ang mga ito ay muling bumalik. Samakatwid nang sabihin ni Kristo na, "Ito si Elias," ang ibig Niyang sabihin ay: Ang taong ito ay isang kahayagan ng kabinihan, mga kaganapan, mga katangian, mga sariling likas, at mga at kabutihan ni Elias. At nang sabihin ni Juan Bautista na "Ako ay hindi si Elias" ang kaniyang ibig sabihin ay "Ako ay hindi ang

own substance and individuality. It is like this lamp: It was here last night, tonight it is lit again, and tomorrow night it will shine as well. When we say that tonight's lamp is the same as last night's and that it has returned, we mean the light and not the oil, the wick, or the holder.	kaparehong tao na si Elias." Isinaalang-alang ni Kristo ang kanilang sariling likas, mga kaganapan, mga katangian, at mga kabutihan, samantalang tinutukoy naman ni Juan ang kaniyang sariling katawan at pagkatao. Katulad iyon ng ilawang ito: narito ito kagabi, ngayong gabi ay muli itong nagbibigay ng liwanag, at bukas ng gabi ay magbibigay pa rin ito ng liwanag. Kapag sinasabi nating ang ilawan ngayon ay kapareho ng ilawan kagabi at iyon ay bumalik, ang tinutukoy natin ay ang liwanag, at hindi ang langis, ang mitsa, o ang ilawan.
10 These considerations have been explained at length in the Kitáb-i-Íqán.	33.10 Ang mga bagay na ito ito ay masusing ipinaliwanag sa Kitáb-i-Íqán.
34	34
Peter and the Papacy	Si Pedro at ang Pagiging Santo Papa
1 Question: In the Gospel of Matthew Christ says to Peter: "thou art Peter, and upon this rock I will build My church".107 What is the meaning of this verse?	34.1 Tanong: Sa Ebanghelyo ni San Mateo ay sinabi ni Kristo kay Pedro na: "Ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang Aking iglesya".[107] Ano ang kahulugan ng bersikulong ito?
2 Answer: This utterance of Christ is an affirmation of Peter's reply, when Christ asked: "Whom do ye believe Me to be?" and Peter answered: "I believe that Thou art the Son of the living God." Then Christ said to him: "thou art Peter"108—since "Cephas" in Hebrew means "rock"—"and upon this rock I will build my church". For others, in answer to Christ, had said that He was Elias, or John the Baptist, or Jeremiah, or one of the Prophets.109	34.2 Sagot: Ang salitang ito ni Kristo ay isang pagpapatibay sa tugon ni Pedro, nang itanong ni Kristo na: "Ano ang inyong pagkakakilala kung sino Ako?" at sumagot si Pedro na: "Naniniwala akong Ikaw ang anak ng nabubuhay na Diyos." Pagkatapos ay sinabi sa kaniya ni Kristo: "ikaw ay Pedro"[108]—dahil ang Cephas sa wikang Aramaic ay nangangahulugang "bato"—"at sa batong ito ay itatatag Ko ang aking iglesya". Dahil ang sagot ng mga iba kay Kristo ay Siya si Elias, o si Juan Bautista, o si Jeremias, o ng isa sa mga Propeta.[109]
3 Christ meant, through metaphor and allusion, to affirm the words of Peter. And so, since the latter's name meant "rock", He said: "thou art Peter, and upon this rock I will build my church". That is, your belief that Christ is the Son of the living	34.3 Nais ni Kristong pagtibayin, sa pamamagitan ng metapora at parunggit, ang mga salita ni Pedro. At sa gayon, dahil ang kahulugan ng kaniyang pangalan ay "bato", sinabi Niyang: "ikaw ay Pedro, at sa batong ito ay itatatag Ko ang aking iglesya".

God will become the foundation of the religion of God, and upon this belief the foundation of the church of God—which is the Law of God—shall be established.	Ang ibig sabihin ay ang iyong pananalig na si Kristo ay ang Anak ng nabubuhay na Diyos ay ang magiging saligan ng relihiyon ng Diyos, at itatatag sa pananalig na ito ang saligan ng iglesya ng Diyos—na iyon ay ang Batas ng Diyos.
4 As to the existence of Peter's tomb in Rome, it is doubtful and disputed; some say that it is in Antioch.	34.4 Tungkol naman kung naroroon sa Roma ang libingan ni Pedro, iyon ay alanganin at pinagtatalunan; ang sabi ng mga iba ay nasa Antioch iyon.
5 Moreover, let us measure the deeds of certain popes against the religion of Christ. Christ, hungry and destitute, subsisted on the herbs of the wilderness and would not consent to see any heart saddened. The pope rides in a gilded carriage and passes his days in the utmost majesty, occupied with such pleasures and pursuits as to surpass the opulence and self-indulgence of all the kings of the earth.	34.5 Higit pa rito ay sukatin natin ang mga ginawa ng ilang santo papa ayon sa relihiyon ni Kristo. Si Kristo, na nagugutom at walang kayamanan, ay kumakain ng matatamis na mga damo sa kagubatan at hindi ipinahihintulot na malungkot ang puso ng sinuman. Ang santo papa ay nakasakay sa ginintuang karwahe at lumilipas ang kaniyang mga araw sa sukdulang karingalan, abala sa gayong mga kaluguran at mga gawaing nakahihigit sa karangyaan at pagpapasasa ng lahat ng mga hari ng daigdig.
6 Christ did not harm anyone, but certain popes put many innocent souls to death. Refer to the history books. How much blood have the popes spilled merely to secure their temporal authority! How many thousands of servants of humanity, among them learned men who had discovered the mysteries of the universe, have they tortured, imprisoned, and slain, all for mere differences of opinion! How vehemently have they opposed the truth!	34.6 Si Kristo ay walang sinaktan, subalit ipinapatay ng ilang santo papa ang maraming taong walang kasalanan. Sumangguni sa mga aklat ng kasaysayan. Gaano karaming dugo ang pinadanak ng mga santo papa upang matanganan lamang ang kanilang makamundong kapangyarihan! Gaano karaming mga tagapaglingkod ng sangkatauhan, kabilang na roon ang mga dalubhasang tumuklas sa mga lihim ng kalikasan, ang kanilang pinahirapan, ikinulong at pinaslang, dahil lamang sa pagkakaroon ng ibang pananaw. Gaano katindi ang kanilang pagtutol sa katotohanan!
7 Consider the admonitions of Christ and investigate the customs and conduct of the popes: Is there any resemblance between the admonitions of the former and the administration of the latter? We do not like to find fault, but the pages of the history of the Vatican are indeed	34.7 Nilay-nilayin ang mga paalaala ni Kristo at saliksikin ang mga kaugalian at mga kagagawan ng mga santo papa. Mayroon bang anumang pagkakahawig ang mga paalaala ng unang nabanggit at ang pamamalakad ng huling nabanggit? Hindi naming nais mamintas, subalit ang mga

astounding. Our meaning is that the instructions of Christ are one thing and the conduct of the papal government is quite another: They do not agree in the slightest. See how many Protestants have been slain by order of the popes, what wrongs and cruelties have been countenanced, what tortures and punishments have been inflicted! Can the sweet fragrances of Christ be at all inhaled from these actions? No, by the righteousness of God! Such people did not obey Christ, while Saint Barbara, whose portrait is before us, obeyed Him, walked in His path, and acted upon His admonitions.	pahina ng kasaysayan ng Vatican ay nakagigitla. Ang ibig naming sabihin ay ang mga utos ni Kristo ay isang bagay at ang pamamalakad ng pamahalaan ng papa ay lubos na naiiba: hindi ito nagtutugma nang kahit bahagya. Tingnan kung gaano karaming mga Protestante ang pinatay sa utos ng mga papa, kung anong mga kasalanan at mga kalupitan ang pinahintulutan, kung anong mga pahirap at mga parusa ang ipinalasap! Malalanghap ba ang matatamis na mga halimuyak ni Kristo mula sa ganitong mga kilos? Hindi, saksi ang pagkamatuwid ng Diyos! Hindi sumunod ang gayong mga tao kay Kristo, samantalang si Santa Barbara, na ang kaniyang larawan ay nasa harap natin, ay sumunod sa Kaniya, lumakad sa Kaniyang landas, at isinagawa ang Kaniyang mga paalaala.
8 Among the popes there have indeed been some blessed souls who followed in the footsteps of Christ, particularly in the early centuries of the Christian era when earthly means were lacking and heaven-sent trials were severe. But when the means of temporal sovereignty were secured, and worldly honour and prosperity were obtained, the papal government entirely forgot Christ and occupied itself with earthly dominion and grandeur, with material comforts and luxuries. It put people to death, opposed the diffusion of learning, persecuted men of science, obstructed the light of knowledge, and gave the order to slay and to pillage. Thousands of people, men of science and learning and innocent souls, perished in the prisons of Rome. With such ways and deeds, how can the claim of the vicarship of Christ be accepted?	34.8 Nagkaroon din ng ilang banal na kaluluwa mula sa mga papa na sumunod sa mga yapak ni Kristo, lalo na noong naunang mga siglo ng panahon ng Kristiyanismo kung kailan ang mga panustos ay nagkukulang pa at ang mga pagsubok mula sa langit ay napakatindi. Subalit nang makamtan na ang makalupang paghahari, at natamo na ang makamundong karangalan at kayamanan, ang pamahalaan ng papa ay nakalimot kay Kristo at naging abala sa makalupang kapangyarihan at karingalan, sa materyal na kaginhawahan at mga luho. Pinapatay nito ang mga tao, hinadlangan ang paglaganap ng pagkatuto, inusig ang mga siyentipiko, nilambungan ang liwanag ng kaalaman, at iniutos ang pagpaslang at pagsamsam. Libo-libong tao, mga siyentipiko at mga dalubhasa at mga taong walang kasalanan, ang namatay sa mga piitan ng Roma. Sa gayong mga gawi at mga pangyayari, paano matatanggap ang pag-angkin ng bikaryo ni Kristo?
9 The Holy See has consistently opposed the expansion of knowledge, to such a degree that in Europe it has come to be held	34.9 Ang Luklukan ng Santo Papa ay lagi na lamang nakatutol sa pagpapalawak ng kaalaman, sa gayong antas na sa Europa

that religion is the enemy of science and that science is the destroyer of the foundations of religion. Whereas the religion of God is the promoter of truth, the establisher of science and learning, the supporter of knowledge, the civilizer of the human race, the discoverer of the secrets of existence, and the enlightener of the horizons of the world. How then could it oppose knowledge? God forbid! On the contrary, in the sight of God knowledge is the greatest human virtue and the noblest human perfection. To oppose knowledge is pure ignorance, and one who abhors the arts and sciences is not a human being but is even as a mindless animal. For knowledge is light, life, felicity, perfection, and beauty, and causes the soul to draw nigh to the divine threshold. It is the honour and glory of the human realm and the greatest of God's bounties. Knowledge is identical to guidance, and ignorance is the essence of error.	ay pinaniniwalaang ang relihiyon ay kalaban ng agham, at ang agham ang sumisira sa mga saligan ng relihiyon. Samantalang ang relihiyon ng Diyos ang nagtataguyod ng katotohanan, ang nagtatatag ng agham at pagkatuto, ang nagtatangkilik sa kaalaman, ang pinagiging sibilisado ang sangkatauhan, ang nagtutuklas sa mga lihim ng buhay, at ang nagbibigay-liwanag sa mga sugpungang-guhit ng daigdig. Sa gayon ay paano nito tututulan ang kaalaman? Hadlangan nawa ng Diyos! Sa kabaligtaran, sa paningin ng Diyos ang kaalaman ay ang pinakamahusay na kabutihan ng tao at ang pinakamarangal na kaganapan ng tao. Ang tumutol sa kaalaman ay pawang kamangmangan, at siyang namumuhi sa kaalaman at pagkatuto ay hindi tao bagkus ay isang hayop na walang talino. Sapagkat ang kaalaman ay liwanag, buhay, kaligayahan, kaganapan, at kagandahan, at sanhi ito ng paglapit ng kaluluwa sa banal na bungad. Ito ay ang karangalan at kaluwalhatian ng daigdig ng tao at ang pinakadakilang biyaya ng Diyos. Ang kaalaman ay kapareho ng patnubay, at ang kamangmangan ay pinakadiwa ng kamalian.
10 Happy are those who spend their days in the pursuit of knowledge, in the discovery of the secrets of the universe, and in the meticulous investigation of truth! And woe to those who content themselves with ignorance, who delight in thoughtless imitation, who have fallen into the abyss of ignorance and unawareness, and who have thus wasted their lives!	34.10 Pinagpala silang ginagamit ang kanilang mga araw sa pagtatamo ng kaalaman, sa pagtutuklas sa mga lihim ng sanlibutan, at sa masusing pagsasaliksik sa katotohanan! At kahabag-habag silang mga nasisiyahan na sa kamangmangan, nalulugod na sa panggagayang hindi nag-iisip, mga nahulog na sa kailaliman ng kamangmangan at kawalan ng kamalayan, at sa gayon ay sinayang ang kanilang mga buhay!
35	35
Free Will and Predestination	Malayang Kalooban at Kapalaran
1 Question: When an action which someone will perform becomes the object of God's knowledge and is recorded in the	35.1 Tanong: Kapag ang isang kilos ng tao na kaniyang gagawin pa lamang ay naging bahagi na ng kaalaman ng Diyos at

“Guarded Tablet” of destiny, is it possible to resist it?	itinala na sa “Tabletang Natatanuran” ng kapalaran, posible pa bang paglabanan ito?
2 Answer: The knowledge of a thing is not the cause of its occurrence; for the essential knowledge of God encompasses the realities of all things both before and after they come to exist, but it is not the cause of their existence. This is an expression of the perfection of God.	35.2 Sagot: Ang pagkakabatid ng isang bagay ay hindi sanhi ng pagkakaganap nito; dahil ang pangunahing kaalaman ng Diyos ay sumasaklaw sa mga realidad ng lahat ng bagay kapuwa bago pa at pagkaraan ng pag-iral ng mga ito, subalit hindi ito ang dahilan ng pag-iral ng mga ito. Ito ay isang paghahayag sa kaganapan ng Diyos.
3 As to the pronouncements which, through divine revelation, have issued from the Prophets regarding the advent of the Promised One of the Torah, these likewise were not the cause of Christ’s appearance. But the hidden mysteries of the days to come were revealed to the Prophets, who thus became acquainted with future events and who proclaimed them in turn. This knowledge and proclamation were not the cause of the occurrence of these events. For instance, tonight everyone knows that in seven hours the sun will rise, but this common knowledge does not cause the appearance and rising of the sun.	35.3 Kaugnay naman sa mga ipinahayag, sa pamamagitan ng banal na rebelasyon, ng mga Propeta tungkol sa pagsapit ng Siyang Ipinangako ng Torah, ang mga ito gayundin ay hindi ang sanhi ng pagdating ni Kristo. Subalit ang natatagong mga hiwaga ng darating na mga araw ay isiniwalat sa mga Propeta at sa gayon ay nabatid nila ang mga mangyayari sa hinaharap at ipinahayag naman nila iyon. Itong kaalaman at itong pagpapahayag ay hindi ang sanhi ng pagkakaganap ng mga pangyayaring ito. Halimbawa, ngayong gabi ay alam ng lahat na pagkalipas ng pitong oras ay sisikat na ang araw, subalit itong pangkalahatang kaalaman ay hindi ang sanhi ng paglitaw at pagsikat ng araw.
4 Likewise, God’s knowledge in the contingent world does not produce the forms of things. Rather, that knowledge is freed from the distinctions of past, present, and future, and is identical with the realization of all things without being the cause of that realization.	35.4 Sa gayunding paraan, ang pagkakaalam ng Diyos ukol sa walang-katiyakang daigdig ay hindi sanhi ng pagkakabuo ng mga bagay-bagay. Sa halip, ang pagkakaalam na iyon ay malaya sa mga pagtatangi ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap, at kapareho ito sa pagkakaganap ng lahat ng bagay samantalang hindi sanhi ng pagkakaganap na iyon.
5 In the same way, the record and mention of a thing in the Scriptures is not the cause of its existence. The Prophets of God were informed through divine revelation that certain events would come to pass. For instance, through divine revelation they came to know that Christ would be martyred,	35.5 Sa gayunding paraan, ang pagkakatala at pagkakabanggit ng isang bagay sa mga Santong Kasulatan ay hindi sanhi ng pagkakaganap nito. Ang mga Propeta ng Diyos ay nakabatid sa pamamagitan ng banal na rebelasyon na ang ilang pangyayari ay magaganap. Halimbawa,

which they in turn proclaimed. Now, did their knowledge and awareness cause the martyrdom of Christ? No: This knowledge is a sign of their perfection and not the cause of His martyrdom.	sa pamamagitan ng banal na rebelasyon ay nalaman nilang si Kristo ay ipapako sa krus, na iyon naman ay ipinahayag nila. Ngayon, ang kanila bang kaalaman at kabatiran ang sanhi ng pagkamartir ni Kristo? Hindi: Ang kaalamang ito ay isang tanda ng kanilang kaganapan at hindi ito sanhi ng Kaniyang pagkamartir.
6 Through astronomical calculations, the mathematicians determine that at a certain time a solar or lunar eclipse will occur. Surely this prediction is not the cause of the eclipse. This of course is merely an analogy and not an exact image.	35.6 Sa pamamagitan ng mga kalkulasyon ng astronomika ay matitiyak ng mga matematiko na sa gayong panahon ay magaganap ang eklipsis ng buwan o ng araw. Tiyak na ang ganitong paghula ay hindi sanhi ng pagkaganap ng eklipsis. Ito, mangyari pa, ay paghahalintulad lamang at hindi tiyak na larawan.
Part 3	Bahagi 3:
On the Powers and Conditions of the Manifestations of God	Hinggil sa Kapangyarihan at mga Kalagayan ng mga Kahayagan ng Diyos
36	36
The Five Kinds of Spirit	Ang Limang Uri ng Espiritu
1 Know that in general there are five kinds of spirit. First is the vegetable spirit,110 which is the power that results from the composition and combination of the elements according to the wisdom and decree of the Most High, and from their mutual arrangement as well as their influence upon, and their interconnection with, other created things. When these parts and elements are separated, the associated power of growth likewise ceases to exist. So, to give an analogy, electricity results from the composition of certain constituent parts, and as soon as these parts are separated, the electrical force is immediately dissipated and lost. Such is the vegetable spirit.	36.1 Alamin na, sa karaniwan, ay mayroong limang uri ng espiritu. Ang una ay ang espiritu ng halaman,[110] na iyon ay ang kapangyarihang bunga ng pagbubuo at pagsasama-sama ng mga elemento sang-ayon sa karunungan at kautusan ng Pinakamataas, at mula sa kapuwa kaayusan nito at gayundin sa impluwensiya nito at pagkakaugnay-ugnay nito sa ibang mga nilikhang bagay. Kapag itong mga bahagi at mga elemento ay pinaghihiwa-hiwalay sa isa't isa, ang kaukulang kapangyarihan ng pagtubo sa gayundin ay naglalaho. Sa gayon, bilang isang paghahalintulad, ang elektrisidad ay nagbubuhat sa pagsasama ng tanging mga bahaging sangkap, at sa pagkakataong ipinaghihiwalay ang mga bahaging ito, ang puwersa ng elektrisidad ay agad na

	nabubuwag at nawawala. Ganoon din ang espiritu ng halaman.
2 After this is the animal spirit, which also results from the combination of elements that are brought together in a single composition. But this composition is more complete, and when by the decree of the almighty Lord it reaches a fuller degree of combination, the animal spirit, which consists in the power of the senses, comes to exist. This power perceives sensible realities—that which can be seen, heard, tasted, smelled, or touched. After the separation and dissolution of these composed elements, this spirit will also naturally cease to exist. It is like this lamp before you: When oil, wick, and flame are brought together, light is produced; but when the oil is exhausted, the wick consumed, and the constituent parts separated, the light will also be extinguished and lost.	36.2 Pagkatapos nito ay ang espiritu ng hayop, na bunga rin ng pagsasama-sama ng mga elemento upang bumuo ng iisang kabuuan. Subalit ang kabuuang ito ay higit na kompleto, at sang-ayon sa utos ng Panginoong makapangyarihan sa lahat ay umaabot ito sa higit na ganap na antas ng pagsasama-sama, ang espiritu ng hayop, na binubuo ng kapangyarihan ng mga pandama, ay nalilikha. Nababatid ng kapangyarihang ito ang mga nadaramang realidad—yaong nakikita, nadirinig, nalalasahan, nahihipo, o naaamoy. Pagkatapos ng paghihiwalay at pagkalusaw nitong pinagsamang mga elemento, ang espiritung ito gayundin ay natural lamang na hihinto ang pag-iral. Katulad ito ng lamparang nasa harap mo: Kapag ang langis, mitsa, at apoy ay pinagsasama, ang bunga niyon ay liwanag; subalit kapag maubos na ang langis, matupok na ang mitsa, at ang mga bahaging sangkap nito ay pinaghiwa-hiwalay, ang liwanag ay mapaparam at mawawala.
3 As to the human spirit, its likeness is that of a glass and the bounty of the sun. That is, the body of man, which is composed of the elements, is the most perfect form of composition and combination, the soundest arrangement, the noblest composition, and the most perfect of all existing things. It grows and develops through the animal spirit. This perfect body can be compared to a mirror, and the human spirit to the sun: If the glass is shattered or the mirror destroyed, no harm befalls the outpouring grace of the sun, which continues unabated.	36.3 Kaugnay naman ng espiritu ng tao, ang kahalintulad nito ay ang salamin at ang biyaya ng araw. Yaon ay, ang katawan ng tao, na binubuo ng mga elemento, ay ang pinakaganap na anyo ng kabuuan at pagsasama-sama, ang pinakamahusay na pagsasaayos, ang pinakamaharlikang kabuuan, at ang pinakaganap sa lahat ng umiiral na bagay. Ito ay lumalaki at umuunlad sa pamamagitan ng espiritu ng hayop. Itong ganap na katawan ay maihahalintulad sa salamin, at ang espiritu ng tao sa araw: kapag mabasag o mawasak ang salamin, walang pinsala ang sumasapit sa bumubuhos na biyaya ng araw, na nagpapatuloy nang walang puknat.
4 This spirit is the discovering power that encompasses all things. All the	36.4 Ang espiritung ito ay ang kapangyarihang nakatutuklas na sumasaklaw

wondrous signs, all the crafts and discoveries, all the mighty undertakings and momentous historical events of which you are aware, have been discovered by this spirit and brought forth from the invisible realm into the visible plane through its spiritual power. Thus it abides upon the earth and yet makes discoveries in the heavens, and deduces that which is unknown from known and visible realities. For example, man is in this hemisphere, but through the power of reason he discovers, as Columbus did, another one—the Americas—which until then was unknown. His body is heavy, but he flies through the air by means of vehicles of his own devising. His movement is slow, but he journeys rapidly through East and West by the aid of the devices which he has fashioned. In short, this power encompasses all things.	sa lahat ng bagay. Ang lahat ng kamangha-manghang mga tanda, ang lahat ng mga likhang-kamay at mga katuklasan, ang lahat ng dakilang mga gawain at mahalagang mga kaganapan sa kasaysayan na iyong nalalaman, ay tinuklas ng espiritung ito at inilabas mula sa di-nakikitang kaharian tungo sa larangan ng nakikita sa pamamagitan ng espiritwal na kapangyarihan nito. Sa gayon ay namamalagi ito sa lupa at gayumpaman ay gumagawa ng mga katuklasan sa kalangitan, at hinihinuha ang di-nalalaman mula sa nalalaman at nakikitang mga realidad. Halimbawa, ang tao ay narito sa hating-globong ito, subalit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng katwiran ay nakatutuklas siya, tulad ni Columbus, ng iba pa—ng Amerika—na hanggang noon ay hindi pa natutuklasan. Ang kaniyang katawan ay mabigat, subalit lumilipad siya sa ere sa pamamagitan ng mga sasakyang binuo niya. Siya ay mabagal kumilos, subalit mabilis siyang nakapaglalakbay sa Silangan at Kanluran sa pamamagitan ng mga kagamitang ginawa niya. Sa madaling salita, ang kapangyarihang ito ay sumasaklaw sa lahat ng bagay.
5 But this human spirit has two aspects: one divine and one satanic—that is, it is capable of both the greatest perfection and the greatest deficiency. Should it acquire virtues, it is the noblest of all things; and should it acquire vices, it becomes the most vile.	36.5 Subalit itong espiritu ng tao ay may dalawang aspekto: isang makadiyos at isang makademonyo—yaon ay, may kakayahan ito kapuwa para sa sukdulang kaganapan at sa sukdulang kakulangan. Kung ito ay tatamo ng mga kabutihan, ito ay ang pinakamarangal sa lahat ng bagay; at kung ito ay tatamo ng mga bisyo, ito ay nagiging pinakamasama.
6 As to the fourth degree of spirit, it is the heavenly spirit, which is the spirit of faith and the outpouring grace of the All-Merciful. This spirit proceeds from the breath of the Holy Spirit, and through a power born of God it becomes the cause of everlasting life. It is that power which makes the earthly soul heavenly and the imperfect man perfect. It cleanses the impure, unlooses	36.6 Ang ikaapat na antas ng espiritu ay ang makalangit na espiritu, na ito ay ang espiritu ng pananalig at ang pagbuhos ng biyaya ng Mahabagin sa Lahat. Ang espiritung ito ay nagmumula sa hininga ng Espiritu Santo, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos ito ay nagiging sanhi ng walang-hanggang buhay. Ito ang kapangyarihang gumagawa sa makalupang

the tongue of the silent, sanctifies the bondslaves of passion and desire, and confers knowledge upon the ignorant.	kaluluwa na maging makalangit, at ang di-ganap na tao na maging ganap. Dinadalisay nito ang marumi, kinakalagan ang dila ng tahimik, ginagawang banal ang mga bihag ng kahalayan at pagnanasa, at ipinagkakaloob ang kaaalaman sa mangmang.
7 The fifth degree of spirit is the Holy Spirit, which is the mediator between God and His creation. It is like a mirror facing the sun: Just as a spotless mirror receives the rays of the sun and reflects its bounty to others, so too is the Holy Spirit the mediator of the light of holiness, which it conveys from the Sun of Truth to sanctified souls. This Spirit is adorned with all the divine perfections. Whensoever it appears, the world is revived, a new cycle is ushered in, and the body of humanity is clothed in a fresh attire. It is like the spring: When it arrives, it transports the world from one condition to another. For at the advent of springtide the black earth, the fields, and the meadows become green and verdant; flowers and sweet-scented herbs of every kind spring forth; trees are endowed with a new life; wondrous fruits are produced; and a new cycle is inaugurated.	36.7 Ang ikalimang antas ng espiritu ay ang Espiritu Santo, na iyon ang tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at ng Kaniyang nilikha. Ito ay tulad ng salamin na nakaharap sa araw: Tulad ng dalisay na salamin na tumatanggap ng mga sinag ng araw at ibinabahagi ang biyayang ito sa mga iba, gayundin ang Espiritu Santo ay ang tagapamagitan ng liwanag ng kabanalan, na ibinabahagi nito mula sa Araw ng Katotohanan sa dalisay na mga kaluluwa. Ang espiritung ito ay pinalamutihan ng lahat ng banal na mga kaganapan. Sa tuwing paglitaw nito, ang daigdig ay muling nagkakabuhay, ang panibagong pag-inog ay nagsisimula, at ang katawan ng sangkatauhan ay nadaramtan ng panibagong damit. Ito ay maihahalintulad sa tagsibol: Sa pagsapit nito, dinadala nito ang daigdig mula sa isang kalagayan tungo sa kabila. Dahil sa pagsapit ng panahon ng tagsibol ang itim na lupa, ang mga sakahan, at ang mga kaparangan ay nagiging luntian at mayabong; ang bawat uri ng mga bulaklak at mababangong damo ay umuusbong; ang mga puno ay nagtataglay ng panibagong buhay; lumilitaw ang kahanga-hangang mga bunga; at ang panibagong pag-inog ay nagsisimula.
8 It is the same with the manifestation of the Holy Spirit: Whensoever it appears, it invests the world of humanity with a new life and endows human realities with a new spirit. It clothes all existence with a glorious attire, disperses the darkness of ignorance, and causes the light of human perfections to shine resplendent. It is with such a power that Christ renewed this cycle—whereupon the divine springtide	36.8 Ganoon din ang pagkakahayag ng Espiritu Santo: Sa tuwing lumilitaw ito, pinagkakalooban nito ang daigdig ng sangkatauhan ng panibagong buhay at iginagawad nito sa mga realidad ng tao ang isang panibagong espiritu. Dinadamtan nito ang buong sangnilikha ng maluwalhating kasuotan, pinapawi ang karimlan ng kamangmangan, at ginagawang sumikat nang maningning ang liwanag ng mga kaganapan

pitched its tent, with utmost vitality and grace, in the realm of humanity and perfumed the senses of the enlightened souls with its life-giving breezes.	ng tao. Sa pamamagitan ng ganitong kapangyarihan ay ginawa ni Kristo na muling maging bago ang pag-inog na ito—sa gayon ang banal na tagsibol ay nagtayo ng tolda nito, sa sukdulang kasiglahan at kabinihan, sa kaharian ng sangkatauhan at pinabanguhan ang mga pandama ng naliliwanagang mga kaluluwa sa pamamagitan ng nagbibigay-buhay nitong mga simoy.
9 In the same way, the manifestation of Bahá'u'lláh was a new springtide which appeared with the sweet savours of holiness, with the hosts of everlasting life, and with a power born of the celestial kingdom. He established the throne of God's sovereignty in the midmost heart of the world and, through the power of the Holy Spirit, revived the souls and ushered in a new cycle.	36.9 Sa gayunding paraan, ang pagkakahayag ni Bahá'u'lláh ay isang panibagong tagsibol na lumitaw na taglay ang matatamis na mga halimuyak ng kabanalan, ang mga hukbo ng walang-hanggang buhay, at ang kapangyarihang buhat sa makalangit na kaharian. Itinatag Niya ang Trono ng paghahari ng Diyos sa kaibuturang puso ng daigdig at, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ay muling binuhay ang mga kaluluwa at nagsimula ng panibagong pag-inog.
37	37
The Connection between God and His Manifestations	Ang Ugnayan sa Pagitan ng Diyos at ng Kaniyang mga Kahayagan
1 Question: What is the reality of the Divinity and its connection to the Daysprings of Lordly splendour and the Dawning-Places of the light of the All-Merciful?	37.1 Tanong: Ano ang realidad ng Maykapal at ang kaugnayan nito sa mga Pamimitak ng karingalan ng Panginoon at mga Pook-Silangan ng liwanag ng Mahabagin sa Lahat?
2 Answer: Know that the reality of the Divinity and the nature of the divine Essence is ineffable sanctity and absolute holiness; that is, it is exalted above and sanctified beyond every praise. All the attributes ascribed to the highest degrees of existence are, with regard to this station, mere imagination. The Invisible and Inaccessible can never be known; the absolute Essence can never be described. For the divine Essence is an all-encompassing reality, and all created things are	37.2 Sagot: Alamin na ang Realidad ng Maykapal at ang likas na katangian ng banal na Diwa ay ang di-maisawikang pagkasagrado at sukdulang kabanalan; yaon ay, ito ay higit na mataas at sagrado mula sa bawat papuri. Ang lahat ng mga katangiang binabanggit ukol sa pinakamataas na mga antas ng buhay, kung kaugnay ng larangang ito, ay guniguni lamang. Ang Di-nakikita at Di-maaabot ay hindi kailanman mauunawaan; ang ganap na Diwa ay hindi kailanman mailalarawan.

encompassed. The all-encompassing must assuredly be greater than that which is encompassed, and thus the latter can in no wise discover the former or comprehend its reality. No matter how far human minds may advance, even attaining the highest degree of human comprehension, the uttermost limit of this comprehension is to behold the signs and attributes of God in the world of creation and not in the realm of Divinity. For the essence and the attributes of the all-glorious Lord are enshrined in the inaccessible heights of sanctity, and human minds and understandings will never find a path to that station. “The way is barred, and all seeking rejected.”111	Sapagkat ang banal na Diwa ay isang realidad na sumasaklaw sa lahat, at ang lahat ng nilikhang bagay ay sinasaklaw nito. Tiyak na ang sumasaklaw ay nakahihigit doon sa sinasaklaw, at sa gayon ang huling nabanggit ay hindi magagawang tuklasin ang unang nabanggit o unawain ang realidad nito. Gaanuman kalayo makasulong ang isipan ng tao, kahit pa makaabot ito sa pinakamataas na antas ng pag-unawa ng tao, ang sukdulang hangganan ng ganitong pag-unawa ay ang masilayan ang mga palatandaan at mga katangian ng Diyos sa daigdig ng sangnilikha at hindi sa daigdig ng Diyos. Dahil ang diwa at ang mga katangian ng Panginoong maluwalhati sa lahat ay nadarambana sa di-maabot na mga tugatog ng kabanalan, at ang mga isipan at mga pang-unawa ng tao ay hindi kailanman makatatagpo ng daan patungo sa kalagayang iyon. “Ang daan ay nakasara, at ang lahat ng paghahanap ay tinatanggihan.”[111]
3 It is evident that whatsoever man understands is a consequence of his existence, and that man is a sign of the All-Merciful: How then can the consequence of the sign encompass the Creator of the sign? That is, how can human understanding, which is a consequence of man’s existence, comprehend God? Thus the reality of the Divinity lies hidden from all understanding and is concealed from the minds of all men, and to ascend to that station is in no wise possible.	37.3 Maliwanag na ang anumang naunawaan ng tao ay bunga ng kaniyang pag-iral, at na ang tao ay isang palatandaan ng Mahabagin sa Lahat: Kung gayon ay paano magagawa ng bunga ng palatandaan ang sumaklaw sa Maylikha ng palatandaan? Yaon ay, paano magagawa ng pang-unawa ng tao, na iyon ay bunga ng pag-iral ng tao, ang maunawaan ang Diyos? Samakatwid ang realidad ng Diyos ay natatago mula sa lahat ng pang-unawa at nalilihim mula sa mga isipan ng lahat ng tao, at ang makapanhik sa ganoong kalagayan ay hindi posible sa anumang paraan.
4 We observe that every lower thing is incapable of comprehending the reality of that which is higher. Thus, no matter how far they may evolve, the stone, the earth, and the tree can never comprehend the reality of man or imagine the powers of sight, hearing, or the other senses, even though the former and the latter alike are created things. How then can man, a mere	37.4 Nakikita nating ang bawat mababang bagay ay walang-kakayahang unawain ang realidad ng nakatataas dito. Sa gayon, gaanupaman sumulong ang ebolusyon nito, ang bato, ang lupa, at ang puno ay hindi kailanman mauunawaan ang realidad ng tao o magunita ang mga kakayahan ng paningin, pandinig, o ng ibang mga pandama, bagaman ang unang nabanggit at ang huling nabanggit

creature, comprehend the reality of the sanctified Essence of the Creator? No human understanding can approach this station, no utterance can unfold its truth, and no allusion can intimate its mystery. What has the speck of dust to do with the world of sanctity, and what relationship can ever hold between the limited mind and the expanse of the limitless realm? Minds are powerless to comprehend Him, and souls are bewildered as they attempt to describe His reality. “No vision taketh in Him, but He taketh in all vision, and He is the Subtile, the All-Informed!”112	ay kapuwa mga nilikhang bagay. Kung gayon ay paano magagawa ng tao, na nilikha lamang, ang maunawaan ang realidad ng banal na Diwa ng Maylikha? Walang pang-unawa ng tao ang makalalapit sa kalagayang ito, walang pananalita ang makatatastas sa katotohanan nito, at walang parunggit ang makapagpapahiwatig sa hiwaga nito. Ano ang kaugnayan ng katiting na gabok sa daigdig ng kabanalan, at anong ugnayan ang maaaring umiral sa pagitan ng isipang may hangganan at ng kalawakan ng walang-hanggang kaharian? Ang mga isipan ay walang-kakayahang unawain Siya, at ang mga kaluluwa ay natutuliro habang sinisikap nilang ilarawan ang Kaniyang realidad. “Walang paningin ang nakakikita sa Kaniya, subalit nakikita Niya ang lahat ng mga paningin, at Siya ang Pinong-pino, ang Nakababatid sa Lahat.”[112]
5 Thus, in this connection, every statement and explanation is deficient, every description and characterization is unworthy, every conception is unfounded, and every attempt to contemplate its depths is futile. Yet for that Essence of essences, that Truth of truths, that Mystery of mysteries, there are splendours, effulgences, manifestations, and appearances in the world of existence. The Daysprings of those effulgences, the Dawning-places of those revelations, and the Sources of those manifestations are those Exponents of holiness, those universal Realities and divine Beings Who are the true mirrors of the sanctified Essence of the Divinity. All the perfections, bounties, and splendours of the one true God are plainly visible in the realities of His Holy Manifestations, even as the light of the sun is fully reflected with all its perfections and bounties in a clear and spotless mirror. And if it be said that the mirrors are the manifestations of the sun and the dawning-places of the daystar of the world, this is not meant to imply that the sun has	37.5 Samakatwid, kaugnay nito, ang bawat pahayag at paliwanag ay nagkukulang, ang bawat paglalarawan at pagtatangi ay hindi karapat-dapat, ang bawat kuro-kuro ay walang batayan, at ang bawat pagtatangkang nilay-nilayin ang mga kalaliman nito ay walang saysay. Subalit para dito sa Diwa ng mga diwa, dito sa Katotohanan ng mga katotohanan, dito sa Hiwaga ng mga hiwaga, ay mayroong mga karingalan, mga kaningningan, mga kapahayagan, at mga kaanyuan sa umiiral na daigdig. Ang mga Pamimitak niyong mga kaningningan, ang mga Pook-Silangan niyong mga rebelasyon, at ang mga Pinagmumulan niyong mga kahayagan ay yaong mga Kinatawan ng kabanalan, yaong pangkalahatang mga Realidad at mga banal na Nilalang na Sila ang tunay na mga salamin ng banal na Diwa ng Diyos. Ang lahat ng mga kaganapan, mga biyaya, at mga karingalan ng iisang tunay na Diyos ay malinaw na nakikita sa mga realidad ng Kaniyang Banal na mga Kahayagan, tulad ng liwanag ng araw at ang lahat ng mga

descended from the heights of its sanctity or has become embodied in the mirror, or that that limitless Reality has been confined to this visible plane. God forbid! This is the belief of the anthropomorphists. No, all these descriptions, all these expressions of praise and glory, refer to these holy Manifestations; that is, every description, praise, name, or attribute of God that we mention applies to Them. But no soul has ever fathomed the reality of the Essence of the Divinity so as to be able to intimate, describe, praise, or glorify it. Thus all that the human reality knows, discovers, and understands of the names, attributes, and perfections of God refers to these holy Manifestations and leads nowhere else: "The way is cut off, and all seeking rejected."	kaganapan at mga biyaya nito na ganap na inilalarawan ng isang malinaw at malinis na salamin. At kung sasabihing ang mga salamin ay ang mga kahayagan ng araw at mga pook-silangan ng bituing-araw ng daigdig, hindi nito ipinahihiwatig na bumaba ang araw mula sa mga rurok ng kabanalan nito o naging bahagi na ng salamin, o ang walang-hanggang Realidad na iyon ay ikinulong dito sa nakikitang daigdig. Iadya nawa ng Diyos! Ito ang paniniwala ng mga antropomorpisto. Hindi, ang lahat nitong mga paglalarawan, ang lahat nitong pagsasambit ng mga papuri at pagluluwalhati, ay tumutukoy rito sa mga banal na Kahayagan; yaon ay, ang bawat paglalarawan, papuri, pangalan, o katangian ng Diyos na ating binabanggit ay tumutukoy sa Kanila. Subalit walang kaluluwa ang kailanmang naarok ang realidad ng Diwa ng Diyos na magagawa niyang ipahiwatig, ilarawan, purihin o luwalhatiin iyon. Samakatwid ang lahat ng nababatid, natutuklasan, at nauunawaan ng tao ukol sa mga pangalan, mga katangian, at mga kaganapan ng Diyos ay tumutukoy rito sa mga banal na Kahayagan at wala nang ibang pinatutunguhan: "Ang daan ay nakasara, at ang lahat ng paghahanap ay ipinagbabawal."
6 Yet we ascribe certain names and attributes to the reality of the Divinity and praise Him for His sight, His hearing, His power, His life and knowledge. We affirm these names and attributes not to affirm the perfections of God, but to deny that He has any imperfections.	37.6 Gayumpaman ay binabanggit natin ang tanging mga pangalan at mga katangian sa realidad ng Diyos at pinupuri Siya dahil sa Kaniyang paningin, sa Kaniyang pandinig, sa Kaniyang kapangyarihan, sa Kaniyang buhay at kaalaman. Pinagtitibay natin itong mga pangalan at mga katangian, hindi upang pagtibayin ang mga kaganapan ng Diyos, bagkus ay upang itanggi na Siya ay may anumang kapintasan.
7 When we observe the contingent world, we see that ignorance is imperfection and knowledge is perfection, and thus we say that the sanctified Essence of the Divinity is all-knowing. Weakness is	37.7 Kapag titingnan natin ang walang-katiyakang daigdig, makikita natin na ang kamangmangan ay kapintasan at ang kaalaman ay kaganapan, at sa gayon ay sinasabi nating ang banal na Diwa ng Diyos

imperfection and power is perfection, and thus we say that that sanctified and divine Essence is all-powerful. It is not that we can understand His knowledge, His sight, His hearing, His power, or His life as they are in themselves: This is assuredly beyond our comprehension, for the essential names and attributes of God are identical with His Essence, and His Essence is sanctified above all understanding. If the essential attributes were not identical with the Essence, then there would be a multiplicity of pre-existences and the distinction between the Essence and the attributes would therefore also be firmly established and pre-existent. But this would imply an infinite chain of pre-existences, which is an evident error.	ay nakababatid ng lahat. Ang kahinaan ay kapintasan at ang kapangyarihan ay kaganapan, at sa gayon ay sinasabi nating ang konsagrado at banal na Diwa ay ang makapangyarihan sa lahat. Hindi ibig sabihin na nauunawaan natin ang Kaniyang kaalaman, ang Kaniyang paningin, ang Kaniyang pandinig, ang Kaniyang kapangyarihan, o ang Kaniyang buhay sa mismong sarili nito: Tiyak na ang mga ito ay di-maaabot ng ating pang-unawa; sapagkat ang saligang mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay kapareho sa Kaniyang Diwa, at ang Kaniyang Diwa ay di-maaabot ng anumang pang-unawa. Kung ang mga pangunahing mga katangian ay hindi kapareho ng Diwa, sa gayon ay magkakaroon ng maraming pag-iral bago pa nagkabuhay at ang pagkakaiba ng Diwa at ng mga katangian samakatwid ay matibay na maitatatag at magkakaroon din ng pag-iral bago pa magkabuhay. Subalit ang ipinahihiwatig nito ay ang walang-katapusang kawing ng mga pag-iral bago pa magkabuhay, na iyon ay malinaw na pagkakamali.
8 It follows that all these names, attributes, laudations, and praises apply to the Manifestations of God Themselves, and that all that we may construe or conceive besides them is sheer delusion, for we can never find a path to the Invisible and Inaccessible. Thus it is said: “All that ye vainly believe to have discerned and expressed in your subtlest terms is but a creature like unto you and returneth unto your own selves.”113	37.8 Kung gayon ang lahat nitong mga pangalan, mga katangian, mga papuri, at mga parangal ay tumutukoy sa mga Kahayagan ng Diyos mismo, at ang lahat ng ating hinahaka at ginugunita tungkol sa kanila ay delusyon lamang, dahil hindi tayo kailanman makatatagpo ng daang patungo sa Di-nakikita at Di-naaabot. Sa gayon ay sinasabing: “Ang lahat ng inyong palalong inaakalang nabatid at ipinahayag sa pinakapino ninyong mga salita ay nilikha lamang na tulad ninyo, at ito ay bumabalik sa inyong mga sarili.”[113]
9 It is evident that if we attempt to conceive the reality of the Divinity, that conception would be encompassed and our mind would be that which encompasses it—and assuredly that which encompasses is greater than that which is encompassed! Thus it follows that any reality that we might	37.9 Malinaw na kapag sisikapin nating gunitain ang realidad ng Diyos, ang gunitaing iyon ay nasasaklawan, at ang ating isipan ang siyang sumasaklaw roon—at tiyak na ang sumasaklaw ay nakahihigit doon sa sinasaklawan! Sa gayon ay maliwanag na anumang realidad ang ating magugunita ukol

conceive for the Divinity besides that of the holy Manifestations would be mere delusion, as there is no means of approach to that divine Reality which is entirely beyond the reach of the mind. And all that we might conceive is pure imagination.	sa Diyos maliban doon sa banal na mga Kahayagan ay delusyon lamang, dahil walang paraan upang makalapit sa banal na Realidad na iyon na ganap na hindi maaabot ng isipan. At ang lahat ng maaari nating gunitain ay pawang kathang-isip.
10 Consider then how the peoples of the world are circling round their own vain imaginings and worshipping the idols of their own thoughts and fancies, without the least awareness of doing so. They regard these vain imaginings as that Reality which is sanctified above all understanding and exalted beyond every allusion. They consider themselves to be the proponents of the Divine Unity and all others as worshippers of idols, even though idols at least enjoy a mineral existence, whereas the idols of human thoughts and imaginations are sheer illusion and have not even the existence of stones. "Take ye good heed, O people of insight!"114	37.10 Isipin kung gayon kung paanong nagpapaikot-ikot ang mga sambayanan ng daigdig palibot sa kanilang sariling mga guniguning walang katuturan at sumasamba sa mga diyos-diyosan ng kanilang mga akala at mga haka-haka, nang walang bahid ng kabatiran nito. Ipinapalagay nila itong mga guniguning walang katuturan bilang ang Realidad na iyon na malayo sa lahat ng pag-unawa at higit na mataas sa lahat ng pagtukoy. Inaakala nilang sila ay ang mga tagapagtaguyod ng Banal na Kaisahan, at ang lahat ng iba ay mga sumasamba sa mga diyos-diyosan, subalit kahit paano ang mga diyos-diyosan ay may mineral na pag-iral, samantalang ang mga diyos-diyosan ng isipan at guniguni ng tao ay ilusyon lamang at wala ni mineral na pag-iral. "Unawain ninyo nang mahusay, O kayong mga pinagkalooban ng malalim na pag-unawa."[114]
11 Know that the attributes of perfection, the outpourings of divine grace, and the effulgences of divine revelation shine resplendent in all the Manifestations of God, but that the all-encompassing Word of God—Christ—and His Most Great Name—Bahá'u'lláh—have appeared with a revelation beyond all conception. For not only do They possess all the perfections of the former Manifestations, but They also evince beyond those such perfections as to make all others even as Their followers. Thus the Prophets of Israel were all recipients of divine revelation, and so too was Christ, but what a difference between the revelation of Him Who was the Word of God and the	37.11 Alamin na ang mga katangian ng kaganapan, ang mga pagbuhos ng banal na biyaya, at ang mga kinang ng banal na rebelasyon ay sumisinag nang maningning sa lahat ng mga Kahayagan ng Diyos, subalit ang nakasasaklaw-sa-lahat na Salita ng Diyos—si Kristo—at ang Kaniyang Pinakadakilang Pangalan—si Bahá'u'lláh—ay dumating taglay ang isang rebelasyong hindi kayang gunitain. Sapagkat hindi lamang Nila taglay ang lahat ng mga kaganapan ng nakaraang mga Kahayagan, bagkus ay taglay rin Nila bukod pa rito ang gayong mga kaganapan na nagmimistulang ang lahat ng iba na maging waring Kanilang mga tagasunod. Sa gayon ang mga Propeta ng Israel ay lahat tumanggap ng banal na rebelasyon, at gayundin si Kristo, subalit

inspiration of an Isaiah, a Jeremiah, or an Elijah!	anong pagkakaiba sa pagitan ng rebelasyon Niya na Siyang Salita ng Diyos at ang inspirasyon ng isang Isias, ng isang Jeremias, o ng isang Elias!
12 Consider that light consists in the vibrations of the ether, whereby the nerves of the eye are stimulated and vision is produced. Now, though the vibrations of the ether exist both in the lamp and in the sun, yet what a difference there is between the light of the sun and that of the stars or of the lamp!	37.12 Nilay-nilayin na ang liwanag ay mga taginting ng di-nakikitang bagay, nang sa gayon ang mga nerbiyo ng mata ay nagigising at bunga nito ay nakakikita. Ngayon, bagaman ang taginting ng di-nakikitang bagay ay naroon kapuwa sa ilawan at sa araw, gayumpaman ay napakalaki ng pagkakaiba sa pagitan ng liwanag ng araw at ng mga bituin o ng ilawan!
13 The human spirit has certain signs and manifestations in the stage of the embryo, and yet other splendours and expressions in the stages of childhood, adolescence, and maturity. The spirit is one, and yet in the embryonic stage it lacks the powers of sight and hearing, whereas in the stages of adolescence and maturity it appears with the utmost splendour and radiance. In the same way, the seed at the beginning of its growth appears only as a leaf, which is the place of appearance of the vegetable spirit; and in the stage of fruition that same spirit, that is, the power of growth, becomes manifest in the plenitude of its perfection—yet how far is the station of the leaf from that of the fruit! For from the fruit a hundred thousand leaves will in time appear, even though they all grow and develop through the same vegetable spirit. Pause then to reflect upon the difference between the virtues and perfections of Christ and the splendours and effulgences of Bahá'u'lláh, on the one hand, and the virtues of the Prophets of the House of Israel, such as Ezekiel or Samuel, on the other. All were the recipients of divine revelation, but between them there is an immeasurable distance.	37.13 Ang espiritu ng tao ay may tanging mga palatandaan at kahayagan sa yugto ng pagiging bilig, at iba pang mga kaningningan at kapahayagan sa mga yugto ng pagkabata, pagbibinata o pagdadalaga, at sa kaganapang-isip. Ang espiritu ay iisa lamang, subalit sa yugto ng pagiging bilig wala itong mga kapangyarihan ng paningin at pandinig, samantalang sa mga yugto ng pagbibinata o pagdadalaga at ng kaganapang-isip ito ay lumilitaw sa sukdulang karingalan at kaningningan. Sa gayunding paraan, ang binhi sa simula ng paglaki nito ay lumilitaw bilang isang dahon lamang, na iyon ang yugto ng paglitaw ng espiritu ng halaman; at sa kalagayan ng pamumunga ang espiritu ring iyon, yaon ay, ang kapangyarihan ng pagtubo, ay lumilitaw sa sukdulang kaganapan nito—gayumpaman, ay napakalayo ng kalagayan ng dahon mula roon sa bunga! Dahil mula sa bunga ay lilitaw ang sandaang libong dahon sa takdang panahon, bagaman ang lahat ng ito ay tumutubo at yumayabong sa pamamagitan ng iisang espiritu ng halaman. Huminto sandali, kung gayon upang nilay-nilayin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga birtud at mga kaganapan ni Kristo at ang mga karingalan at kaningningan ni Bahá'u'lláh, sa isang dako, at sa mga birtud ng mga Propeta ng Angkan ng Israel, tulad ni Ezekiel o ni Samuel. Silang

	lahat ay mga pinagkalooban ng banal na rebelasyon, subalit sa pagitan nila ay napakalaki ng pagkakaiba.
38	38
The Three Stations of the Divine Manifestations	Ang Tatlong Kalagayan ng mga Banal na Kahayagan
1 Know that, while the Manifestations of God possess infinite virtues and perfections, They occupy only three stations: The first is the material station; the second is the human station, which is that of the rational soul; and the third is that of divine manifestation and heavenly splendour.	38.1 Alamin na bagaman ang mga Kahayagan ng Diyos ay nagtataglay ng walang-katapusang mga katangian at mga kaganapan, Sila'y nakaluklok lamang sa tatlong kalagayan: Ang una ay ang materyal na kalagayan; ang pangalawa ay ang kalagayan ng tao, na iyon ay ang nakapangangatwirang kaluluwa; at ang pangatlo ay ang banal na kahayagan at makalangit na karingalan.
2 As for the material station, it has an origin in time, for it is composed of the elements, and every composition must ultimately be decomposed. It is indeed impossible for composition not to be followed by disintegration.	38.2 Kaugnay ng pisikal na kalagayan, ito ay may simula sa panahon, sapagkat ito ay binubuo ng mga elemento, at ang bawat binubuo sa wakas ay magugunaw. Talagang hindi maaaring mangyari na ang binuo ay hindi magugunaw.
3 The second station is that of the rational soul, which is the human reality. This also has a beginning, and the Manifestations of God share it in common with all humanity.	38.3 Ang pangalawang kalagayan ay ang nakapangangatwirang kaluluwa, na iyon ay ang realidad ng tao. Ito rin ay may simula, kapareho ito para sa mga Kahayagan ng Diyos at ng buong sangkatauhan.
4 The third station is that of divine manifestation and heavenly splendour, which is the Word of God, the everlasting Grace, and the Holy Spirit. This station has neither beginning nor end; for firstness and lastness pertain to the contingent world and not to the world of God. For God the beginning and the end are one and the same. Similarly, the reckoning of days, weeks, months, and years—of yesterday and today—is made with respect to the earth; but in the sun such things are unknown: There is neither yesterday, nor today, nor tomorrow, neither months nor years—all are equal.	38.4 Ang pangatlong kalagayan ay ang banal na kahayagan at makalangit na karingalan, na iyon ay ang Salita ng Diyos, ang walang-maliw na Biyaya, at ang Espiritu Santo. Ang kalagayang ito ay kapuwa walang simula at walang katapusan; sapagkat ang pagiging una at pagiging huli ay patungkol sa walang-katiyakang daigdig at hindi sa daigdig ng Diyos. Para sa Diyos ang simula at ang wakas ay iisa at pareho lamang. Gayundin, ang pagbilang ng mga araw, mga linggo, mga buwan, at mga taon—ng kahapon at ng ngayon—ay ginagawa kaugnay ng daigdig; subalit para sa araw ang

Likewise, the Word of God is sanctified above all these conditions and exalted beyond every law, constraint, or limitation that may exist in the contingent world.	gayong mga bagay ay hindi nalalaman: Walang kahapon ni ngayon, ni bukas, ni mga buwan ni mga taon—ang lahat ay magkapareho. Sa gayunding paraan, ang Salita ng Diyos ay di-saklaw ng lahat ng ganitong mga kalagayan at higit na mataas kaysa sa bawat batas, pampigil o hangganan na maaaring umiiral sa walang- katiyakang daigdig.
5 Know that, although human souls have existed upon the earth for a myriad ages and cycles, the human soul is nonetheless originated. And since it is a sign of God, once it has come into being it is everlasting. The human spirit has a beginning but no end: It endures forever. Likewise, the various species found upon the earth have an origin in time; for it is acknowledged by all that there was a time when these species existed nowhere on the face of the earth, and indeed a time when the earth itself did not exist. But the world of existence has always been, for it is not confined to this terrestrial globe.	38.5 Alamin na bagaman ang mga kaluluwa ng tao umiiral na sa daigdig sa loob ng napakaraming mga panahon at mga pag-inog, gayumpaman ang kaluluwa ng tao ay may simula. At dahil ito ay isang tanda ng Diyos, mula sa pagkakataong magkabuhay ito, ito ay walang hanggan. Ang espiritu ng tao ay may simula subalit ito ay walang katapusan: ito ay namamalagi magpakailanman. Gayundin ang iba't ibang uri ng buhay na umiiral sa daigdig ay may simula sa panahon; sapagkat napatunayang may panahon na itong mga uri ng buhay ay hindi pa umiiral sa balat ng lupa; at sa katunayan ay may panahon na ang daigdig mismo ay hindi pa umiiral. Subalit ang umiiral na daigdig ay laging umiiral, dahil ang sanlibutan ay hindi lamang nasasaklaw ng daigdig na ito.
6 Our meaning is that, although human souls are originated, they are nevertheless immortal, enduring, and everlasting. For the world of things is a world of imperfection in relation to that of man, and the world of man is a world of perfection in relation to that of things. When imperfect things reach the stage of perfection, they become everlasting. This is meant as an example: Seek to grasp the true intent.	38.6 Ang aming ibig sabihin ay bagaman ang mga kaluluwa ng tao ay may simula, gayumpaman sila'y walang hanggan ang buhay, namamalagi, at walang maliw. Sapagkat ang daigdig ng mga bagay ay daigdig ng mga kapintasan kung ihahalintulad sa daigdig ng tao, at ang daigdig ng tao ay daigdig ng kaganapan kung ihahalintulad roon sa daigdig ng mga bagay. Kapag ang may kapintasang mga bagay ay umaabot sa yugto ng kaganapan, ang mga ito ay nagiging walang maliw. Ito ay ibinibigay bilang isang halimbawa lamang: Sikaping maunawaan ang tunay na kahulugan.
7 Now, the reality of prophethood, which is the Word of God and	38.7 Ngayon, ang realidad ng pagkapropeta, na iyon ay ang Salita ng Diyos

the state of perfect divine manifestation, has neither beginning nor end, but its radiance varies like that of the sun. For example, it dawned above the sign of Christ with the utmost splendour and radiance, and this is eternal and everlasting. See how many world-conquering kings, how many wise ministers and rulers have come and gone, each and all fading into oblivion—whereas even now the breezes of Christ still waft, His light still shines, His call is still upraised, His banner is still unfurled, His armies still do battle, His voice still rings sweetly, His clouds still rain down life-giving showers, His lightning still streaks forth, His glory is still clear and indisputable, His splendour is still radiant and luminous; and the same holds true of every soul that abides beneath His shade and partakes of His light.	at ang kalagayan ng ganap na banal na kahayagan, ay kapuwa walang simula o wakas, subalit ang kaningningan nito ay nagbabago tulad ng sa araw. Halimbawa, sumikat ito sa itaas ng palatandaan ni Kristo sa sukdulang karingalan at kaningningan, at ito ay walang hanggan at di-magmamaliw. Masdan kung gaano karaming mga haring manlulupig ang dumating na at naglaho, ang bawat isa at ang lahat ay naglaho hanggang sa limot—samantalang ang mga simoy ni Kristo ay humihihip pa rin, ang Kaniyang liwanag ay sumisikat pa rin, ang Kaniyang panawagan ay itinataas pa rin, ang Kaniyang bandila ay nagwawagayway pa rin, ang Kaniyang mga hukbo ay nakikibaka pa rin, ang Kaniyang tinig ay naririnig nang napakatamis pa rin, ang Kaniyang mga ulap ay patuloy pa ring nagbubuhos ng nagbibigay-buhay na mga ulan, ang Kaniyang kidlat ay kumikislap pa rin, ang Kaniyang kaluwalhatian ay malinaw pa rin at di- maitatatwa, ang Kaniyang karingalan ay maningning at kumikinang pa rin; at ang gayundin ay totoo para sa bawat kaluluwang nananahan sa ilalim ng Kaniyang lilim at nakikibahagi sa Kaniyang liwanag.
8 It is therefore evident that the Manifestations of God have three stations: the physical station, the station of the rational soul, and the station of divine manifestation and heavenly splendour. The corporeal station will inevitably perish. As to the station of the rational soul, despite having a beginning, it has no end and is endowed with everlasting life. But as to that holy Reality of which Christ says “the Father is in the Son”,115 it has neither beginning nor end: Its “beginning” refers merely to His revelation of His own station. Thus, by way of analogy, He likens His silence to sleep: A man who is silent is like one who is asleep, and when he speaks, it is as though he has awakened.116 And yet the sleeping and the wakeful man are one and the same person: No change has	38.8 Samakatwid ay maliwanag na ang mga Kahayagan ng Diyos ay nagtataglay ng tatlong kalagayan: ang kalagayan ng pisikal, ang kalagayan ng nakapangangatwirang kaluluwa, at ang kalagayan ng banal na kahayagan at makalangit na karingalan. Ang kalagayan ng katawan ay di-maiiwasang mamatay. Kaugnay naman ng kalagayan ng nakapangangatwirang kaluluwa, sa kabila ng pagkakaroon ng simula, ito ay walang katapusan at pinagkalooban ito ng walang-hanggang buhay. Ngunit kaugnay ng banal na Realidad na iyon, na patungkol dito ay sinabi ni Kristo na, “Ang Ama ay nasa Anak”,[115] ito ay kapuwa walang simula at walang katapusan: Ang “simula” nito ay tumutukoy lamang sa pagpapahayag Niya sa

taken place in his station, his loftiness, sublimity, inner reality, or innate nature. It is merely that the condition of silence has been likened to sleep, and that of manifestation to wakefulness. A man, whether sleeping or awake, is the same man: Sleep is simply one possible state, and wakefulness another. And so it is that the period of silence is compared to sleep, and the period of manifestation and guidance to wakefulness.	Kaniyang sariling katayuan. Sa gayon, bilang paghahalintulad, inihahambing Niya ang pagiging tahimik Niya sa pagtulog: ang taong tahimik ay katulad ng isang natutulog, at kapag siya'y magsasalita, para siyang nagising.[116] Subalit ang natutulog at ang nagising na tao ay iisang tao lamang: Walang pagbabago ang naganap sa kaniyang katayuan, sa kaniyang kataasan, kaluwalhatian, panloob na realidad o likas na katangian. Ang kalagayan ng katahimikan ay inihalintulad lamang sa pagtulog, at yaong pagpapahayag ay sa pagkagising. Ang taong tulog o gising ay iisang tao pa rin: ang pagiging tulog ay isa lamang posibleng kalagayan, at ang pagiging gising ay isa pa. At sa gayon ang panahon ng katahimikan ay inihahalintulad sa pagtulog, at ang panahon ng pagpapahayag at pamamatnubay ay inihahalintulad sa pagkagising.
9 In the Gospel it is said: "In the beginning was the Word, and the Word was with God." It follows then that Christ did not attain His Messianic station and His perfections at the moment of His baptism, when the Holy Spirit descended upon Him in the form of a dove. Rather, the Word of God has always been, and will ever remain, in the loftiest heights of sanctity.	38.9 Sa Ebanghelyo ay nakasaad, "Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa-Diyos, at ang Verbo ay Diyos." Samakatwid ay hindi natamo ni Kristo ang Kaniyang kalagayan bilang Mesiyas at ang Kaniyang mga kaganapan sa oras ng Kaniyang binyag, nang bumaba sa Kaniya ang Espiritu Santo sa anyo ng kalapati. Sa halip, ang Salita ng Diyos ay laging naging at patuloy na magiging nasa kaitaas-taasang mga rurok ng kabanalan.
39	39
The Human and the Divine Stations of the Manifestations	Ang Kalagayang Tao at ang Kalagayang Banal ng mga Kahayagan
1 We stated before that the Manifestations of God have three stations: first, the material reality, which pertains to the human body; second, the individual reality, that is, the rational soul; and third, the heavenly manifestation, which consists in the divine perfections and is the source of the life of the world, the education of the souls, the	39.1 Sinabi na natin noong una na ang mga Kahayagan ng Diyos ay mayroong tatlong kalagayan: una, ang materyal na realidad, na ukol sa katawang tao; pangalawa, ang indibidwal na realidad, yaon ay, ang nakapangangatwirang kaluluwa; at pangatlo, ang makalangit na kahayagan, na binubuo ng banal na mga kaganapan at siyang sanhi ng buhay para sa daigdig, ng

guidance of the people, and the enlightenment of all creation.	edukasyon para sa mga kaluluwa, ng pamamatnubay para sa mga tao, at ng kaliwanagan para sa buong sangnilikha.
2 The corporeal station is human in nature and is subject to disintegration, for it is an elemental composition and that which is composed of elements must of necessity be decomposed and dispersed.	39.2 Ang kalagayan ng katawan ay pantao ang katangian at iyon ay may kamatayan, dahil ito ay binubuo ng mga elemento, at yaong binubuo ng mga elemento ay kailangang magunaw at maghiwa-hiwalay.
3 But the individual reality of the Manifestations of the All-Merciful is a sanctified reality, and it is so because it surpasses in essence and in attributes all created things. It is like the sun, which, by virtue of its inherent disposition, must inevitably produce light, and cannot be compared to any satellite. For instance, the constituent parts of the sun can in no wise be compared to those of the moon. The composition and arrangement of the former necessarily produce rays, whereas the constituent parts of the latter require the acquisition, rather than the production, of light. So the other human realities are souls, which, like the moon, acquire their light from the sun, but that sanctified Reality is luminous in and of itself.	39.3 Subalit ang indibidwal na realidad ng mga Kahayagan ng Mahabagin sa Lahat ay isang konsagradong realidad, at ito ay gayon dahil nakahihigit ang pinakadiwa at ang mga katangian nito sa lahat ng nilikhang bagay. Ito ay tulad ng araw, na dahil sa likas na katangian nito ay di-maiiwasang lumilikha ng ilaw at hindi ito maihahalintulad sa alinmang satellite. Halimbawa, ang mga bahaging bumubuo sa araw ay di-maihahalintulad sa anumang paraan doon sa mga bumubuo sa buwan. Ang bumubuo at ang pagsasaayos ng unang nabanggit ay kailangan lamang lumilikha ng mga sinag, samantalang ang mga bahaging bumubuo sa huling nabanggit ay kailangang humiram, sa halip na lumilikha, ng liwanag. Sa gayon ang ibang mga pantaong realidad ay mga kaluluwa na, tulad ng buwan, ay kumukuha ng kanilang liwanag mula sa araw, subalit ang sagradong Realidad na iyon ay nagliliwanag mula sa angking sarili nito.
4 The third station is that of divine grace, the revelation of the beauty of the Ancient of Days and the effulgence of the lights of the ever-living and omnipotent Lord. The individual realities of the holy Manifestations cannot be separated from divine grace and revelation any more than the corporeal mass of the sun can be separated from its light. Thus the ascension of the holy Manifestations is simply the abandonment of Their elemental bodies. For example, consider the lamp that lights this niche. Its rays may cease to fall upon the niche if the	39.4 Ang pangatlong kalagayan ay yaong banal na biyaya, ang kapahayagan ng kagandahan ng Napakatanda sa mga Araw, at ang kaningningan ng mga liwanag ng Panginoong laging-nabubuhay at makapangyarihan sa lahat. Ang indibidwal na mga realidad ng mga banal na Kahayagan ay hindi maihihiwalay mula sa banal na biyaya at kapahayagan na gayundin ay hindi maihihiwalay ang mismong katawan ng araw mula sa liwanag nito. Samakatwid ang pagyao ng mga banal na Kahayagan ay paglisan lamang sa Kanilang mga

latter is destroyed, but there is no interruption in the bounty of the lamp itself. The pre-existent grace of the holy Manifestations is even as the light, Their individual realities as the glass globe, and Their human temples as the niche: If the niche is destroyed, the lamp continues to burn. The Manifestations of God are like so many different mirrors, as They each have Their own distinct individuality, but that which is reflected in these mirrors is one and the same sun. Thus, it is evident that the reality of Christ is different from that of Moses.	katawang-lupa. Halimbawa, isipin ang ilawang nagbibigay liwanag sa nitsuhang ito. Maaaring hindi na sumikat ang mga sinag nito sa nitsuhan kapag nabuwag na ito, subalit walang-patid ang biyaya mula sa ilawan mismo. Ang biyayang umiiral na bago pa ang simula na taglay ng banal na mga Kahayagan ay tulad ng liwanag, ang Kanilang indibidwal na mga realidad ay tulad ng salamin ng ilawan, at ang Kanilang katawang-tao ay tulad ng nitsuhan: kung mabuwag man ang nitsuhan ay patuloy pa ring umaapoy ang ilawan. Ang mga Kahayagan ng Diyos ay tulad ng napakaraming magkakaibang mga salamin, dahil ang bawat isa sa Kanila ay may Kaniyang sariling tanging indibidwalidad, subalit ang inilalarawan sa mga salaming ito ay iisa at parehong araw. Sa gayon ay maliwanag na ang realidad ni Kristo ay iba kaysa sa kay Moises.
5 From the beginning, that sanctified Reality is undoubtedly aware of the secret of existence, and from childhood the signs of greatness are clearly manifested in Him. How then could He fail, in spite of such bounties and perfections, to be conscious of His own station?	39.5 Mula pa sa simula, ang sagradong Realidad na iyon ay tiyak na nakababatid sa lihim ng pag-iral, at mula sa pagkabata ang mga palatandaan ng kadakilaan ay malinaw na naihahayag sa Kaniya. Kung gayon paano Siya mabibigo, sa kabila ng gayong mga biyaya at mga kaganapan, sa pagkabatid sa sarili Niyang kalagayan?
6 We mentioned the three stations of the Manifestations of God: that of corporeal existence, of individual reality, and of perfect divine manifestation, which can be likened to the sun, its heat, and its light. Other individuals also share the corporeal station and the rational soul—the spirit and mind. Thus the passages that state, “I lay asleep when the breeze of God wafted over Me and roused Me from My slumber”117 are akin to Christ’s saying, “The flesh is full of sorrow but the spirit is rejoiced”, or again, “I am afflicted”, or “I am at ease”, or “I am troubled”: All these refer to the corporeal station and have no bearing on the individual	39.6 Binanggit natin ang tatlong kalagayan ng mga Kahayagan ng Diyos: ang pag-iral ng katawan, ang indibidwal na realidad, at ang ganap na banal na kahayagan, na iyon ay maihahalintulad sa araw, sa init nito, at sa liwanag nito. Ang ibang mga indibidwal ay nakikibahagi rin sa kalagayan ng katawang-tao at sa nakapangangatwirang kaluluwa—ang espiritu at ang isip. Kung kaya ay may mga salitang, “Ako ay nakahimlay sa pagkatulog nang humihip sa Akin ang simoy ng Diyos at ginising Ako mula sa Aking pagkahimbing”[117] ay katulad ng pagsabi ni Kristo na, “Ang katawan ay puno ng kapighatian subalit maligaya ang

reality or on the state of manifestation of the divine Reality. Consider, for example, that thousands of vicissitudes may occur to the body of man of which the spirit remains wholly unaware. It is even possible for certain members of the body to be completely impaired and for the essence of the mind to remain unaffected. A garment may sustain a myriad rents and tears and the wearer may yet remain unharmed. Thus, the words of Bahá'u'lláh, "I lay asleep when a breeze wafted over Me and roused Me from My slumber", refer to the body.	espiritu", o muli, "Ako'y naghihirap", o "Ako'y maginhawa", o "Ako'y naliligalig": ang lahat ng mga ito ay tumutukoy sa kalagayan ng katawang-tao at walang kaugnayan sa indibidwal na realidad ni sa antas ng kahayagan ng banal na Realidad. Isipin, halimbawa, na maaaring sumapit ang libo-libong pagbabago sa katawan ng tao na ganap na hindi napapansin ng espiritu ng tao. Posible pa ngang ang ilang bahagi ng katawan ay lubos na mapinsala at ang pinakadiwa ng isipan ay nananatiling walang pinsala. Ang isang damit ay maaaring magkaroon ng napakaraming punit at pilas ngunit ang nagsusuot ay nananatiling hindi nasasaktan. Sa gayon, ang mga salita ni Bahá'u'lláh na, "Ako ay nakahimlay sa pagkatulog nang humihip sa Akin ang simoy at ginising Ako mula sa Aking pagkahimbing" ay tumutukoy sa katawan.
7 In the world of God there is no past, present, or future: All of these are one. So when Christ said, "In the beginning was the Word,"118 He meant that it was, is, and shall be; for in the world of God there is no time. Time holds sway over the creatures but not over God. So in the prayer where Christ says, "Hallowed be Thy name",119 the meaning is that Thy name was, is, and shall be hallowed. Again, morning, noon, and evening exist in relation to the earth, but in the sun there is neither morning, nor noon, nor evening.	39.7 Sa daigdig ng Diyos ay walang nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap: Ang lahat ng ito ay iisa lamang. Kaya nang sabihin ni Kristo na, "Nang pasimula siya ang Verbo"[118] ang Kaniyang ibig sabihin ay ito ay naganap, ginaganap at magaganap; dahil sa daigdig ng Diyos ay hindi umiiral ang oras. Ang oras ay umiiral sa mga nilikha ngunit hindi sa Diyos. Kung gayon sa dalangin kung saan sinabi ni Kristo na, "Sambahin nawa ang pangalan Mo",[119] ang kahulugan ay ang Iyong pangalan ay sinamba, sinasamba at sasambahin. Muli, ang umaga, tanghali at gabi ay umiiral lamang kaugnay ng daigdig na ito, subalit kaugnay ng araw ay walang umaga, tanghali o gabi.
40	40
The Knowledge of the Divine Manifestations	Ang Kaalaman ng mga Banal na Kahayagan
1 Question: What are the limitations imposed upon the powers of the Manifestations of God and, in particular, upon Their knowledge?	40.1 Tanong: Ano ang mga hangganang nakapataw sa mga kapangyarihan ng mga Kahayagan ng Diyos, at nang tiyakan, sa Kanilang kaalaman?

2 Answer: Knowledge is of two kinds: existential knowledge and formal knowledge, that is, intuitive knowledge and conceptual knowledge.	40.2 Sagot: Ang kaalaman ay may dalawang uri: kaalamang umiiral at kaalamang pormal, yaon ay, kaalamang nagbubuhat sa sariling kutob at kaalamang pangkonsepto.
3 The knowledge that people generally have of things consists in conceptualization and observation; that is, either the object is conceived through the rational faculty, or through its observation a form is produced in the mirror of the heart. The scope of this knowledge is quite limited, as it is conditioned upon acquisition and attainment.	40.3 Ang kaalamang karaniwang taglay ng mga tao ukol sa mga bagay ay buhat sa pagbubuo ng konsepto at pagmamasid; yaon ay, alin sa dalawa, ang bagay ay binubuo sa pamamagitan ng kakayahang mangatwiran, o sa pamamagitan ng pagmamasid sa bagay na ito ang isang anyo ay nabubuo sa salamin ng puso. Ang saklaw ng kaalamang ito ay napakakitid dahil nababatay ito sa pagkakamit at pagtatamo.
4 The other kind of knowledge, however, which is existential or intuitive knowledge, is like man's knowledge and awareness of his own self.	40.4 Subalit ang isa pang uri ng kaalaman, na umiiral o nagbubuhat sa sariling kutob, ay tulad ng kaalaman at kabatiran ng tao sa kaniyang sarili.
5 For example, the mind and the spirit of man are aware of all his states and conditions, of all the parts and members of his body, and of all his physical sensations, as well as of his spiritual powers, perceptions, and conditions. This is an existential knowledge through which man realizes his own condition. He both senses and comprehends it, for the spirit encompasses the body and is aware of its sensations and powers. This knowledge is not the result of effort and acquisition: It is an existential matter; it is pure bounty.	40.5 Halimbawa, batid ng kaisipan at espiritu ng tao ang lahat ng kaniyang mga kalagayan at mga katayuan, ng lahat ng mga bahagi at mga sangkap ng kaniyang katawan, at ng lahat ng kaniyang mga damdaming pisikal, at gayundin ng kaniyang mga kapangyarihang espiritwal, mga kabatiran, at mga kalagayan. Ito ay isang kaalamang umiiral na sa pamamagitan niyon ay nababatid ng tao ang sarili niyang kalagayan. Kapuwa niya nadarama at nauunawaan iyon, dahil nasasaklaw ng espiritu ang katawan at nababatid ang mga nadarama niyon at ang mga kapangyarihan niyon. Ang kaalamang ito ay hindi bunga ng pagsisikap at ng pagkakamit: Ito ay isang umiiral na bagay; ito ay ganap na biyaya.
6 Since those sanctified realities, the universal Manifestations of God, encompass all created things both in their essence and in their attributes, since They transcend and discover all existing realities, and since They are cognizant of all things, it follows that Their knowledge is divine and	40.6 Yamang ang sagradong mga realidad na iyon, ang pangkalahatang mga Kahayagan ng Diyos, ay sumasaklaw sa lahat ng nilikhang bagay kapuwa sa mismong diwa at mga katangian nito, yamang Sila'y nangingibabaw at nakatutuklas sa lahat ng umiiral ng mga realidad, at yamang nababatid

not acquired—that is, it is a heavenly grace and a divine discovery.	Nila ang lahat ng bagay, samakatwid ang Kanilang kaalaman ay banal at hindi natamo—ang ibig sabihin, ito ay makalangit na biyaya at banal na katuklasan.
7 Let us provide an example merely to illustrate the point. The noblest of all earthly beings is man. In him are realized the animal, the vegetable, and the mineral kingdoms; that is, all these degrees are contained in him in such wise that he is endowed with them all. And, being endowed with all these degrees and stations, he is informed of their mysteries and aware of the secrets of their existence. This is only an example and not an exact analogy.	40.7 Magbibigay tayo ng halimbawa upang maipaliwanag ang punto. Ang pinakamarikit sa lahat ng makalupang nilalang ay ang tao. Makikita sa kaniya ang kaganapan ng mga kaharian ng hayop, halaman at mineral; yaon ay, ang lahat ng mga antas na ito ay nasa sa kaniya sa gayong paraan na taglay niya ang lahat ng mga ito. At yamang taglay niya ang lahat ng mga antas at mga kalagayang ito, batid niya ang mga hiwaga nito at nalalaman niya ang mga lihim ng pag-iral ng mga ito. Ito ay halimbawa lamang at hindi eksaktong kahalintulad.
8 Briefly, the universal Manifestations of God are aware of the truths underlying the mysteries of all created things, and thus They found a religion that is based upon, and consonant with, the prevailing condition of humanity. For religion consists in the necessary relationships deriving from the realities of things. If the Manifestation of God—the divine Lawgiver—were not informed of the realities of things, if He did not understand the necessary relationships deriving from these realities, He would assuredly be incapable of establishing a religion consonant with the needs and conditions of the time. The Prophets of God, the universal Manifestations, are even as skilled physicians; the world of being is as the body of man; and the divine religions are as the treatment and remedy. The physician must be fully aware and informed of all the parts and organs, the constitution and condition of the patient, in order to prescribe an effective remedy. Indeed, it is from the disease itself that the physician deduces the remedy, for he first diagnoses the ailment and then treats its underlying cause. Until the ailment is properly diagnosed, how can any	40.8 Sa maikling salita, batid ng pangkalahatang mga Kahayagan ng Diyos ang realidad ng mga hiwagang pinagbabatayan ng lahat ng nilikhang bagay, at sa gayon ay itinatatag Nila ang isang relihiyong nababatay sa, at angkop sa, umiiral na kalagayan ng sangkatauhan. Sapagkat ang relihiyon ay binubuo ng mga ugnayang kinakailangan batay sa mga realidad ng mga bagay. Kapag ang Kahayagan ng Diyos—ang banal na Tagapagbigay ng Batas—ay hindi nakababatid sa mga realidad ng mga bagay, kapag hindi Niya nauunawaan ang mga ugnayang kinakailangan batay sa mga realidad na iyon, tiyak na hindi Niya magagawang magtatag ng relihiyong angkop sa mga pangangailangan at mga kalagayan ng panahon. Ang mga Propeta ng Diyos, ang pangkalahatang mga Kahayagan, ay tulad ng mga dalubhasang manggagamot; ang umiiral na daigdig ay tulad ng katawan ng tao; at ang banal na mga relihiyon ay tulad ng panlunas at ang panggamot. Kailangang lubos na nalalaman at bihasa ang manggagamot sa lahat ng mga bahagi at mga sangkop, ng pangangatawan at kalagayan ng pasyente,

treatment or remedy be prescribed? The physician must therefore have a thorough knowledge of the constitution, the parts, organs, and condition of the patient, and be likewise well acquainted with every disease and every remedy, in order to prescribe the appropriate cure.	upang makapagreseta ng mabisang lunas. Sa katunayan, mula sa mismong karamdaman ay doon malalaman ng manggagamot ang lunas, dahil inaalam muna niya ang karamdaman at ginagamot ang pinakasanhi nito. Hanggang ang karamdaman ay wastong natutukoy, paano makapagbibigay ng anumang panlunas o gamot? Ang manggagamot samakatwid ay kailangang magtaglay ng lubos na kaalaman sa pangangatawan, mga bahagi, mga sangkap at kalagayan ng pasyente, at gayundin ay mahusay na nakaaalam sa bawat karamdaman at bawat lunas, upang maibigay ang angkop na gamot.
9 Religion, then, consists in the necessary relationships deriving from the reality of things. The universal Manifestations of God, being aware of the mysteries of creation, are fully informed of these necessary relationships and establish them as the religion of God.	40.9 Ang relihiyon, kung gayon, ay binubuo ng mga ugnayang kinakailangan batay sa realidad ng mga bagay. Ang pangkalahatang mga Kahayagan ng Diyos, yamang nababatid ang mga hiwaga ng sangnilikha, ay ganap na nakababatid rito sa mga ugnayang kinakailangan, at itinatatag ang mga ito bilang ang Relihiyon ng Diyos.
41	41
Universal Cycles	Pangkalahatang mga Pag-inog
1 Question: Mention has been made of universal cycles which occur in the world of existence. Please explain the truth of this matter.	41.1 Tanong: Nabanggit ang pangkalahatang mga pag-inog na nagaganap sa umiiral na daigdig. Pakipaliwanag ang katotohanan ng bagay na ito.
2 Answer: Each of the luminous bodies of this limitless firmament has its cycle of revolution, that period wherein it completes the full circuit of its orbit before beginning a new one. The earth, for example, completes a revolution every 365 days, five hours, forty-eight minutes and a fraction, and then begins anew along the same orbit. In the same way, the entire universe, whether with respect to the realm of nature or the realm of man, proceeds through cycles of major events and occurrences.	41.2 Sagot: Ang bawat isa sa mga nagniningning na globo sa walang-hanggang kalangitang ito ay may sarili nitong panahon ng pag-inog, ang panahong iyon kung kailan ay binubuo nito ang isang ikot sa sarili nitong orbita bago magsimula muli ng panibago. Ang daigdig na ito, halimbawa, ay bumubuo ng isang pag-inog sa bawat 365 araw, limang oras, apatnapu't walong minuto at bahagya, at pagkatapos ay nagsisimula muli sa gayunding orbita. Sa gayunding paraan, ang buong santinakpan, maging kaugnay ng kaharian ng kalikasan o ng kaharian ng tao, ay dumaraan din sa mga panahon ng

	pag-inog ng pangunahing mga pangyayari at mga kaganapan.
3 When a cycle comes to a close, a new one is inaugurated, and the previous cycle, on account of the momentous events which transpire, vanishes so entirely from memory as to leave behind no record or trace. Thus, as you are aware, we have no record of twenty thousand years ago, even though we established before through rational arguments that life on this earth is very ancient—not one or two hundred thousand, or even one or two million years old: It is ancient indeed, and the records and traces of ancient times have been entirely obliterated.	41.3 Sa pagwawakas ng isang pag-inog, ang panibagong pag-inog ay nagsisimula, at ang nakaraang pag-inog, dahil sa napakadakilang mga pangyayaring naganap, ay lubos na nawawala mula sa alaala na walang kasaysayan ni bahid nito ang nalalabi. Sa gayon, tulad ng iyong nalalaman, wala tayong mga tala kaugnay ng dalawampu't libong taon nang nakaraan, bagaman napatunayan natin sa pamamagitan ng patunay ayon sa katwiran na ang buhay sa daigdig na ito ay napakatanda—hindi lamang isa o dalawang daang libo, o kahit isa o dalawang milyong taon: Napakatanda na talaga nito, at ang mga talaan at mga bakas ng napakatandang mga taon ay ganap na nabura na.
4 Each of the Manifestations of God has likewise a cycle wherein His religion and His law are in full force and effect. When His cycle is ended through the advent of a new Manifestation, a new cycle begins. Thus, cycles are inaugurated, concluded, and renewed, until a universal cycle is completed in the world of existence and momentous events transpire which efface every record and trace of the past; then a new universal cycle begins in the world, for the realm of existence has no beginning. We have previously presented proofs and arguments concerning this subject, and there is no need for repetition.120	41.4 Ang bawat isa sa mga Kahayagan ng Diyos gayundin ay mayroong panahon ng pag-inog kung kailan ang Kaniyang relihiyon at ang Kaniyang batas ay ganap na umiiral at isinasagawa. Sa pagwawakas ng Kaniyang panahon ng pag-inog sa pamamagitan ng pagdating ng isang bagong Kahayagan, nagsisimula ang isang panibagong panahon ng pag-inog. Sa gayon ang mga panahon ng pag-inog ay nagsisimula, nagwawakas at muling binabago, hanggang sa nabubuo ang isang pangkalahatang pag-inog sa umiiral na daigdig at ang napakadakilang mga pangyayari ay nagaganap na lubhang bumubura sa bawat tala at bawat bahid ng nakaraan; pagkatapos ay nagsisimula ang isang panibagong pangkalahatang pag-inog sa daigdig, dahil ang kahariang umiiral ay walang simula. Nabanggit na natin noong nakaraan ang mga katibayan at mga katwiran hinggil sa paksang ito, at hindi na kinakailangan pang ulitin ito.[120]
5 Briefly, our claim is that a universal cycle in the world of existence	41.5 Sa maikling salita, ang aming sinasabi ay ang pangkalahatang pag-inog sa

comprises a vast span of time and countless ages and epochs. In such a cycle, the Manifestations of God shine forth in the visible realm until a universal and supreme Manifestation makes the world the focal centre of divine splendours and, through His revelation, brings it to the stage of maturity. The duration of His cycle is very long indeed. Other Manifestations will arise in the course of that cycle under His shadow and will renew, according to the needs of the time, certain laws pertaining to material affairs and transactions, but They will remain under His shadow. We are in the cycle which began with Adam and whose universal Manifestation is Bahá'u'lláh.	umiiral na daigdig ay binubuo ng isang napakahabang panahon at di-mabilang at di-matantiyang mga kapanahunan at epoka. Sa ganoong panahon ng pag-inog, ang mga Kahayagan ng Diyos ay sumisikat sa nakikitang daigdig hanggang ang isang pangkalahatan at kataas-taasang Kahayagan ay ginagawa ang daigdig na maging sentrong tampulan ng banal na mga karingalan at, sa pamamagitan ng Kaniyang rebelasyon, ay inihahatid ito sa yugto ng kaganapan. Ang panahong itinatagal ng pag-inog na Kaniyang sinisimulan ay tunay na napakahaba. Magkakaroon ng iba pang mga Kahayagan sa loob ng pag-inog na iyon sa ilalim ng Kaniyang lilim at muling babaguhin, sang-ayon sa mga pangangailangan ng panahon, ang ilang batas kaugnay ng materyal na mga gawain at mga isinasaalang-alang, subalit Sila ay nananatili sa ilalim ng Kaniyang lilim. Tayo ay nasa panahon ng pag-inog na nagsimula kay Adan at ang pangkalahatang Kahayagan nito ay si Bahá'u'lláh.
42	42
The Power and Perfections of the Divine Manifestations	Ang Kapangyarihan at mga Kaganapan ng mga Banal na Kahayagan
1 Question: How far do the powers and the perfections of those Thrones of truth, the Manifestations of God, extend, and what are the limits of Their influence?	42.1 Tanong: Hanggang saan ang mga kapangyarihan at mga kaganapan niyong mga Trono ng katotohanan, ang mga Kahayagan ng Diyos, at hanggang saan ang hangganan ng Kanilang impluwensiya?
2 Answer: Consider the world of existence, that is, the material creation. The solar system is wrapped in darkness. Within its circumference, the sun is the centre of all light, and all the associated planets revolve around it and are illumined by the outpourings of its bounty. The sun is the source of life and light, and is the cause of the growth and development of all things within the solar system. Were the bounty of the sun to cease, no living thing could	42.2 Sagot: Isipin ang umiiral na daigdig—yaon ay, ang daigdig ng sangnilikhang materyal na bagay. Ang solar system ay nababalot ng kadiliman. Sa loob ng saklaw nito, ang araw ay ang sentro ng lahat ng liwanag, at ang lahat ng planetang nauugnay rito ay umiikot nang palibot dito at tinatanglawan ng mga pagbuhos ng biyaya nito. Ang araw ay ang pinagmumulan ng buhay at liwanag, at iyon ang sanhi ng pagtubo at pag-unlad ng lahat ng mga bagay

continue to exist therein: All things would grow dark and be reduced to naught. It is therefore clear and evident that the sun is the centre of all light and the source of the life of all things in the solar system.	sa solar system. Kung hihinto ang biyaya ng araw, walang nabubuhay na bagay ang maaaring patuloy na umiral doon: Ang lahat ay magdidilim at mauuwi sa kawalan. Samakatwid ay malinaw at hayag na ang araw ay ang sentro ng lahat ng liwanag at ang pinagmumulan ng buhay ng lahat ng bagay sa solar system.
3 In like manner, the holy Manifestations of God are the focal Centres of the light of truth, the Wellsprings of the hidden mysteries, and the Source of the effusions of divine love. They cast Their effulgence upon the realm of hearts and minds and bestow grace everlasting upon the world of the spirits. They confer spiritual life and shine with the splendour of inner truths and meanings. The enlightenment of the realm of thought proceeds from those Centres of light and Exponents of mysteries. Were it not for the grace of the revelation and instruction of those sanctified Beings, the world of souls and the realm of thought would become darkness upon darkness. Were it not for the sound and true teachings of those Exponents of mysteries, the human world would become the arena of animal characteristics and qualities, all existence would become a vanishing illusion, and true life would be lost. That is why it is said in the Gospel: “In the beginning was the Word”; that is, it was the source of all life.121	42.3 Sa gayunding paraan, ang banal na mga Kahayagan ng Diyos ay mga tampulang Sentro ng liwanag ng katotohanan, ang mga Bukal ng natatagong mga hiwaga, at ang Mula ng mga pagbuhos ng banal na pag-ibig. Ipinasisikat Nila ang Kanilang kaningningan sa kaharian ng mga puso at mga isipan at ipinagkakaloob ang biyayang walang-maliw sa daigdig ng mga espiritu. Sila ay nagbibigay ng espiritwal na buhay at nagpapasinag sa liwanag ng panloob na mga katotohanan at mga kahulugan. Ang kaliwanagan ng kaharian ng kaisipan ay nagmumula sa yaong mga Sentro ng liwanag at mga Kinatawan ng mga hiwaga. Kung hindi dahil sa biyaya ng rebelasyon at pagturo nitong mga banal na Nilalang, ang daigdig ng mga kaluluwa at ang kaharian ng kaisipan ay magiging patong-patong na karimlan. Kung hindi dahil sa mahusay at totoong mga katuruan nitong mga Kinatawan ng mga hiwaga, ang daigdig ng tao ay magiging larangan ng mga katangian at mga ugali ng hayop, ang lahat ng umiiral ay magiging isang naglalahong ilusyon, at ang tunay na buhay ay mawawala. Ito ang dahilan kung bakit nakasaad sa Ebanghelyo na: “Nang pasimula siya ang Verbo”; ang ibig sabihin, ito ang sanhi ng lahat ng buhay.[121]
4 Now consider the pervasive influence of the sun upon all earthly beings, and behold what visible effects and outcomes result from its proximity or remoteness, its rising or setting. At one time it is autumn, at another it is spring. At one time it is summer, at another it is winter. When the sun crosses the equinox, the life-giving spring appears in	42.4 Ngayon ay isipin ang laganap na impluwensiya ng araw sa lahat ng makalupang nilalang, at masdan ang nakikitang mga bunga at mga palatandaang mula sa pagkalapit o sa pagkalayo nito, mula sa pagsikat o sa paglubog nito. Sa isang panahon ay taglagas, sa isa pa ay tagsibol. Sa isang panahon ay tag-init, sa isa pa ay

all its splendour, and when it reaches the summer solstice, the fruits attain their full maturity, grains and plants yield their produce, and earthly things attain the plenitude of their growth and development.	taglamig. Sa pagtawid ng araw sa equinox, lumilitaw ang nagbibigay-buhay na tagsibol sa lahat ng karingalan nito, at sa pagsapit nito sa solstice ng tag-init, natatamo ng mga prutas ang ang kanilang sukdulang kaganapan, ang mga palay at mga halaman ay nagbibigay ng kani-kanilang mga bunga, at ang makalupang mga bagay ay umaabot sa rurok ng kanilang pagtubo at pag-unlad.
5 In like manner, when the holy Manifestation of God, Who is the Sun of the world of creation, casts His splendour upon the world of hearts, minds, and spirits, a spiritual springtime is ushered in and a new life is unveiled. The power of the matchless springtide appears and its marvellous gifts are beheld. Thus you observe that, with the advent of each of the Manifestations of God, astonishing progress was attained in the realm of human minds, thoughts, and spirits. Consider, for example, the progress that has been achieved in this divine age in the world of minds and thoughts—and this is only the beginning of the dawn! Erelong you will witness how these renewed bounties and heavenly teachings have flooded this darksome world with their light and transformed this sorrow-laden realm into the all-highest Paradise.	42.5 Sa gayunding paraan, kapag pinasisikat ng banal na Kahayagan ng Diyos, na Siyang Araw ng daigdig ng sangnilikha, ang Kaniyang karingalan sa daigdig ng mga puso, mga kaisipan, at mga espiritu, ang espiritwal na tagsibol ay nagsisimula at ang panibagong buhay ay isinisiwalat. Ang kapangyarihan ng walang-kahalintulad na tagsibol ay lumilitaw at ang kamangha-manghang mga kaloob nito ay nakikita. Sa gayon ay iyong napagmamasdan na, sa pagsapit ng bawat Kahayagan ng Diyos, ang kagila-gilalas na pag-unlad ay natamo sa larangan ng mga kaisipan, mga gunita at mga espiritu ng tao. Isipin, halimbawa, ang pag-unlad na natamo na sa banal na panahong ito kaugnay ng larangan ng mga kaisipan at mga gunita—at iyon ay simula pa lamang ng bukang-liwayway! Di-magtatagal at iyong makikita kung paanong itong bagong mga biyaya at makalangit na mga turo ay pinababaha ng liwanag ang mapanglaw na daigdig na ito at binabago itong malungkot na lupain upang maging kataas-taasang Paraiso.
6 Were we to fully explain the influence and bounties of each of the Manifestations of God, it would take a very long time. Ponder and reflect upon it yourself in order to grasp the truth of the matter.	42.6 Kung ipaliliwanag natin nang ganap ang impluwensiya at mga biyaya ng bawat isa sa mga Kahayagan ng Diyos ay uubos iyon ng napakahabang panahon. Pag-isipan at pagnilay-nilayan ito sa iyong sarili upang maunawaan ang katotohanan ng bagay na ito.
43	43

The Two Kinds of Prophets	Ang Dalawang Uri ng Propeta
1 Question: How many kinds of Prophets are there in general?	43.1 Tanong: Nang pangkalahatan, gaano karami ang uri ng mga Propeta?
2 Answer: Prophets are in general of two kinds. Some are independent Prophets Who are followed, while others are not independent and are themselves followers.	43.2 Sagot: Sa pangkalahatan, ang mga Propeta ay dalawa ang uri. Ang ilan ay mga Propetang may kasarinlan na Sila ang sinusundan, samantalang ang iba naman ay walang kasarinlan at sila mismo ay mga tagasunod.
3 The independent Prophets are each the Author of a divine religion and the Founder of a new Dispensation. At Their advent the world is clothed in a new attire, a new religion is established, and a new Book revealed. These Prophets acquire the outpouring grace of the divine Reality without an intermediary. Their radiance is an essential radiance like that of the sun, which is luminous in and of itself and whose luminosity is an essential requirement rather than being acquired from another star: They are like the sun and not the moon. These Daysprings of the morn of Divine Unity are the fountainheads of divine grace and the mirrors of the Essence of Reality.	43.3 Ang bawat isa sa mga Propetang may kasarinlan ay May-akda ng isang banal na relihiyon at ang Tagapagtatag ng isang panibagong Dispensasyon. Sa Kanilang pagsapit ang daigdig ay nadaramtan ng panibagong kasuotan, ang bagong relihiyon ay itinatatag at ang bagong Aklat ay inihahayag. Ang mga Propetang ito ay nagtatamo ng bumubuhos na biyaya ng banal na Realidad nang walang tagapamagitan. Ang Kanilang kaningningan ay isang likas na kaningningang tulad niyong taglay ng araw, na iyon ay nagliliwanag sa mismong sarili nito at ang liwanag na iyon ay isang likas na katangian sa halip na nakamtan mula sa iba pang bituin: Sila ay tulad ng araw at hindi ng buwan. Itong mga Pamimitak ng umaga ng Banal na Kaisahan ay ang mga punong bukal ng banal na biyaya at mga salamin ng Diwa ng Realidad.
4 The other kind of Prophets are followers and promulgators, for their station is contingent rather than independent. They acquire divine grace from the independent Prophets and seek the light of guidance from the reality of universal prophethood. They are like the moon, which is not luminous and radiant in and of itself but which receives its light from the sun.	43.4 Ang isa pang uri ng mga Propeta ay mga tagasunod at mga tagapagtaguyod, dahil ang kanilang katayuan ay nababatay sa iba sa halip na may kasarinlan. Tumatamo sila ng banal na biyaya mula sa mga Propetang may kasarinlan at hinahanap ang liwanag ng pamamatnubay mula sa realidad ng pangkalahatang pagkapropeta. Sila ay tulad ng buwan, na walang liwanag at kinang sa angking sarili nito bagkus ay tumatanggap ng liwanag nito mula sa araw.

5 The universal Prophets Who have appeared independently include Abraham, Moses, Christ, Muḥammad, the Báb, and Bahá'u'lláh. The second kind, which consists of followers and promulgators, includes Solomon, David, Isaiah, Jeremiah, and Ezekiel. For the independent Prophets are founders; that is, They establish a new religion, recreate the souls, regenerate the morals of society, and promulgate a new way of life and a new standard of conduct. Through Them a new Dispensation appears and a new religion is inaugurated. Their advent is even as the springtime, when all earthly things don a new garment and find a new life.	43.5 Kabilang sa pangkalahatang mga Propetang sumapit taglay ang kasarinlan ay sina Abraham, Moises, Kristo, Muḥammad, ang Báb at si Bahá'u'lláh. Kabilang sa pangalawang uri, na binubuo ng mga tagasunod at mga tagapagtaguyod, ay sila Solomon, David, Isias, Jeremiah at Ezekiel. Sapagkat ang mga Propetang may kasarinlan ay mga tagapagtatag; yaon ay, nagtatatag Sila ng bagong relihiyon, muling hinuhubog ang mga kaluluwa, muling binubuhay ang moralidad ng lipunan, at iniuutos ang isang panibagong paraan ng pamumuhay at isang panibagong pamantayan ng pag-aasal. Sa pamamagitan Nila ang isang bagong Dispensasyon ay lumilitaw at ang isang bagong relihiyon ay sinisimulan. Ang Kanilang pagsapit ay tulad ng tagsibol, kung kailan ang lahat ng makalupang bagay ay nadaramtan ng panibagong kasuotan at nagtatamo ng panibagong buhay.
6 As to the second kind of Prophets, who are followers, they promulgate the religion of God, spread His Faith, and proclaim His Word. They have no power or authority of their own, but derive theirs from the independent Prophets.	43.6 Kaugnay naman ng pangalawang uri ng Propeta, na mga tagasunod, itinataguyod nila ang relihiyon ng Diyos, ipinalalaganap ang Kaniyang Pananampalataya, at ipinapahayag ang Kaniyang Salita. Sila ay walang kapangyarihan o awtoridad sa kanilang angking sarili, bagkus ay tinatanggap iyon mula sa mga Propetang may kasarinlan.
7 Question: To which category do Buddha and Confucius belong?	43.7 Tanong: Sa aling uri nabibilang sina Buddha at Confucius?
8 Answer: Buddha also established a new religion and Confucius renewed the ancient conduct and morals, but the original precepts have been entirely changed and their followers no longer adhere to the original pattern of belief and worship. The founder of Buddhism was a precious Being Who established the oneness of God, but later His original precepts were gradually forgotten and displaced by primitive customs	43.8 Sagot: Si Buddha ay nagtatag din ng bagong relihiyon at muling binago ni Confucius ang napakatandang asal at moralidad, subalit ang kanilang mga orihinal na katuruan ay ganap na nag-iba na at ang kanilang mga tagasunond ay hindi na sumusunod sa orihinal na paraan ng paniniwala at pagsamba. Ang tagapagtatag ng Budismo ay isang pinakamamahal na Kaluluwa na Siyang nagtatag ng kaisahan ng Diyos, subalit sa kalaunan ang Kaniyang orihinal na mga turo ay unti-unting nalimutan

and rituals, until in the end it led to the worship of statues and images.	at napalitan ng mga kaugaliang mangmang at mga ritwal, hanggang sa wakas ay nagbulid ito ng pagsamba sa mga rebulto at mga imahen.
9 Consider, for example, that Christ admonished the people time and again to heed the Ten Commandments of the Torah and insisted upon their strict observance. Now, one of the Ten Commandments forbids the worship of images and statues.122 Yet today there are a myriad images and statues in the churches of certain Christian denominations. It is clear and evident, then, that the religion of God does not preserve its original precepts among the people, but that it is gradually changed and altered to the point of being entirely effaced, and thus a new Manifestation appears and a new religion is established. For if the former religion had not been changed and altered, there would be no need for renewal.	43.9 Isipin, halimbawa, na muli't muling pinaalalahanan ni Kristo ang mga taong sumunod sa Sampung Utos ng Torah at iginiit ang mahigpit na pagsasagawa ng mga ito. Ngayon, ipinagbabawal ng isa sa Sampung Utos ang pagsamba sa mga imahen at mga rebulto.[122] Subalit sa kasalukuyan ay napakaraming mga imahen at mga rebulto sa mga simbahan ng ilang sektang Kristiyano. Maliwanag at hayag, kung gayon, na hindi napananatili ng relihiyon ng Diyos ang orihinal na mga turo nito sa mga tao, sa halip ay unti-unti itong nagbabago at nag-iiba hanggang ito ay ganap na nabubura, at sa gayon ang isang bagong Kahayagan ay dumarating at ang bagong relihiyon ay itinatatag. Sapagkat kung hindi nagbabago at nag-iiba ang dating relihiyon, hindi mangangailangan ng muling pagbabago.
10 In the beginning, this tree was full of vitality and laden with blossoms and fruit, but gradually it grew old, spent, and barren, until it entirely withered and decayed. That is why the True Gardener will again plant a tender sapling of the same stock, that it may grow and develop day by day, extend its sheltering shade in this heavenly garden, and yield its prized fruit. So it is with the divine religions: With the passage of time, their original precepts are altered, their underlying truth entirely vanishes, their spirit departs, heresies spring up, and they become a body without a soul. That is why they are renewed.	43.10 Sa simula, ang punongkahoy na ito ay punong-puno ng sigla at hitik sa mga bulaklak at mga bunga, subalit unti-unti itong tumanda, nalustay, at hindi na namumunga, hanggang sa tuluyan na itong natuyot at nabulok. Ito ang dahilan kung bakit muling nagtatanim ang Tunay na Hardinero ng isang murang suwi mula sa puno ring iyon upang iyon ay tumubo at lumaki sa bawat araw, iladlad ang kumakandiling lilim nito dito sa makalangit na hardin, at ibigay ang katangi-tanging bunga nito. Gayundin ang sa mga banal na relihiyon: Sa paglipas ng panahon, ang orihinal na mga turo nito ay nababago, ang saligang katotohanan nito ay ganap na nawawala, ang espiritu nito ay naglalaho, ang mga pagbabago sa doktrina ay lumilitaw, at ito ay nagiging isang katawang walang kaluluwa. Ito ang dahilan kung bakit ito muling binabago.

11 Our meaning is that the followers of Buddha and Confucius now worship images and statues and have become entirely unaware of the oneness of God, believing instead in imaginary gods, as did the ancient Greeks. But such were not their original precepts; indeed, their original precepts and conduct were entirely different.	43.11 Ang aming ibig sabihin ay ang mga tagasunod ni Buddha at ni Confucius sa ngayon ay sumasamba na sa mga imahen at mga rebulto at ganap na nawala na ang kamalayan sa kaisahan ng Diyos, at sa halip ay naniniwala sa mga diyos-diyosang kathang-isip, tulad ng sinaunang mga Griyego. Subalit hindi ganoon ang orihinal na mga turo nito; sa katunayan ang orihinal na mga turo at pamamahala nito ay ganap na naiiba.
12 Again, consider to what an extent the original precepts of the Christian religion have been forgotten and how many heresies have sprung up. For example, Christ forbade violence and revenge and enjoined instead that evil and injury be met with benevolence and loving-kindness. But observe how many bloody wars have taken place among the Christian nations themselves and how much oppression, cruelty, rapacity, and bloodthirstiness have resulted therefrom! Indeed, many of these wars were carried out at the behest of the popes. It is therefore abundantly clear that, with the passage of time, religions are entirely changed and altered, and hence they are renewed.	43.12 Muli, ay isipin ang antas ng pagkalimot sa orihinal na mga turo ng relihiyong Kristiyanismo at kung gaano karaming pagbabago sa doktrina ang lumitaw. Halimbawa, ipinagbawal ni Kristo ang karahasan at paghihiganti at sa halip ay iniutos Niyang isalubong sa kasamaan at pinsala ang kabutihan at mapagmahal na kabaitan. Subalit masdan kung gaano karaming madugong mga digmaan ang naganap na sa pagitan ng mismong mga bansang Kristiyano at gaano karaming paniniil, kalupitan, kasakiman at pagkauhaw sa dugo ang ibinunga ng mga iyon! Sa katunayan, marami sa mga digmaang ito ay isinagawa sa utos ng mga Santo Papa. Kung gayon ay napakalinaw, na sa paglipas ng panahon ang mga relihiyon ay ganap na nagbabago at nag-iiba, at samakatwid ang mga ito ay muling binabago.
44	44
The Rebukes Addressed by God to the Prophets	Ang mga Pagsaway ng Diyos sa mga Propeta
1 Question: Certain words of rebuke have been addressed to the Prophets of God in the Sacred Scriptures. To whom are they addressed and to whom do they ultimately refer?	44.1 Tanong: May ilang pananalita ng pagsaway na sinabi sa mga Propeta ng Diyos sa mga Santong Kasulatan. Para sa kanino ang mga ito, at sino sa wakas ang tinutukoy ng mga ito?
2 Answer: Every divine utterance that takes the form of a rebuke, though it be outwardly addressed to the	44.2 Sagot: Ang bawat banal na pananalitang nasa anyo ng pagsaway, bagaman sa panlabas na anyo ay sinasabi sa

Prophets of God, is in reality directed to Their followers. The wisdom of this is naught but unalloyed mercy, that the people might not be dismayed, disheartened, or burdened by such reproaches and rebukes. These words are therefore outwardly addressed to the Prophets, but, even so, they are inwardly intended for the followers and not for the Messenger.	mga Propeta ng Diyos, sa katotohanan ay para sa Kanilang mga tagasunod. Ang kadahilanan nito ay walang iba kundi ganap na habag, nang sa ganoon ang mga tao ay hindi masiraan ng loob, mawalan ng pag-asa, o labis na mabigatan sa gayong mga pagsisi at mga pagsaway. Samakatwid ang mga salitang ito sa panlabas na anyo ay sinasabi sa mga Propeta, subalit sa panloob na diwa ang mga ito ay para sa mga tagasunod at hindi para sa mga Sugo.
3 Moreover, the mighty and sovereign monarch of a land represents all who inhabit that land; that is, whatsoever he may utter is the word of all, and whatsoever covenant he may conclude is the covenant of all, for the will and purpose of all his subjects is subsumed in his own. Likewise, every Prophet is the representative of the entire body of His followers. Therefore, the covenant that God makes with Him and the words that He addresses to Him apply to all His people.	44.3 Bukod rito, ang makapangyarihan at may kasarinlang hari ay ang kinatawan ng lahat ng naninirahan sa kaniyang lupain; yaon ay, ang anumang kaniyang sabihin ay ang salita ng lahat, at ang anumang kaniyang pasukin ay kasunduan ng lahat, dahil ang kalooban at layunin ng lahat ng kaniyang mga mamamayan ay napapasailalim sa kaniya. Sa gayunding paraan, ang bawat Propeta ay ang kinatawan ng buong lupon ng Kaniyang mga tagasunod. Kung gayon ang kasunduang ginagawa ng Diyos sa Kaniya at ang mga salitang sinasabi Niya sa Kaniya ay para din sa lahat ng Kaniyang mga tao.
4 Now, the divine reproach and rebuke tends to burden and afflict the hearts of the people, and the consummate wisdom of God demands, therefore, such a form of address. For example, it appears from the Torah itself that the Israelites rebelled against Moses, saying: “We cannot fight the Amalekites, for they are mighty, fierce, and courageous.” God then spoke with rebuke to Moses and Aaron, although Moses was in complete obedience and not in rebellion.123 Surely such a glorious Being, Who is the channel of God’s grace and the champion of His law, must be obedient to the divine command.	44.4 Ngayon, ang pagsumbat at pagsaway ng Maykapal ay kadalasang nagpapabigat at nagpapahirap sa mga puso ng mga tao, at hinihingi ng sukdulang dunong ng Diyos, kung gayon, ang ganitong paraan ng pananalita. Halimbawa, makikita mula sa mismong Torah na naghimagsik ang mga Israelite laban kay Moises, at sinabing, “Hindi kami makalalaban sa mga Amalekite, dahil sila’y makapangyarihan, mabalasik at matapang.” Pakatapos ay sinumbatan ng Diyos si Moises at si Aaron, bagaman si Moises ay nasa ganap na pagsunod at hindi naghihimagsik.[123] Tiyak na ang gayong maluwalhating Nilalang, na Siyang lagusan ng biyaya ng Diyos at ang tagapagtanggol ng Kaniyang batas, ay kailangang sumunod sa banal na utos.

5 These holy Souls are like the leaves of a tree which are stirred into motion by the breeze and not of Their own accord, for They are attracted by the breaths of the love of God and have forsaken Their own will. Their word is the word of God; Their commandment is the commandment of God; Their prohibition is the prohibition of God. They are even as this glass globe whose light comes from the flame of the lamp. Although the light appears to emanate from the glass, in reality it proceeds from the flame. Similarly, the movement and repose of the Prophets of God, Who are His Manifestations, proceed from revelation and not from mere human whim. Were it not so, how could the Prophet act as a faithful representative and chosen envoy of God? How could He promulgate God's commandments and prohibitions? All the shortcomings ascribed to the Manifestations of God in the Sacred Scriptures must therefore be understood in this light.	44.5 Itong banal na mga Kaluluwa ay tulad ng mga dahon ng puno na pinagagalaw ng hihip ng hangin, at hindi ng sarili Nilang pagkukusa, dahil Sila ay nabighani ng mga hininga ng pag-ibig sa Diyos, at nilimot ang sarili Nilang kagustuhan. Ang Kanilang salita ay ang salita ng Diyos; and Kanilang utos ay ang utos ng Diyos; ang Kanilang pagbabawal ay ang pagbabawal ng Diyos. Sila ay tulad nitong globong kristal na ang liwanag nito ay nagmumula sa apoy ng lampara. Bagaman mistulang nanggagaling ang liwanag mula sa kristal, sa katotohanan ito ay nanggagaling sa apoy. Sa gayunding paraan, ang pagkilos at pagtigil ng mga Propeta ng Diyos, Sila na Kaniyang mga Kahayagan, ay nagmumula sa rebelasyon at hindi mula sa kagustuhan ng tao lamang. Kung ito ay hindi ganoon, paano magagawa ng Propeta na kumilos bilang matapat na kinatawan at piniling sugo ng Diyos? Paano Niya magagawang ipatupad ang mga kautusan at mga pagbabawal ng Diyos? Ang lahat ng kapintasan ng mga Kahayagan na binanggit sa mga Santong Kasulatan samakatwid ay kailangang unawain kaugnay nito.
6 Praise be to God that you have come here and met the servants of God! Have you inhaled from them aught save the fragrance of the good-pleasure of the Lord? Indeed, no! You have seen with your own eyes how they strive night and day to no other end but to exalt the Word of God, to foster the education of the souls, to rehabilitate the fortunes of mankind, to ensure spiritual progress, to promote universal peace, to show forth kindliness and goodwill to all peoples and nations, to sacrifice themselves for the common good, to forsake their own material advantage, and to promote the virtues of the world of humanity.	44.6 Purihin ang Diyos na ikaw ay naparito at nakaharap ang mga tagapaglingkod ng Diyos! May nalanghap ka ba mula sa kanila liban sa halimuyak ng mabuting kaluguran ng Diyos? Sa katunayan ay wala! Iyong nakita sa pamamagitan ng iyong sariling mga mata na sila'y nagsusumikap sa araw at gabi nang walang ibang layunin liban sa upang dakilain ang Salita ng Diyos, upang payabungin ang edukasyon ng mga kaluluwa, upang manumbalik ang mabuting kalagayan ng sangkatauhan, upang matiyak ang espiritwal na pagsulong, upang itaguyod ang pandaigdigang kapayapaan, upang maipamalas ang kabaitan at mabuting kalooban sa lahat ng mga sambayanan at mga bansa, upang ipagpakasakit ang kanilang mga

	sarili alang-alang sa ikabubuti ng lahat, upang talikuran ang kanilang sariling materyal na kapakinabangan, at upang itaguyod ang mga kabutihan ng daigdig ng sangkatauhan.
7 Let us return to our subject. In the Torah it is said in Isaiah 48:12: “Hearken unto Me, O Jacob and Israel, My called; I am He; I am the first, I also am the last.” It is evident that the intended meaning is not Jacob who was called Israel, but the Israelites. Also in Isaiah 43:1 it is said: “But now thus saith the Lord that created thee, O Jacob, and He that formed thee, O Israel, Fear not: for I have redeemed thee, I have called thee by thy name; thou art Mine.”	44.7 Balikan natin ang ating paksa. Sa Torah ay nakasaad sa Isias 48:12: “Inyong dinggin Ako, O Jacob at Israel na tinawag Ko: Ako nga, Ako ang una, Ako rin ang huli.” Maliwanag na ang kahulugan ay hindi si Jacob ang tinaguriang Israel, kundi ang mga tao ng Israel. Sa Isias 43:1 ay nakasaad rin: “Ngunit ngayo’y ganito ang sabi ng Panginoon na lumalang sa iyo, O Jacob, at nag-anyo sa iyo, O Israel, ikaw ay huwag matakot, sapagkat tinubos kita; tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay Akin.”
8 Furthermore, in Numbers 20:23–4 it is said: “And the Lord spake unto Moses and Aaron in mount Hor, by the coast of the land of Edom, saying, Aaron shall be gathered unto his people: for he shall not enter into the land which I have given unto the children of Israel, because ye rebelled against My word at the water of Meribah”; and in 20:13: “This is the water of Meribah; because the children of Israel strove with the Lord, and He was sanctified in them.”	44.8 Higit pa rito, sa Mga Bilang 20:23 ay nakasaad: “At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron sa bundok ng Hor, sa tabi ng hangganan ng lupain ng Edom, na sinasabi, Si Aaron ay malalakip sa kaniyang bayan: sapagkat siya’y hindi makapapasok sa lupain na aking ibinigay sa mga anak ng Israel, sapagkat kayo’y nagsipaghimagsik laban sa Aking salita sa tubig ng Meriba”; at sa 20:13: “Ito ang tubig ng Meriba; sapagkat sinisi ng mga anak ng Israel ang Panginoon, at Siya’y napakilalang banal sa kanila.”
9 Observe that it was the people of Israel who had rebelled, but the reproach was outwardly addressed to Aaron and Moses, as it is said in Deuteronomy 3:26: “But the Lord was wroth with me for your sakes, and would not hear me: and the Lord said unto me, Let it suffice thee; speak no more unto Me of this matter.”	44.9 Masdan na ang naghimagsik ay ang mga tao ng Israel, subalit ang panlabas na anyo ng pagsumbat ay sinabi kina Aaron at Moises, tulad ng nakasaad sa Deuteronomio 3:26: “Ngunit ang Panginoon ay nagalit sa akin dahil sa inyo, at hindi ako dininig; at sinabi sa akin ng Panginoon, Siya na; huwag ka nang magsalita pa sa Akin tungkol sa bagay na ito.”
10 Now, this reproach and rebuke was in reality addressed to the children of Israel, who, on account of their rebellion against the commandments of God, were made to dwell for a long period in the barren	44.10 Ngayon, itong pagalit at pagsumbat sa katunayan ay sinabi sa mga anak ng Israel, na, dahil sa kanilang paghimagsik laban sa utos ng Diyos, ay pinatigil sa loob ng mahabang panahon sa

desert beyond the Jordan, until the time of Joshua. This reproach and rebuke appeared to be addressed to Moses and Aaron, but in reality it was directed to the people of Israel.	tuyot na disyerto sa kabila ng Jordan, hanggang sa panahon ni Joshue. Itong pagalit at pagsumbat ay waring sinabi kina Moises at Aaron, subalit sa katotohanan ito ay para sa mga tao ng Israel.
11 Similarly, in the Qur'án it is said to Muḥammad: "We have granted thee a manifest victory, that God may forgive thee thy past and future sins."124 Now, these words, though apparently addressed to Muḥammad, were in reality meant for all His people; and this proceeds from the consummate wisdom of God, as we said previously, so that hearts might not be troubled, perplexed, or dismayed.	44.11 Sa gayunding paraan sa Qur'án ay sinasabi kay Muḥammad na: "Pinagkalooban ka Namin ng hayag na tagumpay nang sa ganoon ay patawarin ka ng Diyos sa iyong nauna at kasunod na kasalanan."[124] Ngayon, ang mga salitang ito, bagaman waring sinabi kay Muḥammad, sa katotohanan ay para sa lahat ng Kaniyang mga tao; at ito ay nagbubuhat sa sukdulang dunong ng Diyos, tulad ng atin nang nabanggit, upang ang mga puso ay hindi maligalig, matuliro or mawalan ng pag-asa.
12 How often have the Prophets of God and His universal Manifestations confessed in Their prayers to Their sins and shortcomings! This is only to instruct other souls, to inspire and encourage them to be humble and submissive before God, and to acknowledge their own sins and shortcomings. For these holy Souls are sanctified above every sin and freed from every fault. For example, it is said in the Gospel that a man came to Christ and called Him "Good Master". Christ answered, "Why callest thou me good? there is none good but one, that is, God."125 Now, this did not mean—God forbid!—that Christ was a sinner, but rather His intention was to teach humility, lowliness, meekness, and modesty to the man He was addressing. These blessed Souls are light, and light cannot be united with darkness. They are life everlasting, and life cannot be gathered in with death. They are guidance, and guidance cannot be brought together with waywardness. They are the very essence of obedience, and obedience cannot join hands with rebellion.	44.12 Gaano kadalas umamin ang mga Propeta ng Diyos at ang Kaniyang pangkalahatang mga Kahayagan sa pamamgitan ng Kanilang mga dalangin sa Kanilang mga pagkakasala at mga pagkukulang! Ito ay dahil lamang upang maturuan ang ibang mga kaluluwa, upang bigyan sila ng inspirasyon at himukin sila na maging mapagpakumbaba at masunurin sa harap ng Diyos, at umamin sa sarili nilang mga pagkakasala at mga pagkukulang. Sapagkat itong banal na mga Kaluluwa ay dalisay mula sa bawat kasalanan at malaya sa bawat kapintasan. Halimbawa, nakasaad sa Ebanghelyo na nagtungo ang isang tao kay Kristo at tinawag Siyang "Mabuting Guro". Tumugon si Kristo "Bakit mo itinatanong sa akin ang tungkol sa mabuti? May isa, na Siyang mabuti, yaon ay, ang Diyos."[125] Ngayon, hindi ito nangangahulugang—iadya nawa ng Diyos!—na si Kristo ay makasalanan, sa halip ang Kaniyang layunin ay ituro ang pagpapakumbaba, kababaang-loob, kahinahunan, at kabinihan sa taong kausap Niya. Itong pinagpalang mga Kaluluwa ay liwanag, at ang liwanag ay hindi maipagbubuklod sa kadiliman. Sila ay walang-hanggang buhay, at ang buhay ay

	hindi matitipong kasama ng kamatayan. Sila ay patnubay, at ang patnubay at hindi maipagsasama sa pagkasuwail. Sila ang pinakadiwa ng pagsunod, at ang pagsunod ay hindi makikipagkapit-bisig sa paghihimagsik.
13 In brief, our meaning is that the rebukes recorded in the Sacred Scriptures, though outwardly addressed to the Prophets—the Manifestations of God—are in reality intended for the people. Were you to peruse the Bible, this matter would become clear and evident.	44.13 Sa maikling salita, ang aming kahulugan ay ang mga pagsumbat na naitala sa mga Santong Kasulatan, bagaman sa panlabas na anyo ay isinalita sa mga Propeta—sa mga Kahayagan ng Diyos—sa katotohanan ay para sa mga tao. Kung iyong pag-aaralang mabuti ang Bibliya, ang bagay na ito ay magiging maliwanag at hayag.
45	45
The Most Great Infallibility	Pinakadakilang Walang-Pagkakamali
1 It is said in the blessed verse: “He Who is the Dawning-place of God’s Cause hath no partner in the Most Great Infallibility. He it is Who, in the kingdom of creation, is the Manifestation of ‘He doeth whatsoever He willeth’. God hath reserved this distinction unto His own Self, and ordained for none a share in so sublime and transcendent a station.”126	45.1 Nakasaad sa banal na bersikulong: “Siya na Pook-Liwayway ng Kapakanan ng Diyos ay walang kasama sa Pinakadakilang Walang-pagkakamali. Siya Yaong, sa kaharian ng sangnilikha, ay ang Kahayagan ng ‘ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya’. Inilaan ng Diyos ang katangiang ito para sa Kaniyang sarili, at walang-itinadhanang bahagi sa sinuman sa napakadakila at nangingibabaw na katayuan.”[126]
2 Know that infallibility is of two kinds: infallibility in essence and infallibility as an attribute. The same holds true of all other names and attributes: For example, there is the knowledge of the essence of a thing and the knowledge of its attributes. Infallibility in essence is confined to the universal Manifestations of God; for infallibility is an essential requirement of Their reality, and the essential requirement of a thing is inseparable from the thing itself. The rays are an essential requirement of the sun and are inseparable from it; knowledge is an essential requirement of God and is inseparable from Him; power is an essential requirement of God and is likewise	45.2 Alamin na ang walang-pagkakamali ay may dalawang uri: ang walang-pagkakamali sa pinakadiwa at ang walang-pagkakamali bilang isang katangian. Ang gayundin ay totoo para sa lahat ng ibang mga pangalan at mga katangian: Halimbawa, naroon ang kaalaman tungkol sa pinakadiwa ng isang bagay at ang kaalaman tungkol sa mga katangian nito. Ang walang- pagkakamali sa pinakadiwa ay taglay lamang ng pangkalahatang mga Kahayagan ng Diyos; sapagkat ang walang-pagkakamali ay isang di-maaaring mawalang pangangailangan ng Kanilang realidad, at ang isang di-maaaring mawalang pangangailangan ng isang bagay ay

inseparable from Him. If it were possible to separate these from Him, He would not be God. If the rays could be separated from the sun, it would not be the sun. Therefore, were one to imagine the Most Great Infallibility being separated from the universal Manifestation of God, He would not be a universal Manifestation and would lack essential perfection.	di-maaaring ipaghiwalay sa mismong bagay na iyon. Ang mga sinag ay isang di-maaaring mawalang pangangailangan ng araw at di-maaring ipaghiwalay rito; ang kaalaman ay isang di-maaaring mawalang pangangailangan ng Diyos at di-maaaring ipaghiwalay sa Kaniya; ang kapangyarihan ay isang di-maaaring mawalang pangangailangan ng Diyos at gayundin ay di-maaring ipaghiwalay sa Kaniya. Kung magagawang ipaghiwalay ito sa Kaniya, hindi Siya magiging Diyos. Kung ang mga sinag ay maihihiwalay sa araw, hindi ito magiging araw. Samakatwid, kung maihihiwalay ang Pinakadakilang Walang-pagkakamali mula sa pangkalahatang Kahayagan ng Diyos, hindi Siya magiging pangkalahatang Kahayagan at magkukulang sa di-maaaring mawalang kaganapan.
3 But infallibility as an attribute is not an essential requirement; rather, it is a ray of the gift of infallibility which shines from the Sun of Truth upon certain hearts and grants them a share and portion thereof. Although these souls are not essentially infallible, yet they are under the care, protection, and unerring guidance of God—which is to say, God guards them from error. Thus there have been many sanctified souls who were not themselves the Daysprings of the Most Great Infallibility, but who have nevertheless been guarded and preserved from error under the shadow of divine care and protection. For they were the channels of divine grace between God and man, and if God did not preserve them from error they would have led all the faithful to fall likewise into error, which would have wholly undermined the foundations of the religion of God and which would be unbefitting and unworthy of His exalted Reality.	45.3 Subalit ang walang-pagkakamali bilang isang katangian ay hindi isang di-maaaring mawalang pangangailangan; sa halip, ito ay isang sinag ng kaloob ng walang-pagkakamali na sumisikat mula sa Araw ng Katotohanan sa tanging mga puso at nagkakaloob sa kanila ng isang bahagi at parte niyon. Bagaman ang mga kaluluwang ito ay hindi nagtataglay ng walang- pagkakamali sa pinakadiwa, gayumpaman sila'y nasa ilalim ng pangangalaga, pag-iingat, at laging tumpak na pamamatnubay ng Diyos—ang ibig sabihin ay inaadya sila ng Diyos mula sa pagkakamali. Sa gayon ay nagkaroon na ng maraming banal na mga kaluluwang hindi naman mga Pook-silangan ng Pinakadakilang Walang-pagkakamali, subalit gayumpaman ay pinangalagaan at inadya mula sa pagkakamali sa ilalim ng lilim ng banal na pagkandili at pangangalaga. Dahil sila ang mga lagusan ng banal na biyaya sa pagitan ng Diyos at ng tao, at kung hindi sila inadya ng Diyos mula sa pagkakamali ay madadala nila ang lahat ng matatapat sa gayunding pagkakamali, na iyon ay ganap na

	magpapahina sa mga saligan ng relihiyon ng Diyos at ito ay di-nararapat at di-naaangkop sa Kaniyang napakadakilang Realidad.
4 To summarize, infallibility in essence is confined to the universal Manifestations of God, and infallibility as an attribute is conferred upon sanctified souls. For instance, the Universal House of Justice, if it be established under the necessary conditions—that is, if it be elected by the entire community—that House of Justice will be under the protection and unerring guidance of God. Should that House of Justice decide, either unanimously or by a majority, upon a matter that is not explicitly recorded in the Book, that decision and command will be guarded from error. Now, the members of the House of Justice are not essentially infallible as individuals, but the body of the House of Justice is under the protection and unerring guidance of God: This is called conferred infallibility.	45.4 Sa pagbubuod, ang walang-pagkakamali sa pinakadiwa ay taglay lamang ng pangkalahatang mga Kahayagan ng Diyos, at ang walang-pagkakamali bilang katangian ay ipinagkakaloob sa banal na mga kaluluwa. Halimbawa, ang Universal House of Justice, kapag ito ay maitatag nang sang-ayon sa kinakailangang mga kalagayan—yaon ay, kung ito ay ihahalal ng buong pamayanan—ang House of Justice na iyon ay mapapailalim sa pangangalaga at walang- pagkakamaling pamamatnubay ng Diyos. Kung ipapasiya ng House of Justice na iyon, maging nang walang tumututol o sa pamamagitan ng nakararami, hinggil sa isang bagay na hindi malinaw na nakatala sa Aklat, ang pasiya at utos na iyon ay iaadya mula sa pagkakamali. Ngayon, ang mga miyembro ng House of Justice ay hindi nagtataglay ng walang-pagkakamali sa pinakadiwa nito, subalit ang lupon ng House of Justice ay nasa ilalim ng pangangalaga at laging tumpak na pamamatnubay ng Diyos: ito ang tinatawag na ipinagkaloob na walang-pagkakamali.
5 Briefly, Bahá'u'lláh says that "He Who is the Dawning-place of God's Cause" is the manifestation of "He doeth whatsoever He willeth", that this station is reserved to that sanctified Being, and that others receive no share of this essential perfection. That is, since the essential infallibility of the universal Manifestations of God has been established, whatsoever proceeds from Them is identical with the truth and conformable to reality. They are not under the shadow of the former religion. Whatsoever They say is the utterance of God, and whatsoever They do is a righteous deed, and to no believer is given the right to object; rather must he show forth absolute submission in this regard, for the Manifestation of God acts with consummate	45.5 Sa maikling salita, sinabi ni Bahá'u'lláh na "Siya na Siyang Pook-silangan ng Kapakanan ng Diyos" ay ang kapahayagan ng "Ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya", na ang kalagayang ito ay para lamang sa banal na Nilalang na iyon, at ang mga iba ay walang bahagi nitong pangunahing kaganapan. Yaon ay, yamang ang walang-pagkakamali sa pinakadiwa ay napatunayang taglay ng pangkalahatang mga Kahayagan ng Diyos, ang anumang magbuhat sa Kanila ay mismong katotohanan at sang-ayon sa realidad. Hindi Sila napapailalim sa lilim ng naunang relihiyon. Ang anumang sabihin Nila ay ang salita ng Diyos, at ang anumang gawin Nila ay matuwid na gawain, at walang sinumang mananampalataya ay may karapatang

wisdom, and human minds may be incapable of grasping the hidden wisdom of certain matters. Therefore, whatsoever the universal Manifestation of God says and does is the very essence of wisdom and conformable to reality.	tumututol; sa halip ay kailangan niyang ipakita ang ganap na pagsunod kaugnay niyon, dahil ang Kahayagan ng Diyos ay kumikilos nang taglay ang ganap na dunong, at maaaring hindi maarok ng mga isipan ng tao ang natatagong dunong ng ilang bagay. Samakatwid, ang anumang sabihin at gawin ng pangkalahatang Kahayagan ng Diyos ay ang pinakadiwa ng dunong at sang-ayon sa realidad.
6 Now, if certain souls fail to grasp the mysteries concealed within a given commandment or action of the True One, they should raise no objection, for the universal Manifestation of God "doeth whatsoever He willeth". How often has it happened that a wise, accomplished, and sagacious person took a course of action, and those who were incapable of grasping its wisdom objected and questioned why he said or did thus. This objection is prompted by ignorance, and the wisdom of that wise man is free and sanctified from error.	45.6 Ngayon, kung hindi nauunawaan ng ilang kaluluwa ang mga hiwagang natatago sa loob ng isang kautusan o kilos Niya na Siyang Tunay, hindi sila dapat tumutol, dahil "ginagawa" ng pangkalahatang Kahayagan ng Diyos "ang anumang ninanais Niya". Gaano kadalas nang naganap na ginawa ng isang marunong, dalubhasa at mahusay na tao ang isang paraan ng kilos, at ang mga walang-kakayahang unawain ang dunong niyon ay tumutol at nanumbat kung bakit niya sinabi o ginawa iyon. Ang pagtutol na ito ay nagbubuhat sa kamangmangan, at ang dunong ng marunong na taong iyon ay malaya at ligtas sa kamalian.
7 In like manner, a skilled physician "doeth whatsoever he willeth" in treating the patient, and the latter has no right to object. Whatsoever the physician may say or do, the same is sound and true, and he must be regarded by all as the embodiment of "He doeth whatsoever He willeth, and ordaineth whatsoever He pleaseth." The physician will doubtless prescribe remedies that are at variance with popular notions, but is it permissible for those who have no knowledge of science and medicine to object? No, by God! On the contrary, they must all acquiesce and follow whatsoever the skilled physician prescribes. Thus, the skilled physician "doeth whatsoever he willeth", and the patients have no share in this station. First, the skill of the physician must be	45.7 Sa gayunding paraaan, ang isang dalubhasang manggagamot ay "ginagawa ang anumang ninanais niya" sa paggagamot ng pasyente, at walang karapatang tumutol ang pasyente. Anumang ang sabihin at gawin ng manggagamot, iyon ay tumpak at totoo, at dapat siyang ituring ng lahat bilang kinatawan ng "Ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya, at iniuutos ang anumang hinahangad Niya." Tiyak na magrereseta ang manggagamot ng ilang lunas na salungat sa nauusong mga kuro-kuro, subalit nararapat ba sa mga walang kaalaman ukol sa agham at sa medisina ang tumutol? Hindi, saksi ang Diyos! Sa kabaligtaran, silang lahat ay dapat sumang-ayon at sumunod sa anumang inireseta ng dalubhasang manggagamot. Sa gayon, ang dalubhasang manggagamot ay "ginagawa ang

ascertained, and once this has been done, he "doeth whatsoever he willeth".	anumang ninanais niya", at ang mga pasyente ay walang bahagi sa kalagayang ito. Kailangan munang tiyakin ang kahusayan ng manggagamot, at kapag iyon ay nagawa na, kaniyang "ginagawa ang anumang ninanais niya".
8 Likewise, a general who is unrivalled in the art of war "doeth whatsoever he willeth" in all that he says or commands, and the same holds true of the ship's captain who masters the art of seafaring, and of the True Educator Who possesses all human perfections: They do whatsoever they will in all that they say and command.	45.8 Gayundin, ang heneral na walang kapantay sa sining ng digmaan ay "ginagawa ang anumang ninanais niya" sa lahat ng kaniyang sinasabi o iniuutos, at gayundin ay totoo para sa kapitan ng barko na dalubhasa sa sining ng paglalayag, at ng Tunay na Tagapagturo na Siyang nagtataglay ng lahat ng mga kaganapan ng tao: Kanilang ginagawa ang anumang ninanais nila sa lahat ng kanilang sinasabi at iniuutos.
9 In sum, the meaning of "He doeth whatsoever He willeth" is that if the Manifestation of God issues a command, enforces a law, or performs an action whose wisdom His followers cannot grasp, they should not think for a moment of questioning His words or actions. All souls are under the shadow of the universal Manifestation, must submit to the authority of the religion of God, and are not to deviate so much as a hairsbreadth. Rather, they must conform their every act and deed to the religion of God, and should they deviate from it they will be reproved and held accountable before God. It is certain that they have no share of the station "He doeth whatsoever He willeth", for it is confined to the universal Manifestation of God.	45.9 Sa kabuuan, ang kahulugan ng "ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya" ay kapag ang Kahayagan ng Diyos ay nagbigay ng isang utos, o gumagawa ng isang kilos na hindi nauunawaan ng Kaniyang mga tagasunod ang wastong kadahilanan nito, hindi nila dapat isipin nang kahit isang sandali ang hamunin ang Kaniyang mga salita o mga kilos. Ang lahat ng kaluluwa ay nasa ilalim ng lilim ng pangkalahatang Kahayagan, kailangang sumunod sa awtoridad ng relihiyon ng Batas ng Diyos, at hindi dapat lumihis dito nang kahit gabuhok lamang. Sa halip ay kailangan nilang isunod ang kanilang bawat gawa at kilos sa relihiyon ng Diyos at kung lumihis sila rito sila ay susumbatan at mananagot sa harap ng Diyos. Tiyak na wala silang bahagi sa katayuang "ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya", dahil ito ay para lamang sa pangkalahatang Kahayagan ng Diyos.
10 Thus Christ—may my soul be a sacrifice for His sake!—was the embodiment of the words "He doeth whatsoever He willeth", but His disciples had no share of this station, for they abided under	45.10 Kung gayon si Kristo—nawa'y maialay ang aking kaluluwa para sa Kaniya—ay ang mismong paghahayag ng mga salitang, "ginagawa Niya ang anumang ninanais Niya", subalit ang Kaniyang mga disipulo ay hindi kabahagi ng kalagayang ito; dahil sila ay nasa ilalim ng

His shadow and were not granted leave to deviate from His will and command.	Kaniyang lilim at hindi sila pinahintulutang lumihis mula sa Kaniyang kalooban at utos.
Part 4	Bahagi 4
On the Origin, Powers, and Conditions of Man	Hinggil sa Pinagmulan, mga Kapangyarihan, at mga Kalagayan ng Tao
46	46
Evolution and the True Nature of Man	Ebolusyon at ang Tunay na Likas ng Tao
1 We now come to the question of the transformation of species and the evolutionary development of organs, that is, whether man has come from the animal kingdom.127	46.1 Ngayon ay dumating na tayo sa tanong hinggil sa pagbabago ng lahi at ng ebolusyon ng mga bahagi ng katawan, yaon ay, kung ang tao ba ay ay nagmula sa kaharian ng hayop.[127]
2 This idea has entrenched itself in the minds of certain European philosophers, and it is very difficult now to make its falsity understood; but in the future it will become clear and evident, and the European philosophers will themselves recognize it. For in reality it is an evident error. When one examines creation with a penetrating eye, when one grasps the intricacies of created things and witnesses the condition, the order, and the completeness of the world of existence, one is convinced of the truth that “there is naught in creation more wondrous than that which already exists”.128 For all existing things, whether on earth or in the heavens, even this limitless firmament and all that it contains, have been most befittingly created, arranged, composed, ordered, and completed, and suffer no imperfection. To such an extent is this true that if all beings were to become pure intelligence and to reflect until the end that has no end, they could not possibly imagine anything better than that which already exists.	46.2 Ang ideyang ito ay naitanim na nang malalim sa kaisipan ng ilang pilosopong taga-Europa, at napakahirap na ngayon ang ipaunawa ang kamalian nito; subalit sa hinaharap ito ay magiging maliwanag at hayag, at mababatid ito mismo ng mga pilosopong taga-Europa. Dahil sa katunayan ito ay isang hayag na kamalian. Kapag susuriin ng isang tao ang sangnilikha nang may nakakikilatis na paningin, kapag inuunawa ang masalimuot na mga baha-bahagi ng nilikhang mga bagay at nasasaksihan ang kalagayan, ang kaayusan, at ang kaganapan ng umiiral na daigdig, siya ay maniniwala sa katotohanang “walang umiiral sa sangnilikha na higit na kamangha-mangha pa kaysa sa roon na umiiral na”.[128] Dahil ang lahat ng umiiral na bagay, maging sa lupa man o sa langit, kahit itong walang-hanggang kalawakan at ang lahat ng naririto, ay pinakamahusay na nilikha, inilagay sa maayos na kaayusan, binuo, isinaayos at kinumpleto, at hindi ito nagkukulang sa kaganapan. Ganoon na lamang ang katotohanan nito kahit pa maging pinakadalisay na katalinuhan ang lahat ng nilalang at iyon ay magnilay-nilay hanggang sa katapusang walang katapusan, hindi pa rin

	nito magagawang gunitain ang anumang higit na mabuti pa kaysa sa umiiral na.
3 If in the past, however, the creation had lacked such completeness and adornment, if it had been in an inferior state, then existence would have necessarily been wanting and imperfect and, as such, incomplete. This matter requires the utmost attention and thought. Imagine, for example, the entire contingent world—the realm of existence—as resembling the body of man. If the composition, the arrangement, the completeness, the beauty, and the perfection which now exist in the human body were in any way different, the result would be imperfection itself.	46.3 Subalit kung ang sangnilikha ay nagkulang, noong nakaraaan, sa gayong kaganapan at kagandahan, kung iyon sana ay nasa higit na mababang kalagayan, sa gayon ang pag-iral ay nagkukulang at may kapintasan, at sa gayon ay hindi pa kompleto. Ang bagay na ito ay nangangailangan ng lubos na paglilimi at pag-iisip. Isipin, halimbawa, ang buong daigdig na walang katiyakan—ang lahat ng umiiral—na kahalintulad sa katawan ng tao. Kung ang pagkabuo, ang pagsasaayos, ang kabuuan, ang kagandahan at ang kaganapan na umiiral ngayon sa katawan ng tao ay maiiba sa anumang paraan, ang bunga niyon ay magiging ganap na kapintasan.
4 So if we were to imagine a time when man belonged to the animal kingdom, that is, when he was merely an animal, existence would have been imperfect. This means that there would have been no man, and this chief member, which in the body of the world is like the mind and the brain in a human being, would have been lacking, and the world would thus have been utterly imperfect. This is sufficient proof in itself that if there had been a time when man belonged to the animal realm, the completeness of existence would have been destroyed; for man is the chief member of the body of this world, and a body without its chief member is undoubtedly imperfect. We regard man as the chief member because, among all created things, he encompasses all the perfections of existence.	46.4 Sa gayon, kung iisipin nating may panahon na ang tao ay bahagi ng kaharian ng hayop, yaon ay, siya ay hayop lamang, ang pag-iral ay wala sanang kaganapan. Ang ibig sabihin nito ay wala sanang tao, at itong pangunahing bahagi, na sa katawan ng daigdig ay tulad ng isip at utak ng tao, ay wala sana, at sa gayon ang daigdig ay nasa lubos na kawalan ng kaganapan. Ito ay sapat na katunayan sa mismong sarili nito na kung nagkaroon ng panahon kung kailan ang tao ay bahagi ng kaharian ng hayop, ang kaganapan ng pag-iral ay mawawasak; dahil ang tao ang pangunahing bahagi ng daigdig na ito, at ang katawan na walang pangunahing bahagi ay tiyak na walang kaganapan. Itinuturing natin ang tao bilang pangunahing bahagi dahil, sa lahat ng nilikha, sinasaklaw niya ang lahat ng mga kaganapan ng pag-iral.
5 Now, what we mean by “man” is the complete human being, the foremost person in the world, who is the sum of all spiritual and material perfections, and who is like the sun among all created things. Imagine, then, a time when the sun did not	46.5 Ngayon, ang ibig nating sabihin sa “tao” ay ang kompletong tao, ang pangunahing indibidwal sa daigdig, na siya ay ang kabuuan ng lahat ng kaganapang espirtwal at materyal, at tulad siya ng araw para sa lahat ng nilikhang bagay. Isipin, sa

exist as such, in other words, when the sun was merely another celestial body. Undoubtedly, at such a time the relationships between existing things would have been disrupted. How can such a thing be imagined? Were one to carefully examine the world of existence, this argument alone would suffice.	gayon, ang isang panahon kung kailan ang araw ay hindi umiiral sa gayong kalagayan, sa ibang salita, kung ang araw ay isa lamang tala sa langit. Walang pag-alinlangang sa gayong panahon ang mga ugnayan sa pagitan ng umiiral na mga bagay ay magugulo. Paano magugunita ang ganoong bagay? Kung susuriin nang maingat ang umiiral na daigdig, ang katwirang ito lamang ay makasasapat na.
6 Let us give another, more subtle proof: The innumerable created things that are found in the world of existence—be they man, animal, plant, or mineral—must each be composed of elements. There is no doubt that the completeness seen in each and every thing arises, by divine creation, from the component elements, their appropriate combination, their proportionate measure, the manner of their composition, and the influence of other created things. For all beings are linked together like a chain; and mutual aid, assistance, and interaction are among their intrinsic properties and are the cause of their formation, development, and growth. It is established through numerous proofs and arguments that every single thing has an effect and influence upon every other, either independently or through a causal chain. In sum, the completeness of each and every thing—that is, the completeness which you now see in man, or in other beings, with regard to their parts, members, and powers—arises from their component elements, their quantities and measures, the manner of their combination, and their mutual action, interaction, and influence. When all these are brought together, then man comes into existence.	46.6 Magbigay tayo ng isa pang, higit na pinong katibayan: Ang di-mabilang na nilikhang bagay na matatagpuan sa umiiral na daigdig—maging tao, hayop, halaman, o mineral—ang bawat isa ay kailangang binubuo ng mga elemento. Walang pag-aalinlangang ang pagkakumpletong nakikita sa bawat isa at sa lahat ng bagay ay nagmumula, sang-ayon sa banal na pagkalalang, mula sa mga elementong sangkap, sa angkop na pagkakasama-sama niyon, sa tugmang sukat niyon, sa paraan ng pagbubuo niyon, at ang impluwensiya ng ibang mga nilikhang bagay. Dahil ang lahat ng nilalang ay magkakabit sa isa't isa tulad ng isang tanikala; at ang pagtutulungan, pag-aalalayan, at pag-uugnayan ay kabilang sa likas na mga katangian niyon at iyon ang sanhi ng kanilang pagkabuo, pag-unlad at pagtubo. Napatunayan na sa pamamagitan ng napakaraming mga katibayan at mga katwiran na ang bawat isang bagay ay may epekto at impluwensiya sa bawat iba, maging tuwiran man o bunga ng kawing-kawing na mga dahilan. Sa buod, ang pagkakumpleto ng bawat isa at ng lahat ng bagay—yaon ay, ang pagkakumpletong iyong nakikita ngayon sa tao, o sa ibang mga bagay, kaugnay ng kanilang mga sangkap, mga bahagi, at mga kakayahan—ay nagmumula sa kanilang mga elementong sangkap, sa mga bilang at mga sukat niyon, sa paraan ng pagsasama-sama niyon, at sa kapuwa nitong pagkilos, pagtugon sa kilos, at impluwensiya sa isa't

	isa. Sa pagsasama-sama nitong lahat, sa gayon umiiral ang tao.
7 As the completeness of man stems entirely from the component elements, their measure, their manner of combination, and the mutual action and interaction of other beings—and since man was produced ten or a hundred thousand years ago from the same earthly elements, with the same measures and quantities, the same manner of composition and combination, and the same interactions with other beings—it follows that man was exactly the same then as exists now. This is a self-evident truth and cannot be doubted. And if a thousand million years hence, the component elements of man are brought together, measured out in the same proportion, combined in the same manner, and subjected to the same interaction with other beings, exactly the same man will come into existence. For example, if a hundred thousand years hence one were to bring together oil, flame, wick, lamp, and a lighter of the lamp—briefly, if all that is needed now be combined then—exactly the same lamp will be produced.	46.7 Yamang ang pagkakumpleto ng tao ay nagbubuhat lamang mula sa mga elementong sangkap, sa sukat niyon, sa paraan ng pagsasama-sama niyon, at sa kapuwa nitong pagkilos at pagtugon na kilos ng ibang mga bagay—at yamang ang tao ay binuo noong sampu o isang daang libong taon na noong nakaraan mula sa gayunding makalupang mga elemento, sa gayunding mga sukat at timbang, sa gayunding paraan ng pagbubuo at pagsasama-sama, at sa gayunding pagtutugunang kilos sa ibang mga bagay—samakatwid ay parehong-pareho ang tao noon sa umiiral ngayon. Ito ay isang katotohanang maliwanag mula sa sarili nito at hindi maaaring pagdudahan. At kung pagkalipas ng isang libong milyong taon mula ngayon, kung itong mga elementong bumubuo sa tao ay titipunin, susukatin sa gayunding sukat, pagsasamahin sa gayunding paraan, at ipadaraan sa gayunding pagtutugunan ng kilos sa ibang mga bagay, ang gayunding tao ay magkakaroon ng pag-iral. Halimbawa, kung pagkalipas ng isang daang libong taon ay pagsasamahin ang langis, apoy, mitsa, ilawan at tagasindi ng lampara—sa maikling salita, kung ang lahat ng kailangan ngayon ay pagsasamahin sa hinaharap—ang mismong parehong lampara ay malilikha.
8 This matter is evident and these arguments conclusive. But those which the European philosophers have adduced are speculative and inconclusive.	46.8 Ang bagay na ito ay malinaw at ang mga katwirang ito ay kapani-paniwala. Subalit yaong mga hinaharap ng mga pilosopong taga-Europa ay batay sa haka-haka at hindi kapani-paniwala.
47	47
The Origin of the Universe and the Evolution of Man	Ang Pinagmulan ng Sanlibutan at ang Ebolusyon ng Tao
1 Know that it is one of the most abstruse questions of divinity that the world	47.1 Alaming ang isa sa pinakamahirap unawaing katanungan

of existence—that is, this endless universe—has no beginning.	kaugnay ng pagkadiyos ay walang simula itong umiiral na daigdig—yaon ay, itong walang-hanggang sanlibutan.
2 We have already explained that the very names and attributes of Divinity require the existence of created things. Although a detailed explanation of this matter was already provided,129 a brief mention will again be made here. Know that a lord without vassals cannot be imagined; a sovereign without subjects cannot exist; a teacher without pupils cannot be designated; a creator without a creation is impossible; a provider without those provided for is inconceivable—since all the divine names and attributes call for the existence of created things. If we were to imagine a time when created things did not exist, it would be tantamount to denying the divinity of God.	47.2 Ipinaliwanag na natin na ang mismong mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay nangangailangan ng pag-iral ng mga nilikhang bagay. Bagaman ang detalyadong paliwanag ng paksang ito ay ibinigay na,[129] gayumpaman ay babanggitin iyon nang maikli rito. Alaming ang isang panginoong walang mga tagapaglingkod ay hindi magugunita; ang haring walang mga mamamayan ay hindi maaaring umiral; ang gurong walang mga mag-aaral ay hindi matutukoy; ang manlilikhang walang mga nilikha ay hindi posible; ang tagapagtustos na walang mga tinutustusan ay hindi maisip—yamang ang lahat ng mga pangalan at mga katangian ng pagkadiyos ay nangangailangan ng pag-iral ng mga nilikhang bagay. Kung magugunita natin ang panahong kung kailan ay walang umiiral na mga nilikhang bagay, ito ay katumbas ng pagtatatwa sa pagkadiyos ng Diyos.
3 Apart from this, absolute non-existence lacks the capacity to attain existence. If the universe were pure nothingness, existence could not have been realized. Thus, as that Essence of Oneness, or divine Being, is eternal and everlasting—that is, as it has neither beginning nor end—it follows that the world of existence, this endless universe, likewise has no beginning. To be sure, it is possible for some part of creation—one of the celestial globes—to be newly formed or to disintegrate, but the other countless globes would continue to exist and the world of existence itself would not be disrupted or destroyed. On the contrary, its existence is perpetual and unchanging. Now, as each globe has a beginning, it must inevitably have an end as well, since every composition, whether universal or particular, must of necessity be decomposed. At most, some disintegrate quickly and others slowly,	47.3 Bukod pa rito, ang ganap na kawalan ng pag-iral ay nagkukulang sa kakayahang makatamo ng pag-iral. Kung ang sansinukob ay pawang kawalan ng anumang bagay, hindi maaaring maganap ang pag-iral. Sa gayon, yamang ang Pinakadiwa ng Kaisahan, o banal na Maykapal, ay walang-hanggan at di-magmamaliw—yaon ay, ito ay walang simula ni katapusan—samakatwid ang umiiral na daigdig, itong walang-hanggang sansinukob, gayundin ay walang simula. Tiyak na ang ilang bahagi ng sangnilikha—isa sa mga globo sa kalangitan—ang maging bagong buo o magunaw, subalit ang di-mabilang na iba pang mga globo ay patuloy sa pag-iral at ang mismong umiiral na daigdig ay hindi magugulo o magugunaw. Sa kabaliktaran, ang pag-iral nito ay nagpapatuloy at di-nagbabago. Ngayon, yamang ang bawat globo ay may simula, di-maiiwasang

but it is impossible for something that is composed not to ultimately decompose.	kailangan din nitong magkaroon ng wakas, dahil ang bawat binuo, maging pangkalahatan man o nang tiyakan, ay kailangang magunaw. Ang pagkakaiba lamang ay ang mga iba ay mabilis magunaw, habang ang mga iba ay dahan-dahan, subalit imposible para sa isang bagay na binuo ang hindi magunaw sa dakong huli.
4 We must know, then, what each one of the great existent things was in the beginning. There is no doubt that initially there was a single origin: There cannot have been two origins. For the origin of all numbers is one and not two; the number two is itself in need of an origin. It is therefore evident that originally matter was one, and that one matter appeared in a different form in each element. Thus various forms appeared, and as they appeared, they each assumed an independent form and became a specific element. But this distinction attained its full completion and realization only after a very long time. Then these elements were composed, arranged, and combined in infinite forms; in other words, from the composition and combination of these elements countless beings appeared.	47.4 Dapat nating malaman, kung gayon, kung ano sa simula ang bawat isa sa malalaking umiiral na bagay. Walang pag-aalinlangang sa simula ang pinagmulan ng lahat ay iisa: Hindi maaaring nagkaroon ng dalawang simula. Dahil ang simula ng lahat ng mga bilang ay isa at hindi dalawa; ang bilang na dalawa mismo ay nangangailangan ng pinagmulan. Samakatwid ay maliwanag na sa simula ang lahat ng matter ay iisa, at ang iisang matter na iyon ay lumitaw sa naiibang anyo sa bawat elemento. Sa gayon ang iba't ibang anyo ay nabuo, at sa pagkabuo ng mga ito, ang bawat isa ay nagkaroon ng sarili nitong anyo at naging tiyak na elemento. Subalit itong pagkakaroon ng sariling anyo ay lubusan lamang natapos at natupad pagkaraan ng napakahabang panahon. Pagkatapos, itong mga elemento ay tinipon, isinaayos, at pinagsama-sama sa napakaraming anyo; sa ibang mga salita, mula sa pagtitipon-tipon at pagsasama-sama nitong mga elemento ang di-mabilang na mga nilalang ay lumitaw.
5 This composition and arrangement arose, through the wisdom of God and His ancient might, from one natural order. Thus, as this composition and combination has been produced according to a natural order, with perfect soundness, following a consummate wisdom, and subject to a universal law, it is clear that it is a divine creation and not an accidental composition and arrangement. Creation means that from every natural composition a living thing comes into existence, while from a chance composition no living thing will appear. So,	47.5 Itong pagsasama-sama at pagsasaayos ay nagbuhat, alinsunod sa karunungan ng Diyos at ng Kaniyang napakatandang kapangyarihan, mula sa iisang kaayusan ng kalikasan. Sa gayon, yamang itong pagsasama-sama at pagsasaayos ay nagmula sa iisang kaayusan ng kalikasan, nang may ganap na kahusayan, alinsunod sa sukdulang karunungan at sang-ayon sa isang pangkalahatang batas, maliwanag kung gayon na ito ay nilikha ng Diyos, at hindi isang nagkataon lamang na pagbubuo at pagsasaayos. Ito ang dahilan kung bakit mula

for example, if man, with all his astuteness and intelligence, were to gather together and combine certain elements, a living being will not be brought into existence as it would not be according to the natural order. This is the answer to the implicit question that might arise, that since these beings come into existence through the composition and combination of these elements, then can we not also gather together and combine the very same elements and thus create a living thing? This idea is mistaken; for the original composition is a divine composition, and the combination is produced by God according to the natural order, and it is for this reason that a living being is created from this composition and an existence is realized. But a composition made by man produces nothing because man cannot create life.	sa bawat pagbubuo ng kalikasan ay mayroong lumilitaw na nabubuhay na bagay, subalit mula sa nagkataon lamang na pagbubuo ay walang nabubuhay na bagay ang maaaring lumitaw. Halimbawa, kung sa ganap na kahusayan at talino ng isang tao ay titipunin at pagsasamahin ang ilang elemento, ang isang nabubuhay na nilikha ay hindi lilitaw sapagkat ito ay hindi ayon sa kaayusan ng kalikasan. Ito ang sagot sa tanong na ipinapahiwatig na yamang ang mga nilikhang ito ay nagkaroon ng pag-iral sa pamamagitan ng pagtitipon at pagsasama nitong mga elemento, kung gayon ay hindi ba natin maaaring pagtipunin at pagsamahin ang gayunding mga elemento at sa gayon ay bumuo ng nabubuhay na bagay? Ang panukalang ito ay mali; sapagkat ang orihinal na pagbubuo nito ay banal na pagbubuo, at ang pagsasama-sama niyon ay nilikha ng Diyos sang-ayon sa kaayusan ng kalikasan, at dahil sa kadahilanang ito ang gumagawa ng kabuuan at ito ay isinasagawa nang sang-ayon sa isang likas na pamamaraan, mula sa bawat isang kabuuan isang nilalang ang nililikha, at ang buhay ay nagaganap. Ang isang kabuuan na ginawa ng tao ay walang ibinubunga dahil ang tao ay walang-kakayahang lumikha.
6 Briefly, we have said that from the composition of the elements; from their combination, manner, and proportion; and from their interaction with other beings countless forms and realities and innumerable beings have come to exist. But it is clear that this terrestrial globe in its present form did not come into existence all at once, but that this universal existent gradually traversed different stages until it appeared in its present completeness. Universal existences can be likened and compared to particular ones, for both are subject to one natural order, one universal law, and one divine arrangement. For instance, you will find the smallest atoms to be similar in their general structure to the	47.6 Sa madaling salita ay sinabi natin na mula sa pagbubuo at pagsasama-sama ng mga elemento, mula sa kanilang pagkabuwag, mula sa kanilang sukat, at mula sa epekto sa kanila ng ibang mga nilalang ay nagbunga ang mga anyo, ang walang-hanggang mga realidad at di-mabilang na mga nilalang. Subalit maliwanag na itong makalupang globo sa kasalukuyang anyo nito ay hindi nabuo nang bigla, ngunit itong pansanlibutang buhay ay unti-unting dumaan sa iba’t ibang anyo hanggang sa humantong ito sa kasalukuyan nitong kaganapan. Ang pansanlibutang mga nilalang ay nahahawig at maaaring maihambing sa tiyak na mga nilalang,

greatest entities in the universe, and it is clear that they have proceeded from one laboratory of might according to one natural order and one universal law, and can therefore be compared to one another.	yamang kapuwa silang napapailalim sa isang likas na pamamaraan, isang pangkalahatang batas at banal na kaayusan. Sa gayon ay iyong matatagpuan na ang kaliit-liitang mga atomo ng pangkalahatang pamamaraan ay nahahawig sa pinakamalalaking mga nilalang ng sanlibutan. Maliwanag na ang mga ito ay nabubuo sa loob ng isang laboratoryo ng kapangyarihan sa ilalim ng iisang likas na pamamaraan at iisang pangkalahatang batas; kung gayon ang mga ito ay maihahalintulad sa isa't isa.
7 For example, the human embryo grows and develops gradually in the womb of its mother and assumes different forms and conditions until it reaches maturity with the utmost beauty and appears in a consummate form with the utmost grace. In like manner, the seed of this flower which you see before you was, in the beginning, a small and insignificant thing, but it grew and developed in the womb of the earth and assumed different forms until it appeared with such perfect vitality and grace in this degree. It is likewise clear and evident that this terrestrial globe came to exist, grow, and develop in the matrix of the universe and assumed different forms and conditions until it gradually attained its present completeness, became adorned with countless beings, and appeared in such a consummate form.	47.7 Sa gayon ang semilya ng tao sa sinapupunan ng ina ay unti-unting tumutubo at umuunlad, at lumilitaw sa iba't ibang anyo at kalagayan, hanggang sa antas ng ganap na kagandahan ito ay humahantong sa hustong gulang at lumilitaw sa ganap na anyong taglay ang sukdulang kabinihan. At sa gayunding paraan, ang binhi nitong bulaklak na nakikita ninyo ngayon sa simula ay isang walang-halagang bagay, at napakaliit; at ito ay tumubo at lumaki sa sinapupunan ng lupa, at pagkatapos nitong lumitaw sa iba't ibang anyo, ay lumabas sa ganitong kalagayan na taglay ang ganap na kasariwaan at kabinihan. Sa gayunding paraan itong makalupang globo, noong nagsimula nang magkahugis ay tumubo at umunlad sa sinapupunan ng sanlibutan, at lumitaw sa iba't ibang anyo at kalagayan hanggang unti-unti nitong natamo ang kasalukuyang kaganapan, at pinalamutihan ng di-mabilang na mga nilikha at lumitaw bilang tapos na kaayusan.
8 It is therefore evident that the original matter, which is like unto the embryo, initially took the form of composed and combined elements, and that composition gradually grew and developed over a myriad ages and centuries, passing from one shape and form to another until, through the consummate wisdom of God, it appeared	47.8 Kung gayon ay maliwanag na ang orihinal na sangkap, na siyang nasa kalagayan ng semilya, at ang pinagsama-sama at binuong mga elemento na nasa pinakamaagang mga anyo nito, ay unti-unting tumubo at umunlad sa loob ng maraming panahon at pag-inog, na nagsasalin-salin mula sa isang anyo tungo sa kabila, hanggang sa lumitaw ang mga ito sa kaganapang ito, sa sistemang ito, sa

with such completeness, order, arrangement, and soundness.	kaayusang ito at sa katayuang ito, sa pamamagitan ng sukdulang dunong ng Diyos.
9 Let us return to our subject. From the beginning of existence in the womb of the terrestrial globe, man gradually grew and developed like the embryo in the womb of its mother, and passed from one shape and form to another until he appeared with this beauty and perfection, this power and constitution. It is certain that initially he did not possess such loveliness, grace, and refinement, and that he has only gradually attained such form, disposition, comeliness, and grace. There is no doubt that, like the embryo in the womb of the mother, the embryo of humankind did not appear all at once in this form and become the embodiment of the words "Hallowed be the Lord, the most excellent of all creators!"130 Rather, it gradually attained various conditions and assumed divers forms until it attained this appearance and beauty, this perfection, refinement, and grace. It is therefore clear and evident that the growth and development of man on this planet unto his present completeness, even as the growth and development of the embryo in the womb of the mother, has been by degrees and through passing from state to state, and from one shape and form to another, for this is according to the requirements of the universal order and the divine law.	47.9 Balikan natin ang ating paksa. Mula sa simula ng buhay sa sinapupunan ng makalupang globo, ang tao ay unti-unting tumubo at lumaki tulad ng semilyang nasa sinapupunan ng ina, at dumaan mula sa isang anyo at hugis tungo sa iba pa, hanggang sa lumitaw siya sa ganitong kagandahan at kaganapan, sa ganitong lakas at kapangyarihan. Tiyak na sa simula hindi niya taglay ang ganitong kagandahan, kabinihan, at kapinuhan, at unti-unti lamang niyang nakamit ang gayong hugis, kaayusan, kagandahan, at kabinihan. Walang pag-aalinlangan, tulad rin ng bilig sa sinapupunan ng ina, na ang bilig ng sangkatauhan ay hindi agad lumitaw sa ganitong anyo at naging katuparan ng mga salitang "Pinagpala ang Panginoon, ang pinakamahusay sa lahat ng mga manlilikha!"[130] Sa halip, unti-unti itong nagtamo ng iba't ibang kalagayan at nagtaglay ng iba't ibang anyo hanggang sa natamo nito ang ganitong anyo at kagandahan, ang ganitong kaganapan, kapinuhan, at kabinihan. Samakatwid ay malinaw at hayag na ang paglaki at pag-unlad ng tao sa planetang ito hanggang sa kaniyang kasalukuyang kaganapan, tulad rin ng paglaki at at pag-unlad ng bilig sa sinapupunan ng ina, ay nagaganap nang unti-unti at sa pamamagitan ng pagdaan nito mula sa isang kalagayan tungo sa ibang kalagayan, at mula sa isang hugis at anyo tungo sa iba, dahil ito ang sang-ayon sa pangangailangan ng pangkalahatang kaayusan at ng banal na kautusan.
10 That is, the human embryo assumes different conditions and traverses numerous stages until it reaches that form in which it manifests the reality of the words "Hallowed be the Lord, the most excellent of all creators!" and shows forth the signs of full	47.10 Yaon ay, ang bilig ng tao ay dumaraan sa iba't ibang kalagayan at binabagtas ang napakaraming yugto hanggang sa umaabot ito sa anyong iyon na naghahayag sa realidad ng mga salitang, "Pinagpala ang Panginoon, ang

development and maturity. In like manner, from the beginning of man's existence on this planet until he assumed his present shape, form, and condition, a long time must have elapsed, and he must have traversed many stages before reaching his present condition. But from the beginning of his existence man has been a distinct species. This is similar to the embryo of man in the womb of the mother: It possesses at first a strange appearance; then this body passes from shape to shape and from form to form until it appears in the utmost beauty and perfection. But even when it possesses, in the womb of the mother, a strange form entirely different from its present shape and appearance, it is the embryo of a distinct species and not of an animal: The essence of the species and the innate reality undergo no transformation at all.	pinakamahusay sa lahat ng mga manlilikha!" at ipinakikita na ang mga palatandaan ng ganap na pag-unlad at kaganapan. Sa gayunding paraan, mula sa simula ng pagkabuhay ng tao sa planetang ito hanggang sa pagtamo niya ng kaniyang kasalukuyang hugis, anyo, at kalagayan, kinailangang lumipas ang mahabang panahon, at kinailangan niyang bagtasin ang napakaraming yugto bago siya umabot sa kaniyang kasalukuyang kalagayan. Subalit mula sa simula ng pag-iral ng tao siya ay isa nang bukod na kaurian o species. Ito ay kahalintulad ng bilig ng tao sa sinapupunan ng ina: Sa simula ay taglay nito ang kakaibang anyo; pagkatapos ang katawang ito ay dumadaan sa iba't ibang anyo at sa iba't ibang hugis hanggang sa lumilitaw na ito sa sukdulang kagandahan at kaganapan. Subalit kahit noong taglay nito, sa sinapupunan ng ina, ang kakaibang anyo na ganap na naiiba sa kasalukuyan nitong hugis at anyo, gayumpaman ito ay bilig ng isang tanging kaurian o species, at hindi ng hayop: Ang pinakadiwa ng kaniyang kaurian o species at ang likas na realidad ay hindi nagkakaroon ng anumang pagbabago.
11 Now, were one to establish the existence of vestigial organs, this would not disprove the independence and originality of the species. At most it would prove that the form, appearance, and organs of man have evolved over time. But man has always been a distinct species; he has been man, not an animal. Consider: If the embryo of man in the womb of the mother passes from one form to another which in no way resembles the former, is this a proof that the essence of the species has undergone transformation? That it was at first an animal and that its organs developed and evolved until it became a man? No, by God! How feeble and unfounded is this thought! For the originality	47.11 Ngayon, kung ikakatwiran ang pag-iral ng mga *vestigial organ*,[1] hindi nito pinabubulaanan ang kasarinlan at pagiging orihinal ng kaurian o species. Ang pinatutunayan lamang nito ay ang hugis, anyo, at mga bahagi ng katawan ng tao ay dumaan sa ebolusyon sa paglakad ng panahon. Subalit ang tao ay lagi nang isang bukod na kaurian o species; siya ay tao at hindi hayop. Isipin: Kung ang bilig ng tao sa sinapupunan ng ina ay nagbabago mula sa isang anyo tungo sa ibang anyo na walang-anumang pagkakahawig sa nauna, ito ba ay patunay na nagkaroon ng pagbabago ang pinakadiwa ng kaurian o species? Na sa simula ito ay isang hayop at tumubo at

[1] Bakas ng isang bahagi ng katawan na nawala na dahil sa ebolusyon.

of the human species and the independence of the essence of man are clear and evident.	umunlad ang mga bahagi nito hanggang sa naging tao na ito? Hindi, saksi ang Diyos! Lubhang mahina at walang batayan ang panukalang ito! Dahil ang pagiging orihinal ng kaurian o species ng tao, at ang kasarinlan ng pinakadiwa ng tao ay maliwanag at hayag.
48	48
The Difference between Man and Animal	Ang Pagkakaiba ng Tao at Hayop
1 We have already had one or two conversations on the subject of the spirit, but they were not written down.	48.1 Tinalakay na natin nang minsan o dalawang beses ang paksa ng espiritu, subalit hindi naitala ang mga ito.
2 Know that the people of the world are of two kinds; that is, they belong to two groups. One group denies the human spirit and says that man is a kind of animal. Why? Because we see that man and animal share in common the same powers and senses. The simple and individual elements that fill the space around us are brought together in countless combinations, each of which gives rise to a different being. Among these are sentient beings possessed of certain powers and senses. The more complete the combination, the nobler the being. The combination of the elements in the body of man is more complete than in any other being, and its elements have been combined in perfect equilibrium, and thus it is more noble and more perfect. It is not, they say, that man has a special power and spirit of which the other animals are deprived: Animals too have sensory perceptions, but man's powers are simply more acute in certain respects (although with respect to the outer senses, such as hearing, sight, taste, smell, and touch, and even with regard to inner powers such as memory, the animal is more richly endowed than man). The animal, they say, possesses the powers of intelligence and understanding. All they will concede is that man's intelligence is greater.	48.2 Alamin na may dalawang klase ng mga tao sa daigdig; yaon ay, binubuo sila ng dalawang pangkat. Itinatatwa ng isang pangkat ang espiritu ng tao at sinasabing ang tao ay isang uri ng hayop. Bakit? Dahil nakikita nating ang tao at ang hayop ay nakikibahagi sa magkaparehong mga kapangyarihan at mga pandama. Ang payak at indibidwal na mga elementong pumupuno sa mga puwang sa palibot natin ay ipinagsasama-sama sa di-mabilang na mga kombinasyon, na ang bawat isa sa mga iyon ay nagsasanhi ng ibang likhain. Kabilang sa mga ito ay ang mga likhaing may talino na nagtataglay ng tanging mga kapangyarihan at mga pandama. Habang higit na ganap ang kombinasyon, magiging higit na maharlika ang likhain. Ang kombinasyon ng mga elemento sa katawan ng tao ay higit na ganap kaysa sa alinmang ibang likhain, at ang mga elemento nito ay pinagsama sa ganap na paninimbang, at sa gayon ito ay higit na maharlika at higit na ganap. Ang sabi nila ito ay hindi dahil ang tao ay may bukod-tanging kapangyarihan at espiritu na wala sa ibang mga hayop: Ang mga hayop ay nagtataglay rin ng mga pandama, subalit ang nasa tao ay higit na matalas sa ilang paraan (bagaman kaugnay ng panlabas na mga pandama, tulad ng pandinig, paningin, panlasa, pang-amoy, at pandama, at kahit kaugnay ng panloob na kapangyarihang tulad ng alaala, higit na

	mayaman ang ipinagkaloob sa hayop kaysa sa tao). Ang hayop, sang-ayon sa kanila, ay nagtataglay rin ng mga kapangyarihan ng talino at kabatiran. Ang tinatanggap lamang nila ay higit na matalino ang tao.
3 Such are the claims of the present-day philosophers. Such are their words, such are their claims, and such are the dictates of their imaginations. And so, after extensive research and armed with powerful arguments, they place man in the lineage of the animal, saying that at one time man was an animal, and that the species gradually changed and evolved until it reached the human degree.	48.3 Ganoon ang sinasabi ng kasalukuyang mga pilosopo. Ganoon ang kanilang salita, ganoon ang kanilang mga pahayag, at ganoon ang udyok ng kanilang guniguni. At sa gayon, pagkatapos ng masinsinang pagsasaliksik at armado ng matibay na mga katwiran, inilalagay nila ang tao sa angkan ng hayop, at ang lahi ay unti-unting nagbago at dumaan sa ebolusyon hanggang sa umabot ito sa antas ng tao.
4 But the divine philosophers say: No, this is not so. Although man shares the same outward powers and senses in common with the animal, there exists in him an extraordinary power of which the animal is deprived. All sciences, arts, inventions, crafts, and discoveries of realities proceed from this singular power. This is a power that encompasses all created things, comprehends their realities, unravels their hidden mysteries, and brings them under its control. It even understands things that have no outward existence, that is, intelligible, imperceptible, and unseen realities such as the mind, the spirit, human attributes and qualities, love and sorrow—all of which are intelligible realities. Moreover, all the existing sciences and crafts, all the great undertakings and myriad discoveries of man were at one time hidden and concealed mysteries, and it is that all-encompassing human power that has discovered them and brought them forth from the invisible into the visible realm. So the telegraph, the photograph, the phonograph—all such great inventions and crafts were once hidden mysteries which that human reality discovered and brought forth from the invisible to the visible realm. There was even a time when this piece of iron before you,	48.4 Subalit sinasabi ng mga teologo: Hindi, ito ay hindi ganoon. Bagaman kabahagi ang tao sa gayunding mga kapangyarihan at panlabas na mga pandama na taglay ng hayop, may umiiral sa kaniyang bukod-tanging kapangyarihan na hindi taglay ng hayop. Ang lahat ng mga agham, mga sining, mga imbento, mga likhang-kamay, at mga katuklasan ng mga realidad ay nagmumula sa natatanging kapangyarihan na ito. Ito ay isang kapangyarihang sumasaklaw sa lahat ng nilikhang bagay, nauunawaan ang mga realidad nito, tinatastas ang natatagong mga hiwaga nito, at sinusupil ang mga ito. Nababatid rin nito ang mga bagay na walang panlabas na anyo, yaon ay, ang mga pangkaisipang realidad na di-nadarama at di-nakikita tulad ng kaisipan, espiritu, mga katangiang pantao, pag-ibig at dalamhati—na lahat ng mga ito ay pangkaisipang mga realidad. Bukod pa rito, ang lahat ng umiiral na mga agham at likhang-kamay, ang lahat ng dakilang mga pagsisikap at napakaraming katuklasan ng tao, sa isang panahon ay natatago at nalilihim na mga hiwaga, yaong kapangyarihan ng taong nakasasaklaw sa lahat ang tumuklas sa mga ito at dinala ang mga ito mula sa larangan ng di-nakikita tungo sa larangan ng nakikita. Sa gayon ang telegrapiya, potograpiya, ponograpiya—ang

and indeed every mineral, was a hidden mystery. The human reality discovered this mineral and wrought its metal into this finished form. The same holds true for all the other discoveries and inventions of man, which are innumerable. This matter is irrefutable and there is no point in denying it.	lahat ng gayong dakilang mga imbento at mga likhang-kamay sa isang panahon ay natatagong mga hiwaga na tinuklas ng realidad ng tao at dinala mula sa di-nakikita tungo sa nakikitang kaharian. Nagkaroon pa nga ng panahon itong kapirasong bakal sa harap mo, at sa katunayan, ang bawat mineral, ay isang natatagong hiwaga. Tinuklas ng realidad ng tao ang mineral na ito at ginawa itong umabot sa ganitong anyo. Ito ay totoo rin sa lahat ng ibang mga katuklasan at mga imbento ng tao, na napakarami. Ang bagay na ito ay hindi natin maitatanggi at walang saysay ang tumutol dito.
5 If we were to claim that all these effects proceed from the powers of the animal nature and the physical senses, then we see plainly and clearly that, with regard to these powers, the animals are superior to man. For example, the sight of animals is much keener than that of man, their hearing is more acute, and likewise with their powers of smell and taste. Briefly, in the powers which man and animal share in common, the animal often has the advantage. Take the power of memory: If you carry a pigeon from here to a faraway country, and there set it free, it will remember the way and return home. Take a dog from here to the heart of Asia, set it free, and it will return home without ever losing its way. And so is it with the other powers, such as hearing, sight, smell, taste, and touch. It is clear then that if man did not possess a power beyond the animal powers, the animal would perforce surpass man in significant discoveries and in the comprehension of realities. It follows from this argument that man is endowed with a gift, and possesses a perfection, which is not present in the animal.	48.5 Kung sasabihin natin na ang mga ito ay bunga ng mga kapangyarihan na taglay rin ng mga hayop, at ng mga kapangyarihan ng mga pandama ng katawan, maliwanag at hayag na nakikita natin na ang mga hayop, kung kaugnay ng mga kapangyarihang ito, ay nakahihigit sa tao. Halimbawa, ang paningin ng mga hayop ay higit na matalas kaysa sa paningin ng tao; ang kanilang pandinig ay higit na mahusay, at gayundin sa kanilang kapangyarihan ng pang-amoy at panlasa. Sa madaling salita, sa mga kapangyarihan na kapuwa taglay ng mga hayop at tao, sa kadalasan ang hayop ay nakalalamang. Isipin ang kapangyarihan ng pag-alaala. Kung magdadala ka ng isang kalapati mula rito hanggang sa isang malayong bansa, at doon ito palalayain, ito ay makababalik, dahil naaalaala nito ang daan. Magdala ka ng aso mula rito tungo sa gitnang Asya, pakawalan mo siya at babalik siya rito, na kahit minsan ay hindi maliligaw ang landas. Gayundin ang sa ibang mga kapangyarihang tulad ng pandinig, paningin, pang-amoy, panlasa at pandama. Sa gayon ay maliwanag na kung walang kapangyarihan sa tao na kakaiba sa taglay ng mga hayop, ang hayop dapat ang nakahihigit sa tao sa mga imbento at sa pag-unawa ng mga realidad. Mula sa katwirang ito ay maliwanag na ang

	tao ay ginawaran ng isang kaloob, at nagtataglay ng isang kaganapang hindi taglay ng hayop.
6 Moreover, the animal perceives sensible things but cannot perceive conceptual realities. For example, the animal sees that which is within the range of its vision but cannot comprehend or conceive that which lies beyond it. Thus it is not possible for the animal to comprehend that the earth has a spherical shape. But man can deduce the unknown from the known and discover hidden realities. So, for example, from observing the inclination of the heavens man infers the curvature of the earth. The Pole Star at ʻAkká, for instance, is at 33 degrees; that is, it is inclined 33 degrees above the horizon. When one goes towards the North Pole, the Pole Star rises one degree above the horizon for every degree of distance travelled; that is, the inclination of the Pole Star will reach 34 degrees, then 40, 50, 60, and 70 degrees. When one reaches the North Pole, the inclination of the Pole Star will be 90 degrees and the star will be seen at the zenith, that is, directly overhead.	48.6 Higit pa rito, ang hayop ay nakababatid ng nadaramang mga bagay subalit hindi nito nababatid ang mga realidad na pangkaisipan. Halimbawa, nakikita ng hayop yaong nasasaklaw ng kaniyang pananaw, subalit ang nasa labas ng saklaw ng kaniyang pananaw ay hindi nito mabatid ni magunita. Kung gayon ay hindi posibleng maunawaan ng hayop na ang daigdig ay may hugis ng globo. Subalit nahihinuha ng tao ang hindi nalalaman mula sa nalalaman na at natutuklasan ang natatagong mga realidad. Sa gayon, halimbawa, bunga ng pagmamasid sa dahilig mula sa kalangitan ay nahihinuha ng tao ang kabilugan ng daigdig. Halimbawa, ang Talang Polo mula sa ʻAkká, ay nasa 33°; yaon ay, ang dahilig nito ay 33° sa itaas ng sugpungang-guhit. Kung ang isang tao ay patutungo sa Polong Hilaga, ang Talang Polo ay tataas nang isang antas sa bawat antas ng distansiya na lalakbayin niya; yaon ay, ang dahilig ng Talang Polo ay magiging 34°, pagkatapos 40°, pagkatapos ay 50°, pagkatapos ay 60°, pagkatapos ay 70°. Kapag siya ay nasa Polong Hilaga na, ang antas ng dahilig ng Talang Polo ay magiging 90° at ang tala ay nasa tugatog na, ibig sabihin, ito ay nasa tapat sa itaas.
7 Now, the Pole Star is a sensible reality, and so too is its ascension, that is, the fact that the closer one goes to the Pole, the higher the Pole Star rises. And from these two known realities an unknown reality is discovered, namely, that the heavens are inclined, meaning that the sky above the horizon at each latitude is different from that at another latitude. Man comprehends this relation and reasons from it a previously unknown thing, namely, the curvature of the earth. But this comprehension is impossible for the animal. It is likewise impossible for the animal to comprehend that the sun is the	48.7 Ngayon, itong Talang Polo ay isang nadaramang realidad, at gayundin ang pagtaas nito, yaon ay, habang higit na malapit ang tao sa Polo, lalong mataas ang pinagsisikatan ng Talang Polo. At mula rito sa dalawang nalalamang realidad ay natutuklasan ang isang realidad na hindi nalalaman, na iyon ay ang kalangitan ay nakahilig, ibig sabihin ang langit sa itaas ng sugpungang-guhit sa bawat latitud ay naiiba sa ibang latitud. Nauunawaan ng tao ang ugnayang ito at mula rito ay ikinakatwiran ang dati-rating hindi nalalamang bagay, na iyon ay ang hugis ng daigdig ay pabilog.

centre and that the earth revolves around it. The animal is a prisoner of the senses and is circumscribed by them: It cannot comprehend anything that lies beyond the reach or control of the senses, even though it excels man in the outward powers and senses. It is therefore clearly established that man is endowed with a power of discovery that distinguishes him from the animal, and this power is none but the human spirit.	Subalit ang pag-unawang ito ay hindi posible para sa hayop. Gayundin ay hindi posibleng maunawaan ng hayop na ang araw ay ang nasa gitna at ang daigdig ang umiinog palibot nito. Ang hayop ay bihag ng kaniyang mga pandama at hinahangganan ng mga ito: Hindi nito nauunawaan ang anumang bagay na hindi saklaw ng mga pandama, kahit na nakahihigit ito sa tao sa panlabas na mga kapangyarihan at pandama. Samakatwid ay malinaw na napatutunayang ang tao ay pinagkalooban ng isang kapangyarihan ng pagtutuklas na nagbubukod sa kaniya mula sa hayop, at ang kapangyarihang ito ay walang iba kundi ang espiritu ng tao.
8 Praise be to God! Man ever aspires to greater heights and loftier goals. He ever seeks to attain a world surpassing that which he inhabits, and to ascend to a degree above that which he occupies. This love of transcendence is one of the hallmarks of man. I am astonished that certain philosophers in Europe and America have consented to lower themselves to the animal realm and so to regress, whereas all existence must ever aspire towards exaltation. And yet, were you to call one of them an animal, he would be most hurt and offended.	48.8 Purihin ang Diyos! Ang tao ay laging nakabaling tungo sa higit na mataas na mga rurok at higit na matayog na mga layunin. Lagi niyang sinisikap makamtan ang isang daigdig na nakahihigit doon sa kinabubuhayan niya, at maabot ang antas na nakatataas doon sa kinalalagyan niya. Itong pagmamahal sa kadakilaan ay isa sa mga katangian ng tao. Nagugulat ako na ang ilang mga pilosopo ng Amerika at Europa ay pumapayag na ibaba ang sarili nila sa kaharian ng hayop at sa gayon ay umurong, samantalang ang kagawian ng lahat ng nabubuhay ay sumulong patungo sa kadakilaan. At gayumpaman, kung tatawagin mong hayop ang isa sa kanila, siya ay labis na masasaktan at magagalit.
9 What a difference between the world of man and the world of the animal! What a difference between the loftiness of man and the abasement of the animal, between the perfections of man and the ignorance of the animal, between the light of man and the darkness of the animal, between the glory of man and the degradation of the animal! An Arab child of ten years can subdue two or three hundred camels in the desert and lead them about with his mere voice. A feeble Indian can so subdue a mighty elephant as to compel it to move in	48.9 Napakalaki ang pagkakaiba ng daigdig ng tao sa daigdig ng hayop! Napakalaki ng pagkakaiba sa kataasan ng tao at ng kababaan ng hayop, sa mga kaganapan ng tao at sa kamangmangan ng hayop, sa liwanag ng tao at sa karimlan ng hayop, sa kaluwalhatian ng tao at sa kaabahan ng hayop! Masusupil ng batang Arab na sampung taong gulang ang dalawa o tatlong daang kamelya sa disyerto, at magigiyahan niya ang mga iyon sa pamamagitan lamang ng kaniyang tinig. Masusupil ng isang mahinang Indiano ang dambuhalang elepante

strict obedience. All things are subdued by the hand of man, who withstands nature itself.	na napipilitan itong kumilos sa mahigpit na pagsunod. Ang lahat ng bagay ay nasusupil ng kamay ng tao, na nalalabanan niya ang mismong kalikasan.
10 All other beings are captives of nature and cannot free themselves from its exigencies: Man alone can withstand nature. So nature attracts all bodies to the centre of the earth, but through mechanical means man moves away from it and soars in the air; nature prevents man from crossing the sea, but man builds ships and traverses the heart of the great ocean, and so forth—the subject is endless. For example, man traverses mountains and plains in vehicles and gathers in one place the news of the events of East and West. This is how man withstands nature. The sea in all its vastness cannot deviate one iota from the rule of nature; the sun in all its greatness cannot stray so much as a needle's point from the rule of nature, nor can it ever comprehend the states, conditions, properties, movements, and nature of man. What then is the power residing in man's puny form that encompasses all this? What conquering power is this that subdues all things?	48.10 Ang lahat ng ibang nilalang ay bihag ng kalikasan at hindi magawang palayain ang sarili mula sa mga pangangailangan nito: Ang tao lamang ang nakalalaban sa kalikasan. Sa gayon, hinihila ng kalikasan ang lahat ng bagay tungo sa gitna ng daigdig, subalit sa pamamagitan ng mga makinarya ang tao ay lumalayo rito at lumilipad sa langit; hinahadlangan ng kalikasan ang tao sa pagtawid sa dagat, subalit gumagawa ang tao ng mga barko at tinatawid ang kalagitnaan ng karagatan, at iba pa—walang katapusan ang listahan. Halimbawa, ang tinatawid ng tao ang mga kabundukan at mga kapatagan at tinitipon sa iisang lugar ang mga balita ng mga pangyayari ng Silangan at ng Kanluran. Ganito ang paraan kung paano nilalabanan ng tao ang kalikasan. Ang karagatan sa buong kalawakan nito ay hindi makalihis nang kahit katiting mula sa batas ng kalikasan; ang araw sa buong kalakihan nito ay hindi makalilihis nang kasinliit ng tulis ng karayom mula sa batas ng kalikasan, at kailanman ay hindi nito mauunawaan ang mga kalagayan, mga katayuan, mga katangian, mga kilos at kaugalian ng tao. Ano, kung gayon, ang kapangyarihang nasa napakahinang katawan ng tao na nakasasaklaw sa lahat ng ito? Ano itong naghaharing kapangyarihang nakasusupil ng lahat ng mga bagay?
11 One more point remains. Modern philosophers say: "Nowhere do we see a spirit in man, and, although we have investigated the inmost recesses of the human body, nowhere do we perceive a spiritual power. How then are we to imagine a power which is not sensible?" The divine philosophers reply: "The spirit of the animal is not sensible either and cannot be perceived through our material powers: How do you	48.11 May isa pang bagay ang nalalabi. Sinasabi ng kasalukuyang mga pilosopo na: "Kahit saanman ay wala kaming nakitang espiritu sa tao, at bagaman hinalughog na namin ang kaloob-loobang mga sulok ng katawan ng tao, wala kaming makitang kapangyarihang espiritwal. Kung gayon ay paano namin gugunitain ang isang kapangyarihang hindi nadarama?" Tumutugon ang mga pilosopo ng kabanalan:

infer its existence? There is no doubt that it is from its effects that you infer in the animal the existence of a power which is lacking in the plant, and that is the power of the senses—sight, hearing, and the other powers. It is from these that you infer that there is an animal spirit. Infer, likewise, from the aforementioned signs and arguments the existence of a human spirit. Thus, since there are signs in the animal that cannot be found in the plant, you say that this sensory power is one of the hallmarks of the animal spirit. You see likewise in man signs, powers, and perfections that do not exist in the animal: Infer then that there is a power in him of which the animal is bereft.”	“Ang espiritu ng hayop ay hindi rin nadarama at hindi rin mabatid sa pamamagitan ng ating materyal na mga kapangyarihan: Paano ninyo nahihinuha ang pag-iral niyon? Walang pag-aalinlangang mula sa mga epekto nito ay inyong nahihinuha ang pag-iral sa hayop ng isang kapangyarihang wala sa halaman, at iyon ay ang kapangyarihan ng mga pandama—paningin, pandinig at ang iba pang mga kapangyarihan. Mula rito ay nahihinuha ninyong may espiritu ng hayop. Mahihinuha rin, mula sa nabanggit na mga palatandaan at mga katwiran, ang pag-iral ng espiritu ng tao. Sa gayon, dahil matatagpuan sa hayop ang mga palatandaang wala sa halaman, inyong sinasabi na itong kapangyarihan ng pandama ay isa sa mga katangian ng espiritu ng hayop. Gayundin ay nakikita rin ninyo sa tao ang mga palatandaan, mga kapangyarihan, at mga kaganapan na wala sa hayop: Mahihinuha kung gayon na may kapangyarihan sa kaniya na wala sa hayop.”
12 If we were to deny all that is not accessible to the senses, then we would be forced to deny realities which undoubtedly exist. For example, the ether is not sensible, although its reality can be proven. The power of gravity is not sensible, although its existence is likewise undeniable. Whence do we affirm their existence? From their signs. For instance, this light consists in the vibrations of the ether, and from these vibrations we infer its existence.	48.12 Kung itatatwa natin ang lahat ng hindi maabot ng mga pandama, sa gayon ay mapipilitan tayong itatwa ang mga realidad na tiyak na umiiral. Halimbawa, ang *ether* o alangaang ay hindi nadarama, subalit ang realidad nito ay mapatutunayan. Ang kapangyarihan ng *gravity* o dagsin ay hindi nadarama, subalit tiyak na ito rin ay umiiral. Mula saan natin pinatutunayan ang pag-iral ng mga ito? Mula sa mga palatandaan nito. Halimbawa, ang liwanag na ito ay ang panginginig sa ether, at mula sa panginginig na ito ay nahihinuha natin ang pag-iral ng ether.
49	49
Evolution and the Existence of Man	Ebolusyon at ang Pag-iral ng Tao
1 Question: What do you say regarding the theory of the evolution of beings to which certain European philosophers subscribe?	49.1 Tanong: Ano ang iyong masasabi tungkol sa mga teorya ng

	ebolusyon ng mga nilalang na itinataguyod ng ilang pilosopong taga-Europa?
2 Answer: We discussed this matter the other day, but we will speak of it again. Briefly, this question comes down to the originality or non-originality of the species, that is, whether the essence of the human species was fixed from the very origin or whether it subsequently came from the animals.	49.2 Sagot: Tinalakay na natin ang paksang ito noong isang araw, subalit muli nating tatalakayin ngayon. Sa maikling salita, ang tanong na ito ay patungkol sa pagiging orihinal o hindi ng *species* o lahi, yaon ay, kung ang pinakadiwa ng lahi ng tao ay naitakda na mula sa pinakasimula o kung sa dakong huli ito ay nagbuhat mula sa mga hayop.
3 Certain European philosophers hold that species evolve and can even change and transform into other species. Among the proofs they advance for this claim is that, through careful geological research and investigation, it has become clear and evident to us that the existence of the plants preceded that of the animals, and that the existence of the animals preceded that of man. They hold, moreover, that both vegetable and animal kingdoms have undergone transformation; for in certain strata of the earth, plants have been discovered which existed in the past but which have since disappeared, meaning that they evolved, became hardier, and changed in form and appearance, and thus the species have changed. Likewise, in the strata of the earth there are certain animal species which have changed and altered. One of these is the snake, which has vestigial limbs, that is, signs indicating that it once had feet, which have disappeared over time and left behind only a remnant. In like manner, there is in man's vertebral column a vestige indicating that like other animals he once had a tail, of which, they assert, traces still remain. At one point that member was useful, but as man evolved, it lost its utility and hence it gradually disappeared. Likewise, as snakes came to live beneath the ground and became creeping animals, they were no longer in need of feet and so the latter disappeared, leaving behind a remnant. Their principal	49.3 Naniniwala ang ilang pilosopong taga-Europa na ang species ay dumadaan sa ebolusyon at maaari pang maging ibang species. Kabilang sa mga katibayang inihaharap nila sa panukalang ito ay, sa pamamagitan ng maingat na pag-aaral at pagsisiyasat ng heolohiya, naging malinaw at hayag sa atin na ang pagkabuhay ng halaman ay nauna roon sa mga hayop, at ang pagkabuhay ng mga hayop ay nauna sa mga tao. Higit pa rito ay naniniwala silang kapuwa ang mga kaharian ng halaman at ng hayop ay dumaan sa pagbabago; sapagkat sa ilang suson ng lupa ay may natuklasang mga halamang nabuhay noong nakaraan subalit ngayon ay nawala na ang mga iyon, na nangangahulugang ang mga ito ay nagkaroon ng ebolusyon, naging higit na matibay, at nagbago ang hugis at anyo, at sa gayon ang mismong species ay nabago na. Sa gayunding paraan, sa mga suson ng lupa may ilang species ng hayop na nagbago at nag-iba. Ang isa sa mga ito ay ang ahas, na nagtataglay ng bakas ng mga paa, yaon ay, mga palatandaan na dati-rati ang ahas ay may mga paa, na nawala na sa paglipas ng panahon at bakas na lamang ang natira. Sa gayunding paraan, sa gulugod ng tao ay may makikitang bakas, na tulad ng ibang mga hayop dati ay may buntot siya, na sang-ayon sa kanila ay natitira pa rin ang bakas nito. Sa isang panahon ang bahaging iyon ay may kapakinabangan, subalit sa pagdaan ng tao sa ebolusyon, nawalan na ito ng kapakinabangan at sa

proof is that these vestigial limbs are evidence of the existence of earlier limbs that have gradually disappeared for want of use, and that they no longer have any benefit or reason to exist. Thus, the fit and necessary limbs have remained, while the unnecessary ones have gradually disappeared as a result of the transformation of the species, but have left behind a remnant.	gayon ito ay unti-unting nawala. Sa gayunding paraan, yamang nagsimula nang manahan ang mga ahas sa ilalim ng lupa at naging mga hayop na gumagapang, hindi na nila kinailangan ang mga paa at sa gayon nawala na ang mga iyon, at bakas na lamang ang naiwan. Ang kanilang pangunahing katibayan ay itong mga bakas ng mga bahagi ng katawan ang siyang nagpapatibay sa pag-iral ng dating mga bahagi ng katawan na unti-unting nawala dahil hindi na ginagamit, at wala na itong kapakinabangan o dahilan pa upang patuloy na umiral. Sa gayon, ang mga bahagi ng katawan na angkop at kinakailangan ang nanatili samantalang ang mga bahaging iyon na hindi na kinakailangan ay unti-unting nawala bunga ng pagbabago ng species, bagaman nag-iwan ito ng bakas.
4 The first answer to this argument is that the antecedence of animals to man is not a proof that the essence of the human species was altered or transformed or that man came from the animal kingdom. For so long as it is acknowledged that these different beings have appeared in time, it is possible that man simply came into existence after the animal. Thus we observe in the vegetable kingdom that the fruits of different trees do not appear all at once; on the contrary, some appear earlier in the season and others later. This priority is not a proof that the later fruit of one tree was produced from the earlier fruit of another.	49.4 Ang unang tugon sa katwirang ito ay bagaman nauna ang pag-iral ng hayop bago ang tao ay hindi ito katibayan na ang pinakadiwa ng species ng tao ay nag-iba o nagbago o na nagmula ang tao sa kaharian ng hayop. Dahil kung tinatanggap naman na itong magkakaibang mga nilalang ay lumitaw sa sarili nitong panahon, posibleng huli lamang ang pagkabuhay ng tao kaysa sa pagkabuhay ng hayop. Sa gayon nakikita natin sa kaharian ng halaman na ang mga prutas ng iba't ibang puno ay hindi sabay-sabay lumilitaw; sa kabaliktaran, ang ilan ay nauuna ang panahon at ang mga iba ay nahuhuli ang panahon. Itong pagkauna ay hindi katibayan na ang nahuling prutas ng isang puno ay nagbuhat sa naunang prutas ng ibang puno.
5 Secondly, these minor traces and vestigial limbs might have some great underlying wisdom which the human mind has so far been unable to fathom. How many things are found in this world whose underlying wisdom to this day has not been grasped! Thus, it is said in physiology—the science of the relations of the body's organs—that the underlying wisdom and	49.5 Pangalawa, itong bahagyang mga tanda at mga bakas ng mga bahagi ng katawan ay maaaring nagtataglay ng mahalagang saligang katwiran na hindi pa naaarok ng kaisipan ng tao. Napakaraming bagay ang matatagpuan sa daigdig na ito na hindi pa naaarok ang saligang katwiran niyon hanggang sa kasalukuyang panahon! Sa gayon ay sinasabi sa pisyolohiya—ang

cause of the differences in the colouration of animals and of human hair, or of the redness of the lips, or of the variety of the colours of birds, are still unknown and remain hidden and concealed. But it has been discovered that the blackness of the pupil of the eye is due to its absorbing the rays of the sun, for if it were of another colour—say, uniformly white—it would not absorb these rays. Now, so long as the wisdom underlying the things that we have mentioned is unknown, one may well imagine that the reason and wisdom of the vestigial limbs, whether in the animal or in man, is also unknown. Such an underlying wisdom of course exists, even though it may not be known.	agham ng pagkakaugnay-ugnay ng mga bahagi ng katawan—na ang saligang katwiran at sanhi ng pagkakaiba-iba ng kulay ng mga hayop, at ng buhok ng mga tao, o ng kapulahan ng mga labi, at ng sari-saring kulay ng mga ibon, ay hindi pa nalalaman at nananatiling natatago at nalilihim. Subalit natuklasang ang pagiging itim ng balintataw ng mata ay upang mabalani nito ang mga sinag ng araw, dahil kung ito ay maging anupamang ibang kulay—halimbawa, ang lahat ay puti—hindi nito mababalani ang mga sinag. Ngayon, habang hindi pa nalalaman ang saligang katwiran ng mga bagay na nabanggit natin, maaari ding ipagpalagay na ang dahilan at katwiran ukol dito sa bakas ng mga bahagi ng katawan, maging sa hayop o sa tao man, ay hindi rin nalalaman. Tiyak na mayroong saligang katwiran, kahit na hindi natin alam.
6 Thirdly, even if we were to suppose that certain animals, or even man, once possessed limbs which have now disappeared, this would not be a sufficient proof of the transformation of the species. For man, from the conception of the embryo until the attainment of maturity, assumes different forms and appearances. His appearance, form, features, and colour change; that is, he passes from form to form and from appearance to appearance. Yet, from the formation of the embryo he belongs to the human species; that is, it is the embryo of a man and not of an animal. But at first this fact is not apparent; only later does it become plain and visible.	49.6 Pangatlo, kahit na ipagpalagay nating ang ilang hayop o kahit ang tao, ay nagtaglay sa isang panahon ng ilang bahagi ng katawan na ngayon ay nawala na, hindi ito sapat na katibayan na nag-iba ang lahi. Sapagkat ang tao, mula sa pagkabuo ng bilig nito hanggang sa pagsapit niya sa antas ng kaganapang-isip, ay dumadaan sa iba’t ibang hugis at anyo. Ang kaniyang hitsura, hugis, anyo at kulay ay nagbabago; ang ibig sabihin ay dumadaan siya sa iba’t ibang anyo, at sa iba’t ibang hitsura. Subalit, mula sa pagkabuo ng bilig bahagi na siya ng lahi ng tao; ang ibig sabihin, iyon ay bilig ng tao at hindi ng hayop. Subalit sa simula hindi ito hayag, ngunit sa dakong huli ito ay nagiging malinaw at hayag.
7 For example, let us suppose that man once bore a resemblance to the animal and that he has since evolved and transformed. Accepting this statement does not prove the transformation of species, but could instead be likened to the changes and transformations that the human embryo undergoes before reaching its full	49.7 Halimbawa, ipagpalagay natin na dati ang tao ay kahawig ng hayop, at mula noon ay dumaan siya sa ebolusyon at nagbago. Ang pagtanggap sa ganitong pahayag ay hindi nagpapatunay na nag-iba ang lahi, bagkus ay maihahalintulad ito sa dinaraanang mga pag-iiba at pagbabago ng bilig ng tao hanggang sa dumating ito sa

development and maturity, as was earlier mentioned. To be more explicit, let us suppose that man once walked on all fours or had a tail: This change and transformation is similar to that of the fetus in the womb of the mother. Even though the fetus develops and evolves in every possible way before it reaches its full development, from the beginning it belongs to a distinct species. The same holds true in the vegetable kingdom, where we observe that the original and distinctive character of the species does not change, while its form, colour, and mass do change, transform, and evolve.	ganap na pag-unlad at kaganapang-isip, tulad nang nabanggit na. Bilang karagadagang paglilinaw, ipagpalagay nating may isang panahon na lumalakad ang tao sa apat na paa o mayroong buntot: Ang ganitong pag-iibang anyo at pagbabago ay tulad roon sa nagaganap sa bilig sa sinapupunan ng ina. Bagaman ang bilig ay nag-iiba at nagbabago sa lahat ng posibleng paraan bago ito umaabot sa sukdulang kaganapan nito, mula sa simula ito ay bahagi ng iisang natatanging lahi. Totoo rin ito sa kaharian ng halaman, kung saan nakikita natin na ang orihinal at natatanging katangian ng lahi ay hindi nagbabago, samantalang ang anyo, kulay at sukat ay nagbabago at nag-iiba.
8 To summarize: Just as man progresses, evolves, and is transformed from one form and appearance to another in the womb of the mother, while remaining from the beginning a human embryo, so too has man remained a distinct essence—that is, the human species—from the beginning of his formation in the matrix of the world, and has passed gradually from form to form. It follows that this change of appearance, this evolution of organs, and this growth and development do not preclude the originality of the species. Now, even accepting the reality of evolution and progress, nevertheless, from the moment of his appearance man has possessed perfect composition, and has had the capacity and potential to acquire both material and spiritual perfections and to become the embodiment of the verse, “Let Us make man in Our image, after Our likeness.”131 At most, he has become more pleasing, more refined and graceful, and by virtue of civilization he has emerged from his wild state, just as the wild fruits become finer and sweeter under the cultivation of the gardener, and acquire ever greater delicacy and vitality.	49.8 Sa kabuuan: Tulad ng pagdaan ng tao sa sinapupunan ng ina sa iba’t ibang hugis at anyo habang ito ay umuunlad at nagbabago, samantalang nananatili pa ring tao mula sa simula ng pagiging bilig, sa gayunding paraan ang tao ay nananatiling namumukod—yaon ay, ang lahi ng tao—mula sa simula ng kaniyang pagkabuo sa sinapupunan ng daigdig, at unti-unting nagbabago mula sa isang anyo tungo sa ibang anyo. Samakatwid, itong pagbabago ng anyo, itong ebolusyon ng mga bahagi ng katawan, at itong pagtubo at pag-unlad ay hindi nagiging hadlang sa pagiging orihinal ng lahi. Ngayon, kahit pa tinatanggap ang katotohanan ng ebolusyon at pag-unlad, gayumpaman, mula sa sandali ng kaniyang paglitaw, ang tao ay nagtataglay na ng ganap na pagkabuo, at mayroon nang kakayahan at natatagong lakas upang matamo ang mga kaganapang materyal at espiritwal at upang maging kahayagan ng bersikulong, “Lalangin natin ang tao sa Ating larawan, ayon sa Ating wangis.”[131] Ang nangyari lamang ay naging higit na nakalulugod siya, higit na pino at mabini, at dahil sa kabihasnan ay lumabas na siya mula sa kaniyang barbarong kalagayan, tulad rin ng mga prutas sa ilang, na kapag inaalagaan na ng hardinero ay nagiging higit

	na mainam at matamis, at nagtataglay ng higit pang kapinuhan at sigla.
9 The gardeners of the world of humanity are the Prophets of God.	49.9 Ang mga hardinero ng daigdig ng sangkatauhan ay ang mga Propeta ng Diyos.
50	50
Spiritual Proofs of the Originality of Man	Espiritwal na mga Katibayan ng Pagiging Orihinal ng Tao
1 The arguments we have adduced thus far for the originality of the human species have been rational ones. Now we will provide spiritual arguments, which are indeed the fundamental ones. For we established the existence of God through rational arguments, and it was likewise established through rational arguments that man has been man from his very inception and origin, and that the essence of his species has existed from eternity. We will now present spiritual proofs that human existence—that is, the human species—is a necessary existence and that without man the perfections of Divinity would not shine forth. But these are spiritual and not rational arguments.	50.1 Ang mga katibayang iniharap na natin hinggil sa pagiging orihinal ng *species* o lahi ng tao ay mga katibayang sang-ayon sa katwiran. Ngayon ay ibibigay natin ang mga espiritwal na katibayan, na sa katunayan ay ang mga pinakamahalaga. Yamang pinatunayan natin ang pag-iral ng Diyos sa pamamagitan ng mga katibayang sang-ayon sa katwiran, at gayundin ay pinatunayan sa pamamagitan ng mga katibayang sang-ayon sa katwiran na ang tao ay tao na mula pa sa simula't sapul, at ang pinakadiwa ng kaniyang species ay umiral na mula pa sa kawalang-hanggan. Ngayon ay ihaharap natin ang mga katibayang espiritwal na ang pag-iral ng tao—yaon ay, ang species ng tao—ay isang kinakailangang pag-iral, at kung wala ang tao ang mga kaganapan ng Diyos ay hindi makasisinag. Subalit ang mga ito ay mga katibayang espiritwal at hindi mga katibayang sang-ayon sa katwiran.
2 We have established time and again through proofs and arguments that man is the noblest of all beings and the sum of all perfections. Indeed, all existing things are the seat of the revelation of the divine splendours; that is, the signs of the divinity of God are manifest in the realities of all things. Just as the earth is the place where the rays of the sun are reflected—meaning that the light, heat, and influence of the sun are plain and manifest in all the atoms of the earth—so too does each one of the atoms of the universe in this infinite space proclaim one of the	50.2 Muli't muli nating pinatunayan sa pamamagitan ng mga katibayan at mga katwiran na ang tao ang pinakamaringal sa lahat ng mga nilikha at ang kabuuan ng lahat ng mga kaganapan. Sa katunayan, ang lahat ng umiiral na bagay ay mga luklukan ng kapahayagan ng mga karingalang banal; yaon ay, ang mga palatandaan ng kabanalan ng Diyos ay nagiging hayag sa mga realidad ng lahat ng bagay. Tulad rin ng daigdig na siyang lugar kung saan nasasalamin ang mga sinag ng araw—ang ibig sabihin ay ang liwanag, init,

perfections of God. Nothing is deprived of this: Each is either a sign of the mercy of God, or of His power, or His greatness, or His justice, or His sustaining providence, or His generosity, or His sight, or His hearing, or His knowledge, or His grace, and so on.	at bisa ng araw ay maliwanag at hayag sa lahat ng atomo ng daigdig—sa gayunding paraan ang bawat isang atomo ng sanlibutan sa walang-hanggang kalawakang ito ay nagpapahayag ng isa sa mga kaganapan ng Diyos. Walang anumang bagay ang pinagkaitan nito: Ang bawat isa ay maaaring palatandaan ng habag ng Diyos, o ng Kaniyang kapangyarihan, o ng Kaniyang kadakilaan, o ng Kaniyang katarungan, o ng Kaniyang mapagkandiling kalinga, o ng Kaniyang pagkabukas-palad, o ng Kaniyang paningin, o ng Kaniyang pandinig, o ng Kaniyang kaalaman, o ng Kaniyang pagpapala, at iba pa.
3 Our meaning is that every existing thing is of necessity the seat of the revelation of the divine splendours; that is, the perfections of God are manifested and revealed therein. It is even as the sun which shines upon the desert, the sea, the trees, the fruits, the blossoms—upon all earthly things. Now, the world of existence, indeed every created thing, proclaims but one of the names of God, but the reality of man is an all-encompassing and universal reality which is the seat of the revelation of all the divine perfections. That is, a sign of each one of the names, attributes, and perfections that we ascribe to God exists in man. If such were not the case, he would be unable to imagine and comprehend these perfections. For example, we say that God is all-seeing. The eye is the sign of His sight: If this faculty were lacking in man, how could we imagine the sight of God? For one born blind cannot imagine what it is to see, any more than one born deaf can imagine what it is to hear, or the lifeless what it is to be alive.	50.3 Ang aming ibig sabihin ay hindi maiiwasang ang bawat bagay na nilalang ay kailangang maging luklukan ng kapahayagan ng banal na mga karingalan; yaon ay, ang mga kaganapan ng Diyos ay naihahayag at naibubunyag doon. Tulad rin ito ng pagsinag ng araw sa disyerto, sa dagat, sa mga puno, sa mga prutas at mga bulaklak—sa lahat ng makalupang bagay. Ngayon, ang daigdig, sa katunayan ang bawat nilikhang bagay, ay nagpapahayag ng isa lamang sa mga pangalan ng Diyos, subalit ang realidad ng tao ay isang realidad na nakasasaklaw sa lahat at pangkalahatan na iyon ay ang luklukan ng lahat ng mga kaganapan ng Diyos. Yaon ay, umiiral sa tao ang palatandaan ng bawat isa sa mga pangalan, mga katangian, at mga kaganapang sinasabi nating tinataglay ng Diyos. Kung hindi ganoon, hindi niya magugunita at mauunawaan ang mga kaganapang ito. Halimbawa, sinasabi nating nakikita ng lahat ang Diyos. Ang mata ang tanda ng Kaniyang paningin: Kung ang kakayahang ito ay wala sa tao, paano natin magugunita ang paningin ng Diyos? Dahil hindi magunita ng taong ipinanganak na bulag kung paano ba ang makakita, at gayundin ay hindi magunita ng taong ipinanganak na bingi kung paano ba

	ang makarinig, o ng walang buhay kung paano ba ang mabuhay.
4 Thus, the divinity of God, which is the totality of all perfections, reveals itself in the reality of man—that is, the divine Essence is the sum total of all perfections, and from this station it casts a ray of its splendour upon the human reality. In other words, the Sun of Truth is reflected in this mirror. Thus man is a perfect mirror facing the Sun of Truth and is the seat of its reflection. The splendour of all the divine perfections is manifest in the reality of man, and it is for this reason that he is the vicegerent and apostle of God. If man did not exist, the universe would be without result, for the purpose of existence is the revelation of the divine perfections. We cannot say, then, that there was a time when man was not. At most we can say that there was a time when this earth did not exist, and that at the beginning man was not present upon it.	50.4 Samakatwid, ang pagiging-Diyos ng Diyos, na iyon ay ang kabuuan ng lahat ng mga kaganapan, ay naihahayag ang sarili nito sa realidad ng tao—yaon ay, ang banal na Diwa ay ang kabuuan ng lahat ng mga kaganapan, at mula sa kalagayang ito ay sumisikat ang isang sinag ng karingalan nito sa realidad ng tao. Sa ibang mga salita, ang Araw ng Katotohanan ay naaaninag sa salaming ito. Sa gayon ang tao ay isang ganap na salaming nakaharap sa Araw ng Katotohanan at ito ay ang luklukan ng aninag nito. Ang karingalan ng lahat ng mga banal na kaganapan ay nahahayag sa realidad ng tao, at sa kadahilanang ito siya ang kinatawan at apostol ng Diyos. Kung ang tao ay hindi umiiral, ang sanlibutan ay hindi magkakaroon ng katuturan, sapagkat ang katuturan ng buhay ay ang paghahayag sa mga banal na kaganapan. Samakatwid, ay hindi natin maaaring sabihin na nagkaroon ng panahon na hindi umiiral ang tao. Ang masasabi lamang natin ay may panahon na hindi pa umiiral ang daigdig na ito, at sa simula ay walang tao rito.
5 But from the beginning that has no beginning to the end that has no end, a perfect Manifestation has always existed. This Man of Whom we speak here is not just any man: That which we intend is the Perfect Man. For the noblest part of the tree, and the fundamental purpose of its existence, is the fruit. A tree without fruit is of no use. Therefore, it cannot be imagined that the world of existence, whether in the realms above or below, was once populated by cows and donkeys, cats, and mice, and yet was deprived of the presence of man. What a false and vacuous notion!	50.5 Subalit mula sa simula na walang simula, hanggang sa wakas na walang wakas, ang ganap na Kahayagan ay laging umiiral. Ang Taong tinutukoy natin dito ay hindi ang kahit sinumang tao lamang: Yaong tinutukoy natin ay ang Ganap na Tao. Sapagkat ang pinakamaringal na bahagi ng puno, at ang mismong dahilan ng pagkabuhay nito ay ang bunga. Ang punong walang bunga ay walang katuturan. Samakatwid, hindi magugunita na ang umiiral na daigdig, maging sa mga kaharian sa itaas o sa ibaba, magkaminsan ay napupuno ng mga baka at mga buriko, mga pusa at daga, at gayumpaman ay pinagkaitan

	ng pag-iral ng tao. Napakamali at walang katuturang sapantaha!
6 The word of God is as clear as the sun. This is a spiritual argument, but it cannot be presented to the material philosophers at the outset. Rather, we must first present the rational arguments and only afterwards the spiritual ones.	50.6 Ang salita ng Diyos ay kasinliwanag ng araw. Ito ay isang espiritwal na katibayan, subalit sa simula hindi ito maaaring iharap sa mga pilosopong materyalista. Sa halip, una muna nating iharap ang mga katibayang sang-ayon sa katwiran, at pagkatapos lamang niyon ang mga espiritwal.
51	51
The Appearance of the Spirit and the Mind in Man	Ang Paglitaw ng Espiritu at ng Isipan sa Tao
1 Question: Did the mind and the spirit appear in the human species from the very beginning? Or were they manifested as humanity gradually developed, or only after its development had been perfected?	51.1 Tanong: Ang isip at espiritu ay lumitaw na ba sa lahi ng tao sa mismong simula ng pagtubo at pag-unlad nito sa daigdig, o ito ba ay isang unti-unting proseso? At kung iyon ay ang pangalawang nabanggit, ito ba ay naganap sa loob ng maikling panahon o sa mahabang panahon?
2 Answer: The beginning of the formation of man on the terrestrial globe is like the formation of the human embryo in the womb of the mother. The embryo gradually grows and develops until it is born, and thereafter it continues to grow and develop until it reaches the stage of maturity. Although in infancy the signs of the mind and the spirit are already present in man, they do not appear in a state of perfection, and remain incomplete. But when man attains maturity, the mind and the spirit manifest themselves in the utmost perfection.	51.2 Sagot: Ang simula ng pagkabuo ng tao sa makalupang globo ay kahalintulad ng pagkabuo ng bilig ng tao sa sinapupunan ng ina. Ang bilig ay unti-unting tumutubo at umuunlad hanggang sa ipanganak ito, at pagkatapos ay patuloy itong tumutubo at umuunlad hanggang sa makaabot ito sa yugto ng hustong gulang. Bagaman sa kamusmusan ang mga palatandaan ng isip at espiritu ay naroon na sa tao, hindi pa ito lumilitaw sa yugto ng kaganapan nito, at nagkukulang pa. Subalit, sa paghantong ng tao sa yugto ng hustong gulang, ang isip at espiritu ay nahahayag sa sukdulang kaganapan nito.
3 Likewise, at the beginning of his formation in the matrix of the world, man was like an embryo. He then gradually progressed by degrees, and grew and developed until he reached the stage of maturity, when the mind and the spirit	51.3 Gayundin, sa simula ng kaniyang pagkabuo sa sinapupunan ng daigdig, ang tao ay katulad ng bilig. Unti-unti siyang sumulong sa bawat antas, at lumaki at umunlad hanggang sa umabot siya sa antas ng kaganapan, kung kailan ang isip at

manifested themselves in the utmost perfection. From the beginning of his formation, the mind and the spirit existed, but they were hidden and appeared only later. In the world of the womb, too, the mind and the spirit exist in the embryo but are concealed and appear only afterwards. It is even as the seed: The tree exists within it but is hidden and concealed; when the seed grows and develops, the tree appears in its fullness. In like manner, the growth and development of all beings proceeds by gradual degrees. This is the universal and divinely ordained law and the natural order. The seed does not suddenly become the tree; the embryo does not at once become the man; the mineral substance does not in a moment become the stone: No, all these grow and develop gradually until they attain the limit of perfection.	kaalaman ay naging hayag na sa sukdulang kaganapan. Mula sa simula ng kaniyang pagkabuo, ang isip at espiritu ay naroroon na rin, subalit ang mga ito ay natatago pa at sa dakong huli pa lamang ito naging hayag. Sa daigdig din ng sinapupunan, ang isip at espiritu ay naroroon na rin sa bilig, subalit ang mga ito ay natatago pa at nagiging hayag lamang sa dakong huli. Tulad rin ng binhi: Ang puno ay naroroon na sa loob nito subalit ito ay natatago at nalilihim pa; sa pagtubo at paglaki lamang ng binhi, doon pa lamang lumilitaw ang puno sa buong kaganapan nito. Sa gayunding paraan, ang paglaki at pag-unlad ng lahat ng nilalang ay nagaganap sa unti-unting mga antas. Ito ang pangkalahatan at itinalagang batas ng Maykapal at siyang pamamaraan ng kalikasan. Ang binhi ay hindi biglang nagiging puno; ang bilig ay hindi agad nagiging tao; ang sangkap na mineral ay hindi agad nagiging bato. Hindi, ang lahat ng mga ito ay unti-unting lumalaki at umuunlad hanggang sa umabot sila sa hangganan ng kaganapan.
4 All beings, whether universal or particular, were created perfect and complete from the beginning. The most one can say is that their perfections only become apparent gradually. The law of God is one; the evolution of existence is one; the divine order is one. All beings great and small are subject to one law and one order. Every seed has, from the beginning, all the perfections of the plant. For example, all the vegetable perfections existed in this seed at the outset but were invisible and appeared only gradually. So it is the shoot which first appears from the seed, then the branches, leaves, and blossoms, and finally the fruit. But from the beginning of its formation, all of these existed potentially, albeit invisibly, in the seed. Likewise, from the beginning the embryo possesses all perfections, such as the spirit, the mind, sight, smell, and taste—in a	51.4 Ang lahat ng nilalang, maging sa pangkalahatan o nang natatangi man, ay nilikhang ganap at walang kakulangan mula sa simula. Ang tanging masasabi lamang natin ay unti-unti lamang nahahayag ang mga kaganapan nito. Ang batas ng Diyos ay iisa, ang ebolusyon ng buhay ay iisa, ang banal na kaayusan ay iisa. Ang lahat ng bagay maging maliit man o malaki ay sumasailalim sa iisang batas at iisang kaayusan. Taglay ng bawat binhi mula pa sa simula ang lahat ng mga kaganapan ng halaman. Halimbawa, ang lahat ng mga kaganapan ng halaman ay taglay na ng binhing ito mula pa sa simula subalit hindi pa nakikita at unti-unti lamang naging hayag. Sa gayon unang lumilitaw sa binhi ang siit, pagkatapos ang mga sanga, mga dahon, at mga bulaklak, at sa wakas ay ang bunga. Subalit mula sa simula ng pagkabuo nito, ang lahat ng mga ito ay taglay

word, all the powers—but they are invisible and become apparent only gradually.	na ng binhi, bagaman hindi pa nakikita. Sa gayunding paraan, mula pa sa simula ay taglay na ng bilig ang lahat ng mga kaganapan, tulad ng espiritu, isip, paningin, pang-amoy, panlasa—sa isang salita, ang lahat ng mga kapangyarihan—subalit ang mga ito ay hindi pa nakikita at unti-unti lamang itong naging hayag.
5 Similarly, the terrestrial globe was created, from the beginning, with all its elements, substances, minerals, parts, and components, but these appeared only gradually: first the minerals, then the plants, then the animals, and finally man. But from the beginning, these kinds and species were latent in the earthly realm and appeared gradually thereafter. For the supreme law of God and the universal natural order encompasses all things and subjects them to its rule. When you consider this universal order, you see that not a single thing reaches the limit of perfection immediately upon coming into existence, but grows and develops gradually until it reaches that stage.	51.5 Sa gayunding paraan, ang makalupang globo, mula pa sa simula, ay nilikhang taglay ang lahat ng mga elemento, mga sangkap, mga mineral, mga bahagi, at mga bumubuo nito, subalit unti-unti lamang lumitaw ang mga ito: ang una ay ang mga mineral, kasunod ay ang mga halaman, kasunod ay ang mga hayop, at sa wakas ay ang tao. Subalit mula pa sa simula, itong mga uri at mga lahi ay natatago na sa makalupang kaharian at unti-unti lamang naging hayag doon. Sapagkat ang pinakamataas na batas ng Diyos, at ang pangkalahatang kaayusan ng kalikasan ay sumasaklaw sa lahat ng mga bagay, at pinasusunod ang lahat sa batas nito. Kapag iyong iisipin itong pangkalahatang kaayusan, iyong makikita na wala ni isang bagay ang humahantong sa sukdulang antas ng kaganapan nito sa mismong saglit ng pag-iral, bagkus ay unti-unting tumutubo at umuunlad hanggang sa umabot sa antas na iyon.
52	52
The Appearance of the Spirit in the Body	Ang Paglitaw ng Espiritu sa Katawan
1 Question: What is the wisdom of the appearance of the spirit in the body?	52.1 Tanong: Ano ang wastong kadahilanan ng paglitaw ng espiritu sa katawan?
2 Answer: The wisdom of the appearance of the spirit in the body is this: The human spirit is a divine trust which must traverse every degree, for traversing and passing through the degrees of existence is the means of its acquiring perfections. So, for example, when a man travels in an orderly	52.2 Sagot: Ang wastong kadahilanan ng paglitaw ng espiritu sa katawan ay ito: Ang espiritu ng tao ay isang ipinagkatiwalang banal na kinakailangang bumagtas sa lahat ng mga antas, sapagkat ang pagdaan at pagtawid nito sa mga antas ng pag-iral ay ang paraan ng pagtatamo nito ng

and methodical manner through many different countries and regions, this will most certainly be the means of acquiring perfections, for he will see at first hand various sites, scenes, and regions; learn about the affairs and circumstances of other nations; become familiar with the geography of other lands; acquaint himself with their arts and wonders; become informed of the customs, conduct, and character of their inhabitants; witness the civilization and the advancements of the time; and be apprised of the manner of government, the capacity, and the receptivity of each country. In the same way, when the human spirit traverses the degrees of existence and attains each degree and station—even that of the body—it will assuredly acquire perfections.	mga kaganapan. Sa gayon, halimbawa, kapag ang isang tao ay maglalakbay nang masistema at mapamaraan sa iba't ibang mga bansa at mga rehiyon, tiyak na ito ay magiging paraan ng pagtatamo niya ng mga kaganapan, dahil makikita niya mismo ang iba't ibang mga lugar, mga tanawin, at mga rehiyon; malalaman niya ang mga gawain at mga kalagayan ng ibang mga sambayanan; mabibihasa siya sa heograpiya ng ibang mga bansa; mababatid niya ang kanilang mga sining at mga kamanghaan; malalaman niya ang mga kinagawian, mga kaugalian, at katangian ng mga nananahan doon; masasaksihan niya ang kabihasnan at mga pagsulong ng panahon; at matututunan niya ang uri ng pamahalaan, ang kakayahan, at ang kahandaang tumanggap ng bawat bansa. Sa gayunding paraan, kapag binabagtas ng espiritu ng tao ang mga antas ng pag-iral at natatamo ang bawat antas at kalagayan—kahit ng sa katawan—tiyak na makakamtan nito ang mga kaganapan.
3 Moreover, it is necessary that the signs of the perfections of the spirit appear in this world, that the realm of creation may bring forth endless fruits, and that this body of the contingent world may receive life and manifest the divine bounties. So, for example, the rays of the sun must shine upon the earth and its heat must nurture all earthly beings; if the rays and heat of the sun were not to reach the earth, it would remain idle and desolate and its development would be arrested. Likewise, were the perfections of the spirit not to appear in this world, it would become dark and wholly animalistic. It is through the appearance of the spirit in the material body that this world is illumined. Just as the spirit of man is the cause of the life of his body, so is the whole world even as a body and man as its spirit. If man did not exist, if the perfections of the spirit were not manifested and the light of the	52.3 Higit pa rito, kinakailangang maging hayag sa daigdig na ito ang mga palatandaan ng kaganapan ng espiritu, nang sa ganoon ang kaharian ng sangnilikha ay maglabas ng walang-hanggang mga bunga, at itong katawan ng walang-katiyakang daigdig ay makatanggap ng buhay at maihayag ang mga banal na biyaya. Kung gayon, halimbawa, kailangang sumikat sa daigdig ang mga sinag ng araw at kailangang arugain ng init nito ang lahat ng makalupang nilalang; kung ang mga sinag at ang init ng araw ay hindi makaabot sa daigdig, ito ay mananatiling walang bunga at tigang at ang pag-unlad nito ay mahihinto. Sa gayunding paraan, kung hindi magiging hayag sa daigdig na ito ang mga kaganapan ng espiritu, ito ay magiging mapanglaw at lubos na malahayop. Sa pamamagitan ng pagiging hayag ng espiritu sa materyal na katawan, ang daigdig na ito ay natatanglawan. Tulad rin ng espiritu ng tao na siyang sanhi ng

mind were not shining in this world, it would be like a body without a spirit.	pagkabuhay ng kaniyang katawan, gayundin ang buong daigdig ay katulad ng katawan, at ang tao ay ang espiritu nito. Kung hindi nagkaroon ng tao, kung ang mga kaganapan ng espiritu ay hindi naging hayag at ang liwanag ng isipan ay hindi sumisikat sa daigdig na ito, iyon ay magiging katulad ng katawang walang espiritu.
4 By another token, this world is even as a tree and man as the fruit; without the fruit the tree would be of no use.	52.4 Sa isa pang palatandaan, ang daigdig na ito ay katulad ng isang puno, at ang tao ay katulad ng bunga; kapag ang puno ay walang bunga wala itong kapakinabangan.
5 Beyond this, the members, constituent parts, and composition that are found within man attract and act as a magnet for the spirit: The spirit is bound to appear in it. Thus, when a mirror is polished, it is bound to attract the rays of the sun, to be illumined, and to reflect splendid images. That is, when these physical elements are gathered and combined together, according to the natural order and with the utmost perfection, they become a magnet for the spirit, and the spirit will manifest itself therein with all its perfections.	52.5 Higit pa rito, ang mga bahagi, ang mga sangkap na bumubuo, at ang pagkakabuong matatagpuan sa loob ng tao ay umaakit at nagsisilbing batubalani sa espiritu: Tiyak na lilitaw rito ang espiritu. Sa gayon, kapag ang isang salamin ay pinakikintab, tiyak na aakitin nito ang mga sinag ng araw, upang ito ay matanglawan, at upang magsalamin ng kahanga-hangang mga larawan. Yaon ay, kapag pinagtipon-tipon at pinagsama-sama itong pisikal na mga elemento, sang-ayon sa kaayusan ng kalikasan at sa sukdulang kaganapan, ang mga ito ay nagiging batubalani sa espiritu, at magiging hayag doon ang espiritu na taglay ang lahat ng mga kaganapan nito.
6 From this perspective one does not ask, “Why is it necessary for the rays of the sun to fall upon the mirror?”; for the relationships that bind together the realities of all things, whether spiritual or material, require that when the mirror is polished and turned towards the sun it should manifest the rays thereof. In like manner, when the elements are composed and combined according to the noblest order, arrangement, and manner, the human spirit will appear and manifest itself therein. Such is the decree of the All-Glorious, the All-Wise.	52.6 Mula sa ganitong pananaw ay hindi itinatanong ang, “Bakit kinakailangang sumikat ang mga sinag ng araw sa salamin?”; dahil hinihingi ng mga ugnayang nagbibigkis sa mga realidad ng lahat ng mga bagay, maging espiritwal man o materyal, na kapag ang salamin ay makintab at nakaharap sa araw kailangang maihayag dito ang mga sinag nito. Sa gayunding paraan, kapag ang mga elemento ay binuo at pinagsama-sama sang-ayon sa pinakamarangal na kaayusan, pagsasaayos, at pamamaraan, ang espiritu ng tao ay lilitaw at mahahayag doon. Ganito ang iniutos ng Ganap na Maluwalhati, ang Ganap na Marunong.

53	53
The Connection between God and His Creation	Ang Ugnayan sa Pagitan ng Diyos at ng Kaniyang Nilalang
1 Question: What is the nature of the connection between God and His creation, between the Absolute and Inaccessible One and all other beings?	53.1 Tanong: Ano ang uri ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng Kaniyang nilalang, sa pagitan Niya na Ganap at Di-maabot at ng lahat ng ibang mga umiiral?
2 Answer: The connection between God and His creation is that of the originator and the originated, of the sun and the dark bodies of the universe, of the craftsman and his handiwork. Not only is the sun sanctified in its very essence above all the bodies that receive its illumination, but its light is also, in its essence, sanctified from and independent of the earth. So, though the earth is nurtured by the sun and is the recipient of its light, the sun and its rays are nonetheless sanctified above it. But were it not for the sun, the earth and all terrestrial life could not exist.	53.2 Sagot: Ang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng Kaniyang mga nilalang ay yaong pinagmulan at ng nagmula, ng araw at ng madilim na mga katawan ng sanlibutan, ng manggagawa ng likhang-kamay at ng kaniyang nilikha. Ang araw ay hindi lamang malaya, sa mismong diwa nito, mula sa lahat ng mga katawang tumatanggap ng liwanag nito, bagkus ang liwanag nito, sa mismong diwa nito, ay malaya rin at hindi nakaasa sa daigdig. Kung gayon, bagaman ang daigdig ay inaaruga ng araw at tumatanggap ng liwanag nito, gayumpaman ang araw at ang mga sinag nito ay malaya rito. Subalit kung hindi dahil sa araw, ang daigdig at ang lahat ng nabubuhay sa lupa ay hindi maaaring mabuhay.
3 The procession of creation from God is a procession through emanation. That is, creation emanates from God; it does not manifest Him. The connection is that of emanation and not of manifestation. The light of the sun emanates from the sun; it does not manifest it. Appearance through emanation132 is like the appearance of the rays from the sun: The sanctified Essence of the Sun of Truth cannot be divided or descend into the condition of the creation. In the same way, the sun does not divide itself or descend upon the earth, but its rays—the outpourings of its grace—emanate from it and illumine the dark bodies.	53.3 Ang pagbuhat ng sangnilikha mula sa Diyos ay isang pagbuhat sa pamamagitan ng pagmumula. Yaon ay, ang sangnilikha ay nagmumula sa Diyos; hindi nito inihahayag Siya. Ang ugnayan ay yaon ng pagmumula at hindi ng paghahayag. Ang liwanag ng araw ay nagmumula sa araw; hindi nito inihahayag ito. Ang paglitaw sa pamamagitan ng pagmumula[132] ay katulad ng paglitaw ng mga sinag mula sa araw: Ang sagradong Diwa ng Araw ng Katotohanan ay hindi nahahati o hindi bumababa sa kalagayan ng sangnilikha. Sa gayunding paraan, hindi rin hinahati ng araw ang sarili nito o hindi bumababa sa lupa, bagkus ang mga sinag nito—ang mga pagbuhos ng biyaya nito—ay nagmumula rito at tinatanglawan ang madilim na mga katawan.

4 But appearance through manifestation is like the manifestation of the branches, leaves, blossoms, and fruit from the seed; for the seed itself becomes the branches and fruit, and its reality descends into them. This manifestational appearance would be sheer imperfection and utterly impossible for the Most High, for this would require unconditioned pre-existence to take on the attributes of the originated, absolute independence to become abject poverty, and the essence of existence to become pure non-existence; and this is in no wise possible.	53.4 Subalit ang paglitaw sa pamamagitan ng paghahayag ay kahalintulad ng paghahayag ng mga sanga, mga dahon, mga bulaklak at bunga mula sa binhi; dahil ang binhi mismo ang nagiging mga sanga at bunga, at ang realidad nito ay bumababa sa mga ito. Ang ganitong paglitaw sa pamamagitan ng paghahayag ay lubos na kawalan ng kaganapan at lubos na imposible sa Pinakamataas dahil kakailanganin nito ang pag-iral na walang pinagsasaligan mula pa noong wala pang umiiral ay magtaglay ng mga katangian ng may-pinagmulan, na ang ganap na kasarinlan ay maging hamak na karukhaan, at ang pinakadiwa ng buhay ay maging lubos na kawalan ng buhay; at ito ay hindi posible sa anumang paraan.
5 It follows that all things have emanated from God; that is, it is through God that all things have been realized, and through Him that the contingent world has come to exist. The first thing to emanate from God is that universal reality which the ancient philosophers termed the “First Intellect” and which the people of Bahá call the “Primal Will”. This emanation, with respect to its action in the world of God, is not limited by either time or place and has neither beginning nor end, for in relation to God the beginning and the end are one and the same. The pre-existence of God is both essential and temporal, while the origination of the contingent world is essential but not temporal, as we have already explained another day at table.133	53.5 Samakatwid, ang lahat ng bagay ay nagmula sa Diyos; yaon ay, sa pamamagitan ng Diyos ang lahat ng bagay ay nagkaroon ng kaganapan, at sa pamamagitan Niya ang walang-katiyakang daigdig ay umiral. Ang unang bagay na nagmula sa Diyos ay ang pangkalahatang realidad, na tinagurian ng sinaunang mga pilosopo bilang “Unang Kaisipan” at kung alin ay tinatawag ng mga tao ni Bahá na “Unang Kalooban”. Ang pagmumula na ito, kaugnay ng epekto nito sa kaharian ng Diyos, ay hindi nahahangganan ng oras o ng lugar at wala itong simula ni wakas, sapagkat kaugnay ng Diyos iisa lamang ang simula at ang wakas. Ang pag-iral ng Diyos bago pa magkaroon ng pag-iral ay kapuwa kaugnay ng diwa at kaugnay ng oras, samantalang ang simula ng walang-katiyakang daigdig ay kaugnay ng diwa subalit hindi ng oras, tulad ng ipinaliwanag na natin noong isang araw sa hapag-kainan.[133]
6 Though the First Intellect is without beginning, this does not mean that it shares in the pre-existence of God, for in relation to the existence of God the existence of that universal Reality is mere nothingness—it cannot even be said to exist,	53.6 Bagaman ang “Unang Isip” ay walang simula, hindi ito nangangahulugang nakikibahagi ito sa pag-iral ng Diyos bago pa magkaroon ng pag-iral, dahil kapag kaugnay ng pag-iral ng Diyos ang pag-iral ng pangkalahatang Realidad na iyon ay kawalan

let alone to partake of the pre-existence of God. An explanation of this matter was provided on a previous occasion.	lamang—ni hindi pa masasabing may pag-iral ito, lalo nang hindi ito nakikibahagi sa pag-iral ng Diyos bago pa magkaroon ng pag-iral. Ang isang paliwanag sa paksang ito ay naibigay na noong nakaraang pagkakataon.
7 As for created things, their life consists in composition, and their death in decomposition. But matter and the universal elements cannot be entirely destroyed and annihilated. No, their annihilation is merely transformation. For instance, when man dies, his body becomes dust, but it does not become absolute non-existence: It retains a mineral existence, but a transformation has taken place, and that composition has been subjected to decomposition. It is the same with the annihilation of all other beings; for existence does not become absolute non-existence, and absolute non-existence does not acquire existence.	53.7 Kaugnay naman ng mga nilikhang bagay, ang buhay ng mga ito ay nasa kanilang pagkakabuo, at ang kanilang kamatayan ay nasa pagkakagunaw. Subalit ang *matter* at ang mga pangkalahatang elemento ay hindi lubusang nawawala at naglalaho. Hindi, ang kanilang kawalan ay pagbabago lamang ng anyo. Halimbawa, kapag ang tao ay namamatay, ang katawan niya ay bumabalik sa alabok, subalit hindi ito lubusang nawawala: Ito ay mayroon pa ring pag-iral bilang mineral, subalit nagkaroon ng pagbabagong-anyo, at yaong pagkabuo ay dumaan sa pagkagunaw. Ganoon din ang nagaganap sa pagkamatay ng lahat ng ibang mga nilalang, dahil ang pagkabuhay ay hindi nagiging lubos na kawalan ng buhay, at ang lubos na kawalan ng pag-iral ay hindi nagtatamo ng pag-iral.
54	54
The Procession of the Human Spirit from God	Ang Pagbubuhat ng Espiritu ng Tao mula sa Diyos
1 Question: In what manner does the human spirit proceed from God, since in the Torah it is said that God breathed the spirit into the body of man?134	54.1 Tanong: Sa anong paraan nagbubuhat ang espiritu ng tao mula sa Diyos, yamang sa Torah ay nakasaad na inihinga ng Diyos ang espiritu sa katawan ng tao?[134]
2 Answer: Know that procession is of two kinds: procession and appearance through emanation, and procession and appearance through manifestation. Emanational procession is like the procession of the handiwork from its author. For example, the writing proceeds from the writer. Now, just as the writing emanates from the writer and the discourse from the	54.2 Sagot: Alamin na ang pagbubuhat ay may dalawang uri: ang pagbubuhat at paglitaw sa pamamagitan ng pagmumula, at ang pagbubuhat at paglitaw sa pamamagitan ng paghahayag. Ang pagbubuhat sa pamamagitan ng pagmumula ay tulad ng paglabas ng likhang-kamay sa maylikha nito. Halimbawa, ang kasulatan ay nagbubuhat sa manunulat. Ngayon, tulad ng

speaker, so does the human spirit emanate from God. But it does not manifest Him; that is, no part has been separated from the divine Reality to enter into the body of man. No, the human spirit has emanated, just as speech emanates from the speaker, and become manifested in the body of man.	pagmumula ng kasulatan sa manunulat, at ng talumpati sa nagsasalita, sa gayunding paraan ang espiritu ng tao ay nagmumula sa Diyos. Subalit hindi nito inihahayag ang Diyos; yaon ay, walang bahagi ang humiwalay sa Realidad ng Diyos upang pumasok sa katawan ng tao. Hindi, ang espiritu ng tao ay nagmumula, tulad ng pagmumula ng talumpati sa nagsasalita, at naihahayag sa katawan ng tao.
3 As for manifestational procession, it is the manifestation of the reality of a thing in other forms, like the procession of this tree or this flower from their seeds, for it is the seed itself that has become manifested in the form of the branches, leaves, and flowers. This is called manifestational procession.	54.3 Kaugnay ng pagkabuhat sa pamamagitan ng paghahayag, ito ay ang kahayagan ng realidad ng isang bagay sa ibang mga anyo, tulad ng pagbuhat ng puno o ng bulaklak na ito mula sa kanilang mga binhi, dahil ang mismong binhi ang nahahayag sa anyo ng mga sanga, mga dahon, at mga bulaklak. Ito ang tinatawag na pagbubuhat sa pamamagitan ng paghahayag.
4 The spirits of men proceed from God by emanation, in the same way as the discourse proceeds from the speaker and the writing from the writer; that is, the speaker himself does not become the speech, any more than the writer becomes the writing: The connection is rather one of emanational procession. For the speaker remains in an absolute state of ability and power, as the discourse emanates from him, even as the action emanates from its author. The true Speaker, the divine Essence, ever remains in the same condition and experiences no change or alteration, no transformation or vicissitude. It has neither beginning nor end. The procession of human spirits from God is therefore an emanational procession. When it is said in the Torah that God breathed His spirit into man, this spirit is even as speech that has emanated from the true Speaker and taken effect in the reality of man.	54.4 Ang mga espiritu ng tao ay nagbubuhat sa Diyos sa pamamagitan ng pagmumula, sa gayunding paraang nagbubuhat ang talumpati mula sa nagsasalita at ang kasulatan mula sa manunulat; yaon ay, ang nagsasalita mismo ay hindi nagiging talumpati, ni hindi rin nagiging kasulatan ang manunulat: Sa halip ang ugnayan ay pagbubuhat sa pamamagitan ng pagmumula. Sapagkat ang nagsasalita ay nanatili sa ganap na kalagayan ng kakayahan at kapangyarihan, yamang ang talumpati ay nagmumula sa kaniya, tulad ng pagmumula ng pagkilos mula sa may-akda nito. Ang Tunay na Tagapagsalita, ang banal na Diwa, ay laging nananatili sa parehong kalagayan at walang nararanasang pagbabago o pag-iiba, walang pag-iibang anyo o malaking pagbabago. Ito ay walang simula ni katapusan. Samakatwid ang pagbubuhat ng mga espiritu ng tao mula sa Diyos ay sa pamamagitan ng pagmumula. Doon sa sinabi sa Torah na inihihip ng Diyos ang Kaniyang espiritu sa tao, ito ay tulad ng talumpati na

	nagmumula sa tunay na Tagapagsalita at nagkabisa sa realidad ng tao.
5 Now, if we were to understand manifestational procession as “appearance” rather than “division into parts”, we have already stated that this is the manner of the procession and appearance of the Holy Spirit and the Word, which are from God. As it is said in the Gospel of John, “In the beginning was the Word, and the Word was with God.”135 It follows then that the Holy Spirit and the Word are the appearance of God and consist in the divine perfections that shone forth in the reality of Christ. And these perfections were with God, even as the sun which manifests the fullness of its glory in a mirror. For by “the Word” is not meant the body of Christ but the divine perfections that were manifested in Him. Thus Christ was like a spotless mirror which was turned towards the Sun of Truth, and the perfections of that Sun—that is, its light and heat—were plainly manifest in that mirror. If we look into the mirror, we see the sun and we say it is the sun. Therefore, the Word and the Holy Spirit, which consist in the perfections of God, are the divine appearance. This is the meaning of the verse in the Gospel which says: “the Word was with God, and the Word was God”,136 for the divine perfections cannot be distinguished from the divine Essence. The perfections of Christ are called the Word since all created things are like individual letters, and individual letters do not convey a complete meaning, while the perfections of Christ are even as an entire word, for from a word a complete meaning can be inferred. As the reality of Christ was the manifestation of the divine perfections, it was even as a word. Why? Because it comprised a complete meaning, and that is why it has been called the Word.	54.5 Ngayon, kung uunawain natin ang pagbubuhat sa pamamagitan ng pagmumula bilang “paglitaw” sa halip ng “paghahati sa mga bahagi”, sinabi na natin na iyon ay ang paraan ng pagbubuhat at paglitaw ng Espiritu Santo at ng Salita, na mula sa Diyos. Tulad ng nakasaad sa Ebanghelyo ni Juan, “Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa-Diyos.”[135] Samakatwid ang Espiritu Santo at ang Salita ay ang paglitaw ng Diyos at iyon ay binubuo ng banal na mga kaganapan na lumitaw sa realidad ni Kristo. At ang mga kaganapang ito ay nasa Diyos, tulad rin ng araw na inihahayag ang buong kaluwalhatian nito sa salamin. Dahil ang tinutukoy ng “ang Salita” ay hindi ang katawan ni Kristo, bagkus ay ang banal na mga kaganapan na ginawang mahayag sa Kaniya. Kung gayon, si Kristo ay tulad ng isang salaming walang-batik na nakaharap sa Araw ng Katotohanan, at ang mga kaganapan ng Araw na iyon—yaon ay, ang liwanag at init nito—ay malinaw na nahayag sa salaming iyon. Kapag titingin tayo sa salamin ay makikita natin ang araw, at sinasabi nating iyon ang araw. Samakatwid, ang Salita at ang Espiritu Santo, na binubuo ng mga kaganapan ng Diyos ay ang paglitaw ng Diyos. Ito ang kahulugan ng bersikulo sa Ebanghelyo na nagsasaad na: “At ang Verbo ay sumasa-Diyos, at ang Verbo ay Diyos”,[136] dahil ang banal na mga kaganapan na hindi maipagkakaiba sa banal na Diwa. Ang mga kaganapan ni Kristo ay tinaguriang ang Salita dahil ang lahat ng mga nilikhang bagay ay tulad ng indibidwal na mga titik, at ang indibidwal na mga titik ay hindi nagbabahagi ng buong kahulugan, samantalang ang mga kaganapan ni Kristo ay tulad ng isang buong salita, dahil mula sa isang salita ay maaaring mahinuha ang buong kahulugan. Yamang ang realidad ni Kristo ay ang paghahayag ng

	banal na mga kaganapan, samakatwid katulad ito ng isang salita. Bakit? Dahil bumubuo ito ng isang buong kahulugan, at iyon ang dahilan kung bakit tinagurian ito bilang Salita.
6 And know that the procession of the Word and the Holy Spirit from God, which is a manifestational procession and appearance, should not be taken to mean that the reality of the Divinity has been divided or multiplied, or has descended from its heights of purity and sanctity. God forbid! If a clear and spotless mirror were placed before the sun, the light and heat, the form and image of the sun would appear therein with such a manifestational appearance that if a beholder were to say, “This is the sun”, he would be speaking the truth. But the mirror is the mirror and the sun is the sun. The sun is but one sun, and remains one even if it appears in numerous mirrors. There is no place here for inherence, ingress, commingling, or descent; for ingress, egress, inherence, descent, and commingling are among the characteristics and requirements of bodies, not of spirits—how much less of the holy and sanctified Reality of the Divinity. Glorified is God above all that ill beseems His holiness and sanctity, and exalted is He in the heights of His sublimity!	54.6 At alamin na ang pagbubuhat ng Salita at ng Espiritu Santo mula sa Diyos, na iyon ay pagbubuhat na paghahayag, ay hindi dapat unawaing nangangahulugang ang realidad ng Diyos ay pinaghati-hati o ginawang marami, o na ito ay bumaba mula sa mga rurok nito ng kabanalan at kadalisayan. Iadya nawa ng Diyos! Kung ang isang salamin na dalisay at walang-batik ay ihaharap sa araw, ang liwanag at init, ang anyo at hugis ng araw ay lilitaw roon sa gayong paghahayag ng anyo na kung sasabihin ng tagamasid, “Ito ang araw”, siya ay nagsasabi ng katotohanan. Subalit ang salamin ay ang salamin at ang araw ay ang araw. Ang araw ay iisang araw at nananatili itong iisa kahit pa lumitaw ito sa napakaraming salamin. Dito ay walang puwang para sa pananahan, pagpapasok, paghahalo, o pagbababa; dahil ang pagpasok, paglabas, pananahan, pagbaba, at paghahalo ay kabilang sa mga katangian at mga pangangailangan ng mga katawan, hindi ng mga espiritu—lalo nang hindi ng banal at sagradong Realidad ng Diyos. Higit na maluwalhati ang Diyos sa lahat ng hindi naaangkop sa Kaniyang kabanalan at pagkasagrado, at napakataas Niya sa mga rurok ng Kaniyang kadakilaan.
7 The Sun of Truth, as we have said, has ever remained in the same condition and undergoes neither change nor alteration, neither transformation nor vicissitude. It has neither beginning nor end. But the sanctified Reality of the Word of God is even as a clear, spotless, and shining mirror wherein the heat and light, the form and image of the Sun of Truth—that is to say, all its perfections—are reflected. That is why Christ says in the Gospel, “The Father is in the Son”,137	54.7 Ang Araw ng Katotohanan, tulad ng nabanggit na natin, ay laging nasa iisang kalagayan at hindi dumadaan sa pagbabago ni sa pag-iiba, ni hindi nagbabagong-anyo ni ng pabago-bagong kalagayan. Ito ay walang simula ni walang katapusan. Subalit ang banal na Realidad ng Salita ng Diyos ay tulad ng isang salaming dalisay, walang-batik at kumikinang kung saan ang init at liwanag, ang hugis at anyo nga Araw ng Katotohanan—yaon ay, ang

meaning that the perfections of the Sun of Truth shine resplendent in this mirror. Glorified be He Who has cast His splendour upon this Reality that is sanctified above all created things!	lahat ng mga kaganapan nito—ay naaaninag. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi ni Kristo sa Ebanghelyo na, “Ang Ama ay nasa Anak”,[137] na ang ibig sabihin ay ang Araw ng Katotohanan ay sumisikat nang maningning sa salaming ito. Luwalhatiin nawa Siyang ipinasikat ang Kaniyang karingalan sa Realidad na ito na higit na konsagrado sa lahat ng nilikhang bagay!
55	55
Spirit, Soul, and Mind	Espiritu, Kaluluwa, at Isipan
1 Question: What is the difference between mind, spirit, and soul?	55.1 Tanong: Ano ang pagkakaiba ng isipan, espiritu at kaluluwa?
2 Answer: It was already explained that, in general, spirit is divided into five categories: the vegetable spirit, the animal spirit, the human spirit, the spirit of faith, and the Holy Spirit.138	55.2 Sagot: Naipaliwanag na, sa pangkalahatan, ang espiritu ay nahahati sa limang kaurian: ang espiritu ng halaman, ang espiritu ng hayop, ang espiritu ng tao, ang espiritu ng pananalig, at ang Espiritu Santo.[138]
3 The vegetable spirit is that power of growth which is brought about in the seed through the influence of other created things.	55.3 Ang espiritu ng halaman ay ang kapangyarihan ng pagtubo na nagaganap sa binhi sa pamamagitan ng impluwensiya ng ibang mga nilikhang bagay.
4 The animal spirit is that all-embracing sensory power which is realized through the composition and combination of the elements. When this composition disintegrates, that spirit likewise perishes and becomes non-existent. It may be likened to this lamp: When oil, wick, and flame are brought together and combined, it is lit; and when this combination disintegrates—that is, when the constituent parts are separated from one another—the lamp also is extinguished.	55.4 Ang espiritu ng hayop ay ang kapangyarihan ng mga pandamang nakasasaklaw sa lahat, na naisasakatuparan sa pamamagitan ng pagbubuo at pagsasama-sama ng mga elemento. Kapag ang kabuuang ito ay naghihiwa-hiwalay, ang espiritu nito gayundin ay namamatay at nawawalan ng pag-iral. Maihahalintulad ito sa ilawang ito: Kapag ang langis, mitsa at apoy ay tinipon at pinagsama, ito ay may ilaw; at kapag ang pagsasamang ito ay nabuwag—yaon ay, kapag ang mga bahaging bumubuo nito ay ipinaghiwalay sa isa’t isa—ang ilawan din ay nasubhan na.
5 The human spirit, which distinguishes man from the animal, is the rational soul, and these two terms—the	55.5 Ang espiritu ng tao, na iyon ang nagbubukod ng tao mula sa hayop, ay ang kaluluwang nakapangangatwiran, at ang

human spirit and the rational soul—designate one and the same thing. This spirit, which in the terminology of the philosophers is called the rational soul, encompasses all things and as far as human capacity permits, discovers their realities and becomes aware of the properties and effects, the characteristics and conditions of earthly things. But the human spirit, unless it be assisted by the spirit of faith, cannot become acquainted with the divine mysteries and the heavenly realities. It is like a mirror which, although clear, bright, and polished, is still in need of light. Not until a sunbeam falls upon it can it discover the divine mysteries.	dalawang taguring ito—ang espiritu ng tao at ang kaluluwang nakapangangatwiran—ay tumutukoy sa iisa at parehong bagay. Ang espiritung ito, na sang-ayon sa mga katawagan ng mga pilosopo ay ang kaluluwang nakapangangatwiran, ay sumasaklaw sa lahat ng bagay at sa abot-kaya ng kakayahan ng tao, ay tinutuklas ang mga realidad ng mga ito at nababatid ang mga natatanging aspekto at mga epekto, ang mga katangian at mga kalagayan ng mga makalupang bagay. Subalit ang espiritu ng tao, maliban lamang kung tutulungan ito ng espiritu ng pananalig, ay hindi mababatid ang banal na mga hiwaga at ang makalangit na mga realidad. Ito ay tulad ng salamin, na bagaman malinaw, maningning, at makintab, gayumpaman ay nangangailangan ng liwanag. Hangga't hindi ito nasisikatan ng isang sinag ng araw, hindi nito matutuklasan ang makalangit na mga hiwaga.
6 As for the mind, it is the power of the human spirit. The spirit is as the lamp, and the mind as the light that shines from it. The spirit is as the tree, and the mind as the fruit. The mind is the perfection of the spirit and a necessary attribute thereof, even as the rays of the sun are an essential requirement of the sun itself.	55.6 Kaugnay naman ng isipan, ito ay ang kapangyarihan ng espiritu ng tao. Ang espiritu ay tulad ng ilawan, at ang isipan ay tulad ng ilaw na sumisikat mula roon. Ang espiritu ay tulad ng puno, at ang isipan ay tulad ng bunga. Ang isipan ay ang kaganapan ng espiritu at isang katangiang kinakailangan niyon, tulad ng mga sinag ng araw na siyang katangiang kinakailangan ng araw mismo.
7 This explanation, however brief, is complete. Reflect upon it and, God willing, you will grasp the details.	55.7 Ang paliwanag na ito, bagaman maikli, ay buo. Limiin ito, at sa pahintulot ng Diyos, iyong mababatid ang mga detalye nito.
56	56
The Outward and the Inward Powers of Man	Ang Panlabas at Panloob na mga Kakayahan ng Tao
1 There are five outward material powers in man which are the means of perception—that is, five powers whereby man perceives material things. They are sight, which perceives sensible forms;	56.1 Ang tao ay may limang panlabas na kakayahang materyal, na ang mga iyon ang paraan ng pagbabatid—yaon ay, sa pamamagitan nitong limang kakayahan ay nababatid ng tao ang mga bagay na

hearing, which perceives audible sounds; smell, which perceives odours; taste, which perceives edible things; and touch, which is distributed throughout the body and which perceives tactile realities. These five powers perceive external objects.	materyal. Ang mga ito ay ang paningin, na nakababatid sa mga nakikitang bagay; ang pandinig, na nakababatid sa naririnig na mga tunog; ang pang-amoy, na nakababatid sa mga amoy; ang panlasa, na nakababatid sa mga pagkain; at ang pandama, na nasa lahat ng bahagi ng katawan at nakababatid sa mga bagay na nadarama. Itong limang kakayahan ang nakababatid ng mga bagay sa labas ng katawan.
2 Man has likewise a number of spiritual powers: the power of imagination, which forms a mental image of things; thought, which reflects upon the realities of things; comprehension, which understands these realities; and memory, which retains whatever man has imagined, thought, and understood. The intermediary between these five outward powers and the inward powers is a common faculty, a sense which mediates between them and which conveys to the inward powers whatever the outward powers have perceived. It is termed the common faculty as it is shared in common between the outward and inward powers.	56.2 Gayundin ang tao ay mayroong ilang kakayahang espiritwal: ang kakayahan ng guniguni, na bumubuo ng larawang-isip ng mga bagay; ang kaisipan, na nagninilay-nilay sa mga realidad ng mga bagay; ang pang-unawa, na nakauunawa sa mga realidad na ito; ang memorya, na nagtatanda sa anumang nagunita, naisip at naunawaan ng tao. Ang tagapamagitan nitong limang kakayahang panlabas sa mga kakayahang panloob ay ang kakayahang komun o karaniwan sa lahat, isang kakayahang namamagitan sa mga iyon at inihahatid sa mga kakayahang panloob ang anumang nababatid ng mga kakayahang panlabas. Ito ay tinaguriang sentido komun yamang ito ay kakayahang komun sa mga kakayahan panlabas at panloob.
3 For instance, sight, which is one of the outward powers, sees and perceives this flower and conveys this perception to the inward power of the common faculty; the common faculty transmits it to the power of imagination, which in turn conceives and forms this image and transmits it to the power of thought; the power of thought reflects upon it and, having apprehended its reality, conveys it to the power of comprehension; the comprehension, once it has understood it, delivers the image of the sensible object to the memory, and the memory preserves it in its repository.	56.3 Halimbawa, ang paningin, na isa sa mga kakayahang panlabas, ay nakikita at nababatid ang bulaklak na ito, at inihahatid ang kabatirang ito sa kakayahang panloob ng kakayahang komun; inihahatid ito ng kakayahang komun sa kakayahan ng gunita, na ito naman ay gumugunita at bumubuo sa larawan nito at inihahatid ito sa kakayahan ng kaisipan; nagninilay-nilay rito ang kaisipan, at sa pagkabatid ng realidad nito, ay inihahatid ito sa kakayahan ng pang-unawa; ang pang-unawa, sa pagkakataong naunawaan na ito, ay inihahatid ang larawan ng bagay na nabatid sa memorya, at itinatago ito ng memorya sa repositoryo nito.

4 The outward powers are five: the power of sight, of hearing, of taste, of smell, and of touch. The inward powers are also five: the common faculty and the powers of imagination, thought, comprehension, and memory.	56.4 Ang mga kakayahang panlabas ay lima: ang kakayahan ng paningin, ng pandinig, ng panlasa, ng pang-amoy at ng pandama. Ang mga kakayahang panloob ay lima rin: ang kakayahang komun, at ang mga kakayahan ng gunita, ng kaisipan, ng pang-unawa at ng memorya.
57	57
The Differences in Human Character	Ang mga Pagkakaiba sa mga Ugali ng Tao
1 Question: How many kinds of character are there in man and what are the causes of the differences and variations among them?	57.1 Tanong: Gaano karami ang mga ugali ng tao, at ano ang mga sanhi ng kaibahan at pagkakaiba-iba ng mga ito?
2 Answer: There are the innate character, the inherited character, and the acquired character, which is gained through education.	57.2 Sagot: Mayroon ugaling likas, ugaling minana at ugaling nakamtan, na nakukuha mula sa edukasyon.
3 As to the innate character, although the innate nature bestowed by God upon man is purely good, yet that character differs among men according to the degrees they occupy: All degrees are good, but some are more so than others. Thus every human being possesses intelligence and capacity, but intelligence, capacity, and aptitude differ from person to person. This is self-evident.	57.3 Kaugnay ng ugaling likas, bagaman ang ugaling likas na ipinagkaloob ng Diyos ay pawang kabutihan, gayumpaman ang ugaling iyon ay magkakaiba sa mga tao batay sa mga antas na kinaroroonan nila: Ang lahat ng antas ay mahusay, subalit ang iba ay higit sa iba. Sa gayon ang bawat tao ay nagtataglay ng talino at kakayahan, subalit ang talino, kakayahan at kahusayan ay magkaiba sa bawat tao. Ito ay maliwanag at hayag.
4 For example, take a number of children from the same place and family, attending the same school and instructed by the same teacher, raised on the same food and in the same climate, wearing the same clothing and studying the same lessons: It is certain that among these children some will become skilled in the arts and sciences, some will be of average ability, and some will be dull. It is therefore clear that in man's innate nature there is a difference in degree, aptitude, and capacity, but it is not a matter of	57.4 Halimbawa, isipin ang ilang anak mula sa iisang lugar at pamilya, na pumasok sa parehong paaralan, tinuruan ng parehong guro, pinalaki sa parehong pagkain at sa parehong klima, suot ang parehong damit at pinag-aralan ang parehong mga aralin: Tiyak na mula sa mga batang ito ang ilan ay magiging mahusay sa mga sining at mga agham, ang ilan ay pangkaraniwang lamang ang kakayahan at ang ilan ay magiging patal. Kung gayon ay maliwanag na sa likas na pagkatao ay mayroong

good or evil—it is merely a difference of degree. One occupies the highest degree, another the middle degree, and yet another the lowest degree. Thus man, the animal, the plant, and the mineral all exist, but the existence of these four kinds of beings is different. Indeed, what a difference there is between the existence of man and that of the animal! Yet all these do exist, and it is evident that in existence there are differences of degree.	pagkakaiba sa antas, kahusayan, at kakayahan, subalit hindi ito ukol sa pagiging mabuti o masama—ito ay pagkakaiba lamang sa antas. Ang isa ay nasa pinakamataas na antas, ang isa ay nasa kalagitnaang antas, at ang isa pa ay nasa pinakamababang antas. Samakatwid ang tao, ang hayop, ang halaman, at ang mineral ay lahat may pag-iral, subalit ang pag-iral nitong apat na uri ng nilalang ay magkakaiba. Sa katunayan, napakalaki ng pagkakaiba ng pag-iral ng tao at ng hayop! Gayumpaman ang lahat ng mga ito ay umiiral, at maliwanag na sa lahat ng umiiral ay may mga pagkakaiba sa antas.
5 As to differences in inherited character, they arise from the strength and weakness of man's constitution; that is, if the parents are of weak constitution, then the children will be likewise, and if they are strong, then the children will also be robust. Moreover, the excellence of the bloodline exerts a major influence; for the goodly seed is like the superior stock that exists, likewise, among plants and animals. For example, you see that children born of a weak and sickly mother and father will naturally have a weak constitution and nerves, will lack patience, endurance, resolution, and perseverance, and will be impulsive, for they have inherited the weakness and frailty of their parents.	57.5 Kaugnay naman ng mga pagkakaiba sa mga ugaling minana, ang mga iyon ay nagbubuhat sa kalakasan o kahinaan ng pangangatawan ng tao; yaon ay, kung mahina ang katawan ng mga magulang ang mga anak ay magiging gayundin, at kung sila ay malakas, sa gayon ang mga anak ay magiging malusog din. Higit pa rito, ang kahusayan ng angkan ay malaki ang epekto; dahil ang binhing mahusay ay tulad ng mahusay na angkan na kapuwa matatagpuan sa mga halaman at mga hayop. Halimbawa, makikita mong ang mga anak ng mahina at sakiting ina at ama ay natural na magtataglay ng mahinang pangangatawan at nerbiyos, magkukulang sa pasensiya, pagtitiis, pagtatalaga, at pagtitiyaga, at magiging mapusok, dahil minamana nila ang kahinaan at karupukan ng kanilang mga magulang.
6 Aside from this, certain families and lineages have been singled out for a special blessing. Thus the descendants of Abraham received the special blessing that all the Prophets of the House of Israel were raised up from among their ranks. This is a blessing that God bestowed upon that lineage. Moses, through both His father and His mother; Christ, through His mother; Muḥammad; the Báb; and all the Prophets and Holy Ones of Israel belong to that lineage. Bahá'u'lláh too is a lineal	57.6 Bukod pa rito, ang ilang mga pamilya at mga angkan ay pinili para sa bukod-tanging pagpapala. Sa gayon natanggap ng mga inapo ni Abraham ang bukod-tanging pagpapala na ang lahat ng mga Propeta ng Angkan ng Israel ay ibinangon mula sa kanilang mga hanay. Ito ay isang pagpapalang ipinagkaloob ng Diyos sa angkang iyon. Si Moises mula kapuwa sa Kaniyang ama at ina; si Kristo mula sa Kaniyang ina; si Muḥammad; ang Báb; at ang lahat ng mga Propeta at mga Banal ng

descendant of Abraham, for Abraham had other sons besides Ishmael and Isaac who in those days emigrated to the regions of Persia and Afghanistan, and the Blessed Beauty is one of their descendants.	Israel ay mula sa angkang iyon. Si Bahá'u'lláh ay isa ring inapo ng angkan ni Abraham, dahil si Abraham ay nagkaroon ng iba pang mga anak na lalaki bukod kay Ismael at Isaac na nag-ibang bayan noong mga panahong iyon patungo sa mga dakong Persiya at Afghanistan, at ang Pinagpalang Kagandahan ay isa sa kanilang mga inapo.
7 Hence it is evident that inherited character also exists, to such a degree that if one's character does not conform to that of one's forebears, one would not be accounted among that lineage in spirit even if one were a descendant in body. Such is the case of Canaan, who is not reckoned among the descendants of Noah.139	57.7 Kung gayon ay maliwanag na mayroon ding ugaling minana, at sa gayong antas na kung ang ugali ng isang tao ay hindi naaayon sa kaniyang mga ninuno, siya ay hindi mapapabilang sa angkang iyon sa pinakadiwa bagaman siya ay inapo sa katawan. Ganoon ang kaso kay Canaan, na hindi ibinibilang sa mga inapo ni Noah.[139]
8 As to the differences of character arising from education, they are great indeed, for education exerts an enormous influence. Through education the ignorant become learned, the cowardly become courageous, the crooked branch becomes straight, the acrid and bitter fruit of the mountains and woods becomes sweet and succulent, and the five-petalled flower puts forth a hundred petals. Through education barbarous nations become civilized and even animals take on human-like manners. Education must be accorded the greatest importance; for just as diseases are highly communicable in the world of bodies, so is character highly communicable in the realm of hearts and spirits. The differences caused by education are enormous and exert a major influence.	57.8 Kaugnay naman ng mga pagkakaiba sa ugali bunga ng edukasyon, ang mga iyon ay tunay na napakarami, dahil napakalaki ng impluwensiya ng edukasyon. Sa pamamagitan ng edukasyon ang mangmang ay nagiging dalubhasa, ang duwag ay nagiging magiting, ang sangang baluktot ay naitutuwid, ang maasim at mapait na bunga ng mga bundok at mga gubat ay nagiging matamis at malinamnam, at ang bulaklak na lima ang talulot ay nagkakaroon ng isang daang talulot. Sa pamamagitan ng edukasyon ang mga bansang barbaro ay nagiging sibilisado, at kahit ang mga hayop ay nagtataglay ng mga ugaling tulad ng tao. Kailangang bigyan ng sukdulang kahalagahan ang edukasyon; sapagkat tulad rin ng mga sakit na lubhang nakahahawa sa larangan ng mga katawan, gayundin ang ugali ay lubhang nakahahawa sa larangan ng mga puso at mga espiritu. Ang mga pagkakaibang idinudulot ng edukasyon ay napakalaki at may pangunahing impluwensiya.
9 Now, someone might say that, since the capacity and aptitude of souls differ, how can one reproach the wicked for it is their capacities themselves that are different.	57.9 Ngayon, maaaring may magsabi, na yamang ang kakayahan at kagalingan ng mga kaluluwa ay magkakaiba, ang gayong pagkakaiba sa kakayahan ay

Such difference in capacity must inevitably lead to a difference in character.140 But this is not so, for capacity is of two kinds: innate and acquired. The innate capacity, which is the creation of God, is wholly and entirely good—in the innate nature there is no evil. The acquired capacity, however, can become the cause of evil. For example, God has created all men in such a fashion, and has given them such a capacity and disposition, that they are benefited by sugar and honey and are harmed or killed by poison. This is an innate capacity and disposition that God has bestowed equally upon all men. But man may begin little by little to take poison by ingesting a small quantity every day and gradually increasing it until he reaches the point where he would perish if he were not to consume several grams of opium every day, and where his innate capacities are completely subverted. Consider how the innate capacity and disposition can be so completely changed, through variation of habit and training, as to be entirely perverted. It is not on account of their innate capacity and disposition that one reproaches the wicked, but rather on account of that which they themselves have acquired.	di-maiiwasang magbunga ng pagkakaiba sa ugali.[140] Subalit ito ay hindi totoo, sapagkat ang kakayahan ay may dalawang uri: likas at natamo. Ang kakayahang likas, na nilikha ng Diyos, ay lubos at pawang mabuti—sa kakayahang likas ay walang masama. Subalit ang kakayahang natamo ay maaaring maging sanhi ng kasamaan. Halimbawa, nilikha ng Diyos ang lahat ng tao sa gayong paraan, at pinagkalooban sila ng gayong kakayahan at pagkahilig, na nakikinabang sila sa asukal at pulot at napipinsala o napapatay ng lason. Ito ay isang kakayahang likas at pagkahilig na iginawad ng Diyos nang pare-pareho sa lahat ng tao. Subalit maaaring unti-unting gumamit ang tao ng lason sa pamamagitan ng paggamit ng napakaliit na bahagi nito sa araw-araw at unti-unting dinadamihan ito hanggang sa umaabot siya sa antas na hindi na siya mabubuhay kung hindi siya gagamit ng ilang gramo ng opyum sa bawat araw, at sa gayon ang kaniyang mga kakayahang likas ay ganap na nabuwal. Isipin kung paanong lubos na mababago ang kakayahang likas at pagkahilig, sa pamamagitan ng pagbago ng kinaugalian at pagsasanay, na lubusan itong mababaluktot. Hindi sinisisi ang masasamang tao dahil sa kanilang kakayahang likas at pagkahilig, kundi sa halip ay dahil doon sa mga mga bagay na sila mismo ang nagtamo.
10 In the innate nature of things there is no evil—all is good. This applies even to certain apparently blameworthy attributes and dispositions which seem inherent in some people, but which are not in reality reprehensible. For example, you can see in a nursing child, from the beginning of its life, the signs of greed, of anger, and of ill temper; and so it might be argued that good and evil are innate in the reality of man, and that this is contrary to the pure goodness of the innate nature and of creation. The answer is that greed, which is to demand ever more, is a praiseworthy quality provided that it is displayed under the right circumstances.	57.10 Sa likas na katangian ng mga bagay ay walang kasamaan—ang lahat ay mabuti. Ito ay totoo kahit doon sa ilang mga katangian at mga pagkahilig na waring dapat sisihin na tila baga likas sa ilang tao, subalit sa katotohanan ay hindi naman dapat sisihin. Halimbawa, makikita mo sa isang pasusuhing bata, mula sa simula ng kaniyang buhay, ang mga tanda ng katakawan, ng galit at ng init ng ulo; at sa gayon ay maaaring ikatwirang ang mabuti at masama ay likas sa realidad ng tao, at na ito ay salungat sa pawang kabutihan ng kaugalian at ng sangnilikha. Ang sagot dito ay ang katakawan, na iyon ay ang paghingi ng higit pa, ay isang kapuri-puring

Thus, should a person show greed in acquiring science and knowledge, or in the exercise of compassion, high-mindedness, and justice, this would be most praiseworthy. And should he direct his anger and wrath against the bloodthirsty tyrants who are like ferocious beasts, this too would be most praiseworthy. But should he display these qualities under other conditions, this would be deserving of blame.	katangian kung ito ay ipinakikita sa tamang mga kalagayan. Sa gayon, kung ang tao ay magpapamalas ng katakawang makamtan ang agham at kaalaman, o sa pagmamalasakit, pagkauliran, at katarungan, ito ay lubos na kapuri-puri. At kung gagamitin niya ang kaniyang galit at poot laban sa mga maniniil na uhaw sa dugo na tulad ng mababangis na mga hayop, ito rin ay lubos na kapuri-puri. Subalit kung gagamitin niya ang mga katangiang ito sa ibang mga kalagayan, iyon ay dapat sisihin.
11 It follows therefore that in existence and creation there is no evil at all, but that when man's innate qualities are used in an unlawful way, they become blameworthy. Thus if a wealthy and generous person gives alms to a poor man to spend on his necessities, and if the latter spends that sum in an improper way, that is blameworthy. The same holds true of all the innate qualities of man which constitute the capital of human life: If they are displayed and employed in an improper way, they become blameworthy. It is clear then that the innate nature is purely good.	57.11 Kung gayon, samakatwid sa buhay at sa sangnilikha ay walang kasamaan, subalit kapag ang mga katangiang likas sa tao ay ginagamit sa mga paraang labag sa batas, ang mga ito ay dapat sisihin. Sa gayon, kung ang isang taong mayaman at bukas-palad ay magbibigay ng pera sa isang pulubi para gugulin sa kaniyang mga pangangailangan, at kung gagastusin niya ang perang ito sa di-wastong paraan, iyon ay dapat sisihin. Gayundin ay totoo kaugnay ng lahat ng mga katangiang likas sa tao na bumubuo sa puhunan sa buhay: kung ang mga ito ay gagamitin at ipakikita sa paraang labag sa batas, ang mga ito ay dapat sisihin. Maliwanag kung gayon na ang katangiang likas ay pawang mabuti.
12 Consider that the worst of all qualities and the most odious of all attributes, and the very foundation of all evil, is lying, and that no more evil or reprehensible quality can be imagined in all existence. It brings all human perfections to naught and gives rise to countless vices. There is no worse attribute than this, and it is the foundation of all wickedness. Now, all this notwithstanding, should a physician console a patient and say, "Thank God, you are doing better and there is hope for your recovery", although these words may be contrary to the truth, yet sometimes they will ease the patient's mind	57.12 Limiin, ang pinakamasamang katangian at ang pinakamasagwang kaugalian, at pinakasaligan ng lahat ng kasamaan, ay ang pagsisinungaling, at wala nang higit pang masama o dapat sisihing katangian kaysa sa rito sa lahat ng umiiral. Dahil dito nauuwi sa kawalan ang lahat ng mga kaganapan ng tao at nagsasanhi ng di-mabilang na mga bisyo. Wala nang higit na masamang katangian kaysa sa rito, at ito ang saligan ng lahat ng kasamaan. Ngayon, sa kabila ng lahat ng ito, kung aaliwin ng manggagamot ang isang pasyente at sabihing, "Salamat sa Diyos, gumiginhawa ka na, at malaki ang pag-asa sa iyong paggaling", bagaman salungat sa katotohanan ang mga

and become the means of curing the illness. And this is not blameworthy.	salitang ito, gayumpaman may mga pagkakataong makagagaan ito sa isipan ng pasyente at magiging dahilan ng paglunas sa karamdaman. At ito ay hindi dapat sisihin.
13 This question has now been elucidated most clearly.	57.13 Ang paksang ito ay naipaliwanag na ngayon nang napakalinaw.
58	58
The Extent and Limitation of Human Comprehension	Ang Saklaw at Hangganan ng Pag-Unawa ng Tao
1 Question: How far does human comprehension extend, and what are its limitations?	58.1 Tanong: Hanggang saan umaabot ang pag-unawa ng tao, at ano ang mga hangganan nito?
2 Answer: Know that comprehension varies. Its lowest degree consists in the senses of the animal realm, that is, the natural sensations which arise from the powers of the outward senses. This comprehension is common to man and animals, and indeed certain animals surpass man in this regard. In the human realm, however, comprehension differs and varies in accordance with the different degrees occupied by man.	58.2 Sagot: Alamin na magkakaiba ang pag-unawa. Ang pinakamababang antas nito ay binubuo ng mga pandama sa kaharian ng hayop, yaon ay, ang mga damdaming likas na lumilitaw mula sa mga kapangyarihan ng mga pandamang panlabas. Ang ganitong pag-unawa ay taglay kapuwa ng tao at ng hayop, at sa katunayan ang ilang hayop ay nakahihigit sa tao kaugnay nito. Sa kaharian ng tao, gayumpaman, ang pag-unawa ay nagkakaiba at nagbabago sang-ayon sa iba't ibang antas na kinalalagyan ng tao.
3 The foremost degree of comprehension in the world of nature is that of the rational soul. This power and comprehension is shared in common by all men, whether they be heedless or aware, wayward or faithful. In the creation of God, the rational soul of man encompasses and is distinguished above all other created things: It is by virtue of its nobility and distinction that it encompasses them all. Through the power of the rational soul, man can discover the realities of things, comprehend their properties, and penetrate the mysteries of existence. All the sciences, branches of learning, arts, inventions, institutions, undertakings, and discoveries have resulted from the comprehension of the rational soul.	58.3 Ang unang antas ng pag-unawa sa daigdig ng kalikasan ay yaong taglay ng nakapangangatwirang kaluluwa. Kabahagi ang lahat ng tao sa kapangyarihan at pag-unawang ito, maging pabaya man sila o nakababatid, naliligaw o sumasampalataya. Sa kinapal ng Diyos, itong nakapangangatwirang kaluluwa ng tao ay sumasaklaw at natatanging higit sa lahat ng ibang mga nilalang: Dahil sa marangal at katangi-tangi ito ay sinasaklaw nito ang lahat. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng nakapangangatwirang kaluluwa, natutuklasan ng tao ang mga realidad ng mga bagay, nauunawaan ang mga katangian nito, at natatalos ang mga hiwaga ng pagkabuhay. Ang lahat ng mga agham, mga sangay ng

These were once impenetrable secrets, hidden mysteries, and unknown realities, and the rational soul gradually discovered them and brought them out of the invisible plane into the realm of the visible. This is the greatest power of comprehension in the world of nature, and the uttermost limit of its flight is to comprehend the realities, signs, and properties of contingent things.	kaalaman, mga sining, mga imbensiyon, mga institusyon, mga pagsusumikap at mga katuklasan ay nagbuhat sa pag-unawa ng nakapangangatwirang kaluluwa. Dati ang mga ito ay mga lihim na di-maarok, mga hiwagang natatago, at mga realidad na di-mabatid, at unti-unting natuklasan ito ng nakapangangatwirang kaluluwa at inilabas ang mga ito mula sa larangan ng di-nakikita tungo sa kaharian ng nakikita. Ito ang pinakadakilang kapangyarihan ng pag-unawa sa daigdig ng kalikasan, at ang pinakamalayong mararating ng paglipad nito ay ang maunawaan ang mga realidad, mga tanda, at mga katangian ng mga bagay na walang-katiyakan.
4 But the universal divine Intellect, which transcends nature, is the outpouring grace of the pre-existent Power. It encompasses all existing realities and receives its share of the lights and mysteries of God. It is an all-knowing power, not a power of investigation and sensing. The spiritual power associated with the world of nature is the power of investigation, and it is through investigation that it discovers the realities and properties of things. But the heavenly intellectual power, which is beyond nature, encompasses, knows, and comprehends all things; is aware of the divine mysteries, truths, and inner meanings; and discovers the hidden verities of the Kingdom. This divine intellectual power is confined to the holy Manifestations and the Daysprings of prophethood. A ray of this light falls upon the mirrors of the hearts of the righteous, that they may also receive, through the holy Manifestations, a share and benefit of this power.	58.4 Subalit ang pangkalahatang banal na Isipan, na higit pa sa kalikasan, ay ang pagbuhos ng biyaya ng Kapangyarihang umiiral na bago pa sa simula. Sinasaklaw nito ang lahat ng umiiral na mga realidad at tumatanggap ito ng bahagi nito mula sa mga liwanag at mga hiwaga ng Diyos. Ito ay isang kapangyarihang nakababatid ng lahat, hindi isang kapangyarihan ng pagsasaliksik at ng pagdama. Ang kapangyarihang espiritwal na nauugnay sa daigdig ng kalikasan ay ang kapangyarihan ng pagsasaliksik, at sa pamamagitan ng pagsasaliksik ay natutuklasan nito ang mga realidad at mga katangian ng mga bagay. Subalit ang makalangit na pangkaisipang kapangyarihan, na higit pa sa kalikasan, ay sumasaklaw, nakababatid, at nakauunawa sa lahat ng bagay; batid nito ang mga hiwagang banal, mga katotohanan, at mga kahulugang panloob; at natutuklasan ang natatagong mga katotohanan ng Kaharian. Itong kapangyarihang banal ng kaisipan ay taglay lamang ng banal na mga Kahayagan at ng mga Pamimitak ng pagkapropeta. Ang isang sinag mula sa liwanag nito ay sumisikat sa mga salamin ng puso ng mga makatarungan, at maaari din silang tumanggap, sa pamamagitan ng mga banal na Kahayagan,

	ng isang bahagi at kapakinabangan ng kapangyarihang ito.
5 The holy Manifestations have three stations: the corporeal station, the station of the rational soul, and the station of perfect manifestation of the divine splendour. Their bodies perceive things only according to the capacity of the material world, and so it is that They have at certain times expressed physical weakness. For example: “I was asleep and unconscious; the breeze of God wafted over Me, awoke Me and summoned Me to voice His call”;141 or when Christ was baptized in His thirtieth year and the Holy Spirit descended upon Him, having not manifested itself in Him before this time. All these things refer to the corporeal station of the Manifestations, but Their heavenly station encompasses all things, is aware of all mysteries, is informed of all signs, and rules supreme over all things. And this is equally true both before and after the intimation of Their mission. That is why Christ said: “I am Alpha and Omega, the first and the last”142—that is, there has never been, nor shall there ever be, any change or alteration in Me.	58.5 Ang mga Banal na Kahayagan ay may tatlong katayuan: ang katayuan ng pisikal na katawan, ang katayuan ng nakapangangatwirang kaluluwa, at ang katayuan ng kahayagang ganap na banal at makalangit na karingalan. Nakababatid ang Kanilang mga katawan sa mga bagay nang sang-ayon lamang sa antas ng kakayahan ng pisikal na daigdig, at sa gayon sa ilang pagkakataon ay nagpamalas Sila ng pisikal na kahinaan. Halimbawa: “Ako ay tulog at walang malay; ang simoy ng Diyos ay humihip sa Akin at ginising Ako, at inutusan Akong sambitin ang Kaniyang panawagan”;[141] o noong bininyagan si Kristo sa Kaniyang ikatatlumpung taon at ang Espiritu Santo ay bumaba sa Kaniya, na hindi pa ito naging hayag sa Kaniya bago sa panahong ito. Ang lahat ng bagay na ito ay tumutukoy sa katayuan ng pisikal na katawan ng mga Kahayagan, subalit ang Kanilang makalangit na katayuan ay nakasasaklaw sa lahat ng bagay, nakababatid sa lahat ng mga hiwaga, nalalaman ang lahat ng mga tanda, at naghahari sa lahat ng mga bagay. At ito ay totoo kapuwa bago magsimula at pagkatapos ipabatid ang Kanilang mga misyon. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Kristo na “Ako ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at ang wakas”[142]—yaon ay, hindi nagkaroon noong nakaraan, at hindi kailanman magkakaroon, ng anumang pagbabago o pag-iiba sa Akin.
59	59
Man’s Comprehension of God	Ang Pag-unawa ng Tao sa Diyos
1 Question: To what extent can human perception comprehend God?	59.1 Tanong: Hanggang saan makaaabot ang pag-unawa ng tao sa Diyos?
2 Answer: This subject requires ample time, and to explain it at table will be	59.2 Sagot: Ang paksang ito ay nangangailangan ng mahabang oras, at mahirap itong ipaliwanag sa hapag-kainan.

difficult. Nevertheless, a brief explanation will be given.	Gayumpaman, isang maikling paliwanag ang ibibigay.
3 Know that there are two kinds of knowledge: the knowledge of the essence of a thing and the knowledge of its attributes. The essence of each thing is known only through its attributes; otherwise, that essence is unknown and unfathomed.	59.3 Alamin na may dalawang uri ng kaalaman: ang kaalaman sa pinakadiwa ng isang bagay at ang kaalaman sa mga katangian nito. Ang pinakadiwa ng bawat bagay ay nalalaman lamang mula sa mga katangian nito; bukod pa roon, ang pinakadiwa nito ay di-nalalaman at di-maarok.
4 As our knowledge of things, even of created and limited ones, is of their attributes and not of their essence, how then can it be possible to understand in its essence the unbounded Reality of the Divinity? For the inner essence of a thing can never be known, only its attributes. For example, the inner reality of the sun is unknown, but it is understood through its attributes, which are heat and light. The inner essence of man is unknown and unfathomed, but it is known and characterized by its attributes. Thus everything is known by its attributes and not by its essence: Even though the human mind encompasses all things, and all outward things are in turn encompassed by it, yet the latter are unknown with regard to their essence and can only be known with regard to their attributes. How then can the ancient and everlasting Lord, Who is sanctified above all comprehension and imagining, be known in His Essence? That is, as created things can only be known through their attributes and not in their essence, the reality of the Divinity, too, must be unknown with regard to its essence and known only with respect to its attributes.	59.4 Yamang ang ating kaalaman sa mga bagay, kahit ng mga nilikha at may-hangganang mga bagay, ay ukol sa kanilang mga katangian at hindi sa pinakadiwa ng mga ito, kung gayon ay paano magiging posible ang maunawaan sa pinakadiwa nito ang di-nasasaklaw na Realidad ng Diyos? Sapagkat ang kaibuturang diwa ng anumang bagay ay hindi kailanman malalaman, kundi ang mga katangian lamang nito. Halimbawa, ang kaibuturang diwa ng araw ay hindi nalalaman, subalit nauunawaan ito sa pamamagitan ng mga katangian nito, na iyon ay init at liwanag. Ang kaibuturang diwa ng tao ay di-nalalaman at di-maarok, subalit ito ay nalalaman at natatangi sa pamamagitan ng mga katangian nito. Sa gayon ang lahat ng bagay ay nakikilala sa pamamagitan ng mga katangian nito at hindi sa pamamagitan ng pinakadiwa nito: Kahit na nasasaklaw ng kaisipan ng tao ang lahat ng bagay, at ang lahat ng panlabas na bagay ay nasasaklaw nito, gayumpaman ang huling nabanggit ay hindi nakikilala kaugnay ng pinakadiwa ng mga ito at makikilala lamang kaugnay ng kanilang mga katangian. Kung gayon paano mangyayaring ang napakatanda at walang-maliw na Panginoon, na Siya ay dalisay mula sa lahat ng pagkabatid at paglirip, ay makikilala sa Kaniyang Pinakadiwa? Yaong ay, yamang ang mga nilikhang bagay ay nauunawaan lamang sa pamamagitan ng kanilang mga katangian at hindi sa pamamagitan ng kanilang

	pinakadiwa, ang realidad ng Diyos, gayundin ay hindi maaaring makilala kaugnay ng pinakadiwa nito at makikilala lamang kaugnay ng mga katangian nito.
5 Furthermore, how can a reality that is originated encompass that Reality which has existed from all eternity? For comprehension is the result of encompassing—the latter must take place in order that the former may occur—and the divine Essence is all-encompassing and can never be encompassed.	59.5 Bukod pa rito, paano masasaklaw ng isang realidad na may pinagmulan ang isang Realidad na umiiral na mula pa sa buong kawalang-hanggan? Sapagkat ang pag-unawa ay bunga ng pagsasaklaw—ang huling nabanggit ay kailangang maganap upang maganap ang unang nabanggit—at ang banal na Diwa ay sumasaklaw sa lahat at kailanman hindi ito nasasaklaw.
6 Moreover, differences of degree in the world of creation are a barrier to knowledge. For example, as this mineral belongs to the mineral kingdom, however far it may rise, it can never comprehend the power of growth. The plants and trees, however far they may progress, cannot imagine the powers of sight or of the other senses. The animal cannot imagine the human degree, that is, the spiritual powers. Thus, differences of degree are a barrier to knowledge: The inferior degree cannot comprehend the superior. How then can a reality which is originated comprehend that Reality which has existed from all eternity?	59.6 Higit pa rito, ang mga pagkakaiba sa antas sa daigdig ng sangnilikha ay isang hadlang sa kaalaman. Halimbawa, yamang ang batong ito ay bahagi ng kahariang mineral, gaanuman kataas ito umangat, hindi nito kailanman mauunawaan ang kapangyarihan ng pagtubo. Ang mga halaman at mga puno, gaanuman ang pagsulong nila, ay hindi magugunita ang kakayahang makakita o ang iba pang mga pandama. Hindi kayang gunitain ng hayop ang antas ng tao, yaon ay, ang mga kapangyarihang espiritwal. Sa gayon, ang mga pagkakaiba sa antas ay isang hadlang sa kaalaman: Hindi kayang unawain ng mas mababang antas ang mas mataas na antas. Kung gayon, paano mauunawaan ng realidad na may pinagmulan ang isang Realidad na umiiral na mula pa sa buong kawalang-hanggan?
7 Knowing God, therefore, means the comprehension and knowledge of His attributes and not of His Reality. And even this knowledge of His attributes extends only so far as human power and capacity permit, and remains wholly inadequate. Philosophy consists in comprehending, so far as human power permits, the realities of things as they are in themselves. The originated reality has no recourse but to	59.7 Ang pagkilala sa Diyos, samakatwid, ay nangangahulugan ng pag-unawa at pagkaalam sa Kaniyang mga katangian, at hindi sa Kaniyang Realidad. At kahit itong kaalaman sa Kaniyang mga katangian ay kasukat lamang ng ipinahihintulot ng kapangyarihan at kakayahan ng tao, at nananatiling lubusang di-nakasasapat. Ang pilosopiya ay binubuo ng pag-unawa, sa abot ng kakayahan ng tao,

comprehend the pre-existent attributes within the intrinsic limits of human capacity. The invisible realm of the Divinity is sanctified and exalted above the comprehension of all beings, and all that can be imagined is mere human understanding. The power of human understanding does not encompass the reality of the divine Essence: All that man can hope to achieve is to comprehend the attributes of the Divinity, the light of which is manifest and resplendent in the world and within the souls of men.	sa realidad ng mga bagay sa mismong pinakadiwa ng mga ito. Ang realidad na may pinagmulan ay walang ibang magagawa kundi kilalanin ang mga katangiang umiiral na mula pa sa buong kawalang-hanggan, sa abot ng likas na mga hangganan ng kakayahan ng tao. Ang di-nakikitang kaharian ng Diyos ay sagrado at higit na mataas kaysa sa pag-unawa ng lahat ng nilalang, at ang lahat ng maaaring gunitain ay tanging pag-unawa ng tao lamang. Ang kapangyarihan ng pag-unawa ng tao ay hindi nakasasaklaw sa realidad ng banal na Diwa: Ang tanging maaasahan lamang ng tao ay maunawaan ang mga katangian ng Diyos, na ang liwanag nito ay hayag at maningning sa daigdig at sa loob ng mga kaluluwa ng tao.
8 When we examine the world and the souls of men, the perspicuous signs of the perfections of the Divinity appear clear and manifest, for the realities of all things attest to the existence of a universal Reality. The reality of the Divinity is even as the sun, which from the heights of its sanctity shines upon every land, and of whose radiance every land and every soul receives a share. Were it not for this light and this radiance, nothing could exist. Now, all created things tell of this light, partake of its rays, and receive their portion thereof, but the full splendour of the perfections, bounties, and attributes of the Divinity shines forth from the reality of the Perfect Man, that is, that unique Individual Who is the universal Manifestation of God. For the other beings have each received only a portion of that light, but the universal Manifestation of God is the mirror held before this Sun, and the latter manifests itself therein with all its perfections, attributes, signs, and effects.	59.8 Kapag ating susuriin ang daigdig at ang mga kaluluwa ng tao, ang napakalinaw na mga tanda ng kaganapan ng Diyos ay lumilitaw nang maliwanag at hayag, sapagkat ang mga realidad ng lahat ng bagay ay nagpapatunay sa pag-iral ng isang pangkalahatang Realidad. Ang realidad ng Diyos ay tulad ng araw, na mula sa kaitaasan ng kabanalan nito ay sumisikat sa bawat lupain, at mula sa kaningningan nito ang bawat lupain at ang bawat kaluluwa ay tumatanggap ng bahagi nito. Kung hindi dahil sa liwanag at kaningningan nito, walang maaaring umiral. Ngayon, ang lahat ng nilikhang bagay ay sumasaksi sa liwanag na ito, nakikibahagi sa mga sinag nito, at tumatanggap ng kanilang bahagi mula rito, subalit ang lubos na karingalan ng mga kaganapan, mga biyaya, at mga katangian ng Diyos ay sumisinag mula sa realidad ng Ganap na Tao, yaon ay, ang walang-kahalintulad na Indibidwal na iyon na Siya ang pangkalahatang Kahayagan ng Diyos. Sapagkat ang bawat ibang nilalang ay nakatanggap ng isang bahagi lamang ng liwanag na iyon, subalit ang pangkalahatang Kahayagan ng Diyos ay ang salamin na inihaharap sa Araw na ito, at inihahayag

	niyon ang sarili nito na taglay ang lahat ng mga kaganapan, mga katangian, mga palatandaan, at mga epekto nito.
9 The knowledge of the reality of the Divinity is in no wise possible, but the knowledge of the Manifestations of God is the knowledge of God, for the bounties, splendours, and attributes of God are manifest in Them. Thus, whoso attains to the knowledge of the Manifestations of God attains to the knowledge of God, and whoso remains heedless of Them remains bereft of that knowledge. It is therefore clearly established that the Holy Manifestations are the focal centres of the heavenly bounties, signs, and perfections. Blessed are those who receive the light of divine bounties from those luminous Daysprings!	59.9 Ang kaalaman sa realidad ng Diyos ay hindi posible sa anumang paraan, subalit ang kaalaman sa mga Kahayagan ng Diyos ay ang kaalaman sa Diyos, dahil ang mga biyaya, ang mga karingalan at ang mga katangian ng Diyos ay hayag sa Kanila. Samakatwid, ang sinumang makatamo sa kaalaman ng mga Kahayagan ng Diyos ay nakatamo ng kaalaman sa Diyos, at ang sinumang nananatiling pabaya sa Kanila ay nananatiling salat sa kaalamang iyon. Samakatwid ay malinaw na napatunayang ang Banal na mga Kahayagan ay ang mga tampulan ng makalangit na mga biyaya, mga tanda at mga kaganapan. Pinagpala silang mga tumatanggap sa liwanag ng banal na mga biyaya mula sa nagniningning na mga Pamimitak na iyon!
10 We cherish the hope that the loved ones of God, like unto an attractive force, will draw these bounties from their very source and arise with such radiance and exert such influence as to become the perspicuous signs of the Sun of Truth.	59.10 Minimithi namin ang pag-asang ang mga minamahal ng Diyos, tulad ng isang nakapanghahalinang puwersa, ay aakitin ang mga biyayang ito mula sa mismong pinagmumulan nito at magsisibangon nang taglay ang ganoong kaningningan at magkakaroon ng ganoong impluwensiya na sila ay magiging napakalinaw na mga tanda ng Araw ng Katotohanan.
60	60
The Immortality of the Spirit (1)	Ang Kawalan ng Kamatayan ng Espiritu (1)
1 Having established the existence of the human spirit,143 we must now establish its immortality.	60.1 Yamang naipakita na natin na mayroong espiritu ang tao,[143] kailangan nating patunayan ngayon ang kawalan ng kamatayan nito.
2 In the heavenly Books, mention is made of the immortality of the spirit, which is the very foundation of the divine religions. For rewards and	60.2 Sa makalangit na mga Aklat binabanggit ang kawalan ng kamatayan ng espiritu, na iyon ang mismong saligan ng mga banal na relihiyon. Sapagkat sinasabing

punishments are said to be of two kinds—one being existential rewards and punishments and the other, ultimate rewards and punishments. Existential paradise and hell are to be found in all the worlds of God, whether in this world or in the heavenly realms of the spirit, and to gain these rewards is to attain life eternal. That is why Christ said: Act in such a manner that you may find eternal life, be born of water and of the spirit, and thus enter into the Kingdom.144	ang mga parusa at mga gantimpala ay may dalawang uri—ang isa ay ang mga gantimpala at mga parusa sa umiiral na buhay at ang isa pa, ay ang mga gantimpala at mga parusa sa kawakasan. Ang paraiso at impiyerno sa umiiral na buhay ay matatagpuan sa lahat ng mga daigdig ng Diyos, maging sa daigdig na ito o sa makalangit na mga daigdig ng espiritu, at ang pagtatamo ng mga gantimpalang ito ay ang pagtatamo ng walang-hanggang buhay. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni Kristo na: Kumilos sa gayong paraan na matatagpuan mo ang walang-hanggang buhay, maisilang ka ng tubig at ng espiritu, at nang sa ganoon ay makapasok sa Kaharian.[144]
3 Existential rewards consist in the virtues and perfections that adorn the human reality. For example, man was immersed in darkness and becomes luminous; he was ignorant and becomes informed; he was heedless and becomes aware; he was asleep and is awakened; he was dead and is quickened to life; he was blind and begins to see; he was deaf and begins to hear; he was earthly and becomes heavenly; he was material and becomes spiritual. Through these rewards he is reborn in spirit, is created anew, and becomes the manifestation of the verse in the Gospel that says that the Apostles “were born, not of blood, nor of the flesh, nor of the will of man, but of God”145—that is, they were delivered from the animal characteristics and qualities that are inherent to human nature, and acquired divine attributes, which are the outpouring grace of God. This is the true meaning of being born again. For such souls, there is no greater torment than to be veiled from God, and no worse punishment than selfish qualities, evil attributes, baseness of character, and engrossment in carnal desires. When these souls are delivered from the darkness of these vices through the light of faith, when they are illumined by the rays of	60.3 Ang mga gantimpala sa buhay na ito ay ang mga kabutihan at mga kaganapang nagpapalamuti sa realidad ng tao. Halimbawa, ang tao ay nababalot ng karimlan at naging maningning; siya ay mangmang at nakabatid; siya ay pabaya at nagkaroon ng kamalayan; siya ay tulog at nagising; siya ay patay at nabigyan ng buhay; siya ay bulag at nagsimulang makakita; siya ay bingi at nagsimulang makarinig; siya ay makalupa at naging makalangit; siya ay materyal at naging espiritwal. Sa pamamagitan ng mga gantimpalang ito siya ay muling isinisilang sa espiritu, ay muling nalilikha, at nagiging kahayagan ng bersikulo sa Ebanghelyo na nagsasaad hinggil sa mga disipulo na sila ay “mga ipinanganak na hindi sa dugo, ni sa kalooban ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos”[145]—yaon ay, sila ay iniligtas mula sa panghayop na mga katangian at mga kagalingang likas na matatagpuan sa tao, at nagtaglay ng mga katangiang banal, na iyon ang bumubuhos na biyaya ng Diyos. Ito ang tunay na kahulugan ng muling pagsilang. Para sa gayong mga kaluluwa ay wala nang higit pang pahirap kaysa sa matabingan mula sa Diyos, at wala nang higit pang parusa kaysa sa mga makasariling kagalingan, masamang mga

the Sun of Truth and endowed with every human virtue, they reckon this as the greatest reward and regard it as the true paradise. In like manner, they consider spiritual punishment—that is, existential torment and chastisement—to consist in subjection to the world of nature; in being veiled from God; in ignorance and unawareness; in engrossment with covetous desires; in absorption in animal vices; in being marked by evil attributes, such as falsehood, tyranny, and iniquity; in attachment to worldly things; and in immersion in satanic fancies—all of which they reckon to be the greatest of torments and punishments.	katangian, imbing kaugalian, at pagkaabala sa mahalay na mga pagnanasa. Sa pagkakataong inililigtas ang ganitong mga kaluluwa mula sa karimlan ng mga bisyong ito sa pamamagitan ng liwanag ng pananalig, sa pagkakataong sila ay natatanglawan ng mga sinag ng Araw ng Katotohanan at pinagkalooban ng bawat kabutihan ng tao, ipinapalagay nila ito bilang pinakadakilang gantimpala at itinuturing ito bilang tunay na paraiso. Sa gayunding paraan, itinuturing nila na ang parusang espiritwal—yaon ay, ang pahirap at parusa ng buhay—ay binubuo ng pagsasailalim sa daigdig ng kalikasan; ng pagiging nalalambungan mula sa Diyos; ng kamangmangan at kawalan ng kamalayan; ng pagkahumaling sa mga hangaring mapag-imbot; ng pag-aabala sa mga bisyong kahayupan; ng pagtaglay ng masamang mga katangian, tulad ng pagsisinungaling, paniniil, at kawalan ng kasamaan; ng pangangapit sa makamundong mga bagay; at ng pagkalugmok sa malademonyong mga kathang-isip—na ang lahat ng mga iyon ay itinuturing nila bilang pinakamatinding mga pahirap at mga parusa.
4 The ultimate rewards, which consist in life everlasting, have been explicitly recorded in all the heavenly Scriptures. They are divine perfections, eternal bounty, and everlasting joy. The ultimate rewards are the gifts and perfections that man attains in the spiritual realms after his ascension from this world, while the existential rewards are those true and luminous perfections which are attained while still abiding in this world, and which are the cause of everlasting life. For the existential rewards are the advancement of existence itself and are analogous to the passage of man from the stage of the embryo to that of maturity and becoming the embodiment of the verse, “Hallowed be the Lord, the most excellent of all creators!”146 The ultimate rewards consist in spiritual	60.4 Ang sukdulang mga gantimpala, na binubuo ng walang-hanggang buhay, ay maliwanag na itinala sa lahat ng makalangit na mga Santong Kasulatan. Ang mga ito ay ang mga kaganapang banal, ang walang-hanggang biyaya, at ang walang-katapusang kaligayahan. Ang sukdulang mga gantimpala ay ang mga kaloob at mga kaganapang natatamo ng tao sa mga kahariang espiritwal paglisan niya sa daigdig na ito, samantalang ang mga gantimpala ng buhay na ito ay yaong mga kaganapang tunay at nagniningning na natatamo habang nabubuhay pa sa daigdig na ito, at ang mga iyon ang sanhi ng walang-hanggang buhay. Dahil ang mga gantimpala ng buhay na ito ay ang pagsulong ng buhay mismo at maihahambing sa pagbabagtas ng tao mula sa yugto ng bilig

bounties and bestowals, such as the manifold gifts of God that are vouchsafed after the ascension of the soul, the attainment of the heart's desire, and reunion with Him in the everlasting realm. Similarly, ultimate retributions and punishments consist in being deprived of the special bounties and unfailing bestowals of God and sinking to the lowest degrees of existence. And whoso is deprived of these favours, though he continue to exist after death, is accounted as dead in the eyes of the people of truth.	hanggang sa kalagayan ng kaganapang-isip at nagiging kinatawan ng bersikulong, "Sambahin ang Panginoon, ang pinakamahusay sa mga manlilikha."[146] Ang sukdulang mga gantimpala ay binubuo ng mga biyaya at mga kaloob na espiritwal, tulad ng napakarami at iba't ibang handog ng Diyos na ipinagkakaloob matapos yumao ang kaluluwa, ang pagtamo ng hangarin ng puso, at ang muling pagsama sa Kaniya sa kahariang walang-maliw. Sa gayunding paraan, ang mga sukdulang mga kabayaran at kaparusahan ay kapag napagkakaitan ng natatanging mga biyaya at walang-katapusang mga kaloob ng Diyos at ang pagkasadlak sa pinakamababang mga antas ng buhay. At ang sinumang pinagkaitan nitong mga pagpapala, bagaman nagpapatuloy siyang umiral pagkaraan ng kaniyang kamatayan, ay itinuturing na patay sa mga mata ng mga tao ng katotohanan.
5 A rational proof for the immortality of the spirit is this, that no effect can be produced by a non-existent thing; that is, it is impossible that any effect should appear from absolute nothingness. For the effect of a thing is secondary to its existence, and that which is secondary is conditioned upon the existence of that which is primary. So from a non-existent sun no rays can shine; from a non-existent sea no waves can surge; from a non-existent cloud no rain can fall; from a non-existent tree no fruit can appear; from a non-existent man nothing can be manifested or produced. Therefore, so long as the effects of existence are visible, they prove that the author of that effect exists.	60.5 Ang isang katibayang batay sa katwiran na walang kamatayan ang espiritu ay ito, na walang epekto ang maaaring magbuhat sa isang bagay na hindi umiiral; yaon ay, imposibleng lumitaw ang anumang epekto mula sa ganap na kawalan. Dahil ang epekto ng isang bagay ay pumapangalawa lamang sa pag-iral nito, at yaong pumapangalawa lamang ay nakabatay sa pag-iral ng pangunahin. Kung gayon mula sa isang araw na hindi umiiral ay walang sinag ang maaaring sumikat; mula sa isang dagat na hindi umiiral ay walang alon ang maaaring dumaluyong; mula sa ulap na hindi umiiral ay walang ulan ang maaaring pumatak; mula sa punong hindi umiiral ay walang bunga ang maaaring lumitaw; mula sa taong hindi umiiral ay walang maaaring maihayag o malikha. Samakatwid, habang nakikita ang mga epekto ng pag-iral, pinatutunayan nitong umiiral ang gumawa ng epektong iyon.
6 Consider how, to this day, the sovereignty of Christ has endured. How can a sovereignty of such greatness be manifested	60.6 Limiin kung paano umiiral, hanggang sa araw na ito, ang paghahari ni Kristo. Paano maihahayag ang ganoong

by a non-existent sovereign? How can such waves surge from a non-existent sea? How can such heavenly breezes waft from a non-existent garden? Consider that as soon as the constituent parts of anything, be it mineral, plant, or animal, are disintegrated and its elemental composition is dissolved, all effect, influence, and trace thereof vanish. But it is not so with the human spirit and reality, which continues to manifest its signs, to exert its influence, and to sustain its effects even after the dissociation and decomposition of the various parts and members of the body.	kadakilang paghahari ng isang haring hindi umiiral? Paano dadaluyong ang gayong mga alon mula sa isang karagatang hindi umiiral? Paano sisimoy ang gayong makalangit na simoy mula sa isang harding hindi umiiral? Limiin kung paano, kaagad nang magunaw ang mga bahaging bumubuo sa anumang bagay, maging mineral, halaman, o hayop, at ang mga elementong bumubuo nito ay nalusaw na, ang lahat ng epekto, impluwensiya, at bakas nito ay naglalaho. Subalit hindi ganito kaugnay ng espiritu at realidad ng tao, na patuloy na nagpapamalas ng mga tanda nito, na magbigay ng impluwensiya nito, at na ipinagpapatuloy ang mga epekto nito kahit pa pagkaraan ng paghihiwalay at pagkaagnas ng magkakaibang bahagi at sangkap ng katawan.
7 This question is very subtle: Consider it attentively. This is a rational proof that we are providing, that rational minds may weigh it in the balance of reason and fair-mindedness. But if the human spirit be rejoiced and attracted to the Kingdom, if the inner eye be opened and the spiritual ear attuned, and if spiritual feelings come to predominate, the immortality of the spirit will be seen as clearly as the sun, and heavenly tidings and intimations will encompass that spirit.	60.7 Ang paksang ito ay lubhang pino: Limiin ito nang mabuti. Ito ay isang katibayan ayon sa katwiran na ating inilalahad, upang magawang timbangin ito ng mga kaisipang nakapangangatwiran sa timbangan ng katwiran at makatarungang pag-iisip. Subalit kung ang espiritu ng tao ay magdiriwang at mahihikayat sa Kaharian ng Diyos, kung ang panloob na mata ay mabubuksan, at ang taingang espiritwal na tainga ay makaririnig, at ang mga damdaming espiritwal ay mananaig, malinaw na makikita ang kawalan ng kamatayan ng espiritu na kasinlinaw ng araw, at ang makalangit na mga balita at mga palatandaan ay papalibot sa espiritung iyon.
8 Tomorrow we will give other proofs.	60.8 Magbibigay tayo bukas ng iba pang mga katibayan.
61	61
The Immortality of the Spirit (2)	Ang Kawalan ng Kamatayan ng Espiritu (2)
1 Yesterday we were discussing the immortality of the spirit. Know that the influence and perception of the human spirit is of two kinds; that is, the human spirit has	61.1 Kahapon ay tinatalakay natin ang kawalan ng kamatayan ng espiritu. Alamin na ang impluwensiya at kakayahang umunawa ng espiritu ng tao ay may dalawang

two modes of operation and understanding. One mode is through the mediation of bodily instruments and organs. Thus it sees with the eye, hears with the ear, speaks with the tongue. These are actions of the spirit and operations of the human reality, but they occur through the mediation of bodily instruments. Thus, it is the spirit that sees, but by means of the eye; it is the spirit that hears, but by means of the ear; it is the spirit that speaks, but by means of the tongue.	uri; yaon ay, ang espiritu ng tao ay mayroong dalawang paraan ng pagkilos at pag-unawa. Ang isang paraan ay sa paggamit ng mga instrumento at mga bahagi ng katawan. Sa gayon ito ay nakakikita sa pamamagitan ng mata, nakaririnig sa pamamagitan ng tainga, nakapagsasalita sa pamamagitan ng dila. Ang mga ito ay mga pagkilos ng espiritu at mga ginagawa ng realidad ng tao, subalit nagaganap ang mga ito sa paggamit ng mga instrumento ng katawan. Sa gayon, ang espiritu ang siyang nakakikita, subalit sa pamamagitan ng mata; ang espiritu ang siyang nakaririnig, subalit sa pamamagitan ng tainga; ang espiritu ang siyang nagsasalita, subalit sa pamamagitan ng dila.
2 The other mode of the spirit's influence and action is without these bodily instruments and organs. For example, in the state of sleep, it sees without eyes, it hears without ears, it speaks without a tongue, it runs without feet—in brief, all these powers are exerted without the mediation of instruments and organs. How often it happens that the spirit has a dream in the realm of sleep whose purport comes to be exactly materialized two years hence! Likewise, how often it happens that in the world of dreams the spirit solves a problem that it could not solve in the realm of wakefulness. Awake, the eye sees only a short distance, but in the realm of dreams one who is in the East may see the West. Awake, he sees only the present; in sleep he beholds the future. Awake, by the fastest means he travels at most seventy miles in an hour; in sleep he traverses East and West in the blink of an eye. For the spirit has two modes of travel: without means, or spiritual travel, and with means, or material travel—as birds that fly, or as being carried in a vehicle.	61.2 Ang isa pang paraan ng pag-impluwensiya at pagkilos ng espiritu ay hindi gamit itong mga instrumento at mga bahagi ng katawan. Halimbawa, sa kalagayan ng pagtulog, nakakikita ito nang walang mga mata; nakaririnig ito nang walang tainga, nakapagsasalita ito nang walang dila; nakatatakbo ito nang walang mga paa—sa maikling salita, ang lahat ng mga kapangyarihang ito ay nagagamit nang walang mga instrumento at bahagi ng katawan. Napakadalas mangyari na ang espiritu ay nagkakaroon ng isang panaginip sa kaharian ng tulog at ang tinutumbok nito ay mismong nagaganap pagkalipas ng dalawang taon! Gayundin, napakadalas mangyari na nalulutas ng espiritu sa daigdig ng mga panaginip ang isang suliraning hindi malutas sa daigdig ng pagkagising. Habang gising, ang mata ay nakakikita lamang sa maikling distansiya, subalit sa kaharian ng mga panaginip ang isang taong nasa Silangan ay maaaring makita ang Kanluran. Habang gising, ang nakikita lamang niya ay ang kasalukuyan; habang tulog ay nakikita niya ang hinaharap. Habang gising, sa pamamagitan ng pinakamatulin na sasakyan, ang pinakamatulin na paglalakbay niya ay pitumpung milya sa isang oras; habang tulog,

	nababagtas niya ang Silangan at Kanluran sa isang kisapmata. Sapagkat ang espiritu ay may dalawang paraan ng paglalakbay: nang walang sasakyan, o espiritwal na paglalakbay, at nang may sasakyan, o materyal na paglalakbay—tulad ng mga ibong lumilipad, o binubuhat ng sasakyan.
3 While asleep, this physical body is as dead: It neither sees, nor hears, nor feels, and it has neither consciousness nor perception—its powers are suspended. Yet the spirit is not only alive and enduring but also exerts a greater influence, soars to loftier heights, and possesses a deeper understanding. To hold that the spirit is annihilated upon the death of the body is to imagine that a bird imprisoned in a cage would perish if the cage were to be broken, though the bird has nothing to fear from the breaking of the cage. This body is even as the cage and the spirit is like the bird: We observe that this bird, unencumbered by its cage, soars freely in the world of sleep. Therefore, should the cage be broken, the bird would not only continue to exist but its senses would be heightened, its perception would be expanded, and its joy would grow more intense. In reality, it would be leaving a place of torment for a delightsome paradise; for there is no greater paradise for the grateful birds than to be freed from their cage. So it is that the martyrs hasten to the field of sacrifice with the utmost joy and elation.	61.3 Habang natutulog ang katawang ito ay mistulang patay: Hindi ito nakakikita, ni nakaririnig, ni nakadarama, at wala itong malay ni kabatiran—ang mga kapangyarihan ng tao ay hindi gumagana. Subalit ang espiritu ng tao ay hindi lamang nabubuhay at nagpapatuloy bagkus ay nagdudulot ito ng higit na malaking impluwensiya, lumilipad sa higit na mataas na mga rurok, at nagtataglay ng higit na malalim na pag-unawa. Ang ipagpalagay na ang espiritu ay nalilipol sa pagkamatay ng katawan ay tulad ng pag-aakala na ang ibon sa hawla ay mamamatay kung ang hawla ay masisira, bagaman walang dapat ikatakot ang ibon sa pagkawasak ng hawla. Ang katawang ito ay katulad ng hawla, at ang espiritu ay tulad ng ibon: Nakikita natin ang ibong ito, kapag hindi napipigilan ng hawla, ay malayang nakalilipad sa daigdig ng tulog. Samakatwid, kung mawawasak ang hawla, ang ibon ay hindi lamang magpapatuloy na mabuhay bagkus ang mga pandama nito ay magiging higit na malakas, ang pang-unawa nito ay magiging higit na malalim, at ang kaligayahan nito ay magiging higit na matindi. Sa katotohanan, lilisanin na nito ang isang lugar ng pahirap para sa isang nakalulugod na paraiso; sapagkat wala nang hihigit pang paraiso para sa mga ibong mapagpasalamat kaysa sa makalaya mula sa kanilang hawla. Sa gayon ang mga martir ay nagmamadali patungo sa larangan ng pagpapakasakit taglay ang sukdulang kaligayahan at kagalakan.
4 In wakefulness the eye of man sees, at most, as far as one hour's distance; for the influence of the spirit through the	61.4 Habang gising ang mata ng tao ay nakakikita nang pinakamalayo, sa hangganan ng distansiya ng isang oras; dahil

intermediary of the body extends only so far, but with the mind's eye it sees America, understands that land, is apprised of its condition, and arranges affairs accordingly. Now, if the spirit were identical with the body, its power of vision would extend no further. It is therefore evident that the spirit is different from the body, that the bird is different from the cage, and that the power and influence of the spirit is more pronounced without the intermediary of the body. Now, if the instrument becomes idle, its wielder continues to exist. For example, if the pen is abandoned or broken, the writer remains alive and well; if a house is destroyed, its owner lives on. This is one of the rational arguments proving the immortality of the soul.	ang impluwensiya ng espiritu kapag gamit ang katawan ay ganoon lamang ang naaabot, subalit gamit ang mata ng kaisipan ay nakikita nito ang Amerika, nauunawaan ang lupaing iyon, nababatid ang kalagayan niyon, at isinasaayos ang mga gawain nang sang-ayon doon. Ngayon, kung ang espiritu ay hindi naiiba sa katawan, ang kapangyarihan nitong makakita ay hindi makalalampas doon. Kung gayon ay maliwanag na ang espiritu ay naiiba sa katawan, na ang ibon ay naiiba sa hawla, at ang kapangyarihan at impluwensiya ng espiritu ay higit na malakas kapag hindi namamagitan ang katawan. Ngayon, kapag ang kagamitan ay hindi ginagamat, ang gumagamit nito ay patuloy pa ring umiiral. Halimbawa, kung ang panulat ay itatapon o mababali, ang manunulat ay mananatiling buhay at nasa mabuting kalagayan; kung ang bahay ay mawawasak, ang may-ari nito ay nabubuhay pa rin. Ito ang isang katibayang ayon sa katwiran na nagpapatunay na walang kamatayan ang kaluluwa.
5 Another proof is this: Man's body may become weak or robust, sick or healthy, tired or rested; it may suffer the loss of a hand or leg; it may decline in material powers; it may become blind, deaf, dumb, or paralysed—in short, it may become gravely impaired. And yet, despite this, the spirit maintains its original condition and spiritual perceptions, suffering no impairment or disruption. But when the body is afflicted with a major illness or calamity, it is deprived of the grace of the spirit, like a mirror that is broken or covered with dust, and that can no longer reflect the light of the sun or manifest its bounty.	61.5 Ang isa pang katibayan ay ito: Ang katawan ng tao ay maaaring humina o lumakas, magkasakit o maging malusog, mapagod o makapagpahinga; maaari itong maputulan ng kamay o paa, maaaring humina ang mga kapangyarihang materyal nito; maaari itong mabulag, mabingi, mapipi, o maparalisa—sa madaling salita, maaari itong lubos na mapinsala. Subalit, sa kabila nito, ang espiritu ay nananatili sa orihinal nitong kalagayan taglay ang mga kabatirang espiritwal, nang walang pinsala o pagbabago. Subalit kapag ang katawan ay pinahihirapan ng matinding karamdaman o kalamidad, napuputol ang biyaya ng espiritu, tulad ng salaming nabasag o punong-puno ng gabok, at hindi na maaninag ang liwanag ng araw o maihayag ang biyaya nito.
6 We have already explained that the spirit of man is not contained within the body, for it is freed and sanctified from	61.6 Ipinaliwanag na natin na ang espiritu ng tao ay hindi nilalaman ng katawan, dahil ito ay malaya at di-saklaw ng

ingress and egress, which are among the properties of material bodies. Rather, the connection of the spirit with the body is like that of the sun with the mirror. Briefly, the human spirit is always in one condition. It neither falls ill with the illness of the body nor is made healthy by the latter's health; it does not become weak or incapacitated, wretched or downtrodden, diminished or lessened—that is, it suffers no harm or ill effect on account of the infirmities of the body, even if the body were to waste away, or if the hands, feet, and tongue were to be cut off, or if the powers of sight and hearing were to be disrupted. It is therefore evident and established that the spirit is different from the body and that its immortality is not conditioned upon the latter's, but that the spirit rules supreme in the world of the body, and that its power and influence are as plain and visible as the bounty of the sun in a mirror. But when the mirror is covered with dust or broken, it will be deprived of the rays of the sun.	paglabas at pagbalik, na ang mga iyon ay mga kalagayan ng materyal na katawan. Sa halip, ang ugnayan ng espiritu sa katawan ay katulad ng yaong araw sa salamin. Sa madaling salita, ang espiritu ng tao ay laging nasa iisang kalagayan. Hindi ito nagkakasakit mula sa mga karamdaman ng katawan ni hindi ito napalulusog ng kalusugan ng huling nabanggit; hindi ito humihina o nalulumpo, mahirap o siil, napasama o napinsala—yaon ay, wala itong nararanasang pinsala o masamang epekto mula sa mga kahinaan ng katawan, kahit pa lubusang manghina ang katawan, o kung ang mga kamay, mga paa at dila ay maputol, o kung masira ang mga kakayahang makakita at makarinig. Samakatwid ay malinaw at napatunayang ang espiritu ay iba sa katawan, at ang patuloy na pagkabuhay nito ay hindi nababatay sa huling nabanggit, bagkus ang espiritu ang naghahari sa daigdig ng katawan, at ang kapangyarihan at impluwensiya nito ay kasinlinaw at nakikita tulad ng biyaya ng araw sa salamin. Subalit kapag ang salamin ay natatabunan ng gabok o nababasag, hindi na nito naaaninag ang mga sinag ng araw.
62	62
The Infinite Perfections of Existence and the Progress of the Soul in the Next World	Ang Walang-Hanggang mga Kaganapan ng Pagkabuhay at ang Pagsulong ng Kaluluwa sa Kabilang Buhay
1 Know that the degrees of existence are finite—the degrees of servitude, of prophethood, and of Divinity—but that the perfections of God and of creation are infinite. If you examine the matter with care, you will see that even in their most outward sense the perfections of existence are infinite; for it is impossible to find any created thing such that nothing superior to it can be imagined. For example, one cannot find in the mineral kingdom a ruby, or in the vegetable kingdom a rose, or in the animal	62.1 Alamin na ang mga antas ng pagkabuhay ay may takda—ang mga antas ng paglilingkod, ng pagkapropeta, at ng pagka-Diyos—subalit yaong mga kaganapan ng Diyos at ng sangnilikha ay walang hanggan. Kung iyong susuriin nang maingat ang bagay na ito, iyong matutuklasan na kahit sa pinakalantad na diwa nito, ang mga kaganapan ng pagkabuhay ay walang hanggan; dahil walang matatagpuang nilikhang bagay na hindi na magugunita ang isang nakahihigit pa roon. Halimbawa, walang matatagpuang rubi sa kahariang mineral, o rosas sa kahariang halaman, o

kingdom a nightingale, such that an even better specimen cannot be imagined.	ruwisenyor sa kahariang hayop, na hindi na magugunita ang higit pang mahusay na halimbawa niyon.
2 As the grace of God is limitless, so too are the perfections of man. If it were possible for the reality of anything to reach the very summit of perfection, then it would become independent of God and the contingent reality would attain to the station of the necessary reality. But every created thing has been assigned a degree which it can in no wise overpass. So he who occupies the degree of servitude, no matter how far he may progress and acquire endless perfections, can never reach the degree of divine Lordship. The same holds true of all other created things. No matter how far a mineral may progress, it can never acquire the power of growth in the mineral kingdom. No matter how far this flower may progress, it can never manifest the power of sensation while it is in the vegetable kingdom. So this silver mineral can never gain sight or hearing; at most it can progress in its own degree and become a perfect mineral, but it cannot acquire the power of growth or sensation and can never become living: It can only progress in its own degree.	62.2 Yamang ang biyaya ng Diyos ay walang hanggan, gayundin ang mga kaganapan ng tao. Kung maaaring umabot ang realidad ng anumang bagay sa pinakarurok ng kasakdalan, sa gayon ito ay magtataglay ng kasarinlan mula sa Diyos at ang walang-katiyakang realidad ay magtatamo ng kalagayan ng realidad na hindi nakabatay sa anuman. Subalit ang bawat nilikhang bagay ay inilagay sa isang antas na hindi nila maaaring lampasan. Kung gayon, siyang nasa antas ng paglilingkod, gaanuman kalayo siya sumulong at magtamo ng walang-hanggang mga kaganapan, ay hindi kailanman makahahantong sa antas ng pagiging banal na Panginoon. Ito ay totoo para sa lahat ng ibang nilikhang bagay. Gaanuman kalayo umunlad ang isang mineral, kailanman ay hindi nito matatamo ang kapangyarihang tumubo sa kahariang mineral. Gaanuman kalayo umunlad ang bulaklak na ito, hindi nito maihahayag ang kapangyarihan ng mga pandama habang nasa kahariang halaman. Kung gayon itong mineral na pilak ay hindi kailanman makatatamo ng paningin o pandinig; ang sukdulan ay maaari itong umunlad sa sarili nitong antas at maging ganap na mineral, subalit hindi nito matatamo ang kapangyarihang tumubo o makadama at hindi kailanman maaaring maging nabubuhay na bagay: maaari lamang itong umunlad sa sarili nitong antas.
3 For example, Peter cannot become Christ. At most, he can attain infinite perfections in the degrees of servitude, for every existing reality is capable of progress. As the spirit of man lives forever after casting off this elemental frame, it is, like all existing things, undoubtedly capable of progress, and thus one may pray for a departed soul to advance, to be forgiven, or to	62.3 Halimbawa, si Pedro ay hindi maaaring maging si Kristo. Ang sukdulang magagawa niya ay magtamo ng walang-hanggang mga kaganapan sa mga antas ng paglilingkod, sapagkat ang bawat umiiral na realidad ay maaaring magtamo ng pag-unlad. Yamang ang espiritu ng tao ay nabubuhay magpakailanman pagkatapos nitong hubarin itong materyal na anyo, iyon

be made the recipient of divine favours, bounties, and grace. That is why, in the prayers of Bahá'u'lláh, the forgiveness and pardon of God are implored for those who have ascended to the next world. Moreover, just as people are in need of God in this world, so too are they in need of Him in the next. The creatures are ever in need, and God is ever completely independent of them, whether in this world or in the world to come.	din, tulad ng lahat ng umiiral na bagay, ay tiyak na maaaring magkaroon ng pag-unlad, at sa gayon ay maaaring ipagdasal ang yumaong kaluluwa upang sumulong siya, upang mapatawad siya, o upang gawin siyang tampulan ng banal na mga kaloob, mga biyaya, at pagpapala. Ito ang dahilan kung bakit sa mga dalangin ni Bahá'u'lláh ay hinihingi ang kapatawaran at pagpapawalang-sala sa mga nagsiyao na sa kabilang buhay. Bukod rito, tulad rin ng pangangailangan ng tao sa Diyos sa daigdig na ito, gayundin ay kailangan din nila Siya sa kabila. Ang mga nilikha ay laging nangangailangan, at ang Diyos ay laging may ganap na kasarinlan, maging sa daigdig na ito o sa daigdig na darating.
4 The wealth of the next world consists in nearness to God. It is certain therefore that those who enjoy near access to the divine threshold are permitted to intercede, and that this intercession is approved in the sight of God. But intercession in the next world bears no resemblance to intercession in this world. It is an altogether different condition and reality, which cannot be expressed in words.	62.4 Ang kayamanan ng kabilang daigdig ay ang pagkalapit sa Diyos. Samakatwid, ay tiyak na ang mga malapit sa banal na bungad ay pinahihintulutang mamagitan, at itong pamamagitan ay pinagtibay sa paningin ng Diyos. Subalit ang pamamagitan sa kabilang daigdig ay walang pagkakahawig sa pamagitan sa daigdig na ito. Ito ay lubos na naiibang kalagayan at realidad, na hindi maipahayag sa mga salita.
5 Should a wealthy man choose to bequeath, upon his death, a portion of his wealth to the poor and needy, perchance this action will bring about divine pardon and forgiveness and result in his progress in the Kingdom of the All-Merciful.	62.5 Kung pipiliin ng isang mayamang tao, sa oras ng kaniyang kamatayan, na ipagkaloob ang isang bahagi ng kaniyang kayamanan sa mga dukha at nangangailangan, baka sakaling ang gawaing ito ay magdudulot ng kaniyang pagpapawalang-sala at kapatawaran at magbubunga ng kaniyang pagsulong sa Kaharian ng Lubos na Mahabagin.
6 Likewise, parents endure the greatest toil and trouble for their children, and often, by the time the latter have reached the age of maturity, the former have hastened to the world beyond. Rarely do the mother and father enjoy in this world the rewards of all the pain and trouble they have endured for their children. The children must therefore, in	62.6 Gayundin, ang mga magulang ay dumaranas ng lubos na pagkukumahog at pagkaabala alang-alang sa kanilang mga anak; at madalas kapag ang huling nabanggit ay nasa hustong gulang na ang unang nabanggit ay sumakabilang-buhay na. Bihira lamang na tinatamasa ng ina at ama sa daigdig na ito ang gantimpala sa lahat ng

return for this pain and trouble, make charitable contributions and perform good works in their name, and implore pardon and forgiveness for their souls. You should therefore, in return for the love and kindness of your father, give to the poor in his name and, with the utmost lowliness and fervour, pray for God's pardon and forgiveness and seek His infinite mercy.147	hapis at abalang tiniis nila para sa kanilang mga anak. Samakatwid ang mga anak, bilang ganti sa hapis at abalang ito, ay dapat magbigay ng abuloy para sa kawanggawa at gumawa ng mababuting gawain sa ngalan ng kanilang mga magulang, at magsumamo ng kapatawaran para sa kanilang mga kaluluwa. Kung gayon, bilang ganti sa pagmamahal at kabaitan ng iyong ama, dapat kang magbigay sa mahihirap sa ngalan niya at, sa sukdulang pagpapakumbaba at alab, ay ipagdasal ang pagwawalang-sala at kapatawaran ng Diyos at hingin ang Kaniyang walang-katapusang habag.[147]
7 It is even possible for those who have died in sin and unbelief to be transformed, that is, to become the object of divine forgiveness. This is through the grace of God and not through His justice, for grace is to bestow without desert, and justice is to give that which is deserved. As we have the power to pray for those souls here, so too will we have the same power in the next world, the world of the Kingdom. Are not all the creatures in that world the creation of God? They must therefore be able to progress in that world as well. And just as they can seek illumination here through supplication, so too can they plead there for forgiveness and seek illumination through prayer and supplication. Thus, as souls can progress in this world through their entreaties and supplications, or through the prayers of holy souls, so too after death can they progress through their own prayers and supplications, particularly if they become the object of the intercession of the holy Manifestations.	62.7 Posible ring magbago ang kalagayan ng mga namatay nang makasalanan at walang pananalig, yaon ay, maging tagapagtanggap ng banal na kapatawaran. Ito ay mula sa biyaya ng Diyos at hindi sa Kaniyang katarungan, dahil ang biyaya ay ang magkaloob sa hindi nararapat, at ang katarungan ay ang magbigay ng nararapat. Yamang taglay natin ang kapangyarihang ipagdasal dito ang mga kaluluwang ito, gayundin ay tataglayin natin ang gayunding kapangyarihan sa kabilang daigdig, sa daigdig ng Kaharian. Hindi ba ang lahat ng nilalang sa daigdig na iyon ay mga nilikha ng Diyos? Samakatwid ay maaari din silang sumulong sa daigdig na iyon. At tulad rin ng paghanap nila ng kaliwanagan dito sa pamamagitan ng panalangin, sa gayundin ay maaari silang humingi ng kapatawaran at humanap ng kaliwanagan sa pamamagitan ng panalangin at pagsamo. Sa gayon, yamang ang mga kaluluwa ay maaaring sumulong sa daigdig na ito sa pamamagitan ng kanilang mga pagsamo at mga panalangin, o sa mga dalangin ng mga kaluluwang banal, gayundin pagkatapos ng kamatayan ay maaari silang sumulong sa pamamagitan ng sarili nilang mga panalangin at pagsamo, lalo na kung sila ang maging pakay ng pamamagitan ng banal na mga Kahayagan.

63	63
The Progress of All Things within Their Own Degree	Ang Pagsulong ng Lahat ng Bagay sa Sarili Nitong Antas
1 Know that nothing that exists remains in a state of repose—that is, all things are in motion. They are either growing or declining, either coming from non-existence into existence or passing from existence into non-existence. So this flower, this hyacinth, was for a time coming from non-existence into existence and is now passing from existence into non-existence. This is called essential or natural motion, and it can in no wise be dissociated from created things, for it is one of their essential requirements, just as it is an essential requirement of fire to burn.	63.1 Alamin na walang-umiiral na bagay ang nananatiling nasa kalagayan ng walang pagkilos—yaon ay, ang lahat ng bagay ay kumikilos. Kung hindi man yumayabong ay humihina ang mga ito, kung hindi man lumalabas mula sa kawalan ng pag-iral patungo sa pag-iral ay naglalaho mula sa pag-iral patungo sa kawalan ng pag-iral. Kung gayon itong bulaklak, itong liryo, sa isang panahon ay lumalabas mula sa kawalan ng pag-iral patungo sa pag-iral, at sa ngayon ito ay naglalaho mula sa pag-iral patungo sa kawalan ng pag-iral. Ito ay tinatawag na pangunahin o likas na pagkilos, at sa anumang paraan ay hindi ito maaaring ihiwalay sa mga nilikhang bagay, dahil ito ay isa sa pangunahing mga pangangailangan nito, tulad ng pangunahing pangangailangan ng apoy ay ang masunog.
2 It is therefore clearly established that motion, whether advancing or declining, is necessary to existence. Now, as the human spirit continues after death, it must either advance or decline, and in the next world to cease to advance is the same as to decline. But the human spirit never transcends its own degree: It progresses only within that degree. For example, no matter how far the spirit and reality of Peter may progress, it will never reach the degree of the reality of Christ but will progress only within its own inherent limits.	63.2 Kung gayon ay malinaw na napatunayang ang pagkilos, maging pagsulong o paghina, ay pangangailangan ng pag-iral. Ngayon, yamang ang espiritu ng tao ay nagpapatuloy pagkatapos ng kamatayan, kinakailangan nitong sumulong o humina; at sa kabilang daigdig kapag humintong sumulong ito ay katumbas ng paghina. Subalit ang espiritu ng tao ay hindi kailanman lumalampas sa sarili nitong antas: Ito ay patuloy na sumusulong sa loob lamang ng antas na iyon. Halimbawa, gaanuman kalayo sumulong ang espiritu at realidad ni Pedro, kailanman ay hindi nito maaabot ang antas ng realidad ni Kristo bagkus ay susulong lamang sa sarili nitong likas na mga hangganan.
3 Thus, you see that however much this mineral may progress, its progress remains within its own degree; you cannot possibly bring this crystal, for example, to a	63.3 Kung gayon ay iyong nakikita na gaanuman sumulong ang mineral na ito, ang pagsulong nito ay mananatili lamang sa sarili nitong antas; hindi mo madadala ang

state where it gains the power of sight. The moon, howsoever it may progress, can never become the shining sun, and its apogee and perigee will always remain within its own degree. And however far the Apostles might have progressed, they could never have become Christ. It is true that coal can become a diamond, but both are in the mineral degree and their constituent parts are the same.	kristal na ito, halimbawa, sa kalagayang nagtatamo na ito ng kakayahang makakita. Ang buwan, gaanuman ito umunlad, ay hindi kailanman maaaring maging araw na nagniningning, at ang pinakamalayo at pinakamalapit na dako sa pag-ikot nito sa daigdig ay laging mananatili sa sarili nitong antas. At gaanuman kalayo umunlad ang mga Apostol, kailanman ay hindi sila maaaring maging Kristo. Totoong ang uling ay maaaring maging brilyante, subalit kapuwa itong nasa kalagayan ng mineral, at ang mga sangkap na bumubuo sa kanila ay magkapareho.
64	64
The Station of Man and His Progress after Death	Ang Kalagayan ng Tao at ang Kaniyang Pagsulong Pagkatapos Mamatay
1 When we examine all things with the eye of discernment, we observe that they are generally confined to three categories: mineral, vegetable, and animal. Thus there are three classes of beings and each class has its associated species. Man is the most distinguished species in that he combines the perfections of all three classes—that is, he possesses a material body, the power of growth, and the power of sensation. Beyond the mineral, vegetable, and animal perfections, however, he also possesses a special perfection of which other created things are bereft, namely, the perfections of the mind. Thus man is the noblest of all existing things.	64.1 Kung susuriin natin ang lahat ng bagay gamit ang matang nangingilatis, makikita nating ang mga ito ay karaniwang maitatakda sa tatlong kategorya: mineral, halaman, at hayop. Kung gayon ay may tatlong uri ng nilalang, at ang bawat uri ay may kaugnay nitong mga *species*. Ang tao ang pinakamataas na *species* dahil nasa kaniya ang mga kaganapan ng lahat ng tatlong uri—yaon ay, taglay niya ang materyal na katawan, ang kakayahang tumubo, at ang kakayahan ng pandama. Higit pa sa mga kaganapan ng mineral, ng halaman, at ng hayop, nagtataglay rin siya ng bukod-tanging kaganapan na hindi taglay ng ibang mga nilalang, na yaon ay ang mga kaganapan ng kaisipan. Samakatwid, ang tao ang pinakamarangal sa mga nilalang.
2 Man is in the ultimate degree of materiality and the beginning of spirituality; that is, he is at the end of imperfection and the beginning of perfection. He is at the furthermost degree of darkness and the beginning of the light. That is why the station of man is said to be the end of night and the beginning of day, meaning that	64.2 Ang tao ay nasa pinakamataas na antas ng pagiging materyal at nasa simula ng pagiging espiritwal; yaon ay, siya ay nasa dulo ng kawalan ng kaganapan at nasa simula ng kaganapan. Siya ay nasa huling antas ng kadiliman at sa simula ng liwanag. Ito ang dahilan kung bakit nasabing ang kalagayan ng tao ay nasa wakas ng gabi at sa simula ng

he encompasses all the degrees of imperfection and that he potentially possesses all the degrees of perfection. He has both an animal side and an angelic side, and the role of the educator is to so train human souls that the angelic side may overcome the animal. Thus, should the divine powers, which are identical with perfection, overcome in man the satanic powers, which are absolute imperfection, he becomes the noblest of all creatures, but should the converse take place, he becomes the vilest of all beings. That is why he is the end of imperfection and the beginning of perfection.	araw, na nangangahulugang saklaw niya ang lahat ng mga antas ng kawalan ng kaganapan, at maaari siyang magtaglay ng lahat ng mga antas ng kaganapan. Taglay niya ang kapuwa bahagi ng hayop at ang bahagi ng anghel, at ang tungkulin ng tagapagturo ay sanayin ang mga kaluluwa ng tao sa gayong antas na madadaig ng bahaging anghel ang hayop. Sa gayon, kung ang banal na kapangyarihan, na iyon ay kapareho ng kaganapan, ay madaig sa tao ang makademonyong kapangyarihan, na iyon ang lubos na kawalan ng kaganapan, siya ay nagiging ang pinakamahusay sa lahat ng mga nilikha, subalit kung ang kabaliktarang ang mangyari, siya ay nagiging pinakamasama sa lahat ng mga nilalang. Ito ang dahilan kung bakit siya ay nasa dulo ng kawalan ng kaganapan at nasa simula ng kaganapan.
3 In no other species in the world of existence can such difference, distinction, contrast, and contradiction be seen as in man. For instance, it is upon man that the effulgent light of the Divinity has been shed, as it was with Christ—see how glorious and noble man is! At the same time, he worships stones, trees, and lumps of clay—see how wretched he is, that the object of his worship should be the basest degrees of existence, that is, lifeless stones and clods of earth, mountains, woods, and trees! What greater wretchedness can there be for man than to worship the lowliest of all things?	64.3 Sa umiiral na daigdig, walang *species* bukod pa sa tao ay makikita na may ganitong pagkakaiba, pagkabukod, kaibahan, at pagsalungatan. Halimbawa, sa tao ipinasikat ang maningning na liwanag ng Kabanalan, tulad ng pagsikat nito kay Kristo—masdan kung gaano kaluwalhati at karangal ang tao! Kasabay nito, sinasamba niya ang mga bato, mga puno, at mga tumpok luad—masdan kung gaano kaaba siya, na ang bagay na sinasamba niya ay ang pinakamababang antas ng nilalang, yaon ay, ang mga batong walang buhay at mga tumbok ng lupa, mga bundok, kagubatan, at mga puno! Anong higit pang pagkaaba kaysa sa pagsamba ng tao sa pinakamababa sa lahat ng mga bagay?
4 Moreover, knowledge is a human attribute but so is ignorance; truthfulness is a human attribute but so is falsehood; and the same holds true of trustworthiness and treachery, justice and tyranny, and so forth. In brief, every perfection and virtue, as well as every vice, is an attribute of man. Consider, likewise, the differences that exist among the members of	64.4 Higit pa rito, ang kaalaman ay isang katangian ng tao, subalit gayundin ang kamangmangan; ang pagkamakatotohanan ay isang katangian ng tao subalit gayundin ang kasinungalingan; at gayundin ang kaugnay ng mapagkakatiwalaan at ang kataksilan, ang katarungan at ang paniniil, at iba pa. Sa madaling salita, ang bawat kaganapan at kabutihan, at gayundin ang bawat bisyo, ay

the human race. Christ was in the form of a man and so was Caiaphas; Moses was a man and so was Pharaoh; Abel was a man and so was Cain; Bahá'u'lláh was a man and so was Yaḥyá.148 That is why man is said to be the greatest sign of God—that is, he is the Book of Creation—for all the mysteries of the universe are found in him. Should he come under the shadow of the true Educator and be rightly trained, he becomes the gem of gems, the light of lights, and the spirit of spirits; he becomes the focal centre of divine blessings, the wellspring of spiritual attributes, the dawning-place of heavenly lights, and the recipient of divine inspirations. Should he, however, be deprived of this education, he becomes the embodiment of satanic attributes, the epitome of animal vices, and the source of all that is oppressive and dark.	katangian ng tao. Isaalang-alang din ang mga pagkakaibang umiiral sa indibidwal na mga tao. Si Kristo ay nasa anyo ng tao, at gayundin si Caiaphas; si Moises ay tao at gayundin si Paraon; si Abel ay tao at gayundin si Cain; si Bahá'u'lláh ay tao at gayundin si Yaḥyá.[148] Ito ang dahilan kung bakit sinasabing ang tao ang pinakadakilang palatandaan ng Diyos—yaon ay, siya ang Aklat ng Sangnilikha—sapagkat ang lahat ng mga hiwaga ng sansinukob ay matatagpuan sa kaniya. Kung siya ay sasailalim sa lilim ng tunay na Tagapagturo at masanay nang wasto, siya ay nagiging hiyas ng mga hiyas, liwanag ng mga liwanag, at espiritu ng mga espiritu; siya ay nagiging tampulan ng mga banal na biyaya, ang punong-bukal ng mga katangiang espiritwal, ang pook-silangan ng makalangit na liwanag, at ang tumatanggap ng mga inspirasyong banal. Subalit, kung siya ay mapagkaitan ng ganitong edukasyon, siya ay nagiging kinatawan ng mga katangian ng demonyo, ang pinakahalimbawa ng mga bisyo ng hayop, at ang pinagmumulan ng lahat ng nakasisiil at karimlan.
5 This is the wisdom of the appearance of the Prophets: to educate humanity, that this lump of coal may become a diamond and this barren tree may be grafted and yield fruit of the utmost sweetness and delicacy. And after the noblest stations in the world of humanity have been attained, further progress can be made only in the degrees of perfection, not in station, for the degrees are finite but the divine perfections are infinite.	64.5 Ito ang dahilan ng pagdating ng mga Propeta: ang turuan ang sangkatauhan, upang itong kapirasong uling ay maging brilyante, at itong punong walang bunga ay maghugpong ng supang at mamunga ng pinakamatamis at pinakamasarap na mga bunga. At kapag naabot na ang pinakamatayog na kalagayan sa larangan ng tao, ang karagdagang pagsulong ay maaari lamang makamtan sa mga antas ng kaganapan, hindi sa kalagayan, dahil ang mga kalagayan ay may hangganan, subalit ang mga banal na kaganapan ay walang hanggan.
6 Both before and after casting off this elemental frame, the human soul progresses in perfections but not in station. The progression of all created things culminates in perfect man, and no greater being than him exists: Man, having reached	64.6 Kapuwa bago at pagkatapos hubarin itong materyal na anyo, ang kaluluwa ng tao ay nagkakaroon ng pagsulong sa kaganapan subalit hindi sa kalagayan. Ang pataas na pagkakasunod-sunod ng lahat ng nilikhang bagay ay nagwawakas sa ganap na

the human station, can progress only in perfections and not in station, for there is no higher station to which he can find passage than that of a perfect man. He can progress solely within the human station, as human perfections are infinite. Thus, however learned a man may be, it is always possible to imagine one even more learned.	tao, at wala nang higit pang nilalang kaysa sa kaniya ang umiiral: Ang tao, yamang umabot na sa kalagayan ng tao, ay maaari na lamang sumulong sa mga kaganapan at hindi sa kalagayan, sapagkat wala nang higit pang mataas na kalagayan na kaniyang mapatutunguhan kaysa sa ganap na tao. Maaari lamang siyang sumulong sa kalagayan ng tao, dahil ang mga kaganapan ng tao ay walang hanggan. Sa gayon, gaano man karunong ang isang tao, magugunita pa rin ang isang higit na marunong pa.
7 And as the perfections of man are infinite, he can also advance in these perfections after his ascension from this world.	64.7 At yamang ang mga kaganapan ng tao ay walang hanggan, maaari pa rin siyang sumulong sa ganitong mga kaganapan, pagkatapos ng kaniyang pagyao mula sa daigdig na ito.
65	65
Faith and Works	Pananalig at mga Gawa
1 Question: It is said in the Kitáb-i-Aqdas: “. . . whoso is deprived thereof, hath gone astray, though he be the author of every righteous deed”.149 What is the meaning of this verse?	65.1 Tanong: Nakasaad sa Kitáb-i-Aqdas na: “…sinuman ang pinagkaitan niyon ay naligaw, kahiman siya ang naging may-akda ng lahat ng makatarungang gawa”.[149] Ano ang kahulugan ng bersikulong ito?
2 Answer: The meaning of this blessed verse is that the foundation of success and salvation is the recognition of God, and that good deeds, which are the fruit of faith, derive from this recognition.	65.2 Sagot: Ang kahulugan nitong pinagpalang bersikulo ay ang saligan ng tagumpay at kaligtasan ay ang pagkilala sa Diyos, at ang mga mababuting gawa, na bunga ng pananalig, ay nagmumula sa ganitong pagkilala.
3 When this recognition is not attained, man remains veiled from God and, as he is veiled, his good works fail to achieve their full and desired effect. This verse does not mean that those who are veiled from God are all equal, whether they be doers of good or workers of iniquity. It means only that the foundation is the recognition of God and that good deeds derive from this knowledge. Nevertheless, it is certain that among those	65.3 Kapag hindi nagkaroon ng ganitong pagkilala, ang tao ay nananatiling nalalambungan mula sa Diyos, at yamang siya ay nalalambungan, ang mabuti niyang mga gawa ay hindi nakapagtatamo ng lubos at hinahangad na epekto nito. Ang bersikulong ito ay hindi nangangahulugang ang lahat ng mga nalalambungan sa Diyos ay pantay-pantay, maging sila man ay gumagawa ng kabutihan o kasamaan.

who are veiled from God there is a difference between the doer of good and the sinner and malefactor. For the veiled soul who is endowed with good character and conduct merits the forgiveness of God, while the veiled sinner possessed of bad character and conduct will be deprived of the bounties and bestowals of God. Herein lies the difference.	Nangangahulugan lamang ito na ang saligan ay ang pagkilala sa Diyos at ang mabubuting gawa ay nagmumula sa kaalamang ito. Gayumpaman, mula sa mga nalalambungan mula sa Diyos ay tiyak na may pagkakaiba sa pagitan ng gumagawa ng kabutihan at ng makasalanan at ng gumagawa ng kasamaan. Dahil ang kaluluwang nalalambungan na nagtataglay ng mabuting ugali at asal ay nararapat tumanggap ng kapatawaran ng Diyos, subalit ang makasalanang nalalambungan na taglay ang masamang ugali at asal ay pagkakaitan ng mga biyaya at kaloob ng Diyos. Narito ang pagkakaiba.
4 This blessed verse means, therefore, that good deeds alone, without the recognition of God, cannot lead to eternal redemption, to everlasting success and salvation, and to admittance into the Kingdom of God.150	65.4 Samakatwid, ang kahulugan nitong pinagpalang bersikulo ay ang mga mabuting gawa lamang, nang walang pagkilala sa Diyos, ay hindi maaaring magbunga ng walang-maliw na pagtubos sa kasalanan, sa namamalaging tagumpay at kaligtasan, at sa pagpasok sa Kaharian ng Diyos.[150]
66	66
The Subsistence of the Rational Soul after the Death of the Body	Ang Pag-iral ng Kaluluwang Nakapangangatwiran Pagkatapos Mamatay ang Katawan
1 Question: After the body has been cast off and the spirit has taken flight, through what will the rational soul subsist? Let us suppose that those souls who are aided by the outpourings of the Holy Spirit attain true existence and everlasting life. But what becomes of those rational souls who are veiled from God?	66.1 Tanong: Pagkatapos isaisantabi ang katawan at pumailanlang na ang espiritu, sa anong paraan mabubuhay ang kaluluwang nakapangangatwiran? Ipagpalagay na nating ang mga kaluluwang iyon na tinutulungan ng mga kaloob ng Espiritu Santo ay nakatatamo ng tunay na pag-iral at walang-hanggang buhay. Subalit ano ang nangyayari sa mga kaluluwang nakapangangatwiran na nalalambungan mula sa Diyos?
2 Answer: Some hold that the body is the substance and that it subsists by itself, and that the spirit is an accident which subsists through the substance of the body. The truth, however, is that the rational soul is	66.2 Sagot: Inaakala ng ilan na ang katawan ang diwa at may kasarinlan itong nabubuhay, at ang espiritu ay di-sinasadyang bagay na umiiral sa pamamagitan ng sangkap ng katawan. Subalit ang katotohanan ay ang

the substance through which the body subsists. If the accident—the body—is destroyed, the substance—the spirit—remains.	nakapangangatwirang kaluluwa ang diwa at sa pamamagitan niyon ang katawan ay umiiral. Kung ang di-sinasadyang bagay—ang katawan—ay mawawasak, ang diwa—ang espiritu—ay mananatili.
3 Secondly, the rational soul, or the human spirit, does not subsist through this body by inherence—that is to say, it does not enter it; for inherence and entrance are characteristics of bodies, and the rational soul is sanctified above this. It never entered this body to begin with, that it should require, upon leaving it, some other abode. No, the connection of the spirit with the body is even as the connection of this lamp with a mirror. If the mirror is polished and perfected, the light of the lamp appears therein, and if the mirror is broken or covered with dust, the light remains concealed.	66.3 Pangalawa, ang nakapangangatwirang kaluluwa, o espiritu ng tao, ay hindi umiiral sa katawang ito sa pamamagitan ng pagsalin—ang ibig sabihin ay hindi ito pumapasok dito; dahil ang pagsalin at pagpasok ay mga katangian ng katawan, at ang nakapangangatwirang kaluluwa ay malaya mula rito. Kailanman ay hindi ito pumasok sa katawang ito, na kakailanganin nito ng iba pang tirahan, sa paglisan nito rito. Hindi, ang ugnayan ng espiritu sa katawan ay katulad ng ugnayan nitong lampara sa salamin. Kapag ang salamin ay makintab at walang kapintasan, ang ilaw ng lampara ay magiging hayag dito, at kapag ang salamin ay mababasag o matatakpan ng gabok, ang ilaw ay mananatiling hindi nakikita.
4 The rational soul—the human spirit—did not descend into this body or subsist through it to begin with, that it should require some substance to depend upon after the constituent parts of the body have decomposed. On the contrary, the rational soul is the substance upon which the body depends. The rational soul is endowed from the beginning with individuality; it does not acquire it through the intermediary of the body. At most, what can be said is that the individuality and identity of the rational soul may be strengthened in this world, and that the soul may either progress and attain to the degrees of perfection or remain in the lowest abyss of ignorance and be veiled from and deprived of beholding the signs of God.	66.4 Ang nakapangangatwirang kaluluwa—ang espiritu ng tao—ay hindi pumanaog sa katawang ito ni hindi nabuhay sa pamamagitan nito sa simula na mangangailangan ito ng ibang bagay matapos maghiwa-hiwalay ang mga sangkap na bumubuo sa katawan. Sa kabaliktaran, ang nakapangangatwirang kaluluwa ay ang diwa na sa pamamagitan nito ay nabubuhay ang katawan. Ang nakapangangatwirang kaluluwa ay pinagkalooban mula sa simula ng katangiang pansarili; ito ay hindi nito natatamo sa kaparaanan ng katawan. Ang lubos na masasabi lamang kaugnay ng katangiang pansarili at pagkakakilanlan ng nakapangangatwirang kaluluwa ay maaari itong palakasin sa daigdig na ito, at alin sa dalawa, ang kaluluwa ay maaaring sumulong at makamtan ang mga antas ng kaganapan o manatili sa pinakamababang kailaliman ng kamangmangan at nalalambungan at

	napagkakaitang masilayan ang mga tanda ng Diyos.
5 Question: Through what means can the spirit of man—the rational soul—progress after departing from this mortal world?	66.5 Tanong: Sa anong mga paraan maaaring sumulong ang espiritu ng tao—ang nakapangangatwirang kaluluwa—paglisan nito sa makalupang daigdig?
6 Answer: The progress of the human spirit in the divine world, after its connection with the physical body has been severed, is either purely through the grace and bounty of the Lord, or through the intercession and prayers of other human souls, or through the significant contributions and charitable deeds which are offered in its name.	66.6 Sagot: Ang pagsulong ng espiritu ng tao sa banal na daigdig, pagkatapos maputol ang ugnayan nito sa pisikal na katawan, ay pawang sa pagpapala at biyaya ng Panginoon, o sa pamamagitan at mga dalangin ng ibang mga kaluluwa, o sa makabuluhang mga tulong at mga kawanggawa na iniaalay sa ngalan nito.
7 Question: What happens to children who die before reaching the age of maturity or before the appointed time of birth?	66.7 Tanong: Ano ang nangyayari sa mga batang namamatay bago sila makahantong sa hustong gulang o bago sa takdang panahon ng pagkasilang?
8 Answer: These children abide under the shadow of the Divine Providence, and, as they have committed no sin and are unsullied by the defilements of the world of nature, they will become the manifestations of divine bounty and the glances of the eye of divine mercy will be directed towards them.	66.8 Sagot: Ang mga batang ito ay nananahan sa ilalim ng lilim ng Banal na Kalinga, at yamang hindi sila gumawa ng anumang pagkakasala at hindi nalahiran ng mga dungis ng daigdig ng kalikasan, sila ay magiging mga kahayagan ng banal na biyaya at ang mga sulyap ng mata ng banal na habag ay nakabaling sa kanila.
67	67
Eternal Life and Entrance into the Kingdom of God	Ang Walang-Hanggang Buhay at ang Pagpasok sa Kaharian ng Diyos
1 You have asked concerning eternal life and entrance into the Kingdom. The Kingdom is outwardly referred to as “heaven”, but this is an expression and likeness and not a factual statement or reality. For the Kingdom is not a material location but is sanctified above time and place. It is a spiritual realm, a divine world, and it is the seat of the sovereignty of the almighty Lord. It is exalted above bodies and all that is	67.1 Nagtanong ka hinggil sa walang-hanggang buhay at sa pagpasok sa Kaharian. Ang panlabas na katawagan sa Kaharian ay “langit”, subalit ito ay isang bukang-bibig at paghahalintulad lamang at hindi pahayag ng katotohanan o realidad. Sapagkat ang Kaharian ay hindi isang materyal na lugar bagkus ay di-saklaw ng oras at lugar. Ito ay isang espiritwal na kaharian, isang daigdig ng kabanalan, at ito

corporeal, and it is freed and sanctified from the idle conjectures of men. For to be confined to place is a characteristic of bodies and not of spirits: Time and place encompass the body, not the mind and the soul.	ay luklukan ng Paghahari ng makapangyarihang Panginoon. Ito ay higit na mataas kaysa sa mga katawan at sa lahat ng nauugnay sa katawan, at ito ay pinalaya at ginawang dalisay mula sa walang-kabuluhang mga hinagap ng tao. Sapagkat ang maitakda sa hangganan ng lugar ay isang katangian ng mga katawan at hindi ng mga espiritu: Ang oras at lugar ay sumasaklaw sa katawan, hindi sa isip at kaluluwa.
2 Observe that the body of man abides in a limited space and occupies no more than two spans of earth. But the spirit and mind of man traverses all countries and regions and even the limitless expanse of the heavens; it encompasses all existence and makes discoveries in the spheres above and in the infinite reaches of the universe. This is because the spirit has no place: It is a placeless reality, and for the spirit earth and heaven are the same, since it makes discoveries in both. But the body is confined in space and is unaware of that which lies beyond.	67.2 Masdan, ang katawan ng tao ay nasa isang limitadong lugar at dalawang dangkal lang ng lupa ang nasasakop kapag nakatindig. Subalit binabagtas ng espiritu at isipan ng tao ang lahat ng mga bansa at mga rehiyon at kahit ang walang-hanggang kalawakan ng mga kalangitan; sinasaklaw nito ang lahat ng umiiral at nakagagawa ng mga katuklasan sa mga globo sa itaas at sa walang-hanggang mga saklaw ng sanlibutan. Ito ay dahil ang espiritu ay walang lugar: Ito ay isang realidad na hindi nauugnay sa lugar, at para sa espiritu ang lupa at langit ay magkapareho lamang, sapagkat nakagagawa ito ng mga katuklasan sa dalawang ito. Subalit ang katawan ay natatakdaan ng lugar at hindi nalalaman yaong nasa kabila niyon.
3 Now, life is of two kinds: that of the body and that of the spirit. The life of the body consists in material life, but the life of the spirit is a heavenly existence which consists in receiving the grace of the Divine Spirit and being quickened through the breath of the Holy Spirit. Although material life has existence, yet in the eyes of holy and spiritually minded souls it is utter non-existence and death. Thus man exists and so does this stone, but what a difference between the existence of man and that of the stone! Although the stone exists, in relation to the existence of man it is non-existent.	67.3 Ngayon, ang buhay ay may dalawang uri: yaong sa katawan at yaong sa espiritu. Ang buhay ng katawan ay binubuo ng materyal na buhay, subalit ang buhay ng espiritu ay isang makalangit na buhay na binubuo ng pagtanggap sa biyaya ng Espiritu ng Diyos at ng pagkabuhay sa pamamagitan ng hininga ng Espiritu Santo. Bagaman ang materyal na buhay ay mayroong pag-iral, gayumpaman sa mga mata ng mga kaluluwang banal at espiritwal ang kaisipan ito ay pawang kawalan ng pag-iral at kamatayan. Sa gayon ang tao ay umiiral at gayundin ang batong ito, subalit napakalaki ng pagkakaiba sa pag-iral ng tao at ng bato!

	Bagaman umiiral ang bato, kung kaugnay sa pag-iral ng tao ito ay ganap na walang buhay.
4 What is meant by “eternal life” is receiving the grace of the Holy Spirit, even as a flower partakes of the gifts and breezes of spring. Observe that in the beginning this flower had a purely mineral life, yet through the advent of springtime, the outpouring of its vernal showers, and the heat of its shining sun, it found another life and appeared with the utmost vitality, delicacy, and fragrance. Compared to its latter life, the former life of the flower was even as death.	67.4 Ang kahulugan ng “walang-hanggang buhay” ay ang pagtanggap sa biyaya ng Espiritu Santo, tulad ng pagtanggap ng bulaklak ng mga kaloob at mga simoy ng tagsibol. Masdan, sa simula ang pag-iral ng bulaklak na ito ay pawang buhay ng mineral, subalit sa pamamagitan ng pagsapit ng panahon ng tagsibol, ang pagbuhos ng mga ulan ng tagsibol, at ang init ng sumisikat na araw nito, nakatamo ito ng isa pang buhay at lumitaw sa sukdulang sigla, kapinuhan at halimuyak. Kung ihahambing sa huling buhay nito, ang unang buhay ng bulaklak ay tulad ng kamatayan.
5 Our meaning is that the life of the Kingdom is the life of the spirit, and that it is eternal and sanctified above time and place, even as the human spirit, which is placeless. For were you to search throughout the human body, you would be unable to find a specific place or location for the spirit. The spirit is absolutely placeless and immaterial, but it has a connection with the body, even as the sun has a connection with this mirror: The sun occupies no place within the mirror, but it has a connection with it. In the same way, the world of the Kingdom is sanctified above all that can be seen by the eye or perceived by the other senses, such as hearing, smell, taste, or touch.	67.5 Ang aming kahulugan ay ang buhay ng Kaharian ay ang buhay ng espiritu, at iyon ay walang hanggan at hindi nasasaklaw ng oras at lugar, tulad ng espiritu ng tao, na walang kinaroroonang lugar. Sapagkat kung maghahanap ka sa buong katawan ng tao, wala kang matatagpuang tiyak na lugar o kinaroroonan ng espiritu. Ang espiritu ay lubos na walang kinaroroonang lugar at hindi materyal, subalit may ugnayan ito sa katawan, na katulad ng ugnayan ng araw sa salaming ito. Ang araw ay walang kinaroroonang lugar sa loob ng salamin, subalit ito ay may ugnayan doon. Sa gayunding paraan, ang daigdig ng Kaharian ay di-saklaw ng lahat ng nakikita ng mata o nababatid ng iba pang mga pandama, tulad ng pandinig, pang-amoy, panlasa o pandama.
6 Where then can one find in man this mind that resides in him and whose existence is beyond doubt? Were you to examine the human body with the eye, the ear, or the other senses, you would fail to find it, even though it clearly exists. The mind, therefore, has no place, although it is connected with the brain. So it is with the Kingdom. Likewise, love has no place, but it is connected with the heart. And in the same	67.6 Kung gayon ay saan matatagpuan sa tao itong isipang taglay niya at walang pag-aalinlangan sa pag-iral nito? Kung iyong susuriin ang katawan ng tao gamit ang mata, ang tainga o ang iba pang mga pandama, hindi mo matatagpuan ito, kahit na malinaw na umiiral ito. Ang isipan, kung gayon, ay walang kinalalagyang lugar, bagaman ito ay nauugnay sa utak. Ang Kaharian ay katulad rin nito. Sa gayunding

way, the Kingdom has no place, but it is connected with the human reality.	paraan ang pag-ibig ay walang kinalalagyang lugar, subalit nauugnay ito sa puso. At sa gayunding paraan, ang Kaharian ay walang kinalalagyang lugar, subalit nauugnay ito sa realidad ng tao.
7 Entrance into the Kingdom is through the love of God, through detachment, through sanctity and holiness, through truthfulness and purity, through steadfastness and faithfulness, and through self-sacrifice.	67.7 Ang pagpasok sa Kaharian ay sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos, sa pamamagitan ng pagkawalay, sa pamamagitan ng pagiging sagrado ng kabanalan, sa pamamagitan ng pagiging makatotohanan at ng kadalisayan, sa pamamagitan ng katatagan at katapatan, at sa pamamagitan ng pagpapakasakit.
8 It follows clearly from these explanations that man is immortal and everlasting. Those who believe in God, who cherish His love, and who have attained certitude, enjoy that blessed life which we call life eternal; but those who are veiled from God, though they be endowed with life, yet they live in darkness and their life, in comparison with that of the believers, is non-existence.	67.8 Malinaw na mahihinuha mula sa mga paliwanag na ito na ang tao ay walang-kamatayan at umiiral magpakailanman. Ang mga nananalig sa Diyos, ang mga kinakandili ang pag-ibig sa Kaniya, at ang nagkamit na ng katiyakan, ay nagtatamasa ng pinagpalang buhay na iyon na tinatawag nating walang- hanggang buhay; subalit silang mga nalalambungan mula sa Diyos, bagaman sila ay pinagkalooban ng buhay, gayumpaman nabubuhay sila sa karimlan at ang kanilang buhay, kung ihahalintulad roon sa mga mananampalataya, ay walang pagkabuhay.
9 Thus, the eye is alive and so too is the fingernail, but the life of the fingernail in relation to that of the eye is non-existence. The stone and the man both exist, but in relation to man the stone has no existence or being. For when man dies and his body is disintegrated and destroyed, it becomes like the stone, the earth, and the mineral. It is therefore clear that even though the mineral exists, it is non-existent in relation to man.	67.9 Halimbawa, ang mata ay nabubuhay at gayundin ang kuko, subalit ang buhay ng kuko kaugnay roon sa mata ay walang pagkabuhay. Ang bato at ang tao ay kapuwa umiiral, subalit kaugnay ng tao ang bato ay walang buhay o pag-iral. Dahil kapag namatay na ang tao, at ang kaniyang katawan ay nawasak at nagunaw, ito ay nagiging tulad ng bato, ng lupa, at ng mineral. Samakatwid, maliwanag na bagaman umiiral ang mineral, ito ay walang pagkabuhay kapag kaugnay ng tao.
10 Likewise, those souls who are veiled from God, although they exist both in this world and in the world to come, are non-existent and forgotten in relation to the	67.10 Sa gayunding paraan, ang mga kaluluwang nalalambungan sa Diyos, bagaman nabubuhay sila kapuwa sa daigdig na ito at sa daigdig na darating, ay walang

sanctified existence of the children of the divine Kingdom.	pagkabuhay at limot na kaugnay ng sagradong pag-iral ng mga anak ng banal na Kaharian.
68	68
Two Kinds of Fate	Dalawang Uri ng Tadhana
1 Question: Is fate, which is mentioned in the Holy Books, an irrevocable thing? If so, what use or benefit will come from seeking to avoid it?	68.1 Tanong: Ang tadhana, na nababanggit sa mga Banal na Aklat, ay isa bang bagay na hindi mababago? Kung ganoon nga, ano ang katuturan ng pagsisikap na iwasan ito?
2 Answer: Fate is of two kinds: One is irrevocable and the other is conditional, or, as it is said, impending. Irrevocable fate is that which cannot be changed or altered, while conditional fate is that which may or may not occur. Thus, the irrevocable fate for this lamp is that its oil will be burnt and consumed. Its eventual extinction is therefore certain, and it is impossible to change or alter this outcome, for such is its irrevocable fate. Likewise, a power has been created in the body of man whose depletion and exhaustion leads inevitably to the disintegration of the body. It is even as the oil in this lamp: After it has been burnt and consumed, the lamp will assuredly be extinguished.	68.2 Sagot: Ang tadhana ay may dalawang uri: ang isa ay hindi mababago, at ang isa pa ay may kondisyon, o tinatawag na paparating. Ang tadhanang hindi mababago ay yaong hindi maiiba o mapapalitan, samantalang ang tadhanang may kondisyon ay yaong maaari o hindi magaganap. Sa gayon, ang tadhanang hindi mababago para sa ilawang ito ay ang langis nito ay mag-aapoy at mauubos. Samakatwid ang pagkapatay nito sa dakong huli ay tiyak, at hindi maaaring baguhin o ibahin ang ganitong kalalabasan, dahil ito ang tadhana nitong hindi mababago. Sa gayunding paraan, sa katawan ng tao ay nilikha ang isang kapangyarihan, na ang pagkaubos at pagkasaid nito ay di-maiiwasang humantong sa pagkawasak ng katawan. Tulad rin ito ng langis sa lamparang ito: Kapag ito ay nasunog at naubos na, tiyak na mamamatay na ang ilawan.
3 But conditional fate may be likened to this: While some oil yet remains, a strong wind blows and extinguishes the lamp. This fate is conditional. It is expedient to avoid this fate, to guard oneself against it, and to be cautious and prudent. But the irrevocable fate, which is like the depletion of the oil of the lamp, cannot be changed, altered, or delayed. It is bound to occur, and the lamp will undoubtedly be extinguished.	68.3 Subalit ang tadhanang may kondisyon ay kahalintulad nito: habang may langis pa, ang isang malakas na hangin ay humihip at pinatay ang ilawan. Ang tadhanang ito ay may kondisyon. Lalong mabuting iwasan ang tadhanang ito, na pangalagaan ang sarili laban dito, at maging maingat at maghunos-dili. Subalit ang tadhanang hindi mababago, na tulad ng pagkasaid ng langis sa ilawan ay hindi maiiwasan, maiiba o maaantala. Tiyak na

	magaganap ito, at tiyak na mamamatay ang ilawan.
69	69
The Influence of the Stars and the Interconnectedness of All Things	Ang Impluwensiya ng mga Bituin at ang Pagkakaugnay-ugnay ng Lahat ng Bagay
1 Question: Do the stars of the heavens have a spiritual influence upon human souls or not?	69.1 Tanong: Ang mga bituin sa langit ay mayroon bang impluwensiya sa mga kaluluwa ng tao, o wala?
2 Answer: Certain celestial bodies exert a physical influence upon the earth and its creatures which is clear and apparent and which requires no explanation. Consider the sun, which, through the help of divine grace, nurtures the earth and all its creatures. Indeed, were it not for the light and heat of the sun, all earthly things would entirely cease to exist.	69.2 Sagot: Ang ilang makalangit na globo ay mayroong pisikal na impluwensiya sa lupa at sa mga nilalang dito, na iyon ay maliwanag at hayag at hindi nangangailangan ng paliwanag. Isipin ang araw, na sa pamamagitan ng tulong ng banal na pagpapala, ay kumakalinga sa lupa at sa lahat ng mga nilalang dito. Sa katunayan, kung hindi sa liwanag at init ng araw, ang lahat ng makalupang bagay ay lubusang hihintong mabuhay.
3 As to spiritual influences, although it might seem strange that these stars should exert a spiritual influence upon the human world, yet were you to reflect deeply upon this matter you would not be greatly surprised by it. My meaning, however, is not that the deductions that the astrologers of old made from the motions of the stars and planets were true, for these were mere figments of the imagination which had their origin with the Egyptian, Assyrian, and Chaldean priests, or rather stemmed from the idle conjectures of the Hindus and the superstitions of the Greeks, the Romans, and the other star worshippers. My meaning, instead, is that this endless universe is like the human body, and that all its parts are connected one with another and are linked together in the utmost perfection. That is, in the same way that the parts, members, and organs of the human body are interconnected, and that they mutually assist, reinforce, and influence each other, so too are the parts and	69.3 Hinggil sa mga impluwensiyang espiritwal, bagaman waring nakapagtatakang magkaroon ang mga bituin ng impluwensiyang espiritwal sa daigdig ng tao, gayumpaman kung iyong ninilay-nilayin nang malalim ang paksang ito ay hindi ka labis na magugulat dito. Subalit hindi ko sinasabing totoo ang mga hinuha ng sinaunang mga astrologo mula sa pagkilos ng mga bituin, sapagkat ang mga ito ay bunga lamang ng mga guniguning nagsimula sa mga pari ng Ehipto, Assyria at Chaldea, o kung hindi ay ibinunga ng walang-batayang hakahaka ng mga Hindu at mga pamahiin ng mga Griyego, mga Romano at ng iba pang mga sumasamba sa mga bituin. Ang aking ibig sabihin, sa halip, ay itong walang-hanggang sanlibutan ay tulad ng katawan ng tao, at ang lahat ng mga bahagi nito ay magkakaugnay-ugnay sa isa't isa at magkakabit sa sukdulang kaganapan. Yaon ay, sa gayunding paraan na ang mga bahagi, sangkap, at mga kalamnan ng katawan ng tao

members of this endless universe connected with, and spiritually and materially influenced by, one another. For example, the eye sees and the entire body is affected; the ear hears and every limb and member is stirred. Of this there is no doubt, for the world of existence is also like a living person. Thus, the interconnection that exists between the various parts of the universe requires mutual influences and effects, whether material or spiritual.	ay magkakabit at ang mga ito ay nagtutulungan, nagpapalakas at nagkakaroon ng impluwensiya sa isa't isa, sa gayunding paraan ang mga bahagi at mga sangkap nitong walang-hanggang sanlibutan ay mayroong pagkakaugnay, at mayroong espiritwal at materyal na impluwensiya sa isa't isa. Halimbawa, may nakikita ang mata at ang buong katawan ay apektado; may naririnig ang tainga at ang bawat bahagi ng katawan ay naaantig. Walang pag-aalinlangan tungkol dito, sapagkat ang umiiral na daigdig ay tulad rin ng isang taong nabubuhay. Sa gayon, ang ugnayang umiiral sa pagitan ng iba't ibang bahagi ng sanlibutan ay nangangailangan ng nagtutugunang mga impluwensiya at mga epekto, maging materyal man o espiritwal.
4 For those who deny the spiritual influence of material things, we mention this brief example: Beautiful sounds, wondrous tones, and harmonious melodies are accidents which affect the air; for sound consists in vibrations of the air, and through these vibrations the nerves of the tympanum are excited and hearing results. Now consider how the vibrations of the air, which are an accident among accidents and which are accounted as naught, attract and exhilarate the spirit of man and move him to the utmost: They cause him to laugh and to weep, and can even induce him to throw himself in harm's way. Observe, then, what a connection exists between the spirit of man and the vibrations of the air, that the latter can transport him to another state and so overwhelm him as to entirely deprive him of patience and composure. Consider how strange this is, for nothing comes forth from the singer and enters into the listener, and yet great spiritual effects are produced. This intimate relationship between all created things is therefore bound to give rise to spiritual influences and effects. It was already	69.4 Para sa mga itinatanggi ang impluwensiyang espiritwal ng materyal na bagay, babanggitin namin dito itong maikling halimbawa: Ang napakagandang mga tunog, ang kamangha-manghang mga tono, at mga himig na masarap sa tainga ay mga aksidenteng epekto sa hangin; sapagkat tunog ay binubuo ng mga panginginig ng hangin, at sa pamamagitan nitong mga panginginig ang mga nerbiyo ng salamin ng tainga ay kinikilig at ang bunga niyon ay may naririnig ang tao. Ngayon isipin kung paanong ang panginginig ng hangin, na isang aksidente sa iba pang mga aksidente at hindi pinahahalagahan, ay humahalina at nagpapagalak sa espiritu ng tao at tumitimo sa kaniya nang lubusan: Maaari nitong patawanin o paiyakin siya, maaari pa nga nitong hikayatin siyang ilagay sa panganib ang kaniyang sarili. Masdan sa gayon, kung anong ugnayan ang umiiral sa pagitan ng espiritu ng tao at ng panginginig ng hangin, na matatangay siya ng huling nabanggit tungo sa ibang kalagayan at lubos siyang nagagapi na tuluyang nawawala ang kaniyang pagtitimpi at kahinahunan. Isipin kung gaanong nakapagtataka ito, dahil wala

mentioned that the parts and members of the human body mutually influence one another.	namang lumalabas mula sa umaawit at pumapasok sa nakikinig, at gayumpaman napakalaking mga epektong espiritwal ang nalilikha. Itong napakatalik na ugnayan sa pagitan ng lahat ng nilikhang bagay samakatwid ay tiyak na magbubunga ng espiritwal na mga impluwensiya at mga epekto.
5 For instance, the eye sees and the heart is affected. The ear hears and the spirit is influenced. The heart finds peace, the thoughts expand, and all the members of the body experience a state of well-being. What a connection and relationship this is! And if such relationships, such spiritual influences and effects, are found among the various members of the body of man, which is only one particular being among many, then there must assuredly exist both spiritual and material relationships among the countless universal beings. And although our present methods and sciences cannot detect these relationships among the universal beings, their existence is nonetheless clear and indisputable.	69.5 Nabanggit na natin na ang mga sangkap at mga bahagi ng katawan ng tao ay nagkakaroon ng impluwensiya sa isa't isa. Halimbawa, ang mata ay nakakikita at ang puso ay apektado. Ang tainga ay nakaririnig at ang espiritu ay naiimpluwensiyahan. Ang puso ay namamayapa, ang mga kaisipan ay lumalawak, at ang lahat ng mga bahagi ng katawan ay nakararanas ng mabuting kalagayan. Anong kaugnayan at anong pagkakasundo ito! At kung ang gayong mga kaugnayan, ang gayong mga impluwensiyang espiritwal at mga epekto, ay matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng katawan ng tao, na isa lamang nilalang mula sa napakarami, kung gayon ay tiyak na mayroong umiiral na mga kaugnayang kapuwa espiritwal at materyal sa pagitan nitong walang-hanggang mga globo ng sansinukob. At bagaman hindi pa matuklasan ng kasalukuyan nating mga paraan at mga agham ang mga kaugnayang ito sa pagitan ng mga globo ng sansinukob, ang pag-iral ng mga iyon gayumpaman ay malinaw at di-maitatatwa.
6 In sum, all beings, whether universal or particular, are mutually connected in accordance with God's consummate wisdom and mutually influence one another. Were it not so, the all-embracing organization and universal arrangement of existence would become disordered and disrupted. And as all created things are most soundly connected one with another, they are well ordered, arranged, and perfected.	69.6 Bilang lagom, ang lahat ng nilalang, maging pangkalahatan man o natatangi, ay may kaugnayan sa isa't isa sang-ayon sa sukdulang karunungan ng Diyos at may epekto sa isa't isa. Kung hindi gayon, ang kaayusang nakasasaklaw sa lahat at ang pangkalahatang pagsasaayos ng lahat ng umiiral ay mawawalan ng kaayusan at magugulo. At yamang ang lahat ng nilikhang bagay ay napakahusay ang pagkakaugnay-ugnay, sila ay mahusay ang

	pagkakasunod-sunod, nakasaayos, at ginawang ganap.
7 This matter deserves close examination and calls for careful attention and deep reflection.	69.7 Ang paksang ito ay nararapat suriing mabuti at hinihingi ang maingat na pagbibigay-pansin at malalim na paglilimi.
70	70
Free Will and its Limits	Ang Malayang Saloobin at ang mga Hangganan Nito
1 Question: Is man free and unconstrained in all his actions, or is he compelled and constrained?	70.1 Tanong: Ang tao ba ay malaya sa lahat ng kaniyang mga gawain, o siya ba ay napipilitan at napupuwersa?
2 Answer: This is one of the most important questions of divinity, and it is most abstruse. God willing, another day we will explain this matter at length from the beginning of our lunch. For now, we will briefly say a few words, as follows.	70.2 Sagot: Ang katanungang ito ay isa sa pinakamahalagang katanungang kaugnay ng pagkadiyos, at pinakamahirap unawain. Kung itutulot ng Diyos, sa ibang araw ay ipaliliwanag natin ito nang detalyado mula sa simula ng ating pananghalian. Sa ngayon ay magbibigay tayo ng ilang salita, nang sumusunod.
3 Certain matters are subject to the free will of man, such as acting with justice and fairness, or injustice and iniquity—in other words, the choice of good or evil actions. It is clear and evident that the will of man figures greatly in these actions. But there are certain matters where man is forced and compelled, such as sleep, death, sickness, failing powers, misfortune, and material loss: These are not subject to the will of man and he is not accountable for them, for he is compelled to endure them. But he is free in the choice of good and evil actions, and it is of his own accord that he performs them.	70.3 Ang ilang bagay ay sakop ng malayang saloobin ng tao, tulad ng pagkilos nang makatarungan at walang pagkiling, o nang di-makatarungan at masama—sa ibang mga salita, ang pagpili ng mga gawang mabuti at masama. Maliwanag at hayag na ang saloobin ng tao ay malaki ang kaugnayan sa mga mga gawang ito. Subalit may tanging mga bagay na napipilitan at puwersado ang tao, tulad ng pagtulog, kamatayan, sakit, paghina ng mga kakayahan, kasawiang-palad, at materyal na kawalan: Ang mga ito ay hindi napapailalim sa saloobin ng tao at hindi siya mananagot sa mga ito, dahil napipilitan siyang tiisin ang mga ito. Subalit malaya siyang pumili ng mabuti at masamang mga gawa, at ginagawa niya ang mga ito sang-ayon sa sarili niyang pagkukusa.
4 For example, should he so wish, he can pass his days in praise of God,	70.4 Halimbawa, kung nanaisin niya, ay maaari niyang palipasin ang

and should he so desire, he can occupy himself with that which is other than Him. He can light the candle of his heart with the flame of the love of God and become a well-wisher of the world, or he can become an enemy of all mankind or set his affections on worldly things; he can choose to be just or iniquitous. All these deeds and actions are under his own control, and he is therefore accountable for them.	kaniyang mga araw sa pagpuri sa Diyos, at kung nanaisin niya, ay maaari siyang magpakaabala sa mga kaisipang hindi ukol sa Kaniya. Maaari niyang sindihan ang kandila ng kaniyang puso sa apoy ng pag-ibig sa Diyos at maging isang naghahangad ng kabutihan ng daigdig, o maaari siyang maging isang kaaway ng buong sangkatauhan o ituon ang kaniyang pagmamahal sa makamundong mga bagay. Maaari niyang piliin ang maging makatarungan o masama. Ang lahat ng ganitong mga kilos at mga gawain ay nasa ilalim ng sarili niyang pamamahala, at samakatwid siya ay mananagot sa mga ito.
5 But another question arises: Man's condition is one of utter helplessness and absolute poverty. All might and power belong to God alone, and man's exaltation and abasement depend on the will and purpose of the Most High. Thus it is said in the Gospel that God is like a potter who makes "one vessel unto honour, and another unto dishonour".151 Now, the dishonoured vessel has no right to reproach the potter, saying, "Why did you not make me a precious cup that would be passed from hand to hand?" The meaning of these words is that souls occupy different stations. That which occupies the lowest station of existence, like the mineral, has no right to object, saying, "O God, why have you denied me the perfections of the plant?" Likewise, the plant has no right to protest that it has been deprived of the perfections of the animal realm. And, similarly, it is not befitting for the animal to complain of the want of human perfections. No, all these things are perfect in their own degree and must pursue the perfections of that degree. As we have said previously, that which is inferior in rank has no right or qualification to aspire to the station and perfections of that which is superior, but must progress within its own degree.152	70.5 Subalit ang isa pang katanungan ay lumilitaw: Ang kalagayan ng tao ay nasa sukdulang kawalan ng kakayahan at lubos na karukhaan, dahil ang lahat ng kapangyarihan at lakas ay taglay ng Diyos lamang, at ang pagkadakila at pagkaaba ay nababatay sa kalooban at layunin ng Pinakamataas. Sa gayon ay nakasaad sa Ebanghelyo na ang Diyos ay tulad ng manggagawa ng palayok na ginagawa ang "isang sisidlan sa ikapupuri, at ang isa ay sa ikahihiya".[151] Ngayon, ang sisidlang ikahihiya ay walang-karapatang sisihin ang manggagawa ng palayok sa pagsabing "Bakit hindi mo ako ginawang mahalagang kopa, na pinapasa sa bawat kamay?" Ang kahulugan ng bersikulong ito ay ang mga kaluluwa ay nasa magkakaibang mga kalagayan. Ang nasa pinakamababang kalagayan, tulad ng mineral, ay walang-karapatang manumbat at sabihin, "O Diyos, bakit hindi Mo ako binigyan ng mga kaganapan ng halaman?" Sa gayunding paraan, ang halaman ay walang-karapatang tumutol na ito ay pinagkaitan ng mga kaganapan ng kaharian ng hayop. At gayundin ay hindi karapat-dapat sa hayop ang umangal dahil sa kakulangan ng mga kaganapan ng tao. Hindi, ang lahat ng mga ito ay may kaganapan sa sarili nilang antas, at kailangan nilang sikaping makamtan

	ang mga kaganapan ng antas na iyon. Tulad ng nabanggit na natin, yaong nasa mababang antas ay walang karapatan ni kakayahan upang sikaping matamo ang kalagayan at mga kaganapan ng higit na mataas, bagkus ay kailangang sumulong sa sarili nilang antas.[152]
6 Moreover, man's stillness or motion itself is conditioned upon the aid of God. Should this assistance fail to reach him, he can do neither good nor evil. But when the assistance of the all-bounteous Lord confers existence upon man, he is capable of both good and evil. And should that assistance be cut off, he would become absolutely powerless. That is why the aid and assistance of God are mentioned in the Sacred Scriptures. This condition can be likened to that of a ship that moves by the power of wind or steam. Should this power be cut off, the ship would become entirely unable to move. Nevertheless, in whatever direction the rudder is turned, the power of the steam propels the ship in that direction. If the rudder is turned to the east, the ship moves eastward, and if it is directed to the west, the ship moves west. This motion does not arise from the ship itself, but from the wind or steam.	70.6 Bukod pa rito, ang mismong di-pagkilos o pagkilos ng tao ay nababatay sa tulong ng Diyos. Kung ang tulong na ito ay hindi umabot sa kaniya, hindi siya makagagawa ng kahit mabuti o masama. Subalit kapag ang tulong ng lubos na mapagpalang Panginoon ay nagkakaloob ng buhay sa tao, siya ay makagagawa ng kapuwa mabuti at masama. At kung sakaling ang tulong na iyon ay maputol, siya ay magiging ganap na walang kakayahan. Ito ang dahilan kung bakit nababanggit sa mga Santong Kasulatan ang tulong at pagkandili ng Diyos. Ang kalagayang ito ay maihahalintulad sa isang barkong lumalayag sa pamamagitan ng hangin o ng singaw ng kumukulong tubig. Kung maputol ang kapangyarihang ito, ganap na hindi makakikilos ang barko. Gayumpaman, sa anumang dako pihitin ang timon ng barko, pinakikilos ng kapangyarihan ng singaw ng kumukulong tubig ang barko sa dakong iyon. Kung ang timon ay nakatungo sa silangan, ang barko ay pupunta sa silangan, at kung ito ay nakatungo sa kanluran, ang barko ay pupunta sa kanluran. Ang pagkilos na ito ay hindi nanggagaling sa barko mismo, kundi mula sa hangin o sa singaw ng kumukulong tubig.
7 In like manner, all the doings of man are sustained by the power of divine assistance, but the choice of good or evil belongs to him alone. It is like when the king appoints an individual as governor of a city, grants him full authority, and shows him that which is just and unjust according to the law. Now, should the governor commit injustice, even though he acts by the power and	70.7 Sa gayunding paraan, ang lahat ng ginagawa ng tao ay tinutustusan ng kapangyarihan ng banal na tulong, subalit ang pagpili ng mabuti o masama ay nasa sa tao lamang. Ito ay tulad ng paghirang ng hari ng isang tao bilang gubernador ng isang lungsod, ibinibigay sa kaniya ang lubos na kapangyarihan, at ipinakikita sa kaniya kung ano ang makatarungan at di-makatarungan

authority of the king, yet the king would not condone his injustice. And should the governor act with justice, this too would be through the royal authority, and the king would be well pleased and satisfied with his justice.	sang-ayon sa batas. Ngayon, kung gagawa ang gubernador ng di-makatarungan, bagaman ginagawa niya iyon sang-ayon sa kapangyarihan at awtoridad ng hari, gayumpaman hindi palalampasin ng hari ang kaniyang kawalan ng katarungan. At kung kikilos ang gubernador nang makatarungan, ito rin ay sa pamamagitan ng awtoridad ng hari, at siya ay matutuwa at masisiyahan sa kaniyang katarungan.
8 Our meaning is that the choice of good and evil belongs to man, but that under all circumstances he is dependent upon the life-sustaining assistance of Divine Providence. The sovereignty of God is great indeed, and all are held captive in the grasp of His power. The servant can do nothing of his own will alone: God is almighty and all-powerful and bestows His assistance upon all creation.	70.8 Ang aming ibig sabihin ay bagaman ang pagpili ng mabuti o masama ay nasa sa tao, gayumpaman sa lahat ng kalagayan siya ay nakasalig sa tulong ng Banal na Kalinga, na siyang tumutustos sa buhay. Ang paghahari ng Diyos ay tunay na napakalawak, at ang lahat ay mga bihag sa kamay ng Kaniyang kapangyarihan. Ang tagapaglingkod ay hindi makagagawa ng anuman sang-ayon sa sarili niyang kalooban lamang: Ang Diyos ang lubos na makapangyarihan at lubos na malakas at ipinagkakaloob ang Kaniyang tulong sa buong sangnilikha.
9 This question has been clearly explained and elucidated.	70.9 Ang tanong na ito ay maliwanag nang ipinaunawa at nilinaw.
71	71
Spiritual Disclosures	Espiritwal na mga Pagsisiwalat
1 Question: Some people believe that they have spiritual disclosures, that is, that they converse with spirits. How is this?	71.1 Tanong: Naniniwala ang ilang tao na nakakamtan nila ang espiritwal na mga pagsisiwalat, yaon ay, na nakikipag-usap sila sa mga espiritu. Paano ang ganito?
2 Answer: Spiritual disclosures are of two kinds: One, which is commonly referred to among other peoples, is mere imagination, while the other is true spiritual visions such as the revelations of Isaiah, of Jeremiah, and of John.	71.2 Sagot: Ang espiritwal na mga pagsisiwalat ay may dalawang uri: Ang isa, na karaniwang tinutukoy ng ibang mga sambayanan, ay guniguni lamang, samantalang ang isa pa ay tunay na mga pangitaing espiritwal tulad ng mga inihayag nina Isias, Jeremias, at San Juan.

3 Consider that man's contemplative powers produce two kinds of conceptions. One kind consists in sound and true conceptions, which, when combined with resolution, become outwardly realized, such as proper arrangements, wise opinions, scientific discoveries, and technological inventions. The other consists in false ideas and baseless imaginations, which yield no fruit and have no reality. They surge like the waves of the sea of delusion and fade away like idle dreams.	71.3 Isaalang-alang na ang kapangyarihan ng pagninilay-nlay ng tao ay nagbubunga ng dalawang uri ng likhang-isip. Ang isang uri ay binubuo ng mahusay at totoong mga likhang-isip, na kapag ito ay sinamahan ng pagtatalaga, ay naisasakatuparan sa panlabas na anyo, tulad ng wastong mga pagsasaayos, marunong na mga kuro-kuro, mga katuklasan sa agham, at mga imbento sa teknolohiya. Ang pangalawang uri ay binubuo ng maling mga ideya at walang-batayang mga kathang-isip, na walang ibinubunga at walang realidad. Dumadaluyong ang mga ito tulad ng mga alon ng dagat ng kahibangan at naglalaho tulad ng mga panaginip na walang saysay.
4 In like manner, spiritual disclosures are of two kinds. One is the visions of the Prophets and the spiritual disclosures of the chosen ones of God. The visions of the Prophets are not dreams but true spiritual disclosures. Thus when they say, "I saw someone in such a form, and I spoke such words, and he gave such a reply", this vision takes place in a state of wakefulness and not in the realm of sleep. It is a spiritual discovery that is expressed in the form of a vision.	71.4 Sa gayunding paraan, ang espiritwal na pagsisiwalat ay may dalawang uri. Ang isa ay ang mga pangitain ng mga Propeta at ang mga espiritwal na pagsisiwalat sa mga pinili ng Diyos. Ang mga pangitain ng mga Propeta ay hindi mga panaginip bagkus ay tunay na espiritwal na mga pagsisiwalat. Sa gayon, kapag sinabi nila, halimbawa, na "Nakita Ko siya sa gayong anyo, at sinabi Ko ang gayong mga salita, at siya ay nagbigay ng gayong tugon", ang pangitaing ito ay nagaganap sa kalagayan ng pagkagising, at hindi sa larangan ng pagkatulog. Ito ay isang katuklasang espiritwal na inihahayag sa anyo ng pangitain.
5 The other kind of spiritual disclosures is mere illusion, but these illusions take such a tangible form in the mind that many simple-hearted people imagine them to be real. The obvious proof of this is that no concrete result or outcome ever follows from this supposed compelling or summoning of spirits. No, these are mere fables and fictions.	71.5 Ang isa pang uri ng espiritwal na pagsisiwalat ay guniguni lamang, subalit ang mga guniguning ito ay nag-aangkin ng labis na malinaw na anyo sa kaisipan na inaakala ng maraming taong walang muang na totoo ang mga ito. Ang maliwanag na patunay nito ay walang konkretong bunga o kinalalabasan ang kailanmang lumilitaw mula sa ganitong inaakalang pamimilit o pagtawag ng mga espiritu. Hindi, ang mga ito ay mga pabula at mga kuwento lamang.

6 Know, therefore, that the human reality encompasses the realities of all things and discovers their true nature, their properties, and their mysteries. For instance, all the existing crafts, inventions, sciences, and branches of learning have been discovered by the human reality. At one time they were all hidden and concealed mysteries, but the reality of man gradually discovered them and brought them forth from the invisible world into the visible realm. It is therefore evident that the reality of man encompasses all things. Thus it is in Europe and discovers America; it is on the earth and makes discoveries in the heavens. It unravels the mysteries of all things and apprehends the realities of all beings. These true disclosures which conform to reality are similar to visions—which consist in spiritual understanding, heavenly inspiration, and the close communion of human spirits—and thus the recipient will say that he saw, or said, or heard such a thing.	71.6 Alamin, samakatwid, na sinasaklaw ng pantaong realidad ang mga realidad ng lahat ng bagay at tinutuklas ang kanilang tunay na likas, ang kanilang mga katangian, at ang kanilang mga hiwaga. Halimbawa, ang lahat ng umiiral na mga likhang-kamay, mga imbento, mga agham, at mga sangay ng kaalaman ay natuklasan ng pantaong realidad. Sa isang panahon itong lahat ay mga hiwagang natatago at nalilihim, subalit unti-unting natuklasan ito ng pantaong realidad at inihatid ang mga ito mula sa daigdig ng di-nakikita tungo sa larangan ng nakikita. Samakatwid ay malinaw na saklaw ng pantaong realidad ang lahat ng bagay. Sa gayon ito ay nasa Europa at natutuklasan ang Amerika; ito ay nasa lupa at natutuklasan ang mga nasa kalangitan. Tinatastas nito ang mga hiwaga ng lahat ng bagay at nauunawaan ang mga realidad ng lahat ng umiiral. Itong tunay na mga pagsisiwalat na sang-ayon sa realidad ay katulad ng mga pangitain—na binubuo ng pag-unawang espiritwal, makalangit na inspirasyon, at ang matalik na pakikipagniig ng mga espiritu ng tao—at sa gayon ay sasabihin ng nakatanggap nito na nakita niya, o sinabi niya, o narinig niya ang gayong bagay.
7 It is therefore clear that the spirit has powerful perceptions that are not mediated by the organs of the five senses, such as the eyes and the ears. And, with respect to spiritual understandings and inner disclosures, there exists among spiritual souls a unity that surpasses all imagination and comparison and a communion that transcends time and place. So, for example, when it is written in the Gospel that Moses and Elijah came to Christ on Mount Tabor, it is clear that this was not a material communion but a spiritual condition that has been expressed as a physical meeting.	71.7 Samakatwid ay maliwanag na ang espiritu ay nagtataglay ng malakas na mga kabatirang hindi nababatay sa mga instrumento ng alinman sa limang pandama, tulad ng mga mata o mga tainga. At kaugnay ng mga pag-unawang espiritwal at panloob na mga pagsiwalat, mayroong umiiral sa pagitan ng mga kaluluwa na isang pagkakaisa na higit pa sa lahat ng paggugunita at paghahambing at isang pakikipagniig na nakalalampas sa panahon at lugar. Sa gayon, halimbawa, kung saan nakasulat sa Ebanghelyo na sina Moises at Elias ay pumunta kay Kristo sa Bundok ng Tabor, maliwanag na ito ay hindi isang materyal na pagsasama bagkus ay isang espiritwal na

	kalagayang isinaad bilang isang pisikal na pakikipagkita.
8 The other kind of summoning of, and conversation and communication with, spirits is vain imagination and pure illusion, although it may appear to be real. The mind and thought of man at times discovers certain truths, and this thought and discovery produce definite results and benefits. Such thoughts have a solid foundation. But many things come to mind that are like the waves of the sea of delusion; they bear no fruit and produce no result. In the world of sleep, too, one may have a dream which exactly comes true, while on another occasion one will have a dream which has absolutely no result.	71.8 Ang isa pang uri ng pagtawag, at pakikipag-usap at komunikasyon sa mga espiritu ay walang-katuturang guniguni lamang at pawang ilusyon, bagaman nagmimistulang totoo ito. Ang isipan at kaisipan ng tao kung minsan ay nakatutuklas ng tanging mga katotohanan, at itong kaisipan at katuklasang ito ay lumilikha ng tiyak na mga tanda at mga kapakinabangan. Ang gayong mga kaisipan ay may matibay na saligan. Subalit maraming bagay ang dumarating sa isipan ng tao na tulad ng mga alon ng dagat ng delusyon; ang mga ito ay walang bunga at walang ibinibigay na resulta. Sa daigdig ng pagkatulog din ay maaaring magkaroon ng isang panaginip na ganoon mismo nagkakatotoo, samantalang sa ibang pagkakataon ay magkakaroon ng panaginip na lubusang walang bunga.
9 Our meaning is that this condition which we call conversation or communication with spirits is of two kinds: One is sheer delusion, and the other, which consists in the visions mentioned in the Bible, such as those of Isaiah and John and the meeting of Christ with Moses and Elijah, is real. The latter exert a marvellous effect upon minds and thoughts and produce powerful attractions in the hearts.	71.9 Ang ibig naming sabihin ay ang kalagayang ito na tinatawag nating pakikipag-usap o komunikasyon sa mga espiritu ay may dalawang uri: Ang isa ay pawang delusyon, at ang isa pa, na binubuo ng mga pangitaing nababanggit sa Bibliya, tulad ng kina Isias at San Juan at ang pagtatagpo ni Kristo kina Moises at Elias, ay tunay. Itong huling nabanggit ay nagkakaroon ng kahanga-hangang bisa sa mga isipan at mga kaisipan ng tao at lumilikha ng napakalakas na pagkaakit sa mga puso.
72	72
Healing without Medicine	Pagpapagaling Nang Walang Medisina
1 Question: Some heal the sick by spiritual means—that is, without medicine. How is this?	72.1 Tanong: Ginagamot ng ilan ang may karamdaman sa pamamagitan ng espiritwal na pamamaraan—yaon ay, nang walang medisina. Paano ang ganito?
2 Answer: A detailed explanation of this matter was provided	72.2 Sagot: Ang detalyadong paliwanag ng bagay na ito ay naibigay na

earlier. If you have not fully grasped it, we will repeat it so that you may. Know that there are four kinds of treatment and healing without medicine. Two are due to material causes and two to spiritual ones.	noong una. Kung hindi mo ito naunawaan nang lubos, uulitin natin ito upang makuha mo. Alamin na mayroong apat na paraan ng panggagamot at pagpapagaling nang walang medisina. Ang dalawa ay bunga ng materyal na mga dahilan at ang dalawa ay espiritwal.
3 As to the two material kinds, one is due to the fact that in reality both health and sickness are contagious. The contagiousness of disease is rapid and violent, whereas that of health is exceedingly slow and weak. If two bodies are brought into contact with each other, it is certain that microbial particles will be transmitted from one to the other. In the same way that disease is rapidly and violently transmitted from one body to another, the strong health of a healthy person may also alleviate a very slight condition in a sick person. Our meaning is that the contagiousness of disease is rapid and violent, while that of health is very slow and of limited effect, and it is only in minor ills that this modest effect can be felt. In such cases, the strength of the healthy body overcomes the slight weakness of the sick body and brings about its health. This is one kind of healing.	72.3 Sa dalawang uri ng materyal na pagpapagaling, ang isa ay dahil sa katotohanang ang realidad ay ang kapuwa kalusugan at karamdaman ay nakahahawa. Ang paghawa ng sakit ay mabilis at marahas, samantalang yaong sa kalusugan ay labis na mabagal at mahina. Kapag ang dalawang katawan ay ipinag-ugnay sa isa't isa, tiyak na ang mga mikrobyo ay sasalin mula sa isa tungo sa kabila. Sa gayunding paraan ng mabilis at marahan na pagsalin ng sakit mula sa isang katawan tungo sa kabila, ang malakas na kalusugan ng isang malusog na tao ay maaari ding makatulong nang kaunti sa napakagaang karamdaman ng isang taong maysakit. Ang aming ibig sabihin ay ang paghawa ng sakit ay mabilis at marahas samantalang yaong paghawa ng kalusugan ay napakabagal at napakaliit ng bisa, at doon lamang sa napakagaang mga karamdaman ito nagkakaroon ng napakaliit na bisa. Sa gayong mga kaso, ang lakas ng malusog na katawan ay dumadaig sa magaang karamdaman ng katawang maysakit at ibinubunga ang kalusugan nito. Ito ay isang uri ng pagpapagaling.
4 Another kind of healing is through the force of bodily magnetism, where the magnetic force of one body affects another body and brings about the cure. This force, too, has only a slight effect. Thus someone may lay his hand upon the head or stomach of a patient and perchance the latter will benefit from this. Why? Because the effect of the magnetism, and the impression made upon the psyche of the patient, may dispel the disease. But this effect is also very slight and weak.	72.4 Ang isa pang uri ng pagapapagaling ay sa pamamagitan ng puwersa ng magnetismo ng katawan, kung saan ang puwersa ng magnetismo ng isang katawan ay nagkakabisa sa isa pang katawan at nagsasanhi ng paggaling. Ang puwersang ito, gayundin, ay bahagya lamang ang bisa. Sa gayon ay maaaring ilagay ng isang tao ang kaniyang kamay sa ulo o tiyan ng maysakit at sakaling makinabang siya mula rito. Bakit? Dahil ang epekto ng magnetismo, at ng impresyon sa pagkatao ng maysakit, ay

	maaaring pumawi sa sakit. Subalit ang bisa nito gayundin ay napakaliit at napakahina.
5 The two other kinds are spiritual; that is, the means of healing is a spiritual power. One is when a healthy person focuses his whole attention upon a sick person, and the latter in turn fully expects to be healed through the spiritual power of the former and is wholly convinced thereof, to such an extent that a strong connection is created between their hearts. Should the healthy individual then bend every effort to heal the sick one, and should the latter have full faith that health will be attained, an excitement may be produced in his nerves from these soul-to-soul influences and bring about the cure. So, for example, when a sick person is suddenly given the good news that his most ardent wish and desire has been realized, a nervous excitement may result that will entirely dispel the ailment. In the same way, when a terrifying event suddenly comes to pass, such an excitement may be produced in the nerves of a healthy person that he immediately falls ill. The cause of the illness is not a material thing, for that person has not ingested or come into contact with anything: The nervous excitement alone has brought about the illness. Likewise, the sudden realization of a most cherished desire may impart such joy as to excite the nerves and restore health.	72.5 Ang dalawa pang uri ay espiritwal; yaon ay, ang paraan ng pagpapagaling ay ang kapangyarihang espiritwal. Ang isa ay kapag itinututok ng isang malusog na tao ang kaniyang buong pansin sa isang taong maysakit, at ang huling nabanggit naman ay lubusang umaasang mapagagaling siya sa pamamagitan ng kapangyarihang espiritwal ng unang nabanggit at lubos siyang naniniwala roon, sa gayong antas na nagkakaroon ng matibay na ugnayan sa pagitan ng kanilang mga puso. Sa pagkagayon kung gagawin ng taong malusog ang bawat pagsisikap upang mapagaling ang maysakit, at kung ang huling nabanggit ay magtataglay ng lubos na pananalig sa pagtamo ng kalusugan, maaaring makilig ang kaniyang nerbiyos mula sa nakaaantig na mga ugnayan ng kaluluwa sa kaluluwa at sa gayon ay magkaroon ng lunas. Sa gayon, halimbawa, kapag ang taong maysakit ay biglang binalitaang ang kaniyang pinakamimithing hangarin at inaasam ay natupad na, maaaring magbunga ito ng pagkakilig ng nerbiyos na lubusang papawi sa karamdaman. Sa gayunding paraan, kapag biglang nagaganap ang isang bagay na nagbubunga ng matinding takot, ang gayong pagkilig sa nerbiyos ng isang malusog na tao ay magiging sanhi ng agaran niyang pagdanas ng karamdaman. Ang sanhi ng sakit ay hindi isang materyal na bagay, dahil ang taong iyon ay wala namang nakain o nadapuan ng anuman: Tanging ang pagkilig sa nerbiyos lamang ang nagdulot ng sakit. Sa gayunding paraan, ang biglang pagtupad sa isang pinakamimithing hangarin ay maaaring magbigay ng gayong kaligayahan na makikilig ang nerbiyos at manunumbalik ang kalusugan.
6 In brief, a complete and perfect connection between the spiritual physician and the patient—that is, one where	72.6 Sa maikling salita, ang lubos at ganap na ugnayan sa pagitan ng espiritwal na manggagamot at sa maysakit—yaon ay,

the physician concentrates his entire attention on the patient and where the patient likewise concentrates all his attention on the spiritual physician and anticipates healing—causes a nervous excitement whereby health is regained. But this is effective only to a point and not in all cases. For instance, should someone contract a grave illness or be physically injured, these means will neither dispel the illness nor soothe and heal the injury—that is, these means have no sway over grave illnesses unless assisted by the constitution of the patient, for a strong constitution will often ward off an illness. This is the third kind of healing.	kung saan itinutuon ng manggagamot ang kaniyang buong pansin sa pasyente at gayundin ang pasyente ay nagtutuon ng kaniyang buong pansin sa espiritwal na manggagamot at inaasahan ang paggaling—ay nagsasanhi ng pagkilig sa nerbiyos na kung saan ang kalusugan ay nanunumbalik. Subalit ito ay may bisa lamang hanggang sa isang antas at hindi sa lahat ng kaso. Dahil halimbawa, kung ang tao ay magkaroon ng malubhang sakit o sugat sa katawan, ang ganitong mga paraan ay hindi papawi sa sakit o hihilom sa sugat—ang ibig sabihin, ang ganitong mga paraan ay walang bisa sa malubhang sakit, maliban lamang kung natutulungan ng pangangatawan ng pasyente, dahil ang isang malakas na pangangatawan ay madalas na nakadadaig sa sakit. Ito ang pangatlong uri ng pagpapagaling.
7 But the fourth kind is when healing is brought about through the power of the Holy Spirit. This depends neither upon physical contact, nor upon sight, nor even upon presence: It is not dependent upon any condition. Whether the disease be mild or severe, whether there be contact between the bodies or not, whether a connection be established between patient and physician or not, whether the patient be present or not, this healing takes place through the power of the Holy Spirit.	72.7 Subalit ang pang-apat na uri ay kapag ang pagpapagaling ay bunga ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ito ay hindi nababatay sa pisikal na ugnayan, ni sa paningin, ni kahit sa pagkakapiling: hindi ito nababatay sa anumang kondisyon. Maging magaan man o malubha ang sakit, magkaroon man ng ugnayan ang mga katawan o hindi, o magkaroon man ng ugnayan sa pagitan ng maysakit at ng manggagamot o hindi, maging naroroon man ang maysakit o hindi, ang pagpapagaling na ito ay nagaganap sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.
73	73
Healing by Material Means	Pagpapagaling sa Materyal na mga Paraan
1 We mentioned, in connection with the question of spiritual medicine and healing, how illnesses can be cured through spiritual powers.	73.1 Kahapon sa hapag-kainan, kaugnay ng paksa ng espiritwal na paggagamot at pagpapagaling, ay tinalakay natin kung paano nalulunasan ang mga karamdaman sa pamamagitan ng mga kapangyarihang espiritwal.

2 Now we will speak of material healing. The science of medicine is still in its infancy and has not yet reached maturity. But when it reaches that stage, treatments will be administered with things that are not repulsive to the senses of taste and smell, that is, through foods, fruits, and plants that have an agreeable taste and a pleasant smell. For the cause of the intrusion of illness into the human body is either a physical agent or a nervous excitement and stimulation.	73.2 Ngayon ay tatalakayin natin ang materyal na pagpapagaling. Ang agham ng medisina ay nasa kamusmusan pa lamang at hindi pa humahantong sa antas ng kaganapan. Subalit sa paghantong nito sa antas na iyon, ang mga lunas ay isasagawa sa pamamagitan ng mga bagay na hindi nakasusuklam sa pang-amoy at panlasa ng tao, yaon ay sa pamamagitan ng mga pagkain, mga prutas, at mga gulay na masarap sa panlasa at mabango ang amoy. Sapagkat ang sanhi ng pagpasok ng karamdaman sa katawan ng tao ay isang pisikal na bagay o bunga ng pagkakilig at pagkaantig sa nerbiyos.
3 As to physical agents, which are the primary cause of illness, their effect is due to the following: The human body is composed of numerous elements according to a particular state of equilibrium. So long as this equilibrium is maintained, man is preserved from sickness, but should this fundamental balance, which is the central requirement of a sound constitution, be upset, the constitution will be disrupted and illnesses will supervene.	73.3 Kaugnay ng pisikal na mga bagay, na mga pangunahing sanhi ng karamdaman, ang epekto nito ay dahil sa sumusunod: Ang katawan ng tao ay binubuo ng napakaraming elementong nasa isang tanging kalagayan ng paninimbang. Habang ang paninimbang na ito ay napapanatili, ang tao ay ligtas sa sakit, subalit kapag mabulabog itong saligang paninimbang, na siyang pangunahing pangangailangan ng isang malusog na katawan, ang katawan ay magugulo at ang sakit ay mangingibabaw.
4 For instance, if there is a deficiency in one of the component parts of the body and a surfeit of another, the state of equilibrium is disturbed and illness occurs. So, for example, equilibrium may require one component to be a thousand grams and another to be five grams. Should the former fall to seven hundred grams and the latter increase in such wise that the state of equilibrium is disturbed, then illness will supervene; and should equilibrium be restored through medicines and treatments, the illness will be overcome. Thus if the sugar component becomes excessive, the health is impaired; and when the physician forbids sweet and starchy foods, the sugar	73.4 Halimbawa, kung nagkukulang ang isa sa mga sangkap ng katawan at labis naman ang isa pang sangkap, ang kalagayan na paninimbang ay nagugulo at nagkakaroon ng sakit. Kung, halimbawa, sa pangangailangan ng paninimbang ang isang sangkap ay dapat isang libong gramo at ang isa pa ay limang gramo upang mapanatili. Kung ang unang nabanggit ay bumaba sa pitong daang gramo at ang huling nabanggit ay tumaas sa antas na nagulo na ang paninimbang, sa gayon ang sakit ay mangingibabaw; at kung mapanumbalik ang paninimbang sa pamamagitan ng mga medisina at paggagamot, ang sakit ay madadaig. Sa gayon kung ang bahagi ng asukal ay nagiging labis, ang kalusugan ay napipinsala; at kapag

component diminishes, equilibrium is restored, and the illness is banished.	ipinagbabawal ng manggagamot ang mga pagkaing matamis at nagkakatas ng am, nababawasan ang sangkap ng asukal, ang paninimbang ay nanunumbalik, at ang sakit ay napapawi.
5 Now, the equilibration of these bodily components can be accomplished by one of two means, either through medicines or with foods, and when the constitution has recovered its equilibrium, the illness is banished. Since all the constituent elements of the human body are also found in plants, if one of these components were to become deficient, and if one were to partake of foods that are rich in that component, then equilibrium would be restored and the cure realized. So long as the aim is the equilibration of the component parts of the body, this can be equally effected through medicines or various foods.	73.5 Ngayon, ang paninimbang nitong mga sangkap ng katawan ng tao ay maisasagawa sa pamamagitan ng dalawang paraan, maaaring sa mga medisina o sa mga pagkain, at kapag nanumbalik na ang paninimbang ng katawan, ang sakit ay nawawala. Yamang lahat ng sangkap na nasa tao ay matatagpuan din sa mga halaman, kung ang isa sa mga sangkap na ito ay magkukulang, at kung kakainin niya ng mga pagkaing mayaman sa ganoong sangkap, sa gayon ang paninimbang ay maibabalik at ang lunas ay matatamo. Kung ang layunin ay ang paninimbang ng mga sangkap na bumubuo sa katawan, ito ay kapuwa maaaring maisagawa sa pamamagitan ng gamot o ng pagkain.
6 The majority of the illnesses that afflict man also afflict animals, but the animal does not treat them through medicines. The animal's physician in the mountains and the wilderness is its powers of taste and smell. The sick animal smells the plants that grow in the wilderness, eats those that its smell and taste find to be sweet and fragrant, and is cured. The reason is this: When, for example, the sugar component in its body becomes deficient, it craves sweet things and thus eats of sweet-tasting plants, for nature so urges and guides it. Thus, as the animal eats things that are pleasing to its smell and taste, the sugar component increases and it regains its health.	73.6 Ang karamihan ng mga sakit na dumadapo sa tao ay dumadapo rin sa hayop, subalit hindi ito nilulunasan ng hayop sa pamamagitan ng mga gamot. Ang manggagamot ng hayop sa mga kabundukan at sa mga kagubatan ay ang kaniyang mga kapangyarihan ng panlasa at pang-amoy. Inaamoy ng hayop na may sakit ang mga halamang tumutubo sa kagubatan, kinakain niya yaong mga matatamis at mababango sa kaniyang pang-amoy at panlasa, at siya ay gumagaling. Ang dahilan ay ito: Kapag, halimbawa, ang sangkap ng asukal sa kaniyang katawan ay nababawasan, natatakam siya sa matatamis na mga bagay at sa gayon ay kumakain siya ng matatamis na mga halaman, dahil inuudyukan at ginagabayan siya ng kalikasan. Sa gayon, habang ang hayop ay kumakain ng mga bagay na kasiya-siya sa pang-amoy at panlasa nito, ang sangkap ng asukal sa kaniyang katawan ay nadaragdagan, at nanunumbalik ang kalusugan nito.

7 It is therefore evident that it is possible to cure illnesses by means of fruits and other foods. But as the science of medicine has not yet been perfected, this fact has not been fully understood. When this science reaches perfection, treatments will be administered with fragrant fruits and plants as well as with other foods, and with hot and cold waters of various temperatures.	73.7 Samakatwid ay maliwanag na maaaring gamutin ang mga sakit sa pamamagitan ng mga prutas at iba pang mga pagkain. Subalit yamang ang agham ng medisina ay wala pa sa kaganapan, ang katotohanang ito ay hindi pa lubusang nauunawaan. Sa pag-abot ng agham sa kaganapan nito, ang mga lunas ay ibibigay sa pamamagitan ng mababangong mga prutas at mga gulay, at gayundin ng iba pang mga pagkain, at ng mainit at malamig na tubig sa iba't ibang temperatura.
8 This is only a brief explanation. God willing, and the occasion permitting, we will provide a more detailed explanation another time.	73.8 Ito ay maikling paliwanag lamang. Kung itutulot ng Diyos, at kung naaayon sa pagkakataon, magbibigay tayo ng mas detalyadong paliwanag sa ibang panahon.
Part 5	Bahagi 5
Miscellaneous Subjects	Sari-saring mga Paksa
74	74
On Good and Evil	Tungkol sa Mabuti at Masama
1 To explain the truth of this matter is difficult indeed. Know that created things are of two kinds: material and spiritual, sensible and intelligible. That is, some are perceptible to the senses, while others are only perceived by the mind.	74.1 Ang ipaliwanag ang katotohananan ng paksang ito ay napakahirap. Alamin na ang mga nilalang ay may dalawang uri: materyal at espiritwal, nadarama at nauunawaan. Yaon ay, ang ilan ay nahihiwatigan ng mga pandama, samantala ang mga iba ay nahihiwatigan lamang ng kaisipan.
2 Sensible realities are those which are perceived by the five outer senses: So, for example, those outward things which the eye sees are called sensible. Intelligible realities are those which have no outward existence but are perceived by the mind. For example, the mind itself is an intelligible reality and has no outward existence. Likewise, all human virtues and attributes have an intelligible rather than a sensible	74.2 Ang nadaramang mga realidad ay yaong nahihiwatigan ng limang panlabas na pandama: Sa gayon, halimbawa, ang panlabas na mga bagay na nakikita ng mga mata ay tinatawag na nadarama. Ang nauunawaang mga realidad ay yaong walang panlabas na pag-iral bagkus ay nahihiwatigan ng kaisipan. Halimbawa, ang kaisipan mismo ay isang pangkaisipang realidad na walang panlabas na pag-iral. Gayundin, ang lahat ng mga kabutihan at mga katangian ng tao ay

existence; that is, they are realities that are perceived by the mind and not by the senses.	may pag-iral na nauunawaan sa halip nang nadarama; yaon ay, ang mga ito ay mga realidad na nahihiwatigan ng kaisipan at hindi ng mga pandama.
3 Briefly, intelligible realities such as the praiseworthy attributes and perfections of man are purely good and have a positive existence. Evil is simply their non-existence. So ignorance is the want of knowledge, error is the want of guidance, forgetfulness is the want of remembrance, foolishness is the want of understanding: All these are nothing in themselves and have no positive existence.	74.3 Sa maikling salita, ang pangkaisipang mga realidad tulad ng kapuri-puring mga katangian at mga kaganapan ng tao, ay pawang mabuti at mayroong tiyak na pag-iral. Ang kasamaan ay kawalan lamang ng pag-iral ng mga ito. Sa gayon ang kamangmangan ay ang kawalan ng kaalaman, ang kamalian ay ang kawalan ng patnubay, ang pagkalimot ay ang kawalan ng pag-alaala, ang katangahan ay ang kawalan ng pag-unawa. Ang lahat ng mga ito ay kawalan lamang at walang sariling pag-iral.
4 As for sensible realities, these are also purely good, and evil is merely their non-existence; that is, blindness is the want of sight, deafness is the want of hearing, poverty is the want of wealth, illness is the want of health, death is the want of life, and weakness is the want of strength.	74.4 Kaugnay ng mga nadaramang realidad, ang mga ito ay pawang mabuti, at ang kasamaan ay kawalan lamang ng kanilang pag-iral; yaon ay, ang kabulagan ay kawalan ng paningin, ang kabingihan ay ang kawalan ng pandinig, ang karukhaan ay ang kawalan ng kayamanan, ang karamdaman ay ang kawalan ng kalusugan, ang kamatayan ay ang kawalan ng buhay, at ang kahinaan ay ang kawalan ng lakas.
5 Now, a doubt comes to mind: Scorpions and snakes are poisonous—is this good or evil, for they have a positive existence? Yes, it is true that scorpions and snakes are evil, but only in relation to us and not to themselves, for their venom is their weapon and their sting their means of defence. But as the constituent elements of their venom are incompatible with those of our bodies—that is, as these constituent elements are mutually opposed—the venom is evil, or rather, those elements are evil in relation to each other, while in their own reality they are both good.	74.5 Gayumpaman ay may pag-aalinlangang pumapasok sa kaisipan: Ang mga alakdan at mga ahas ay makamandag—ito ba ay mabuti ba o masama, yamang ang mga ito ay tunay na umiiral? Oo, totoong ang mga alakdan at mga ahas ay masama kung kaugnay sa atin at hindi sa kanilang mga sarili, sapagkat ang kanilang kamandag ay kanilang sandata at ang kanilang tuklaw ay kanilang paraan ng pagtanggol sa sarili. Subalit yamang ang mga sangkap ng kanilang kamandag ay hindi angkop sa mga sangkap ng ating mga katawan—yaon ay, yamang itong mga sangkap ay magkalaban—ang kamandag ay masama, o sa halip, ang mga elementong iyon ay masama kung kaugnay ng isa’t isa,

	samantalang sa sarili nilang mga realidad ay kapuwa sila mabuti.
6 To summarize, one thing may be evil in relation to another but not evil within the limits of its own being. It follows therefore that there is no evil in existence: Whatsoever God has created, He has created good. Evil consists merely in non-existence. For example, death is the absence of life: When man is no longer sustained by the power of life, he dies. Darkness is the absence of light: When light is no more, darkness reigns. Light is a positively existing thing, but darkness has no positive existence; it is merely its absence. Likewise, wealth is a positively existing thing but poverty is merely its absence.	74.6 Upang magbuod, ang isang bagay ay maaaring maging masama kung kaugnay ng iba subalit hindi masama sa loob ng mga hangganan ng sarili nito. Samakatwid, kung gayon ay walang masama ang umiiral: Ang anumang nilikha ng Diyos ay nilikha Niyang mabuti. Ang kasamaan ay binubuo ng kawalan lamang [ng kabutihan]. Halimbawa, ang kamatayan ay ang kawalan ng buhay: Kapag ang tao ay hindi na tinutustusan ng kapangyarihan ng buhay, siya ay namamatay. Ang kadiliman ay ang kawalan ng liwanag: Kapag wala nang liwanag, naghahari ang kadiliman. Ang liwanag ay isang bagay na umiiral, subalit ang kadiliman ay walang sariling pag-iiral, iyon ay kawalan lamang niyon. Gayundin, ang kayamanan ay isang umiiral na bagay subalit ang karukhaan ay kawalan lamang niyon.
7 It is thus evident that all evil is mere non-existence. Good has a positive existence; evil is merely its absence.	74.7 Samakatwid ay maliwanag na ang lahat ng kasamaan ay kawalan lamang ng pag-iral. Ang kabutihan ay mayroong pag-iral; ang kasamaan ay kawalan lamang niyon.
75	75
Two Kinds of Torment	Dalawang Uri ng Pahirap
1 Know that there are two kinds of torment: subtle and palpable. For example, ignorance is itself a torment, but it is a subtle torment; indifference to God is itself a torment; falsehood is itself a torment; iniquity and treachery are torments. Indeed, all the human imperfections are torments, but they are subtle torments. A person endowed with a conscience will certainly prefer to be killed rather than to sin, and to have his tongue cut out rather than to slander and lie.	75.1 Alamin na may dalawang uri ng pahirap: ang pino at ang garapal. Halimbawa, ang kamangmangan mismo ay isang pahirap, subalit ito ay pinong pahirap; ang kalamigan ng loob sa Diyos ay isang pahirap mismo; ang kasinungalingan ay isang pahirap mismo; ang kasamaan at kataksilan ay mga pahirap. Sa katunayan, ang lahat ng mga kawalan ng kaganapan ng tao ay mga pahirap, subalit ang mga ito ay pinong mga pahirap. Ang taong pinagkalooban ng konsensiya ay tiyak na pipiliing mapatay

	kaysa magkasala, at na ipaputol ang kaniyang dila sa halip na manira at magsinungaling.
2 The other kind of torment is palpable and consists in physical punishments such as imprisonment, beating, expulsion, and banishment. But for the people of God, to be veiled from Him is still more grievous than all these torments.	75.2 Ang isa pang uri ng pahirap ay garapal at binubuo ng pisikal na mga parusa tulad ng pagkulong, paggulpi, pagtiwalag, at pagpapatapon. Subalit para sa mga tao ng Diyos ang malambungan mula sa Kaniya ay higit na mahirap pa kaysa sa lahat ng ganitong mga pahirap.
76	76
The Justice and Mercy of God	Ang Katarungan at Habag ng Diyos
1 Know that justice consists in rendering to each his due. For example, when a workman labours from morning till evening, justice requires that he be paid his wage, but bounty consists in rewarding him even when he has done no work and expended no effort. So when you give alms to a poor man who has made no effort and done nothing for your benefit to deserve it, this is bounty. Thus, Christ besought forgiveness for those responsible for His death: This is called bounty.	76.1 Alamin na ang katarungan ay ang pagbigay sa bawat isa ng nararapat sa kaniya. Halimbawa, kung ang isang manggagawa ay magtatrabaho mula umaga hanggang gabi, hinihingi ng katarungan na bayaran ang kaniyang suweldo, subalit ang biyaya ay ang paggantimpala sa kaniya kahit na siya ay hindi nagtrabaho at walang ginawang pagsisikap. Sa gayon, kapag ikaw ay nagbibigay ng limos sa pulubi bagaman wala siyang ginawang pagsisikap para sa iyong kapakinabangan upang marapatin iyon, ito ay biyaya. Sa gayon ay humingi ng kapatawaran si Kristo para sa mga pumatay sa Kaniya: Ito ay tinatawag na biyaya.
2 Now, the question of the excellence or baseness of things is determined either by reason or by religious law. Some believe that it is based on religious law: Such is the case with the Jews, who believe that all the commandments of the Torah are binding and that they are matters of religious law rather than of reason. Thus they say that one of the commandments of the Torah is that meat and butter cannot be eaten together, for this is “trefah” (and “trefah” in Hebrew means unclean, while “kosher” means clean). This they say is a question of religious law and not of reason.	76.2 Ngayon, ang pagiging mabuti o masama ng mga bagay ay natitiyak sa pamamagitan ng katwiran o ng batas. Naniniwala ang ilan na ito ay batay sa batas: Ganoon ang umiiral sa mga Hudyo, na naniniwalang ang lahat ng mga kautusan sa Torah ay katungkulang isagawa at ang mga ito ay batay sa batas at hindi ng katwiran. Kung gayon ay sinasabi nilang ang isa sa mga kautusan sa Torah ay hindi dapat kainin nang magkasama ang karne at mantekilya, dahil ito ay “trefa” (at ang “trefa” sa salitang Ebreo ay nangangahulugang di-malinis, samantalang ang “kosher” ay nangangahulungang malinis). Sang-ayon sa

	kanila, ito ay kaugnay ng batas at hindi ng katwiran.
3 But the divine philosophers hold that the excellence or baseness of things depends upon both reason and religious law. Thus, the prohibitions on murder, theft, treachery, falsehood, hypocrisy, and iniquity are based on reason: Every rational mind can grasp that these are all vile and reprehensible. For if you merely prick a man with a thorn he will cry out in pain: How well must he realize then that murder, according to reason, is vile and reprehensible. And were he to commit such a crime, he would be held accountable for it whether the prophetic message had reached him or not, for reason itself grasps the reprehensible character of this deed. Thus, when such a person commits such base actions, he will assuredly be held to account.	76.3 Subalit sa pananaw ng mga pilosopo ng kabanalan ang mabuti at masama ay nababatay sa kapuwa katwiran at batas ng relihiyon. Sa gayon, ang mga pagbabawal ng pagpatay ng tao, pagnanakaw, panlililo, kasinungalingan, pagbabalatkayo at kasamaan ay nababatay sa katwiran: Nauunawaan ng bawat kaisipang nakapangangatwiran na ang lahat ng mga ito ay napakasama at nararapat sisihin. Sapagkat kung ang isang tao ay tutusukin mo lamang ng tinik ay sisigaw sa sakit nito: Napakahusay niyang mauunawaan kung gayon na ang pamamatay-tao, sang-ayon sa katwiran, ay masama at nararapat sisihin. At kung gagawin niya ang gayong krimen, siya ay mananagot doon kahit umabot na sa kaniya ang mensahe ng propeta o hindi, dahil nauunawaan ng mismong katwiran ang masamang katangian ng ganitong gawain. Kung gayon, kapag ginawa ng gayong tao ang gayong masasamang gawain, tiyak na siya ay mananagot.
4 But if the prophetic injunctions have not reached a place and the people fail, as a result, to act in conformity with the divine teachings, then they are not held accountable according to the laws of religion. For instance, Christ enjoined that cruelty should be met with kindness. If a person remains unaware of this injunction and acts according to the promptings of nature, that is, if he returns injury for injury, then he is not held accountable according to the laws of religion, for this divine injunction has not been conveyed to him. Although such a person is not deserving of divine bounty and favour, God will nevertheless deal with him in His mercy and grant him forgiveness.	76.4 Subalit kung ang mga kautusan ng propeta ay hindi pa umabot sa isang lugar, at bunga niyon ang mga tao ay hindi kumikilos nang sang-ayon sa mga katuruang banal, sa gayon ay hindi sila mananagot sang-ayon sa mga batas ng relihiyon. Halimbawa, iniutos ni Kristo na suklian ng kabutihan ang kalupitan. Kung hindi nalalaman ng isang tao ang kautusang ito at kumilos nang sang-ayon sa mga udyok ng kalikasan, yaon ay, kung gagantihan niya ng pahirap ang pahirap, sa gayon ay hindi siya mananagot sang-ayon sa mga batas ng relihiyon, sapagkat itong banal na kautusan ay hindi naihatid sa kaniya. Bagaman ang gayong tao ay hindi karapat-dapat sa banal na biyaya at pagpapala, gayumpaman ay pakikitunguhan siya ng Diyos mula sa Kaniyang habag at papatawarin siya.

5 Now, vengeance is reprehensible even according to reason, for it is of no benefit to the avenger. If a man strikes another, and the victim chooses to exact revenge by returning the blow, what advantage will he gain? Will this be a balm to his wound or a remedy for his pain? No, God forbid! In truth the two actions are the same: Both are injuries; the only difference is that one preceded the other. Therefore, if the victim forgives, or better still, if he acts in the opposite manner, this is praiseworthy.	76.5 Ngayon, ang paghihiganti ay kasuklam-suklam kahit sang-ayon sa katwiran, sapagkat wala itong kapakinabangan sa naghihiganti. Kung hahampasin ng isang tao ang kaniyang kapwa, at kung pipiliin ng biktima ang maghiganti sa pamamagitan ng pagbalik ng hampas, anong kapakinabangan ang matatamo niya? Magiging balsamo ba ito sa kaniyang sugat o lunas sa kaniyang kirot? Hindi, iadya nawa ng Diyos! Sa katotohanan ang dalawang kilos ay magkapareho: Kapuwa ito pananakit; ang pagkakaiba lamang ay nauna ang isa. Samakatwid, kung magpapatawad ang biktima, o mas mabuti pa, kung siya ay kikilos sa kabaliktarang paraan, ito ay kapuri-puri.
6 As for the body politic, it punishes the aggressor but not to exact revenge. The purpose of this punishment, rather, is to deter and dissuade, and to oppose iniquity and aggression, so as to prevent others from extending their hand likewise in oppression. But if the victim chooses to forgive and to show instead the greatest mercy, this is most approved in the sight of God.	76.6 Kaugnay naman ng estrukturang pampamahalaan, pinarurusahan nito ang pasimuno ng karahasan subalit hindi upang makapaghiganti. Ang layunin nitong kaparusahan, sa halip, ay upang mahadlangan at mapigilan, at mapaglabanan ang kasamaan at karahasan, nang sa gayon ang mga iba ay hindi gumaya sa paniniil. Subalit kung pipiliin ng biktimang magpatawad at sa halip ay magpakita ng sukdulang kahabagan, ito ay lubos na katanggap-tanggap sa mata ng Diyos.
77	77
The Punishment of Criminals	Kaparusahan sa mga Kriminal
1 Question: Should a criminal be punished, or should he be forgiven and his crime overlooked?	77.1 Tanong: Dapat bang parusahan ang kriminal, o dapat ba siyang patawarin at ipagpaumanhin ang kaniyang krimen?
2 Answer: There are two kinds of retributive actions: One is revenge and retaliation, and the other—punishment and requital. An individual has no right to seek revenge, but the body politic has the right to punish the criminal. Such punishment is intended to dissuade and deter others from	77.2 Sagot: May dalawang uri ng kilos na nagpaparusa: Ang isa ay paghihiganti at pagbabawi, at ang isa pa—kaparusahan at kabayaran. Ang indibidwal ay walang karapatang maghiganti, subalit ang estrukturang pampamahalaan ay may karapatang parusahan ang kriminal. Ang

committing similar crimes. It is for the protection of the rights of man and does not constitute revenge, for revenge is that inner gratification that results from returning like for like. This is not permissible, for no one has been given the right to seek revenge. And yet, if criminals were entirely left to their own devices, the order of the world would be disrupted. So while punishment is one of the essential requirements of the body politic, the wronged and aggrieved party has no right to seek revenge. On the contrary, he should show forgiveness and magnanimity, for this is that which befits the human world.	layunin ng gayong parusa ay upang mapigilan at mahadlangan ang mga iba mula sa paggawa ng kahalintulad na mga krimen. Ito ay upang mapangalagaan ang mga karapatan ng tao at hindi ito paghihiganti, sapagkat ang paghihiganti ay yaong panloob na kasiyahang nagmumula sa pagbalik ng katulad sa natanggap. Ito ay hindi pinahihintulutan, sapagkat walang binigyan ng karapatang maghiganti. At gayumpaman, kung ang mga kriminal ay hahayaan na lamang sa kanilang mga kagagawan, ang kaayusan ng daigdig ay magugulo. Kung gayon, samantalang ang parusa ay isa sa pangunahing mga pangangailangan ng estrukturang pampamahalaan, ang panig na pinagkasalahan at agrabyado ay walang karapatang maghiganti. Sa kabaliktaran, dapat niyang ipakita ang kapatawaran at magandang kalooban, dahil ito ang nararapat sa daigdig ng tao.
3 The body politic, however, must punish the oppressor, the murderer, and the assailant, to dissuade and deter others from committing similar crimes. But that which is essential is to so educate the masses that no crimes will be committed in the first place; for a people can be so educated as to shrink entirely from any crime, and indeed regard the crime itself as the greatest chastisement and the most grievous torment and punishment. Thus no crimes would occur in the first place such that punishments would be required.	77.3 Gayumpaman ay kinakailangang parusahan ng estrukturang pampamahalaan ang maniniil, ang mamamatay-tao, ang manlulusob, upang balaan at pigilan ang mga iba mula sa paggawa ng mga krimen na katulad nito. Subalit yaong pinakamahalaga ay dapat lubusang turuan ang mga tao upang sa simula pa lamang ay wala nang magaganap na mga krimen; dahil maaaring lubusang turuan ang isang sambayanan na ganap nilang lalayuan ang anumang krimen, at sa katunayan ay ituturing ang krimen mismo bilang pinakamatinding pahirap at pinakamalupit na pagdurusa at kaparusahan. Sa gayon sa simula pa lamang ay walang krimen ang magaganap na mangangailangan ng parusa.
4 We must speak only of that which is practically feasible in the world. There is indeed an abundance of lofty ideals and sentiments that cannot be put into effect. Therefore we must confine ourselves to that which is practicable.	77.4 Kinakailangan talakayin lamang natin yaong praktikal na maaaring magawa sa daigdig na ito. Tunay na napakaraming matayog na huwaran at damdaming hindi maisasagawa. Samakatwid

	ay dapat nating takdaan ang ating mga sarili roon sa maaaring maisagawa.
5 For example, if someone wrongs, injures, and assaults another, and the latter retaliates in kind, this constitutes revenge and is blameworthy. If Peter kills the son of Paul, Paul has no right to kill the son of Peter. Were he to do so, it would be an act of vengeance and blameworthy in the extreme. Rather, he must act in the opposite manner and show forgiveness, and, if possible, even be of some assistance to his aggressor. This indeed is that which is worthy of man; for what advantage does one gain from revenge? The two actions are indeed one and the same: If one is reprehensible, so too is the other. The only difference is that one preceded the other.	77.5 Halimbawa, kung ang isang tao ay magkakasala, sasaktan, at sasalakayin ang isa pang tao, at ang huling nabanggit ay gumaganti nang gayundin, ito ay paghihiganti at dapat sisihin. Kung papatayin ni Pedro ang anak ni Pablo, si Pablo ay walang karapatang patayin ang anak ni Pedro. Kung gagawin niya ito, iyon ay paghihiganti at lubos na dapat sisihin. Sa halip ay dapat siyang kumilos sa kabaliktarang paraan at magpatawad, at kung maaari, ay makapagbigay ng tulong sa sumalakay sa kaniya. Ito ang tunay na nararapat sa tao: dahil anong kapakinabangan ang natatamo mula sa paghihiganti? Ang dalawang kilos ay tunay na iisa lang ang magkapareho: kung ang isa ay dapat sisihin, gayundin ang isa pa. Ang pagkakaiba lamang ay nauna ang isa sa isa pa.
6 But the body politic has the right to preserve and to protect. It holds no grudge and harbours no enmity towards the murderer, but chooses to imprison or punish him solely to ensure the protection of others. The purpose is not revenge but a punishment through which the body politic is protected. Otherwise, were both the victim's heirs and the community to forgive and return good for evil, the wrongdoers would never cease their onslaught and a murder would be committed at every moment—nay, bloodthirsty individuals would, like wolves, entirely destroy the flock of God. The body politic is not prompted by ill will in meting out its punishment; it acts without prejudice and does not seek to gratify a sense of vengeance. Its purpose in inflicting the punishment is to safeguard others and to prevent the future commission of such vile actions.	77.6 Subalit ang estrukturang pampamahalaan ang may karapatang mangalaga at magtanggol. Wala itong kinikimkim na galit at pagkamuhi sa mamamatay-tao, bagkus ay pinipili nitong ikulong o parusahan siya upang matiyak lamang ang kaligtasan ng mga iba. Ang layunin ay hindi ang paghihiganti ngunit isang parusa na sa pamamagitan nito ang estrukturang pampamahalaan ay mapapangalagaan. Kung sa halip nito ang kapuwa mga tagapagmana ng biktima at ang pamayanan ay magpapatawad at magsusukli ng kabutihan sa kasamaan, ang mga gumagawa ng kasamaan ay hindi kailanman hihinto ng kanilang pananalakay at sa bawat sandali ay magkakaroon ng pamamatay-tao—hindi lamang iyon, ang mga taong hayok sa dugo, tulad ng mga lobo, ay uubusin ang kawan ng Diyos. Ang estrukturang pampamahalaan ay hindi ibinubunsod ng sama ng loob sa pagpataw nito ng parusa; kumikilos ito nang walang pagkiling at hindi nito sinisikap masiyahan

	ang hangaring makapaghiganti. Ang layunin nito sa pagpataw ng parusa ay upang pangalagaan ang mga iba at upang mapigilan ang paggawa ng gayong kasuklam-suklam na mga kilos sa hinaharap.
7 Thus when Christ said, "Whosoever shall smite thee on thy right cheek, turn to him the left one also",153 the purpose was to educate the people, not to imply that one should assist a wolf that has fallen upon a flock of sheep and is intent upon devouring them all. No, if Christ had known that a wolf had entered the fold and was about to destroy the sheep, He most certainly would have prevented it.	77.7 Kung gayon nang sabihin ni Kristo na: "Sa sinumang sa iyo'y sumampal sa kanan mong pisngi, iharap mo naman sa kaniya ang kabila"[,153] ang layunin nito ay upang turuan ang mga tao, hindi nito ipinahihiwatig na dapat tulungan ang lobong sumalakay sa isang kawan ng mga tupa upang lamunin itong lahat. Hindi, kung alam ni Kristo na may lobong nakapasok sa kawan at pupuksain na ang mga tupa, tiyak na pipigilan Niya ito.
8 Just as forgiveness is one of the attributes of God's mercy, so is justice one of the attributes of His lordship. The canopy of existence rests upon the pole of justice and not of forgiveness, and the life of mankind depends on justice and not on forgiveness. Thus, if a decree of amnesty were to be enacted henceforth in all countries, the whole world would soon be thrown into disarray and the foundations of human life would be shattered. Likewise, if the powers of Europe had not resisted the notorious Attila, he would not have left a single soul alive.	77.8 Sa gayong paraan ang pagpapatawad ay isa sa mga katangian ng kahabagan ng Diyos, gayundin ang katarungan ay isa sa mga katangian ng Kaniyang pagkapanginoon. Ang tolda ng buhay ay nakasalig sa haligi ng katarungan at hindi ng kapatawaran, at ang buhay ng sangkatauhan ay nababatay sa katarungan at hindi sa kapatawaran. Kung gayon, kung maglalabas ng batas ng kapatawaran mula ngayon sa lahat ng mga bansa, di-magtatagal ang buong daigdig ay magkakagulo at ang mga pundasyon ng pamumuhay ng tao ay mawawasak. Gayundin, kung ang mga kapangyarihan ng Europa ay hindi nanlaban kay Attila na kilalang-kilala sa kasamaan, wala sana siyang iniwang buhay.
9 Some men are like bloodthirsty wolves: If they were to see no punishment ahead, they would kill others solely for the sake of their own pleasure and diversion. One of the tyrants of Persia killed his tutor for mere amusement. Mutavakkil, the famous Abbasid caliph, would summon his ministers, deputies, and trustees to his presence, have a box full of scorpions let loose among them, and, forbidding anyone to	77.9 Ang ibang mga tao ay tulad ng mga lobong uhaw sa dugo: Kung wala silang makikitang kapalit na parusa, papatay sila ng tao para lamang sa kanilang kasiyahan at libangan. Pinatay ng isang mapaniil na hari ng Persiya ang kaniyang guro bilang katuwaan lamang. Si Mutavakkil, ang bantog na haring Abbasid, matapos ipatawag ang kaniyang mga ministro, mga kinatawan at mga katiwala, ay pakakawalan sa kanila ang isang kahon ng mga alakdan at

move, would burst into boisterous laughter whenever one of them was stung.	pagbabawalang kumilos ang sinuman, at kapag may natutuklaw sa kanila, siya ay tumatawa nang malakas.
10 In sum, the proper functioning of the body politic depends upon justice and not forgiveness. So what Christ meant by forgiveness and magnanimity is not that if another nation were to assail you; burn your homes; plunder your possessions; assault your wives, children, and kin; and violate your honour, you must submit to that tyrannical host and permit them to carry out every manner of iniquity and oppression. Rather, the words of Christ refer to private transactions between two individuals, stating that if one person assaults another, the injured party should forgive. But the body politic must safeguard the rights of man. Thus, if someone were to attack, injure, oppress, and wound me, I would in no wise oppose him but would show forgiveness. But if someone were to attack Siyyid Manshádí here,154 I would of course prevent him. Although to the assailant non-interference would appear as kindness, it would be sheer oppression towards Manshádí. So if a savage Arab were to enter the room at this moment brandishing a sword and bent upon assaulting, wounding, or killing you, I would of course prevent him. Were I to abandon you to that man, this would be oppression, not justice. But if he were to harm me personally, I would forgive him.	77.10 Upang lagumin, ang wastong pagkilos ng estrukturang pampamahalaan ay nababatay sa katarungan at hindi sa kapatawaran. Kung gayon ang ibig sabihin ni Kristo sa kapatawaran at kabutihang-loob ay hindi kung sasalakayin kayo ng ibang bansa; susunugin ang inyong mga tahanan; sasamsamin ang inyong mga ari-arian; lulusubin ang inyong mga asawa, mga anak, at mga kamag-anak; at dudungisan ang inyong dangal na dapat kayong magpasailalim sa gayong mapaniil na hukbo at hayaan silang gawin ang lahat ng uri ng kasamaan at kalupitan. Sa halip, ang mga salita ni Kristo ay tumutukoy sa pribadong pag-uugnayan sa pagitan ng dalawang indibidwal, sinasabing kung sasalakayin ng isang tao ang isa pa, dapat magpatawad ang nasaktan. Subalit kailangang pangalagaan ng estrukturang pampamahalaan ang mga karapatan ng tao. Kung gayon, kung may mang-aaway, mananakit, mang-aapi at susugat sa akin, hindi ko siya lalabanan sa anumang paraan bagkus ay patatawarin ko siya. Subalit kung may sasalakay rito kay Siyyid Manshádí,[154] tiyak na pipigilan ko siya. Bagaman para sa salarin ang hindi pakikialam ay waring kabutihan, ito ay magiging lubos na pag-aapi kay Manshádí. Kung sa sandaling ito ay pumasok sa silid na ito ang isang barbarong Arab na nakabunot ang espada at nais kayong salakayin, sugatan o patayin, tiyak na pipigilan ko siya. Kung hahayaan ko kayo sa taong iyon, yaon ay kawalan ng katarungan, hindi katarungan. Subalit kung ako ang personal na sasaktan niya, patatawarin ko siya.
11 One final point: The body politic is engaged day and night in devising penal laws and in providing for ways and means of punishment. It builds prisons, acquires chains and fetters, and ordains	77.11 Ang isa pang huling punto: Ang estrukturang pampamahalaan ay abala sa araw at gabi sa paggawa ng mga batas na pamparusa at sa paghahanda ng mga kagamitan at mga pamaraan ng parusa.

places of exile and banishment, of torment and hardship, seeking thereby to reform the criminal, whereas in reality this only brings about the degradation of morals and the subversion of character. The body politic should instead strive night and day, bending every effort to ensure that souls are properly educated, that they progress day by day, that they advance in science and learning, that they acquire praiseworthy virtues and laudable manners, and that they forsake violent behaviour, so that crimes might never occur. At the present time the contrary prevails: The body politic is ever seeking to strengthen penal laws and securing means of punishment, instruments of death and chastisement, and places of imprisonment and exile, and then waiting for crimes to be committed. This has a most detrimental effect.	Nagtatayo ito ng mga bilangguan, nagkakamal ng mga kadena at mga tanikala, at nagtatakda ng mga lugar na pagtatapunan at pagdidisteryo, ng pahirap at parusa, sinisikap sa gayong paraan na baguhin ang kriminal, samantalang sa katotohanan ito ay nagsasanhi lamang ng pagkasira ng moralidad at ng pagkabaluktot ng pagkatao. Sa halip ang estrukturang pampamahalaan ay dapat magsumikap sa araw at gabi, ituon ang bawat pagpupunyagi upang matiyak na ang mga kaluluwa ay maturuan nang wasto, na sila ay umunlad sa araw-araw, na sila ay sumulong sa agham at kaalaman, na magkamit sila ng kapuri-puring mga kabutihan at maipagbubunying mga kaugalian, at na iwasan nila ang marahas na kilos, nang sa ganoon ang mga krimen ay hindi kailanman magaganap. Sa kasalukuyang panahon ang kabaliktaran ang umiiral: ang estrukturang pampamahalaan ay laging nagsisikap na palakasin pa ang mga batas na pamparusa at paghandaan ang mga paraan ng parusa, ng mga kagamitan ng pagpapatay at pagpapahirap, at mga pook ng piitan at pagdisteryo, at pagkatapos ay hinihintay na maganap ang mga krimen. Napakasama ng epekto nito.
12 But if the masses were educated so that knowledge and learning increased day by day, understanding was broadened, perceptions were refined, morals were rectified and manners reformed—in a word, that progress was made with respect to every degree of perfection—then the occurrence of crime would subside.	77.12 Subalit kung ang mga madla ay tuturuan upang ang kaalaman at pagkatuto ay madaragdagan sa bawat araw, kung lumalawak ang pag-unawa, nagiging pino ang mga kabatiran, naitutuwid ang moralidad at naiwawasto ang kaugalian—sa isang salita, na magkaroon ng pag-unlad kaugnay ng bawat antas ng kaganapan—sa gayon ang paggawa ng krimen ay huhupa.
13 Experience has shown that crime is less prevalent among civilized peoples—that is, among those who have acquired true civilization. And true civilization is divine civilization, the civilization of those who combine material and spiritual perfections. As ignorance is the root cause of crime, the more knowledge and	77.13 Ipinakikita ng karanasan na hindi gaanong laganap ang krimen sa sibilisadong mga sambayanan—yaon ay, doon sa mga nakatamo na ng tunay na kabihasnan. At ang tunay na kabihasnan ay ang banal na kabihasnan, ang kabihasnan nilang mga pinagsasama ang mga kaganapang materyal at espiritwal. Yamang

learning advance, the less crime will be committed. Consider the lawless tribes of Africa: How often they kill one another and even consume each other's flesh and blood! Why do such savageries not take place in Switzerland? The reason, clearly, is education and virtue.	ang kamangmangan ang pinakasanhi ng krimen, habang higit na nadaragdagan ang kaalaman at pagkatuto, lalong mababawasan ang mga krimeng nagaganap. Isipin ang walang batas na mga tribu ng Aprika: Napakadalas nilang patayin ang isa't isa at kinakain pa ang laman at dugo ng isa't isa! Bakit hindi nagaganap ang ganitong mga kabangisan sa Switzerland? Maliwanag na ang dahilan ay ang edukasyon at kabutihan.
14 Therefore, the body politic must seek to prevent crimes from being committed in the first place, rather than devise harsh punishments and penalties.	77.14 Samakatwid ay kailangang sikaping pigilan ng estrukturang pampamahalaan, sa simula pa lamang, ang paggawa ng mga krimen, sa halip ng paggawa ng malupit na mga parusa at mga kabayaran.
78	78
Strikes	Mga Welga
1 You have asked about strikes. Great difficulties have arisen and will continue to arise from this issue. The origin of these difficulties is twofold: One is the excessive greed and rapacity of the factory owners, and the other is the gratuitous demands, the greed, and the intransigence of the workers. One must therefore seek to address both.	78.1 Ikaw ay nagtanong tungkol sa mga welga. Malaking mga suliranin ang nagbuhat na at patuloy pang magbubuhat mula sa bagay na ito. Dalawa ang pinagmumulan ng mga suliraning ito: Ang isa ay ang labis na kasakiman at kasibaan ng mga may-ari ng pabrika, at ang isa pa ay ang pamamalabis, ang katakawan at katigasan ng ulo ng mga manggagawa. Samakatwid ay kailangang harapin itong dalawa.
2 Now, the root cause of these difficulties lies in the law of nature that governs present-day civilization, for it results in a handful of people accumulating vast fortunes that far exceed their needs, while the greater number remain naked, destitute, and helpless. This is at once contrary to justice, to humanity, and to fairness; it is the very height of inequity and runs counter to the good-pleasure of the All-Merciful.	78.2 Ngayon, ang sanhing pinakaugat ng mga suliraning ito ay matatagpuan sa batas ng kalikasan na pinaiiral sa kasalukuyang kabihasnan, sapagkat ang ibinubunga nito ay ang pagkamal ng isang maliit na bilang ng mga indibidwal ng limpak-limpak na kayamanang labis-labis sa kanilang pangangailangan, habang ang higit na malaking bilang ay nananatiling hubad, hikahos, at walang magawa. Ito ay salungat sa katarungan, sa pagkamakatao, at sa kapantayan; ito ang rurok ng kawalan ng katarungan at salungat

	sa mabuting kaluguran ng Lubos na Mahabagin.
3 This disparity is confined to the human race: Among other creatures, that is, among the animals, a certain kind of justice and equality prevails. Thus there is equality within a shepherd's flock, or within a herd of deer in the wilderness, or among the songbirds that dwell in the mountains, plains, and orchards. The animals of every species enjoy a measure of equality and do not differ greatly from one another in their means of existence, and thus they live in perfect peace and joy.	78.3 Ang kalabisang ito ay tanging nasa lahi ng tao lamang: Sa ibang mga nilalang, yaon ay sa mga hayop, umiiral ang isang uri ng katarungan at kapantayan. Kung gayon ay may kapantayan sa kawan ng tupa, o sa kawan ng mga usa sa kagubatan, o sa mga ibong nananahan sa mga kabundukan, mga kapatagan, at mga pataniman ng prutas. Ang mga hayop ng bawat uri ay nagtatamasa ng isang sukat ng kapantayan at hindi gaanong naiiba sa isa't isa sa kanilang paraan ng pamumuhay, at sa gayon ay nabubuhay sila sa pinakaganap na kapayapaan at kaligayahan.
4 It is quite otherwise with the human race, where the greatest oppression and injustice are to be found. Thus you can observe, on the one hand, a single person who has amassed a fortune, made an entire country his personal colony, acquired immense wealth, and secured an unceasing flow of gains and profits, and, on the other, a hundred thousand helpless souls—weak, powerless, and wanting even a mouthful of bread. There is neither equality here nor benevolence. Observe how, as a result, general peace and happiness have become so wanting, and the welfare of humanity so undermined, that the lives of a vast multitude have been rendered fruitless! For all the wealth, power, commerce, and industry are concentrated in the hands of a few individuals, while all others toil under the burden of endless hardships and difficulties, are bereft of advantages and benefits, and remain deprived of comfort and peace. One must therefore enact such laws and regulations as will moderate the excessive fortunes of the few and meet the basic needs of the myriad millions of the poor, that a degree of moderation may be achieved.	78.4 Ito ay lubos na naiiba sa lahi ng tao, kung saan matatagpuan ang sukdulang paniniil at kawalan ng katarungan. Sa gayon ay makikita mo, sa isang dako, na ang iisang tao ay nagkamal ng kayamanan, ginawang personal na kaharian ang isang buong bansa, nagkamit ng napakalaking kayamanan, at nakuha ang walang-patid na daloy ng mga kita at mga tubo, at sa kabilang dako, ang isang daang libong kaluluwang walang katulong—mahina, walang kakayahan, ay salat ng kahit isang subo ng tinapay. Walang kapantayan ni kabaitan sa ganito. Masdan sa gayon, kung paano bilang bunga nito ang pangkalahatang kapayapaan at kaligayahan ay labis na nagkukulang, at ang mabuting kalagayan ng sangkatauhan ay lubos na humina, na ang mga buhay ng napakaraming tao ay nawalan ng kapakinabangan! Dahil ang lahat ng kayamanan, kapangyarihan, komersiyo, at industriya ay nasa mga kamay ng iilang mga indibidwal lamang, samantalang ang lahat ng iba ay nagpapakahirap sa ilalim ng walang-katapusang mga kahirapan at mga suliranin, salat sa mga kapakinabangan at mga benepisyo, at nagkukulang sa kaluguran at kapayapaan. Kung gayon ay dapat magkaroon ng gayong mga batas at mga

	ordenansa na pipigil sa labis na pagyaman ng iilan at tutustos sa pangunahing mga pangangailangan ng napakaraming milyong mahihirap, upang matamo ang isang antas ng kainaman.
5 However, absolute equality is just as untenable, for complete equality in wealth, power, commerce, agriculture, and industry would result in chaos and disorder, disrupt livelihoods, provoke universal discontent, and undermine the orderly conduct of the affairs of the community. For unjustified equality is also fraught with peril. It is preferable, then, that some measure of moderation be achieved, and by moderation is meant the enactment of such laws and regulations as would prevent the unwarranted concentration of wealth in the hands of the few and satisfy the essential needs of the many. For instance, the factory owners reap a fortune every day, but the wage the poor workers are paid cannot even meet their daily needs: This is most unfair, and assuredly no just man can accept it. Therefore, laws and regulations should be enacted which would grant the workers both a daily wage and a share in a fourth or fifth of the profits of the factory in accordance with its means, or which would have the workers equitably share in some other way in the profits with the owners. For the capital and the management come from the latter and the toil and labour from the former. The workers could either be granted a wage that adequately meets their daily needs, as well as a right to a share in the revenues of the factory when they are injured, incapacitated, or unable to work, or else a wage could be set that allows the workers to both satisfy their daily needs and save a little for times of weakness and incapacity.	78.5 Subalit ang ganap na kapantayan ay lubos na imposible rin; dahil ang ganap na kapantayan sa kayamanan, kapangyarihan, komersiyo, agrikultura, at industriya ay magbubunga ng kaguluhan at kawalan ng kaayusan, mabubulabog ang mga hanapbuhay, gigising ng pangkalahatang kawalan ng kasiyahan, at pahihinain ang maayos na pamamalakad sa mga gawain ng pamayanan. Sapagkat ang di-marapat na pagkakapantay-pantay gayundin ay tigib sa panganib. Kung gayon ay higit na kanais-nais ang magkaroon ng isang sukat ng katamtaman, at ang ipinahihiwatig dito ng katamtaman ay ang pagsasabatas ng gayong mga ordenansa at mga regulasyon upang pigilan ang di-nararapat na pagkamal ng yaman sa mga kamay ng iilan lamang at upang matustusan ang pangunahing mga pangangailangan ng napakarami. Halimbawa, ang mga may-ari ng pabrika ay kumikita ng limpak-limpak sa bawat araw, subalit ang suweldong ibinibigay sa kawawang mga manggagawa ay hindi man lamang nakasasapat sa kanilang pang-araw-araw na mga pangangailangan: Ito ay labis na di-makatao, at walang-makatarungang tao ang makatatanggap dito. Samakatwid ay kinakailangang gumawa ng mga batas at mga regulasyon upang tumanggap ang mga manggagawa ng kapuwa pang-araw-araw na suweldo at ng bahagi sa ikaapat o ikalimang bahagi ng itinubo ng pabrika, sang-ayon sa kakayahan nito, o sa iba pang paraan upang ang mga manggagawa ay magkaroon ng karampatang bahagi sa tinubo tulad rin ng mga may-ari. Dahil ang puhunan at ang pamamahala ay nagbubuhat sa huling nabanggit at ang paggawa at pagtrabaho ay mula sa unang nabanggit. Alin sa dalawa, ang

	mga manggagawa ay maaaring tumanggap ng sahod na nakasasapat upang panustos sa kanilang araw-araw na mga pangangailangan, at gayundin ng karapatang makibahagi sa mga kita ng pabrika kapag sila ay naaksidente, nabalda, o hindi na makapagtrabaho, o hindi kaya ay ibigay ang sapat na sahod upang kapuwa matutustusan ng mga manggagawa ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at makapag-ipon ng kaunting halaga para sa mga panahon ng kahinaan at kawalan ng kakayahan.
6 If matters were so arranged, neither would the factory owners amass each day a fortune which is absolutely of no use to them—for should one's fortune increase beyond measure, one would come under a most heavy burden, become subject to exceeding hardships and troubles, and find the administration of such an excessive fortune to be most difficult and to exhaust one's natural powers—nor would the workers endure such toil and hardship as to become incapacitated and to fall victim, at the end of their lives, to the direst need.	78.6 Kung isasaayos nang ganito ang mga bagay-bagay, ang mga may-ari ng pabrika ay hindi na magkakamal sa araw-araw ng kayamanang lubos na walang kapakinabangan sa kanila—dahil kung ang kayamaman ay dumami hanggang sa hindi na masukat ito ay magiging napakabigat na pasanin, sasailalim siya sa labis na mga suliranin at gusot, at matutuklasang ang pangangasiwa sa gayong labis na kayamanan ay napakahirap at pinipiga ang likas na lakas ng tao—at ang mga manggagawa ay hindi rin daranas ng gayong pagkukumahog at kahirapan na maging inutil na at masadlak, sa wakas ng buhay, sa pinakamatinding pangangailangan.
7 It is therefore clearly established that the appropriation of excessive wealth by a few individuals, notwithstanding the needs of the masses, is unfair and unjust, and that, conversely, absolute equality would also disrupt the existence, welfare, comfort, peace, and orderly life of the human race. Such being the case, the best course is therefore to seek moderation, which is for the wealthy to recognize the advantages of moderation in the acquisition of profits and to show regard for the welfare of the poor and the needy, that is, to fix a daily wage for the workers and	78.7 Samakatwid ay maliwanag at hayag na ang pagkamal ng labis na kayamanan ng isang maliit na bilang ng mga indibidwal, sa kabila ng mga pangangailangan ng mga karamihan, ay hindi makatao at hindi makatarungan, at gayundin, ang ganap na kapantayan ay makagugulo sa pamumuhay, sa mabuting kalagayan, sa kaginhawahan, kapayapaan, at maayos na buhay ng sangkatauhan. Yamang ganito ang kalagayan, ang pinakamabuting paraan samakatwid ay hanapin ang kainamang antas, na iyon ay kailangang makilala ng mayaman ang mga kapakinabangan ng kainamang antas sa paglikom ng kanilang mga tubo at magkaroon ng malasakit para sa mabuting

also to allot them a share of the total profits of the factory.	kalagayan ng mga mahihirap at mga nangangailangan, yaon ay, ang magtakda ng pang-araw-araw na suweldo para sa mga manggagawa at gayundin ay bigyan sila ng isang bahagi mula sa kabuuang tubo ng pabrika.
8 In brief, insofar as the mutual rights of the factory owners and the workers are concerned, laws must be enacted that would enable the former to make reasonable profits and the latter to be provided with their present necessities and their future needs, so that if they become incapacitated, grow old, or die and leave behind small children, they or their children will not be overcome by dire poverty but will receive a modest pension from the revenues of the factory itself.	78.8 Sa madaling salita, hinggil sa mga karapatan ng kapuwa mga may-ari ng pabrika at mga manggagawa, kailangang magsabatas ng mga ordenansang magbibigay-daan upang makamtan ng unang nabanggit ang makatwirang tubo at upang maibigay sa huling nabanggit ang kanilang kasalukuyang mga pangangailangan at ang kanilang mga kinakailangan para sa kinabukasan, nang sa gayon, kung sila ay hindi na makapagtrabaho, tumanda na, o mamatay at mag-iwan ng maliliit pang mga anak, sila o ang kanilang mga anak ay hindi malilipol ng labis na karukhaan bagkus ay tatanggap ng maliit na sustento mula sa mga kita ng pabrika mismo.
9 For their part, the workers should not make excessive demands, be recalcitrant, ask for more than they deserve, or go on strike. They should obey and comply and make no demands for exorbitant wages. Rather, the mutual and equitable rights of both parties should be officially fixed and established according to the laws of justice and compassion, and any party that violates them should be condemned after a fair hearing and be subject to a definitive verdict enforced by the executive branch, so that all affairs may be appropriately ordered and all problems adequately resolved.	78.9 Sa kanila namang bahagi, ang mga manggagawa ay hindi na dapat magharap ng labis na mga kahilingan, o maging mapaghimagsik, humingi ng labis pa sa nararapat sa kanila, o magwelga. Dapat silang sumunod at sumang-ayon at huwag humiling ng labis na sahod. Sa halip, ang marapat na mga karapatan ng kapuwa panig ay dapat opisyal na maitakda at maitatag sang-ayon sa mga batas ng katarungan at malasakit, at ang sinumang lumabag sa mga iyon ay dapat parusahan pagkatapos ng makatarungang paglilitis at sumailalim sa tiyak na hatol na ipatutupad ng sangay na tagapagpaganap, nang sa gayon ang lahat ng mga gawain ay maisaayos nang angkop at ang lahat ng suliranin ay malutas nang sapat.
10 The intervention of the government and the courts in the problems arising between owners and workers is fully warranted, since these are not such particular matters as are ordinary transactions between	78.10 Ang pakikialam ng pamahalaan at ng mga hukuman sa mga suliraning lumilitaw sa pagitan ng mga may-ari at ng mga manggagawa ay lubos na makatwiran, sa dahilan ang mga ito ay hindi

two individuals, which do not concern the public and in which the government should have no right to interfere. For problems between owners and workers, though they may appear to be a private matter, are detrimental to the common good, since the commercial, industrial, and agricultural affairs, and even the general business of the nation, are all intimately linked together: An impairment to one is a loss to all. And since the problems between owners and workers are detrimental to the common good, the government and the courts have therefore the right to intervene.	ang gayong tanging mga bagay na karaniwang mga transaksiyon sa pagitan ng dalawang indibidwal, na hindi nauugnay sa madla at kung saan ang pamahalaan ay walang karapatang makialam. Sapagkat ang mga suliranin sa pagitan ng mga may-ari at ng mga manggagawa, bagaman ang mga ito ay mistulang pribadong mga bagay, ay nakasasama sa kabutihan ng lahat, yamang ang komersiyo, industriya, at agrikultura, at kahit ang karaniwang mga gawain ng bansa, ay malapit na nauugnay sa isa't isa: Ang pinsala sa isa ay kawalan ng lahat. At dahil ang mga suliranin sa pagitan ng mga may-ari at mga manggagawa ay nakasasama sa kabutihan ng lahat, kung gayon may karapatang makialam ang pamahalaan at ang mga hukuman.
11 Even in the case of differences that arise between two individuals with regard to particular rights, a third party, namely the government, is needed to resolve the dispute. How, then, can the problem of strikes, which entirely disrupt the country—whether they arise from the inordinate demands of the workers or the excessive greed of the factory owners—remain neglected?	78.11 Kahit sa mga kaso ng di-pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang indibiwal kaugnay ng tanging mga karapatan, ang pangatlong partido, yaon ay ang pamahalaan, ay kinakailangan upang lutasin ang pagtatalo. Kung gayon ay paano maaaring pabayaan lamang ang suliranin ng mga welga, na lubos na gumugulo sa buong bansa—maging bunga man iyon ng labis na hinihingi ng mga manggagawa o ng kasakiman ng mga may-ari ng pabrika?
12 Gracious God! How can one see one's fellow men hungry, destitute, and deprived, and yet live in peace and comfort in one's splendid mansion? How can one see others in the greatest need and yet take delight in one's fortune? That is why it has been decreed in the divine religions that the wealthy should offer up each year a portion of their wealth for the sustenance of the poor and the assistance of the needy. This is one of the foundations of the religion of God and is an injunction binding upon all. And since in this regard one is not outwardly compelled or obliged by the government, but rather aids the poor at the prompting of one's own heart and in a spirit of joy and radiance, such a	78.12 Mapagpalang Diyos! Paano magagawa ng taong makita ang kaniyang mga kapwa-tao ay nagugutom, dukha, at salat sa lahat ng bagay, at gayumpaman ay manahan nang mapayapa at matiwasay sa kaniyang marangyang mansiyon? Paano niya magagawang makita ang mga iba na nasa sukdulang pangangailangan at gayumpaman ay nagagalak sa kaniyang kayamanan? Ito ang dahilan kung bakit iniutos sa mga banal na relihiyon dapat ialay ng mayayaman taon-taon ang isang bahagi ng kanilang kayamanan para sa panustos sa mahihirap at sa pagtulong sa mga nangangailangan. Ito ang isa sa mga saligan ng relihiyon ng Diyos at ito ay isang kautusang tungkulin ng lahat.

deed is most commendable, approved, and pleasing.	At yamang kaugnay nito ang tao ay hindi pinipilit ng panlabas na puwersa o inoobliga ng pamahalaan, bagkus ay tinutulungan ang mahihirap bunga ng udyok ng kaniyang sariling puso at sa diwa ng kaligayahan at kaningningan, ang ganitong gawain ay lubusang pinupuri, pinagtitibay at kasiya-siya.
13 This is the meaning of the righteous deeds mentioned in the heavenly Books and Scriptures.	78.13 Ito ang kahulugan ng mababuting mga gawain na binabanggit sa makalangit na mga Aklat at mga Santong Kasulatan.
79	79
The Reality of the World of Being	Ang Realidad ng Umiiral na Daigdig
1 The sophists hold that all existence is illusory, indeed, that each and every being is an absolute illusion that has no existence whatsoever—in other words, that the existence of created things is like a mirage, or like the reflection of an image in water or in a mirror, which is merely an appearance devoid of any basis, foundation, or ascertainable reality.	79.1 Naniniwala ang mga pilosopong sopista na ang lahat ng umiiral ay ilusyon lamang, na ang bawat isa at ang lahat ng nilalang ay isang ganap na ilusyong walang totoong pag-iral—sa ibang mga salita, na ang pag-iral ng mga nilalang ay tulad ng isang malikmata, o tulad ng larawan ng isang hugis na nasa tubig o sa salamin, na hitsura lamang na walang sariling batayan, saligan o matitiyak na realidad.
2 This notion is false, for although the existence of things is an illusion compared to the existence of God, yet in the contingent world it is established, proven, and undeniable. For example, the existence of the mineral is non-existence compared to that of man—since man's body becomes mineral when he physically dies—but the mineral indeed exists within the mineral realm. It is therefore clear that dust is non-existent or has an illusory existence compared to that of man, but that within the mineral realm it exists.	79.2 Ang teoryang ito ay mali, dahil bagaman ang pag-iral ng mga bagay ay isang ilusyon lamang kapag ihahambing sa pag-iral ng Diyos, gayumpaman sa walang-katiyakang daigdig ito ay naitatag, napatunayan, at hindi maitatatwa. Halimbawa, ang buhay ng mineral kung ihahalintulad roon sa tao ay kawalan ng buhay—dahil ang katawan ng tao ay nagiging mineral kapag pisikal siyang namamatay—subalit ang mineral ay may sariling pag-iral sa kahariang mineral. Samakatwid ay maliwanag na ang alabok ay walang pag-iral o ilusyon lamang ang pag-iral kung ihahambing sa tao, subalit sa kahariang mineral ito ay umiiral.

3 In like manner, the existence of created things is sheer illusion and utter non-existence compared to that of God and consists in a mere appearance, like an image seen in a mirror. But although this image is an illusion, its source and reality is the person reflected, whose image has appeared in the mirror. Briefly, the reflection is an illusion compared to that which is reflected. It is therefore evident that although created things have no existence compared to that of God, being instead like a mirage or an image reflected in a mirror, yet in their own degree they exist.	79.3 Sa gayunding paraan, ang pag-iral ng mga nilalang na bagay ay ilusyon lamang at ganap na kawalan ng pag-iral kung ihahambing sa pag-iral ng Diyos at iyon ay binubuo ng hitsura lamang, tulad ng larawang naaaninag sa salamin. Subalit bagaman ang larawang ito ay ilusyon lamang, ang pinagmulan at realidad nito ay ang taong inaaninag, na ang kaniyang mukha ay lumilitaw sa salamin. Sa maikling salita, ang larawan ay ilusyon lamang kung ihahambing doon sa inilalarawan. Sa gayon ay maliwanag na bagaman ang mga nilalang na bagay ay walang pag-iral kung ihahambing sa pag-iral ng Diyos, at sa halip ay tulad ng malikmata o ng larawang naaaninag sa salamin, gayumpaman sa sarili nilang antas sila ay umiiral.
4 That is why Christ referred to those who were heedless of God and denied His truth as dead, even though to outward seeming they were alive; for in relation to the faithful they were indeed dead, blind, deaf, and dumb. That is what Christ meant when He said, “let the dead bury their dead”.155	79.4 Ito ang dahilan kung bakit tinukoy ni Kristo yaong mga pabaya sa Diyos at itinatwa ang Kaniyang katotohanan bilang mga patay, bagaman sa panlabas na anyo nabubuhay naman sila; dahil kung kaugnay ng mga nananalig sila ay tunay na mga patay, bulag, bingi, at pipi. Ito ang kahulugan ni Kristo nang sabihin Niyang, “pabayaan mong ilibing ng mga patay ang kanilang sariling mga patay”.[155]
80	80
Pre-existence and Origination	Pag-iral Bago Isilang at Pagmumula
1 Question: How many kinds of pre-existence and origination are there?	80.1 Tanong: Gaano karami ang mga uri ng pag-iral na walang simula at ng pagmumula?
2 Answer: Certain sages and philosophers hold that there are two kinds of pre-existence—essential and temporal—and that there are likewise two kinds of origination—essential and temporal.	80.2 Sagot: Naniniwala ang ilang mga pantas at mga pilosopo na may dalawang uri ng pag-iral na walang simula—pangunahin at kaugnay ng oras—at gayundin ay may dalawang uri ng pagmumula—pangunahin at kaugnay ng oras.

3 Essential pre-existence is an existence which is not preceded by a cause; essential origination is preceded by a cause. Temporal pre-existence has no beginning; temporal origination has both a beginning and an end. For the existence of each and every thing depends upon four causes: the efficient cause, the material cause, the formal cause, and the final cause.156 So this chair has a creator who is a carpenter, a matter which is wood, a form which is that of a chair, and a purpose which is to serve as a seat. Therefore, this chair is essentially originated, for it is preceded by, and its existence is conditioned upon, a cause. This is called essential or intrinsic origination.	80.3 Ang pangunahing pag-iral na walang simula ay pag-iral na hindi nagmula sa sanhi; ang pangunahing pagmumula ay nagmula sa isang sanhi. Ang pag-iral kaugnay ng oras ay walang simula; ang pagmumula kaugnay ng oras ay may kapuwa simula at wakas. Dahil ang pag-iral ng bawat isa at ng lahat ng bagay ay nababatay sa apat na sanhi: ang sanhi ukol sa epekto, ang sanhi ukol sa pagkayari, ang sanhi ukol sa anyo, at ang sanhi ukol sa layunin.[156] Sa gayon, ang upuang ito ay may manlilikha na isang karpintero, na yari ito sa kahoy, ang anyo nito ay ang upuan, at ang layunin nito ay upang may maupuan. Samakatwid, ang upuang ito ay may pangunahing pagmumula, dahil nauna rito ang sanhi, at ang pag-iral nito ay nababatay sa sanhi. Ito ang tinatawag na pangunahin o likas na pagmumula.
4 The world of existence, in relation to its Creator, is intrinsically originated. For example, this house, in relation to its builder, is intrinsically originated. Likewise, since the body depends upon and is sustained by the spirit, it is, in relation to the spirit, essentially originated. Conversely, the spirit can dispense with the body and is therefore essentially pre-existent in relation to the body. Although the rays are always inseparable from the sun, the sun is pre-existent and the rays are originated; for the existence of the rays depends upon that of the sun, but the converse does not hold true: The sun is the bestower of grace and the rays are the grace itself.	80.4 Ang umiiral na daigdig, kaugnay ng Maylikha nito, ay may likas na pagmumula. Gayundin, yamang ang katawan ay nababatay sa at binibigyang-lakas ng espiritu, kung kaugnay ng espiritu ito ay may pangunahing pagmumula. Sa kabaliktaran, hindi kinakailangan ng espiritu ang katawan at samakatwid ay may pangunahing pag-iral kung kaugnay ng katawan. Bagaman ang mga sinag ay laging di-maihihiwalay sa araw, gayumpaman ang araw ay may pangunahing pag-iral at ang mga sinag ay may pangunahing pagmumula; sapagkat ang pag-iral ng mga sinag ay nakabatay roon sa araw, subalit ang kabaliktaran ay hindi totoo: Ang araw ang nagkakaloob ng biyaya at ang mga sinag ay ang biyaya mismo.
5 The second consideration is that existence and non-existence are both relative. If it be said that a certain thing was brought forth from non-existence, the intent is not absolute non-existence; rather, it is meant that the former condition was non-existence in relation to the present one. For absolute non-existence cannot become existence, as it lacks the very capacity to	80.5 Ang pangalawang panukala ay ang pag-iral at kawalan ng pag-iral ay kapuwa may pinagbabatayan. Kung sasabihing ang isang bagay ay nagkaroon ng pag-iral mula sa kawalan ng pag-iral, ito ay hindi tumutukoy sa ganap na kawalan ng pag-iral; sa halip, ang kahulugan ay ang dating kalagayan ay kawalan ng pag-iral kung kaugnay sa kasalukuyang kalagayan.

exist. Man exists, and the mineral likewise exists, but the existence of the mineral is non-existence in relation to that of man; for when the body of man is destroyed, it becomes dust and mineral, and when dust progresses into the human world, and that inanimate body of matter becomes living, man comes into existence. Though the dust—the mineral—enjoys existence in its own station, yet in relation to man it is non-existence. Our meaning is that both exist, but the existence of dust and mineral, in relation to man, is non-existence, for when man dies he becomes dust and mineral.	Dahil ang ganap na kawalan ng pag-iral ay hindi maaaring magkaroon ng pag-iral, dahil hindi nito taglay ang mismong kakayahang umiral. Ang tao ay may pag-iral, at ang mineral gayundin ay umiiral, subalit ang pag-iral ng mineral ay kawalan ng pag-iral kung kaugnay ng pag-iral ng tao; sapagkat sa pagkakataong ang katawan ng tao ay natupok na, ito ay nagiging gabok at mineral, at kapag ang gabok ay sumusulong tungo sa daigdig ng tao, at itong di-nabubuhay na bagay ay nagkakabuhay, ang tao ay nagkakaroon ng pag-iral. Bagaman ang gabok—yaon ay, ang mineral—ay may pag-iral sa sarili nitong kalagayan, gayumpaman kung kaugnay ng tao ito ay walang pag-iral. Ang aming ibig sabihin ay kapuwa itong may pag-iral, subalit ang pag-iral ng gabok at mineral, kung kaugnay ng tao, ay kawalan ng pag-iral dahil kapag ang tao ay namatay na siya ay bumabalik sa gabok at mineral.
6 Therefore, although the contingent world exists, in relation to the existence of God it is non-existence and nothingness. Man and dust both exist, but how great the difference between the existence of the mineral and that of man! The one in relation to the other is non-existence. Likewise, the existence of creation is non-existence in relation to that of God. Thus, even though the universe has existence, in relation to God it is non-existence.	80.6 Kung gayon, bagaman ang walang-katiyakang daigdig ay umiiral, kung kaugnay ng pag-iral ng Diyos ito ay kawalan ng pag-iral at lubos na kawalan. Ang tao at ang gabok ay kapuwa umiiral, subalit napakalaki ng pagkakaiba ng pag-iral ng mineral doon sa tao! Ang una kung kaugnay ng pangalawa ay kawalan ng pag-iral. Gayundin, ang pag-iral ng sangnilikha ay kawalan ng pag-iral kung kaugnay ng pag-iral ng Diyos. Sa gayon, kahit na may pag-iral ang sansinukob, kung kaugnay ng Diyos ito ay walang pag-iral.
7 Thus it is clear and evident that although created things exist, in relation to God and to His Word they are non-existent. This is the firstness and the lastness of the Word of God, Who says, “I am the Alpha and the Omega”, for He is both the source of grace and its ultimate goal. The Creator has ever had a creation, and the rays have ever emanated and shone forth from the Sun of Truth; for a lightless sun would be impenetrable darkness. The names and	80.7 Samakatwid ay malinaw at hayag na bagaman ang mga nilikhang bagay ay umiiral, kung kaugnay ng Diyos at ng Kaniyang Salita ang mga ito ay walang pag-iral. Ito ang simula at wakas ng Salita ng Diyos, na Siyang nagsasaad na: “Ako ang Alpha at ang Omega”, dahil Siya ang kapuwa pinagmumulan ng biyaya at ang sukdulang hantungan nito. Ang Maylikha ay laging may nilikha, ang mga sinag ay laging sumisinag at sumisikat mula sa Araw ng Katotohanan;

attributes of God require the existence of things, and no cessation in the outpouring of God's ancient grace can ever be contemplated, for this would be contrary to the divine perfections.	dahil ang araw na walang liwanag ay kadilimang di-maarok. Ang mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay nangangailangan ng pag-iral ng mga bagay, at kailanman ay di-magugunita ang pagtigil sa pagbuhos ng napakatandang biyaya ng Diyos, sapagkat iyon ay magiging salungat sa mga kaganapang banal.
81	81
Reincarnation	Muling Pagkakatawang-Tao
1 Question: What is to be said about reincarnation, which is a belief upheld by the followers of certain religions?	81.1 Tanong: Ano ang masasabi tungkol sa muling pagkakatawang-tao, na isang paniniwalang itinataguyod ng ilang relihiyon?
2 Answer: Our purpose in what we are about to say is to express the truth and not to denigrate the beliefs of others: It is merely to explain the facts of the matter and nothing more. Otherwise, we are neither inclined to dispute anyone's deeply held beliefs, nor do we sanction such conduct.	81.2 Sagot: Ang ating layunin sa ating sasabihin ay upang ipaliwanag ang katotohanan at hindi upang kutyain ang mga paniniwala ng mga iba: Ito ay upang ipaliwanag lamang ang mga katotohanan ng bagay na ito at wala nang iba. Sa halip ay wala kaming kagustuhang makipagtalo sa malalim na mga paniniwala ng mga iba, ni hindi rin kami sang-ayon sa gayong mga kilos.
3 Know, then, that the reincarnationists are of two kinds. The first do not believe in spiritual rewards and punishments in the next world. They hold instead that man receives his punishment or recompense through reincarnation and return to this world; they regard heaven and hell to be confined to this material realm, and they do not believe in the world beyond. This group is itself divided in two: One division holds that, as a severe punishment, man may at times assume an animal form in returning to this world, and that after enduring this painful torment he proceeds from the animal realm into the human world, and this they call transmigration. The other division holds that man returns to the same human world whence he departed, and that the rewards and	81.3 Alamin, kung gayon, na yaong mga naniniwala sa muling pagkakatawang-tao ay may dalawang uri. Ang una ay hindi naniniwala sa espiritwal na mga gantimpala at mga parusa sa kabilang daigdig. Sa halip ay naniniwala silang ang tao ay tumatanggap ng kaniyang kaparusahan o gantimpala sa pamamagitan ng muling pagkakatawang-tao at pagbabalik sa daigdig na ito; naniniwala silang ang langit at lupa ay narito lamang sa materyal na kaharian, at hindi sila naniniwala sa kabilang daigdig. Ang grupong ito mismo ay nahahati sa dalawa: Naniniwala ang isang pangkat na, bilang isang matinding parusa, ang tao ay maaaring bumalik sa daigdig na ito sa anyo ng hayop, at matapos tiisin itong masakit na pahirap siya ay sumusulong mula sa kaharian

punishments of the former life are experienced in his return, and this they call reincarnation. Neither of these divisions believes in a world beyond this one.	ng hayop patungo sa kaharian ng tao, at ito ay tinatawag nilang *transmigration.* Ang kabilang pangkat ay naniniwalang ang tao ay bumabalik sa gayunding kaharian ng tao na kaniyang nilisan, at ang mga gantimpala at mga kaparusahan ng naunang buhay ay nararanasan sa kaniyang pagbabalik, at ito ang tinatawag nilang *reincarnation* o muling pagkakatawang-tao. Alinman sa mga pangkat na ito ay hindi naniniwala sa iba pang daigdig liban sa daigdig na ito.
4 The second group of reincarnationists believe in the next world and see reincarnation as the means of becoming perfect, in that man gradually acquires perfections by departing from and returning again to this world until he attains to the very heart of perfection. That is, man is composed of matter and energy: In the beginning, or in the first cycle, the matter is imperfect, but upon returning repeatedly to this world it progresses and acquires refinement and subtlety until it becomes like a polished mirror; and then the energy, which consists in the spirit, is fully realized therein with all its perfections.	81.4 Ang pangalawang uri ng mga naniniwala sa muling pagkakatawang-tao ay naniniwala sa kabilang buhay, at itinuturing ang muling pagkakatawang-tao bilang paraan ng pagtamo ng kaganapan, na ang tao ay unti-unting nagtatamo ng mga kaganapan sa pamamagitan ng pagyao at pagbalik muli sa daigdig na ito hanggang matamo niya ang pinakaubod ng kaganapan. Yaon ay, ang tao ay binubuo ng matter o materyal na bagay at ng enerhiya: Sa simula, o sa unang pag-inog, ang materyal na bagay ay walang kaganapan, subalit sa muli't muling pagbabalik sa daigdig na ito iyon ay sumusulong at nagtatamo ng kapinuhan at kaselanan hanggang sa ito ay nagiging tulad ng makintab na salamin; at sa pagkagayon ang enerhiya, na binubuo ng espiritu, ay nagkakaroon ng katuparan dito taglay ang lahat nitong mga kaganapan.
5 Such is a brief account of the beliefs of the reincarnationists and transmigrationists. Were we to enter into the details, much time would be lost—this summary will suffice. Such persons have no rational proofs or arguments for their belief, which is based on mere conjecture and circumstantial inference and not on conclusive proofs. It is proofs that one must demand from the reincarnationists and not inference, conjecture, and presentiment.	81.5 Ito ang maikling paglalahad ng mga paniniwala ng mga nananalig sa reincarnation at sa transmigration. Kung ilalahad pa natin ang mga detalye, maraming oras ang mauubos—sapat na ang buod na ito. Ang gayong mga tao ay walang mga katibayan batay sa lohika o ng mga katwiran para sa kanilang paniniwala, na iyon ay batay lamang sa sapantaha at paghihinuha ayon sa kalagayan at hindi batay sa malinaw na mga katibayan. Mga katibayan ang kailangang hingin mula sa mga naniniwala sa muling

	pagkakatawang-tao, at hindi paghihinuha, sapantaha, at kutob.
6 But you have asked me for proofs and arguments of the impossibility of reincarnation, and we must therefore explain the reasons for its impossibility. The first proof is that the outward is the expression of the inward: The earthly realm is the mirror of the heavenly Kingdom, and the material world is in accordance with the spiritual world. Now observe that in the sensible world the divine appearances are not repeated, for no created thing can be identical with another in every way. The sign of Divine Unity is present and visible in all things. If all the granaries of the world were filled with grain, you would be hard-pressed to find two grains that are absolutely identical and indistinguishable in every respect: Some difference or distinction is bound to remain between them. Now, as the proof of the Divine Unity exists within all things, and the oneness and singleness of God is visible in the realities of all beings, the recurrence of the same divine appearance is in no wise possible. Therefore reincarnation, which is the repeated manifestation in this world of the same spirit with its former essence and conditions, would be the selfsame appearance and is thus impossible. And since the recurrence of the same divine appearance is impossible for material beings, the repeated assumption of the same station, whether on the arc of descent or on the arc of ascent, is likewise impossible for spiritual beings, for the material world corresponds to the spiritual world.	81.6 Subalit humihingi ka sa akin ng mga katibayan at mga katwiran na imposible ang muling pagkakatawang-tao, at sa gayon ay kailangan nating ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit ito imposible. Ang unang katibayan ay ang panlabas ay ang paghahayag ng panloob: Ang makalupang kaharian ay ang salamin ng makalangit na Kaharian, at ang materyal na daigdig ay sumasang-ayon sa espiritwal na daigdig. Ngayon, masdang sa nadaramang daigdig ang mga banal na anyo ay hindi inuulit, dahil walang alinmang nilalang ay magkaparehong-magkapareho sa lahat ng bagay. Ang tanda ng Banal na Pagkakaisa ay naroroon at nakikita sa lahat ng bagay. Kung ang lahat ng mga kamalig sa daigdig ay pupunuin ng mga butil ng trigo, mahihirapan ka pa ring makahanap ng dalawang butil na magkaparehong-magkapareho at walang pagkakaiba sa anumang bagay: Tiyak na may mananatiling pagkakaiba o kaibahan sa pagitan nito. Ngayon, yamang ang katibayan ng Banal na Pagkakaisa ay umiiral sa lahat ng bagay, at ang kaisahan at pagiging iisa ng Diyos ay nakikita sa mga realidad ng lahat ng bagay, ang pag-ulit ng magkaparehong banal na anyo ay lubos na imposible. Samakatwid, ang muling pagkakatawang-tao, na iyon ay ang muling pagkahayag sa daigdig na ito ng parehong espiritu taglay ang dati nitong diwa at kalagayan, ay magiging magkaparehong paghahayag at sa gayon ay imposible. At yamang ang pag-ulit ng parehong banal na anyo ay imposible para sa materyal na nilalang, ang paulit-ulit na pagbalik sa parehong kalagayan, maging sa arkong pataas o sa arkong pababa, gayundin ay imposible para sa espiritwal na mga nilalang, dahil ang materyal na daigdig ay sumasang-ayon sa espiritwal na daigdig.
7 With respect to the species, however, return and recurrence are plainly	81.7 Subalit, kaugnay ng lahi, ang pagbabalik at pag-uulit ay malinaw na

visible in material realities; that is, the trees which in years past bore leaves, blossoms, and fruit will in the years to come bear the same leaves, blossoms, and fruit. This is called recurrence of species. Were anyone to object that the leaf, the blossom, and the fruit have decomposed, have descended from the vegetable to the mineral world, and have returned again to the former, and that there has thus been a recurrence, we would reply that the blossom, the leaf, and the fruit of last year were decomposed, and their component elements were disintegrated and dispersed. It is not that the same particles of last year's leaf and fruit that had decomposed have recombined and returned, but that the essence of the species has returned through the combination of new elements. Likewise, the human body is fully disintegrated after the decomposition and dispersion of its constituent parts. Were this body to return from the mineral or vegetable world, it would not comprise the selfsame constituents as the former person, for its elements were decomposed, disintegrated, and dispersed in space. Afterwards other elemental constituents were combined and another body was formed. And while it may be the case that certain constituents of the former body entered into the composition of the latter, those constituents have not been exactly and completely conserved, without any addition or diminution, so as to be composed again and to give rise through their composition and combination to another individual. One cannot deduce, then, that this body has returned with all its constituent parts, that the former individual has become the latter, and hence that a recurrence has taken place—that the very same spirit, like the body, has returned and that after death its essence has regained this world.	nakikita sa materyal na mga realidad; sa gayon, ang mga punong naglabas noong nakaraang mga taon ng mga dahon, mga bulaklak at mga prutas ay maglalabas ng gayunding mga dahon, mga bulaklak at mga bunga sa susunod na mga taon. Ito ay tinatawag na pag-ulit ng lahi. Kung tututol ang sinuman na ang dahon, ang bulaklak, at ang bunga ay nabulok na, at bumaba na mula sa daigdig ng halaman tungo sa daigdig ng mineral, at muling nagbalik sa unang nabanggit, at sa gayon ay nagkaroon ng pag-uulit, ang sagot natin ay ang bulaklak, ang dahon, at ang bunga ng nakaraang taon ay nabulok, at ang mga elementong sangkap niyon ay nagkahiwa-hiwalay at naikalat. Hindi ang mismong mga bahagi ng dahon at ng bunga ng nakaraang taon na nabulok na ang muling nagsama-sama at nagbalik, bagkus ay ang pinakadiwa ng lahi ang bumalik sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng bagong mga elemento. Gayundin, ang katawan ng tao ay lubos na nagkakawatak-watak na pagkatapos nitong magunaw at magkahiwa-hiwalay ang mga elementong bumubuo rito. Kung ang katawang ito ay magbabalik mula sa daigdig ng mineral o halaman, hindi ito mabubuo ng magkaparehong mga sangkap na bumuo sa naunang tao, dahil ang mga elemento niyon ay nagunaw, nagkawatak-watak, at naikalat na sa kalawakan. Pagkataos, ang ibang mga elementong sangkap nito ay pinagsama-sama at ang isa pang katawan ay binuo. At bagaman maaaring ang ilang sangkap ng naunang katawan ay naging bahagi na ng pangalawa, ang mga sangkap na iyon ay hindi napanatili nang eksakto at lubusan, nang walang dagdag o bawas, na muling naipagsama ang mga iyon at mula sa ganoong pagkakabuo at pagsasama-sama ang isa pang indibidwal ay nalikha. Kung gayon ay hindi mahihinuhang ang katawang ito ay bumalik taglay ang lahat ng mga bahaging bumubuo nito, na ang naunang indibidwal ay naging ang pangalawa, at kung gayon, ay

	nagkaroon ng pagbabalik—na ang mismong espiritu, at gayundin ang katawan, ay bumalik at pagkatapos mamatay ay muling bumalik sa daigdig na ito.
8 And were we to claim that reincarnation is intended to bring about perfection, so that matter might gain in purity and refinement and that the light of the spirit might appear therein with the utmost perfection, this too would be mere imagination. For even if we granted such an assumption, the renewal of an object's existence cannot bring about the transformation of its essence. For the substance of imperfection, by returning, will not become the reality of perfection; total darkness will not become a source of light; abject weakness will not become power and strength; and an earthly essence will not become a heavenly reality. However often it may return, the infernal tree157 will never bring forth a sweet fruit, nor will the good tree bear a bitter one. It is thus clear that recurrence and return to the material world are not the means of attaining perfection, and that this supposition rests on no proof or evidence; it is merely a conjecture. No, the attainment of perfection is in reality dependent upon the grace of God.	81.8 At kung sasabihin nating ang muling pagkakatawang-tao ay naglalayong isakatuparan ang kaganapan, upang ang materyal na bagay ay maging higit na dalisay at upang ang liwanag ng espiritu ay sumikat doon sa sukdulang kaganapan, ito rin ay guniguni lamang. Dahil kahit na ipagpalagay pa nating totoo ang ganoong katwiran, gayumpaman ang muling pag-ulit sa pagkabuhay ay hindi maaaring magpabago sa diwa nito. Sapagkat ang diwa ng kawalan ng kaganapan, sa pamamagitan ng pagbabalik, ay hindi magiging realidad ng kaganapan; ang lubos na karimlan ay hindi magiging pinagmumulan ng liwanag; ang sukdulang kahinaan ay hindi magiging kapangyarihan at lakas; at ang makalupang diwa ay hindi magiging makalangit na realidad. Gaano kadalas man ito magbalik, ang makademonyong puno[157] ay hindi kailanman magbibigay ng matatamis na bunga, ni hindi magbibigay ang mabuting puno ng mapait na bunga. Samakatwid ay malinaw na ang muling pag-iral at pagbabalik sa materyal na daigdig ay hindi paraan pa pagkakamit ng kaganapan, at ang sapantahang ito ay walang pinagbabatayang patunay o katibayan; haka-haka lamang ito. Hindi, ang pagtamo ng kaganapan sa katunayan ay nababatay sa biyaya ng Diyos.
9 The Theosophists believe that man will return time and again on the arc of ascent until he reaches the Supreme Centre, where matter becomes as a spotless mirror, the light of the spirit shines forth in the plenitude of its power, and essential perfection is attained. However, those who have thoroughly investigated the questions of divinity know of a certainty that the material worlds terminate at the end of the arc of descent; that the station of man lies at the end	81.9 Ang mga Teosopo ay naniniwalang ang tao ay muli't muling babalik sa arkong pataas hanggang sa humantong siya sa Sukdulang Sentro kung saan ang materyal na bagay ay nagiging tulad ng isang malinaw na salamin, ang liwanag ng espiritu ay sumisikat sa sukdulang kapangyarihan nito, at ang pangunahing kaganapan ay natatamo. Subalit buong katiyakang nababatid ng yaong mga lubusang nagsaliksik sa mga paksang nauukol sa Diyos

of the arc of descent and the beginning of the arc of ascent, which is opposite the Supreme Centre; and that from the beginning to the end of the arc of ascent the degrees of progress are of a spiritual nature. The arc of descent is called that of “bringing forth” and the arc of ascent that of “creating anew”. The arc of descent ends in material realities and the arc of ascent in spiritual realities. The point of the compass in describing a circle does not reverse its motion, for this would be contrary to the natural movement and the divine order and would disrupt the regularity of the circle.	na ang materyal na mga daigdig ay nagwawakas sa dulo ng arkong pababa; na ang katayuan ng tao ay matatagpuan sa dulo ng arkong pababa at sa simula ng arkong pataas, na iyon ay nasa tapat ng Sukdulang Sentro; at mula sa simula hanggang sa dulo ng arkong pataas ang mga antas ng pagsulong ay espiritwal ang katangian. Ang arkong pababa ay tinatawag na “paglilikha” at yaong arkong pataas ay tinatawag na “muling paglilikha”. Ang arkong pababa ay nagwawakas sa mga materyal na mga realidad, at ang arkong pataas ay nagwawakas sa mga espiritwal na mga realidad. Ang dulo ng compass sa pagguhit ng bilog ay hindi kumikilos nang pabalik, dahil ito ay salungat sa likas na katangian ng pagkilos at sa banal na kaayusan at masisira nito ang kabilugan ng bilog.
10 Moreover, this material world is not of such worth or advantage that one who has been freed from its cage should seek once again to be caught in its snare. No: By God’s eternal grace the true capacity and receptivity of the human reality is made clear and manifest through traversing the degrees of existence and not through recurrence and return. When the shell is opened but once, it is made plain and clear whether it conceals a shining pearl or worthless matter. When a plant has grown but once, it puts forth either flowers or thorns: It need not grow again. Apart from this, advancing and moving through the worlds in a direct line and according to the natural order is the cause of existence, and moving against the natural order and arrangement of things is the cause of extinction. The return of the spirit after death is incompatible with the natural movement and contrary to the divine order.	81.10 Bukod rito, itong materyal na daigdig ay walang gayong halaga o kapakinabangan na siyang nakalaya na sa hawla nito ay sisikapin pang muling mahuli sa bihag nito. Hindi: Buhat sa walang-hanggang biyaya ng Diyos ang tunay na kakayahan at kahandaang tumanggap ng realidad ng tao ay nagiging malinaw at hayag sa pagbagtas sa mga antas ng pag-iral at hindi sa muling paggaganap at pagbabalik. Minsan lamang kailangang buksan ang kabibi upang maging malinaw kung may itinatago itong maningning na perlas o walang halagang bagay. Minsan lamang kailangang tumubo ang puno upang mamunga ito ng mga bulaklak o mga tinik: hindi na nito kailangang tumubo pang muli. Bukod rito, ang pagsulong at pagkilos nang patawid sa mga daigdig sa isang tuwid na linya nang sang-ayon sa kaayusan ng kalikasan ay siyang sanhi ng pagkabuhay, at ang pagkilos nang salungat sa kaayusan ng kalikasan at ng pagsasaayos ng mga bagay ay siyang sanhi ng pagkawala ng buhay. Ang pagbabalik ng kaluluwa pagkatapos mamatay ay hindi

	tugma sa pagkilos ng kalikasan at labag sa banal na kaayusan.
11 Thus it is in no wise possible to attain existence through returning: It is as if man, after being freed from the world of the womb, were to return to it. Consider how unfounded the conceptions of the reincarnationists and transmigrationists are! They conceive of the body as a vessel and the spirit as its contents, like water and cup, with the water being emptied from one cup and poured into another. This is indeed a childish notion: They do not reflect deeply enough to realize that the spirit is an entirely incorporeal thing, that it does not enter or exit, and that, at most, it is connected with the body as the sun is with the mirror. If the spirit could indeed traverse all the degrees and attain to essential perfection by repeatedly returning to the material world, then it would have been better if God had prolonged the life of the spirit in this material world in order for it to acquire virtues and perfections, and hence there would be no need for it to taste of the cup of death and enter this life a second time.	81.11 Samakatwid sa anumang paraan ay hindi posible ang magtamo ang pagkabuhay mula sa pagbabalik: Kahalintulad ito ng taong lumabas na sa daigdig ng sinapupunan, at muling babalik doon. Isipin kung gaano lubos na walang batayan ang mga palagay ng mga naniniwala sa reincarnation at sa transmigration. Ipinapalagay nilang ang katawan ay katulad ng isang sisidlan at ang espiritu ay ang nilalaman nito, tulad ng tubig at tasa, na ang tubig ay isinasalin mula sa isang tasa tungo sa isa pa. Ito ay tunay na isip-batang kuro-kuro. Hindi sila nagninilay-nilay nang sapat na malalim upang maunawaang ang espiritu ay isang bagay na walang pisikal na katawan, na hindi ito pumapasok o lumalabas, at ang masasabi lamang ay nauugnay ito sa katawan tulad ng pagkakaugnay ng araw sa salamin. Kung totoong magagawa ng espiritu na bagtasin ang lahat ng antas at magtamo ng saligang kaganapan sa pamamgitan ng paulit-ulit na pagbabalik sa materyal na daigdig, sa gayon ay higit na mabuti pa sanang pinahaba na lamang ng Diyos ang buhay ng espiritu rito sa materyal na daigdig upang matamo ang mga kaganapan at mga kabutihan, at sa gayon ay hindi na nito kailangang tumikim pa mula sa tasa ng kamatayan at muling pumasok sa buhay na ito sa pangalawang pagkakataon.
12 This idea has its origin in the fact that certain reincarnationists imagine existence to be confined to this fleeting world, and deny the other worlds of God, whereas in reality the latter are infinite. If the worlds of God were to culminate in this material world, then all creation would be in vain and existence itself would be a childish game. For the ultimate result of this endless universe, the most noble reality of man, would go hither and thither for a few days in	81.12 Ang panukalang ito ay nagmula sa pangyayaring inaakala ng ilang naniniwala sa muling pagkakatawang-tao na ang buhay ay matatagpuan lamang dito sa naglalahong daigdig, at itinatatwa ang ibang mga daigdig ng Diyos, samantalang sa katotohanan ang huling nabanggit ay walang hanggan ang bilang. Kung ang mga daigdig ng Diyos ay nagwawakas sa materyal na daigdig na ito, sa gayon ang sangnilikha ay walang-katuturan at ang mismong pag-iral ay

this ephemeral abode and receive his rewards and punishments. In the end, all would attain perfection, the creation of God with its infinite beings would be completed and consummated, and thus the divinity of the Lord and the names and attributes of God would cease to have any effect and influence upon the spiritual beings which now exist. "Far from the glory of thy Lord, the All-Glorious, be that which His creatures affirm of Him!"158	magiging laro lamang ng bata. Dahil ang sukdulang bunga nitong walang-hanggang sansinukob, ang pinakamarangal na realidad ng tao, ay paparoon at paparito nang ilang araw dito sa naglalahong tahanan at tatanggap ng kaniyang mga gantimpala at mga kaparusahan. Sa wakas, ang lahat ay magtatamo ng kaganapan, ang sangnilikha ng Diyos at ang walang- hanggang bilang at uri ng mga nilalang ay magiging ganap at lubos, at sa gayon ang pagiging Diyos ng Panginoon at ang mga pangalan at mga katangian ng Diyos ay hindi na magkakaroon ng epekto at impluwensiya sa espiritwal na mga nilalang na kasalukuyang umiiral. "Napakalayo mula sa luwalhati ng iyong Panginoon, ang Lubos na Maluwalhati, yaong pinatutunayan ng Kaniyang mga nilikha ukol sa Kaniya."[158]
13 The limited minds of the philosophers of old, such as Ptolemy and others, held that the realm of life and existence was confined to this terrestrial globe, and imagined that this infinite space was contained within the nine celestial spheres, all of which were void and empty. Witness how limited were their thoughts and how deficient their reasoning! The reincarnationists likewise imagine the spiritual worlds to be confined to those realms that the human mind can conceive. Some of them, such as the Druze and the Nuṣayrís, even imagine existence to be confined to this material world. What an ignorant supposition this is! For in this universe of God's, which appears in the utmost perfection, beauty, and grandeur, the luminous bodies of the material universe are infinite. Pause to infer, then, how infinite and unbounded the spiritual realms of God, which are the very foundation, must be! "Take ye good heed, O people of insight!"159	81.13 Ang limitadong mga kaisipan ng naunang mga pilosopo, tulad nila Ptolemy at ng iba pa, ay naniniwalang ang saklaw ng buhay at ng pag-iral ay nahahahangganan lamang sa makalupang globong ito, at inakalang itong walang-hanggang kalawakan ay napapaloob lamang sa siyam na globo ng langit, na ang lahat ng mga iyon ay walang laman at hungkag. Masdan ang napakakitid nilang mga kaisipan at ang napakahina nilang mga katwiran. Ang mga naniniwala sa muling pagkakatawang-tao gayundin ay inaakalang ang espiritwal na mga daigdig ay nahahangganan ng mga daigdig na kayang gunitain ng tao. Ang ilan sa kanila, tulad ng mga Druze at ng mga Nuṣayrí, ay inaakala pa ngang ang buhay ay matatagpuan lamang dito sa materyal na daigdig. Napakamangmang na akala ito! Sapagkat dito sa sanlibutan ng Diyos, na lumilitaw sa sukdulang kaganapan, kagandahan, at karingalan, ang maningning na mga bituin ng materyal na daigdig ay walang-hanggan ang bilang! Huminto sandali upang maghinuha kung paano dapat ang walang-hanggan at walang-katapusang espiritwal na mga daigdig ng Diyos, na siyang pangunahing saligan ng

	lahat. “Unawain ninyo nang maigi, O mga taong malalim ang pag-unawa.”[159]
14 But let us return to our original theme. In the Holy Books and Sacred Scriptures there is mention of a “return”, but the ignorant have failed to grasp its meanings and have imagined it to refer to reincarnation. For what the Prophets of God meant by “return” is not the return of the essence but of the attributes; it is not the return of the Manifestation Himself but of His perfections. In the Gospel it is said that John the son of Zacharias is Elijah. By these words is not meant the return of the rational soul and personality of Elijah in the body of John, but rather that the perfections and attributes of Elijah became plain and manifest in him.160	81.14 Subalit bumalik tayo sa ating unang paksa. Sa mga Banal na Aklat at mga Santong Kasulatan ay may binabanggit na “pagbabalik”, subalit hindi naunawaan ng mga mangmang ang mga kahulugan nito at inakalang ang tinutukoy nito ay ang muling pagkakatawang-tao. Dahil ang ibig sabihin ng mga Propeta ng Diyos sa “pagbabalik” ay hindi ang pagbabalik ng mismong diwa bagkus ay ng mga katangian; hindi ito ang pagbabalik ng Kahayagan mismo kundi ng mga Kaniyang mga kaganapan. Sa Ebanghelyo ay nakasaad na si Juan, ang anak ni Zakarias, ay si Elias. Ang kahulugan ng mga salitang ito ay hindi ang pagbabalik ng nakapangangatwirang kaluluwa at ng pagkatao ni Elias sa katawan ni Juan, bagkus ay ang mga kaganapan at mga katangian ni Elias ay naging malinaw at hayag sa kaniya.[160]
15 A lamp was lit in this room last night: When another lamp is lit tonight, we say that the light of last night is shining again. When the water that had ceased to flow from a fountain flows a second time, we say that it is the same water flowing once again, or we say that this light is the same as the former light. Likewise, last spring flowers and sweet-scented herbs bloomed and delicious fruits were produced; next year we say that those delicious fruits and those blossoms, flowers, and sweet herbs have returned. It is not that the very same constituents of last year’s flowers, after decomposing, have recombined and returned. No, the meaning is that the same freshness and delicacy, the same pleasing fragrance and wondrous colour that characterized last year’s flowers are to be exactly found in the flowers of this year. Briefly, the point is the resemblance and similarity between the former and the latter flowers. This is the “return” which is mentioned in the heavenly	81.15 Ang isang lampara ay sinindihan sa silid na ito kagabi, at ngayong gabi sa pagsindi ng isa pang lampara ay masasabi nating ang ilaw ng nakaraang gabi ay muling sumisikat. Kapag ang tubig na huminto nang umagos mula sa isang bukal ay umaagos muli sa pangalawang pagkakataon ay masasabi nating pareho ang tubig na muling umaagos, o masasabi nating ang ilaw na ito ay walang pagkakaiba sa nakaraang ilaw. Gayundin, noong nakaraang tagsibol umusbong ang mga bulaklak at mga mababangong damo at masasarap na mga prutas; sa susunod na taon ay masasabi nating bumalik ang masasarap na mga prutas at mga bulaklak, mga buko, at mababangong mga damo. Hindi muling nagsama-sama at bumalik ang mismong mga sangkap na bumubuo sa mga bulaklak ng nakaraang taon, pagkatapos nitong magunaw. Hindi, ang kahulugan ay ang kaparehong kasariwaan at kabinihan, ang kaparehong nakalulugod na halimuyak at kamangha-manghang kulay na

Scriptures. It is fully explained by Bahá'u'lláh in the Kitáb-i-Íqán: Refer to it, that you may be informed of the truth of the divine mysteries. Upon you be greetings and praise.	nagtangi sa mga bulaklak ng nakaraang taon ay mismong matatagpuan sa mga bulaklak ng taong ito. Sa maikling salita, ang tinutukoy ay ang pagkakahawig at pagkakatulad ng nauna at nahuling mga bulaklak. Ito ang "pagbabalik" na nababanggit sa makalangit na mga Santong Kasulatan. Ito ay lubos na ipinaliwanag ni Bahá'u'lláh sa Kitáb-i-Íqán: Sumangguni roon, nang iyong malaman ang katotohanan ng mga banal na hiwaga. Mapasaiyo ang mga pagbati at papuri.
82	82
The Unity of Existence	Ang Kaisahan ng Pag-iral
1 Question: What is the nature of the "unity of existence" propounded by the Theosophists and the Sufis, and what in reality do they intend by it?161 Is this belief true or not?	82.1 Tanong: Ano ang katangian ng "pagkakaisa ng pag-iral" na inihaharap ng mga Teosopo at ng mga Sufi, at ano sa katotohanan ang tinutukoy nila rito?[161] Totoo ba ang paniniwalang ito o hindi?
2 Answer: Know that the idea of the unity of existence is ancient and is not restricted to the Theosophists and the Sufis alone. Indeed, it was espoused by some of the Greek philosophers, such as Aristotle, who said: "The uncompounded Reality is all things, but it is not any single one of them."162 "Uncompounded" stands here in contrast to "composed"—that is to say, that solitary Reality, which is sanctified and exalted above composition and division, has resolved itself into countless forms. Thus, real Existence is all things, but it is not any single one of them.	82.2 Sagot: Alaming napakatanda na ng ideya ng pagkakaisa ng pag-iral at hindi ito umiiral sa mga Teosopo at mga Sufi lamang. Sa katunayan, ito ay itinaguyod ng ilang pantas na Griyego ay naniniwala rito, tulad ni Aristotle, na nagwikang, "Ang payak na Realidad ay lahat ng bagay, subalit hindi ito alinmang isa sa mga ito."[162] Ang "payak" sa pagkakataong ito ay nangangahulugang kabaliktaran ng "binuo"—yaon ay, ang nag-iisang Realidad na iyon, na dinalisay at di-saklaw ng pagkakabuo at pagkakahati, ay ginawang maging di-mabilang na mga anyo ang sarili nito. Samakatwid, ang tunay na Pag-iral ay ang lahat ng bagay, subalit hindi ito alinmang isa sa mga ito.
3 The proponents of the unity of existence hold that real Existence is even as the sea, and that all created things are like unto its waves. These waves, which signify the created things, are the countless forms which that real Existence assumes. Hence, that sanctified Reality is the pre-existent sea,	82.3 Ang mga nagtataguyod sa pagkakaisa ng pag-iral ay naniniwalang ang tunay na Pag-iral ay tulad ng dagat, at ang lahat ng mga nilalang ay tulad ng mga alon nito. Ang mga alon na ito, na kumakatawan sa mga nilikhang bagay, ay ang di-mabilang na mga anyo na ginagamit ng tunay na Pag-iral. Samakatwid yaong banal na

and the countless forms of created things are its originated waves.	Realidad ay ang dagat ng pag-iral bago pa magkaroon ng pag-iral, at ang di-mabilang na mga anyo ng mga nilikhang bagay ay ang mga along nagbubuhat dito.
4 Likewise, they compare this to the One and the infinite numbers, in that the former has manifested itself in the degrees of the latter, for numbers are the repetition of the One. Thus two is the repetition of one, and so on with the other numbers.	82.4 Gayundin, inihahambing nila ito sa Isa at sa walang-hanggang mga bilang, na ang unang nabanggit ay inihayag ang sarili nito sa mga antas ng huling nabanggit, dahil ang mga bilang ay ang pag-ulit ng Isa. Sa gayon ang dalawa ay pag-ulit ng isa, at gayundin sa iba pang mga bilang.
5 Among the proofs they adduce is this: All created things are the objects of the divine knowledge, and no knowledge can be realized without objects of knowledge, since knowledge pertains to something that exists, not to that which is non-existent. Indeed, how can utter non-existence attain specification and individuation in the mirror of knowledge? It follows that the realities of all created things, which are the objects of the knowledge of the Most High, had an intelligible existence, for they were the forms of the divine knowledge, and that they are pre-existent, for the divine knowledge is pre-existent. As long as the knowledge is pre-existent, so must be its objects. And the specifications and individuations of created things, which are the objects of the pre-existent knowledge of the divine Essence, are identical to the divine knowledge itself. The reason for this is that the reality, the knowledge, and the objects of the knowledge of the divine Being must be realized in a state of absolute unity. Otherwise, the divine Essence would become the seat of multiple phenomena, and a plurality of pre-existences would become necessary, which is absurd.	82.5 Kabilang sa mga katunayang inihahain nila ay ito: Ang lahat ng nilikhang bagay ay mga pakay ng banal na kaalaman, at walang kaalaman ang maaaring umiral kung walang pakay ng kaalaman, dahil ang kaalaman ay kaugnay ng bagay na umiiral, hindi ng bagay na walang pag-iral. Sa katunayan, paano magtatamo ang ganap na kawalan ng katangian at sariling pagkakakilanlan sa salamin ng kaalaman? Samakatwid, ang mga realidad ng lahat ng nilikhang bagay, na ang mga ito ay ang pakay ng kaalaman ng Pinakamataas, ay may pag-iral na mababatid, dahil ang mga iyon ay ang mga anyo ng banal na kaalaman, at ang mga iyon ay umiiral na bago pa sa simula, sapagkat ang banal na kaalaman ay umiiral na bago pa sa simula. Yamang ang kaalaman ay umiiral na bago pa sa simula, samakatwid ay gayunding umiiral na ang mga pakay niyon. At ang mga katangian at sariling mga pagkakakilanlan ng mga nilikhang bagay, na ang mga iyon ay ang mga pakay ng kaalamang umiiral na bago pa sa simula ng banal na Diwa, ay kapareho ng banal na kaalaman mismo. Ang dahilan nito ay sapagkat ang realidad, ang kaalaman, at ang mga pakay ng kaalaman ng Siyang banal ay kailangang naisasakatuparan sa kalagayan ng lubos na pagkakaisa. Kung hindi, ang banal na Diwa ay magiging luklukan ng maraming kaganapan, at iyon ay mangangailangan ng

	maraming pag-iral bago pa sa simula, at ito ay baligho.
6 Thus, they reason, it is established that the objects of knowledge are identical with the knowledge itself, and that the knowledge is in turn identical with the Essence, which is to say that the knower, the knowledge, and the objects of knowledge are one single reality. Any other conception would necessarily lead to a plurality of pre-existences and to an infinite regress, and indeed to countless pre-existences. And since the individuations and specifications of created things in the knowledge of God were identical to, and completely indistinguishable from, His Essence, true unity prevailed and all the objects of knowledge were comprised and incorporated, in an uncompounded and undivided manner, in the reality of the divine Essence. In other words they were, in an uncompounded and undivided manner, the objects of the knowledge of the Most High and identical with His Essence. And through the manifestational appearance of God, these individuations and specifications, which had an intelligible existence—that is, which were the forms of the divine knowledge—found actual existence in the external world, and thus that real Existence became resolved into countless forms. Such is the basis of their argument.	82.6 Sa gayon, kanilang ikinakatwiran, ay napatunayang ang mga pakay ng kaalaman ay kapareho ng kaalaman mismo, at ang kaalamang iyon naman ay kapareho ng Diwa mismo, ang ibig sabihin ay ang nakaaalam, ang kaalaman, at ang mga pakay ng kaalaman ay iisang realidad lamang. Ang anumang iba pang konsepto ay kailangang humantong sa maraming pag-iral bago pa sa simula at sa walang-katapusang pagbalik, at sa katunayan sa di-mabilang na mga pag-iral bago pa sa simula. At yamang ang mga sariling pagkakakilanlan at mga katangian ng mga nilikhang bagay sa kaalaman ng Diyos ay kapareho sa at lubos na di-maipagkakaiba sa Kaniyang Diwa, ayng tunay na pagkakaisa ay umiiral at ang lahat ng mga pakay ng pagkakaisa ay bumubuo at pinagsama-sama, sa isang walang-sugpong at walang-hating paraan, sa realidad ng banal na Diwa. Sa ibang mga salita, ang mga iyon, sa isang paraang walang sugpong at walang hati, ay ang mga pakay ng kaalaman ng Pinakamataas at kapareho sa Kaniyang Diwa. At sa pamamagitan ng paglitaw ng kahayagan ng Diyos, itong mga sariling pagkakalilanlan at mga katangian, na may nababatid na pag-iral—yaon ay, ang mga ito ay mga anyo ng banal na kaalaman—ay nagkaroon ng mismong pag-iral sa panlabas na daigdig, at sa gayon ang mismong Pag-iral ay nagkaroon ng di-mabilang na anyo. Ganoon ang batayan ng kanilang katwiran.
7 The Theosophists and the Sufis comprise two groups. One group consists of the generality, who believe in the unity of existence out of sheer imitation and who have not grasped the true intent of the teachings of their renowned leaders. For the generality of the Sufis understand by “Existence” that common existence which is	82.7 Ang mga Teosopo at mga Sufi ay binubuo ng dalawang grupo. Kabilang sa isang grupo ay ang karamihan, na naniniwala sa pagkakaisa ng pag-iral mula sa panggagaya lamang at hindi nauunawaan ang tunay na kahulugan ng mga katuruan ng kanilang tanyag na mga pinuno. Sapagkat ang pagkaunawa ng karamihan ng mga Sufi sa “Pag-iral” ay yaong karaniwang pag-iral

conceived by the mind and intellect of man, that is, which man can comprehend.	na ginunita ng kaisipan at talino ng tao, at nauunawaan ng tao.
8 This common existence, however, is only one accident among others that enter upon the realities of created things, while the essences of beings are the substance. This accidental existence, which is dependent upon things in the same way that the properties of things are dependent upon them, is but one accident among many.	82.8 Itong karaniwang pag-iral, gayumpaman, ay isa lamang pangyayaring nataon lamang mula sa iba pang kaugnay ng mga nilikhang bagay, samantalang ang mga diwa ng mga nilikhang bagay ay ang mismong laman. Itong pag-iral na pangyayaring nataon lamang, na nababatay sa mga bagay sa gayunding paraan na nababatay ang mga katangian ng mga bagay sa sarili niyon, ay isa lamang pangyayaring nataon lamang mula sa marami pa.
9 Now, the substance is undoubtedly superior to the accident, for the substance is primary and the accident secondary; the substance subsists through itself while the accident subsists through something else—that is, it needs a substance through which it can subsist.	82.9 Ngayong, ang mismong lamang ay tiyak na nakatataas kaysa sa pangyayaring nataon lamang, sapagkat ang mismong laman ay pangunahin at ang pangyayaring nataon lamang ay pumapangalawa; ang mismong laman ay umiiral sa sarili nito samantalang ang pangyayaring nataon lamang ay umiiral sa pamamagitan ng ibang bagay—ang ibig sabihin ay kailangan nito ng mismong laman upang umiral ito.
10 In this case, God would be secondary to and in need of His creation, and the creation could dispense entirely with Him.	82.10 Sa ganitong kalagayan, ang Diyos ay magiging ang pumapangalawa sa Kaniyang nilalang, at magagawa ng nilalang ang maging lubusang malaya mula sa Kaniya.
11 To illustrate further, whenever individual elements combine in accordance with the universal divine order, a certain being comes into the world of existence. That is, when certain elements are combined, a vegetable existence is produced; when others are combined, an animal existence is produced; when yet others combine, other things come into being. In each case, the existence of things is a consequence of their realities. How then could such an existence, which is an accident among others and which requires a substance through which it can	82.11 Upang maipaliwanag pa, sa tuwing ang indibidwal na mga elemento ay pinagsama-sama sang-ayon sa pangkalahatang banal na kaayusan, may tanging nilalang ang lumilitaw sa umiiral na daigdig. Yaon ay, kapag ang tanging mga elemento ay pinagsama-sama, ang isang halaman ay nalilikha; kapag ang iba naman ang pinagsama-sama, ang isang hayop ay nalilikha; kapag ang iba pa rin ang pinagsama-sama, ang iba pang mga bagay ay nalilikha. Sa bawat isang pagkakataon, ang pag-iral ng mga bagay ay bunga ng kanilang mga realidad. Kung gayon paano magagawa

subsist, be essentially pre-existent and the Begetter of all things?	ng gayong pag-iral, na pangyayaring nataon lamang mula sa mga iba pa, at nangangailangan ng mismong laman upang magkaroon ng pag-iral, ay magtaglay ng pag-iral bago pa sa simula at maging Maylikha ng lahat ng mga bagay?
12 But the truly learned among the Theosophists and Sufis have concluded, after deep consideration of this matter, that there are two kinds of existence. One kind is this common existence which is conceived by the mind of man. This existence is originated and is an accident among others, whereas the realities of things are the substances. But what is meant by unity of existence is not this commonly perceived existence, but that real Existence which is sanctified and exalted above all expression, an Existence through which all things are realized. This Existence is one; it is that One through which all things—such as matter, energy, and that common existence which is conceived by the human mind—have come to exist. This is the truth behind what the Theosophists and the Sufis believe.	82.12 Subalit ang mga tunay na pantas mula sa mga Teosopo at mga Sufi, ay nagpasiya, pagkaraan ng malalim na paglilimi sa bagay na ito, na may dalawang uri ng pag-iral. Ang isa ay ang karaniwang pag-iral na nagugunita ng isipan ng tao. Ang pag-iral na ito ay may pinagmulan at isang pangyayaring nataon lamang, samantalang ang mga realidad ng mga bagay ay ang mismong laman niyon. Subalit ang tinutukoy ng pagkakaisa ng pag-iral ay hindi itong karaniwang nababatid na pag-iral, bagkus yaong tunay na Pag-iral na konsagrado at higit na dakila kaysa sa anumang pagsasaad, isang Pag-iral na sa pamamagitan niyon ang lahat ng mga bagay ay umiiral. Ang Pag-iral na ito ay iisa; ito ay yaong Isa na sa pamamagitan niyon ang lahat ng bagay—tulad ng matter, ng enerhiya, at yaong karaniwang pag-iral na nagugunita ng kaisipan ng tao—ay nagkaroon ng pag-iral. Ito ang katotohanan ng pinaniniwalaan ng mga Teosopo at mga Sufi.
13 In brief, the Prophets and the philosophers are in agreement on one point, namely, that the cause through which all things are realized is but one. The difference is that the Prophets teach that God's knowledge does not require the existence of created things, whereas the knowledge of the creatures requires the existence of objects of knowledge. If the divine knowledge stood in need of aught else, then it would be like the knowledge of the creatures and not that of God; for the Pre-existent is incommensurate with the originated and the originated is opposite to the Pre-existent. That which we affirm for creation to be among the requirements of origination we deny in God;	82.13 Sa madaling salita, ang mga Propeta at mga pilosopo ay nagkakasundo sa isang punto, yaon ay, ang sanhi ng pag-iral ng lahat ng bagay ay iisa lamang. Ang pagkakaiba ay itinuturo ng mga Propeta na ang kaalaman ng Diyos ay hindi nangangailangan ng pag-iral ng nilikhang mga bagay, subalit ang kaalaman ng mga nilalang ay nangangailangan ng pakay ng kaalaman. Kung ang banal na kaalaman ay nangailangan ng kahit anupamang iba, sa gayon ito ay magiging katulad ng kaalaman ng mga nilalang at hindi yaon ng Diyos; sapagkat ang Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay hindi katumbas ng may-pinagmulan at ang may-pinagmulan ay ang kabaliktaran ng

for to be sanctified and exalted above all imperfections is one of the characteristics of the Necessary Being.	Umiiral Na Bago Pa Sa Simula. Yaong pinatutunayan natin hinggil sa sangnilikha bilang isa mga pangangailangan ng may-pinagmulan ay itinatatwa natin kaugnay ng Diyos; dahil ang maging konsagrado at higit na dakila kaysa lahat ng kakulangan ay isa sa mga katangian Niya na Kinakailangang Umiral.
14 For instance, in the originated we see ignorance; in the Pre-existent we affirm knowledge. In the originated we see weakness; in the Pre-existent we affirm power. In the originated we see poverty; in the Pre-existent we affirm wealth. Hence the originated is the source of all imperfections, and the Pre-existent is the sum of all perfections. And since the knowledge of the originated is in need of objects of knowledge, the knowledge of the Pre-existent must be independent of their existence. It follows that the specifications and individuations of created things, which are the objects of the divine knowledge, are not pre-existent. Moreover, the attributes of divine perfection are not so yielding to the exertions of the human mind as to enable us to determine whether the divine knowledge is in need of objects or not.	82.14 Halimbawa, sa may pinagmulan ay nakikita natin ang kamangmangan; sa Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay nagpapatibay tayo ng kaalaman. Sa may pinagmulan ay nakikita natin ang kahinaan; sa Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay nagpapatibay tayo ng kapangyarihan. Sa may pinagmulan ay nakikita natin ang karukhaan; sa Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay nagpapatibay tayo ng kayamanan. Kung gayon ang may pinagmulan ay bukal ng lahat ng mga kapintasan, at ang Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay ang kabuuan ng lahat ng mga kaganapan. At yamang ang kaalaman ng may pinagmulan ay nangangailangan ng mga pakay ng kaalaman, ang kaalaman ng Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay kailangang di-saklaw ng pag-iral ng mga ito. Samakatwid ang mga katangian at sariling mga pagkakakilanlan ng nilikhang mga bagay ay walang pag-iral bago pa sa simula. Higit pa rito, ang mga katangian ng banal na kaganapan ay hindi ganoon kadaling sumuko sa mga pagsisikap ng isipan ng tao upang matiyak natin kung ang banal na kaalaman ay nangangailangan ba ng mga pakay o hindi.
15 Briefly, that which was mentioned earlier is the foremost proof of the Sufis, and if we were to mention all of their arguments and respond to them, it would take a very long time. However, what was said represents the most decisive proof and the clearest argument that the learned among the Sufis and the Theosophists have advanced.	82.15 Sa maikling salita, yaong unang nabanggit ay ang pangunahing katibayan ng mga Sufi, at kung babanggitin natin ang lahat ng kanilang mga katwiran at tutugon sa mga iyon, uubos ito ng napakahabang panahon. Gayumpaman, ang nasabi na ay kumakatawan sa pinakamalinaw na katwirang inihaharap ng mga marurunong sa mga Sufi at mga Teosopo.

16 The real Existence through which all things are realized, that is, the reality of the divine Essence through which all things have come to exist, is acknowledged by all. The difference resides in the fact that the Sufis maintain that the realities of all things are the manifestation of the One, whereas the Prophets say that they emanate therefrom. And great indeed is the difference between manifestation and emanation. Appearance through manifestation means that a single thing becomes manifest in infinite forms. For example, when the seed, which is a single thing endowed with the perfections of the vegetable kingdom, manifests itself, it becomes resolved into the infinite forms of the branches, leaves, flowers, and fruit. This is called manifestational appearance, whereas in appearance through emanation the One remains transcendent in the heights of its sanctity, but the existence of the creatures is obtained from it through emanation, not manifestation. It can be compared to the sun: The rays emanate from it and shine forth upon all things, but the sun remains transcendent in the heights of its sanctity. It does not descend; it does not resolve itself into the form of the rays; it does not appear in the identity of things through specification and individuation: The Pre-existent does not become the originated; absolute wealth does not fall captive to poverty; unqualified perfection is not transformed into utter imperfection.	82.16 Ang Tunay na Pag-iral na mula roon ang lahat ng bagay ay umiiral, yaon ay, ang realidad ng banal na Diwa na sa pamamagitan nito ang lahat ng bagay ay nagkaroon ng pag-iral, ay kinikilala ng lahat. Ang pagkakaiba ay matatagpuan sa katotohanang ang sinasabi ng mga Sufi ay ang realidad ng lahat ng bagay ay mga kahayagan ng Iisa samantalang ang sinasabi ng mga Propeta ay nagmumula roon ang mga iyon. At tunay na napakalaki ng pagkakaiba ng kahayagan at ng pagmumula. Ang paglitaw sa pamamagitan ng kahayagan ay nangangahulugang ang iisang bagay ay nagiging hayag sa di-mabilang na mga anyo. Halimbawa, ang binhi, na iisang bagay na nagtataglay ng mga kaganapan ng kaharian ng halaman, ay naghahayag ng sarili nito, ito ay nagiging di-mabilang na mga anyo ng mga sanga, mga dahon, mga bulaklak at mga bunga. Ang tawag dito ay ang paglitaw bilang kahayagan, samantalang sa paglitaw bilang pagmumula ang Iisa ay nananatiling nangingibabaw sa mga rurok ng kabanalan nito, subalit ang pag-iral ng mga nilalang ay galing sa pagmumula rito at hindi sa kahayagan. Maihahalintulad ito sa araw: Ang mga sinag ng araw ay nagmumula rito at sumisikat sa lahat ng bagay, subalit ang araw ay nananatiling nangingibabaw sa mga rurok ng kabanalan nito. Hindi ito bumababa; hindi ito ang mismong nagbabagong-anyo upang maging anyo ng mga sinag; hindi ito lumilitaw sa pagkilanlan ng mga bagay sa pamamagitang ng katangian at sariling pagkakakilanlan: Ang Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay hindi nagiging ang may pinagmulan; ang lubos na kayamanan ay hindi nabibihag ng karukhaan; ang walang-pasubaling kaganapan ay hindi nagiging lubos na kawalan ng kaganapan.
17 In summary, the Sufis speak only of God and creation, and believe that God has resolved Himself into, and manifested Himself through, the infinite	82.17 Bilang paglagom, ang sinasabi lamang ng mga Sufi ay tungkol sa Diyos at sa sangnilikha, at naniniwala silang ginawa ng Diyos at inihayag ang Kaniyang sarili sa

forms of His creation, even as the sea which appears in the infinite forms of its waves. These originated and imperfect waves are identical to the pre-existent Sea, which is the sum of all the divine perfections. The Prophets, however, hold that there are the world of God, the world of the Kingdom, and the world of creation: three things. The first emanation is the outpouring grace of the Kingdom, which has emanated from God and has appeared in the realities of all things, even as the rays emanating from the sun are reflected in all things. And that grace—the rays—appears in infinite forms in the realities of all things, and is specified and individuated according to their capacity, receptivity, and essence. But the assertion of the Sufis would require that absolute wealth descend into poverty, that the Pre-existent be confined to originated forms, and that the very quintessence of power be reflected in the mirror of powerlessness and be subjected to the inherent limitations of the contingent world. And this is a self-evident error, for we observe that the reality of man, who is the noblest of all creatures, cannot descend to the reality of the animal; that the essence of the animal, which is endowed with the power of sensation, does not abase itself to the degree of the plant; and that the reality of the plant, which is the power of growth, does not degrade itself to the reality of the mineral.	walang-hanggang bilang ng mga anyo ng Kaniyang kinapal, tulad ng dagat na lumilitaw sa walang-hanggang mga anyo ng mga alon nito. Itong may pinagmulan at walang-kaganapang mga alon ay kapareho ng Dagat na umiiral na bago pa sa simula, na iyon ay ang kabuuan ng lahat ng mga kaganapang banal. Subalit ang sinasabi ng mga Propeta ay may daigdig ng Diyos, daigdig ng Kaharian, at daigdig ng kinapal: tatlong bagay. Ang una ay ang biyayang bumubuhos mula sa Kaharian, na nagbuhat mula sa Diyos at lumilitaw sa realidad ng lahat ng bahay, tulad ng mga sinag na nagbuhat sa araw ay nakikita sa lahat ng bagay. At ang biyayang ito—ang mga sinag—ay lumilitaw sa walang-hanggang mga anyo sa mga realidad ng lahat ng mga bagay, at may sariling pagkakakilanlan at katangian sang-ayon sa kakayahan, sa kahandaang tumanggap, at pinakadiwa ng mga ito. Subalit kung ayon sa katwiran ng mga Sufi, ang lubos na kayamanan ay kailangang bumaba sa antas ng karukhaan, ang Umiiral Na Bago Pa Sa Simula ay kailangang matakdaan lamang sa mga anyong may pinagmulan, at ang pinakarurok ng kapangyarihan ay kailangang masaklaw ng likas na mga hangganan ng walang-katiyakang daigdig. At malinaw na ito ay isang hayag na kamalian, sapagkat nakikita nating ang realidad ng tao, na siyang pinakamaharlikang nilalang, ay hindi maaaring bumaba sa realidad ng hayop; na ang pinakadiwa ng hayop, na pinagkalooban ng kapangyarihan ng mga pandama, ay hindi ibinababa ang sarili nito sa antas ng halaman, at ang realidad ng halaman, na taglay ang kapangyarihan ng pagtubo, ay hindi ibinababa ang sarili nito sa realidad ng mineral.
18 In brief, superior realities do not descend or abase themselves to the degree of inferior realities. How, then, could the universal Reality of God, which	82.18 Sa maikling salita, ang mga realidad na nakatataas ay hindi ibinababa o hinahamak ang kanilang mga sarili sa antas ng mas mababang mga realidad. Kung gayon

transcends all descriptions and attributes, resolve itself, notwithstanding its absolute sanctity and holiness, into the forms and realities of the contingent world, which are the very source of imperfections? This is pure fantasy and untenable conjecture. On the contrary, that Essence of sanctity is the sum of all divine and lordly perfections, and all creatures receive illumination from His emanational appearance and partake of the lights of His celestial perfection and beauty, in the same way that all earthly creatures acquire the grace of light from the rays of the sun, without any descent or abasement of the latter into the recipient realities of these earthly beings.	ay paano mangyayaring ang pangkalahatang Realidad ng Diyos, na higit na mataas sa lahat na paglalarawan at katangian, sa kabila ng ganap nitong pagkasagrado at kabanalan, ay paghahatiin ang sarili nito sa mga anyo at mga realidad ng walang-katiyakang daigdig na mismong pinagmumulan ng mga kapintasan? Ito ay guniguni lamang at haka-hakang hindi maipaglalaban. Sa kabaliktaran, yaong Diwa ng kabanalan ay ang kabuuan ng lahat ng mga kaganapang banal at makalangit, at ang lahat ng mga nilalang ay tumatanggap ng liwanag mula sa Kaniyang paglitaw ayon sa pagmumula at nakikibahagi sa mga tanglaw ni Kaniyang makalangit na kaganapan at kagandahan, sa gayunding paraan na nakakamtan ng lahat ng makalupang mga nilalang ang biyaya ng liwanag mula sa mga sinag ng araw, nang hindi ibinababa o hinahamak ng huling nabanggit sa tumatanggap na mga realidad nitong makalupang mga nilalang.
19 After dinner, and considering the lateness of the hour, there is no time to explain further.	82.19 Pagkatapos ng hapunan, at sa pagsasaalang-alang ng kalaliman ng gabi, ay wala nang panahong magpaliwanag nang higit pa rito.
83	83
The Four Criteria of Comprehension	Ang Apat na Batayan ng Pag-unawa
1 There are only four accepted criteria of comprehension, that is, four criteria whereby the realities of things are understood.	83.1 Apat lamang ang tinatanggap na batayan ng pag-unawa, yaon ay, apat na batayan kung saan maaaring maunawaan ang mga realidad ng mga bagay.
2 The first criterion is that of the senses; that is, all that the eye, the ear, the taste, the smell, and the touch perceive is called “sensible”. At present all the European philosophers hold this to be the most perfect criterion. They claim that the greatest of all criteria is that of the senses, and they regard it as sacrosanct. And yet the criterion of the senses is defective, as it can err. For example, the greatest of the senses is the power of	83.2 Ang unang batayan ay yaong mga pandama; ang ibig sabihin, ang lahat ng nababatid ng mata, ng tainga, ng panlasa, ng pang-amoy, at ng pandama ay tinaguriang “nadarama”. Sa kasalukuyan ang paraang ito ay itinuturing ng lahat ng pilosopo ng Europa bilang pinakaganap. Sinasabi nilang ang pinakamahusay sa lahat ng batayan ay yaong sa mga pandama, at ipinapalagay nilang hindi ito mahihigitan. At gayumpaman ang batayan

vision. The vision, however, sees a mirage as water and reckons images reflected in mirrors as real and existing; it sees large bodies as small, perceives a whirling point as a circle, imagines the earth to be stationary and the sun to be in motion, and is subject to many other errors of a similar nature. One cannot therefore rely implicitly upon it.	ng mga pandama ay may kapintasan, dahil maaari itong magkamali. Halimbawa, ang pinakamahusay sa mga pandama ay ang kapangyarihang makakita. Subalit nakikita ng mata ang malikmata bilang tubig at nakikita nito ang mga anyong naaaninag sa mga salamin bilang tunay at naroroon; nakikita nito ang malalaki bilang maliit, nakikita ang mabilis umiikot na tuldok bilang pabilog, inaakalang nakatigil ang daigdig at ang araw ang umiinog, at sumasailalim sa marami pang kahalintulad na mga pagkakamali. Samakatwid ay hindi ito lubos na maaasahan.
3 The second criterion is that of the intellect, which was the principal criterion of comprehension for those pillars of wisdom, the ancient philosophers. They deduced things through the power of the mind and relied on rational arguments: All their arguments are based upon reason. But despite this, they diverged greatly in their opinions. They would even change their own views: For twenty years they would deduce the existence of something through rational arguments, and then afterwards they would disprove the same, again through rational arguments. Even Plato at first proved through rational arguments the immobility of the earth and the movement of the sun, and then subsequently established, again through rational arguments, the centrality of the sun and the movement of the earth. Then the Ptolemaic theory became widespread, and Plato's theory was entirely forgotten until a modern astronomer revived it. Thus have the mathematicians disagreed among themselves, even though they all relied on rational arguments.	83.3 Ang pangalawang batayan ay yaong sa isipan, na siyang pangunahing batayan ng pag-unawa niyong mga haligi ng karunungan, ang sinaunang mga pilosopo. Nahinuha nila ang mga bagay-bagay sa kapangyarihan ng isipan at pinanghawakan ang mga katwirang ayon sa lohika: Ang lahat ng kanilang mga katibayan ay ayon sa katwiran. Subalit sa kabila nito, malaki ang pagkakaiba-iba ng kanilang mga kuro-kuro. Nagbabago pa nga ang sarili nilang mga pananaw: sa loob ng dalawampung taon ay patutunayan nila ang pag-iral ng isang bagay mula sa mga katwirang ayon sa lohika, at pagkatapos ay itatatwa nila ito, muli batay sa mga katwirang ayon sa lohika. Kahit si Plato sa simula ay pinatunayan sa katwirang ayon sa lohika na hindi umiinog ang daigdig at ang araw ang umiinog, at sa dakong huli ay pinatunayan, muli sa pamamagitan ng mga katwirang ayon sa lohika, na ang araw ay ang nakapirmi sa gitna at ang daigdig ang umiinog. Paglipas ng panahon ang teorya ni Ptolemy ang lumaganap, at ang teorya ni Plato ay ganap na nalimutan, hanggang sa wakas ay muli itong pinalaganap ng isang makabagong astronomo. Sa gayon ay hindi magkasundo ang mga matematiko, bagaman umaasa silang lahat sa mga katwirang ayon sa lohika.
4 Likewise, at one time they would establish a thing by rational arguments	83.4 Gayundin, sa isang panahon ay patutunayan nila ang isang bagay mula sa

and disprove it at another, again by rational arguments. So a philosopher would firmly uphold a view for a time and adduce a range of proofs and arguments to support it, and afterwards he would change his mind and contradict his former position by rational arguments.	mga katwirang ayon sa lohika at sa isa pang panahon ay pabubulaanan iyon, muli sa mga katwirang ayon sa lohika. Sa gayon ay mahigpit na itataguyod ng isang pilosopo ang isang teorya sa loob ng isang panahon at maghahain ng isang hanay ng mga katibayan at mga katwiran upang suportahan ito, at pagkatapos ay magbabago ang isip niya at sasalungat siya sa rati niyang pinaninindigan sa pamamagitan ng mga katwiran ayon sa lohika.
5 It is therefore evident that the criterion of reason is imperfect, as proven by the disagreements existing between the ancient philosophers as well as by their want of consistency and their propensity to change their own views. For if the criterion of intellect were perfect, all should have been united in their thoughts and agreed in their opinions.	83.5 Samakatwid ay malinaw na ang batayan ng katwiran ay hindi ganap, tulad ng pinatutunayan ng magkakaibang katwirang umiiral sa pagitan ng sinaunang mga pilosopo, at gayundin dahil hindi namamalagi ang kanilang mga katwiran at pabago-bago ang kanilang mga pananaw. Dahil kung ang batayan ng isipan ay ganap, ang lahat ay dapat nagkakaisa sa kanilang mga kaisipan at nagkakasundo sa kanilang mga pananaw.
6 The third criterion is that of tradition, that is, the text of the Sacred Scriptures, when it is said, “God said thus in the Torah”, or “God said thus in the Gospel.” This criterion is not perfect either, because the traditions must be understood by the mind. As the mind itself is liable to error, how can it be said that it will attain to perfect truth and not err in comprehending and inferring the meaning of the traditions? For it is subject to error and cannot lead to certitude. This is the criterion of the leaders of religion. What they comprehend from the text of the Book, however, is that which their minds can understand and not necessarily the truth of the matter; for the mind is like a balance, and the meanings contained in the texts are like the objects to be weighed. If the balance is untrue, how can the weight be ascertained?	83.6 Ang pangatlong batayan ng pag-unawa ay ang tradisyon, yaon ay, ang teksto ng mga Santong Kasulatan, kapag nakasaad na, “ganito ang sinabi ng Diyos sa Torah”, o “ganito ang sinabi ng Diyos sa Ebanghelyo.” Ang ganitong batayan ay hindi rin ganap, dahil ang mga tradisyon ay kailangang unawain ng isipan. Yamang ang isipan mismo ay maaaring magkamali, paano masasabing matatamo nito ang ganap na katotohanan at hindi magkakamali sa pag-unawa at paghinuha sa kahulugan ng mga tradisyon? Dahil maaari itong magkamali at hindi maaaring maghatid sa katiyakan. Ito ang batayan ng mga pinuno ng relihiyon. Anumang naunawaan nila mula sa teksto ng mga Aklat, gayumpaman, ay yaong kayang unawain ng kanilang mga isipan at hindi tiyak na ito nga ang katotohanan ng bagay; dahil ang isipan ay katulad ng isang timbangan, at ang mga kahulugang nilalaman ng mga teksto ay ang mga bagay na

	tinitimbang. Kung hindi wasto ang timbangan, paano matitiyak ang timbang?
7 Know, therefore, that what the people possess and believe to be true is liable to error. For if in proving or disproving a thing a proof drawn from the evidence of the senses is advanced, this criterion is clearly imperfect; if a rational proof is adduced, the same holds true; and likewise if a traditional proof is given. Thus it is clear that man does not possess any criterion of knowledge that can be relied upon.	83.7 Kung gayon ay alaming ang taglay ng mga tao at pinaniniwalaan nilang totoo ay maaaring pagkakamali. Dahil sa pagpapatunay o sa pagpapabulaan ng isang bagay, kung ang ihaharap ay isang katibayang nagbuhat sa mga pandama, ang batayang ito ay malinaw na hindi ganap; kung ang katibayan hango sa katwiran ang ihaharap, ang gayundin ay totoo; at gayundin kung ang ihaharap ay hango sa tradisyon. Samakatwid ay malinaw na ang tao ay walang batayan ng kaalaman na maaaring maasahan.
8 But the grace of the Holy Spirit is the true criterion regarding which there is no doubt or uncertainty. That grace consists in the confirmations of the Holy Spirit which are vouchsafed to man and through which certitude is attained.	83.8 Subalit ang biyaya ng Espiritu Santo ang tunay na batayang walang-alinlangan o pagdadalawang-isip. Ang biyayang iyon ay binubuo ng mga pagpapatibay ng Espiritu Santo na ipinagkakaloob sa tao at sa pamamagitan nito natatamo ang katiyakan.
84	84
Good Deeds and Their Spiritual Prerequisites	Ang Mabuting mga Gawa at ag Paunang Pangangailangang Espiritwal ng mga Ito
1 Question: Those who do good works, who are well-wishers of all mankind, who have a praiseworthy character, who show forth love and kindness to all people, who care for the poor, and who work for universal peace—what need do they have of the divine teachings, with which they believe they can well afford to dispense? What is the condition of such people?	84.1 Tanong: Silang mga gumagawa ng mababuting mga gawain, na naghahangad ng kabutihan para sa buong sangkatauhan, na nagtataglay ang kapuri-puring pag-uugali, na ipinakikita ang pagmamahal at kabaitan sa lahat ng tao, na kumakalinga sa mahihirap, at gumagawa para sa pangkalahatang kapayapaan—ano ang pangangailangan nila sa banal na mga turo, na sa palagay nila ay maaari na nilang ipagpaliban ang mga ito? Ano ang kalagayan ng gayong mga tao?
2 Answer: Know that such ways, words, and deeds are to be lauded and approved, and they redound to the glory of the human world. But these actions alone are	84.2 Sagot: Alamin na ang gayong mga gawi, mga salita, at mga gawa ay kapuri-puri at pinagtitibay, at ang mga ito ay nagdudulot ng kaluwalhatian ng

not sufficient: They are a body of the greatest beauty, but without a spirit. No, that which leads to everlasting life, eternal honour, universal enlightenment, and true success and salvation is, first and foremost, the knowledge of God. It is clear that this knowledge takes precedence over every other knowledge and constitutes the greatest virtue of the human world. For the understanding of the reality of things confers a material advantage in the realm of being and brings about the progress of outward civilization, but the knowledge of God is the cause of spiritual progress and attraction, true vision and insight, the exaltation of humanity, the appearance of divine civilization, the rectification of morals, and the illumination of the conscience.	sangkatauhan. Subalit ang ganitong mga kilos lamang ay hindi pa sapat: Ang mga ito ay isang katawang may sukdulang kagandahan, subalit ay walang espiritu. Hindi, yaong nagkakaloob ng walang-hanggang buhay, ng walang-maliw na karangalan, ng pangkalahatang kaliwanagan, at ng tunay na tagumpay at kaligtasan ay, una sa lahat, ang kaalaman sa Diyos. Malinaw na ang kaalamang ito ay dapat mauna sa lahat ng ibang kaalaman at bumubuo ito ng sukdulang kabutihan sa daigdig ng tao. Sapagkat ang pag-unawa sa realidad ng mga bagay ay nagkakaloob ng materyal na kapakinabangan sa umiiral na daigdig at nagdudulot ng pagsulong ng panlabas na kabihasnan, subalit ang kaalaman sa Diyos ay ang sanhi ng espiritwal na pagsulong at pagkaakit, ng tunay na kakayahang makakita at ng malalim na pag-unawa, ng kadakilaan ng sangkatauhan, ng paglitaw ng banal na kabihasnan, ng pagwawasto sa moral, at ng kaliwanagan ng budhi.
3 Second comes the love of God. The light of this love is kindled, through the knowledge of God, in the lamp of the heart, and its spreading rays illumine the world and bestow upon man the life of the Kingdom. And in truth the fruit of human existence is the love of God, which is the spirit of life and grace everlasting. Were it not for the love of God, the contingent world would be plunged in darkness. Were it not for the love of God, the hearts of men would be bereft of life and deprived of the stirrings of conscience. Were it not for the love of God, the perfections of the human world would entirely vanish. Were it not for the love of God, no real connection could exist between human hearts. Were it not for the love of God, spiritual union would be lost. Were it not for the love of God, the light of the oneness of mankind would be extinguished. Were it not for the love of God, the East and	84.3 Pangalawa ang pag-ibig sa Diyos. Ang liwanag ng pag-ibig na ito ay pinaririkit, sa pamamagitan ng kaalaman ng Diyos, sa ilawan ng puso, at ang sumisinag na mga silahis nito ay tumatanglaw sa daigdig at nagkakaloob sa tao ang buhay ng Kaharian. At sa katotohanan ang bunga ng buhay ng tao ay ang pag-ibig sa Diyos, na iyon ang espiritu ng buhay at ang walang-hanggang biyaya. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang walang-katiyakang daigdig ay malulugmok sa kadiliman. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang mga puso ng tao ay mawawalan ng buhay at mapagkakaitan ng mga kibot ng konsiyensiya. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang mga kaganapan ng pantaong daigdig ay lubos na mawawala. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, walang tunay na ugnayan sa pagitan ng mga puso ng tao ang maaaring umiral. Kung hindi sa pag-ibig sa

the West would not embrace as two lovers. Were it not for the love of God, discord and division would not be transmuted into fellowship. Were it not for the love of God, estrangement would not give way to unity. Were it not for the love of God, the stranger would not become the friend. Indeed, love in the human world is a ray of the love of God and a reflection of the grace of His bounty.	Diyos, mawawala ang espiritwal na pagbubuklod. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang liwanag ng kaisahan ng sangkatauhan ay masusubhan. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang Silangan at ang Kanluran ay hindi magyayapusan nang tulad ng dalawang mangingibig. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang di-pagkakasundo at paghihiwalay ay hindi mababago upang maging mabuting samahan. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang kalamigan ng loob ay hindi mapapalitan ng pagkakaisa. Kung hindi sa pag-ibig sa Diyos, ang di-kilala ay hindi magiging kaibigan. Sa katunayan, ang pag-ibig sa pantaong daigdig ay isang sinag mula sa pag-ibig ng Diyos at isang pagsasalamin sa biyaya ng Kaniyang pagpapala.
4 It is clear that human realities differ one from another, that opinions and perceptions vary, and that this divergence of thoughts, opinions, understandings, and sentiments among individuals is an essential requirement. For differences of degree in creation are among the essential requirements of existence, which is resolved into countless forms. We stand therefore in need of a universal power which can prevail over the thoughts, opinions, and sentiments of all, which can annul these divisions and bring all souls under the sway of the principle of the oneness of humanity. And it is clear and evident that the greatest power in the human world is the love of God. It gathers divers peoples under the shade of the tabernacle of oneness and fosters the greatest love and fellowship among hostile and contending peoples and nations.	84.4 Maliwanag na magkakaiba sa isa't isa ang mga realidad ng tao, na iba't iba ang mga pananaw at mga kabatiran, at itong pagkakaiba ng mga kaisipan, ng mga pananaw, ng mga kabatiran, at mga damdamin ng mga indibidwal ay isang pangunahing pangangailangan. Sapagkat ang pagkakaiba ng antas sa mga nilalang ay isa sa pangunahing mga pangangailangan ng pagkabuhay, na pinagkaiba-iba sa di-mabilang na mga anyo. Samakatwid nangangailangan tayo ng pangkalahatang kapangyarihan na maaaring sumupil sa mga kaisipan, mga pananaw, at mga damdamin ng lahat, na magagawang alisin ang mga pagkakahiwa-hiwalay na ito at tipunin ang lahat ng mga tao sa ilalim ng impluwensiya ng tuntunin ng kaisahan ng sangkatauhan. At maliwanag at hayag na ang pinakamalakas na kapangyarihan sa pantaong daigdig ay ang pag-ibig sa Diyos. Ipinagsasama-sama nito ang magkakaibang mga sambayanan sa ilalim ng lilim ng tabernakulo ng kaisahan at pinayayabong ang kalubus-lubosang pag-ibig at mabuting samahan sa pagitan ng magkagalit at nag-aaway na mga sambayanan at mga bansa.

5 Observe how numerous were the divers nations, races, clans, and tribes who, after the advent of Christ, gathered through the power of the love of God under the shadow of His Word. Consider how the differences and divisions of a thousand years were entirely abolished, how the delusion of the superiority of race and nation was dispelled, how the unity of souls and sentiments was attained, and how all became Christians in truth and in spirit.	84.5 Masdan kung gaano karami ang magkakaibang mga bansa, mga lahi, mga angkan, at mga tribung, sa pagsapit ni Kristo, ay nagtipon-tipon sa kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos sa ilalim ng lilim ng Kaniyang Salita. Isipin kung paanong lubos na pinawi ang mga di-pagkakasundo at mga hidwaan ng isang libong taon, kung paano iniwaksi ang maling akalang higit na mahusay ang alinmang lahi o bansa, kung paanong natamo ang pagkakaisa ng mga kaluluwa at ng mga damdamin, at kung paanong ang lahat ay naging mga Kristiyano sa katunayan at sa diwa.
6 The third virtue of humanity is goodly intention, which is the foundation of all good deeds. Some seekers after truth have held intention to be superior to action, for a goodly intention is absolute light and is entirely sanctified from the least trace of malice, scheming, or deception. Now, one can perform an action which appears to be righteous but which is in reality prompted by self-interest. For example, a butcher raises a sheep and guards its safety, but this good deed of the butcher is motivated by the hope of profit, and the end result of all this care will be the slaughter of the poor sheep. How many are the goodly and righteous deeds that are in reality prompted by self-interest! But the pure intention is sanctified above such faults.	84.6 Ang pangatlong kabutihan ng sangkatauhan ay ang mabuting hangarin, na siyang batayan ng lahat ng mabuting mga gawain. Ipinapalagay ng ilang naghahanap ng katotohanan na higit na mataas ang antas ng hangarin kaysa sa gawain, dahil ang mabuting hangarin ay ganap na liwanag at lubos na dinalisay mula sa kaliit-liitang bahid ng kasamaan, ng pagpapakana, o ng panlilinlang. Ngayon, maaaring gumawa ng isang bagay na mistulang mabuti, subalit sa katotohanan ito ay udyok ng pansariling kapakinabangan. Halimbawa, ang isang mangangatay ng karne ay maaaring magpalaki ng tupa at pangalagaan ang kaligtasan nito, subalit itong mabuting gawain ng mangangatay ng karne ay bunga ng pag-asang magkaroon ng tubo, at ang kahihinatnan ng lahat nitong pangangalaga ay ang pagkatay sa kaawa-awang tupa. Napakarami ng mga gawaing mabuti at matuwid, na sa katunayan ay udyok ng pansariling kapakinabangan! Subalit ang mabuting hangarin ay dinalisay mula sa ganoong mga sala.
7 Briefly, good deeds become perfect and complete only after the knowledge of God has been acquired, the love of God has been manifested, and spiritual attractions and goodly motives have been attained. Otherwise, though good deeds	84.7 Sa maikling salita, ang mabuting mga gawa ay nagiging ganap at lubos pagkatapos lamang matamo ang kaalaman sa Diyos, maihayag ang pag-ibig sa Diyos, at makamtan ang espiritwal na mga pagkaakit at ang mabuting mga hangarin.

be praiseworthy, if they do not spring from the knowledge of God, from the love of God, and from a sincere intention, they will be imperfect. For example, human existence must encompass all perfections in order to be complete. The power of sight is highly prized and precious, but it must be aided by that of hearing; the hearing is highly prized, but it must be aided by the power of speech; the power of speech is highly prized, but it must be aided by that of reason; and so on with the other powers, organs, and members of man. When all these powers, senses, parts, and organs are combined together, perfection is attained.	Kung hindi, bagaman kapuri-puri ang mabuting mga gawa, gayumpaman kapag ang mga ito ay hindi umuusbong mula sa kaalaman sa Diyos, sa pag-ibig sa Diyos, at sa taimtim na hangarin, ang mga ito ay hindi pa ganap. Halimbawa, ang buhay ng tao ay kailangang sumaklaw sa lahat ng mga kaganapan upang maging lubos. Ang kakayahan ng paningin ay lubos na pinahahalagahan at pinakamamahal, subalit kailangan itong tulungan ng pandinig; ang pandinig ay lubos na pinapahalagahan, subalit kailangan itong tulungan ng kakayahang magsalita; ang kakayahang magsalita ay lubos na pinahahalagahan, subalit kailangan itong tulungan ng kapangyarihan ng katwiran, at gayundin ang dapat sa lahat ng iba pang mga kapangyarihan at mga bahagi ng tao. Sa pagkakataong ang lahat ng mga kapangyarihan, mga pandama, at mga bahagi ay nagsama-sama, ang kaganapan ay natatamo.
8 In the world today we meet with souls who sincerely desire the good of all people, who do all that lies in their power to assist the poor and succour the oppressed, and who are devoted to universal peace and well-being. Yet, however perfect they may be from this perspective, they remain deprived of the knowledge and the love of God and, as such, are imperfect.	84.8 Sa daigdig sa ngayon ay nakatatagpo tayo ng mga taong taimtim na hinahangad ang kabutihan ng lahat ng tao, na ginagawa ang lahat ng nasa kanilang mga kakayahan upang matulungan ang dukha at saklolohan ang api, nakatala sila ng pandaigdigang kapayapaan at mabuting kalagayan ng lahat. Subalit, gaanuman ang kanilang kaganapan mula sa ganitong pananaw, gayumpaman ay nanatili silang salat sa sa kaalaman at pag-ibig sa Diyos, at sa gayon, sila ay hindi ganap.
9 Galen the physician wrote in his commentary on Plato's treatise on the art of governance that religious beliefs exert a profound influence on true civilization, the proof being as follows: Most people cannot grasp a sequence of logical arguments, and stand therefore in need of symbolic allusions heralding the rewards and punishments of the next world. The sign of this is that we see today a people called Christians who believe	84.9 Isinulat ni Galen, ang manggagamot, sa kaniyang komentaryo sa sanaysay ni Plato hinggil sa sining ng pamahalaan, na napakalaki ng impluwensiya ng pananalig sa relihiyon sa tunay na kabihasnan, na ganito ang katibayan: Hindi kayang unawain ng karamihan ng tao ang isang serye ng mga katwirang ayon sa lohika, at sa gayon ay nangangailangan ng mga pansagisag na mga pahiwatig na nagbabalita

in the rewards and punishments of the next world and who show forth goodly deeds that are like those of a true philosopher. Thus we all plainly see that they have no fear of death and that they are, by virtue of their ardent yearning for justice and equity, to be regarded as though they were true philosophers.163	sa mga gantimpala at mga parusa ng kabilang buhay. Ang palatandaan nito ay nakakikita tayo sa araw na ito ng mga taong tinatawag na Kristiyano, na sila ay naniniwala sa mga gantimpala at mga pausa ng kabilang buhay at ipinakikita nila ang magandang mga gawa tulad ng isang tunay na pilosopo. Sa gayon ay maliwanag nating nakikita lahat na wala silang takot sa kamatayan, at dahil sa kanilang maalab na paghahangad sa katarungan at karampatan, ay dapat na iturin bilang tunay na mga pilosopo.[163]
10 Now observe closely how great the sincerity, the self-abnegation, the spiritual emotions, the pure intentions, and the good deeds of the Christian believers must have been for Galen—a philosopher and physician who was not himself a Christian—to attest to the morals and the perfections of these people and call them true philosophers. Such virtues and qualities cannot be attained through good deeds alone. If virtue only meant that some good be obtained and bestowed, then why do we not praise this burning lamp which lights the room, even though its light is without a doubt a good thing? The sun nurtures all earthly things and fosters their growth and development by its heat and light—what greater good is there than this? Nonetheless, since this good does not flow from goodly motives and from the love and knowledge of God, it does not impress in the least. But when someone offers a cup of water to another, he is shown appreciation and gratitude. An unthinking person might say, “This sun which gives light to the world and manifests this great bounty must surely be praised and glorified. For why should we praise a man for such a modest gift and not yield thanks to the sun?” But if we were to gaze with the eye of truth, we would see that the modest gift bestowed by this person stems from the stirrings of conscience and is therefore praiseworthy, whereas the light and	84.10 Ngayon masdang maigi ang napakatinding kataimtiman, ang pagkakait sa sarili, ang mga damdaming espiritwal, ang mga layuning dalisay, at ang mabuting mga gawa ng mga mananampalatayang Kristiyao sa pakiwari ni Galen—isang pilosopo at manggagamot na siya mismo ay hindi Kristiyano—na sumaksi siya sa moralidad at mga kaganapan ng mga taong ito at tagurian silang mga tunay na pilosopo. Ang gayong mga kabanalan at katangian ay hindi natatamo sa pamamagitan ng mabuting mga gawa lamang. Kung ang kabanalan ay nangangahulugan lamang ng pagtatamo at pagbibigay ng kabutihan, sa gayon ay bakit hindi natin pinupuri itong ilawang may sindi na nagbibigay ng liwanag sa silid, bagaman walang pag-aalinlangang ang liwanag nito ay isang mabuting bagay? Inaaruga ng araw ang lahat ng makalupang bagay at pinalalaki ang mga ito sa pamamagitan ng init at liwanag nito—mayroon pa bang higit na malaking kabutihan kaysa sa rito? Gayumpaman, yamang ang kabutihang ito ay hindi nagbubuhat sa mabuting mga layunin at mula sa pag-ibig at kaalaman sa Diyos, hindi ito hinahangaan nang kahit kaunti. Subalit kapag binibigyan ng tao ang kaniyang kapwa ng isang tasang tubig, pinahahalagahan at pinasasalamatan siya. Maaaring sabihin ng taong hindi nag-iisip na, “Ang araw na ito na nagbibigay ng liwanag sa daigdig at inihahayag ang napakalaking biyaya nito ay

heat of the sun are not due to this and thus are not worthy of our praise and gratitude. In like manner, while those who perform good deeds are to be lauded, if these deeds do not flow from the knowledge and love of God they are assuredly imperfect.	tiyak na dapat purihin at luwalhatiin. Dahil bakit natin pupurihin ang isang tao para sa napakaliit na kaloob at hindi pasalamatan ang araw?" Subalit kung titingin tayo gamit ang mata ng katotohanan, makikita nating itong napakaliit na kaloob na ibinigay ng taong ito ay nagbuhat sa mga kibot ng kaniyang budhi at sa gayon ay kapuri-puri, samantalang ang liwanag at init ng araw ay hindi mula rito at sa gayon ay hindi nararapat sa ating papuri at pasasalamat. Sa gayunding paraan, bagaman ang mga nagsasakatuparan ng mabuting mga gawa ay dapat purihin, kung itong mga gawa ay hindi nagmumula sa kaalaman at pag-ibig sa Diyos tiyak na ang mga ito ay hindi ganap.
11 Aside from this, if you consider the matter with fairness you will see that these good deeds of the non-believers also have their origin in the divine teachings. That is, the Prophets of old exhorted men to perform them, explained their advantages, and expounded their positive effects; these teachings then spread among mankind, successively reaching the non-believing souls and inclining their hearts towards these perfections; and when they found these actions to be laudable and to bring about joy and happiness among men, they too conformed to them. Thus these actions also arise from the divine teachings. But to see this, a measure of fair-mindedness is called for and not dispute and controversy.	84.11 Bukod rito, kung pag-iisipin mo ito nang makatarungan, makikita mong itong mabuting mga gawa ng mga hindi sumasampalataya ay nagmula rin sa mga banal na turo. Yaon ay, pinayuhan ng sinaunang mga Propeta ang mga tao na isagawa ang mga ito, ipinaliwanag ang mga kapakinabangan ng mga ito, at ipinaliwanag ang mabuting mga bunga nito; sa gayon ang mga turong ito ay lumaganap sa mga tao, magkakasunod na umabot sa mga kaluluwang hindi nananalig at inihilig ang kanilang mga puso tungo sa mga kaganapang ito; at nang makita nilang kapuri-puri ang ganitong mga gawa at nagdudulot ng kasiyahan at kaligayahan sa mga tao, isinang-ayon din nila ang kanilang mga sarili rito. Sa gayon itong mga gawa ay nagbuhat din sa mga banal na turo. Subalit kinakailangan ng isang sukat ng katarungan upang makilala ito, at hindi ang pagtatalo at pagtutunggali.
12 Praise be to God, you have visited Persia and have witnessed the loving-kindness which, through the sanctified breezes of Bahá'u'lláh, Persians have come to show forth to all humanity. Formerly, if they chanced upon a follower of another religion, they would set upon him, display the utmost enmity, hatred, and malice, and even	84.12 Purihin ang Diyos, ikaw ay nakadalaw sa Persiya at nasaksihan ang masuyong kabaitan na ipinamamalas ng mga Persiyano sa buong sangkatauhan, bunga ng banal na mga simoy ni Bahá'u'lláh. Dati, kung may makaharap silang tagasunod ng ibang relihiyon, sasalakayin nila siya nang buong poot, pagkamuhi, at masamang

regard him as impure. They would burn the Gospel and the Torah and would wash their hands if they had been soiled by touching these Books. But now, most of them recite and interpret, as required by the occasion, from the contents of these two Books in their assemblies and gatherings, and expound and elucidate their inner meanings and mysteries. They show kindness to their enemies and treat bloodthirsty wolves with tender care, as they would the gazelles of the meadows of God's love. You have seen their conduct and character, and you have heard of the morals which the Persians had in former times. Can this transformation of morals and this rectification of speech and conduct be brought about other than through the love of God? No, by God! If we undertook to spread such morals and manners merely by means of knowledge and learning, a thousand years would pass and still they would not have been achieved among the masses.	hangarin, at itututuring pa siyang marumi. Sinusunog nila ang Ebanghelyo at ang Torah at maghuhugas ng kanilang mga kamay kung nadungisan sila dahil sa paghawak ng mga Aklat na ito. Subalit ngayon, inuusal at ipinaliliwanag ng karamihan sa kanila, ayon sa hinihingi ng pagkakataon, ang mga nilalaman ng dalawang Aklat na ito sa kanilang mga pagsasama at pagtitipon, at inilalahad at nililinaw ang panloob na mga kahulugan at mga hiwaga nito. Nagpapakita sila ng kabutihan sa kanilang mga kaaway at pinakikitunguhan ang mga lobong uhaw sa dugo ng malamyos na pag-aaruga, tulad ng pakikitungo nila sa mga usa sa mga kapatagan ng pag-ibig ng Diyos. Nakita mo na ang kanilang mga gawi at mga ugali, at narinig mo na ang moralidad ng mga Persiyano noong naunang mga panahon. Ito bang pagbago sa moralidad at itong pagtuwid sa pananalita at asal ay magaganap liban sa pamamagitan ng pag-ibig sa Diyos? Hindi, saksi ang Diyos! Kung sisikapin nating palaganapin ang gayong moralidad at asal sa pamamagitan lamang ng kaalaman at pagkatuto, lilipas na ang isang libong taon at hindi pa rin ito makakamtan ng mga karamihan.
13 In this day, thanks to the love of God, this has been achieved with the greatest ease. Take heed, then, O ye of understanding heart!	84.13 Sa araw na ito, salamat sa pag-ibig sa Diyos, napakadali nitong natamo. Umunawa, kung gayon, O kayong nakauunawa ang puso!

Notes	Mga Tala
Foreword	Paunang Salita
1 See, for example, *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá*, 30.2; *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912*, trans. Howard MacNutt (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 2012), p. 427; *Paris Talks: Addresses Given by 'Abdu'l-Bahá in 1911*, 2.1 and 28.6.	1 Tingnan, halimbawa, ang *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá,* 30.2; *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912*, isinalin ni Howard MacNutt (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 2012), p. 427; *Mga Pagsasalita sa Paris: Mga Talumpating binigkas ni 'Abdu'l-Bahá sa Paris noong 1911-1912*, 2.1 at 28.6
2 Chap. 46, par. 7.	2 Kabanata 47, parapo 7.
3 Shoghi Effendi, *God Passes By* (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 1974, 2012 printing), p. 410.	3 Shoghi Effendi, *God Passes By* (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 1974, 2012 printing), p. 410.
4 From a letter dated 13 March 1923 written by Shoghi Effendi to the Bahá'ís of Australasia.	4 Mula sa liham ng ika-13 ng Marso 1923 na isinulat ni Shoghi Effendi sa mga Bahá'í ng Australasia.
5 From a letter dated 14 November 1940 written on behalf of Shoghi Effendi to an individual believer.	5 Mula sa liham ng ika-14 ng Nobyembre na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi para sa isang indibidwal na mananampalataya.
Part I	Bahagi 1
On the Influence of the Prophets on the Influence of Humanity	Hinggil sa Impluwensiya ng mga Propeta sa Ebolusyon ng Sangkatauhan
1 Gen. 1:26.	1 Gen. 1:26.
2 Cf. John 6:42.	2 Ihambing sa Juan 6:42.
3 Cf. Jurjí Zaydán, *Umayyads and 'Abbásids: Being the Fourth Part of Jurjí Zaydán's History of Islamic Civilization*, trans. D. S. Margoliouth (London: Darf Publishers, 1987), pp. 125–31.	3 Ihambing sa Jurjí Zaydán, *Umayyads and Abbásids: Being the Fourth Part of Jurjí Zaydán's History of Islamic Civilization*, isinalin ni D.S. Margoliouth (London: Darf Publishing, 1987) pp. 125-31.
4 'Umar.	4 'Umar.
5 Copernicus.	5 Copernicus.

6	Qur'án 36:38.	6	Qur'án 36:38.
7	Qur'án 36:40.	7	Qur'án 36:40.
8	Copernicus.	8	Galileo.
9	ʻAbdu'l-Bahá refers to the Báb by His title Ḥaḍrat-i-Aʻlá—His Holiness the Exalted One—but He will be designated here by the name under which He is known in the West.	9	Tinutukoy ni ʻAbdu'l-Bahá ang Báb sa Kaniyang taguring Ḥaḍrat-i-Aʻlá—ang Kaniyang Kabanalan, ang Siyang Dakila—subalit tutukuyin Siya rito sa pangalang nakilala Siya sa Kanluran—ang Báb.
10	ʻAbdu'l-Bahá refers to Bahá'u'lláh here by His title Jamál-i-Mubárak (the Blessed Beauty). He is also called Jamál-i-Qidám (the Ancient Beauty) and Qalam-i-Aʻlá (the Pen of the Most High), but He will be designated throughout as Bahá'u'lláh, the title by which He is known in the West.	10	Tinutukoy ni ʻAbdu'l-Bahá rito si Bahá'u'lláh sa Kaniyang taguring Jamál-i-Mubárak (ang Pinagpalang Kagandahan). Tinagurian din Siya ng Jamál-i-Qidám (ang Napakatandang Kagandahan) at ng Qalam-i-Aʻlá, (ang Panulat ng Pinakamataas), ngunit tatawagin Siya sa kabuuan nito ng Bahá'u'lláh, ang taguring pagkakilala sa Kaniya sa Kanluran.
11	Bahá'u'lláh was exiled first from Ṭihrán to Baghdád, then to Constantinople (Istanbul), then to Adrianople (Edirne), and was imprisoned in ʻAkká, "the Most Great Prison", in 1868, in the precincts of which He passed away in 1892.	11	Si Bahá'u'lláh ay unang ipinatapon mula sa Ṭihrán patungo sa Baghdád, pagkatapos ay sa Constantinople (Istanbul), pagkatapos ay sa Adrianople (Edirne), at ikinulong sa ʻAkká, "ang Pinakamatinding Kulungan", noong 1868, na sumakabilang-buhay Siya sa saklaw nito noong 1892.
12	Two cities in Iraq which contain the tombs of the first and the third Imáms of the Shíʻah denomination, respectively, and which are important centres of pilgrimage.	12	Dalawang lungsod sa Iraq kung saan matatagpuan ang mga libingan ng una at pangatlong mga Imám ng sektang Shíʻah, ayon sa pagkakasunod-sunod, na ang mga ito ay mahalagang mga sentro ng peregrinasyon.
13	Bahá'u'lláh's first Tablet to Napoleon III was revealed in Adrianople (see *Epistle to the Son of the Wolf*, trans. Shoghi Effendi [Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 1988, 2001 printing], p. 45),	13	Ang unang Tableta ni Bahá'u'lláh kay Napoleon III ay ipinahayag sa Adrianople (tingnan ang *Epistle to the Son of the Wolf*, isinalin ni Shoghi Effendi [Wilmette, IL: Bahá'í Publishing

	which Bahá'u'lláh called the "remote prison".		Trust, 1988, limbag ng 2001], p. 45), na tinagurian ni Bahá'u'lláh bilang "malayong piitan".
14	Cf. Súriy-i-Haykal (Súrih of the Temple), ¶138.	14	Ihambing sa Súriy-i-Haykal (Súrih ng Templo), ¶138.
15	The son of the French consul in Syria who, according to Nabíl-i- Aẓam, was a follower of Bahá'u'lláh; see H. M. Balyuzi, *Bahá'u'lláh: The King of Glory* (Oxford: George Ronald, 1980), p. 320.	15	Ang anak ng Konsul ng Pranses sa Syria na, sang-ayon kay Nabíl-i-'Aẓam, ay isang tagasunod ni Bahá'u'lláh; tingnan ang H.M. Balyuzi, *Bahá'u'lláh: The King of Glor*y (Oxford: George Ronald, 1980), p. 320.
16	Cf. Súriy-i-Haykal, ¶221.	16	Ihambing sa Súriy-i-Haykal, ¶ 221.
17	"Yá Bahá'u'l-Abhá", an invocation of the Greatest Name of God (the All-Glorious or Most Glorious).	17	"Yá Bahá'u'l-Abhá", isang pagtawag sa Pinakadakilang Pangalan ng Diyos (ang Lubos na Maluwalhati o ang Pinakamaluwalhati).
18	Bahá'u'lláh.	18	Bahá'u'lláh.
19	Cf. Kitáb-i-Íqán (The Book of Certitude), ¶213.	19	Ihambing sa Kitáb-i-Íqán (Ang Aklat ng Katiyakan), ¶ 213
20	See Chapters 8–9 above.	20	Tingnan ang mga Kabanata 8-9 sa itaas.
21	See Dan. 9:24.	21	Tingnan ang Dan 9:24
22	Cf. Num. 14:34; Ezek. 4:6.	22	Ihambing sa Bil 14:34; Eze 4:6.
23	That is, Muḥammad's wife and her cousin Varaqih-ibn-i-Nawfal.	23	Yaon ay, ang asawa ni Muḥammad at ang pinsan niyang si Varaqih-Ibn-i-Nawfal.
24	As Muḥammad began His public ministry ten years before the Hijrah, this date corresponds to the year A.H. 1280, or A.D. 1863.	24	Yamang sinimulan ni Muḥammad ang Kaniyang pampublikong paglilingkod sampung taon bago sa Hijrah, ang petsang ito ay katumbas ng taong A.H. 1280 o A.D. 1863.
25	Rev. 11:3.	25	Apokalipsis 11:3.
26	Qur'án 48:8.	26	Qur'án 48:8.
27	Rev. 11:4.	27	Apokalipsis 11:4.
28	Rev. 11:5.	28	Apokalipsis 11:5.
29	Rev. 11:6.	29	Apokalipsis 11:6.
30	Rev. 11:6.	30	Apokalipsis 11:6.
31	Rev. 11:6.	31	Apokalipsis 11:6.
32	Rev. 11:7.	32	Apokalipsis 11:7.

33 Rev. 11:7.	33 Apokalipsis 11:7.
34 Rev. 11:7.	34 Ihambing sa Apokalipsis 11:7.
35 Rev. 11:8.	35 Apokalipsis 11:8.
36 Rev. 11:9.	36 Apokalipsis 11:9.
37 Rev. 11:10.	37 Apokalipsis 11:10.
38 Rev. 11:11.	38 Apokalipsis 11:11.
39 Rev. 11:12.	39 Apokalipsis 11:12.
40 The Báb and Quddús.	40 Ang Báb at si Quddús.
41 Rev. 11:12.	41 Apokalipsis 11:12.
42 Rev. 11:13.	42 Apokalipsis 11:13.
43 Rev. 11:13.	43 Apokalipsis 11:13.
44 Rev. 11:14.	44 Apokalipsis 11:14.
45 Ezek. 30:1–3.	45 Ezekiel 30:1-3.
46 Rev. 11:15.	46 Apokalipsis 11:15.
47 Rev. 11:16–17.	47 Apokalipsis 11:16-17.
48 "Regarding the four and twenty elders: The Master, in a Tablet, stated that they are the Báb, the 18 Letters of the Living and five others who would be known in the future." (From a letter dated 22 July 1943 written on behalf of Shoghi Effendi to an individual believer.) 'Abdu'l-Bahá in a Tablet identified one of the remaining five as Ḥájí Mírzá Muḥammad-Taqí Afnán, Vakílu'd-Dawlih.	48 "Kaugnay ng dalawampu't apat na matatanda: Sinabi ng Master sa isang Tableta na ito ay ang Báb, ang 18 Titik na Nabubuhay at ang limang iba pa na makikilala sa hinaharap." (Mula sa liham ng ika-22 ng Hulyo 1943 na isinulat sa ngalan ni Shoghi Effendi sa isang indibidwal na mananampalataya.) Sa isang Tableta ay ipinakilala ni 'Abdu'l-Bahá ang isa sa nalalabing lima bilang si Ḥájí Mírzá Muḥammad Taqí Afnán, Vakílu'd-Dawlih.
49 Rev. 11:18.	49 Apokalipsis 11:18.
50 Rev. 11:18.	50 Apokalipsis 11:18.
51 Rev. 11:18.	51 Apokalipsis 11:18.
52 Rev. 11:18.	52 Apokalipsis 11:18.
53 Rev. 11:19.	53 Apokalipsis 11:19.
54 Rev. 11:19.	54 Apokalipsis 11:19.
55 Rev. 11:19.	55 Apokalipsis 11:19.
56 Rev. 11:19.	56 Apokalipsis 11:19.
57 The translation of the paragraph to this point follows Shoghi Effendi's revision of this passage as quoted in *The World*	57 Ang salin ng parapo hanggang sa yugtong ito ay alinsunod sa pagrebisa ni

Order of Bahá'u'lláh: Selected Letters (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 1991, 2012 printing), pp. 204–5, and *The Promised Day Is Come*, ¶297. It should be noted that the word *nahál*, which corresponds to "rod" in English and which has been rendered as such in paragraphs 1–2, has been rendered in this paragraph as "Branch". In both cases the reference is to Bahá'u'lláh.	Shoghi Effendi sa bahaging ito na sinipi sa *The World Order of Bahá'u'lláh: Selected Letters* (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 1991, 2012 printing) pp. 204-5 at sa *The Promised Day is Come*, ¶ 297. Dapat alamin na ang salitang *nahál*, na katumbas ng "rod" sa Ingles (o gabilya o pamalo sa Filipino) na ganoon ang pagkasalin sa mga parapo 1-2, dito ay isinalin sa parapong ito bilang "Sanga". Kapuwa ito tumutukoy kay Bahá'u'lláh.
58 Rev. 21:1–3.	58 Apokalipsis 21:1-3.
59 Rev. 21:2.	59 Apokalipsis 21:2.
60 Rev. 12:2.	60 Apokalipsis 12:2
61 Rev. 12:3–4.	61 Apokalipsis 12:3-4.
62 Rev. 12:4.	62 Apokalipsis 12:4.
63 Rev. 12:5.	63 Apokalipsis 12:5.
64 Rev. 12:5.	64 Apokalipsis 12:5.
65 Rev. 12:6.	65 Apokalipsis 12:6.
66 Rev. 12:6.	66 Apokalipsis 12:6.
67 Rev. 12:6.	67 Apokalipsis 12:6.
68 The word *sa'ádat*, rendered here as "felicity", has further connotations of prosperity, joy, and well-being.	68 Ang salitang *sa'ádat*, na isinalin dito bilang "kaligayahan", ay may karagdagang mga kahulugan ng kasaganaan, galak at mabuting kalagayan.
Part 2	Bahagi 2
Some Christian Subjects	Ilang mga Paksa ng Kristiyanismo
69 Cf. Matt. 3:16–17; Mark 1:10–11; Luke 3:22.	69 Ihambing sa Mateo 3:16-17; Marko 1:10-11; Lukas 3:22.
70 Cf. Exod. 13:21–2.	70 Ihambing sa Exodo 13:21-2.
71 Cf. John 10:38.	71 Ihambing sa Juan 10:38.
72 From Bahá'u'lláh's Tablet to Ná?iri'd-Dín Sháh, in Súriy-i-Haykal, ¶192.	72 Mula sa Tableta ni Bahá'u'lláh kay Náṣiri'd-Dín Sháh, sa Súriy-i-Haykal, ¶ 192.

73	Qur’án 19:17; cf. Luke 1:26–8.	73	Qur’án 19:17; ihambing sa Lukas 1:26-28.
74	Qur’án 36:36.	74	Qur’án 36:36.
75	Qur’án 51:49.	75	Ihambing sa Qur’án 13:3.
76	John 1:12–13.	76	Juan 1:12-13.
77	Gen 2:7.	77	Gen. 2:7.
78	Cf. Matt. 3:11; Mark 1:8; Luke 3:16; John 1:33.	78	Ihambing sa Mateo 3:11; Marcos 1:8; Lucas 3:16; Juan 1:33.
79	Cf. Acts 15:20.	79	Ihambing sa Mga Gawa 15:20.
80	‘Abdu’l-Bahá refers here to the notions of heat and cold that played an important role in traditional Islamic medicine.	80	Tinutukoy rito ni ‘Abdu’l-Bahá ang mga paniniwalang ang init at lamig ay may mahalagang ginagampanan sa kinaugaliang medisina ng Islam.
81	John 6:51.	81	Juan 6:51.
82	Matt. 26:26.	82	Mateo 26:26
83	Matt. 8:22; John 3:6.	83	Mateo 8:22, Juan 3:6.
84	Cf. Matt. 13:14–15; John 12:39–40.	84	Ihambing sa Mateo 13:14-15; Juan 12:39-40.
85	Cf. Matt. 24:29–30.	85	Ihambing sa Mateo 24:29-30.
86	See Kitáb-i-Íqán, ¶¶27–42 and 66–87.	86	Tingnan ang Kitáb-i-Íqán, ¶ 27-42 at 66-87.
87	Cf. John 3:13.	87	Ihambing sa Juan 3:13.
88	*Masíkh* (monster), a distortion of *Masíḥ* (Messiah).	88	*Masíkh*, isang pagbaluktot sa *Masíḥ* (Mesiyas).
89	Cf. 1 Thess. 5:2; 2 Pet. 3:10.	89	Ihambing sa I Tesalonica 5:2; 2 Pedro 3:10.
90	John 17:5.	90	Juan 17:5.
91	Cf. John 6:50–1.	91	Juan 6:50-1.
92	Cf. Gen. 2:16–17.	92	Ihambing sa Genesis 2:16-17.
93	Cf. Gen. 3:5.	93	Ihambing sa Genesis 3:5.
94	Cf. Gen. 3:11–15, 22.	94	Ihambing sa Genesis 3:11-15, 22.
95	Bahá’u’lláh.	95	Bahá’u’lláh.
96	Cf. John 6:51.	96	Ihambing sa Juan 6:51.
97	I.e., Jews and Christians.	97	Yaon ay, mga Hudyo at mga Kristiyano.
98	Matt. 8:22.	98	Mateo 8:22.
99	Matt. 12:32.	99	Mateo 12:31-2.

100 Matt. 22:14.	100 Mateo 22:14.
101 Qur'án 2:105 and 3:74.	101 Qur'án 2:105 and 3:74.
102 Matt. 22:14.	102 Mateo 22.14.
103 See, for example, Kitáb-i-Íqán, ¶¶156–79.	103 Tingnan, halimbawa, ang Kitáb-i-Íqán ¶¶156-79.
104 Cf. John 1:19–21.	104 Ihambing sa Juan 1:19-21.
105 That is, the individuality of John.	105 Yaon ay, ang kasarinlan ni Juan.
106 Cf. Matt. 23:34–6.	106 Ihambing sa Mateo 23:34-36
107 Matt. 16:18.	107 Mateo 16:18.
108 Peter's given name was Simon, but Christ called him Cephas, which corresponds to the Greek words petros or petra, meaning "rock".	108 Ang pangalan ni Pedro ay Simon, subalit tinagurian siya ni Kristo ng Cephas, na katumbas ng mga salitang petros o petra, na nangangahulugang "bato".
109 Cf. Matt. 16:14–18.	109 Ihambing sa Mateo 16:14-18.
Part 3	Bahagi 3
On the Powers and Conditions of the Manifestations of God	Hinggil sa Kapangyarihan at mga Kalagayan ng mga Kahayagan ng Diyos
110 Elsewhere 'Abdu'l-Bahá's classification also includes the mineral spirit; see, for example, Chapter 64; *Selections from the Writings of 'Abdu'l- Bahá*, sec. 30; and *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912*, trans. Howard MacNutt (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 2012), pp. 95, 264–5, 336, 360, and 377–8.	110 Sa ibang lugar, kasama sa mga pag-uuri ni 'Abdu'l-Bahá ang espiritu ng mineral; tingnan, halimbawa ang Kabanata 64; *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá*, blg. 30; at *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912*, isinalin ni Howard MacNutt (Wilmette, IL: Bahá'í Publishing Trust, 2012), mp. 95, 264-5, 336, 360, at 377-8.
111 From a Tradition attributed to Imám 'Alí.	111 Mula sa isang Kasabihang ipinapalagay na nagbuhat kay Imám 'Alí.
112 Qur'án 6:103.	112 Qur'án 6:103.
113 From a Tradition attributed to Imám 'Alí.	113 Mula sa isang Kasabihang ipinapalagay na nagbuhat kay Imám 'Alí.
114 Qur'án 59:2.	114 Qur'án 59:2.

115 Cf. John 14:11 and 17:21.	115 Ihambing sa Juan 14:11 at 17:21.
116 ‘Abdu’l-Bahá here anticipates a question about the beginning of Bahá’u’lláh’s Revelation, which is taken up in greater detail in Chapters 16 and 39.	116 Dito ay pinangungunahan na ni ‘Abdu’l-Bahá ang katanungan tungkol sa simula ng Rebelasyon ni Bahá’u’lláh, na tinatalakay nang higit na madetalye sa mga Kabanata 16 at 39.
117 Cf. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, XLI; and Súriy-i-Haykal, ¶192.	117 Ihambing sa *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh*, XLI; at ang Súriy-i-Haykal, ¶ 192.
118 John 1:1.	118 Juan 1:1.
119 Matt. 6:9; Luke 11:2.	119 Mateo 6:9; Lukas 11:2.
120 See, for example, Chapter 14.	120 Tingnan, halimbawa, ang Kabanata 14.
121 John 1:1.	121 Juan 1:1.
122 Cf. Exod. 20:4–5; Deut. 5:8–9.	122 Ihambing sa Exodo 20:4-5; Deuteronomio 5:8-9.
123 Cf. Num. 13–14.	123 Ihambing sa Mga Bilang 13-14.
124 Qur’án 48:1–2.	124 Qur’án 48:1-2.
125 Matt. 19:16–17.	125 Mateo 19:16-17.
126 Kitáb-i-Aqdas (The Most Holy Book), ¶47.	126 Kitáb-i-Aqdas, ¶ 47
Part 4	Bahagi 4
On the Origin, Powers, and Conditions of Man	Hinggil sa Pinagmulan, Kapangyarihan, at Kalagayan ng Tao
127 The word *naw‘*, translated here and in following chapters as “species”, has a range of meanings including kind, sort, and type. ‘Abdu’l-Bahá is not using the word in the modern biological sense but in the sense of changeless archetypal forms.	127 Ang salitang *naw‘*, na isinalin dito at sa kasunod na mga kabanata bilang “lahi” ay maraming kahulugan kabilang ang klase, uri, at katulad. Dito ay hindi ginagamit ni ‘Abdu’l-Bahá ang salitang iyon sa modernong kahulugan ng “species” sa biolohiya bagkus ay sa diwa ng di-nagbabagong orihinal na anyo.
128 In a Tablet, Bahá’u’lláh attributes these words to Hermes.	128 Sa isang Tableta, sinabi ni Bahá’u’lláh na ang mga salitang ito ay mula kay Hermes.

129 See, for example, Chapters 2 and 80.	129 Tingnan, halimbawa, ang mga Kabanata 2 at 80.
130 Qur'án 23:14 and Persian Hidden Word no. 9.	130 Qur'án 23:14 at Persiyanong Natatagong mga Salita bilang 9.
131 Gen. 1:26.	131 Gen. 1:26
132 As will be seen in the next chapter, 'Abdu'l-Bahá uses the terms "appearance through emanation" and "procession through emanation" interchangeably.	132 Tulad ng makikita sa susunod na kabanata, ginagamit ni 'Abdu'l-Bahá ang mga pariralang "paglitaw sa pamamagitan ng pagmumula" at "pagbubuhat sa pamamagitan ng pagmumula" nang magkakapalati.
133 See Chapter 80.	133 Tingnan ang Kabanata 80.
134 Cf. Gen. 2:7.	134 Ihambing sa Gen. 2:7.
135 John 1:1.	135 Juan 1:1.
136 John 1:1.	136 Juan 1:1.
137 See, for example, John 14:10–11 and 17:21.	137 Tingnan, halimbawa, ang Juan 14:10-22 at 17:21.
138 See Chapter 36.	138 Tingnan ang Kabanata 36.
139 See Gen. 9:22–7.	139 Tingnan ang Gen. 9:22-7.
140 That is, that people cannot be held responsible for their own character.	140 Yaon ay, hindi maaaring managot ang mga tao dahil sa sarili nilang pag-uugali.
141 Cf. Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh, XLI, and Súriy-i-Haykal, ¶192.	141 Ihambing sa *Gleanings from the Writings of Baha'u'llah*, XLI, at ang Súriy-i-Haykal, ¶ 192.
142 Cf. Rev. 22:13.	142 Ihambing sa Apokalipsis 22:13.
143 See Chapter 48.	143 Tingnan ang Kabanata 48.
144 Cf. John 3:5.	144 Ihambing sa Juan 3:5.
145 Cf. John 1:13.	145 Ihambing sa Juan 1:13.
146 Qur'án 23:14.	146 Qur'án 23:14.
147 'Abdu'l-Bahá is here directly addressing Laura Clifford Barney, whose father had passed away in 1902.	147 Tuwirang sinasabi ito ni 'Abdu'l-Bahá kay Laura Clifford Barney, na ang ama ay yumao noong 1902.
148 Mírzá Ya?yá, half-brother and avowed enemy of Bahá'u'lláh.	148 Mírzá Yaḥyá, kapatid sa ama at lantarang kaaway ni Bahá'u'lláh.
149 "The first duty prescribed by God for His servants is the recognition of Him Who is the Dayspring of His Revelation	149 "Ang unang tungkulin na iniutos ng Diyos para sa mga tagapaglingkod Niya ay ang pagkilala sa Kaniya na

and the Fountain of His laws, Who representeth the Godhead in both the Kingdom of His Cause and the world of creation. Whoso achieveth this duty hath attained unto all good; and whoso is deprived thereof hath gone astray, though he be the author of every righteous deed." (Kitáb-i-Aqdas, ¶1.)	Pamimitak ng Kaniyang Rebelasyon at Bukal ng Kaniyang mga batas, na Siyang kumakatawan sa Diyos kapuwa sa Kaharian ng Kaniyang Kapakanan at sa daigdig ng sangnilikha. Sinuman ang makagawa ng tungkuling ito ay natamo na ang lahat ng kabutihan; at sinuman ang pinagkaitan niyon ay naligaw, kahiman siya ang may-akda ng lahat ng matuwid na gawa." (Kitáb-i-Aqdas, ¶ 1.)
150 See Chapter 84 for a fuller discussion of this subject.	150 Tingnan ang Kabanata 84 para sa mas lubusang pagtalakay sa paksang ito.
151 Rom. 9:21.	151 Rom. 9:21
152 See Chapters 32, 62, and 63.	152 Tingnan ang mga Kabanata 32, 62, at 63.
Part 5	Bahagi 5
Miscellaneous Subjects	Sari-saring mga Paksa
153 Cf. Matt. 5:39.	153 Ihambing sa Mateo 5:39.
154 A Bahá'í sitting at table.	154 Isang Bahá'í na kasalo sa hapag-kainan.
155 Matt. 8:22.	155 Mateo 8:22.
156 Cf. Aristotle, *Physics* 194b16–195a1.	156 Ihambing sa Aristotle, *Physics* 194b16–195a1.
157 The Tree of Zaqqúm, mentioned in Qur'án 17:60, 37:62–6, 44:43–6, and 56:52–3.	157 Ang Puno ng Zaqqúm, na binanggit sa Qur'án 17:60, 37:62–6, 44:43–6, at 56:52–3.
158 Cf. Qur'án 37:180.	158 Ihambing sa Qur'án 37:180.
159 Qur'án 59:2.	159 Qur'án 59:2.
160 See Chapter 33 for a fuller discussion of this subject.	160 Tingnan ang Kabanata 33 para sa higit na lubusang pagtalakay sa paksang ito.
161 While, as 'Abdu'l-Bahá explains, the idea is of ancient origin, its history in Islamic thought begins with Ibnu'l-'Arabí (1165–1240). "Ibnu'l-'Arabí is a thoroughgoing	161 Ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá na samantalang napakatanda na ang ideyang ito, ang simula nito sa kaisipang Islamic ay nagsimula kay Ibnu'l-'Arabí (1165–1240). "Si

	monist, and the name given to his doctrine (*vaḥdatu'l-vujúd*, the unity of existence) justly describes it. He holds that all things pre-exist as ideas in the knowledge of God, whence they emanate and whither they ultimately return." R. A. Nicholson, "Mysticism", *The Legacy of Islam*, ed. Sir Thomas Arnold and Alfred Guillaume (Oxford University Press, 1931), p. 224.		Ibnu'l-'Arabí ay isang puspusang monist o tagasunod ng doktrinang kaisahan, at ang pangalang ibinigay sa kaniyang doktrina (*vaḥdatu'l-vujúd*, ang pagkakaisa ng pag-iral) ay angkop na naglalarawan dito. Naniniwala siyang ang lahat ng bagay ay umiiral bilang mga ideya sa kaalaman ng Diyos, na mula roon ang mga iyon ay nagbubuhat at sa wakas ay bumabalik." R. A. Nicholson, "Mysticism", *The Legacy of Islam*, ed. Sir Thomas Arnold at Alfred Guillaume (Oxford University Press, 1931), p. 224.
162	Cf. Plotinus, *Ennead* 5.2.1: "The One is all things and not a single one of them . . ." (Armstrong's trans.); and Plato, *Parmenides* 160b2–3: "Thus, if there is a One, the One is both all things and nothing whatsoever, alike with reference to itself and to the Others" (Cornford's trans.). In the tradition of the Islamic philosophers, certain of the writings of Plotinus are attributed to Aristotle.	162	Ihambing sa Plotinus, *Ennead* 5.2.1: "Ang Isa ay ang lahat ng bagay at hindi alinmang isa sa mga iyon…" (salin ni Armstrong); at Plato, *Parmenides* 160b2–3: "Sa gayon, kung mayroon ngang Isa, ang Isa ay kapuwa lahat ng bagay at walang alinmang bagay, kapuwa kaugnay ng sarili nito at ng mga Iba" (salin ni Cornford). Sa kinagawian ng mga pilosopong Islamic, ang ilang kasulatan ni Plotinus ay ipinapalagay na isinulat ni Aristotle.
163	See Ibn Abí Uṣaybi'ih, *'Uyúnu'l-Anbá' fí Ṭabaqáti'l-Aṭibbá'* (Cairo,1882), 1:76–7.	163	Tingnan ang Ibn Abí Uṣaybi'ih, *'Uyúnu'l-Anbá' fí Ṭabaqáti'l-Aṭibbá'* (Cairo,1882), 1:76–7.